



# Ang Pinili Mula sa Ensiklopedya ng mga Ḥadīth na Pampropeta

المُؤَسَّسَةُ مِنَ  
مُؤَسَّسَةِ مَعْرِفَةِ الْحَدِيثِ النَّبَوِيِّ



تجالوج

Tagalog



الْمُنْتَقَى

مِنْ

مُوسَى وَعِيسَى الْأَحْمَرِيُّ النَّبِيُّ

اللغة تجالوج

إعداد القسم العلمي

جمعية خدمة المحتوى  
الإسلامي باللغات



جمعية الدعوة  
وتوعية الجاليات بالربوة



ح) جمعية خدمة المحتوى الإسلامي باللغات ، ١٤٤٦ هـ

جمعية خدمة المحتوى الإسلامي  
المنتقى من موسوعة الأحاديث النبوية - تجالوج. / جمعية خدمة  
المحتوى الإسلامي - ط.١. - الرياض ، ١٤٤٦ هـ  
٥٦٣ ص ؛ ..سم

رقم الإيداع: ١٤٤٦/١٠٠٣٩  
ردمك: ٧-٥٨-٤٧٤-٨٠٣-٦٠٣-٩٧٨

## Partners in Implementation



Content  
Association



Rowad  
Translation



Rabwah  
Association



Byenah

This publication may be printed and disseminated by  
any means provided that the source is mentioned and  
no change is made to the text.

Tel : +966 50 244 7000

info@islamiccontent.org

Riyadh 13245-2836

www.islamiccontent.org

## **Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.**

### **Ang Panimula**

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, ang mga kasamahan niya sa kalahatan, at ang sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas. Sa pagsisimula,

Tunay na ang pinakamabigat na kinakailangan na pagmalasakitan ng Muslim sa pagbabasa, sa pagbubulay-bulay, sa pagninilay-nilay, sa kaalaman, at sa gawa matapos ng Aklat ni Allāh, ay ang Sunnah ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi ang Propeta (sumakanya ang pagpapala at ang pangangalaga): "Mag-iiwan ako sa inyo, O mga tao, ng bagay na kung mangungunyapit kayo rito, hindi kayo maliligaw magpakailanman: ang Aklat ni Allāh at Sunnah ng Propeta Niya." Nagsalaysay nito si Imām Mālik. Nagsabi nga si Allāh (napakataas Siya): {Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo.} (Qur'ān 59:7) Dahil dito, nagsigasig ang Kapisanan ng Serbisyo ng Nilalamang Islāmiko sa Maraming Wika at ang Kapisanan ng Pag-aanyaya, Pamamatnubay, at Pagbibigay-kamalayan sa mga Nangibang-bayan sa Rabwah sa paghahanda ng Ensiklopedya ng mga Ḥadīth na Pampropeta at pagsasalin nito sa isang bilang ng mga wika.

Nagpadali nga si Allāh sa pagpili ng isang pangkat mula sa Ensiklopedyang ito, na kinakailangan ng Muslim sa nauukol sa buhay panrelihiyon niya at buhay pangmundo niya kasama ng isang pinaiksing paglilinaw rito at isang pagpapaliwanag sa mga kahulugan nito at mga pahiwatig nito at ilan sa mga katuturan nito at pagpapalabas nitong aklat na tinatawag na: "Ang Pinili Mula sa Ensiklopedya ng mga Ḥadīth na Pampropeta" Ang gawain ay nakasalalay sa pagsasalin nito sa lahat ng mga buhay na wika sa Daigdig upang lumahat ang pakinabang sa nilalaman nito at ang pagpapaabot ng Sunnah ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa sangkatauhan sa mga wika nila.

Humihiling tayo kay Allāh na tumanggap Siya ng gawaing ito at na gumawa Siya rito bilang isang gawaing biniyayaang wagas na ukol sa ikalulugod ng marangal na mukha Niya. Gantihan Niya nawa ang bawat sinumang tumulong sa paghahanda nito, pagsasalin nito, at paglilimbag nito. Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad.

(1) - عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّمَا الْأَعْمَالُ بِالنِّيَّةِ، وَإِنَّمَا لِأَمْرٍ مَّا نَوَى، فَمَنْ كَانَتْ هِجْرَتُهُ إِلَى اللَّهِ وَرَسُولِهِ، فَهَاجَرَتْهُ إِلَى اللَّهِ وَرَسُولِهِ، وَمَنْ كَانَتْ هِجْرَتُهُ لِدُنْيَا يُصِيبُهَا أَوْ امْرَأَةٍ يَتَزَوَّجُهَا، فَهَاجَرَتْهُ إِلَى مَا هَاجَرَ إِلَيْهِ».

وفي لفظ للبخاري: «إِنَّمَا الْأَعْمَالُ بِالنِّيَّاتِ، وَإِنَّمَا لِكُلِّ أَمْرٍ مَّا نَوَى». [صحيح] - [متفق عليه]

(1) – Ayon kay `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang mga gawain ay ayon sa layunin lamang. Ukol sa tao ang nilayon niya lamang. Kaya ang sinumang ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya, ang paglikas niya ay tungo kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang sinumang ang paglikas niya ay para sa isang kamunduhan na tatamuhin niya o isang babaing pakakasalan niya, ang paglikas niya ay tungo sa inilikas niya."} Sa pananalita ni Imām Al-Bukhārī: "Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Ukol sa bawat tao ang nilayon niya lamang. ..." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang lahat ng mga gawain ay isinasaalang-alang ayon sa layunin. Ang kahatulang ito ay panlahat sa lahat ng mga gawain kabilang sa mga pagsamba at mga pakikitungo. Kaya ang sinumang nagpakay sa gawain niya ng isang kapakinabangan, wala siyang tatamuhin kundi ang kapakinabangang iyon at walang gantimpala para sa kanya; at ang sinumang nagpakay sa gawain niya ng pagpapakalapit-loob kay Allāh, tatamuhin niya mula sa gawain niya ang gantimpala at ang pabuya kahit pa ito ay isang karaniwang gawain gaya ng pagkain at pag-inom.

Pagkatapos naglahad ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang paghahalintulad para sa paglilinaw sa pag-epekto ng layunin sa mga gawain sa kabila ng pagkakapantayan ng dalawang ito sa panlabas na anyo. Naglinaw siya na ang sinumang

nagpakay sa paglikas niya at pag-iwan ng bayan niya ng paghahangad ng mga kaluguran ng Panginoon niya, ang paglikas niya ay isang paglikas na legal na tinatanggap, na ginagantimpalaan dahil sa katapatan ng layunin niya; samantalang ang sinumang nagpakay sa paglikas niya ng isang kapakinabangang pangmundo gaya ng yaman o reputasyon o kalakal o asawa, wala siyang tatamuhin mula sa paglikas niya kundi ang kapakinabangang iyon na nilayon niya at walang bahagi para sa kanya sa pabuya at gantimpala [sa Kabilang-buhay].

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pagpapakawagas sapagkat tunay na si Allāh ay hindi tumatanggap mula sa gawain kundi ng gawaing hinangad dahil dito ang kaluguran ng mukha Niya.
2. Ang mga gawain na nagpapakalapit-loob sa pamamagitan ng mga ito kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), kapag gumawa ng mga ito ang naatangan bilang kaugalian, ay walang ukol sa kanya na gantimpala dahil sa mga ito hanggang sa magpakay siya sa mga ito ng pagpapakalapit-loob kay Allāh.

(4560)

(2) - عن عائشة رضي الله عنها قالت: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: "من أحدث في أمرنا هذا ما ليس منه فهو رد" وفي رواية "مَنْ عَمِلَ عَمَلًا لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا فَهُوَ رَدٌّ". [صحيح] - [متفق عليه]

(2) – Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang sinumang nagpabago sa katuruan naming ito ng anumang hindi bahagi nito, iyon ay tatanggihan." Sa isang sanaysay: "Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi ayon dito ang utos namin, ito ay tatanggihan." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Bawat gawain o sinasabi na hindi umalinsunod sa Batas ng Islām sa mga anyo nito sa kabuuan, sa paraang hindi pinatunayan ito ng mga patunay nito at ng mga patakaran nito, iyon ay tatanggihan mula sa gumawa nito, hindi tatanggapin mula sa kanya.

### **Benefits from the Hadith:**

(4792)

(3) - عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه قال: بَيْنَمَا نَحْنُ عِنْدَ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ ذَاتَ يَوْمٍ إِذْ طَلَعَ عَلَيْنَا رَجُلٌ شَدِيدُ بَيَاضِ الثِّيَابِ، شَدِيدُ سَوَادِ الشَّعْرِ، لَا يُرَى عَلَيْهِ أَثَرُ السَّفَرِ، وَلَا يَعْرِفُهُ مِنَّا أَحَدٌ، حَتَّى جَلَسَ إِلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، فَأَسْنَدَ رُكْبَتَيْهِ إِلَى رُكْبَتَيْهِ، وَوَضَعَ كَفَّيْهِ عَلَى فَخْذَيْهِ، وَقَالَ: يَا مُحَمَّدُ، أَخْبِرْنِي عَنِ الْإِسْلَامِ، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «الْإِسْلَامُ أَنْ تَشْهَدَ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، وَتُقِيمَ الصَّلَاةَ، وَتُؤْتِيَ الزَّكَاةَ، وَتَصُومَ رَمَضَانَ، وَتَحُجَّ الْبَيْتَ إِنْ اسْتَطَعْتَ إِلَيْهِ سَبِيلًا» قَالَ: صَدَقْتَ، قَالَ: فَعَجِبْنَا لَهُ، يَسْأَلُهُ وَيُصَدِّقُهُ، قَالَ: فَأَخْبِرْنِي عَنِ الْإِيمَانِ، قَالَ: «أَنْ تُؤْمِنَ بِاللَّهِ، وَمَلَائِكَتِهِ، وَكُتُبِهِ، وَرُسُلِهِ، وَالْيَوْمِ الْآخِرِ، وَتُؤْمِنَ بِالْقَدَرِ خَيْرِهِ وَشَرِّهِ» قَالَ: صَدَقْتَ، قَالَ: فَأَخْبِرْنِي عَنِ الْإِحْسَانِ، قَالَ: «أَنْ تَعْبُدَ اللَّهَ كَأَنَّكَ تَرَاهُ، فَإِنْ لَمْ تَكُنْ تَرَاهُ فَانَّهُ يَرَاكَ» قَالَ: فَأَخْبِرْنِي عَنِ السَّاعَةِ، قَالَ: «مَا الْمَسْئُولُ عَنْهَا بِأَعْلَمَ مِنَ السَّائِلِ» قَالَ: فَأَخْبِرْنِي عَنِ أَمَارَتِهَا، قَالَ: «أَنْ تَلِدَ الْأُمَمُ رَبَّتَهَا، وَأَنْ تَرَى الْخُفَاةَ الْعُرَاةَ الْعَالَةَ رِعَاءَ الشَّاءِ يَتَطَاوَلُونَ فِي الْجُبَيَانِ» قَالَ: ثُمَّ انْطَلَقَ، فَلَبِثْتُ مَلِيًّا ثُمَّ قَالَ لِي: «يَا عُمَرُ، أَتَدْرِي مِنَ السَّائِلِ؟» قُلْتُ: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ، قَالَ: «فَإِنَّهُ جِبْرِيلُ، أَتَاكُمْ يُعَلِّمُكُمْ دِينَكُمْ». [صحيح] - [رواه مسلم]



(3) – Ayon kay `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Samantalang kami ay nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw, biglang may sumulpot sa amin na isang lalaking matindi ang kaputian ng mga kasuotan, na matindi ang kaitiman ng buhok, na hindi nakikita rito ang bakas ng paglalakbay, na walang nakakikilala rito na isa man sa amin, hanggang sa naupo ito paharap sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), saka nagsandal ito ng mga tuhod nito sa mga tuhod niya, at naglagay ito ng mga kamay nito sa ibabaw ng mga hita nito. Nagsabi ito: "O Muḥammad, magpabatid ka sa akin tungkol sa Islām." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Islām ay na sumaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, magpanatili ka ng ṣalāh, magbigay ka ng zakāh, magayuno ka sa Ramaḍān, at magsagawa ka ng ḥajj sa Bahay [ni Allāh] kung nakaya mo [na magkaroon] papunta roon ng isang daan." Nagsabi ito: "Nagsabi ka ng totoo." Kaya nagulat kami rito; nagtatanong ito sa kanya at nagpapatotoo ito sa kanya. Nagsabi ito: "Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa Īmān." Nagsabi siya: "Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa mabuti nito at masama nito." Nagsabi ito: "Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa Iḥsān." Nagsabi siya: "Na sumamba ka kay Allāh na para bang ikaw ay nakakikita sa Kanya ngunit kung hindi ka man nakakikita sa Kanya, tunay na Siya ay nakakikita sa iyo." Nagsabi ito: "Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa Huling Sandali?" Nagsabi siya: "Ang tinatanong tungkol dito ay hindi higit na maalam kaysa sa nagtatanong." Nagsabi ito: "Saka magpabatid ka sa akin tungkol sa mga palatandaan nito." Nagsabi siya: "Na manganak ang babaing alipin ng amo niya, at na makakita ka sa mga nakayapak, na mga nakahubad, na mga naghihikahos, na mga pastol ng mga tupa, na nagpapataasan sa [pagpapatayo ng] gusali." Nagsabi [si `Umar]: "Pagkatapos lumisan ito at nanatili naman kami nang saglit." Nagsabi [ang Sugo]: "O `Umar, nakaaalam ka ba kung sino ang

nagtatanong?" Nagsabi ako: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam." Nagsabi siya: "Tunay na siya ay si Gabriel; pumunta siya sa inyo na nagtuturo sa inyo ng relihiyon ninyo."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid si `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya) na si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) ay pumunta sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa isang anyo ng isang lalaking hindi nakikilala. Kabilang sa mga pagkakarawan sa kanya na ang mga kasuutan niya ay matindi ang kaputian at ang buhok niya ay matindi ang kaitiman, na hindi nakikita sa kanya ang bakas ng paglalakbay na pagkalitaw ng pagod at alikabok, pagkagulu-gulo ng buhok, at pagkarumi ng mga kasuutan. Walang nakakikilala sa kanya na isa man sa mga naroroon habang sila ay mga nakaupo sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Naupo siya sa harapan ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) nang pag-upo ng mag-aaral, saka nagtanong siya rito tungkol sa Islām. Sumagot naman ito sa kanya hinggil sa mga haliging ito, na naglalaman ng pagkilala sa pamamagitan ng Dalawang Pagsaksi, pangangalaga sa pagsasagawa ng limang dasal, pagbibigay ng zakāh sa mga karapat-dapat dito, pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān, at pagganap ng tungkulin na ḥajj para sa nakakakaya.

Nagsabi naman ang tagapagtanong: "Nagsabi ka ng totoo." Kaya nagtaka ang mga Kasamahan sa tanong niya, na nagpapahiwatig ng tila bang kawalan ng pagkakaalam niya pagkatapos pagpapatotoo niya.

Pagkatapos nagtanong ang Anghel sa kanya tungkol sa Īmān, kaya sumagot siya hinggil sa anim na haliging ito na naglalaman ng sumusunod: 1. ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh at mga katangian Niya at pagbubukod-tangi sa Kanya sa mga gawain Niya gaya ng paglikha at pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba; 2. ang pananampalataya na ang mga anghel na nilikha ni Allāh mula sa isang

liwanag ay mga lingkod na pinarangalan, na hindi sumusuway kay Allāh at ayon sa utos Niya ay gumagawa sila; 3. ang pananampalataya sa mga kasulatan na pinababa sa mga sugo mula sa ganang kay Allāh, gaya ng Qur'ān, Torah, Ebanghelyo, at iba pa sa mga ito; 4. ang pananampalataya sa mga sugong tagapagpaabot buhat kay Allāh ng Relihiyon Niya, na kabilang sa kanila sina Noe, Abraham, Moises, Jesus, Muḥammad na kahuli-hulihan sa kanila, at ang iba pa sa kanila kabilang sa mga propeta at mga sugo; 5. ang pananampalataya sa Huling Araw, na napaloloob dito ang anumang matapos ng kamatayan gaya ng mangyayari sa libingan, buhay sa Barzakh, pagbuhay sa tao matapos ng kamatayan at pagtutuos sa kanya, at kahahantungan ng tao na maaaring Paraiso o Impiyerno; at 6. ang pananampalataya na si Allāh ay nagtakda ng mga bagay alinsunod sa nauna hinggil dito ang kaalaman Niya, ang kahilingan ng karunungan Niya, ang pagkakasulat Niya niyon, ang kalooban Niya roon, at ang pagkaganap nito alinsunod sa itinakda Niya rito at nilikha Niya para rito. Pagkatapos nagtanong ang Anghel sa Propeta tungkol sa Iḥsān kaya nagpabatid ito sa kanya na ang Iḥsān ay na sumamba siya kay Allāh na para bang siya ay nakakikita sa Kanya ngunit kung hindi naisasakatotohanan sa kanya ang pagkaabot sa katayuang ito, sambahin niya si Allāh na para bang si Allāh ay nanunuod sa kanya; kaya ang una ay ang katayuan ng pagkakita, na siyang pinakamataas, at ang ikalawa ay ang antas ng pagsasaalang-alang.

Pagkatapos nagtanong ang Anghel sa Propeta kung kailan ang Huling Sandali. Kaya naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kaalaman sa Huling Sandali ay kabilang sa nagsolo si Allāh sa kaalaman dito, kaya naman hindi nakaaalam dito ang isa man kabilang sa nilikha: hindi ang tinatanong tungkol dito at hindi ang tagapagtanong.

Pagkatapos nagtanong ang Anghel sa Propeta tungkol sa mga tanda ng Huling Sandali kaya naglinaw ito na kabilang sa mga tanda niyon ang pagdami ng mga aliping babae at mga anak nila o ang pagdami ng

kasuwailan ng mga anak sa mga ina nila, na nagtatrato sa kanila gaya ng pagtrato sa mga babaing alipin; at na ang mga pastol ng tupa at ang mga maralita ay paririvasain sa Mundo sa wakas ng panahon kaya magpapayabangan sila sa pagpapalamuti ng mga gusali at pagpapatayo ng mga ito.

Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tagapagtanong ay si Anghel Gabriel, na dumating para magturo sa mga Kasamahan ng Makatotoong Relihiyong ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kagandahan ng kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na siya ay umuupo kasama ng mga Kasamahan niya at umuupo naman sila paharap sa kanya.
2. Ang pagkaisinasabatas ng kabanayaran sa tagapagtanong at pagpapalapit sa kanya upang makakaya siya sa pagtatanong nang hindi nanlulumo ni nangangamba.
3. Ang etiketa sa tagapagturo gaya ng ginawa ni Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) yayamang umupo siya sa harapan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng pagkaupo ng nag-aasal ng maganda upang matuto mula sa Propeta.
4. Ang mga haligi ng Islām ay lima at ang mga saligan ng Īmān ay anim.
5. Sa sandali ng pagsasama ng Islām at Īmān, ipinakakahulugan ang Islām bilang mga usaping panlabas at ang Īmān bilang mga usaping panloob.
6. Ang paglilinaw na ang Relihiyon ay mga antas na nagkakaibahan. Ang unang antas ay ang Islām (Pagpapasakop), ang ikalawa ay ang Īmān

(Pananampalataya), at ang ikatlo ay ang Iḥsān (Pagmamaganda), na siyang pinakamataas sa mga ito.

7. Ang batayang pagtuturing sa tagapagtanong ay ang kawalan ng kaalaman nito. Ang kamangmangan ay ang tagapag-udyok sa pagtatanong. Dahil doon, nagtaka ang mga Kasamahan sa pagtatanong ni Anghel Gabriel at pagpapatotoo niya.
8. Ang pagsisimula sa pinakamahalaga saka pinakamahalaga ay dahil pinasimulan ang Islām sa Dalawang Pagsaksi sa pagpapakahulugan sa Islām at pinasimulan ang Īmān sa pananampalataya kay Allāh sa pagpapakahulugan sa Īmān.
9. Ang pagtatanong sa mga may kaalaman ng hindi naman nalilingid sa tagapagtanong ay upang magturo ito sa iba.
10. Ang kaalaman sa Huling Sandali ay kabilang sa nagsolo si Allāh ng kaalaman doon.

(4563)

(4) - عَنْ مُعَاذٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، قَالَ: كُنْتُ رِدْفَ النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَلَى حِمَارٍ يُقَالُ لَهُ عَفِيْرٌ، فَقَالَ: «يَا مُعَاذُ، هَلْ تَدْرِي حَقَّ اللهِ عَلَى عِبَادِهِ، وَمَا حَقُّ الْعِبَادِ عَلَى اللهِ؟»، قُلْتُ: اللهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ، قَالَ: «فَإِنَّ حَقَّ اللهِ عَلَى الْعِبَادِ أَنْ يَعْبُدُوهُ وَلَا يُشْرِكُوا بِهِ شَيْئًا، وَحَقُّ الْعِبَادِ عَلَى اللهِ أَنْ لَا يُعَذِّبَ مَنْ لَا يُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا»، فَقُلْتُ: يَا رَسُولَ اللهِ أَفَلَا أُبَشِّرُ بِهِ النَّاسَ؟ قَالَ: «لَا تُبَشِّرُهُمْ، فَيَتَّكِلُوا».

[صحيح] - [متفق عليه]

(4) - Ayon kay Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Minsan ako ay angkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang asno na tinatawag na `Ufayr saka nagsabi siya: "O Mu`ādh, nakaaalam ka ba sa karapatan ni Allāh sa mga lingkod Niya at kung ano ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh?" Nagsabi ako: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maaalam." Nagsabi siya: "Tunay na ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman at ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh ay na hindi Siya magparusa sa sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman." Kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, kaya hindi ba ako magbabalita nito sa mga tao?" Nagsabi siya: "Huwag kang magbalita sa kanila para hindi sila sumalig."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglilina ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng karapatan ni Allāh sa mga lingkod at karapatan ng mga lingkod kay Allāh, na ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman, at na ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh ay na hindi Siya magparusa sa mga Muwahhid na hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman. Pagkatapos tunay na si Mu`ādh ay nagsabi: "O Sugo ni Allāh, hindi po ba ako magbabalita sa mga tao upang matuwa sila at magalak sila sa kabutihang-loob na ito?" Sumaway sa kanya ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) dala ng takot na umasa sila roon.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa karapatan ni Allāh (napakataas Siya), na nag-obliga Siya nito sa mga lingkod Niya. Ito ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman.
2. Ang paglilinaw sa karapatan ng mga lingkod kay Allāh (napakataas Siya) na nag-obliga Siya nito sa sarili Niya bilang kabutihang-loob mula sa Kanya at bilang biyaya. Ito ay na magpasok Siya sa kanila sa Paraiso at hindi magparusa sa kanila.
3. Dito ay may isang dakilang nakagagalak na balita para sa mga Muwahḥid na hindi nagtatambal kay Allāh (napakataas Siya) ng anuman na ang kahahantungan nila ay ang pagpasok sa Paraiso.
4. Nagsanaysay si Mu`ādh ng ḥadīth na ito bago ng kamatayan niya dala ng pangamba sa pagkasadlak sa kasalanan ng pagtatago ng kaalaman.
5. Ang pagtawag-pansin sa hindi pagpapalaganap ng ilan sa mga ḥadīth sa ilan sa mga tao dala ng pangamba para sa sinumang hindi nakatalos sa kahulugan ng mga ito. Iyon ay kaugnay sa anumang sa ilalim nito ay walang gawain at dito ay walang takdang parusa kabilang sa mga takdang parusa sa Batas ng Islām.
6. Ang mga tagasuway na mga Muwahḥid ay nasa ilalim ng kalooban ni Allāh: kung loloobin Niya ay magpaparusa Siya sa kanila at kung loloobin Niya ay magpapatawad Siya sa kanila, pagkatapos ang kahahantungan nila ay ang Paraiso.

(65007)

(5) - عن أنس بن مالك رضي الله عنه: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَمُعَاذُ رَدِيفُهُ عَلَى الرَّحْلِ قَالَ: «يَا مُعَاذُ بْنُ جَبَلٍ»، قَالَ: لَبَيْكَ يَا رَسُولَ اللَّهِ وَسَعْدَيْكَ، قَالَ: «يَا مُعَاذُ»، قَالَ: لَبَيْكَ يَا رَسُولَ اللَّهِ وَسَعْدَيْكَ، ثَلَاثًا، قَالَ: «مَا مِنْ أَحَدٍ يَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ صِدْقًا مِنْ قَلْبِهِ إِلَّا حَرَّمَهُ اللَّهُ عَلَى النَّارِ»، قَالَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، أَفَلَا أُخْبِرُ بِهِ النَّاسَ فَيَسْتَبْشِرُوا؟ قَالَ: «إِذَا يَتَّكَلَمُوا». وَأُخْبِرَ بِهَا مُعَاذٌ عِنْدَ مَوْتِهِ تَأْتِمًا. [صحيح] - [متفق عليه]

(5) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang si Mu`ādh ay angkas niya sa sasakyang hayop, ay nagsabi: "O Mu`ādh na anak ni Jabal!" Nagsabi ito: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo." Nagsabi siya: "O Mu`ādh!" Nagsabi ito: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo" nang makatatlo. Nagsabi siya: "Walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo Niya nang tapat sa puso niya malibang nagbawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno." Nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, kaya hindi po ba ako magpapabatid hinggil dito sa mga tao para magalak sila?" Nagsabi siya: "Samakatuwid, sasalig sila." Nagpabatid hinggil dito si Mu`ādh sa sandali ng pagkamatay niya bilang pag-iwas sa kasalanan.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Si Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) ay minsang nakasakay sa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sasakyang hayop nito saka nanawagan ito sa kanya: "O Mu`ādh." Inulit-ulit nito ang panawagan sa kanya nang makatatlong ulit, bilang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng sasabihin nito sa kanya.

Ang lahat ng iyon ay sinagot ni Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa pamamagitan ng sabi niya: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo." Ibig sabihin: "Tumutugon ako sa iyo, O Sugo ni Allāh, sa isang pagsagot sa iyo matapos ng isang pagsagot at hiniling ko ang kaligayahan dahil sa pagsagot sa iyo."



Nagpabatid sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh – ibig sabihin: walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh – at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, nang tapat sa puso niya, na hindi nagsisinungaling; saka kung namatay siya sa kalagayang ito, magbabawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno.

Humiling si Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magpabatid siya sa mga tao upang matuwa sila at magalak sila sa kabutihan.

Natakot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na umasa sila roon at mangaunti ang gawa nila.

Kaya hindi nagsanaysay hinggil dito si Mu`ādh sa isa man malibang noong pagkamatay niya dala ng pangamba sa pagkasadlak sa kasalanan ng pagkukubli ng kaalaman.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpapakumbaba ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapaangkas niya kay Mu`ādh sa likuran niya sakay ng sasakyang hayop niya.
2. Ang pamamaraan ng pagtuturo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung saan inulit-ulit niya ang pagtawag kay Mu`ādh upang tumindi ang pagpansin nito sa sasabihin niya.
3. Kabilang sa mga kundisyon ng pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh na ang nagsasabi nito ay maging tapat na nagpapakatiyak, na hindi nagsisinungaling o nagdududa.
4. Ang mga alagad ng Tawḥīd ay hindi pamamalagiin sa apoy ng Impiyerno. Kung papasok sila sa Impiyerno dahil sa mga pagkasala nila, palalabasin sila mula roon matapos na dumalisay sila.

5. Ang kainaman ng Dalawang Pagsaksi para sa sinumang nagsabi nito nang tapat.
6. Ang pagpayag sa pag-iwas sa pagsasanaysay ng isang ḥadīth sa ilan sa mga kalagayan kapag may magreresulta rito na isang kasiraan.

(10098)

(6) – عن طارق بن أشيم الأشجعي رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «مَنْ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَكَفَرَ بِمَا يُعْبَدُ مِنْ دُونِ اللَّهِ حَرَّمَ اللَّهُ مَالَهُ وَدَمَهُ، وَحِسَابُهُ عَلَى اللَّهِ.» [صحيح] - [رواه مسلم]

(6) – Ayon kay Ṭāriq bin Ashyam Al-Ashja`iy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nagsabi na walang Diyos kundi si Allāh at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allāh, ipinagbabawal lapastangin ang yaman niya at ang buhay niya at ang pagtutuos sa kanya ay nasa kay Allāh."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi at sumasaksi sa pamamagitan ng dila niya na walang Diyos kundi si Allāh – na nangangahulugang walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh – at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allāh at nagpakawalang-kaugnayan sa lahat ng mga relihiyong iba pa sa Islām, ipinagbabawal ngang lapastangin ng mga Muslim ang yaman niya at ang buhay niya. Walang pagbabatayan para sa atin kundi ang panlabas sa gawain niya. Kaya hindi kakamkamin ang yaman niya at hindi padadanakin ang dugo niya, malibang kapag nakagawa siya ng isang krimen o isang paglabag na nag-oobliga niyon alinsunod sa mga patakaran ng Islām.

Si Allāh ay magbabalik ng pagtutuos sa kanya sa Araw ng Pagbangon. Kaya kung siya ay naging tapat, gagantimpalaan siya; at kung siya naman ay naging mapagpaimbabaw, pagdurusahin siya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagbigkas ng Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) at ang kawalang-pananampalataya sa bawat anumang sinasamba bukod pa kay Allāh ay isang kundisyon sa pagpasok sa Islām.
2. Ang kahulugan ng Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) ay ang kawalang-pananampalataya sa bawat anumang sinasamba bukod pa kay Allāh gaya ng mga anito, mga libingan, at iba pa sa mga ito; at ang pagbubukod-tangi sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) sa pagsamba.
3. Ang sinumang tumanggap sa Tawḥīd at sumunod sa mga batas nito nang lantaran, kinakailangan ang magpigil sa kanya hanggang sa luminaw mula sa kanya ang sumasalungat doon.
4. Ang pagkabawal ng paglapastangan sa yaman ng Muslim, buhay niya, at dangal niya malibang ayon sa katwiran.
5. Ang kahatulan sa Mundo ay batay sa nakahayag at sa Kabilang-buhay ay batay sa mga layunin at mga pakay.

(6765)

(7) - عَنْ جَابِرِ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ قَالَ: أَتَى النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ رَجُلٌ فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللهِ، مَا الْمُوجِبَاتُ؟ فَقَالَ: «مَنْ مَاتَ لَا يُشْرِكُ بِاللَّهِ شَيْئًا دَخَلَ الْجَنَّةَ، وَمَنْ مَاتَ يُشْرِكُ بِاللَّهِ شَيْئًا دَخَلَ النَّارَ» [صحيح] - [رواه مسلم]

(7) – Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaki saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, ano po ang dalawang tagapag-obliga?" Kaya nagsabi siya: "Ang sinumang namatay nang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang namatay nang nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Impiyerno."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa dalawang katangian na nag-oobliga ng pagpasok sa Paraiso at nag-oobliga ng pagpasok sa Impiyerno. Sumagot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang katangian na nag-oobliga ng Paraiso ay na mamatay ang tao habang ito ay sumasamba kay Allāh – tanging sa Kanya – at hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman at na ang katangian na nag-oobliga ng Impiyerno ay na mamatay ang tao habang ito ay nagtatambal kay Allāh ng anuman sapagkat gumagawa ito para kay Allāh ng kaagaw at katulad sa pagkadiyos Niya o pagkapanginoon Niya o sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng Tawhīd at na ang sinumang namatay na isang mananampalatayang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Paraiso.
2. Ang panganib ng Shirk at na ang sinumang namatay na nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Impiyerno.

3. Ang mga tagasuway na mga Muwahhid ay nasa ilalim ng kalooban ni Allāh: kung loloobin Niya ay magpaparusa Siya sa kanila at kung loloobin Niya ay magpapatawad Siya sa kanila, pagkatapos ang kahahantungan nila ay ang Paraiso.

(65008)

(8) – عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: "مَنْ مات وهو يدْعُو مِنْ دُونِ اللَّهِ نِدًّا دَخَلَ النَّارَ". [صحيح] - [رواه البخاري]

(8) – Ayon kay Abdullah bin Mas-ud-malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu- " Sinuman ang mamatay na nanalangin liban sa kay Allah na nagtatambal,ay mapapsok sa (naglalagablay na apoy sa) Impiyerno" [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhāriy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapahayag ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito,Na sinuman ang pumalit sa isang bagay mula sa pinag-uukulan rito ni Allah, patungo sa iba,at namatay siya na ipinagpapatuloy ito,Katotohanan na ang magiging tahanan niya ay sa Impiyerno.

### **Benefits from the Hadith:**

(3419)

(9) - عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لِمُعَاذِ بْنِ جَبَلٍ، حِينَ بَعَثَهُ إِلَى الْيَمَنِ: «إِنَّكَ سَتَأْتِي قَوْمًا أَهْلَ كِتَابٍ، فَإِذَا جِئْتَهُمْ فَأَدْعُهُمْ إِلَى أَنْ يَشْهَدُوا أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، فَإِنْ هُمْ أَطَاعُوا لَكَ بِذَلِكَ، فَأَخْبِرْهُمْ أَنَّ اللَّهَ قَدْ فَرَضَ عَلَيْهِمْ خَمْسَ صَلَوَاتٍ فِي كُلِّ يَوْمٍ وَلَيْلَةٍ، فَإِنْ هُمْ أَطَاعُوا لَكَ بِذَلِكَ، فَأَخْبِرْهُمْ أَنَّ اللَّهَ قَدْ فَرَضَ عَلَيْهِمْ صَدَقَةً تُؤْخَذُ مِنْ أَعْيَابِهِمْ فَنُتْرَدُ عَلَى فُقَرَائِهِمْ، فَإِنْ هُمْ أَطَاعُوا لَكَ بِذَلِكَ، فَإِيَّاكَ وَكَرَائِمَ أَمْوَالِهِمْ، وَاتَّقِ دَعْوَةَ الْمَظْلُومِ، فَإِنَّهُ لَيْسَ بَيْنَهُ وَبَيْنَ اللَّهِ حِجَابٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(9) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang ) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Mu`ādh bin Jabal nang nagpadala siya rito sa Yemen: "Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong may kasulatan. Kaya kapag dumating ka sa kanila, mag-anyaya ka sa kanila na sumaksi sila na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh. Kaya kung sila ay tumalima sa iyo roon, magpabatid ka sa kanila na si Allāh ay nagsatungkulin nga sa kanila ng limang pagdarasal sa bawat araw at gabi. Kaya kung sila ay tumalima sa iyo roon, magpabatid ka sa kanila na si Allāh ay nagsatungkulin nga sa kanila ng isang kawanggawang kinukuha mula sa mga mayaman nila saka ibinabalik sa mga maralita nila. Kaya kung sila ay tumalima sa iyo roon, kaingat ka sa mamahalin sa mga ari-arian nila at mangilag ka sa panalangin ng inaapi sapagkat tunay na walang tabing sa pagitan nito at ni Allāh."}

[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Noong nagsugo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) sa bayan ng Yemen bilang tagapag-anyaya tungo kay Allāh at bilang tagapagturo, naglinaw siya rito na ito ay makikipagharap sa mga taong kabilang sa mga Kristiyano upang siya ay maging nasa isang paghahanda para sa kanila, pagkatapos upang magsimula siya sa pag-aanyaya sa kanila sa pinakamahalaga saka sa pinakamahalaga. Mag-

aanyaya siya sa kanila tungo sa pagsasaayos ng paniniwala, una sa lahat, sa pamamagitan ng pagsaksi nila na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh dahil sila sa pamamagitan nito ay papasok sa Islām. Kaya kapag nagpaakay sila roon, mag-uutos siya sa kanila ng pagpapanatili ng pagdarasal dahil ito ay pinakadakila sa mga tungkulin matapos ng Tawḥīd. Kaya kapag nagpanatili sila ng pagdarasal, mag-uutos siya sa mga mayaman nila ng pagbibigay ng zakāh ng mga yaman nila sa mga maralita nila. Pagkatapos nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kanya laban sa pagkuha ng pinakamainam sa yaman dahil ang tungkulin ay ang katamtaman. Pagkatapos nagtagubilin ito sa kanya ng pag-iwas sa pang-aapi upang hindi dumalangin laban sa kanya ang inaapi sapagkat tunay na ang panalangin nito ay tinutugon.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kahulugan ng pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh ay ang pagbubukod-tangi kay Allāh sa pagsamba at ang pagwaksi sa pagsamba sa anumang iba sa Kanya.
2. Ang kahulugan ng pagsaksi na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh ay ang pananampalataya sa kanya at sa anumang inihatid niya at ang pagpapatotoo sa kanya at na siya ay ang kahulihulihan sa mga sugo ni Allāh sa Sangkatauhan.
3. Ang pakikipag-usap sa maalam at sinumang may pagkakahawig dito ay hindi gaya ng pakikipag-usap sa mangmang. Dahil dito, tumawag-pansin siya kay Mu`ādh sa pamamagitan ng sabi niya: "Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong may kasulatan."
4. Ang kahalagahan ng pagiging ang Muslim ay nakabatay sa isang pagkatalos sa Relihiyon niya upang makapagpawala siya ng mga maling akala ng mga tagapag-akala. Iyon sa pamamagitan ng paghanap ng kaalaman.

5. Ang kawalang-saysay ng relihiyon ng mga Hudyo at mga Kristiyano matapos ng pagkapadala sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na sila ay hindi kabilang sa mga may kaligtasan sa Araw ng Pagbangon hanggang sa pumasok sila sa Relihiyong Islām at sumampalataya sila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

(3390)

(10) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه أَنَّهُ قَالَ: قِيلَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، مَنْ أَسْعَدُ النَّاسِ بِشَفَاعَتِكَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ؟ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَلَقَدَ ظَنَنْتُ يَا أَبَا هُرَيْرَةَ أَنْ لَا يُسَأَلَنِي عَنْ هَذَا الْحَدِيثِ أَحَدٌ أَوْلَ مِنْكَ؛ لِمَا رَأَيْتُ مِنْ حِرْصِكَ عَلَى الْحَدِيثِ، أَسْعَدُ النَّاسِ بِشَفَاعَتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ، مَنْ قَالَ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ خَالِصًا مِنْ قَلْبِهِ أَوْ نَفْسِهِ».

[صحيح] - [رواه البخاري]

(10) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), na siya ay nagsabi: {Sinabi: "O Sugo ni Allāh, sino po ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa Pamamagitan mo sa Araw ng Pagbangon?" Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang nagpalagay ako, O Abū Hurayrah, na walang magtanong sa akin tungkol sa usapang ito na isa man na una kaysa sa iyo dahil sa nakita ko na sigasig mo sa usapan. Ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon ay ang sinumang nagsabi na: 'Walang Diyos kundi si Allāh' nang wagas mula sa puso niya o sarili niya."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa Pamamagitan niya sa Araw ng Pagbangon ay ang sinumang nagsabi na: "Walang Diyos kundi si Allāh" nang wagas mula sa puso nito. Ibig sabihin:



"Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh," at na maging ligtas ito mula sa Shirk at pagpapakitang-tao.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpapatibay sa Pamamagitan (Shafā`ah) para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kabilang-buhay at na ito ay hindi mangyayari kundi sa mga Monoteista.
2. Ang Pamamagitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pagsusumamo niya kay Allāh para sa sinumang naging karapat-dapat sa Impiyerno kabilang sa mga Monoteista, na hindi nawa ito pumasok doon; at para sa sinumang pumasok doon, na lumabas nawa ito mula roon.
3. Ang kainaman ng Pangungusap ng Tawhīd na wagas ukol kay Allāh at ang kadakilaan ng epekto nito.
4. Ang pagsasakatotohanan ng Pangungusap ng Tawhīd ay sa pamamagitan ng kaalaman sa kahulugan nito at paggawa ayon sa kahilingan nito.
5. Ang kalamangan ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) at ang pagsisigasig niya sa kaalaman.

(3414)

(11) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «الْإِيمَانُ بِضْعٌ وَسَبْعُونَ - أَوْ بِضْعٌ وَسِتُّونَ - شُعْبَةً، فَأَفْضَلُهَا قَوْلُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَدْنَاهَا إِمَاطَةُ الْأَذَى عَنِ الطَّرِيقِ، وَالْحَيَاءُ شُعْبَةٌ مِنَ الْإِيمَانِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(11) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pananampalataya ay higit sa pitumpung – o higit sa animnapung – sangay. Ang pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi na walang Diyos kundi si Allāh at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng perhuwisyo palayo sa daan. Ang pagkahiya ay isang sangay ng pananampalataya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pananampalataya ay maraming sangay at kakanyahan, na sumasaklaw sa mga ginagawa, mga pinaniniwalaan, at mga sinasabi;

na ang pinakamataas sa mga kakanyahan ng pananampalataya at ang pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi na walang Diyos kundi si Allāh, habang nakaaalam sa kahulugan nito, habang gumagawa sa hinihiling nito, na si Allāh ay ang Diyos na Nag-iisa, na Kaisa-isa, na karapat-dapat sa pagsamba, tanging Siya: bukod sa iba pa sa Kanya;

at na ang pinakakaunti sa mga gawain ng pananampalataya ay ang pag-aalis ng anumang nakapeperhuwisyo sa mga tao sa mga daanan nila.

Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagkahiya ay kabilang sa mga kakanyahan ng pananampalataya. Ito ay isang kaasalang pumupukaw sa paggawa ng marikit at pagwaksi ng pangit.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pananampalataya ay mga antas na ang ilan sa mga ito ay higit na mainam kaysa sa iba.
2. Ang pananampalataya ay salita, gawa, at paniniwala.
3. Ang pagkahiya kay Allāh (napakataas Siya) ay nangangailangan na hindi Siya makakita sa iyo kung saan sumaway Siya sa iyo at na hindi Siya umalpas sa iyo kung saan nag-utos Siya sa iyo.
4. Ang pagbanggit ng bilang ay hindi nangangahulugan ng paglilimita rito; bagkus nagpapahiwatig ito sa dami ng mga gawain ng pananampalataya sapagkat tunay na ang mga Arabe ay maaaring bumanggit para sa anuman ng isang bilang habang hindi naman nagnanais ng pagkakaila ng iba pa roon.

(6468)

(12) – عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: سألت رسول الله صلى الله عليه وسلم أيُّ الذنب أعظم؟ قال: «أن تجعل لله نِدَاءً، وهو خَلْقَكَ» قلت: ثم أيُّ؟ قال: «ثم أن تقتل ولدك حَسِيَّةً أن يأكل معك» قلت: ثم أيُّ؟ قال: «ثم أن تُزَانِي حَلِيلَةَ جَارِكَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(12) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi: Nagtanong ako sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ano ang pinakamalaking kasalanan? Nagsabi siya:((Ang magtambal ka sa Allah,na Siyang lumikha sa iyo))Sinabi ko: Pagkatapos ay ano?Nagsabi siya: ((Pagkatapos ay ang patayin mo ang anak mo dahil sa pangambang makakasalamuha mo siya sa pagkain)),Sinabi ko: Pagkatapos ay ano?:Nagsabi siya:((Pagkatapos ay ang manghalay ka sa asawa ng kapitbahay mo)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagtanong ang kasamahan ng Propeta-malugod si Allah sa kanilang-tungkol sa pinakamalaking kasalanan,Ipinaalam niya sa kanila ang pinakamalaki nito,ito ang malaking pagtatambal,ito ang hindi pinapatawad ni Allah-Pagkataas-taas Niya-maliban sa pagbabalik-loob [sa Kanya],at kapag namatay ang gumagawa nito,siya ay mananatili sa Impiyerno.Pagkatapos ay ang pagpatay ng tao sa anak nito,dahil sa pangamba na makasalamuha niya sa pagkain,Kaya ang pagkitil ng buhay ay siyang pumapangalawa sa pinakamalaking kasalanan,at nadadagdagan ang kasalanan,at dumadami ang kaparusahan kapag ang napatay ay kamag-anak ng pumatay.,at nadadagdagan pa ito kapag ang layunin sa pagpatay ay upang putulin sa namatay ang biyaya nito mula sa Allah,na siyang dumadaan sa kamay ng pumatay.Pagkatapos ay ang pangahalay ng isang lalaki sa asawa ng kapitbahay nito,Ang pangahalay ay ang pangatlo sa pinakamalaking kasalanan,at mas lumalaki ang kasalanan nito,kapag ang taong hinalay niya, ay asawa ng

kapitbahay niya,na siyang ipinag-utos sa Islam ang pagpapabuti sa kanya,pagpapakita ng kagandahang loob,at magandang pakikisama.

## Benefits from the Hadith:

(5359)

(13) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «قَالَ اللهُ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: أَنَا أَعْنَى الشُّرَكَاءِ عَنِ الشُّرْكِ، مَنْ عَمِلَ عَمَلًا أَشْرَكَ فِيهِ مَعِيَ غَيْرِي تَرَكْتُهُ وَشِرْكُهُ».  
[صحيح] - [رواه مسلم]

(13) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas): Ako ay ang pinakawalang-pangangailangan sa mga katambal sa pagtatambal. Ang sinumang gumawa ng isang gawa na nagtambal siya rito kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, mag-iiwan Ako sa kanya kasama ng pagtatambal niya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi na Siya ay ang pinakawalang-pangangailangan sa mga katambal sa pagtatambal sapagkat Siya ang Walang-pangangailangan sa bawat bagay; at na ang tao, kapag gumawa siya ng isang gawang kabilang sa mga pagtalima at gumawa nito para kay Allāh at para sa iba pa kay Allāh, mag-iiwan sa kanya si Allāh, hindi tatanggap niyon mula sa kanya, at magbabalik nito sa tagagawa nito. Kaya kinakailangan ang pagpapakawagas sa gawain para kay Allāh (napakataas Siya) dahil Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi tumatanggap kundi ng anumang naging wagas na ukol sa marangal na mukha Niya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-babala laban sa Shirk sa lahat ng mga anyo nito, at na ito ay tagahadlang sa pagkatanggap ng gawa.
2. Ang pagsadamdamin sa kawalang-pangangailangan ni Allāh at kadakilaan Niya, na nakatutulong sa pagpapakawagas sa gawain.

(3342)

(14) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «كُلُّ أُمَّتِي يَدْخُلُونَ الْجَنَّةَ إِلَّا مَنْ أَبَى»، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَمَنْ يَأْبَى؟ قَالَ: «مَنْ أَطَاعَنِي دَخَلَ الْجَنَّةَ، وَمَنْ عَصَانِي فَقَدْ أَبَى». [صحيح] - [رواه البخاري]

(14) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang buong Kalipunan ko ay papasok sa Paraiso, maliban sa sinumang tumanggi." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at sino po ang tatanggi?" Nagsabi siya: "Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay tumanggi nga."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang buong Kalipunan niya ay papasok sa Paraiso maliban sa tumanggi.

Kaya nagsabi ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila): "At sino po ang aayaw, O Sugo ni Allāh?"

Sumagot naman siya sa kanila (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na ang sinumang nagpaakay, sumusunod, at tumalima sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay papasok sa Paraiso. Hinggil naman sa sinumang sumuway at hindi nagpaakay sa Batas ng

Islām, umayaw nga siya sa pagpasok sa Paraiso dahil sa mga masagwang gawa niya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagtalima sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bahagi ng pagtalima kay Allāh at ang pagsuway sa kanya ay bahagi ng pagsuway kay Allāh.
2. Ang pagtalima sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-oobliga ng Paraiso at ang pagsuway sa kanya ay nag-oobliga ng Impiyerno.
3. May nakagagalak na balita para sa mga tagatalima kabilang sa Kalipunang ito [ng Islām] at na sila sa kalahatan nila ay papasok sa Paraiso maliban sa sinumang sumuway kay Allāh at sa Sugo Niya.
4. Ang pagkahabag niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya at ang sigasig niya sa kapatnubayan nila.

(4947)

(15) - عَنْ عُمَرَ بْنِ الْخَطَّابِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: سَمِعْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «لَا تُظْرُونِي كَمَا أَظَرَتِ النَّصَارَى ابْنَ مَرْيَمَ؛ فَإِنَّمَا أَنَا عَبْدُهُ، فَقُولُوا: عَبْدُ اللَّهِ وَرَسُولُهُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(15) – Ayon kay `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin, gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria, sapagkat ako lamang ay alipin Niya. Kaya sabihin ninyo: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo Niya."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Sumasaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapalabis at paglampas sa legal na hangganan sa pagbubunyi sa kanya at paglalarawan sa kanya ng mga paglalarawan kay Allāh (napakataas Siya) at mga gawain Niyang natatangi sa Kanya, o na siya raw ay nakaaalam sa nakalingid o dinadalanginan kasama kay Allāh gaya ng ginawa ng mga Kristiyano kay Jesus na anak ni Maria (sumakanya ang pangangalaga). Pagkatapos naglinaw siya na siya ay isang alipin kabilang sa mga alipin ni Allāh at nag-utos siya na magsabi tayo tungkol sa kanya: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo ni Allāh.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-babala laban sa paglampas sa legal na hangganan sa pagdakila at pagbubunyi dahil iyon ay nauwi sa Shirk.
2. Ang ibinigay-babala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naganap nga sa Kalipunang ito sapagkat may nagpakasidhing isang pangkatin sa pagpuri sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), isang pangkatin kaugnay sa



Sambahayan ng Sugo, at isang pangkatin kaugnay sa mga walīy kaya nasadlak sila sa Shirk.

3. Naglarawan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sarili niya na siya ay isang alipin ni Allāh upang maglinaw siya na siya ay isang aliping namamanginoon kay Allāh, na hindi pinapayagan na magbaling sa kanya ng anuman sa mga kakanyahan ng Panginoon.
4. Naglarawan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sarili niya na siya ay Sugo ni Allāh upang maglinaw siya na siya ay isang sugong isinugo mula sa ganang kay Allāh, kaya kinakailangan ang maniwala sa kanya at ang makisunod sa kanya.

(3406)

(16) – عن أنس رضي الله عنه قال: قال النبي صلى الله عليه وسلم: «لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّى أَكُونَ أَحَبَّ إِلَيْهِ مِنْ وَالِدِهِ وَوَلَدِهِ وَالتَّائِسِ أَجْمَعِينَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(16) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa magulang niya, anak niya, at mga tao sa kalahatan."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid sa atin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Muslim ay hindi nagiging lubos ang pananampalataya hanggang sa mag-una siya sa pag-ibig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) higit sa pag-ibig sa ina niya, ama niya, lalaking anak niya, babaing anak niya, at mga tao sa

kalahatan. Ang pag-ibig na ito ay humihiling ng pagtalima niya, pag-aadya niya, at pagwaksi ng pagsuway niya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkakinakailangan ng pag-ibig sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pag-uuna nito higit sa pag-ibig sa bawat nilikha.
2. Bahagi ng tanda ng kalubusan ng pag-ibig ang pag-aadya sa Sunnah ng Sugo ni Allāh at ang pagkakaloob ng sarili at yaman alang-alang doon.
3. Ang pag-ibig sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humihiling ng pagtalima sa kanya sa ipinag-utos niya, paniniwala sa ipinabatid niya, pag-iwas sa sinaway niya at sinawata, pagsunod sa kanya, at pagwaksi sa mga bid`ah.
4. Ang karapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay higit na dakila at higit na binibigyang-diin kaysa sa lahat ng mga tao dahil ito ay naging isang kadahilanan sa kapatnubayan natin mula sa kaligawan, pagpapasagip natin mula sa Impiyerno, at pagtamo ng Paraiso.

(5953)

(17) – عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعاً: «دَعُونِي ما تركتكم، إنما أهلك من كان قبلكم كثرة سُؤْالهم واختلافهم على أنبيائهم، فإذا نَهَيْتُكم عن شيء فاجتنبوه، وإذا أمرتكم بأمر فأتوا منه ما استطعتم» [صحيح] - [متفق عليه]

(17) – Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Tantanan ninyo ako sa pag-uusisa ninyo. Nalipol lamang ang mga nauna sa inyo ng dalas ng pagtatanong nila at pakikipagbangayan nila sa mga propeta nila tungkol sa anuman kaya iwasan ninyo iyon. Kapag inutusan ko kayo ng isang utos ay gawin ninyo mula roon ang makakaya ninyo." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang mga Kasamahan, malugod si Allāh sa kanila, ay nagtatanong noon sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa mga bagay na maaaring hindi bawal ngunit maipagbabawal dahil sa katatanong nila o maaaring hindi isinasatungkulin ngunit maisasatungkulin dahil sa katatanong nila. Kaya inutusan sila ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na hayaan na nila ang usaping hinayaan niya hanggat hindi siya nag-utos sa kanila at hindi siya nagbawal sa kanila. Pagkatapos ay isinadahilan niya roon na ang mga nauna sa atin ay nagparami ng mga tanong sa mga propeta, kaya hinigpitan sila kung paanong naghigpit sila sa mga sarili nila. Pagkatapos ay sinalungat nila ang mga propeta nila. Pagkatapos ay inutusan niya na umiwas sa alinmang bagay na ipinagbabawal sa atin. Ang anumang ipinag-utos niya sa atin na gawin ay tunay na tayo ay gagawa niyon sa abot ng makakaya natin at ang anumang hindi natin nakakaya ay hindi ipagagawa sa atin.

### Benefits from the Hadith:

(4295)

(18) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «بَلَّغُوا عَنِّي وَلَوْ آيَةً، وَحَدِّثُوا عَن بَنِي إِسْرَائِيلَ وَلَا حَرَجَ، وَمَنْ كَذَبَ عَلَيَّ مُتَعَمِّدًا فَلْيَتَّبِعُوا مَقْعَدَهُ مِنَ النَّارِ».

[صحيح] - [رواه البخاري]

(18) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magpaabot kayo tungkol sa akin kahit pa isang talata [ng Qur'ān]. Magsanaysay kayo tungkol sa mga anak ni Israel at walang pagkaasiwa. Ang sinumang nagsinungaling laban sa akin nang nananadya, lumuklok siya sa upuan niya mula sa Impiyerno."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

"Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapaabot ng kaalaman tungkol sa kanya mula sa Qur'ān o Sunnah, kahit pa man ang kaalaman ay kaunti gaya ng isang talata mula sa Qur'ān o isang ḥadīth, sa kundisyon na siya ay maging nakaaalam sa ipinaabot niya at ipinaanyaya niya."} Pagkatapos naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang masama sa pagsasanaysay tungkol sa mga anak ni Israel hinggil sa naganap sa kanila na mga kaganapan kaugnay sa hindi nakikipagsalungatan sa Batas natin. Pagkatapos nagbigay-babala siya laban sa pagsisinungaling laban sa kanya at na ang sinumang nagsinungaling laban sa kanya nang nananadya, gumawa ito para sa sarili nito ng isang tuluyan sa Impiyerno.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpapaibig sa pagpapaabot ng Batas ni Allāh at na ang tao ay kailangan na gumanap sa naisaulo niya at naintindihan niya kahit pa man ito ay kakaunti.

2. Ang pagkakinakailangan ng paghahanap ng kaalaman pangkapahayagan upang mabigyang-kakayahan sa pagsamba kay Allāh at pagpapaabot ng Batas Niya sa isang tumpak na paraan.
3. Ang pagkakinakailangan ng pagpapakatiyak sa katumpakan ng alinmang ḥadīth bago ng pagpapaabot nito o paglalathala nito bilang pag-iingat laban sa pagkapasok sa matinding bantang ito.
4. Ang paghimok sa katapatan sa pagsasalita at pag-iingat sa pagsanaysay nang sa gayon hindi masadlak sa pagsisinungaling, lalo na sa Batas ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

(3686)

(19) - عن المقدم بن معدْيكرِب رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَلَا هَلْ عَسَى رَجُلٌ يَبْلُغُهُ الْحَدِيثُ عَنِّي وَهُوَ مُتَكَيِّ عَلَى أَرِيكَتِهِ فَيَقُولُ: بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ كِتَابُ اللَّهِ، فَمَا وَجَدْنَا فِيهِ حَلَالًا اسْتَحْلَلْنَاهُ، وَمَا وَجَدْنَا فِيهِ حَرَامًا حَرَّمْنَاهُ، وَإِنَّ مَا حَرَّمَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَمَا حَرَّمَ اللَّهُ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه]

(19) – Ayon kay Al-Miqdām bin Ma`dīkarib (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pansinin, nalalapit na may isang lalaking aabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa akin habang siya ay nakasandal sa sopa niya saka magsasabi siya: 'Sa pagitan namin at ninyo ay Aklat ni Allāh, kaya ang anumang natagpuan namin dito bilang ipinahihintulot ay magsasapahintulot kami at ang anumang natagpuan dito bilang ipinagbabawal ay magsasabawal kami nito.' Tunay na ang anumang ipinagbawal ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay gaya ng ipinagbawal ni Allāh."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nalapit na ang isang panahon na doon ay may isang uri ng mga tao na nakaupo, na ang isa sa kanila ay nakasandal sa sopa niya, na umaabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka magsasabi: "Ang naghihiwalay sa pagitan namin at ninyo sa mga bagay-bagay ay ang Marangal na Qur'ān kaya ito ay nakasasapat na sa amin sapagkat ang anumang natagpuan namin dito na ipinahihintulot ay gumagawa kami ayon doon at ang anumang natagpuan namin dito na bawal ay lumalayo kami roon." Pagkatapos naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat bagay na ipinagbawal niya o sinaway niya sa Sunnah niya, ito sa kahatulan ay tulad ng ipinagbawal ni Allāh sa Aklat Nito dahil siya ay ang tagapagpaabot tungkol sa Panginoon niya.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagdakila sa Sunnah kung paanong dinadakila ang Qur'ān at isinasaalang-alang.
2. Ang pagtalima sa Sugo ay isang pagtalima kay Allāh at ang pagsuway sa kanya ay isang pagsuway kay Allāh (napakataas Siya).
3. Ang pagkatibay ng katwiran ng sunnah at ang pagtutol sa sinumang tumututol sa mga sunnah o nagkakaila sa mga ito.
4. Ang sinumang umayaw sa sunnah at nag-angkin ng pagkakasya sa Qur'ān, siya ay isang tagaayaw sa dalawang ito nang lahatan, na isang sinungaling sa pag-aangkin ng pagsunod sa Qur'ān.
5. Kabilang sa mga katunayan ng pagkapropeta niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pagpapabatid niya tungkol sa isang bagay na magaganap sa hinaharap at naganap gaya ng ipinabatid niya.

(65005)

(20) - عن عائشة أم المؤمنين وعبد الله بن عباس رضي الله عنهما قالا: لَمَّا نَزَلَ بِرَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ طَفِقَ يَطْرُحُ حَمِيصَةً لَهُ عَلَى وَجْهِهِ، فَإِذَا اعْتَمَّ بِهَا كَشَفَهَا عَنْ وَجْهِهِ، فَقَالَ وَهُوَ كَذَلِكَ: «لَعَنَهُ اللَّهُ عَلَى الْيَهُودِ وَالنَّصَارَى، اتَّخَذُوا قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ مَسَاجِدَ» يُحَدِّثُ مَا صَنَعُوا. [صحيح] - [متفق عليه]

(20) - Ayon kina `Ā'ishah at `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsasabi: {Noong bumaba ang paghilingalo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nagsimula siyang nagtatakip ng isang tela niya sa mukha niya. Kapag naghabol siya ng hininga dahil dito, nag-aalis siya nito sa mukha niya; saka nagsabi siya habang siya ay ganoon: "Ang sumpa ni Allāh ay sa mga Hudyo at mga Kristiyano. Gumawa sila sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan." Nagbibigay-babala siya sa ginawa nila.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid sa atin sina `Ā'ishah at `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nang dumalo sa Propeta (malugod si Allāh sa kanya) ang pagpanaw, nagsimula siyang naglalagay ng isang piraso ng tela sa mukha niya. Kapag humirap sa kanya ang paghinga dahilan sa hapdi ng paghilingalo, nag-aalis siya nito sa mukha niya. Nagsabi siya sa gayong matinding kalagayan: "Sumpain ni Allāh ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano at itaboy Niya sila mula sa awa Niya." Iyon ay dahil sila ay nagpatayo ng mga sambahan sa ibabaw ng mga libingan ng mga propeta nila. Kung sakaling hindi dahil sa pagkapanganib ng usapin, hindi sana Siya bumanggit nito sa tulad ng katayuang ito. Dahil dito, sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya laban sa pakikiwangis sa gawaing iyon dahil iyon ay kabilang sa gawain ng mga Hudyo at mga Kristiyano at dahil iyon ay isang pagsasadahilang umaabot sa pagtatambal kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).



## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpigil laban sa paggawa sa mga libingan ng mga propeta at mga maayos na tao bilang mga sambahang pinagdarasalan para kay Allāh dahil iyon ay isang kaparaanan tungo sa Shirk.
2. Ang katindihan ng pagpapahalaga ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pagmamalasakit niya sa Tawhīd at ng pangamba niya sa pagdakila sa mga libingan dahil iyon ay humahantong sa Shirk.
3. Ang pagpayag sa pagsumpa sa mga Hudyo, mga Kristiyano, at sinumang gumawa ng tulad ng gawain nila na pagpapatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga libingan at paggawa sa mga ito bilang mga sambahan.
4. Ang pagpapatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga libingan ay kabilang sa mga kalakaran ng mga Hudyo at mga Kristiyano. Nasaad sa ḥadīth ang pagsaway laban sa pagpapakawangis sa kanila.
5. Bahagi ng paggawa sa mga libingan bilang mga sambahan ang pagdarasal sa tabi ng mga ito at paharap sa mga ito, kahit pa man hindi pinatayuan ng isang sambahan.

(3330)

(21) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم: «اللَّهُمَّ لَا تَجْعَلْ قَبْرِي وَثَنًا، لَعَنَ اللَّهُ قَوْمًا اتَّخَذُوا قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ مَسَاجِدَ». [صحيح] - [رواه أحمد]

(21) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Allāh, huwag Mong gawin ang libingan ko bilang isang diyus-diyusan." Sumumpa si Allāh sa mga taong gumawa sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan.} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Ahmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya na huwag gawin ang libingan niya tulad ng anito na sinasamba ng mga tao dahil sa pagdakila sa kanya at pagharap sa kanya sa pagpapatirapa. Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nagpalayo at nagtaboy mula sa awa Nito ng sinumang gumawa sa mga libingan ng mga propeta bilang mga dasalan dahil ang paggawa sa mga ito bilang mga dasalan ay isang maipandadahilan tungo sa pagsamba sa mga ito at paniniwala kaugnay sa mga ito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paglampas sa legal na hangganan kaugnay sa mga libingan ng mga propeta at mga maayos na tao ay gumagawa sa mga ito na sinasamba bukod pa kay Allāh, kaya naman kinakailangan ang mag-ingat laban sa mga kaparaanan ng Shirk.
2. Hindi pinapayagan ang pagsadya sa mga libingan para sa pagdakila sa mga ito at pagsamba sa tabi ng mga ito maging gaano man ang kalapitan ng nakalibing sa mga ito kay Allāh (napakataas Siya).
3. Ang pagbabawal sa pagtatayo ng mga masjid sa mga libingan.

4. Ang pagbabawal sa pagsasagawa ng ṣalāh sa tabi ng mga libingan, kahit pa man hindi pinatayuan ng isang masjid, maliban sa ṣalāh sa janāzah na hindi naman idinadasal sa ibabaw ng mga ito.

(3336)

(22) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لَا تَجْعَلُوا بُيُوتَكُمْ قُبُورًا، وَلَا تَجْعَلُوا قُبُورًا عِيدًا، وَصَلُّوا عَلَيَّ؛ فَإِنَّ صَلَاتَكُمْ تَبْلُغُنِي حَيْثُ كُنْتُمْ». [حسن] - [رواه أبو داود]

(22) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong gumawa sa mga bahay ninyo bilang mga libingan at huwag kayong gumawa sa libingan ko bilang pistahan. Dumalangin kayo ng basbas sa akin sapagkat tunay na ang pagdalangin ninyo ng basbas ay umaabot sa akin saan man kayo naroon."} [Maganda] - [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

### Ang pagpapaliwanag:

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapawalang-silbi sa mga bahay sa pagdarasal sapagkat ang mga ito ay magiging gaya ng mga libingan na hindi pinagdarasalan. Sumaway siya laban sa pag-uulit-ulit ng pagdalaw sa libingan niya at pagtitipon sa tabi nito sa isang paraang kahihiratihan dahil iyon ay isang kaparaanan tungo sa Shirk. Nag-utos siya ng pagdalangin kay Allāh ng basbas at pangangalaga sa kanya sa alinmang lugar sa Daigdig dahil iyon ay umaabot sa kanya mula sa malapit at malayo nang magkapantay, kaya walang pangangailangan sa pagpapabalik-balik sa libingan niya.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsaway laban sa pagpapawalang-silbi sa mga bahay sa pagsamba kay Allāh (napakataas Siya).
2. Ang pagpigil sa paglalakbay para sa pagdalaw sa libingan ng Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) dahil siya ay nag-utos ng pagdalangin kay Allāh ng basbas sa kanya at nagpabatid siya na ito ay umaabot sa kanya. Inihahanda lamang ang paglalakbay para sa pagsasadya sa masjid at pagdarasal doon.
3. Ang pagbabawal sa paggawa sa pagdalaw sa libingan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang pistahan sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit ng pagdalaw roon sa isang paraang itinalaga sa isang panahong itinalaga at gayon din sa pagdalaw sa bawat libingan.
4. Ang karangalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya ay dahil sa pagkaisinasabatas ng pagdalangin ng basbas at pangangalaga para sa kanya sa bawat panahon at lugar.
5. Ito ay yayamang ang pagsaway laban sa pagdarasal sa tabi ng mga libingan ay napagtibay na sa ganang mga Kasamahan. Dahil dito, sinaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na gawin ang mga bahay tulad ng mga libingan na hindi pinagdarasalan.

(3350)

(23) - عن عائشة - رضي الله عنها-، أن أمَّ سَلَمَةَ، ذَكَرَتْ لرسول الله صلى الله عليه وسلم كَنِيْسَةَ رَأَتْهَا بِأَرْضِ الْحَبَشَةِ يُقَالُ لَهَا مَارِيَّةُ، فَذَكَرَتْ لَهُ مَا رَأَتْ فِيهَا مِنَ الصُّوْرِ، فَقَالَ رَسُوْلُ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَوْلِيْكِ قَوْمٌ إِذَا مَاتَ فِيهِمُ الْعَبْدُ الصَّالِحُ، أَوْ الرَّجُلُ الصَّالِحُ، بَنُوْا عَلٰى قَبْرِهٖ مَسْجِدًا، وَصَوِّرُوْا فِيْهِ تَلْكَ الصُّوْرَ، أَوْلِيْكِ شِرَارُ الْخَلْقِ عِنْدَ اللهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(23) – Ayon kay `A`ishah, malugod si Allah sa kanya-Tunay na si Umm Salamah-ay binanggit niya sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang isang simbahang nakita niya sa lugar ng Habashah na tinatawag na Mariyah,Binanggit nya sa kanya ang nakita niyang mga larawan, Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( Sila ang mga grupo ng taong,kapag namatay sa kanila ang mabuting lingkod,nagtatayo sila sa puntod niya ng masjid,at iginuguhit nila ang larawang iyon,Sila ang pinakamasamang likha para kay Allah)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ni `A`ishah, malugod si Allah sa kanya-na si Umm Salamah-malugod si Allah sa kanya -nang siya ay nasa lugar ng Habashah,nakakita siya ng simbahan na may mga larawan,at binanggit ko sa kanya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang nakita niya rito,dahil sa ganda ng pagpapalamuti nito at mga larawan,bilang pagkamangha doon,at dahil sa laki at panganib nito sa paniniwala sa kaisahan ni Allah,itinaas ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang ulo niya,at ipinahayag niya sa kanila ang mga dahilan kung bakit inilagay ang mga larawang ito, Upang mabigyang babala ang Ummah niya dahil sa ginawa nila,At siya ay nagsabing: Tunay na sila yaong binabanggit mong ,kapag namatay sa kanila ang isang mabuting lalaki,nagpapatayo sila sa puntod niya ng masjid na pinagdadasalan nila,at iginuguhit nila ang larawang iyon, At ipinahayag niya na ang gumagawa ng mga iyon ay ang pinakamasamang likha para

kay Allah-pagkataas-taas Niya-Dahil ang gawain niya ay humahantong sa pagtatambal sa Allah-pagkataas-taas Niya

### Benefits from the Hadith:

(10887)

(24) - عن جندب رضي الله عنه قال: سَمِعْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَبْلَ أَنْ يَمُوتَ بِخَمْسٍ وَهُوَ يَقُولُ «إِنِّي أَبْرَأُ إِلَى اللَّهِ أَنْ يَكُونَ لِي مِنْكُمْ خَلِيلٌ فَإِنَّ اللَّهَ تَعَالَى قَدِ اتَّخَذَنِي خَلِيلًا كَمَا اتَّخَذَ إِبْرَاهِيمَ خَلِيلًا، وَلَوْ كُنْتُ مُتَّخِذًا مِنْ أُمَّتِي خَلِيلًا لَاتَّخَذْتُ أَبَا بَكْرٍ خَلِيلًا! أَلَا وَإِنَّ مَنْ كَانَ قَبْلَكُمْ كَانُوا يَتَّخِذُونَ قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ وَصَالِحِيهِمْ مَسَاجِدَ، أَلَا فَلَا تَتَّخِذُوا الْقُبُورَ مَسَاجِدَ! إِنِّي أَنهَاكُمُ عَنْ ذَلِكَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(24) – Ayon kay Jundub (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) limang [araw] bago siya mamatay habang siya ay nagsasabi: "Tunay na ako ay nagpapawalang-kaugnayan sa harap ni Allāh na magkaroon ako kabilang sa inyo ng isang matalik na kaibigan sapagkat tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay gumawa sa akin bilang matalik na kaibigan gaya ng paggawa Niya kay Abraham bilang matalik na kaibigan. Kung sakaling ako ay gagawa mula sa Kalipunan ko ng isang matalik na kaibigan, talaga sanang gumawa ako kay Abū Bakr bilang matalik na kaibigan. Pansinin at tunay na ang kabilang sa mga bago ninyo noon ay gumagawa sa mga libingan ng mga propeta nila at mga maayos na tao nila bilang mga sambahan. Pansinin, kaya huwag kayong gumawa sa mga libingan bilang mga sambahan. Tunay na ako ay sumasaway sa inyo laban doon."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa katayuan niya sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) at na

ito ay umabot sa pinakamataas sa mga antas ng pag-ibig gaya ng pagkatamo nito ni Abraham (sumakanya ang pangangalaga). Dahil doon, nagkaila siya na magkaroon siya ng isang matalik na kaibigan na iba pa kay Allāh dahil ang puso niya ay napuno ng pag-ibig, pagdakila, at pagkakilala kay Allāh (napakataas Siya) kaya hindi nakasasaklaw ito sa isang iba pa kay Allāh. Kung sakaling nagkaroon siya ng isang matalik na kaibigan kabilang sa nilikha, talaga sanang ito ay si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya). Pagkatapos nagbigay-babala siya laban sa paglampas sa hangganang pinapayagan sa pag-ibig gaya ng ginawa ng mga Hudyo at mga Kristiyano sa mga libingan ng mga propeta nila at mga maayos na tao nila hanggang sa nagbigay-anyo sila sa mga ito bilang mga diyos na pampagano na sinasamba bukod pa kay Allāh at nagpatayo sila sa ibabaw ng mga libingan ng mga ito ng mga sambahan at mga templo. Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya na gumawa sila ng tulad ng ginawa ng mga iyon.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kalamangan ni Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) at na siya ay pinakamainam sa mga Kasamahan at pinakamalapit sa mga tao sa paghalili sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) matapos ng pagkamatay nito.
2. Ang pagpapatayo ng mga sambahan sa ibabaw ng mga libingan ay kabilang sa mga kasamaan ng mga naunang kalipunan.
3. Ang pagsaway laban sa paggawa sa mga libingan bilang mga lugar para sa pagsamba – na pinagdarasalan sa mga ito o tungo sa mga ito at pinatatayuan sa ibabaw ng mga ito ng mga sambahan o mga kupola – ay bilang pag-iingat laban sa pagkakasadlak sa Shirk dahilan doon.

4. Ang pagbibigay-babala laban sa pagpapalabis sa pagpipitagan sa mga maayos na tao dahil sa pagpapahantong nito sa Shirk.
5. Ang pagkapanganib ng ibinigay-babala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang nagbigay-diin siya rito limang araw bago ng pagkamatay niya.

(3347)

(25) - عن أبي الهيثاج الأسيدي قال: قال لي عليُّ بنُ أبي طالبٍ: ألا أبعتك على ما بعثني عليه رسولُ الله صَلَّى اللهُ عليه وسلَّمَ؟ أن لا تدعَ تمثالًا إلا طمسْتَهُ، ولا قَبْرًا مُشْرِفًا إلا سَوَّيْتَهُ. [صحيح] - [رواه مسلم]

(25) – Ayon kay Abu Al-Hayyāj Al-Asadīy na nagsabi: {Nagsabi sa akin si `Alīy: "Pansinin, magpapadala ako sa iyo sa kung sa ano nagpadala sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): na hindi ka mag-iwan ng isang imahen malibang binura mo ito ni ng isang libingang nakausli malibang pinatag mo ito."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsusugo noon ng mga Kasamahan niya kalakip ng utos na huwag silang mag-iwan ng isang imahen – na isang larawan ng anumang may kaluluwang binigyang-katawan o hindi binigyang-katawan – malibang inalis nila ito o pinawi nila ito;

at huwag silang mag-iwan ng isang libingang iniangat malibang ipinantay nila ito sa lupa at winasak nila ang nasa ibabaw nito na estruktura o ginawa nila itong patag na hindi nakaangat buhat sa lupa nang isang malaking pagkaangat, bagkus nakaangat ng mga isang dangkal.



## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagbabawal sa pagsasalarawan ng mga may kaluluwa dahil ang mga ito ay kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk.
2. Ang pagkaisinasabatas ng pag-aalis ng nakasasama sa pamamagitan ng kamay para sa sinumang may kapamahalaan o kakayahan doon.
3. Ang sigasig ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aalis ng bawat anumang nagpapahiwatig ng mga bakas ng Panahon ng Kamangmangan gaya ng mga larawan, mga imahen, at mga estruktura sa ibabaw ng mga libingan.

(5934)

(26) – عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه مرفوعاً: "الطَّيْرَةُ شِرْكٌ، الطَّيْرَةُ شِرْكٌ، وما منا إلا، ولكنَّ الله يُذْهِبُهُ بالتوكّل".

(وما منا إلا، ولكنَّ الله يُذْهِبُهُ بالتوكّل) من قول ابن مسعود وليس مرفوعاً. [صحيح] - [ رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(26) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu:((Ang pangitain ay pagtatambal [sa Allah],Ang pangitain ay pagtatambal [sa Allah],at wala [kahit na isa] mula sa atin maliban [sa [siya ay nakakagawa nito],Ngunit si Allah ay tinatanggal ito sa pamamagitan ng Pagtitiwala [ Kay Allah]"(at wala [kahit na isa] mula sa atin maliban [sa [siya ay nakakagawa nito],Ngunit si Allah ay tinatanggal ito sa pamamagitan ng Pagtitiwala [ Kay Allah]") Mula sa pananalita ni Ibn Mas`ud at hindi Hadith na Marfu [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Sugo-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagpahayag at inulit-ulit ang pagpapahayag rito,upang mapagtibay ang nilalaman nito sa puso,na ang pangitain-ito ay ang pamahiin na siyang pumipigil sa tao sa isang gawain o nagtutulak sa kanya sa pagtatambal [kay Allah],dahil sa napapaloob ritong paniniwala ng kanyang puso maliban kay Allah,at sa masamang pag-aakala sa Kanya.At nagsabi si Ibn Mas`ud:At wala mula sa atin kahit na isa,maliban sa siyay nakakaramdam sa kanyang puso ng pamaahiin,Ngunit si Allah ay tinatanggal ang pamahiing ito, sa pamamagitan ng pagtitiwala at pananalig sa Kanya,At ito- Si Allah ang higit na nakaka-alam-ay isang pamamaraan ng pagpapakumbaba at pagmamalabis,na may kasamang pagpapahayag ng lunas,kapag ito ay nakamit.

### Benefits from the Hadith:

(27) - عن عمران بن حصين رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لَيْسَ مِنَّا مَنْ تَطَيَّرَ أَوْ تُطَيِّرَ لَهُ، أَوْ تَكَهَّنَ أَوْ تُكَهَّنَ لَهُ، أَوْ سَحَرَ أَوْ سُحِرَ لَهُ، وَمَنْ عَقَدَ عُقْدَةً، وَمَنْ أَتَى كَاهِنًا فَصَدَّقَهُ بِمَا يَقُولُ فَقَدْ كَفَرَ بِمَا أُنزِلَ عَلَى مُحَمَّدٍ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ». [حسن] - [رواه البزار]

(27) – Ayon kay `Imrān bin Ḥuṣayn (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi kabilang sa atin ang sinumang nag-ugnay ng kamalasan o nagpaugnay ng kamalasan, o nanghula o nagpahula, o nanggaway o nagpagaway. Ang sinumang nagbuhol [saka umihip dito] at ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka naniwala sa sinasabi nito ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."} [Maganda] - [Isinaysay ito ni Al-Bazar]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbanta ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang gumawa kabilang sa Kalipunan niya ng ilan sa mga gawain sa pamamagitan ng sabi niya: "Hindi kabilang sa atin." Kabilang sa mga ito:

A. "ang sinumang nag-ugnay ng kamalasan o nagpaugnay ng kamalasan". Ang orihinal na kahulugan nito ay ang pagpapawala ng ibon sa sandali ng pagsisimula sa isang gawain gaya ng paglalakbay o pangangalakal o iba pa rito. Kung lumipad ito sa dakong kanan, magmamabuti siya ng palagay at magpapatuloy sa anumang ninanais niya. Kung lumipad naman ito sa dakong kaliwa, magmamasama siya ng palagay at magpipigil sa anumang ninanais niya. Kaya naman hindi pinapayagan ang paggawa nito sa pamamagitan ng sarili niya o ang pag-aatang sa sinumang gagawa nito para sa kanya. Napaloloob doon ang pagmamasama ng palagay sa alinmang bagay, naririnig man o

nakikita, gaya ng mga ibon o mga hayop o mga may kapansanan o mga numero o mga araw o iba pa rito.

B. "ang sinumang "nanghula o nagpahula". Kaya ang sinumang nag-angkin ng kaalaman sa nakalingid (ghayb) sa pamamagitan ng paggamit ng mga bituin at iba pa o ng pagpunta sa sinumang nag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid gaya ng manghuhula at tulad nito saka naniniwala rito sa sinasabi nito sa pag-aangkin nito ng kaalaman sa nakalingid, tumanggi nga siyang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

C. "ang sinumang nanggaway o nagpagaway". Ito ay ang sinumang gumawa ng panggagaway (karunungan itim) sa pamamagitan ng sarili niya o nag-atang sa sinumang gagawa para sa kanya ng panggagaway upang magpakinabang sa pamamagitan nito sa isa o maminsala rito, o nagbuhol ng isang buhol sa pamamagitan ng pagtatali ng sinulid at paggaway rito sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga panalanging ipinagbabawal at pag-hip dito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkakinakailangan ng pananalig kay Allāh at pananampalataya sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya. Ang pagbabawal sa pag-uugnay ng kamalasan, pesimismo, panggagaway, panghuhula, o paghiling na iyon sa mga tagagawa ng mga ito.
2. Ang pag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid ay bahagi ng Shirk na nakikisalungat sa Tawḥīd.
3. Ang pagbabawal sa paniniwala sa mga manghuhula at pagpunta sa kanila. Napabibilang doon ang tinatawag na Panghihimalad (Palmistry), ang pagbasa ng tasa (Tasseography), ang Astrolohiya, at ang pagtingin sa mga ito, kahit dala lamang ng pag-uusisa.

(28) - عن أنس بن مالك رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: "لا عدوى وَلَا طَيْرَةَ، وَيُعْجِبُنِي الْقَالُ. قالوا: وما القال؟ قال: الكلمة الطيبة". [صحيح] - [متفق عليه]

(28) – Ayon kay Anas bin Mālik-malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu-" Walang nakakahawa (sakit), at walang (epekto ang) pamahiin,at iniibig ko ang pangitain.Nagsabi sila: At ano nag pangitain? Nagsabi siya: Ang mabubuting salita" [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nang ang lahat ng Kabutihan at ang kasamaan at naitakda mula kay Allah,Itinanggi ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Hadith na ito ang pagkakaroon ng epekto ng nakakahawang sakit sa sarili nito,at itinanggi niya ang pagkakaroon ng epekto ng pamahiin (sa pamamagitan ng ibon) At ipinahintulot niya ang (magandang) pangitain at pinagbuti niya ito,at ito at dahil sa ang (magandang) pangitain ay mabuting pag-aakala para kay Allah,At nag-uudyok ng mga pagpupunyagi sa pagpapatupad ng mga hinahangad,ito ay kasalungat sa Pamahiin at maling paniniwala,At sa pangungusap,Ang pagkakaiba sa pagitan ng (magandang)pangitain at ng Pamahiin (sa pamamagitan ng ibon) at iba't-ina,Ang pinaka-mahalaga dito ay: 1-Ang Pangitain ay ginagamit sa Madalian o Magaan at ang Pamahiin ay hindi ginagamit maliban sa kasamaan.2-Ang Pangitain ay nagkakaroon ng magandang Pag-aakala para kay Allah,at ang isang alipin ay Pinang-uutusan sa pagpapaganda ng pag-aakala para kay Allah,at Ang Pamahiin ay nagkakaroon ng masamang pag-aakala para kay Allah,at sa isang alipin ay ipinagbabawal sa kanya ang masamang pag-aakala para kay Allah

### Benefits from the Hadith:

(3422)

(29) – عَنْ زَيْدِ بْنِ خَالِدِ الْجُهَنِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّهُ قَالَ: صَلَّى لَنَا رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ صَلَاةَ الصُّبْحِ بِالْحُدَيْبِيَّةِ عَلَى إِثْرِ سَمَاءٍ كَانَتْ مِنَ اللَّيْلَةِ، فَلَمَّا انْصَرَفَ أَقْبَلَ عَلَيَّ النَّاسُ، فَقَالَ: «هَلْ تَدْرُونَ مَاذَا قَالَ رَبُّكُمْ؟» قَالُوا: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ، قَالَ: «أَصْبَحَ مِنْ عِبَادِي مُؤْمِنٌ بِي وَكَافِرٌ، فَأَمَّا مَنْ قَالَ: مُطِرْنَا بِفَضْلِ اللَّهِ وَرَحْمَتِهِ، فَذَلِكَ مُؤْمِنٌ بِي وَكَافِرٌ بِالْكَوْكَبِ، وَأَمَّا مَنْ قَالَ: بِنُوءٍ كَذَا وَكَذَا، فَذَلِكَ كَافِرٌ بِي وَمُؤْمِنٌ بِالْكَوْكَبِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(29) – Ayon kay Zayd bin Khālīd Al-Juhanīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagdasal sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dasal sa madaling-araw sa Ḥudaybīyah sa pagkalipas ng isang ulan na nangyari sa gabi, saka noong nakatapos siya ay humarap siya sa mga tao saka nagsabi: "Nakaaalam ba kayo kung ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?" Nagsabi sila: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam." Nagsabi [si Allāh]: "Kinaumagahan, mayroon sa mga lingkod Ko na mananampalataya sa Akin at tagatangging-sumampalataya. Hinggil sa sinumang nagsabi na inulan kami dahil sa kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya, iyon ay mananampalataya sa Akin at tagatangging-sumampalataya sa tala; at hinggil naman sa sinumang nagsabi na [inulan kami] dahil sa bituing ganito at gayon, iyon ay tagatangging-sumampalataya sa Akin at mananampalataya sa tala."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagdasal ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dasal sa madaling-araw sa Ḥudaybīyah, na isang nayong malapit sa Makkah, matapos ng isang ulan na bumuhos sa gabing iyon. Noong bumati siya at nagwakas sa pagdarasal niya, nagbaling siya sa mga tao ng mukha niya saka nagtanong sa kanila: "Nakaaalam ba kayo kung ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?" Kaya sumagot naman sila sa kanya: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam." Kaya nagsabi siya: "Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay naglinaw na ang

mga tao ay nababahagi, sa sandali ng pagbaba ng ulan, sa dalawang bahagi: isang bahagi na mananampalataya kay Allāh (napakataas Siya) at isang bahagi na tagatangging sumampalataya kay Allāh (napakataas Siya)." Hinggil sa sinumang nagsabi: "Inulan kami dahil sa kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya" at nag-ugnay ng pagpapababa ng ulan kay Allāh (napakataas Siya), iyon ay mananampalataya kay Allāh, ang Tagalikha na Tagapatnugot sa Sansinukob, at tagatangging-sumampalataya sa tala. Hinggil naman sa sinumang nagsabi: "Inulan kami dahil sa bituing ganito at gayon," iyon ay tagatangging-sumampalataya kay Allāh at mananampalataya sa tala. Ito ay isang maliit na kawalang-pananampalataya yayamang nag-ugnay siya ng pagpapababa ng ulan sa tala samantalang si Allāh ay hindi gumawa rito bilang kadahilanang pambatas ng Islām at pampagtatakda. Hinggil naman sa sinumang nag-ugnay ng pagbaba ng ulan at iba pa rito, na mga pangyayaring panlupa, sa mga pagkilus-kilos ng mga tala: sa mga pagsikat ng mga ito at paglubog ng mga ito, habang naniniwala na ang mga ito ang tunay na tagagawa, siya ay isang tagatangging sumampalataya ayon sa isang malaking kawalang-pananampalataya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagsabi, matapos ng pagbaba ng ulan, ng: "Muṭirnā bi-faḍli -llāhi wa-raḥmatihi (Inulan tayo dahil sa kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya)."
2. Ang sinumang nag-ugnay ng biyaya ng pagpapababa ng ulan at iba rito sa tala sa paglikha o sa pagpapairal, siya ay isang tagatangging sumampalataya ayon sa isang malaking kawalang-pananampalataya. Kung nag-ugnay naman siya nito na iyon ay isang kadahilanan, siya ay isang tagatangging sumampalataya ayon sa isang maliit na kawalang-pananampalataya dahil iyon ay hindi isang kadahilanang legal ni pisikal.

3. Ang biyaya ay nagiging isang kadahilanan ng kawalang-pananampalataya kapag tinanggihang pasalamatan at nagiging isang kadahilanan ng pananampalataya kapag pinasalamatan.
4. Ang pagsaway laban sa pagsabi ng: "Inulan kami dahil sa bituing ganito" kahit pa man tinukoy rito ang oras, bilang pagpinid sa nagbibigay-dahilan sa shirk.
5. Ang pagkakinakailangan ng pagkahumaling ng puso kay Allāh (napakataas Siya) sa pagtamo ng mga biyaya at pagtaboy ng mga salot.

(65010)

(30) – عن عقبه بن عامر رضي الله عنه مرفوعاً: "من تَعَلَّقَ تَمِيمَةً فلا أتمَّ الله له، ومن تَعَلَّقَ وَدَعَةً فلا وَدَعَ الله له"  
 وفي رواية: "من تَعَلَّقَ تَمِيمَةً فقد أَشْرَكَ". [الأول: ضعيف  
 الثاني: صحيح] - [رواهما أحمد]

(30) – Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: "Sinuman ang magsabit ng anting-anting,ay hindi ito gagawing ganap ni Allah para sa kanya [ang kanyang mga gawain],at sinuman ang magsabit ng kabibi,ay hindi pagagaanin ni Allah sa kanya [ang pinangangambahan niya]" At sa isang salaysay: " Sinuman ang magsabit ng anting-anting,katotohanang siya ay nakapagtambal [sa Allah]" [Tumpak.] - [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad.]

### Ang pagpapaliwanag:

Pinapatunayan ng Hadith na sinuman ang gumamit ng anting-anting,na may paniniwalang nakakapagtanggal ng kapinsalaan,tunay na siya ay nakasama sa panalangin ni Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na babaliktarin ni Allah ang kanyang layunin,at hindi



gaganapin ni Allah ang kanyang mga gawain, Gayundin-ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nanalangin sa sinumang gumamit ng kabibi, na may parehong layunin sa una, na hindi siya iiwanan ni Allah sa pagiging maginhawa at kapanatagan, Subalit darating sa kanya ang lahat ng nakakapinsala, At ang mga ito ay panalangin na ang layunin ay pagbibigay babala sa gawaing ito, Katulad ng pagsabi niya sa ikalawang Hadith-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Na ang mga gawaing ito ay pagtatambal sa Allah.

### **Benefits from the Hadith:**

(6762)

(31) - عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «إِنَّ الرُّقَى وَالتَّمَائِمَ وَالتَّوَلَةَ شِرْكٌ». [صحيح] - [رواه أبو داود وابن ماجه وأحمد]

(31) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang mga orasyon, ang mga agimat, at ang gayuma ay Shirk."} [Tumpak] - []

### **Ang pagpapaliwanag:**

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga bagay na ang paggawa ng mga ito ay kabilang sa Shirk. Kabilang sa mga ito:

UNA: Ang mga orasyon: ang pananalita na ipinanggagamot ng mga kampon ng Kamangmangan, na naglalaman ng Shirk.

IKALAWA: Ang mga agimat: mula sa mga abaloryo (beads) at tulad nito na isinasabit sa mga bata, mga hayop, at iba pa sa mga ito para sa pagtulak sa usog.

IKATLO: Ang gayuma: ang ginagawa para paibigin ang isa sa mag-asawa sa asawa nito.

Ang mga bagay na ito ay bahagi ng Shirk dahil ang mga ito ay bahagi ng paggawa sa isang bagay bilang kadahilanan samantalang ito ay hindi naman isang kadahilangang legal na pinagtibay ng patunay at hindi isang kadahilangang pisikal na pinagtibay ng eksperimento. Hinggil naman sa mga kadahilangang legal gaya ng pagbigkas ng Qur'ān o pisikal gaya ng mga gamot na pinagtibay ng eksperimento, ang mga ito ay pinapayagan kasabay ng paniniwala na ang mga ito ay mga kadahilanan at na ang pakinabang at ang pinsala ay nasa kamay ni Allāh.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pangangalaga sa Tawḥīd at Pinaniniwalaan laban sa nakasisira sa mga ito.
2. Ang pagbabawal sa paggamit ng mga orasyong makashirk o mga agimat o gayuma.
3. Ang paniniwala ng tao sa tatlong ito na ang mga ito ay mga kadahilanan ay Maliit na Shirk dahil ito ay paggawa sa hindi naman kadahilanan bilang kadahilanan. Hinggil naman sa kung naniwala na ang mga ito ay nagpapakinabang at nakapipinsala mismo, iyon ay Malaking Shirk.
4. Ang pagbibigay-babala laban sa paggawa ng mga kadahilangang makashirk at ipinagbabawal.
5. Ang pagbabawal sa mga orasyon at na ang mga ito ay bahagi ng Shirk maliban sa anumang orasyon na isinabatas sa Islām.
6. Nararapat ang pagkahumaling ng puso kay Allāh – tanging sa Kanya – sapagkat mula sa Kanya ang pakinabang at ang pinsala – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya – sapagkat walang naghahatid ng kabutihan kundi si Allāh at walang nagtutulak ng kasamaan kundi si Allāh (napakataas Siya).

7. Ang mga orasyon (ruqyah) na pinapayagan ay ang naglalaman ng tatlong kundisyon: 1. na maniwala na ito ay isang kadahilanan at hindi nagpapakinabang malibang ayon sa pahintulot ni Allāh; 2. na ito ay sa pamamagitan ng Qur'ān, mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya, mga panalanging pampropeta, at mga panalanging isinabatas sa Islām; 3. na ito ay nasa isang wikang naiintindihan at hindi naglalaman ng mga panghalina (charm) at karunungan itim.

(5273)

(32) - عن بعض أزواج النبي صلى الله عليه وسلم عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ أَتَى عَرَّافًا فَسَأَلَهُ عَنْ شَيْءٍ لَمْ تُقْبَلْ لَهُ صَلَاةٌ أَرْبَعِينَ لَيْلَةً». [صحيح] - [رواه مسلم]

(32) – Ayon sa ilan sa mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggap sa kanya nang apatnapung araw ng isang pagdarasal."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbibigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpunta sa manghuhula, na isang pangkalahatang tawag sa manghuhula, astrologer, geomancer, at tulad nila na kabilang sa sinumang nagpapatunay sa pagkakaalam ng nakalingid sa pamamagitan ng mga panimulang ginagamit niya. Ang payak na pagtatanong ng isang tao sa manghuhula tungkol sa isang bagay kabilang sa mga nauukol sa nakalingid ay magkakait si Allāh dahil dito ng gantimpala ng ṣalāh niya nang apatnapung araw. Iyon ay bilang kaparusahan sa kanya dahil sa kasalanan at malaking pagkakasalang ito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal sa panghuhula, pagpunta sa mga manghuhula, at pagtatanong sa kanila tungkol sa mga inilingid.
2. Maaaring pagkaitan ang tao ng gantimpala ng pagtalima bilang kaparusahan sa kanya dahil sa paggawa ng pagsuway.
3. Napaloloob sa ḥadīth ang tinatawag na horoscope at ang pagsangguni rito, ang Panghihimalad (Palmistry), at ang pagbasa ng tasa (Tasseography), kahit dala lamang ng pag-uusisa, dahil iyon sa kabuuan niyon ay bahagi ng panghuhula at bahagi ng pag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid.
4. Kapag naging ito ang ganti sa sinumang pumunta sa manghuhula, papaano na ang ganti sa manghuhula mismo?
5. Ang ṣalāh nang apatnapung araw ay kailangan ay tumpak, na hindi kinakailangan ang pagbabayad sa mga ito, subalit walang gantimpala sa mga ito.

(5986)

(33) - عن ابنِ عُمَرَ رضي الله عنهما أنه سَمِعَ رَجُلًا يَقُولُ: لَا وَالْكَعْبَةِ، فَقَالَ ابْنُ عُمَرَ: لَا يُحْلَفُ بِغَيْرِ اللَّهِ، فَإِنِّي سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «مَنْ حَلَفَ بِغَيْرِ اللَّهِ فَقَدْ كَفَرَ أَوْ أَشْرَكَ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وأحمد]

(33) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang ): {Siya ay nakarinig ng isang lalaking nagsasabi: "Hindi; sumpa man sa Ka`bah." Kaya nagsabi ang Anak ni `Umar: "Huwag kang manumpa sa iba pa kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga siya."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh at sa iba pa sa mga pangalan Nito at mga katangian Nito, tumanggi nga siyang sumampalataya kay Allāh o nagtambal nga siya dahil ang panunumpa ay humihiling ng pagdakila sa pinanunumpa at ang kadakilaan ay tanging ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Kaya naman walang panunumpa kundi kay Allāh at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Ang panunumpang ito ay kabilang sa Maliit na Shirk subalit kung sakaling ang nanunumpa ay nagdakila sa pinanunumpa niya gaya ng pagdakila kay Allāh (napakataas Siya) o higit na matindi, sa sandaling iyon ito ay nagiging kabilang sa Malaking Shirk.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagdakila sa pamamagitan ng panunumpa ay isang karapatan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Kaya naman walang panunumpa kundi kay Allāh at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

2. Ang pagsisigasig ng mga Kasamahan sa pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, lalo na kapag ang nakasasama ay bahagi ng anumang nauugnay sa Shirk o Kufir (Kawalang-pananampalataya).

(3359)

(34) – عَنْ بُرَيْدَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «مَنْ حَلَفَ بِالْأَمَانَةِ فَلَيْسَ مِنَّا». [صحيح] - [رواه أبو داود وأحمد]

(34) – Ayon kay Buraydah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang sumumpa sa ipinagkatiwalang tungkulin, hindi siya kabilang sa atin."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagbigay-babala laban sa pagsumpa sa ipinagkatiwalang tungkulin at na ang sinumang gumawa niyon ay hindi kabilang sa atin.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal sa pagsumpa sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya). Kabilang dito ang pagsumpa sa ipinagkatiwalang tungkulin. Ito ay bahagi ng Maliit na Shirk.
2. Ang ipinagkatiwalang tungkulin ay sumasaklaw sa pagtalima, pagsamba, lagak, salapi, at seguridad.
3. Ang pagsumpa ay hindi nagaganap malibang kay Allāh (napakataas Siya) o sa isang pangalan kabilang sa mga pangalan Niya o sa isang katangian kabilang sa mga katangian nila.

4. Nagsabi si Al-Khattābī: Ito ay nagmumukha na ang pagkasuklam kaugnay roon ay dahilan sa ito ay nag-utos na manumpa kay Allāh at sa mga katangian Niya samantalang ang ipinagkatiwalang tungkulin ay hindi kabilang sa mga katangian Niya. Ito lamang ay isang utos kabilang sa mga utos Niya at isang tungkulin kabilang sa mga tungkulin sa Kanya. Kaya sinaway ang mga ito dahil may dulot iyon na pagpapantay rito at sa mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya.

(8964)

(35) - عَنْ أَبِي مُوسَى الْأَشْعَرِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: أَتَيْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فِي رَهْطٍ مِنَ الْأَشْعَرِيِّينَ اسْتَحْمِلُهُ، فَقَالَ: «وَاللَّهِ لَا أَحْمِلُكُمْ، مَا عِنْدِي مَا أَحْمِلُكُمْ» ثُمَّ لَبِثْنَا مَا شَاءَ اللَّهُ فَأُتِيَ بِإِبِلٍ، فَأَمَرَ لَنَا بِثَلَاثَةِ ذَوْدٍ، فَلَمَّا انْطَلَقْنَا قَالَ بَعْضُنَا لِبَعْضٍ: لَا يُبَارِكُ اللَّهُ لَنَا، أَتَيْنَا رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ نَسْتَحْمِلُهُ فَحَلَفَ أَنْ لَا يَحْمِلَنَا فَحَمَلَنَا، فَقَالَ أَبُو مُوسَى: فَأَتَيْنَا النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَذَكَرْنَا ذَلِكَ لَهُ، فَقَالَ: «مَا أَنَا حَمَلْتُكُمْ، بَلِ اللَّهُ حَمَلَكُمْ، إِنِّي وَاللَّهِ - إِنْ شَاءَ اللَّهُ - لَا أَحْلِفُ عَلَى يَمِينٍ، فَأَرَى غَيْرَهَا خَيْرًا مِنْهَا، إِلَّا كَفَّرْتُ عَنْ يَمِينِي، وَأَتَيْتُ الَّذِي هُوَ خَيْرٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(35) - Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumunta ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kasama ng isang pulutong mula sa mga Ash`arīy upang humiling ako ng masasakyan ngunit nagsabi siya: "Sumpa man kay Allāh, hindi ako makapagsasakay sa inyo; wala akong maipasasakay sa inyo." Pagkatapos nanatili kami hanggat niloob ni Allāh saka may dinalang mga kamelyo kaya nag-utos siyang magbigay sa amin ng tatlong kamelyo. Noong lumisan kami, nagsabi ang ilan sa amin sa iba: "Hindi nagpapala si Allāh sa atin. Pumunta tayo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang humiling tayo ng masasakyan ngunit sumumpa siya na hindi siya makapagsasakay sa atin ngunit nagpasakay siya sa atin." Nagsabi si Abū Mūsā: "Kaya pumunta kami sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumanggit kami sa kanya niyon." Nagsabi naman siya: "Hindi ako nagpasakay sa inyo; bagkus si Allāh ay nagpasakay sa inyo. Tunay na ako, sumpa man kay Allāh , ay hindi sumusumpa ng isang sumpa saka makakikita ako ng higit na mainam kaysa roon malibang nagtatakip-sala ako sa sumpa ko at gumagawa ako ng siyang pinakamabuti."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid si Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay pumunta sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at



may kasama sa kanya na isang pangkat na kabilang sa lipi niya. Ang layon nila ay na magbigay sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga kamelyo na sasakyan nila para makakaya sa pakikilahok sa pakikibaka ngunit sumumpa siya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na hindi siya makapagsasakay sa kanila at wala siyang taglay na mapasasakyan niya sa kanila. Kaya bumalik sila at nanatili sila nang sandali. Pagkatapos may dumating sa Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na tatlong kamelyo kaya nagpadala siya ng mga ito sa kanila. Nagsabi naman ang ilan sa kanila sa iba: "Hindi nagpapala si Allāh sa atin sa mga kamelyong ito dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumumpa na hindi siya makapagsasakay sa atin." Kaya pumunta sila sa kanya at nagtanong sila sa kanya. Kaya nagsabi ang Propeta at ang pangangalaga): "Ang nagpasakay sa inyo ay si Allāh (napakataas Siya) dahil Siya ay ang nagtutuon at ang nagtutustos samantalang ako lamang ay isang kadahilanang nangyari iyon sa kamay ko." Pagkatapos nagsabi pa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ako, sumpa man kay Allāh, kung loloobin ni Allāh, ay hindi sumusumpa ng isang anuman na gagawin ko o na ititigil ko at makakikita ako na ang iba sa sinumpaang iyon ay higit na mabuti kaysa rito at higit na mainam malibang gagawin ko ang pinakamainam at iiwanan ko ang sinumpaang at magtatakip-sala ako sa sumpa ko."

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpayag sa panunumpa, nang hindi pinasusumpa, para magbigay-diin sa kabutihan, kahit pa man ito ay panghinaharap.
2. Ang pagpayag sa pagtatangi sa pamamagitan ng pagsabi ng: "In shā' Allāh (Kung loloobin ni Allāh)" matapos ng panunumpa; at na ang pagtatangi, kapag nilayon sa panunumpa at nakarugtong dito, ay hindi kinakailangan sa sinumang sumira sa panunumpa niya ang isang panakip-sala.

3. Ang pagpapaibig sa pagsalungat sa pa kapag nakakita ng iba rito na higit na mabuti kaysa rito at magtatakip-sala sa pa.

(2961)

(36) - عن حذيفة بن اليمان - رضي الله عنهما- عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «لا تقولوا: ما شاء الله وشاء فلان، ولكن قولوا: ما شاء الله ثم شاء فلان». [صحيح] - [رواه أبو داود والنسائي وأحمد]

(36) – Mula kay Hudhaifah Bin Al-yaman -Malugod si Allah sa kanyamarfu'an: "Huwag niyong sabihin: Ma sha Allah (Kung ninais ng Allah ay mangyayari) at Sha'a Fulaan (Ninais ni Fulaan), subalit ang sabihin niyo: Kung naisin ni Allah pagkatapos naisin ni Fulan" [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinagbawal ng Sugo -Sumakanya nawa ang kapayapaan- ang pagsandal ng pangalan ng nilikha sa pangalan ng taga-paglikha sa pamamagitan ng letrang "waw(at)" pagkatapos ng pagbanggit ng Mashi'ah (pagnanais) at ano pang katulad niya; sapagkat ang isinandal sa kanya (pagnanais) ay magiging parehas sa pinagsasandalan; sapagkat kapagka siya ay nailagay bilang pagsasama o pagtitipon ng mga bagay ay hindi mangahulugan ng pagkasunud-sunod; at ang pagpaparehas ng nilikha sa taga-paglikha ay pagtatambal, pinahintulutan ng Propeta - Sumakanya nawa kapayapaan- ang pagsandal ng nilikha sa taga-paglikha sa pamamagitan ng "Thumma/pagkatapos"; sa pagkat ang isinandal ay magiging kasunod ng pinagsandalan sa pamamagitan ng luwat o espasyo kaya hindi pinagbabawal; sa pagkat siya ay sumunod sa kanya.

### Benefits from the Hadith:

(3352)

(37) - عن محمود بن لبيد رضي الله عنه مرفوعاً: "أخوف ما أخاف عليكم: الشرك الأصغر،

فسئل عنه، فقال: الرياء." [صحيح] - [رواه أحمد]

(37) - Ayon kay Mahmūd bin Lubayd: Ang pinakamatinding kinatatakutan ko para sa inyo ay: Ang Maliit na Pagtatambal, itinanong sa kanya kung ano ito, Nagsabi siya:Ang Pakitang-tao [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapahayag sa atin ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito,Na siya ay natatakot para sa atin,At ang pinakamalaking ikinatatakot niya para sa atin ang Maliit na pagtatambal,Ito ay dahil sa paglalarawan niya rito ng-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na may kasamang ganap na may kasamang awa,at habag sa Ummah niya,At ang pagsusumikap sa anumang bagay na makakabuti sa kalagayan nila,At dahil sa napag-alaman niya na ang pinakamalakas na dahilan ng Maliit na Pagtatambal ay ang Pagpapakitang-tao,at maraming kasiyahan,Maaaring pumasok ito sa mga Muslim na hindi nila nababatid, at magdudulot ng pinsala sa kanila;Kung-Kaya`t nagpaingat siya rito at nagbigay ng babala

### **Benefits from the Hadith:**

(3381)

(38) - عَنْ أَبِي ذَرٍّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّهُ سَمِعَ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «لَا يَرْمِي رَجُلٌ رَجُلًا بِالْفُسُوقِ، وَلَا يَرْمِيهِ بِالْكُفْرِ، إِلَّا أُرْتَدَّتْ عَلَيْهِ، إِنْ لَمْ يَكُنْ صَاحِبَهُ كَذَلِكَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(38) – Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Walang nagpapatang na isang lalaki sa isang lalaki ng kasuwailan at walang nagpapatang dito ng kawalang-pananampalataya malibang manunumbalik ito sa kanya, kung ang pinaratangan niya ay hindi naging gayon."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi sa ibang tao: "Ikaw ay suwail" o "Ikaw ay tagatangging sumampalataya" saka kung ito ay hindi naging gaya ng sinabi siya, magiging siya ang karapat-dapat sa paglalarawang nabanggit at babalik sa kanya ang sabi niya. Hinggil naman sa kapag ito ay gaya ng sinabi niya, walang babalik sa kanya na anuman dahil sa pagiging siya ay nagsabi ng totoo sa sinabi niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal sa pagpapatang sa mga tao ng kawalang-pananampalataya o kasuwailan nang walang legal na tagapagbigay-katwiran.
2. Ang pagkakinakailangan ng pagpapatibay sa pagpapalabas ng mga kahatulan sa mga tao.
3. Nagsabi si Ibnu Daqīq Al-`Īd: Ito ay isang mabigat na banta sa sinumang nagpapatang ng kawalang-pananampalataya sa isa sa mga Muslim samantalang ito ay hindi gayon. Ito ay isang mabigat na suliranin.

4. Nagsabi si Ibnu Hajar Al-`Asqalānīy: Subalit hindi kinakailangan sa pagiging siya ay hindi nagiging isang suwail dahil doon ni isang tagatangging sumampalataya na siya ay hindi maging isang nagkakasala sa isang anyo ng pagkakasabi niya rito: "Ikaw ay suwail." Bagkus sa anyong ito ay may isang pagdedetalye. Kung nagpakay siya ng pagpapayo rito o ng pagpapayo sa iba rito sa pamamagitan ng paglilinaw sa kalagayan nito, pinapayagan iyon. Kung naglalayon siya ng pagkondena rito, pagtatanyag nito sa pamamagitan niyon, at purong pagperhuwisyo rito, hindi iyon pinapayagan dahil siya ay inuutusan ng pagtatakip dito, pagtuturo rito, at pangangaral dito ng pinakamaganda. Kaya paano man nagsaposible sa kanya iyon sa pamamagitan ng kabanayaran, hindi pinapayagan sa kanya na gumawa niyon sa pamamagitan ng karahasan dahil siya ay maaaring maging isang kadahilanan sa pagkaganyak nito at pagpupumilit nito sa gawaing iyon dala ng nasa kalikasan ng marami sa mga tao na pangmamata, lalo na kapag ang tagapag-utos ay mababa sa inuutusan sa katayuan.

(8883)

(39) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال، قال: رسول الله صلى الله عليه وسلم : «اثنان في الناس هما بهم كفر: الطعن في النسب، والنياحة على الميت». [صحيح] - [رواه مسلم]

(39) – Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi:Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- "Dalawang bagay sa mga tao,kung saan dahil sa mga ito sila ay [nananatali sa mga gawin ng] hindi mananampalataya:Paninirang-puri sa pamilya,at panaghoy sa may patay" [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapaalam niya-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-na magpapatuloy sa mga tao ang dalawang uri [ng gawain] mula sa mga gawain ng hindi mananampalataya,walang maliligtas mula rito, maliban sa ililigtas ni Allāh: Una:Pamimintas sa pamilya at pagmumura rito.Pangalawa: Pagtaas ng boses sa oras ng kasawian, bilang pagkamuhi sa itinakda.At ito ay Kufr Asgar [ maliit na hindi pananampalataya],at hindi lahat ng nakakagawa ng sangay, mula sa mga sangay ng hindi pananampalataya ay nagiging Kāfir [hindi mananampalataya], Ang hindi pananampalataya,na siyang nakakapagpalabas mula sa relihiyon,hanggang sa magawa niya ang [mga gawain ng] Kufr Al-Akbar, tunay na hindi pananampalataya na malaki

### **Benefits from the Hadith:**

(6361)

(40) – عن أبي مَرْثَدٍ الْعَنْوِيِّ رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لَا تَجْلِسُوا عَلَى الْقُبُورِ، وَلَا تُصَلُّوا إِلَيْهَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(40) – Ayon kay Abū Marthad Al-Ganawīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong umupo sa mga libingan at huwag kayong magdasal paharap sa mga ito."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-upo sa mga libingan.

Sumaway rin siya laban sa pagsasagawa ng ṣalāh paharap sa mga libingan sa pamamagitan ng pagiging ang libingan ay nasa dako ng qiblah ng nagsasagawa ng ṣalāh dahil iyon ay kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsaway laban sa pagsasagawa ng ṣalāh sa mga sementeryo o sa pagitan ng mga ito o paharap sa mga ito, maliban sa ṣalāh ng paglilibing, gaya ng napagtibay sa Sunnah.
2. Ang pagsaway laban sa pagsasagawa ng ṣalāh paharap sa mga libingan bilang pagpinid sa maidadahilan ng Shirk.
3. Sumaway ang Islām laban sa pagpapalabis-labis sa mga libingan at laban sa pagkahamak sa mga ito, kaya naman walang pagpapalabis at walang pagpapabaya.
4. Ang pagkabawal ng paglabag sa Muslim ay nananatili matapos ng pagkamatay niya batay sa sabi ng Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pagbali ng buto ng patay ay gaya ng pagbali nito habang buhay pa."

(10647)

(41) – عَنْ أَبِي طَلْحَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «لَا تَدْخُلُ الْمَلَائِكَةُ بَيْتًا فِيهِ كَلْبٌ وَلَا صُورَةٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(41) – Ayon kay Abu Ṭalḥah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ni may larawan."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga anghel ng awa ay hindi pumapasok sa isang bahay na may aso ni larawan ng mga may kaluluwa. Iyon ay dahil sa ang larawan ng may kaluluwa ay isang nakayayamot na pagsuway. Dito ay may panggagaya sa paglikha ni Allāh at isang kaparaanan mula sa mga kaparaanan ng Shirk. Ang ilan sa mga ito ay larawan ng sinasamba bukod pa kay Allāh. Ang kadahilanan naman ng pag-ayaw ng mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ay dahil sa dami ng pagkain nito ng mga karumihan, dahil ang iba sa mga ito ay tinatawag bilang demonyo at ang mga anghel ay kontra sa mga demonyo, dahil sa baho ng amoy ng aso at ang mga anghel ay nasusuklam sa mabahong amoy, at dahil ang mga ito ay ipinagbabawal alagaan saka parurusahan ang tagapag-alaga ng mga ito ng pagkakait sa kanya ng pagpasok ng mga anghel ng awa sa bahay niya, pagdalangin ng mga ito ng basbas sa loob nito, paghingi ng mga ito ng tawad para sa kanya, pagdalangin ng mga ito ng pagpapala sa kanya at sa bahay niya, at pagtulak ng mga ito ng perhuwisyo ng demonyo palayo sa kanya.



## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal ng pag-aalaga ng aso maliban ng aso ng pangangaso o hayupan o pananim.
2. Ang pagtataglay ng mga larawan ay kabilang sa mga bagay na karima-rimarim na nilalayuan ng mga anghel. Ang pagkakaroon ng mga ito sa lugar ay nagiging isang kadahilanan ng pagkakait ng awa at tulad niyon ang aso.
3. Ang mga anghel na hindi pumapasok sa isang bahay na may aso o larawan ay mga anghel ng awa. Hinggil naman sa tagaingat ng gawa at iba pa sa kanila kabilang sa mga may katungkulan gaya ng anghel ng kamatayan, pumapasok sila sa bawat bahay.
4. Ang pagbabawal sa pagsasabit ng mga larawan ng mga may kaluluwa sa mga dingding at iba pa sa mga ito.
5. Nagsabi si Al-Khaṭṭābī: Hindi lamang pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na may aso o larawan, na kabilang sa ipinagbabawal ariin gaya ng mga aso at mga larawan. Hinggil naman sa anumang hindi bawal gaya ng aso ng pangangaso, pananim, at hayupan, at larawan na nahahamak sa karpeta, unan, at iba pa sa dalawang ito, hindi napipigil ang pagpasok ng mga anghel dahil dito.

(8950)

(42) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لا تَصْحَبُ

الملائكة رُفْقَةً فيها كلب أو جَرَسٌ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(42) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Hindi sumasama ang mga anghel sa mga manlalakbay na may kasamang aso o kalembang." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang kahulugan ay na kapag lumisan ang isang pangkat sa isang paglalakbay at may kasama silang aso o kalembang, tunay na ang mga anghel ng awa at paghingi ng tawad ay tumatangging sumama sa kanila dahil ang aso ay marumi. Tungkol naman sa kalembang, ito ay dahil sa ito ay plauta ng demonyo gaya ng ipinabatid tungkol doon ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nilimitahan iyon ng ilan sa maalam sa kalembang na isinasabit sa mga hayop dahil ito, kapag isinabit sa mga hayop, ay nagkakaroon ng isang takdang kuliling na humahalina ng galak, tuwa, at lugod sa pamamagitan ng tunog nito. Dahil doon, tinawag ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na mga plauta ng demonyo. Ang mga pang-alarma sa mga relo at tulad ng mga ito ay hindi napaloloob sa pagbabawal dahil ang mga ito ay hindi isinasabit sa mga hayop. Ito ay tapagpaalaala lamang ng isang takdang oras para panawag-pansin. Gayon din ang nasa mga pinto na gamit sa paghingi ng pahintulot sapagkat tunay na ang ilan sa mga pinto ay may kalembang para sa paghingi ng pahintulot, ito rin ay walang masama at hindi napaloloob sa pagbabawal dahil ito ay hindi nakasabit sa isang hayop at kawangis nito. Hindi ito nagdudulot ng tuwang kabilang sa ipinagbawal ng Sugo, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Kashf Al-Mushkil min Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥayn 3/564, Sharḥ An-Nawawīy `alā Muslim 14/95, at Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn ni Ibnu `Uthaymīn 6/431-432. Tawag-pansin: Nasaad sa mga fatwā ng Lujnah Dā'imah: "Ang mga kalembang na ginagamit sa mga bahay,

mga paaralan, at tulad ng mga ito ay ipinahihintulot hanggat hindi nagtataglay ng ipinagbabawal gaya ng pagkakawangis ng mga ito sa mga kampana ng mga Kristiyano o pagkakaroon ng mga ito ng tinig gaya ng musika sapagkat tunay na ang mga ito, sa sandaling iyon, ay magiging ipinagbabawal dahil doon."

## Benefits from the Hadith:

(8951)

(43) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «يَأْتِي الشَّيْطَانُ أَحَدَكُمْ فَيَقُولُ: مَنْ خَلَقَ كَذَا؟ مَنْ خَلَقَ كَذَا؟ حَتَّى يَقُولَ: مَنْ خَلَقَ رَبَّكَ؟ فَإِذَا بَلَغَهُ فَلْيَسْتَعِذْ بِاللَّهِ وَلْيَنْتَه». [صحيح] - [متفق عليه]

(43) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Darating ang demonyo sa isa sa inyo saka magsasabi ito: 'Sino ang lumikha ng ganito? Sino ang lumikha ng gayon?' hanggang sa magsabi ito: 'Sino ang lumikha sa Panginoon mo?' Kaya kapag umabot ito roon, humiling siya ng pagkukop kay Allāh at tumigil na."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mabisang lunas sa mga pagtatanung-tanong na nagpapasaring sa pamamagitan ng mga ito ang demonyo sa mananampalataya. Magsasabi ang demonyo: "Sino ang lumikha ng ganito? Sino ang lumikha ng gayon? Sino ang lumikha ng langit? Sino ang lumikha ng lupa?" Kaya sasagot naman ang mananampalataya ayon sa relihiyon, naturalesa, at isip sa pamamagitan ng pagsabi niya na: "Si Allāh." Subalit ang demonyo ay hindi titigil sa hangganang ito ng mga pasaring; bagkus magpapalipat-lipat siya hanggang sa magsabi siya:

"Sino ang lumikha sa Panginoon mo?" Kaya sa sandaling iyon, itutulak ng mananampalataya ang mga pasaring na ito sa pamamagitan ng tatlong bagay:

sa pamamagitan ng pananampalataya kay Allāh,  
at pagdalangin ng pagpapakupkop kay Allāh laban sa demonyo,  
at pagtigil sa pagpapatuloy sa mga pasaring.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pag-ayaw sa mga pasaring ng demonyo at mga kaisipan niya, ang hindi pag-iisip ng mga ito, at ang pagdulog kay Allāh sa pag-aalis ng mga ito.
2. Ang bawat anumang nagaganap sa puso ng tao na mga pasaring na sumasalungat sa Batas ng Islām ay mula sa demonyo.
3. Ang pagsaway laban sa pag-iisip-isip hinggil sa sarili ni Allāh at ang paghimok sa pag-iisip-isip hinggil sa mga nilikha Niya at mga tanda Niya.

(65013)

(44) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ اللَّهَ قَالَ: مَنْ عَادَى لِي وَلِيًّا فَقَدْ آذَنْتُهُ بِالْحَرْبِ، وَمَا تَقَرَّبَ إِلَيَّ عَبْدِي بِشَيْءٍ أَحَبَّ إِلَيَّ مِمَّا افْتَرَضْتُ عَلَيْهِ، وَمَا يَزَالُ عَبْدِي يَتَقَرَّبُ إِلَيَّ بِالنَّوَافِلِ حَتَّى أَحِبَّهُ، فَإِذَا أَحْبَبْتُهُ: كُنْتُ سَمْعَهُ الَّذِي يَسْمَعُ بِهِ، وَبَصَرَهُ الَّذِي يُبْصِرُ بِهِ، وَيَدَهُ الَّتِي يَبْطِشُ بِهَا، وَرِجْلَهُ الَّتِي يَمْشِي بِهَا، وَإِنْ سَأَلَنِي لِأَعْطِيَنَّهُ، وَلَئِنْ اسْتَعَاذَنِي لِأُعِيدَنَّهُ، وَمَا تَرَدَّدْتُ عَنْ شَيْءٍ أَنَا فَاعِلُهُ تَرَدُّدِي عَنْ نَفْسِ الْمُؤْمِنِ، يَكْرَهُ الْمَوْتَ وَأَنَا أَكْرَهُ مَسَاءَتَهُ».

[صحيح] - [رواه البخاري]

(44) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Tunay na si Allāh ay nagsabi: Ang sinumang umaway sa isang tinangkilik para sa Akin ay nagpahayag na Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpapakalapit sa Akin ang lingkod Ko sa pamamagitan ng anumang higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa [mga pagsambang] isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi titigil ang Lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya. Kaya kapag inibig Ko siya, magiging Ako ang pandinig niya na ipinandidinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinanghahawak niya at ang paa niya na ipinanlalakad niya. Kung manghihingi siya sa Akin, talagang bibigyan Ko nga siya. Talagang kung magpapakupkop siya sa Akin, talagang kukupkupin Ko nga siya. Hindi Ako nag-aatubili sa isang bagay na Ako ay gumagawa nito gaya ng pag-aatubili Ko sa [pagbawi sa] kaluluwa ng mananampalataya samantalang nasusuklam siya sa kamatayan at Ako naman ay nasusuklam sa pag-inis sa kanya." [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang sabi ni Allāh: "Ang sinumang umaway sa isang tinangkilik para sa Akin ay nagpahayag na Ako sa kanya ng digmaan" ay nangangahulugang ang sinumang nanakit ng isang tinangkilik para sa Akin habang ito ay mananampalatayang nangingilag magkasala at sumusunod sa Batas Ko at gumawa ritong isang kaaway, talaga ngang

ipinaalam Ko sa kanya na Ako ay makikidigma sa kanya yayamang siya ay nakikidigma sa Akin sa pamamagitan ng pangangaway niya sa mga tinangkilik Ko. Ang sabi Niya: "Hindi nagpapakalapit sa Akin ang Lingkod Ko sa pamamagitan ng anumang higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa [mga pagsambang] isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi titigil ang Lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya" ay pumapatungkol sa noong nabanggit Niya na ang pangangaway sa mga tinanggkilik Niya ay pakikidigma sa Kanya. Binanggit Niya naman pagkatapos niyon ang paglalarawan sa mga tinangkilik Niyang ipinagbabawal awayin at kinakailangang tangkilikin at binanggit Niya ang ikinalalapit sa Kanya. Ang pangunahing kahulugang ng wilayah (pagtangkilik) ay ang qurb (pagkalapit). Ang pangunahing kahulugan ng `adawah (pangangaway) ay ang bu`d (pagkalayo). Kaya naman ang mga tinangkilik ni Allāh ay ang mga nagpapakalapit sa Kanya sa pamamagitan ng [mga gawing] ipinanlalapit sa Kanya. Ang mga kaaway Niya ay ang mga inilayo sa Kanya dahil sa mga gawain nilang nagbubunsod sa pagtataboy sa kanila at paglalayo sa kanila kay Allāh. Hinati ni Allāh sa dalawang bahagi ang mga tinangkilik Niyang inilapit sa Kanya: 1. Ang nagpakalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsambang isinatungkulin at nasasaklawan niyon ang paggawa ng mga tungkulin at ang pagtigil sa paggawa ng mga ipinagbabawal dahil lahat ng iyon ay kabilang sa mga isinatungkulin ni Allāh na iniatang Niya sa mga lingkod Niya; 2. Ang nagpakalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsambang kusang-loob matapos ang mga pagsambang isinatungkulin. Kapag pinanatili ng tao ang pagpapakalapit kay Allāh sa pamamagitan ng mga pagsambang kusang-loob, hahantong iyon sa pag-ibig sa kanya ni Allāh. Sinabi Niya: "Kaya kapag inibig Ko siya, magiging Ako ang pandinig niya na ipinandidinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinanghahawak niya, at ang paa niya na ipinanlalakad niya." Ang tinutukoy ng pananalitang ito

ay na: ang sinumang nagsumikap sa pagpapakalapit kay Allāh sa pamamagitan ng mga pagsambang isinatungkulin, pagkatapos ay ng mga pagsambang kusang-loob, ilalapit ito ni Allāh sa Kanya. Si Allāh ay magtutuon dito sa tama sa apat ng bahagi ng katawan: sa pandinig: itatama Niya ito sa pandinig nito kaya naman wala siyang diringgin maliban sa ikinalulugod ni Allāh; gayon din sa paningin niya kaya hindi siya titingin maliban sa naiibigan ni Allāh ang pagtingin doon at hindi siya titingin sa ipinagbabawal; sa kamay niya kaya hindi siya gagawa sa pamamagitan ng kamay niya maliban sa ikinalulugod ni Allāh; gayon din sa paa niya kaya hindi siya maglalakad maliban patungo sa ikinalulugod ni Allāh dahil si Allāh ay magtatama nito at hindi siya magpupunyagi maliban sa anumang may kabutihan. Ito ang tinutukoy ng sabi Niya: "magiging Ako ang pandinig niya na ipinandidinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinanghahawak niya, at ang paa niya na ipinanlalakad niya." Walang patunay rito para sa mga naniniwala sa Pagtahan at Pagsanib ng Diyos sa Tao, na nagsasabing ang Panginoon ay tumahan at sumanib sa tao. Pagkataas-taas ni Allāh para roon, ayon sa kataasang malaki sapagkat tunay na ito ay kawalang-pananampalataya - magpakupkop kay Allāh - at si Allāh at ang Sugo Niya ay mga walang kaugnayan doon. Ang sabi Niya: "Kung manghihingi siya sa Akin, talagang bibigyan Ko nga siya. Talagang kung magpakupkop siya sa Akin, talagang kukupkupin Ko nga siya" ay nangangahulugang: Itong iniibig na inilapit kay Allāh ay may kalagayang natatangi sa ganang kay Allāh, na nagbubunsod na kapag humiling siya kay Allāh ng anuman ay ibibigay sa kanya iyon. Kung nagpakupkop siya kay Allāh laban sa anuman, kukupkupin siya laban doon. Kung dumalangin siya kay Allāh, tutugunin siya kaya siya ay magiging tinutugon ang panalangin dahil sa karangalan niya kay Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Sinabi Niya: "Hindi Ako nag-aatubili sa isang bagay na Ako ay gumagawa nito gaya ng pag-aatubili Ko sa [pagbawi sa] kaluluwa ng mananampalataya samantalang nasusuklam siya sa kamatayan at Ako naman ay nasusuklam sa pag-

inis sa kanya." Ang tinutukoy rito ay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay nagtadhana ng kamatayan sa mga lingkod Niya gaya ng sinabi Niya (Qur'ān 3:185): "Ang bawat kaluluwa ay makatitikim ng kamatayan." Ang kamatayan ay ang paghiwalay ng kaluluwa sa katawan. Hindi nagaganap iyon malibang sa pamamagitan isang lubhang malaking hapdi. Yayamang ang kamatayan ay sa pamamagitan ng ganitong katindihan, at si Allāh ay nagtakda na nito sa lahat ng mga lingkod niya at hindi sila makatatakas doon, ngunit Siya, pagkataas-taas Niya, ay nasusuklam sa pananakit sa mananampalataya at pag-inis sa kanya, tinawag iyon na pag-aatubili para sa panig ng mananampalataya. Nagsabi si Shaykh Ibnu Bāz, kaawaan siya ni Allāh: "Ang pag-aatubili ay paglalarawang naaangkop kay Allāh, pagkataas-taas Niya, na walang nakaalam sa pamamaraan nito maliban sa Kanya, napakamaluwalhati Niya, at hindi gaya ng pag-aatubili natin. Ang pag-aatubiling inuugnay kay Allāh ay hindi nakawawangis ng pag-aatubili ng mga nilikha, bagkus ito ay pag-aatubiling naaangkop sa Kanya, napakamaluwalhati Niya, gaya ng lahat ng mga katangian Niya, kapita-pitagan Siya at pagkataas-taas Niya.

### **Benefits from the Hadith:**

(6337)



(45) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم أنه قال: «مَنْ خَرَجَ مِنَ الطَّاعَةِ، وَفَارَقَ الْجَمَاعَةَ فَمَاتَ، مَاتَ مَيْتَةً جَاهِلِيَّةً، وَمَنْ قَاتَلَ تَحْتَ رَايَةِ عِمِّيَّةٍ، يَعْضَبُ لِعَصْبَةِ، أَوْ يَدْعُو إِلَى عَصْبَةٍ، أَوْ يَنْصُرُ عَصْبَةً، فَقَتِلَ، فَقِتْلُهُ جَاهِلِيَّةٌ، وَمَنْ خَرَجَ عَلَى أُمَّتِي، يَضْرِبُ بَرَّهَا وَفَاجِرَهَا، وَلَا يَتَحَاشَى مِنْ مُؤْمِنِهَا، وَلَا يَفِي لِذِي عَهْدٍ عَهْدُهُ، فَلَيْسَ مِنِّي وَلَا سَتُ مِنْهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(45) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang naghimagsik laban sa pagtalima at nakipaghiwalay sa komunidad saka namatay, namatay siya sa pagkamatay na pangmangmang. Ang sinumang nakipaglaban sa ilalim ng pangmakabulag na watawat: nagagalit dahil sa bulag na pagkamakalahi o nagtataguyod para sa lipi o nag-aadya sa lipi saka napatay, pagkamatay na pangmangmang ito. Ang sinumang naghimagsik sa Kalipunan ko: nananaga ng mabuting-loob nito at masamang-loob nito at hindi nangingimi sa mananampalataya nito at hindi tumutupad sa may kasunduan sa kasunduan dito, hindi siya kabilang sa akin at hindi ako kabilang sa kanya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang naghimagsik laban sa pagtalima sa mga nakatalaga sa mga pamamahala at nakipaghiwalay sa komunidad ng Islām na nagkasang-ayon sa pangako ng katapatan sa pinuno, saka namatay sa kalagayang iyon na pakikipaghiwalay at kawalan ng pagtalima, namatay siya sa pagkamatay ng mga kampon ng Kamangmangan, na hindi tumatalima sa isang pinuno at hindi lumalahok sa iisang komunidad, bagkus sila ay mga pangkatin at mga pulutong na nakikipaglaban sa isa't isa sa kanila.

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nakipaglaban sa ilalim ng watawat na

hindi nalilinawan dito ang punto ng katotohanan sa kabulaanan: nagagalit siya dahil sa payak na panatisismo sa lahi niya o lipi niya, hindi dahil sa pag-aadya sa Relihiyon at katotohanan, kaya naman nakikipaglaban siya dala ng panatisismong walang pagkatalos at kaalaman, kapag napatay siya sa kalagayang iyon, ito ay gaya ng pagkapatay sa Kamangmangan.

Ang sinumang naghimagsik sa Kalipunan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): nananaga ng maayos nito at masamang-loob nito, hindi nag-aalintana sa ginagawa niya, hindi nangangamba sa kaparusahan sa kanya sa pagpatay sa mananampalataya nito, hindi tumutupad sa mga may kasunduan kabilang sa mga tagatangging sumampalataya o sa mga nakatalaga sa mga pamamahala sa kasunduan sa kanila, bagkus sumisira sa mga ito; ito ay kabilang sa malalaking kasalanan at ang sinumang gumawa nito ay naging karapat-dapat nga sa matinding bantang ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagtalima sa mga nakatalaga sa mga pamamahala ay kinakailangan kapag hindi pagsuway kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).
2. Dito ay may isang matinding pagbibigay-babala laban sa sinumang naghimagsik laban sa pagtalima sa pinuno at nakipaghiwalay sa komunidad ng mga Muslim sapagkat kapag namatay siya sa kalagayang ito ay namatay siya ayon sa paraan ng mga kampon ng Kamangmangan.
3. Nasa ḥadīth din ang pagsaway laban sa pakikipaglaban para sa bulag na pagkamakalahi.
4. Ang pagkakinakailangan ng pagtupad sa mga kasunduan.
5. Nasa pagtalima at pananatili sa komunidad ang maraming kabutihan, ang katiwasayan, ang kapanatagan, at ang kaayusan ng mga kalagayan.

6. Ang pagsaway laban sa pagpapakawangis sa mga kalagayan ng mga kampon ng Kamangmangan.
7. Ang pag-uutos ng pananatili sa komunidad ng mga Muslim.

(58218)

(46) - عن مَعْقِلِ بْنِ يَسَارِ الْمُزْنِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: إِنِّي سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «مَا مِنْ عَبْدٍ يَسْتَرْعِيهِ اللَّهُ رَعِيَّةً، يَمُوتُ يَوْمَ يَمُوتُ وَهُوَ غَاشٌّ لِرَعِيَّتِهِ، إِلَّا حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(46) - Ayon kay Ma`qil bin Yasār Al-Muznīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Walang anumang tao na pinamamahala ni Allāh sa nasasakupan, na mamamatay sa araw na mamamatay siya habang siya ay nandaraya sa pinamamahalaan niya malibang magbabawal si Allāh sa kanya ng Paraiso."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat isa ay ginawa ni Allāh bilang tagapamahala at responsable sa mga tao, maging ito man ay isang pampublikong pamamahala gaya ng pinuno o pamribadong pamamahala gaya ng lalaki sa bahay niya at ng babae sa bahay nito. Kapag nagkulang siya sa karapatan ng nasasakupan niya at nandaya siya rito at hindi nagpakatapat dito kaya naman winala ang mga karapatan nitong panrelihiyon at pangmundo, magiging karapat-dapat nga siya sa matinding kaparusahang ito.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang bantang ito ay hindi natatangi sa kataas-taasang pinuno at mga kinatawan niya; bagkus ito ay pangkalahatan sa bawat sinumang pinamahala ni Allāh ng nasasakupan.
2. Ang kinakailangan sa bawat sinumang namahala ng anuman sa nauukol sa mga Muslim na magpakatapat sa kanila, na magsumikap sa pagganap ng ipinagkatiwalang tungkulin, at na mag-ingat laban sa kataksilan.
3. Ang bigat ng pananagutan ng bawat sinumang namamahala sa nasasakupang pampubliko o pampribado, na malaki o maliit.

(5335)

(47) - عن أم سلمة هند بنت أبي أمية حذيفة رضي الله عنها عن النبي صلى الله عليه وسلم أنه قال: «إِنَّهُ يُسْتَعْمَلُ عَلَيْكُمْ أُمْرَاءٌ فَتَعْرِفُونَ وَتُنْكِرُونَ، فَمَنْ كَرِهَ فَقَدْ بَرِيَ، وَمَنْ أَنْكَرَ فَقَدْ سَلِمَ، وَلَكِنْ مَنْ رَضِيَ وَتَابَعَ» قالوا: يا رسول الله، ألا نُفَاتِلُهُمْ؟ قال: «لا، ما أَقَامُوا فِيكُمْ الصَّلَاةَ».

[صحيح] - [رواه مسلم]

(47) – Ayon kay Umm Salamah, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-((Tunay na mamumuno sa inyo ang mga pinuno,Makikilala ninyo sila at susuwayin,Sinuman ang mapoot [ang puso niya sa mga kasamaan],tunay na wala siyang pananagutan sa mga kasalanan,at sinuman ang sumuway [sa mga kasamaan nito],tunay na siya ay naging ligtas.Subalit sinuman ang masiyaha at sumunod [ay malilipon tulad ng paglipon sa mga nauna sa kanila])) Nagsabi sila: O Sugo ni Allah; hindi ba kami makikipaglaban sa kanila? Nagsabi siya: ((":Hindi! Habang sila ay tumitindig ng dasal sa inyo" )) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinahayag niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na mayroong mamumuno sa atin mula sa mga pinuno,Kilala natin sila sa mga ibang gawain nila,dahil sa pagsang-ayon nito sa mga bagay na sinasang-ayunan ng Islam,At sinusuway natin ang mga ilan dito,dahil sa pagsalunat nito [sa batas ng Islam],Sinuman ang mapoot ang puso niya sa mga kasamaan,at walang siyang kakayahan sa pagbabawal nito,dahil sa pangangamba niya sa kahigpitan nila,tunay na siya ay walang pananagutan sa mga kasalanan,At sinuman ang may kakayahan sa pagbawal nito sa pamamagitan na kanyang kamay o pagsasalita,At pinagbawalan niya sila rito,tunay na siya ay naging ligtas,Subalit sinuman ang masiyahan ang puso niya sa mga gawain nila at sumunod siya sa kanila sa mga gawain nila,Siya ay malilipon tulad ng paglipon sa kanila.Pagkatapos ay tinanong nila ang Propeta-pagpalain siya ni

Allah at pangalagaan-Hindi ba kami makikipaglaban sa kanila? Nagsabi siya:"Hindi! Habang sila ay tumitindig ng dasal sa inyo"

### **Benefits from the Hadith:**

(3481)

(48) – عن ابن مسعود رضي الله عنه مرفوعاً: «إِنَّهَا سَتَكُونُ بَعْدِي أَثَرَةٌ وَأُمُورٌ تُنْكَرُ وَنَهَا!» قالوا: يا رسول الله، فَمَا تَأْمُرُنَا؟ قال: «تَوَدُّونَ الْحَقَّ الَّذِي عَلَيْكُمْ، وَتَسْأَلُونَ اللَّهَ الَّذِي لَكُمْ». [صحيح] - [متفق عليه]

(48) – Ayon kay Ibin Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya.-Hadith na Marfu: (( Katotohanang mangyayari sa mga susunod sa akin,ang pagkamakasarili,at mga bagay na tatanggihan ninyo!)) Nagsabi sila: O Sugo ni Allah,Ano ang ipag-uutos mo sa amin? Nagsabi siya: ((Ibigay ninyo ang mga karapatan na nasa inyo,at hilingin ninyo sa Allah,yaong para sa inyo)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Sa Hadith ay [naisalaysay] ang pagbabala sa malaking pangyayari na may kaugnayan sa pakikisalamuha ng mga pinuno,ito ang kawalan ng katarungan ng mga pinuno at pagiging sakim nila sa mga yaman ng pangkalahatan,at hindi [ibinibigay] sa mga mamamayan,Kung saan ay ipinaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na mamumuno sa mga Muslim ang isang pinuno,na magiging makasarili sa yaman ng mga Muslim,gugugulin nila ito sa kanilang kagustuhan,at hindi nila ibibigay sa mga Muslim ang karapatan nila rito. At ito ay pagkamakasarili at kawalan ng katarungan mula sa mga namumuno, Na maging makasarili sila sa mga yaman na kung saan ay may karapatan ang mga Muslim rito,at nagiging makasarili sila sa mga sarili nila,mula sa mga Muslim.Subalit ang mga kasamahan ng Propeta na kinalulugdan [ni Allah],Hiniling nila ang patnubay ng Propeta sa mga gawain nila,at hindi ang tungkol sa kawalan ng katarungan,Nagsabi sila: Ano ang

maipag-uutos mo sa amin?at ito ay dahil sa katalinuhan nila,Nagsabi siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: "Ibigay ninyo ang karapatang nasa inyo" Ibig sabihin: Huwag ninyong gawing hadlang ang pagiging makasarili nila sa yaman,para sa inyo,na [kung saan ay] hahadlangan ninyo ang anumang nararapat sa inyo,katulad nila,mula sa pakikinig at paniniwala.At hindi pagiging makasarili at hindi paggawa ng mga tukso,Subalit magtiis kayo at makinig,at sumunod kayo at huwag makipag-away sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila ni Allah," At humiling kayo sa Allah nang para sa inyo" Ibig sabihin ay: Hilingin ninyo ang karapatan ninyo mula sa Allah,Ibig sabihin ay:Hilingin ninyo sa Allah na sila ay mapatnubayan upang ibigay sa inyo ang inyong karapatan na nasa kanila,At ito ay kabilang sa karunungan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sapagkat alam niya -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang sarili ay hindi makakatiis sa mga karapatan nito,at ito ay hindi masisiyahan sa sinumang nagiging makasarili sa kanila,sa mga karapatan nila. Subalit siya ay nagpatnubay-pagpalain siya ni Allah at pangalagaa-sa isang bagay na magdadala ng kainaman at kabutihan,at mapoproteksiyunan sa likod nito ang kasamaan at tukso,At ito ay pagbibigay sa anumang [karapatan] nila sa atin,mula sa pakikinig at pagsunod,hindi pakikipag-away sa mga bagay,at ang mga tulad pa nito,At hilingin natin sa Allah ang para sa atin.

### **Benefits from the Hadith:**

(3156)

(49) - عن ابن عمر رضي الله عنهما ، قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «لكم راع، ولكم مسؤول عن رعيته: والأمير راع، والرجل راع على أهل بيته، والمرأة راعية على بيت زوجها وولده، فلكم راع، ولكم مسؤول عن رعيته».

وفي لفظ: «لكم راع، ولكم مسؤول عن رعيته: الإمام راع ومسؤول عن رعيته، والرجل راع في أهله ومسؤول عن رعيته، والمرأة راعية في بيت زوجها ومسؤولة عن رعيتها، والخادم راع في مال سيده ومسؤول عن رعيته، فلكم راع ومسؤول عن رعيته». [صحيح] - [متفق عليه]

(49) - ((Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito;Ang Pinuno ay Taga-pangalaga,at ang Lalaki ay Taga-pangalaga sa mga nananahanan sa bahay niya,at ang Babae ay Taga-pangalaga sa loob ng Bahay ng Asawa niya at sa mga Anak niya,Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito)) ,At ayon kay Ibnu `Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa-ay nagsabi;Narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi:((Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito,Ang Pinuno ay Taga-pangalaga at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,At ang Lalaki ay Taga-pangalaga sa Pamilya nito at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,at ang Babae ay Taga-pangalaga sa loob ng Bahay ng Asawa niya,at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,at ang Alipin ay Taga-pangalaga sa kayamanan ng pinuno niya,at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at may pananagutan sa pinangangalagaan nito)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Lahat kayo ay Taga-pangalaga at Pinagkakatiwalaan sa pingangalagaan nito at tatanungin rito,Ang Pinuno ay may pananagutan



sa pinangangalagaan nito sa Araw nG Pagka-buhay,At gayundin ang Lalaki,ay may pananagutan sa pamilya nito,Mag-uutos siya sa pananampalataya kay Allah,at magbabawal siya sa mga makasalanan kay Allah at ipatutupad niya sa kanila ang anumang karapatan nila,At pananagutan niya ang mga ito sa Araw ng Pag-kabuhay,At ang Babae ay Taga-pangalaga sa bahay ng asawa niya sa anumang pinapahalagahan (ng asawa) nito at gayundin sa mga anak niya,at siya ay may pananagutan rito sa Araw ng Pag-kabuhay,at ang Alipin ay Taga-pangalaga at pinagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng pinuno nito,at may pananagutan sa Araw ng Pag-kabuhay mula rito,Ang lahat ay pinag-kakatiwalaan at Taga-pangalaga sa anumang ginagampanan nito,at May pananagutan sa Araw ng Pag-kabuhay mula rito

### **Benefits from the Hadith:**

(5819)

(50) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: سمعتُ من رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول في بيتي هذا: «اللَّهُمَّ مَنْ وَليَ مِنْ أُمَّرِ أُمَّتِي شَيْئًا فَشَقَّ عَلَيْهِمْ فَاشُقِّ عَلَيْهِ، وَمَنْ وَليَ مِنْ أُمَّرِ أُمَّتِي شَيْئًا فَرَفَقَ بِهِمْ فَارْفُقْ بِهِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(50) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi sa bahay ko ng ganito: "O Allāh, ang sinumang namahala sa kapakanan ng Kalipunan ko ng anuman saka nagpahirap siya sa kanila, magpahirap Ka sa kanya; at ang sinumang namahala sa kapakanan ng Kalipunan ko ng anuman saka naglumanay siya sa kanila, maglumanay Ka sa kanya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Dumalangin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa bawat sinumang namahala sa kapakanan kabilang sa mga kapakanan ng mga Muslim, malaki man o maliit, at maging ang pamamahalang ito man ay isang pamamahalang pangkalahatan o isang pamamahalang pambahaging natatangi, at nagpasok sa kanila ng pahirap at hindi naglumanay sa kanila. Dumalangin siya na si Allāh nawa ay gaganti sa kanya ng kauri ng gawain niya sa pamamagitan ng pagpapahirap sa kanya.

Dumalangin siya na ang sinumang naglumanay sa kanila at nagpadali sa mga nauukol sa kanila na si Allāh nawa ay maglulumanay sa kanila at magpapadali sa mga nauukol sa kanila.

### Benefits from the Hadith:

1. Kinakailangan sa sinumang nakatalaga sa anuman sa mga nauukol sa mga Muslim na maglumanay sa kanila sa abot ng makakaya niya.
2. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain.

### 3. Ang timbangan ng naisasaalang-alang na kalumanayan o katindihan ay ang hindi sumasalungat sa Qur'ān at Sunnah.

(5330)

(51) – عن تميم الداري رضي الله عنه أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «الدِّينُ التَّصِيحَةُ» قُلْنَا: لِمَنْ؟ قَالَ: «لِلَّهِ وَلِكِتَابِهِ وَلِرَسُولِهِ وَلِأُمَّةِ الْمُسْلِمِينَ وَعَامَّتِهِمْ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(51) – Ayon kay Tamīm Ad-Dārīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang Relihiyon ay ang pagpapayo." Nagsabi kami: "Alang-alang kanino po?" Nagsabi siya: "Alang-alang kay Allāh, alang-alang sa Aklat Niya, alang-alang sa Sugo Niya, at alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim at madla nila."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Relihiyon ay nakasalalay sa pagpapakawagas at katapatan nang sa gayon gampanan ito, gaya ng pag-obliga ni Allāh, nang lubos nang walang pagkukulang o pandaraya.

Kaya sinabi si Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung alang-alang kanino ang pagpapayo? Kaya naman nagsabi siya:

UNA: Ang pagpapayo alang-alang kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa pamamagitan ng pagpapakawagas sa gawain ukol sa Kanya at hindi pagtatambal sa Kanya; pagsampalataya natin sa pagkapanginoon Niya, pagkadiyos Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya; pagdakila sa nauukol sa Kanya; at pag-aanyaya tungo sa pananampalataya sa Kanya.

IKALAWA: Ang pagpapayo alang-alang sa Aklat Niya, ang Marangal na Qur'ān, sa pamamagitan ng paniniwala na ito ay Salita Niya at kahuli-hulihan sa mga kasulatan Niya at na ito ay tagapagpawalang-bisa sa lahat ng mga pagbabatas bago nito.

Nagdadakila tayo nito, bumibigkas tayo nito nang totoong pagbigkas dito, nagsasagawa tayo ng isinatahasan dito at ng pagpapasakop sa isinatalinghaga rito, nagwawaksi tayo para rito ng pagbibigay-kahulugan ng mga tagapilipit nito, nagsasaalang-alang tayo sa mga pangaral nito, nagpapalaganap tayo ng mga kaalaman nito, at nag-aanyaya tayo tungo rito.

**IKATLO:** Ang pagpapayo alang-alang sa Sugo Niya, si Muḥammad (basbasan Niya siya at pangalagaan), sa pamamagitan ng paniniwala natin na siya ay ang kahuli-hulihan sa mga sugo, pagpapatotoo natin sa kanya sa anumang inihatid niya, pagsunod natin sa utos niya at pag-iwas natin sa sinasaway niya, hindi pagpapakamananamba natin kay Allāh malibang ayon sa inihatid niya, pagdakila natin sa karapatan niya, pagpipitagan natin sa kanya, pagpapakalat natin ng paanyaya niya, pagpapalaganap natin ng Batas niya, at pagkakaila natin ng mga paratang laban sa kanya.

**IKAAPAT:** Ang pagpapayo alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kanila sa katotohanan, hindi pakikipag-agawan sa kanila sa katungkulan, at ng pakikinig at pagtalima sa kanila kaugnay sa pagtalima kay Allāh.

**IKALIMA:** Ang pagpapayo alang-alang sa mga Muslim sa pamamagitan ng paggawa ng maganda sa kanila, pag-aanyaya sa kanila, pagpigil ng perhuwisyo sa kanila, pag-ibig sa kabutihan para sa kanila, at pakikipagtulungan sa kanila sa pagsasamabuting-loob at pangingilag sa pagkakasala.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pag-uutos ng pagpapayo sa lahat.
2. Ang bigat ng katayuan ng pagpapayo kaugnay sa Relihiyon.
3. Ang pagkasaklaw ng Relihiyon sa mga paniniwala, mga sinasabi, at mga ginagawa.

4. Bahagi ng pagpapayo ang pagdadalisay sa sarili mula sa pandaraya sa pinapayuhan at pagnanais ng kabutihan sa kanya.
5. Ang kagandahan ng pagtuturo ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang bumabanggit siya ng paksa sa kabuuan pagkatapos nagdedetalye siya nito.
6. Ang pagsisimula sa pinakamahalaga saka pinakamahalaga yayamang nagsimula ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapayo alang-alang kay Allāh, pagkatapos alang-alang sa Aklat Nito, pagkatapos alang-alang sa Sugo Nito (basbasan siya Nito at pangalagaan), pagkatapos alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim, pagkatapos sa mga madla nila.

(4309)

(52) - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا قَالَتْ: تَلَا رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ هَذِهِ آيَةَ: {هُوَ الَّذِي أَنْزَلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ مِنْهُ آيَاتٌ مُحْكَمَاتٌ هُنَّ أُمُّ الْكِتَابِ وَأُخْرُ مُتَشَابِهَاتٌ فَأَمَّا الَّذِينَ فِي قُلُوبِهِمْ زَيْغٌ فَيَتَّبِعُونَ مَا تَشَابَهَ مِنْهُ ابْتِغَاءَ الْفِتْنَةِ وَابْتِغَاءَ تَأْوِيلِهِ، وَمَا يَعْلَمُ تَأْوِيلَهُ إِلَّا اللَّهُ، وَالرَّاسِخُونَ فِي الْعِلْمِ يَقُولُونَ آمَنَّا بِهِ كُلٌّ مِنْ عِنْدِ رَبِّنَا وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّا أُولُو الْأَلْبَابِ} [آل عمران: 7].  
 قَالَتْ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «فَإِذَا رَأَيْتَ الَّذِينَ يَتَّبِعُونَ مَا تَشَابَهَ مِنْهُ فَأُولَئِكَ الَّذِينَ سَمَى اللَّهُ، فَاحْذَرُوهُمْ». [صحيح] - [متفق عليه]

(52) – Ayon kay `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Binigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang talatang ito (Qur`ān 3:7): {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan; na ang mga ito ay ang saligan ng Aklat, at may mga ibang pinatalinghaga. Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang tumalinghaga mula rito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng pagbibigay-pakahulugan dito samantalang walang nakaaalam sa pagbibigay-pakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin." Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.}"} Nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya kapag nakita mo ang mga sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Binigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang talatang ito (Qur`ān 3:7): {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan; na ang mga ito ay ang saligan ng Aklat, at may mga ibang pinatalinghaga. Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang

tumalinghaga mula rito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng pagbibigay-pakahulugan dito samantalang walang nakaaalam sa pagbibigay-pakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin." Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.}" Dito ay nagpabatid si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na Siya ay ang nagpababa sa Propeta Niya ng Qur'ān, na mula rito ang mga talatang maliwanag ang pakahulugan, na nalalaman ang mga patakaran: walang pagkalito sa mga ito. Ang mga ito ay saligan ng Aklat at sanggunian nito. Ang mga ito ay ang sanggunian sa sandali ng pagkakaiba-iba. Mayroon dito na mga ibang talatang nagsasapossibilidad ng higit sa isang kahulugan, na nakalilito ang kahulugan ng mga ito sa ilan sa mga tao, o ipinagpapalagay na sa pagitan ng mga ito at ng mga ibang talata ay may salungatan. Pagkatapos nilinaw ni Allāh ang pakikitungo ng mga tao sa mga talatang ito. Ang mga taong sa mga puso nila ay may pagkiling palayo sa totoo ay nagwawaksi ng isinatahasan at sumasalig sa pinatalinghagang naisasapossibilidad. Naghahangad sila sa pamamagitan niyon ng pagpukaw sa maling akala at pagpapaligaw sa mga tao. Naghahangad sila sa pamamagitan niyon ng pagbibigay-pakahulugan sa mga ito ayon sa sumasang-ayon sa mga pithaya nila. Hinggil naman sa mga matatag sa kaalaman, tunay na sila ay nakaaalam sa pinatalinghagang ito, nagsasangguni nito sa isinatahasan, at sumasampalataya rito at sa pagiging ito ay mula sa ganang kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) at hindi maaari na makalito o magsalungatan. Subalit walang nagsasaalaala niyon at napangangaralan kundi ang mga may mga isip na matino. Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ina ng mga mananampalataya na si `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya) na kapag nakakita siya sa mga naghahangad ng pinatalinghaga, tunay na sila ay ang mga tinukoy ni Allāh sa sabi Niya: {Hinggil sa mga nasa

mga puso nila ay may pagliko}. Kaya mag-ingat kayo sa kanila at huwag kayong makinig sa kanila.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang isinatahasan mula sa mga āyah ng Qur'ān ay ang lumiwanag ang pakahulugan nito at lumitaw ang kahulugan nito. Ang pinatalinghaga ay ang nagsaposisibilidad ng higit sa isang kahulugan at nangailangan ng isang pagtingin at pag-intindi.
2. Ang pagbibigay-babala laban sa pakikihalo sa mga kampon ng kalikuan, mga alagad ng mga bid`ah, at mga naglalahad ng mga suliranin para sa pagpapaligaw sa mga tao at pagpapaduda sa kanila.
3. Sa pagwawakas ng āyah sa sabi ni Allāh: {Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip} ay may pagbubunyag sa mga naliliko at may pagbubunyi sa mga nagpakalalim. Nangangahulugan ito na ang sinumang hindi nagsaalaala at hindi napangaralan at sumunod sa pithaya niya ay hindi kabilang sa mga may mga isip.
4. Ang pagsunod sa pinatalinghaga ay isang kadahilanan ng pagkaliko ng puso.
5. Ang pagkakinakailangan ng pagsangguni sa mga āyah na pinatalinghaga, na baka hindi naiintindihan ang kahulugan nito, sa mga āyah na isinatahasan.
6. Ginawa ni Allāh ang ilang bahagi ng Qur'ān na isinatahasan at ang ilang bahagi nito na pinatalinghaga naman bilang pagsubok sa mga tao upang mabukod ang mga alagad ng pananampalataya sa mga alagad ng pagkaligaw.
7. Sa pagkakasadlak sa pinatalinghaga sa Qur'ān ay may paglalantad sa kainaman ng mga maalam higit sa iba at may



pagpapaalam sa mga isip hinggil sa mga kakulangan ng mga ito upang sumuko ang mga ito sa Panginoon ng mga ito at kumilala ang mga ito sa kawalang-kakayahan ng mga ito.

8. Ang kainaman ng pagpapakalalim sa kaalaman at ang pagkakailangan ng pagpapakatatag dito.
9. Ang mga tagapagpakahulugan kaugnay sa pagtigil sa pangalang {Allāh} mula sa sabi ni Allāh: {samantalang walang nakaaalam sa pagpapakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman} ay may dalawang pahayag. Ang sinumang tumigil sa pangalang {Allāh}, ang tinutukoy ng pagbibigay-pakahulugan ay ang kaalaman sa reyalidad ng bagay, ang pinakadiwa nito, at ang walang paraan sa pagtalos niyon gaya ng nauukol sa espiritu at Huling Sandali kabilang sa anumang nagsolo si Allāh sa kaalaman niyon, at ang mga nagpakalalim naman ay sumasampalataya rito at nagsasalig ng mga reyalidad nito kay Allāh kaya nagpapasakop sila at naliligtas sila. Ang sinumang nagpatuloy at hindi tumigil sa pangalang {Allāh}, ang tinutukoy ng pagbibigay-pakahulugan ay ang pagpapakahulugan, ang paghahayag, at ang pagpapaliwanag sapagkat si Allāh ay nakaaalam niyon at ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nakaaalam niyon din kaya sumasampalataya sila sa mga ito at nagsasangguni sila ng mga ito sa isinatahasan.

(65062)

(53) – عن أبي سعيد الخُدْرِيِّ رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «مَنْ رَأَى مِنْكُمْ مُنْكَرًا فَلْيَعِزَّهُ بِيَدِهِ، فَإِنْ لَمْ يَسْتَطِعْ فَبِلِسَانِهِ، فَإِنْ لَمْ يَسْتَطِعْ فَبِقَلْبِهِ، وَذَلِكَ أَوْضَعُ الْإِيمَانِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(53) – Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nakakita kabilang sa inyo ng isang nakasasama ay ibahin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng dila niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng puso niya – at iyon ay ang pinakamahinang pananampalataya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ibahin ang nakasasama: ang bawat sinaway ni Allāh at ng Sugo Niya, alinsunod sa kakayahan. Kaya kapag nakakita siya ng isang nakasasama, kinakailangan sa kanya na ibahin ito sa pamamagitan ng kamay kung siya ay may kakayahan. Kung nawalang-kakayahan siya roon, ibahin niya ito sa pamamagitan ng dila niya sa pamamagitan ng pagsaway niya sa nakagagawa niyon, paglilinaw niya rito ng pinsala niyon, at paggabay niya rito tungo sa kabutihan sa halip ng kasamaang ito. Kung nawalang-kakayahan siya sa antas na iyan, ibahin niya ito sa pamamagitan ng puso niya sa pamamagitan ng pagkasuklam niya sa nakasasamang ito at pagtitika niya na kung sakaling nakakaya siya sa pagpapaiba nito ay talaga sanang ginawa niya. Ang pagpapaiba sa pamamagitan ng puso ay ang pinakamahina sa mga antas ng pananampalataya kaugnay sa pagpapaiba ng nakasasama.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang ḥadīth ay isang saligan sa paglilinaw sa mga antas ng pagpapaiba ng nakasasama.
2. Ang pag-uutos ng pagdahan-dahan sa pagsaway laban sa nakasasama. Ang bawat isa ay alinsunod sa kakayahan niya at mga kapangyarihan niya.
3. Ang pagsaway laban sa nakasasama ay isang dakilang pinto sa Relihiyon. Hindi naalis ang tungkuling ito sa isa at inaatangan nito ang bawat Muslim alinsunod sa kakayahan niya.
4. Ang pag-uutos ng nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama ay kabilang sa mga kakanyahan ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay nadaragdagan at nababawasan.
5. Isinasakundisyon sa pagsaway sa nakasasama ang kaalaman sa pagiging ang gawaing iyon ay nakasasama.
6. Isinasakundisyon sa pagpapaiba ng nakasasama na hindi maireresulta rito ang isang nakasasamang higit na mabigat kaysa rito.
7. Ang pagsaway sa nakasasama ay may mga etiketa at mga kundisyon na nararapat sa Muslim na magpakatuto sa mga ito.
8. Ang pagmamasama sa nakasasama ay nangangailangan ng isang polisiyang legal at ng isang kaalaman at isang pagkatalos.
9. Ang kawalan ng pagmamasama sa pamamagitan ng puso ay nagpapatunay ng kahinaan ng pananampalataya.

(65001)

(54) - عن النعمان بن بشير رضي الله عنهما مرفوعاً: «مَثَلُ الْقَائِمِ فِي حُدُودِ اللَّهِ وَالْوَاقِعِ فِيهَا كَمَثَلِ قَوْمٍ اسْتَهْمُوا عَلَى سَفِينَةٍ فَصَارَ بَعْضُهُمْ أَعْلَاهَا وَبَعْضُهُمْ أَسْفَلَهَا، وَكَانَ الَّذِينَ فِي أَسْفَلِهَا إِذَا اسْتَقَوْا مِنَ الْمَاءِ مَرُّوا عَلَى مَنْ فَوْقِهِمْ، فَقَالُوا: لَوْ أَنَّا خَرَقْنَا فِي نَصِيْبِنَا خَرْقًا وَلَمْ نُؤْذِ مَنْ فَوْقَنَا، فَإِنْ تَرَكُوهُمْ وَمَا أَرَادُوا هَلَكُوا جَمِيعًا، وَإِنْ أَخَذُوا عَلَى أَيْدِيهِمْ نَجَّوْا وَنَجَّوْا جَمِيعًا». [صحيح] - [رواه البخاري]

(54) – Ayon kay Annu'man Bin Basheer -kalugdan silang dalawa ng Allah- Marfuw'an: ((Ang katulad ng isang nakatayo sa mga hangganan ng Allah at isang nakalagay sa kanila, ay katulad ng mga tao magpasyang magkaroon ng pagpipili sa pagitan nila na nasa taas ng barko sa gayon ang iba sa kanila ay nasa itaas at iba sa kanila ay nasa ibaba, at ang yaong mga nasa ibaba kapag nais nila kumuha ng tubig ay dadaan sila sa itaas nila, at ang sabi nila: kung kaya ating bubutasan ang ating parte at hindi natin madadamay o masasaktan ang nasa itaas natin, kaya kapag sila ay napabayaang at ano ang kanilang naisin ay manganganib silang lahat, at kapag sila ay napigilan ay mililigtas sila at maliligtas silang lahat)). [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Hadith ni An-Nu`mān bin Bashīr Al-ansariy -malugod si Allāh sa kanilang dalawa-, ay nasa kabanata ng "Ang pag-uutos patungo sa kabutihan at pagbabawal mula sa kasamaan", ayon sa Propeta - Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay katotohanan nagsabi: "Ang katulad ng isang nakatayo sa mga hangganan ng Allah at ang nakalagay sa kanya" ang nakatayo sa kanya ibig sabihin ay yaong naging matuwid sa relihiyon ng Allah na ginampanan ang responsibilidad at iniwasan ang ipinagbabawal, ibig sabihin sa mga hangganan ng Allah, ibig sabihin ang yaong gumagawa ng ipinagbabawal o yaong iniwanan ang kanyang tungkulin. "ay katulad ng mga tao magpasyang magkaroon ng pagpipili sa pagitan nila na nasa itaas ng barko" ibig sabihin gumawa sila ng pagpipili o botohan na kung tawagin ay loterya, na kung sino ang mapupunta sa itaas?. "sa gayon ang iba sa kanila ay nasa itaas at

iba sa kanila ay nasa ibaba, at ang yaong mga nasa ibaba kapag nais nila kumuha ng tubig" ibig sabihin kapag maghinggi sila ng tubig para inumin nila "ay dadaan sila sa itaas nila" ibig sabihin sa mga taong nasa itaas ng barko; sa pagkat ang tubig hindi siya kakayanin kundi mula sa itaas. "at ang sabi nila: kung kaya ating bubutasan ang ating parte" ibig sabihin kapag bubutasan natin ng isang butas ang ating lugar at doon tayo iinom, nang sa gayon hindi natin masasaktan ang mga nasa itaas natin, ganun ang kanilang naisipan at nagustuhan at ninais. Sabi ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: "kaya kapag sila ay napabayaan at ano ang kanilang naisin ay manganganib silang lahat" dahil kapag binutasan nila ang ibabang parte ng barko ay makakapasok ang tubig pagkatapos ay lulubugin ang buong barko. "at kapag sila ay napigilan" pinigilan nila sila mula doon "mililigtas sila at maliligtas silang lahat" ibig sabihin maliligtas sila at silang lahat. At tulad nito na inihalimbawa ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay mula sa mga halimbawa na nagtataglay ng napakalaking kahalagahan at mataas na kahulugan, at ang mga tao sa relihiyon ng Allah ay parang nasa loob ng barko na nasa gitna ng dagat, mangangamba sa mga alon, at dapat kapag sila ay maraming bilang ang iba sa kanila ay nasa ibaba at ang iba nasa itaas, nang sa ganon matitimbang ang kargo ng barko at upang hindi sila magkasikisikan, at maaari ang barkong ito na pinagkakasya-kasyahan nila kapag naisin ng isa sa kanila na sisirain siya ay dapat gagapusin nila ang kanyang dalawang kamay at kukunin o pipigilan nila ang dalawa niyang kamay upang maliligtas silang lahat, at kapag hindi nila gagawin iyon ay mapapahamak silang lahat, ganyan din ang relihiyon ng Allah, kapag kukunin ng mga bihasa at ng mga may-alam sa mga mangmang at mga baliw maliligtas silang lahat at kapag hahayaan nila sila sa kanilang mga naisin ay manganganib silang lahat, tulad ng sabi ng dakilang Allah: (At ingatan ninyo, O kayong mga mananampalataya ang pagsubok at kahirapan na tinatamaan ang sinumang masama at iba, na hindi lang sa sinumang gumagawa ng masama, o hindi lang ang mga makasalanan ang pinarurusahan, o ang

sinumang tuwiran na gumawa ng pagkakasala, kundi napapahamak kahit ang mga mabubuting tao na kasama nila, kung may kakayahan ang mga mabubuti na pigilan ang kasalanan subali't hindi nila ito ginawa, at dapat na mabatid na ang Allâh, sa katotohanan ay 'Shadeedul 'Iqâb' – Matindi ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya, sa ipinag-utos Niya at sa Kanyang ipinagbawal) (Al-anfal:25). Sharh Riyadis Saliheen ni Ibn Uthaimen (v 2/431-432)

### Benefits from the Hadith:

(3341)

(55) – عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعًا: «مَنْ دَعَا إِلَى هُدًى، كَانَ لَهُ مِنَ الْأَجْرِ مِثْلُ أُجُورِ مَنْ تَبِعَهُ، لَا يَنْقُصُ ذَلِكَ مِنْ أُجُورِهِمْ شَيْئًا، وَمَنْ دَعَا إِلَى ضَلَالَةٍ، كَانَ عَلَيْهِ مِنَ الْإِثْمِ مِثْلُ آثَامِ مَنْ تَبِعَهُ، لَا يَنْقُصُ ذَلِكَ مِنْ آثَامِهِمْ شَيْئًا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(55) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.-Hadith na Marfu- (( Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lamang,At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lamang))  
[Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinahayag ni Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: "Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lang"

Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas: Ibig sabihin:Nagpahayag siya sa mga Tao,at nag-anyaya siya sa kanila;Halimbawa: Ang pagpapahayag sa mga tao na ang dalawang Tindig sa Duha ay Sunnah,At tunay na nararapat sa mga tao na magdasal ng dalawang tindig sa Duha,Pagkatapos ay sumunod sa kanya ang mga Tao,At sila ay nagdadasal na ng Duha,Tunay na ipagkakaloob sa kanya ang tulad ng gantimpala nila,na hindi ibinabawas sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lamang; Sapagkat ang Kainaman ni Allah ay Sadyaang Napakalawak.O di kaya`y sinabi niya sa mga Tao halimbawa:Gawin ninyo na ang pinakahuling dasal ninyo sa Gabi ay ang Witr,At Huwag kayong matulog maliban sa kayo ay [nakapagsagawa] ng Witr,Maliban sa sinumang may layunin na tumindig [ Ng Dasal] sa pinakahuling bahagi ng gabi,Gawin niya ang Witr niya sa Pinakahuling bahagi ng Gabi.Sumunod sa kanya ang mga Tao rito,Tunay na ipagkakaloob sa kanya ang tulad ng gantimpala nila, ibig sabihin:Sa bawat isa na magsasagawa ng Witr na napatnubayan ni Allah sa kamay niya,Ipagkakaloob sa kanya ang tulad ng gantimpala niya,at gayundin ang mga natitirang ambubuting gawain niya.At sa sinabi niya:"At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lamang": ibig sabihin: Kapag nag-anyaya siya sa Pagkakamali o anumang mga kasalanan,Tulad ng pag-aanyaya niya sa mga Tao sa mga Pampalipas -oras, Ipinagbabawal, Awit, Pagpapatubo ng pera,o maliban pa dito mula sa mga ipinagbabawal,Tunay sa bawat tao na naapektuhan sa paanyaya niya,Tunay na isusulat sa kanya ang tulad ng mga kasalanan nila;Dahil nag-anyaya siya sa kasalanan.Ang Pag-aanyaya sa Matuwid na Landas at ang Pag-aanyaya sa Kasalanan ay sa pamamagitan ng Pananalita;Halimbawa kapag nagsabi siya ng;Gawin mo ito at Gawin mo ito,At lalaong-lalo nang [maisasagawa ] sa pamamagitan ng Gawain,at sa sinumang tinutularan ng mga Tao,Sapagkat kung siya ay

tinutularan pagkatapos ay gumawa siya ng isang bagay, Para din siyang nag-anyaya sa mga Tao sa gawain niya, At kaya't ginagawa nila itong Patunay dahil sa mga gawain niya, At sinasabi nila na Ginawa ni Pulano ang ganito kaya ito ay ipinapahintulot, o di kaya'y; Iniwan niya ang ganito kaya ito ay ipinapahintulot.

## Benefits from the Hadith:

(3373)

(56) – عن أبي مسعود الأنصاري رضي الله عنه قال: جَاءَ رَجُلٌ إِلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالَ: إِنِّي أَبْدَعُ بِي فَأَحْمِلُنِي، فَقَالَ: «مَا عِنْدِي»، فَقَالَ رَجُلٌ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، أَنَا أَذْلُهُ عَلَى مَنْ يَحْمِلُهُ، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «مَنْ دَلَّ عَلَى خَيْرٍ فَلَهُ مِثْلُ أَجْرِ فَاعِلِهِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(56) – Ayon kay Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Tunay na ako ay nawalan ng masasakyan kaya magpasakay ka sa akin." Kaya nagsabi siya: "Wala akong taglay." Kaya may nagsabing isang lalaki: "O Sugo ni Allāh, ako ay gagabay sa kanya sa sinumang magsasakay sa kanya." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh: "Ang sinumang gumabay sa isang kabutihan, ukol sa kanya ang tulad sa pabuya ng tagagawa nito."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Tunay na ako ay nasawian ng sasakyang hayop ko kaya magpasakay ka sa akin sa isang hayop at magbigay ka sa akin ng isang masasakyang magpaparating sa akin." Humingi naman ng paumanhin dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay walang taglay na anumang magdadala rito.



Kaya may nagsabing isang lalaki na naroon: "O Sugo ni Allāh, ako ay gagabay sa kanya sa magsasakay sa kanya." Kaya nagpabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na iyon ay isang katambal para tagapagkawanggawa sa pabuya dahil iyon ay gumabay sa nangangailangan.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa paggabay sa kabutihan.
2. Ang paghikayat sa paggawa ng kabutihan ay kabilang sa mga kadahilanan ng bukluran ng lipunang Muslim at pagkakabuuhan nito.
3. Ang lawak ng kabutihang-loob ni Allāh.
4. Ang ḥadīth ay isang pangkalahatang panuntunan kaya napaloloob dito ang lahat ng mga gawain ng kabutihan.
5. Ang tao, kapag hindi nakakaya sa pagsasakatotohanan sa ibig ng humihiling, ay tunay na siya ay maggagabay rito sa ibang makagagawa.

(5354)

النعم". [صحيح] - [متفق عليه]

(57) – Ayon kay Sahl bin Sa`d As-Sā`idīy, malugod si Allāh sa kanya: "Talagang ibibigay ko nga ang watawat bukas sa isang lalaking umiibig kay Allah at sa Sugo Niya at iniibig iyon ni Allah at ng Sugo Niya, na mananaig si Allah sa pamamagitan ng mga kamay niyon." Kaya magdamag na ang mga tao ay nag-iisip-isip sa gabi kung alin sa kanila ang bibigyan niyon. Noong sumapit sila sa umaga, pumunta sila sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Lahat sila ay umaasang ibigay sa kanya iyon. Nagsabi siya: "Nasaan si `Alīy bin Abī Ṭālib?" Sinabi: "Siya ay nagdurusa dahil sa mga mata niya." Kaya nagpadala sila [ng tao] roon at dinala iyon at dumura siya sa mga mata niyon. Dumalangin siya para roon at gumaling iyon na para bang hindi iyon nagkaroon ng isang sakit. Ibinigay niya roon ang watawat at nagsabi siya: "Humayo ka nang hinay-hinay hanggang sa bumaba ka sa larangan nila. Pagkatapos ay anyayahan mo sila sa Islām at ipabatid mo sa kanila ang anumang isinasatungkulin sa kanila na karapatan ni Allah, pagkataas-taas Niya, doon sapagkat sumpa man kay Allah, ang magpatnubay si Allah sa pamamagitan mo ng iisang tao ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa mga pulang kamelyo." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagbalita ng nakagagalak sa mga Kasamahan Niya hinggil sa pagwawagi ng mga Muslim laban sa mga Hudyo kinabukasan sa kamay ng isang lalaking may dakilang kalamangan at pagkampi kay Allah at sa Sugo Niya. Kaya inabangan ng mga Kasamahan iyon. Bawat isa ay nagnanais na maging siya ang lalaking iyon dahil sa sigasig nila sa kabutihan. Noong pumunta sila sa tipanan, hinanap ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, si `Alīy at nagkataon namang iyon ay hindi dumating dahil sa dumapo roon na sakit sa mga mata niyon. Pagkatapos ay dumating iyon at dinuraan ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ang mga mata niyon ng pinagpalang laway niya at lubusang naalis ang nadaramang sakit niyon. Ipinasa niya roon ang pamunuan ng hukbo at inutusan iyon na humayo sa tamang paraan nang hinay-hinay hanggang sa makalapit sa muog ng kalaban. Hihilingin niyon sa kanila ang pumasok sa Islām. Kung tutugon sila, ipababatid niyon sa kanila ang isinasatungkulin sa Muslim na mga tungkulin. Pagkatapos ay nilinaw ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kay `Alīy ang kainaman ng pag-anyaya tungo kay Allah at na ang dā`iyah, kapag nagawa niyang makapagpatnubay ng iisang tao, iyon ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa pinakamahal sa mga yaman sa Mundo kaya papaano na kapag nakapagpatnubay siya ng higit pa roon.

### **Benefits from the Hadith:**

(3409)

(58) – عن ابنِ عُمَرَ رضي اللهُ عنهما قال: قال رسولُ اللهِ صَلَّى اللهُ عليه وسلم: «مَنْ تَشَبَّهَ بِقَوْمٍ

فَهُوَ مِنْهُمْ». [حسن] - [رواه أبو داود وأحمد]

(58) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpakawangis sa mga [ibang] tao, siya ay kabilang sa kanila."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagpakawangis sa mga taong kabilang sa mga tagatangging sumampalataya o mga suwail o mga maayos – at iyon ay sa pamamagitan ng paggawa ng anuman kabilang sa mga kakanyahan nila gaya ng mga pinaniniwalaan o mga pagsamba o mga kaugalian – siya ay kabilang sa kanila dahil ang pagpapakawangis sa kanila sa panlabas ay nauuwi sa pagpapakawangis sa kanila sa panloob. Walang duda na ang pagpapakawangis sa mga ibang tao ay isang resulta ng paghanga. Maaaring mauwi ito sa pag-ibig sa kanila, pagdakila sa kanila, at pagsalig sa kanila. Ito ay maaaring humila sa tao sa pagpapakawangis sa kanila hanggang sa panloob at pagsamba. Ang pagpapakupkop ay kay Allāh!

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-babala laban sa pagpapakawangis sa mga tagatangging sumampalataya at mga suwail.
2. Ang paghimok sa pagpapakawangis sa mga maayos at pagtulad sa kanila.
3. Ang pagpapakawangis nang lantaran ay nagsasanhi ng pag-ibig nang pakubli.

4. Nagkakamit ang tao mula sa banta at kasalanan alinsunod sa pagpapakawangis at uri nito.
5. Ang pagsaway laban sa pagpapakawangis sa mga tagatangging sumampalataya sa relihiyon nila at mga kaugalian nilang natatangi sa kanila. Hinggil naman sa anumang hindi gayon gaya ng pagkatuto ng mga industriya at tulad ng mga ito, hindi ito napaloloob sa pagsaway.

(5353)

(59) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن النبي صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «الرَّجُلُ عَلَى دِينِ خَلِيلِهِ، فَلْيَنْظُرْ أَحَدُكُمْ مَنْ يُجَالِلُ». [حسن] - [رواه أبو داود والترمذي وأحمد]

(59) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang tao ay natatangay ng relihiyon ng matalik na kaibigan niya kaya tumingin ang isa sa inyo sa kung kanino siya matalik na nakikipagkaibigan."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tao ay nakikiwangis sa kaibigan niya at kasamahan niyang dalisay sa pamumuhay nito at gawi nito. Nakaaapekto ang pagkakaibigan sa mga kaasalan, pag-uugali, at mga pag-asta. Dahil dito, gumabay siya tungo sa pagpili ng kaibigan dahil ang tao ay naggagabay sa kaibigan nito sa pananampalataya, patnubay, at kabutihan at ito ay nagiging isang tulong sa kaibigan nito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pag-uutos ng pakikisama sa mga mabuti, ang pagpili sa kanila, at ang pagsaway laban sa pakikisama sa mga masama.

2. Itinangi ang kaibigan kaysa sa kamag-anak dahil ang kasamahan ay ikaw ang pipili sa kanya samantalang ang kapatid at ang kamag-anak ay wala ka ritong pagpili.
3. Ang paggawa ng pakikisama ay kailangan na mamutawi sa isang pag-iisip-isip.
4. Ang tao ay nakapagpapalakas ng relihiyon niya sa pamamagitan ng pakikisama sa mga mananampalataya at napahihina nito sa pamamagitan ng pagsama sa mga suwail.

(3122)

(60) – عن تميم الداري رضي الله عنه ، قال: سمعتُ رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «لَيَبْلَغَنَّ هذا الأمرُ ما بلغ الليل والنهارُ، ولا يتركُ اللهُ بيتَ مَدْرٍ ولا وَبَرَ إلا أدخله اللهُ هذا الدينَ، بعزٍّ عزيزٍ أو بَدَلٍ ذليلٍ، عزا يُعزُّ اللهُ به الإسلامَ، وذُلاً يُذلُّ اللهُ به الكفرَ» وكان تميم الداري، يقول: قد عرفتُ ذلك في أهل بيتي، لقد أصاب مَنْ أسلم منهم الخير والشرف والعز، ولقد أصاب من كان منهم كافرا الذل والصَّغار والحِزبية. [صحيح] - [رواه أحمد]

(60) – Ayon kay Tamem Adda`rie-malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi;Narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- na nagsasabi; (( Tunay na lalaganap ang kautusang ito,tulad nang paglaganap ng gabi at araw,at hindi iiwanan ni Allah ang mga bahay sa Lungsod at mga bahay sa disyerto maliban sa ipapasok ni Allah sa Relihiyong ito,na may Karangalan na napakarangal o kahihiyang na kasuklam-suklam,Karangalan na ipaparangal ni Allah rito ang Islam,at Kahihiyang na kasusuklaman rito ni Allah ang walang pananampalataya.)) At si Tameem Adda`rie ay nagsasabi; Napag-alaman kona ito sa mga nananahanan sa aking bahay,Tunay na sinumang yumakap sa Islam na dumanas nang kabutihang,mataas na reputasyon at karangalan,at tunay na sinumang natanggi sa pananampalataya na dumanas nang Kahihiyang at pagkaliit at pagbayad ng buwis. [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapaalam ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na ang relihiyong ito ay lalaganap sa buong bahagi ng Mundo,Sa kahit saang lugar na dumarating rito ang gabi at araw ay darating rito ang Relihiyong Islam,At hindi iiwanan ni Allah-Pagkataas-taas Niya ang kahit isang lamang bahay sa Lungsod at Nayon,at sa mga bundok at disyerto,hanggang sa maipasok Niya dito ang Relihiyong Islam,Sinumang yumakap sa relihiyong ito at nanampalataya rito,tunay na siya ay magiging marangal dahil sa

karangalan ng Islam,at sinuman ang tumanggi rito at hindi naniwala rito,tunay na siya ay magiging kasuklam-suklam at kahiya-hiya.At ipinapaalam ng isang kagalang-galang na kasamahan ng Propeta na si Tameem Adda-rie sa Hadith na ito,na napatunayan niya,ang sinabing ito ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga nananahanan sa bahay niya mismo.Katotohanang sa sinumang yumakap sa Islam sa kanila ay nagkamit ng kabutihan mataas na reputasyon at karangalan,at sa sinumang hindi naniwala sa kanila ay nagkamit ng kahihiyan at pagkasuklam at kasama pa rito ang pagbabayad nila sa mga Muslim mula sa mga yaman (nila).

### **Benefits from the Hadith:**

(11220)

(61) - عن عبد الله بن عباس رضي الله عنهما قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم :  
 "إياكم والعُلُو؛ فإنما أهلك من كان قبلكم العُلُو". [صحيح] - [رواه ابن ماجه وأحمد]

(61) – Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanya.-siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:"Iwasan ninyo ang pagmamalabis;Sapagkat kaya nasawi ang mga nauna sa inyo ay dahil sa pagmamalabis" [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinagbawal sa atin ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito ang pagmamalabis sa Relihiyon,ito ang paglampas sa limitasyon nito,Nang sa gayun ay hindi tayo masawi tulad ng pagkasawi ng mga sinaunang Nasyon o Ummah,nang sila ay nagmalabis sa kanilang relihiyon,at lumagpas sila limitasyon sa kanilang pagsamba.



## Benefits from the Hadith:

(3395)

(62) – عن عبد الله بن مسعود قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «هَلَاكَ الْمُتَنَطِّعُونَ»

قالها ثلاثًا. [صحيح] - [رواه مسلم]

(62) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Napahamak ang mga nagpapakasukdulan!" Nagsabi siya nito nang tatlong ulit.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kabiguan at kalugihan ng mga nagpapakatindi – sa iba pa sa patnubay at kaalaman – sa buhay panrelihiyon nila at buhay pangmundo nila at sa mga sinasabi nila at mga ginagawa nila, na mga lumalampas dahil sa mga ito sa legal na hangganan na inihatid ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal sa pagpapakatindi at pagpapakahigpit sa mga bagay-bagay sa kabuuan ng mga ito at ang paghimok sa pag-iwas dito sa bawat bagay, lalo na sa mga pagsamba at pagdakila sa mga maayos na tao.
2. Ang paghahangad ng pinakalubos sa pagsamba at iba pa rito ay isang bagay na pinapupurihan at nangyayari sa pamamagitan ng pakikipagsunuran sa Batas ng Islām.
3. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagbibigay-diin sa mahalagang bagay dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan) ay nag-ulit-ulit ng pangungusap na ito nang tatlong ulit.

#### 4. Ang Kaluwagan ng Islām at ang Kagaanan Nito

(3420)

(63) – عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «كَتَبَ اللَّهُ مَقَادِيرَ الْخَلَائِقِ قَبْلَ أَنْ يَخْلُقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ بِخَمْسِينَ أَلْفَ سَنَةٍ، قَالَ: وَعَرْشُهُ عَلَى الْمَاءِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(63) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Sumulat si Allāh ng mga itinakda sa mga nilikha limampung libong taon bago Niya nilikha ang mga langit at ang lupa." Nagsabi Siya: At ang trono Niya ay nasa ibabaw ng tubig.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay sumulat ng magaganap mula sa mga itinakda sa mga nilikha nang may pagdedetalye gaya ng buhay, kamatayan, panustos, at iba pa roon sa Tablerong Pinag-iingatan limampung libong taon bago Niya nilikha ang mga langit at ang lupa. Ang mga ito ay magaganap alinsunod sa itinadhana ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Ang bawat anumang mangyayari ay ayon sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya. Kaya ang anumang tumama sa tao ay hindi naging ukol na magmintis sa kanya at ang anumang nagmintis sa kanya ay hindi naging ukol na tumama sa kanya.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang Pagkakinakailangan ng Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda
2. Ang pagtatakda (qadr) ay: ang kaalaman ni Allāh sa mga bagay, ang pagsusulat Niya, ang kalooban Niya, at ang paglikha Niya sa mga ito.
3. Ang pananampalataya na ang mga itinakda ay naisulat bago likhain ang mga langit at ang lupa ay nagbubunga ng pagkalugod at pagpapasakop.
4. Ang trono ng Napakamaawain ay nasa ibabaw ng tubig bago likhain ang mga langit at ang lupa.

(65038)

(64) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: حَدَّثَنَا رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَهُوَ الصَّادِقُ الْمَصْدُوقُ: «أَنَّ خَلْقَ أَحَدِكُمْ يُجْمَعُ فِي بَطْنِ أُمِّهِ أَرْبَعِينَ يَوْمًا وَأَرْبَعِينَ لَيْلَةً، ثُمَّ يَكُونُ عَلاَقَةً مِثْلَهُ، ثُمَّ يَكُونُ مُضَعَّةً مِثْلَهُ، ثُمَّ يُبْعَثُ إِلَيْهِ الْمَلَكُ، فَيُؤَدِّنُ بِأَرْبَعِ كَلِمَاتٍ، فَيَكْتُبُ: رِزْقَهُ وَأَجَلَهُ وَعَمَلَهُ وَشَقِيئِي أَمْ سَعِيدٌ، ثُمَّ يَنْفُخُ فِيهِ الرُّوحَ، فَإِنَّ أَحَدَكُمْ لَيَعْمَلُ بِعَمَلِ أَهْلِ الْجَنَّةِ حَتَّى لَا يَكُونُ بَيْنَهَا وَبَيْنَهُ إِلَّا ذِرَاعٌ، فَيَسْبِقُ عَلَيْهِ الْكِتَابُ، فَيَعْمَلُ بِعَمَلِ أَهْلِ النَّارِ فَيَدْخُلُ النَّارَ، وَإِنَّ أَحَدَكُمْ لَيَعْمَلُ بِعَمَلِ أَهْلِ النَّارِ حَتَّى مَا يَكُونُ بَيْنَهَا وَبَيْنَهُ إِلَّا ذِرَاعٌ، فَيَسْبِقُ عَلَيْهِ الْكِتَابُ، فَيَعْمَلُ بِعَمَلِ أَهْلِ الْجَنَّةِ فَيَدْخُلُهَا». [صحيح] - [متفق عليه]

(64) – Ayon kay `Abdullāh Bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsanaysay sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) – at siya ang nagtototoo at ang pinatotohanan: "Tunay na ang paglikha sa [bawat] isa sa inyo ay tinitipon sa tiyan ng ina niya nang apatnapung araw at apatnapung gabi. Pagkatapos siya ay magiging isang malalinta [sa yugtong] tulad niyon. Pagkatapos siya ay magiging isang kimpal na laman [sa yugtong] tulad niyon. Pagkatapos ipadadala sa kanya ang anghel saka papayagan ito ng apat na pangungusap [ng pagtatakda], kaya magsusulat ito ng panustos sa kanya, taning niya, gawain niya, at pagiging miserable o maligaya. Pagkatapos ihip ito sa kanya ng espiritu. Tunay na ang [bawat] isa sa inyo ay talagang gagawa ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso hanggang sa walang maging nasa pagitan nito at niya kundi isang siko, ngunit makauuna naman sa kanya ang nakasulat, kaya gagawa siya ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno, kaya papasok siya sa Impiyerno. Tunay na ang [bawat] isa sa inyo ay talagang gagawa ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno hanggang sa walang maging nasa pagitan nito at niya kundi isang siko, ngunit makauuna sa kanya ang nakasulat, kaya gagawa siya ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso kaya papasok siya roon."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagsabi si Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): Nagsanaysay sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) – at siya ang nagtototoo at ang pinatotohanan – yayamang nagpatotoo sa kanya si Allāh (napakataas Siya). Nagsabi siya: "Tunay na ang [bawat] isa sa inyo ay tinitipon ang paglikha sa kanya." Iyon ay dahil ang lalaki, kapag nakipagtalik sa maybahay niya, ang nagkahiwa-hiwalay na punlay niya ay tinitipon sa tiyan ng babae nang apatnapung araw bilang isang patak. Pagkatapos siya ay magiging isang malalinta. Ito ay ang dugong malapot na namuo. Ito ay sa ikalawang apatnapung araw. Pagkatapos siya ay magiging isang kimpal na laman. Ito ay isang piraso ng laman na kasing laki na nangunguya. Ito ay sa ikatlong apatnapung araw. Pagkatapos isusugo ni Allāh sa kanya ang anghel, saka mag-ihip ito sa kanya ng espiritu matapos ng pagwawakas ng ikatlong apatnapung araw. Uutusan ang anghel na magsulat ng apat na pangungusap. Ang mga ito ay ang panustos sa kanya, ang sukat ng tatamuhin niya na mga biyaya sa buhay niya; ang taning niya, ang haba ng pamamalagi niya sa Mundo; ang gawain niya, kung ano ito; at ang pagiging miserable o maligaya. Pagkatapos sumumpa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang isa ay talagang gumagawa ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso at ang gawain niya ay nagiging maayos, ibig sabihin: sa lumilitaw sa mga tao. Nananatili siyang gayon hanggang sa walang maging nasa pagitan niya at ng Paraiso kundi [distansiyang] isang siko. Ibig sabihin: Walang natitira sa pagitan niya at ng pag-abot niya roon kundi gaya ng sinumang ang natira sa pagitan nito at ng isang lugar sa lupa ay [distansiyang] isang siko, ngunit mananaig sa kanya ang nakasulat at ang itinakda sa kanya. Kaya sa sandaling iyon gagawa siya ng gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno saka magpapawakas para sa kanya rito kaya papasok siya sa Impiyerno. dahil ang kundisyon ng pagtanggap sa gawain niya ay magpakatatag siya rito at hindi magpalit. May iba naman sa mga tao na gagawa ng mga gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno hanggang sa nalapit siya sa pagpasok doon.

Para bang sa pagitan niya at ng Impiyerno ay distansiya ng isang siko sa lupa, ngunit mananaig sa kanya ang nakasulat at ang itinakda sa kanya kaya gagawa siya ng gawain ng mga maninirahan sa Paraiso at papasok siya sa Paraiso.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kahahantungan ng mga bagay sa kahihinatnan ay tungo sa nauna rito ang pagtatadhana at naipatutupad dito ang pagtatakda.
2. Ang pagbibigay-babala laban sa pagkalinlang sa mga anyo ng mga gawain sapagkat ang mga gawain ay ayon lamang sa mga pangwakas.

(65037)

(65) – عن ابن مسعود رضي الله عنه قال: قال النبي صلى الله عليه وسلم: «الْجَنَّةُ أَقْرَبُ إِلَيَّ أَحَدِكُمْ مِنْ شِرَاكِ نَعْلِهِ، وَالتَّارُ مِثْلُ ذَلِكَ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(65) – Ayon sa Anak ni Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Paraiso ay higit na malapit sa [bawat] isa sa inyo kaysa sa panali ng sandalyas niya at ang Impiyerno ay tulad niyon."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Paraiso at ang Impiyerno ay malapit sa tao gaya ng kalapitan ng sintas ng sapatos na nasa ibabaw ng paa dahil siya ay maaaring gumagawa ng isang pagtalima kabilang sa kaluguran ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na papasok siya dahil dito sa Paraiso, o ng isang pagsuway na magiging isang kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpapaibig sa kabutihan kahit kaunti at ang pagpapahilakbot sa kasamaan kahit kaunti.
2. Walang pag-iwas para sa Muslim sa buhay niya sa pagsasama ng paghahangad at pangamba at sa paghiling kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) palagi ng katatagan sa katotohanan nang sa gayon maligtas siya at hindi siya malinlang dahil sa kalagayan niya.

(3581)

(66) - عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «حُجِبَتِ النَّارُ بِالشَّهَوَاتِ، وَحُجِبَتِ الْجَنَّةُ بِالْمَكَارِهِ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(66) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tinabingan ang Impiyerno ng mga pinipithaya at tinabingan ang Paraiso ng mga kinasusuklaman."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhāriy]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Impiyerno ay napaliligiran at napalilibutan ng mga bagay na ninanasa ng kaluluwa na paggawa ng mga ipinagbabawal o pagkukulang sa mga tungkulin. Kaya ang sinumang nagpasunod ng sarili niya sa pithaya nito roon, naging karapat-dapat siya sa Impiyerno. Ang Paraiso ay napaliligiran at napalilibutan ng mga bagay na kinasusuklaman ng kaluluwa gaya ng pagsisikhay sa mga ipinag-uutos, pagwaksi ng mga ipinagbabawal, at pagtitiis para roon. Kaya kapag sumuong siya at nakibaka sa sarili niya roon, magiging karapat-dapat siya sa pagpasok sa Paraiso.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Kabilang sa mga kadahilanan ng pagkasadlak sa mga ninanasa ay ang pagpapalamuti ng demonyo sa nakasasama at pangit hanggang sa makita ito ng kaluluwa bilang maganda kaya kikiling ito roon.
2. Ang pag-uutos ng paglayo sa mga ninanasang ipinagbabawal dahil ang mga ito ay ang daan tungo sa Impiyerno at ng pagtitiis sa mga kinasusuklaman dahil ang mga ito ay ang daan tungo sa Paraiso.
3. Ang kainaman ng pakikibaka sa sarili at pagsusumikap sa pagsamba at pagtitiis sa mga kinasusuklaman at mga mahirap na pumapaligid sa mga pagtalima.

(3702)



(67) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنْ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «لَمَّا خَلَقَ اللَّهُ الْجَنَّةَ وَالتَّارَ أَرْسَلَ جِبْرِيلَ عَلَيْهِ السَّلَامُ إِلَى الْجَنَّةِ، فَقَالَ: انظُرْ إِلَيْهَا وَإِلَى مَا أَعَدَدْتُ لِأَهْلِهَا فِيهَا. فَتَنَظَرَ إِلَيْهَا فَرَجَعَ، فَقَالَ: وَعِزَّتِكَ لَا يَسْمَعُ بِهَا أَحَدٌ إِلَّا دَخَلَهَا. فَأَمَرَ بِهَا فَحُقَّتْ بِالْمَكَارِهِ، فَقَالَ: اذْهَبْ إِلَيْهَا فَانظُرْ إِلَيْهَا وَإِلَى مَا أَعَدَدْتُ لِأَهْلِهَا فِيهَا. فَتَنَظَرَ إِلَيْهَا، فَإِذَا هِيَ قَدْ حُقَّتْ بِالْمَكَارِهِ، فَقَالَ: وَعِزَّتِكَ لَقَدْ خَشِيتُ أَنْ لَا يَدْخُلَهَا أَحَدٌ. قَالَ: اذْهَبْ فَانظُرْ إِلَى التَّارِ وَإِلَى مَا أَعَدَدْتُ لِأَهْلِهَا فِيهَا. فَتَنَظَرَ إِلَيْهَا فَإِذَا هِيَ يَرْكَبُ بَعْضُهَا بَعْضًا، فَرَجَعَ فَقَالَ: وَعِزَّتِكَ لَا يَدْخُلُهَا أَحَدٌ. فَأَمَرَ بِهَا فَحُقَّتْ بِالشَّهَوَاتِ، فَقَالَ: ارْجِعْ فَانظُرْ إِلَيْهَا. فَتَنَظَرَ إِلَيْهَا فَإِذَا هِيَ قَدْ حُقَّتْ بِالشَّهَوَاتِ، فَرَجَعَ وَقَالَ: وَعِزَّتِكَ لَقَدْ خَشِيتُ أَنْ لَا يَنْجُو مِنْهَا أَحَدٌ إِلَّا دَخَلَهَا».

[حسن] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي]

(67) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: {Noong nilikha ni Allāh ang Paraiso at ang Impiyerno, isinugo Niya si [Anghel] Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) sa Paraiso saka nagsabi Siya: "Tumingin ka roon at sa inihanda Ko para sa mga maninirahan doon." Kaya naman tumingin ito roon saka bumalik ito saka nagsabi ito: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, walang makaririnig hinggil doon na isa man malibang papasok doon." Kaya nag-utos Siya hinggil doon saka pinaligiran iyon ng mga pahirap saka nagsabi Siya: "Pumunta ka roon saka tumingin ka roon at sa inihanda Ko para sa mga maninirahan doon." Kaya tumingin ito roon saka walang anu-ano iyon ay pinaligiran na ng mga pahirap saka nagsabi ito: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, talaga ngang natakot ako na walang makapasok doon na isa man." Nagsabi Siya: "Pumunta ka saka tumingin ka sa Impiyerno at sa inihanda Ko para sa mga maninirahan doon." Kaya tumingin ito roon saka walang anu-ano pumapatong ang isa sa bahagi [ng apoy] niyon sa isa pang bahagi kaya bumalik ito saka nagsabi ito: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, walang papasok doon na isa man." Kaya nag-utos Siya hinggil doon saka pinaligiran iyon ng mga ninanasa saka nagsabi Siya: "Bumalik ka roon saka tumingin ka roon." Kaya tumingin ito roon saka walang anu-ano iyon ay pinaligiran ng mga ninanasa kaya bumalik ito at nagsabi ito: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, talaga ngang natakot ako na walang makaligtas mula roon na isa man malibang papasok doon."} [Maganda] - []

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh, noong nilikha Niya ang Paraiso at ang Impiyerno, ay nagsabi kay Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga): "Pumunta ka sa Paraiso saka tumingin ka roon." Kaya naman pumunta ito roon, pagkatapos bumalik ito. Saka nagsabi si Anghel Gabriel: "Oo, Panginoon ko. Sumpa man sa kapangyarihan Mo, walang nakaririnig

hinggil dito na isa man at hinggil sa anumang naroon na kaginhawahan, mga parangal, at mga kabutihan malibang iibig siya na pumasok doon at gagawa siya alang-alang doon." Pagkatapos nilipos ni Allāh ang Paraiso at pinalibutan ito ng mga pahirap at mga mahirap gawin na pagsasagawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga sinasaway. Kaya kailangan sa sinumang nagnais na pumasok doon na lampasan ang mga pahirap. Pagkatapos nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): "O Gabriel, pumunta ka saka tumingin ka sa Paraiso matapos na pinalibutan ito ng mga pahirap." Kaya pumunta siya saka tumingin doon, pagkatapos bumalik siya saka nagsabi: "Oo, Panginoon ko. Sumpa man sa kapangyarihan Mo, nangangamba ako na hindi makapasok doon ang isa man dahil sa mga hirap at mga kasawiang-palad na nasa daan niyon." Noong nilikha ni Allāh ang Impiyerno, nagsabi Siya: "O Gabriel, pumunta ka saka tumingin ka roon." Kaya pumunta siya at tumingin doon. Pagkatapos bumalik si Gabriel saka nagsabi: "Oo, Panginoon ko. Sumpa man sa kapangyarihan Mo, walang nakaririnig na isa man hinggil sa naroon na pagdurusa, mga dalamhati, at mga pagpapusang nagsisilbing aral malibang masusuklam na pumasok doon at lalayo sa mga kadahilanan niyon." Pagkatapos nilipos ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang Impiyerno at nilagyan Niya ang landas tungo roon ng mga ninanasa at mga minamasarap. Pagkatapos nagsabi Siya: "O Gabriel, pumunta ka saka tumingin ka roon." Kaya pumunta si Gabriel saka tumingin doon. Pagkatapos bumalik siya saka nagsabi: "Oo, Panginoon ko. Sumpa man sa kapangyarihan Mo, talaga ngang natakot ako, nangamba ako, at nabagabag ako na walang maligtas mula roon na isa man dahil sa nasa paligid niyon na mga ninanasa at mga minamasarap.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang Pananampalataya na ang Paraiso at ang Impiyerno ay Umiiral Ngayon.

2. Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa nakalingid at sa bawat inihatid tungkol kay Allāh at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).
3. Ang kahalagahan ng pagtitiis sa mga pahirap dahil ang mga ito ay ang landas na nagpaparating sa Paraiso.
4. Ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal dahil ang mga ito ay ang landas na nagpaparating sa Impiyerno.
5. Ang paggawa sa Paraiso na binabalot ng mga pahirap at sa Impiyerno na binabalot ng mga ninanasa. Ito ang hinihiling ng pagsubok at pagsusulit sa buhay sa Mundo.
6. Ang daan ng Paraiso ay mahirap at nagpapahirap at nangangailangan ng pagtitiis at pagpapakasakit kasama ng pananampalataya. Ang daan ng Impiyerno ay pinuno ng minamasarap at mga ninanasa sa Mundo.

(65034)

(68) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «نَارُكُمْ جُزْءٌ مِنْ سَبْعِينَ جُزْءًا مِنْ نَارِ جَهَنَّمَ»، قِيلَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، إِنْ كَانَتْ لِكَافِيَةٍ. قَالَ: «فَصَلَّتْ عَلَيْهِنَّ بِتِسْعَةِ وَسِتِّينَ جُزْءًا كُلُّهُنَّ مِثْلُ حَرِّهَا». [صحيح] - [متفق عليه]

(68) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang apoy ninyo ay isang bahagi mula sa pitumpung bahagi ng apoy ng Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ito ay naging talagang nakasasapat." Nagsabi siya: "Pinalamang iyon higit sa mga iyan ng animanpu't siyam na bahagi, na ang bawat isa sa mga iyan ay tulad ng init nito."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang apoy ng Mundo ay isang bahagi mula sa pitumpung bahagi ng apoy ng Impiyerno. Ang apoy ng Kabilang-buhay ay nakahihigit ang lakas ng kainitan nito sa kainitan ng apoy ng Mundo ng animnapu't siyam na bahagi, na ang bawat bahagi mula rito ay nakatutumbas sa kainitan ng apoy ng Mundo. Kaya sasabihin: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang apoy ng Mundo ay nakasasapat para sa pagdudulot ng pagdurusang sa mga papasok doon." Kaya nagsabi siya: "Nakalamang ang apoy ng Impiyerno sa apoy ng Mundo ng animanpu't siyam na ulit, na ang bawat isa rito ay tulad niyon sa tindi ng init."

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-babala laban sa Impiyerno upang lumayo ang mga tao sa mga gawaing nagpaparating doon.
2. Ang bigat ng apoy ng Impiyerno, ang pagdurusang dulot nito, at ang kainitan nito.

(65036)

(69) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لِعَمِّهِ: «قُلْ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، أَشْهَدُ لَكَ بِهَا يَوْمَ الْقِيَامَةِ»، قَالَ: لَوْلَا أَنْ تُعَيِّرَنِي فُرَيْشٌ، يَقُولُونَ: إِنَّمَا حَمَلَهُ عَلَى ذَلِكَ الْجَزَعُ لَأَقْرَرْتُ بِهَا عَيْنَكَ. فَأَنْزَلَ اللَّهُ: {إِنَّكَ لَا تَهْدِي مَنْ أَحْبَبْتَ وَلَكِنَّ اللَّهَ يَهْدِي مَنْ يَشَاءُ} [القصص: 56]. [صحيح] - [رواه مسلم]

[56]. [صحيح] - [رواه مسلم]

(69) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa tiyuhin niya: "Magsabi ka na walang Diyos kundi si Allāh, sasaksi ako para sa iyo sa pamamagitan niyan sa Araw ng Pagbangon." Nagsabi ito: "Kung sakaling hindi mamintas sa akin ang Quraysh, na magsasabi: 'Nagtulak lamang sa kanya roon ang pagkaligalig,' ay talagang magpapagalak ako sa pamamagitan niyan sa mata mo." Kaya nagpababa si Allāh (Qur'ān 28:56): {Tunay na ikaw ay hindi pumapatnubay sa sinumang inibig mo, subalit si Allāh ay pumapatnubay sa sinumang niloloob Niya.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Hiniling ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) sa tiyuhin nito na si Abū Ṭālib, noong siya ay nasa mga hapdi ng kamatayan, na bigkasin niya na walang Diyos kundi si Allāh, upang mamagitan ito para sa kanya sa pamamagitan niyon sa Araw ng Pagbangon at sumaksi ito para sa kanya ng pagkaanib sa Islām, ngunit umayaw siya na bumigkas ng pagsaksi dala ng pangamba na mang-alipusta sa kanya ang liping Quraysh at magsabi ito tungkol sa kanya: "Tunay na siya ay umanib sa Islām dahil sa pangamba sa kamatayan at kahinaan." Kaya nagsabi siya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan): "Kung hindi dahil sa pagpintas na iyon, talaga sanang nagpapasok ako ng galak sa puso mo sa pagsabi ng pagsasaksi at nagpaabot ako sa iyo sa mithi mo nang sa gayon malugod ka!" Kaya

pinababa ni Allāh (napakataas Siya) ang āyah na nagpapatunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagmamay-ari ng kapatnubayan sa pagtutuon sa Islām, bagkus si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – tanging Siya – ay nagtutuon sa tama sa sinumang niloloob Niya, at na ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay nagpapatnubay sa nilikha sa pamamagitan ng pagtuturo, paglilinaw, paggabay, at pag-aanyaya tungo sa landasing tuwid.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang katotohanan ay hindi iniwan dala ng pangamba sa salita ng mga tao.
2. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagmamay-ari lamang ng kapatnubayan ng pagtuturo at paggabay hindi ng kapatnubayan ng pagtutuon.
3. Ang pagkaisinasabatas ng pagdalaw sa maysakit na tagatangging sumampalataya para sa pag-anyaya sa kanya tungo sa Islām.
4. Ang pagsisigasig ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya tungo kay Allāh (napakataas Siya) sa lahat ng mga kalagayan.

(65069)

(70) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «حَوْضِي مَسِيرَةٌ شَهْرٌ، مَاءُهَا أَبْيَضُ مِنَ اللَّبَنِ، وَرِيحُهَا أَطْيَبُ مِنَ الْمِسْكِ، وَكَيْزَانُهُ كَنْجُومُ السَّمَاءِ، مَنْ شَرِبَ مِنْهَا فَلَا يَظْمَأُ أَبَدًا». [صحيح] - [متفق عليه]

(70) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Tubigan ko ay layo ng isang buwang paglalakbay. Ang tubig nito ay higit na puti kaysa sa gatas. Ang amoy nito ay higit na kaaya-aya kaysa sa musk. Ang mga panalok nito ay gaya ng mga bituin ng langit. Ang sinumang uminom mula rito ay hindi mauhaw magpakailanman."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mayroon siyang isang tubigan sa Araw ng Pagbangon, na ang haba nito ay layo ng isang buwang paglalakbay at ang luwang nito ay gayon din; na ang tubig nito ay higit na matindi sa kaputian kaysa sa gatas; na ang amoy nito ay busilak na higit na kaaya-aya kaysa sa halimuyak ng musk, Ang mga pitsel nito ay tulad ng mga bituin ng langit sa dami ng mga ito. Ang sinumang uminom sa Tubigan sa pamamagitan ng mga pitsel na iyon ay hindi mauhaw magpakailanman.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang Tubigan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tipunan ng isang dakilang tubig na pupuntahan ng mga mananampalataya kabilang sa Kalipunan niya sa Araw ng Pagbangon.
2. Ang pagtamo ng kaghinhawahan ng sinumang iinom mula sa Tubigan sapagkat hindi siya mauhaw magpakailanman.





(71) - عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «يُوتَى بِالْمَوْتِ كَهَيْئَةِ كَبْشٍ أَمْلَحَ، فَيُنَادِي مُنَادٍ: يَا أَهْلَ الْجَنَّةِ، فَيَسْرِبُونَ وَيَنْظُرُونَ، فَيَقُولُ: هَلْ تَعْرِفُونَ هَذَا؟ فَيَقُولُونَ: نَعَمْ، هَذَا الْمَوْتُ، وَكُلُّهُمْ قَدْ رَأَاهُ، ثُمَّ يُنَادِي: يَا أَهْلَ النَّارِ، فَيَسْرِبُونَ وَيَنْظُرُونَ، فَيَقُولُ: هَلْ تَعْرِفُونَ هَذَا؟ فَيَقُولُونَ: نَعَمْ، هَذَا الْمَوْتُ، وَكُلُّهُمْ قَدْ رَأَاهُ، فَيَذْبَحُ ثُمَّ يَقُولُ: يَا أَهْلَ الْجَنَّةِ خُلُودٌ فَلَا مَوْتَ، وَيَا أَهْلَ النَّارِ خُلُودٌ فَلَا مَوْتَ، ثُمَّ قَرَأَ: {وَأَنْذِرْهُمْ يَوْمَ الْحَسْرَةِ إِذْ قُضِيَ الْأَمْرُ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ} [مريم: 39]، وَهَؤُلَاءِ فِي غَفْلَةٍ أَهْلَ الدُّنْيَا {وَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ} [مريم: 39]». [صحيح] - [متفق عليه]

(71) - Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {May magdadala sa kamatayan gaya sa anyo ng isang puti't itim na lalaking tupa saka may mananawagan isang tagapanawagan: "O mga maninirahan sa Paraiso," kaya dudunghal sila at titingin sila saka magsasabi naman ito: "Nakakikilala kaya kayo rito?" Kaya magsasabi sila: "Oo; iyan ay ang Kamatayan." Ang kabuuan sa kanila ay makakikita nga niyon. Pagkatapos mananawagan ito: "O mga maninirahan sa Impiyerno," kaya dudunghal sila at titingin sila saka magsasabi naman ito: "Nakakikilala kaya kayo rito?" Kaya magsasabi sila: "Oo; iyan ay ang Kamatayan." Ang kabuuan sa kanila ay makakikita nga niyon. Saka kakatayin iyon, pagkatapos magsasabi ito: "O mga maninirahan sa Paraiso, pananatili [sa Paraiso] sapagkat wala nang kamatayan. O mga maninirahan sa Impiyerno, pananatili [sa Impiyerno] sapagkat wala nang kamatayan." Pagkatapos bumigkas siya: "Magbabala ka sa kanila ng Araw ng Panghihinayang kapag napagpasyahan ang usapin habang sila ay nasa isang pagkalingat, ..." (Qur`ān 19:39) Ang mga ito, habang nasa isang pagkalingat, ay ang mga naninirahan sa Mundo: "sila ay hindi sumasampalataya." (Qur`ān 19:39)} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kamatayan ay dadalhin sa Araw ng Pagbangon gaya sa anyo ng lalaking tupa na may kaputian at kaitiman. Saka may mananawagan: "O mga maninirahan sa Paraiso!" Kaya magbabanat sila ng mga leeg nila at mga batok nila, mag-aangat sila ng mga ulo nila, at titingin sila. Saka magsasabi ito sa kanila: "Nakakikilala kaya kayo nito?" Kaya magsasabi sila: "Oo; iyan ay ang Kamatayan." Ang kabuuan sa kanila ay makakikita nga niyon at makakikilala niyon. Pagkatapos mananawagan ang tagapanawagan: "O mga maninirahan sa Impiyerno!" Kaya magbabanat sila ng mga leeg nila at mga batok nila, mag-aangat sila ng mga ulo nila, at titingin sila. Saka magsasabi ito: "Nakakikilala kaya kayo nito?" Kaya magsasabi sila: "Oo; iyan ay ang Kamatayan." Ang kabuuan sa kanila ay makakikita nga niyon. Saka kakatayin iyon, pagkatapos magsasabi ang tagapanawagan: "O mga maninirahan sa Paraiso, pananatili sa [Paraiso] magpakailanman sa mga mamamalagi sapagkat wala nang kamatayan. O mga maninirahan sa Impiyerno, pananatili [sa Impiyerno] magpakailanman sa mga mamamalagi sapagkat wala nang kamatayan." Iyon ay upang maging karagdagan sa kaginhawahan ng mga mananampalataya at pasakit sa pagdurusa ng mga tagatangging sumampalataya. Pagkatapos bumigkas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Magbabala ka sa kanila ng Araw ng Panghihinayang kapag napagpasyahan ang usapin habang sila ay nasa isang pagkalingat, habang sila ay hindi sumasampalataya.} (Qur'ān 19:39) Kaya sa Araw ang Pagbangon, magpapahiwalay sa pagitan ng mga maninirahan sa Paraiso at Impiyerno. Papasok ang bawat isa sa hinantungan niya bilang pamamalagiin doon. Kaya manghihinayang ang tagagawa ng masagwa at magsisisi siya yayamang hindi siya gumawa ng maganda at ang nagkukulang yayamang hindi siya nagdagdag ng kabutihan.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kahahantungan ng tao sa Kabilang-buhay ay ang pananatili sa Paraiso o Impiyerno.
2. Ang matinding pagbibigay-babala laban sa hilakbot sa Araw ng Pagbangon at na ito ay araw ng panghihinayang at pagsisisi.
3. Ang paglilinaw sa pamamalagi ng galak ng mga maninirahan sa Paraiso at pamamalagi ng lungkot ng mga maninirahan sa Impiyerno.

(65035)

(72) - عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه قال: إنه سمع نبي الله صلى الله عليه وسلم يقول: «لَوْ أَنَّكُمْ تَتَوَكَّلُونَ عَلَى اللَّهِ حَقَّ تَوَكُّلِهِ، لَرَزَقَكُمْ كَمَا يَرْزُقُ الطَّيْرَ، تَعْدُو خِمَاصًا وَتَرُوحُ بِطَانًا».

[صحيح] - [رواه الترمذي وابن ماجه وأحمد]

(72) – Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na siya ay nakarinig sa Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kung sakali na kayo ay nananalig kay Allāh nang totoong pananalig sa Kanya, talaga sanang tumustos Siya sa inyo gaya ng pagtustos Niya sa mga ibon: umaalis ang mga ito sa umaga na impis at bumabalik ang mga ito sa hapon na bundat."} [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Humihimok sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sumandal tayo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa paghatak ng mga kapakinabangan at sa pagtulak ng mga kapinsalaan kaugnay sa mga nauukol sa Mundo at Relihiyon sapagkat tunay na walang nagbibigay, walang nagkakait, walang nakapipinsala, at walang nagpapakinabang kundi si Allāh

(kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Hinihimok tayo na gawin natin ang mga kadahilanan na humahatak sa mga kapakinabangan at nagtutulak ng mga kapinsalaan kasabay ng katapatan ng pagsandal kay Allāh. Kaya kapag gumawa tayo niyon, magtutustos sa atin si Allāh gaya ng pagtustos Niya sa mga ibon na lumalabas sa umaga habang ang mga ito ay mga gutom pagkatapos umuuwi ang mga ito sa hapon habang ang mga ito ay mga napuno ang mga tiyan. Ang gawaing ito mula sa mga ibon ay isang uri ng mga kadahilanan sa pagpupunyagi sa paghahanap ng panustos nang walang pagsasalig-saligan at pagtatamad-tamara.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng pananalig at na ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan na naipantatamo ng panustos.
2. Ang pananalig ay hindi nakikisalungatan sa paggawa ng mga kadahilanan sapagkat tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpabatid na ang pananalig na tunay ay hindi kumukontra rito ang pag-alis sa umaga at ang pag-uwi sa gabi sa paghahanap ng panustos.
3. Ang pagpapahalaga ng Batas ng Islām sa mga gawain ng mga puso dahil ang pananalig ay gawaing pampuso.
4. Ang pagkapit sa mga kadahilanan lamang ay isang kakulangan sa Relihiyon at ang pagwaksi ng mga kadahilanan ay isang kakulangan sa isip.

(4721)

(73) - عن عبد الله بن عباس رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «نِعْمَتَانِ مَغْبُورٌ فِيهِمَا كَثِيرٌ مِنَ النَّاسِ: الصَّحَّةُ، وَالْفِرَاعُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(73) – Ayon kay Abdullah bin Abbas si Allah sa kanilang dalawa-  
Buhat sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-siya ay  
nagsabi:((Dalawang biyaya na hindi binibigyan ng-halaga nang  
karamihan sa mga Tao ((Ang Kalusugan at Kawalan ng Trabaho))  
[Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Dalawang biyaya mula sa mga biyaya ni Allah sa mga tao na hindi  
nila alam ang kahalagahan nito,at malulugi sila dahil dito nang  
malaking pagkalugi,At ito ay;Ang Kalusugan ng Katawan at Ang  
Kawalan ng Trabaho na ,Sapagkat ang tao ay hindi nakakapagsagawa  
ng pananampalataya maliban kung siya ay may sapat na magandang  
pangangatawan,Minsan ay wala siyang pangangailangan,ngunit wala  
naman siyang magandang kalusugan,at minsan ay may magandang  
kalusugan ngunit mayroon naman siyang pangangailangan,kayat hindi  
niya naisasagawa ang pagsaliksik ng kaalaman at ang trabaho,dahil sa  
pag-aabala sa paghahanap-buhay,kayat sinuman ang magkamit ng  
dalawang bagay na ito at tinamad sa pananampalataya,siya ay kabilang  
sa hindi Nagbibigay ng halaga,na ibig sabihin ay:nalugi sa pagkala-  
kalan

### **Benefits from the Hadith:**

(5449)

(74) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: « يُسَلِّمُ الرَّاِكِبُ عَلَى الْمَاشِي، وَالْمَاشِي عَلَى الْقَاعِدِ، وَالْقَلِيْلُ عَلَى الْكَثِيْرِ. » [صحيح] - [متفق عليه]

(74) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Sa hadith na ito ay may paglilinaw sa kung sino ang karapat-dapat sa unang pagbati. Una: Babati ang nakasakay sa naglalakad dahil ang nakasakay ay nakatataas kaya naman ang pagsisimula sa panig niya ay patunay ng pagpapakumbaba niya sa kapatid niyang Muslim habang nasa kalagayan ng pagkakaangat niya. Iyon ay higit na mapang-akit sa pag-ibig sa kanya at pagmamahal sa kanya. Ikalawa: Babati ang naglalakad sa nakaupo dahil sa pagkakawangis niya sa pagpunta sa mga taong nasa loob ng tahanan. Ang isa pang kadahilanan ay na ang nakaupo ay maaaring nahihirapang mapansin ang mga nagdaraan sa kabila ng dami nila, kaya naman naalis sa kanya ang tungkuling magpasimula bilang pagpigil sa hirap. Ikatlo: Ang pagbati ng kaunti sa marami ay isang pagpapahayag ng paggalang at pagpaparangal sa pangkat na ito. Ikaapat: Ang nakababata ay babati sa nakatatanda dahil ang nakatatanda ay may karapatan sa nakababata. Ngunit kung sakaling itinakdang ang mga kaunti ay nalingat at hindi bumati, babati ang mga marami. Kung sakaling itinakdang ang bata ay nalingat, babati ang nakatatanda at hindi iiwan ang sunnah. Ang binanggit ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na ito ay hindi nangangahulugang kung sakaling bumati ang nakatatanda sa nakababata ito ay ipinagbabawal. Bagkus ang karapat-dapat na kahulugan ay na ang nakababata ay babati sa nakatatanda ngunit kung sakaling hindi ito bumati ay babati ang nakatatanda, nang sa gayon ay umuna ka sa pagbati dahil sa nasaad sa hadith ayon kay Abū Umāmah: "Tunay na ang pinakamalapit sa mga tao kay Allah ay ang sinumang

nagpasimula sa kanila sa pagbati." Ganito rin kapag naganap ang pagkikita sapagkat tunay na ang pinakamalapit sa kanila kay Allah ay ang sinumang nagpasimula sa pagbati. Nasaad sa isa pang hadith: "Ang pinakamabuti sa kanilang dalawa ay ang nagpasimula sa pagbati."

**Benefits from the Hadith:**

(4243)



(75) - عن أبي ذر رضي الله عنه: عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فِيمَا رَوَى عَنِ اللَّهِ تَبَارَكَ وَتَعَالَى أَنَّهُ قَالَ: «يَا عِبَادِي إِنِّي حَرَمْتُ الظُّلْمَ عَلَى نَفْسِي، وَجَعَلْتُهُ بَيْنَكُمْ مُحَرَّمًا، فَلَا تَظَالُمُوا، يَا عِبَادِي كُلُّكُمْ ضَالٌّ إِلَّا مَنْ هَدَيْتُهُ، فَاسْتَهْدُونِي أَهْدِكُمْ، يَا عِبَادِي كُلُّكُمْ جَائِعٌ إِلَّا مَنْ أَطْعَمْتُهُ، فَاسْتَطْعِمُونِي أَطْعِمْكُمْ، يَا عِبَادِي كُلُّكُمْ عَارٍ إِلَّا مَنْ كَسَوْتُهُ، فَاسْتَكْسُونِي أَكْسُمْكُمْ، يَا عِبَادِي إِنَّكُمْ مُخْطِئُونَ بِاللَّيْلِ وَالنَّهَارِ وَأَنَا أَغْفِرُ الذُّنُوبَ جَمِيعًا فَاسْتَغْفِرُونِي أَغْفِرْ لَكُمْ، يَا عِبَادِي إِنَّكُمْ لَنْ تَبْلُغُوا ضُرِّي فَتَضُرُّونِي، وَلَنْ تَبْلُغُوا نَفْعِي فَتَنْفَعُونِي، يَا عِبَادِي لَوْ أَنَّ أَوْلَكُمْ وَأَخْرَكُمْ وَإِنْسَكُمْ وَجَنَّتْكُمْ كَانُوا عَلَى أَنْفِي قَلْبِ رَجُلٍ وَاحِدٍ مِنْكُمْ مَا زَادَ ذَلِكَ فِي مُلْكِي شَيْئًا، يَا عِبَادِي لَوْ أَنَّ أَوْلَكُمْ وَأَخْرَكُمْ وَإِنْسَكُمْ وَجَنَّتْكُمْ كَانُوا عَلَى أَفْجَرِ قَلْبِ رَجُلٍ وَاحِدٍ مَا نَقَصَ ذَلِكَ مِنْ مُلْكِي شَيْئًا، يَا عِبَادِي لَوْ أَنَّ أَوْلَكُمْ وَأَخْرَكُمْ وَإِنْسَكُمْ وَجَنَّتْكُمْ قَامُوا فِي صَعِيدٍ وَاحِدٍ فَسَأَلُونِي فَأَعْطَيْتُ كُلَّ إِنْسَانٍ مَسْأَلَتَهُ مَا نَقَصَ ذَلِكَ مِمَّا عِنْدِي إِلَّا كَمَا يَنْقُصُ الْمِخْيَطُ إِذَا أُدْخِلَ الْبَحْرَ، يَا عِبَادِي إِنَّمَا هِيَ أَعْمَالُكُمْ أَحْصِيهَا لَكُمْ ثُمَّ أَوْفِيكُمْ بِهَا، فَمَنْ وَجَدَ خَيْرًا فَلْيَحْمَدِ اللَّهَ، وَمَنْ وَجَدَ غَيْرَ ذَلِكَ فَلَا يَلُومَنَّ إِلَّا نَفْسَهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(75) – Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa isinalaysay niya tungkol sa Panginoon niya (napakamapagpala Siya at napakataas): "O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng pang-aapi at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya huwag kayong mag-apihan. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay naliligaw maliban sa sinumang pinatnubayan Ko; kaya humiling kayo sa Akin ng patnubay, papatnubayan Ko kayo. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay nagugutom maliban sa pinakain Ko; kaya humiling kayo sa akin ng makakain, pakakainin Ko kayo. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay hubad maliban sa pinadamitan Ko; kaya humiling kayo sa Akin ng maidadamit, dadamitan Ko kayo. O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay nagkakamali sa gabi at maghapon at Ako ay nagpapatawad sa mga pagkakasala nang lahatan; kaya humingi kayo sa Akin ng tawad, patatawarin Ko kayo. O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay hindi makapagpapaabot ng pinsala sa Akin para mapinsala ninyo Ako at hindi makapagpapaabot ng pakinabang sa Akin para pakinabangin ninyo Ako. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa pinakamapangilag magkasalang puso ng iisang lalaki kabilang sa inyo, hindi makadaragdag iyon sa paghahari Ko ng anuman. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa pinakamasamang-loob na puso ng iisang lalaki kabilang sa inyo, hindi makababawas iyon sa paghahari Ko ng anuman. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay tumayo sa iisang kapatagan at humingi sa Akin, at magbibigay Ako sa bawat isa ng hiningi niya, hindi makababawas iyon mula sa taglay Ko malibang gaya ng naibabawas ng karayom kapag ipinasok ito sa dagat. O mga lingkod Ko, ang mga ito ay mga gawa ninyo lamang na binibilang Ko para sa inyo. Pagkatapos tutumbasan Ko kayo sa mga ito." Kaya ang sinumang nakatagpo ng isang kabutihan ay magpuri siya

kay Allāh at ang sinumang nakatagpo ng iba roon ay huwag nga siyang maninisi kundi sa sarili niya.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nagsabi na Siya ay nagbawal sa sarili Niya ng pang-aapi at gumawa sa pang-aapi bilang ipinagbabawal sa pagitan ng mga nilikha Niya kaya huwag mang-api ang isa sa isa pa; na ang mga nilikha sa kalahatan nila ay mga naliligaw palayo sa daan ng katotohanan malibang may kapatnubayan ni Allāh at pagtutuon Niya, na ang sinumang humingi nito sa Kanya ay magtutuon Siya rito at magpapatnubay Siya rito; na ang mga nilikha ay mga maralita kay Allāh, na mga nangangailangan sa Kanya sa lahat ng mga pangangailangan nila, na ang sinumang humingi nito sa Kanya ay tutugon Siya sa pangangailangan nito at magbibigay-kasapatan Siya rito; na sila ay nagkakasala sa gabi at maghapon samantalang si Allāh (napakataas Siya) ay nagtatakip at nagpapalampas sa sandali ng paghiling ng tao ng kapatawaran; na sila ay hindi nakakakaya na maminsala kay Allāh o magpakinabang sa Kanya ng anuman; na kung sakaling sila ay naging alinsunod sa pinakamapangilag magkasalang puso ng iisang tao, hindi makadaragdag ang pangingilag magkasala nila sa paghahari ni Allāh; at kung sakaling sila ay naging alinsunod sa pinakamasamang-loob na puso ng iisang tao, hindi makababawas ng anuman ang kasamaang-loob nila mula sa paghahari Niya dahil sila ay mga mahinang maralita kay Allāh, na mga nangangailangan sa Kanya sa bawat kalagayan, panahon, at lugar samantalang Siya ay ang Walang-pangangailangan (kaluwalhatian sa Kanya); na sila, kung sakaling tumayo sila sa iisang tayuan: ang tao sa kanila at ang jinn sa kanila, ang una sa kanila at ang huli sa kanila, habang humihingi kay Allāh, magbibigay Siya sa bawat isa sa kanila ng hiningi nito, habang hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa taglay ni Allāh, na gaya ng karayom kung ipinasok ito sa dagat pagkatapos inilabas ito ay hindi

mababawasan ang dagat dahil doon ng anuman – at ito ay dahil sa kalubusan ng kawalang-pangangailangan Niya (kaluwalhatian sa Kanya);

na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nag-iingat sa mga gawa ng mga tao at mag-iisa-isa ng mga ito sa kanila, pagkatapos magtutumbas Siya sa kanila sa mga ito sa Araw ng Pagbangon, kaya ang sinumang makatatagpo sa ganti sa gawa niya bilang mabuti ay magpuri siya kay Allāh sa pagtutuon sa kanya sa pagtalima kay Allāh at ang sinumang makatatagpo sa ganti sa gawa niya bilang anumang iba pa roon ay huwag nga siyang maninisi kundi sa sarili niyang palautos sa kasagwaan na umakay sa kanya tungo sa pagkalugi.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang ḥadīth na ito ay kabilang sa isinaysay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa Panginoon niya. Tinatawag ito na banal o pandiyos na ḥadīth (ḥadīth qudsīy), na ang pananalita nito at ang kahulugan nito ay mula kay Allāh. Gayon pa man wala ritong mga kakanyahan ng Qur'ān na ikinabukod ng Qur'ān sa iba pa gaya ng pagpapakamananamba sa pamamagitan ng pagbigkas ng Qur'ān, pagdadalisay para rito, paghahamon nito, pagkamahimala nito, at iba pa roon.
2. Ang nangyayari sa mga tao na kaalaman o pagkapatnubay ay dahil sa kapatnubayan ni Allāh at pagtuturo Niya.
3. Ang anumang dumapo sa tao na kabutihan ay mula sa kabutihang-loob ni Allāh at ang anumang dumapo sa kanya na kasamaan ay mula sa sarili niya at pithaya niya.
4. Ang sinumang gumawa ng maganda ay dahil sa pagtutuon ni Allāh. Ang ganti rito ay isang kabutihang-loob mula kay Allāh kaya ukol sa Kanya ang papuri. Ang sinumang gumawa ng masagwa ay huwag nga siyang maninisi kundi sa sarili niya.

(76) - عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما قال قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «اتقوا الظلم؛ فإن الظلم ظلمات يوم القيامة، واتقوا الشُّحَّ؛ فإن الشُّحَّ أَهْلَكَ من كان قبلكم، حملهم على أن سفكوا دماءهم، وَاسْتَحَلُّوا محارمهم». [صحيح] - [رواه مسلم]

(76) – Ayon kay Jābir bin `Abdillah, malugod si Allāh sa kanilang dalawa-Nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:(Katakutan ninyo ang Kawalan ng Katarungan,sapagkat ang kawalan ng Katarungan ay Dilim sa Araw ng Pagkabuhay,Katakutan ninyo ang [Pagiging]Maramot;Sapagkat ang [Pagiging] Maramot ay [siyang dahilan kung bakit]Nilipon ang mga nauna sa inyo,ito ang naging dahilan nila sa pagdanak nila ng mga dugo,at ipinahintulot nila ang mga ipinagbawal sa kanila.)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ibig sabihin ay: Iwasan ninyo ang Kawalan ng Katarungan sa mga Tao,at Pagkakasala sa sarili,at Kawalan ng Katarungan sa karapatan ni Allah;Sapagkat ang kabayaran nito ay higit na mahirap sa Araw ng Pagkabuhay,At gayundin iwasan ninyo ang pagiging Maramot na may kasamang pagkakuripot,sapagkat ito ay kabilang sa Kawalan ng Katarungan,at ang sakit na ito ay sa una pa sa pagitan ng mga henerasyon,na kung saan ay naging dahilan sa pagpapatayan nila sa isat-isa,at pagpapahintulot sa ipinagbawal ni Allah mula sa mga ipinagbabawal.

### Benefits from the Hadith:

(77) - عن أبي موسى رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ اللَّهَ لَيَمْلِي لِلظَّالِمِ، حَتَّى إِذَا أَخَذَهُ لَمْ يُفْلِتْهُ» قَالَ: ثُمَّ قَرَأَ: «وَكَذَلِكَ أَخْذُ رَبِّكَ إِذَا أَخَذَ الْقُرَى وَهِيَ ظَالِمَةٌ إِنَّ أَخْذَهُ أَلِيمٌ شَدِيدٌ» [هود: 102] [صحيح] - [متفق عليه]

(77) – Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay talagang nagpapalugit sa tagalabag ng katarungan; hanggang sa nang dumaklot Siya rito, hindi Siya magpapalusot dito." Pagkatapos bumigkas siya (Qur'ān 11:102): {Gayon ang pagdaklot ng Panginoon mo nang dumaklot Siya sa mga pamayanan samantalang ang mga ito ay lumalabag sa katarungan. Tunay na ang pagdaklot Niya ay masakit, matindi.}} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbibigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapatuloy sa kawalang-katarungan sa pamamagitan ng mga pagsuway, Shirk, at kawalang-katarungan sa mga tao sa mga karapatan nila. Tunay na si Allāh ay nagpapalugit sa tagalabag sa katarungan, nagpapaliban sa kanya, nagpapahaba sa kanya ng buhay niya, at nagpaparami ng yaman niya kaya hindi nagmamadali sa kanya sa kaparusahan. Kung hindi naman siya nagbalik-loob, dadaklot si Allāh sa kanya, hindi magpapawala sa kanya, at hindi mag-iwan sa kanya dahil sa dami ng kawalang-katarungan niya.

Pagkatapos bumigkas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) (Qur'ān 11:102): {Gayon ang pagdaklot ng Panginoon mo nang dumaklot Siya sa mga pamayanan samantalang ang mga ito ay lumalabag sa katarungan. Tunay na ang pagdaklot Niya ay masakit, matindi.}

## **Benefits from the Hadith:**

1. Kailangan sa nakapag-uunawa ang pagdadali-dali sa pagbabalik-loob at na hindi siya mapanatag sa pakana ni Allāh kapag siya ay naging tagapanatili sa kawalang-katarungan.
2. Ang pagpapalugit ni Allāh sa mga tagalabag sa katarungan at ang hindi pagmamadali sa kanila sa kaparusahan ay bilang pagpapain sa kanila at bilang pagpapaibayo ng pagdurusa kung hindi sila nagbalik-loob.
3. Ang kawalang-katarungan ay kabilang sa mga kadahilanan ng kaparusahan ni Allāh sa mga kalipunan.
4. Kapag nagpasawi si Allāh ng isang pamayanan, maaaring maging doon ay may mga maayos na tao. Ang mga ito ay bubuhayin sa Araw ng Pagbangon ayon sa kinamatayan nila na kaayusan. Hindi nakapipinsala sa kanila na sumaklaw sa kanila ang kaparusahan.

(5811)

(78) - عن ابن عباس رضي الله عنهما عن النبي صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فِيمَا يَرُوِي عَنْ رَبِّهِ عَزَّ وَجَلَّ قَالَ: قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ كَتَبَ الْحَسَنَاتِ وَالسَّيِّئَاتِ، ثُمَّ بَيَّنَّ ذَلِكَ، فَمَنْ هَمَّ بِحَسَنَةٍ فَلَمْ يَعْمَلْهَا كَتَبَهَا اللَّهُ لَهُ عِنْدَهُ حَسَنَةً كَامِلَةً، فَإِنْ هُوَ هَمَّ بِهَا فَعَمِلَهَا كَتَبَهَا اللَّهُ لَهُ عِنْدَهُ عَشْرَ حَسَنَاتٍ إِلَى سَبْعِمِائَةٍ ضِعْفٍ، إِلَى أَضْعَافٍ كَثِيرَةٍ، وَمَنْ هَمَّ بِسَيِّئَةٍ فَلَمْ يَعْمَلْهَا كَتَبَهَا اللَّهُ لَهُ عِنْدَهُ حَسَنَةً كَامِلَةً، فَإِنْ هُوَ هَمَّ بِهَا فَعَمِلَهَا كَتَبَهَا اللَّهُ لَهُ سَيِّئَةً وَاحِدَةً». [صحيح] - [متفق عليه]

(78) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa isinalaysay niya ayon sa Panginoon niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na nagsabi: {Nagsabi siya: "Tunay si Allāh ay nagtakda ng mga magandang gawa at mga masagwang gawa, pagkatapos naglinaw Siya niyon. Ang sinumang nagbalak ng isang magandang gawa saka hindi ito nakagawa niyon, magsusulat niyon si Allāh para rito sa ganang Kanya bilang isang magandang gawa; ngunit kung ito ay nagbalak niyon saka nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito sa ganang Kanya bilang sampung magandang gawa hanggang sa pitong daang ibayo hanggang sa maraming ibayo. Ang sinumang nagbalak ng isang masagwang gawa saka hindi ito nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito sa ganang Kanya bilang isang buong magandang gawa; ngunit kung ito ay nagbalak niyon saka nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito bilang iisang masagwang gawa."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay nagtakda ng mga magandang gawa at mga masagwang gawa, pagkatapos naglinaw sa dalawang anghel kung papaano silang dalawa magsusulat nito.

Kaya ang sinumang nagnais, nagpakay, at nagpasya sa paggawa ng magandang gawa, isusulat iyon para kanya bilang iisang magandang



gawa, kahit pa hindi siya nakagawa nito; ngunit kung nagawa niya ito, tunay na ito ay pag-iibayuhin [sa gantimpala] sa sampung tulad nito hanggang sa pitong daang ibayo hanggang sa maraming ibayo. Ang karagdagan ay alinsunod sa nasa puso na pagpapakawagas, pagsalin ng pakinabang, at tulad niyon.

Ang sinumang nagnais, nagpakay, at nagpasya sa paggawa ng masagwang gawa pagkatapos nagwaksi siya nito alang-alang kay Allāh, isusulat iyon para sa kanya bilang iisang magandang gawa. Kung nakawaksi siya nito dala ng pagkalingat dito kasabay ng hindi paggawa ng mga kadahilanan nito, hindi magsusulat para sa kanya ng anuman. Kung nakawaksi siya nito dala ng kawalang-kakayahan dito, itatala sa kanya ang layunin niya. Kung nakagawa siya nito, magsusulat para sa kanya ng iisang masagwang gawa.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paglilinaw sa dakilang kabutihang-loob ni Allāh sa Kalipunang ito dahil sa pagpapaibayo ng mga magandang gawa, pagsusulat sa mga ito sa ganang Kanya, at hindi pagpapaibayo ng mga masagwang gawa.
2. Ang kahalagahan ng layunin sa mga gawain at ang epekto nito.
3. Ang kabutihang-loob ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), ang kabaitan Niya, at ang pagawa Niya ng maganda na ang sinumang nagbalak ng magandang gawa at hindi nakagawa nito, isusulat ito ni Allāh bilang isang magandang gawa.

(4322)

(79) - عَنِ ابْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قَالَ: قَالَ رَجُلٌ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، أُنْوَخِدُ بِمَا عَمِلْنَا فِي الْجَاهِلِيَّةِ؟ قَالَ: «مَنْ أَحْسَنَ فِي الْإِسْلَامِ لَمْ يُؤَاخِذْ بِمَا عَمِلَ فِي الْجَاهِلِيَّةِ، وَمَنْ أَسَاءَ فِي الْإِسْلَامِ أُخِذَ بِالْأَوَّلِ وَالْآخِرِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(79) – Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May nagsabing isang lalaki: "O, Sugo ni Allāh, pananagutin ba kami sa anumang ginawa namin sa Panahon ng Kamangmangan?" Nagsabi siya: "Ang sinumang gumawa ng maganda sa [panahon ng] Islām ay hindi pananagutin sa anumang ginawa niya sa Panahon ng Kamangmangan. Ang sinumang gumawa ng masagwa sa [panahon ng Islām] ay pananagutin sa una at huli."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kainaman ng pagpasok sa Islām; at na ang sinumang umanib sa Islām, gumanda ang pagkaanib niya sa Islām, at naging isang nagpapakawagas na tapat, hindi siya tutuusin sa ginawa niya na mga pagsuway sa Panahon ng Kamangmangan; at ang sinumang nagpasagwa sa pagkaanib sa Islām dahil siya ay naging isang mapagpaimbabaw o tumalikod sa Islām, tutuusin siya sa ginawa niya sa panahon ng kawalang-pananampalataya at sa ginawa niya sa panahon ng pagkaanib sa Islām.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpapahalaga ng mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh ay sumakanila) at ang pangamba nila sa anumang mula sa kanila na mga gawain sa Panahon ng Kamangmangan.
2. Ang paghimok sa pagpapakatatag sa Islām.

3. Ang kainaman ng pagpasok sa Islām at na ito ay nagtatakip-sala sa mga naunang gawa.
4. Ang murtadd (tumalikod sa Islām) at ang mapagpaimbabaw ay pananagutin sa bawat gawa niya na nauna sa panahon ng Kamangmangan at sa bawat pagkakasalang ginawa niya sa panahon ng Islām.

(65002)

(80) - عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا: أَنَّ نَاسًا مِنْ أَهْلِ الشِّرْكِ، كَانُوا قَدْ قَتَلُوا وَأَكْثَرُوا، وَرَزَوُا وَأَكْثَرُوا، فَأَتَوْا مُحَمَّدًا صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالُوا: إِنَّ الَّذِي تَقُولُ وَتَدْعُو إِلَيْهِ لِحَسَنٍ، لَوْ نُخْبِرُنَا أَنَّ لِمَا عَمِلْنَا كَفَّارَةً، فَتَزَلُّ وَالَّذِينَ لَا يَدْعُونَ مَعَ اللَّهِ إِلَهًا آخَرَ وَلَا يَقْتُلُونَ النَّفْسَ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ وَلَا يَزْنُونَ} [الفرقان: 68]، وَنَزَلَتْ: {قُلْ يَا عِبَادِيَ الَّذِينَ أَسْرَفُوا عَلَىٰ أَنْفُسِهِمْ لَا تَقْنَطُوا مِنْ رَحْمَةِ اللَّهِ} [الزمر: 53]. [صحيح] - [متفق عليه]

(80) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {May mga taong kabilang sa mga kampon ng Shirk, na sila noon nga ay pumatay at nagparami [ng pagpatay] at nangalunya at nagparami [ng pangangalunya] saka pumunta kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "Tunay na ang sinasabi mo at inaanyaya mo ay talagang maganda. Kung sakaling magpapabatid ka sana sa amin na sa ginawa namin ay may panakip-sala." Kaya bumaba [ang talatang]: {[Sila] ang mga hindi nananalangin kasama kay Allāh sa isang diyos na iba pa, hindi pumapatay ng taong ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa karapatan, at hindi nangangalunya.} (Qur'ān 25:68) at bumaba [ang talatang]: {Sabihin mo [na sinabi Ko]: "O mga lingkod Ko na nagpakalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong masiraan ng loob sa awa ni Allāh;} (Qur'ān 39: 53).} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

May mga lalaking kabilang sa mga tagapagtambal na dumating sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sila noon nga ay nagparami ng pagpatay at pangangalunya, saka nagsabi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang ipinaanyaya mo na Islām at mga katuruan nito ay isang bagay na maganda, subalit ang kalagayan namin at ang kinasadlakan namin dito na shirk at malalaking kaşalanan, para rito ba ay may panakip-sala?"

Kaya bumaba ang dalawang āyah kung saan tumanggap si Allāh mula sa mga tao ng pagbabalik-loob sa kabila ng dami ng mga

pagkakasala nila at bigat ng mga ito. Kung sakaling hindi dahil doon, talaga sanang nagpatuloy sila sa kawalang-pananampalataya nila at pagmamalabis nila at talaga sanang hindi sila pumasok sa Relihiyong ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng Islām, ang kadakilaan nito, at na ito ay nagwawasak sa anumang bago nito na mga pagkakasala.
2. Ang lawak ng awa ni Allāh sa mga lingkod Niya, ang pagpapatawad Niya, at ang pagpapaumanhin Niya.
3. Ang pagbabawal sa Shirk, ang pagbabawal sa pagpatay ng buhay nang wala sa katwiran, ang pagbabawal sa pangangalunya, at ang banta sa sinumang nakagagawa ng mga pagkakasalang ito.
4. Ang pagbabalik-loob na tapat na sinasabayan ng pagpapakawagas at maayos na gawa ay nagtatakip-sala sa lahat ng malalaking kasalanang kalakip sa mga ito ang kawalang-pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya).
5. Ang pagbabawal sa pagkasira ng loob at pagkawala ng pag-asa sa awa ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya).

(65071)

(81) - عَنْ حَكِيمِ بْنِ حِزَامٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قَالَ: قُلْتُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، أَرَأَيْتَ أَشْيَاءَ كُنْتُ أَتَحَنَّنُ بِهَا فِي الْجَاهِلِيَّةِ مِنْ صَدَقَةٍ أَوْ عَتَاقَةٍ، وَصِلَةِ رَحِمٍ، فَهَلْ فِيهَا مِنْ أَجْرٍ؟ فَقَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَسَلِمْتَ عَلَى مَا سَلَفَ مِنْ خَيْرٍ». [صحيح] - [متفق عليه]

(81) – Ayon kay Ḥakīm bin Ḥizām (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, nakakita ka ba ng mga bagay na ako dati ay gumagawa ng mga iyon sa Panahon ng Kamangmangan gaya ng kawanggawa o pagpapalaya ng alipin o pakikiugnay sa kaanak? Kaya sa mga ito kaya ay may pabuya?" Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Umanib ka sa Islām kalakip ng nauna na kabutihan."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tagatangging sumampalataya, kapag umanib siya sa Islām, ay tunay na siya ay gagantimpalaan sa ginagawa niya noon sa Panahon ng Kamangmangan bago ng pag-anib niya sa Islām kabilang sa mga maayos na gawa gaya ng kawanggawa o pagpapalaya ng mga alipin o pakikiugnay sa kaanak.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang mga magandang gawa ng tagatangging sumampalataya sa Mundo ay hindi gagantimpalaan sa Kabilang-buhay kapag namatay siya sa kawalang-pananampalataya niya.

(65016)

(82) - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِنَّ اللَّهَ لَا يَظْلِمُ مُؤْمِنًا حَسَنَةً، يُعْطَى بِهَا فِي الدُّنْيَا وَيُجْزَى بِهَا فِي الْآخِرَةِ، وَأَمَّا الْكَافِرُ فَيُطْعَمُ بِحَسَنَاتِ مَا عَمِلَ بِهَا لِلَّهِ فِي الدُّنْيَا، حَتَّى إِذَا أَفْضَى إِلَى الْآخِرَةِ، لَمْ تَكُنْ لَهُ حَسَنَةٌ يُجْزَى بِهَا».

[صحيح] - [رواه مسلم]

(82) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan sa magandang gawa sa isang mananampalataya. Bibigyan siya dahil doon sa Mundo at gagantihan siya dahil doon sa Kabilang-buhay. Hinggil naman sa tagatangging-sumampalataya, pinatitikim siya ng mga maganda ng ginawa niya para kay Allāh sa Mundo, na hanggang sa kapag humantong siya sa Kabilang-buhay ay hindi na siya magkakaroon ng isang magandang gawa na gagantihan siya dahil dito."}

[Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kadakilaan ng kabutihang-loob ni Allāh sa mga mananampalataya at katarungan Niya sa mga tagatangging sumampalataya. Hinggil sa mananampalataya, hindi babawasan ang gantimpala ng magandang gawa na ginawa niya; bagkus bibigyan siya dahil dito sa Mundo ng isang maganda dahil sa pagtalima niya, kasama ng iniimpok para sa kanya na ganti sa Kabilang-buhay. Maaaring iingatan ang ganti sa kabuuan nito para sa kanya sa Kabilang-buhay. Hinggil naman sa tagatangging sumampalataya, magbibigay sa kanya si Allāh ng ganti sa anumang ginawa niya, kabilang sa mga magandang gawa, ng katumbas sa mga magandang gawa sa Mundo, na hanggang sa kapag humantong siya sa Kabilang-buhay ay hindi na siya magkakaroon ng isang gantimpalang gagantihan siya dahil dito dahil ang maayos na gawa na nagpakinabang sa Mundo at Kabilang-buhay ay kinakailangan na ang tagagawa nito ay isang mananampalataya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang sinumang namatay sa kawalang-pananampalataya ay hindi magpapakinabang sa kanya ang isang gawa.

(65015)

(83) - عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ رضي الله عنه قَالَ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «قَالَ اللَّهُ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: يَا ابْنَ آدَمَ إِنَّكَ مَا دَعَوْتَنِي وَرَجَوْتَنِي غَفَرْتُ لَكَ عَلَى مَا كَانَ فِيكَ وَلَا أَبَالِي، يَا ابْنَ آدَمَ لَوْ بَلَغَتْ ذُنُوبُكَ عَنَانَ السَّمَاءِ ثُمَّ اسْتَغْفَرْتَنِي غَفَرْتُ لَكَ، وَلَا أَبَالِي، يَا ابْنَ آدَمَ إِنَّكَ لَوْ أَتَيْتَنِي بِقُرَابِ الْأَرْضِ خَطَايَا ثُمَّ لَقَيْتَنِي لَا تَشْرِكُ بِي شَيْئًا لِأَتَيْتَكَ بِقُرَابِهَا مَغْفِرَةً.» [حسن] - [رواه الترمذي]

(83) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Nagsabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas): O Anak ni Adan, tunay na ikaw, hanggat dumalangin ka sa Akin at umasa ka sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo sa anumang nasa iyo at hindi Ako papansin. O Anak ni Adan, kung sakaling umabot ang mga pagkakasala mo sa mga ulap ng langit, pagkatapos humingi ka ng tawad sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo at hindi Ako papansin. O Anak ni Adan, kung sakaling nagdala ka sa Akin ng kasinglaki ng lupa na mga kamalian, pagkatapos nakipagkita ka sa Akin nang hindi nagtatambal sa Akin ng anuman, talagang maghahatid nga Ako sa iyo ng kasinglaki nito na kapatawaran."} [Maganda] - [Sinaysay ito ni At-Tirmidhiy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi sa banal na ḥadīth: O Anak ni Adan, hanggat namalagi kang dumadalangin sa Akin at umaasa sa awa Ko at hindi ka nalalagutan ng pag-asa, magtatakip



Ako sa pagkakasala mo at magpapawi Ako nito habang hindi pumapansin nito, kahit pa man itong pagkakasalang ito at pagsuway ay kabilang sa malalaking kasalanan. O Anak ni Adan, kung sakaling dumami ang mga pagkakasala mo nang isang pagdaming pumupuno sa nasa pagitan ng langit at lupa kung saan umaabot ang mga ito sa mga rehiyon niyon at lumalaganap ang mga ito sa mga dako niyon, pagkatapos humingi ka ng tawad sa Akin, magpapawi Ako at magpapatawad Ako sa iyo ng lahat ng mga ito habang hindi pumapansin sa dami ng mga ito.

O Anak ni Adan, tunay na ikaw – kung sakaling naghatid ka sa Akin matapos ng kamatayan ng kasimpuno ng lupa na mga pagkakasala at mga pagsuway at ikaw nga ay namatay na isang monoteista na hindi ka nagtatambal sa Akin ng anuman – ay talagang tatapatan Ko itong mga pagkakasala at mga pagsuway ng kasimpuno ng lupa na pagpapatawad dahil Ako ay Malawak ang pagpapatawad at nagpapatawad ng lahat ng mga pagkakasala maliban sa Shirk.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang lawak ng awa ni Allāh (napakataas Siya), pagpapatawad Niya, at kabutihang-loob Niya.
2. Ang kainaman ng Tawhīd at na si Allāh ay nagpapatawad sa mga monoteista ng mga pagkakasala at mga pagsuway.
3. Ang panganib ng Shirk at na si Allāh ay hindi nagpapatawad sa mga tagapagtambal.
4. Nagsabi si Ibnu Rajab: Naglaman nga ang ḥadīth na ito ng tatlong kadahilanan na natatamo sa pamamagitan ng mga ito ang kapatawaran sa mga pagkakasala: Una: Ang pagdalangin kasama ng pag-asa; Ikalawa: Ang paghingi ng tawad at ang paghiling ng pagbabalik-loob; Ikatlo: Ang pagkamatay sa Tawhīd.

5. Ang ḥadīth na ito ay kabilang sa isinasalaysay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa Panginoon niya at tinatawag na banal o pandiyos na ḥadīth. Ito ay ang ḥadīth na ang pananalita nito at ang kahulugan nito ay mula kay Allāh, gayon pa man wala rito ang mga kakanyahan ng Qur'ān na ikinabukod nito sa iba gaya ng pagpapakamananamba sa pagbigkas nito, pagsasagawa ng kadalisan para rito, paghahamon nito, paghihimala, at iba pa rito.
6. Ang pagkakasala ay tatlong uri. A. Ang pagtatambal kay Allāh. Ito ay hindi pinatatawad ni Allāh. Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Tunay na ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay nagkait nga si Allāh sa kanya ng Paraiso} (Qur'ān 5:72) B. Ang kawalang-katarungan ng tao sa sarili niya kaugnay sa pagitan niya at ng Panginoon niya na mga pagkakasala at mga pagsuway ngunit tunay na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay makapagpapatawad niyon at makapagpapalampas kung niloob Niya. C. May mga pagkakasalang hindi mag-iiwan si Allāh mula sa mga ito ng anuman. Ang mga ito ay ang kawalang-katarungan ng mga tao sa isa't isa sa kanila kaya kailangan ng qiṣāṣ (ganting-pinsala).

(5456)

(84) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، فِيمَا يَحْكِي عَنْ رَبِّهِ عَزَّ وَجَلَّ، قَالَ: «أَذْنَبَ عَبْدٌ ذَنْبًا، فَقَالَ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: أَذْنَبَ عَبْدِي ذَنْبًا، فَعَلِمَ أَنَّ لَهُ رَبًّا يَغْفِرُ الذَّنْبَ، وَيَأْخُذُ بِالذَّنْبِ، ثُمَّ عَادَ فَأَذْنَبَ، فَقَالَ: أَيُّ رَبِّ اغْفِرْ لِي ذَنْبِي، فَقَالَ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: عَبْدِي أَذْنَبَ ذَنْبًا، فَعَلِمَ أَنَّ لَهُ رَبًّا يَغْفِرُ الذَّنْبَ، وَيَأْخُذُ بِالذَّنْبِ، ثُمَّ عَادَ فَأَذْنَبَ، فَقَالَ: أَيُّ رَبِّ اغْفِرْ لِي ذَنْبِي، فَقَالَ تَبَارَكَ وَتَعَالَى: أَذْنَبَ عَبْدِي ذَنْبًا، فَعَلِمَ أَنَّ لَهُ رَبًّا يَغْفِرُ الذَّنْبَ، وَيَأْخُذُ بِالذَّنْبِ، اْعْمَلْ مَا شِئْتَ فَقَدْ غَفَرْتُ لَكَ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(84) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa isinasaysay niya tungkol sa Panginoon niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Nagsabi siya: {Nagkasala ang isang tao ng isang pagkakasala kaya nagsabi ito: "O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko." Kaya magsasabi naman Siya (napakamapagpala Siya at napakataas): "Nagkasala ang lingkod Ko ng isang pagkakasala saka nakaalam siya na mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala at nagpaparusa sa pagkakasala." Pagkatapos nanumbalik ito saka nagkasala ito saka nagsabi ito: "O Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko." Kaya magsasabi Siya (napakamapagpala Siya at napakataas): "Nagkasala ang lingkod Ko ng isang pagkakasala saka nakaalam siya na mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala at nagpaparusa sa pagkakasala. Gawin mo ang niloob mo sapagkat nagpatawad nga Ako sa iyo."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagsasalaysay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa Panginoon niya na ang tao – kapag gumawa ito ng isang pagkakasala pagkatapos nagsabi ito: "O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko" – ay magsasabi si Allāh (napakataas Siya): "Gumawa ang lingkod Ko ng isang pagkakasala saka nakaalam siya na

mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala para magtakip sa kanya at magpalampas sa kanya o magparusa sa kanya. Nagpatawad nga Ako sa iyo." Pagkatapos nanumbalik ang tao saka nagkasala ito saka nagsabi ito: "O Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko." Kaya magsasabi si Allāh: "Gumawa ang lingkod Ko ng isang pagkakasala saka nakaalam siya na mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala para magtakip sa kanya at magpalampas sa kanya o magparusa sa kanya. Nagpatawad nga Ako sa lingkod Ko." Pagkatapos nanumbalik ang tao saka nagkasala ito saka nagsabi ito: "O Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko." Kaya magsasabi si Allāh: "Gumawa ang lingkod Ko ng isang pagkakasala saka nakaalam siya na mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala para magtakip sa kanya at magpalampas sa kanya o magparusa sa kanya. Nagpatawad nga Ako sa lingkod Ko. Kaya gawin niya ang niloob niya hanggat siya, sa tuwing nagkasala siya, ay mag-iiwan ng pagkakasala, magsisisi, at magtitika ng hindi panunumbalik doon subalit mananaig sa kanya ang sarili niya kaya masasadlak siya sa pagkakasala sa muli. Hanggat gumagawa siya ng ganito: nagkakasala at nagbabalik-loob, magpapatawad Ako sa kanya sapagkat tunay na ang pagbabalik-loob ay nagwawasak sa anumang bago nito."

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang lawak ng awa ni Allāh sa mga lingkod Niya at na ang tao, gaano man ang ipinagkasala at gaano man ang ginawa, kapag nagbalik-loob siya at nagsisisi siya, ay tatanggap si Allāh ng pagbabalik-loob sa kanya.
2. Ang manananampalataya kay Allāh ay umaasa ng paumanhin ng Panginoon niya at nangangamba sa kaparusahan Nito kaya nagdadali-dali siya sa pagbabalik-loob at hindi siya nagpapatuloy sa pagsuway.

3. Ang mga kundisyon ng tumpak na pagbabalik-loob ay ang pagkalas sa pagkakasala, ang pagsisihan ito, at ang pagtitika sa hindi panunumbalik sa pagkakasala. Kapag ang pagbabalik-loob ay dahil sa mga paglabag sa katarungan sa mga tao kaugnay sa ari-arian o dangal o buhay, nadadagdagan ito ng ikaapat na kundisyon: ang pagsasauli sa may karapatan o ang pagbibigay rito ng karapatan nito.
4. Ang kahalagahan ng kaalaman kay Allāh na gumagawa sa tao na nakaaalam sa mga nauukol sa Relihiyon niya kaya nagbabalik-loob siya sa tuwing nagkakamali siya kaya hindi siya nawawalan ng pag-asa at hindi siya nagpapatuloy.

(4817)

(85) – عن أبي موسى عبد الله بن قيس الأشعري رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِنَّ اللَّهَ تَعَالَى يَبْسُطُ يَدَهُ بِاللَّيْلِ لِيَتُوبَ مَسِيءُ النَّهَارِ، وَيَبْسُطُ يَدَهُ بِالنَّهَارِ لِيَتُوبَ مَسِيءُ اللَّيْلِ، حَتَّى تَطْلُعَ الشَّمْسُ مِنْ مَغْرِبِهَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(85) – Ayon kay Abū Mūsā `Abdullāh bin Qays Al-Ash`arīy, malugod si Allāh sa kanya: "Tunay na si Allāh ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang magbalik-loob ang gumawa ng masagwa sa maghapon at nag-aabot ng kamay Niya sa maghapon upang magbalik-loob ang gumawa ng masagwa sa gabi, hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran nito." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Tunay na si Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay tumatanggap sa pagbabalik-loob kahit pa man nahuli. Kaya kapag nagkasala ang tao ng isang pagkakasala sa maghapon, tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay tatanggap sa pagbabalik-loob nito kahit pa man nagbalik-loob ito sa gabi; at gayon din kapag nagkasala ang tao ng isang

pagkakasala sa gabi, tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay tatanggap sa pagbabalik-loob nito kahit pa man nagbalik-loob ito sa maghapon, hanggat hindi sumisikat ang araw mula sa kanluran nito, na kabilang sa mga pinakamalaking tanda ng Huling Sandali.

## Benefits from the Hadith:

(4318)

(86) – عن أبي هريرة رضي الله عنه: أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «يَنْزِلُ رَبُّنَا تَبَارَكَ وَتَعَالَى كُلَّ لَيْلَةٍ إِلَى السَّمَاءِ الدُّنْيَا حِينَ يَبْقَى ثُلُثُ اللَّيْلِ الْآخِرِ، يَقُولُ: «مَنْ يَدْعُونِي فَأَسْتَجِيبَ لَهُ؟ مَنْ يَسْأَلُنِي فَأُعْطِيَهُ؟ مَنْ يَسْتَغْفِرُنِي فَأَغْفِرَ لَهُ؟».

[صحيح] - [متفق عليه]

(86) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Bumababa ang Panginoon natin (napakamapagpala Siya at napakataas) sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlo ng gabi. Magsasabi Siya: Sino ang dumadalangin sa Akin para tumugon Ako sa kanya? Sino ang humihingi sa Akin para magbigay ako sa Kanya? Sino ang humihingi ng tawad sa Akin para magpatawad Ako sa kanya?"} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay bumababa sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlong bahagi ng gabi. Nagpapaibig Siya sa mga lingkod Niya na dumalangin sila sa Kanya sapagkat Siya ay tumutugon sa sinumang dumalangin sa Kanya. Humihimok Siya sa kanila na humingi sila sa Kanya ng ninanais nila sapagkat Siya ay nagbibigay sa sinumang humingi sa Kanya. Nagmungkahi Siya sa kanila na humingi sila ng tawad sa Kanya sa mga

pagkakasala nila sapagkat Siya ay nagpapatawad sa mga lingkod Niya na mga mananampalataya.

**Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng huling ikatlo ng gabi at ang pagsasagawa ng ṣalāh, ang pagdalangin, at ang paghingì ng tawad dito.
2. Nararapat sa tao sa sandali ng pagkarinig ng ḥadīth na ito na siya ay maging matindi ang sigasig sa pagsamantala ng mga oras ng pagsagot sa panalangin.

(10412)

(87) - عن الثُّعْمَانِ بْنِ بَشِيْرٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ قَالَ: سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُوْلُ - وَأَهْوَى الثُّعْمَانُ بِإِصْبَعَيْهِ إِلَى أُذُنَيْهِ -: «إِنَّ الْحَلَالَ بَيْنَ وَإِنَّ الْحَرَامَ بَيْنَ، وَبَيْنَهُمَا مُشْتَبِهَاتٌ لَا يَعْلَمُهُنَّ كَثِيْرٌ مِنَ النَّاسِ، فَمَنْ اتَّقَى الشُّبُهَاتِ اسْتَبْرَأَ لِدِيْنِهِ وَعِرْضِهِ، وَمَنْ وَقَعَ فِي الشُّبُهَاتِ وَقَعَ فِي الْحَرَامِ، كَالرَّاعِي يَرْعَى حَوْلَ الْحِمَى يُوشِكُ أَنْ يَرْتَعَ فِيهِ، أَلَا وَإِنَّ لِكُلِّ مَلِكٍ حِمَى، أَلَا وَإِنَّ حِمَى اللهِ مَحَارِمُهُ، أَلَا وَإِنَّ فِي الْجَسَدِ مُضْغَةً، إِذَا صَلَحَتْ صَلَحَ الْجَسَدُ كُلُّهُ، وَإِذَا فَسَدَتْ فَسَدَ الْجَسَدُ كُلُّهُ، أَلَا وَهِيَ الْقَلْبُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(87) – Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi at nagturo si An-Nu`mān ng dalawang daliri niya sa dalawang tainga niya: "Tunay na ang ipinahihintulot ay malinaw at tunay na ang ipinagbabawal ay malinaw. Sa pagitan ng dalawang ito ay may mga mapaghihinalaan, na hindi nakaaalam sa mga ito ang marami sa mga tao. Ang sinumang nangilag sa mga mapaghihinalaan ay nakapag-ingat para sa relihiyon niya at dangal niya. Ang sinumang nasadlak sa mga mapaghihinalaan ay nasadlak sa ipinagbabawal, gaya ng pastol na nagpapastol sa paligid ng isang kanlungan, na halos magpanginain siya roon. Pansinin at tunay na bawat hari ay may kanlungan. Pansinin at tunay na ang kanlungan ni Allāh ay ang mga pagbabawal Niya. Pansinin at tunay na sa katawan ay may isang kimpal na laman na kapag umayos ay aayos ang katawan sa kabuuan nito at kapag nasira ito ay masisira ang katawan sa kabuuan nito. Pansinin at ito ay ang puso."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglilina ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang pangkalahatang tuntunin sa mga bagay, na ito ay nababahagi kaugnay sa Batas ng Islām sa tatlong bahagi: malinaw na ipinahihintulot, malinaw na bawal, at mga bagay na mapaghihinalaan



na hindi maliwanag ang kahatulan sa punto ng pagkapahintulot at pagkabawal, na hindi nalalaman ang kahatulan ng mga ito ng marami sa mga tao.

Ang sinumang nagwaksi ng mga bagay na mapaghihinalaan sa kanya, naligtas ang Relihiyon niya dahil sa pagkalayo sa pagkasadlak sa bawal at naligtas para sa kanya ang dangal niya laban sa salita ng mga tao dahil sa maipamimintas nila sa kanya dahilan sa pagkakagawa niya ng mapaghihinalaang ito. Ang sinumang hindi umiwas sa mga mapaghihinalaang ito ay nagsalang nga ng sarili niya sa pagkasadlak sa bawal o paghamak ng mga tao sa dangal niya. Naglahad ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang paghahalintulad upang maglinaw sa kalagayan ng sinumang nakagagawa ng mga mapaghihinalaan, na siya ay gaya ng pastol habang nagpapastol ng kawan niya malapit sa isang lupain na pinangalagaan ng may-ari nito, kaya halos ang kawan ng pastol ay manginain sa kanlungang iyon dahil sa kalapitan nito roon. Gayon din ang sinumang gumagawa ng anumang may mapaghihinalaan sapagkat tunay na siya dahil doon ay lumalapit sa bawal kaya halos masadlak siya rito. Matapos nito, nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sa katawan ay may isang kimpal ng laman (ang puso), na umaayos ang katawan dahil sa pagkaayos nito at nasisira ito dahil sa pagkasira nito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpapaibig sa pagwaksi sa mapaghihinalaan, na hindi napaglinawan ang kahatulan dito.

(4314)

(88) - عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «لَا تَسُبُّوا أَصْحَابِي، فَلَوْ أَنَّ أَحَدَكُمْ أَنْفَقَ مِثْلَ أُحُدٍ ذَهَبًا مَا بَلَغَ مُدًّا أَحَدِهِمْ، وَلَا نَصِيفَهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(88) – Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong mag-alipusta sa mga Kasamahan ko sapagkat kung sakali na ang isa sa inyo ay gumugol ng tulad sa [laki ng] Uḥud na ginto, hindi sana ito umabot sa mudd ng isa sa kanila ni kalahati nito." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]}

### Ang pagpapaliwanag:

Sumuway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-alipusta sa mga Kasamahan niya, lalo na sa mga nangungunang kauna-unahan kabilang sa mga tagalikas at mga tagaadya. Nagpabatid siya na kung sakaling may gumugol na isa sa mga tao ng tulad [sa laki ng] Uḥud na ginto, hindi sana umabot ang gantimpala niya kaugnay roon sa gantimpala sa paggugol ng isa sa mga Kasamahan ng isang dakot ng pagkain o kalahati nito. Ang mudd ay ang pagkapuno ng dalawang kamay ng lalaking katamtaman ang laki. Iyon ay dahil sa karagdagan ng pagpapakawagas nila, katapatan ng mga layunin nila, at pangunguna ng paggugol nila at pakikipaglaban nila bago ng pagsakop ng Makkah kung saan ang katindihan ng pangangailangan doon.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pag-alipusta sa mga Kasamahan – malugod si Allāh sa kanila – ay bawal at kabilang sa mga pagsuway na malalaki.

(11000)

(89) - عن ابن عباس رضي الله عنهما قال: كُنْتُ خَلَفَ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَوْمًا، فَقَالَ: «يَا غُلَامُ، إِنِّي أَعَلَّمْتُكَ كَلِمَاتٍ، أَحْفَظِ اللَّهَ يَحْفَظَكَ، أَحْفَظِ اللَّهَ تَحُدُّهُ تَجَاهَكَ، إِذَا سَأَلْتَ فَاسْأَلِ اللَّهَ، وَإِذَا اسْتَعَنْتَ فَاسْتَعِنْ بِاللَّهِ، وَاعْلَمْ أَنَّ الْأُمَّةَ لَوِ اجْتَمَعَتْ عَلَى أَنْ يَنْفَعُوكَ بِشَيْءٍ، لَمْ يَنْفَعُوكَ إِلَّا بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللَّهُ لَكَ، وَلَوْ اجْتَمَعُوا عَلَى أَنْ يَضُرُّوكَ بِشَيْءٍ، لَمْ يَضُرُّوكَ إِلَّا بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللَّهُ عَلَيْكَ، رُفِعَتِ الْأَقْلَامُ وَجَفَّتِ الصُّحُفُ».

[صحيح] - [رواه الترمذي]

(89) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Ako minsan ay nasa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw saka nagsabi siya: "O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi magpakinabang sa iyo kundi sa pamamagitan ng isang bagay na isinulat na ni Allāh para sa iyo; at kung sakaling nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi pipinsala sa iyo kundi sa pamamagitan ng isang bagay na isinulat na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga talaan."}

[Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na siya noon ay isang bata pa na nakasakay kasama ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito sa kanya: "Tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga usapin at mga bagay na magpakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga ito:

Ingatan mo si Allāh sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, kung saan nakatatagpo Siya sa iyo sa mga pagtalima at mga pagpapakalapit-loob at hindi Siya nakatatagpo sa iyo sa mga pagsuway at mga kasalanan. Kung ginawa

mo iyon, ang ganti sa iyo ay na mangalaga sa iyo si Allāh laban sa mga kinasusuklaman sa Mundo at Kabilang-buhay at mag-adya Siya sa iyo sa mga gawain mo saan ka man tumuon.

Kapag nagnais ka na humingi ng isang bagay, huwag kang humingi kundi kay Allāh sapagkat tunay na Siya – tanging Siya – ang tumutugon sa mga humihingi.

Kapag ninais mo ang tulong, huwag kang magpatulong kundi kay Allāh.

Magkaroon sa iyo ng isang katiyakan na walang mangyayari para sa iyo na isang kapakinabangan kahit pa man nagkaisa sa pagpapakinabang sa iyo ang mga mamamayan ng daigdig nang lahatan maliban sa naitala ni Allāh para sa iyo at walang mangyayari laban sa iyo na isang kapinsalaan kahit pa man nagkaisa sa pagpinsala sa iyo ang mga mamamayan ng daigdig nang lahatan maliban sa naitakda ni Allāh laban sa iyo.

Ang bagay na ito ay naitala na ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at naitakda na Niya alinsunod sa hiniling ng karunungan Niya at kaalaman Niya. Walang pagpapalit sa naitala ni Allāh.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kahalagahan ng pagtuturo sa mga bata at mga paslit ng mga nauukol sa Relihiyon, Tawhīd, Etiketa, at iba pa roon.
2. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain.
3. Ang pag-uutos ng pagsandal kay Allāh at pananalig sa Kanya bukod sa iba sa Kanya. Siya ay kay inam bilang Pinananaligan.
4. Ang pananampalataya sa pagtatadhana at pagtatakda at ang pagkalugod dito at na si Allāh ay nagtakda nga ng bawat bagay.
5. Ang sinumang nagpabaya sa utos ni Allāh, tunay na si Allāh ay magpapabaya sa kanya at hindi mag-iingat sa kanya.

(90) - عن النعمان بن بشير رضي الله عنه مرفوعاً: «مَثَلُ الْمُؤْمِنِينَ فِي تَوَادُّهِمْ وَتَرَاحُمِهِمْ وَتَعَاطُفِهِمْ، مَثَلُ الْجَسَدِ إِذَا اشْتَكَى مِنْهُ عُضْوٌ تَدَاعَى لَهُ سَائِرُ الْجَسَدِ بِالسَّهْرِ وَالْحَمَى». [صحيح] - [متفق عليه]

(90) - Mula kay An-nu'man Bin Basheer -Kalugdan nawa siya ni Allah- Marfuw'an : ((Ang pagkakatulad ng mga mananampalataya sa kanilang katapatan, at kanilang pagmamahalan, at kanilang pagdadamayan ay katulad ng isang katawan kapag nasasakitan ang isang parte niya ay madadamay ang ibang parte niya sa pagkawalang-tulog at pagkalagnat)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

"Ang pagkakatulad ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahalan sa bawat isa, sa kanilang pagdadamayan, at kanilang pagtutulungan, ay kasing tulad ng isang buong katawan sa kanyang mga parte, kapag nasasakitan ang isang parte niya madadala ang ibang parte nito sa pagkasakit at kung ano pa man ang maging resulta nito sa kawalang-tulog at lagnat".

### **Benefits from the Hadith:**

(91) – عن عثمان بن عفان رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ تَوَضَّأَ فَأَحْسَنَ الوُضوءَ خَرَجَتْ خَطَايَاهُ مِنْ جَسَدِهِ حَتَّى تَخْرُجَ مِنْ تَحْتِ أَظْفَارِهِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(91) – Ayon kay Uthmān bin `Affān (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpaganda sa wuḍū', lalabas ang mga kasalanan niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas ang mga ito sa ilalim ng mga kuko niya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' kasabay ng pagsasaalang-alang sa mga sunnah ng wuḍū' at mga etiketa nito, iyon ay magiging kabilang sa mga kadahilanan ng pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa at pagbaba ng mga kasalanan "hanggang sa lumabas" ang mga pagkakasala niya mula sa ilalim ng mga kuko ng mga kamay niya at mga paa niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagmamalasakit sa pagpapakatuto sa pagsasagawa ng wuḍū', mga sunnah nito, at mga etiketa nito; at ang paggawa ayon doon.
2. Ang kainaman ng pagsasagawa ng wuḍū' at na ito ay panakip-sala sa mga pagkakasalang maliliit. Hinggil naman sa malalaking pagkakasala, hindi makaiiwas sa pagbabalik-loob.
3. Ang kundisyon ng paglabas ng mga kasalanan ay ang paglubos sa pagsasagawa ng wuḍū' at ang pagsasagawa rito nang walang pagkasira gaya ng nilinaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

4. Ang pagtatakip-sala sa mga pagkakasala sa ḥadīth na ito ay nalilimitahan sa pag-iwas sa malalaking kasalanan at pagbabalik-loob mula sa mga ito. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 4:31): {Kung iiwas kayo sa mga malaking kasalanan na isinaway sa inyo ay magtatakip-sala Kami sa inyo sa mga masagwang gawa ninyo}

(6263)

(92) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سأل رجل النبي صلى الله عليه وسلم فقال: يا رسول الله، إنا نركب البحر، ونحمل معنا القليل من الماء، فإن توضأنا به عطشنا، أفنتوضأ بماء البحر؟ فقال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «هُوَ الظُّهُورُ ماؤه الحِلُّ مَيْتَتُهُ». [صحيح] - [أخرجه أبو داود والترمذي وابن ماجه والنسائي ومالك والدارمي وأحمد]

(92) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: May nagtanong na isang lalaki sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na kami ay sumasakay sa [sasakyang] dagat at nagdadala ng kaunting tubig. Kaya kung magsasagawa kami ng wuḍū' gamit ito, mauuhaw kami. Magsasagawa po ba kami ng wuḍū' gamit ang tubig ng dagat?" Nagsabi ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ito ay ang naipandadalisay ang tubig nito, ang ipinahihintulot ang patay nito." [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Isinaysay ito ni Imām Mālik - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nililina ng Sugo, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ang pagkadalisan ng tubig ng dagat, ang pagpapahintulot sa pagdadalisay mula rito, at ang pagkaipinahihintulot ng anumang namatay rito na kabilang sa mga hayop nito gaya ng mga isda at iba pa. Minhah Al-'Allām 1/28 at Tawḍīh Al-Aḥkām 1/116.

## Benefits from the Hadith:

(8355)

(93) - عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما قال: سُئِلَ رسول الله صلى الله عليه وسلم عن الماء وما يَنْوِيهِ من الدواب والسَّبَاع، فقال صلى الله عليه وسلم: «إِذَا كَانَ الماءُ قُلَّتَيْنِ لَمْ يَحْمِلِ الخَبَثَ». [صحيح] - [رواه أبو داود وابن ماجه والترمذي والنسائي والدارمي وأحمد]

(93) – Ayon kay `Abdullāh bin Umar, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: Tinanong ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, tungkol sa tubig at anumang uminom dito na mga hayop na maaamo at mababangis kaya nagsabi siya: "Kapag ang tubig ay dalawang qullah, hindi ito tatalaban ng karumihan." [Ang Tagapagsalin: Ang dalawang qullah ay katumbas ng isang bariles o isang dram.] [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nililinaw ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na ang tubig na marami ay hindi narurumihan sa payak ng pagkakadiit nito sa karumihan kung hindi nagbago ang isa sa mga katangian nito, na salungat sa kapag ito ay kaunti sapagkat ito ay nagiging marumi kadalasan dahil ito ay malamang na nagbago ang mga katangian. Alinsunod dito, kung ang tubig ay marami at nagbago ang mga katangian nito dahil sa karumihan, lumabas ito sa pagiging dalisay nito tungo sa pagiging marumi nito, kahit pa man ito ay dalawang qullah (isang bariles o isang dram). Binanggit niya iyon kaugnay sa paglalahad ng tanong tungkol sa tubig na tira ng mababangis at maaamong hayop. Nagpatunay iyon sa kawalan ng kadalisayan ng tubig na tira ng mga ito kadalasan malibang kapag ang tubig ay marami, na hindi nagbago ang mga katangian nito dahil doon.



## Benefits from the Hadith:

(8357)

(94) - عن أبي أيوب الانصاري رضي الله عنه مرفوعاً: "إذا أتيتُم الغَائِطَ، فَلَا تَسْتَقْبِلُوا الْقِبْلَةَ بِغَائِطٍ وَلَا بَوْلٍ، وَلَا تَسْتَدْبِرُوهَا، وَلَكِنْ شَرَّفُوا أَوْ عَرَّبُوا".  
 قال أبو أيوب: «فَقَدِمْنَا الشَّامَ، فَوَجَدْنَا مَرَا حِيضَ قَد بُنِيَتْ نَحْوَ الْكَعْبَةِ، فَتَنَحَّرَفْ عَنْهَا، وَتَسْتَغْفِرُ  
 اللَّهُ عَزَّ وَجَلَّ». [صحيح] - [متفق عليه]

(94) – Ayon kay Abē Ayyūb Al-Ansārī, malugod si Allah sa kanya-  
 "Kapag pumunta kayo s palikuran,huwag kayong humarap sa Qiblah sa  
 pagdumi at sa pag-ih,i,at huwag kayong tumalikod dito,subalit humarap  
 kayo sa silangan o sa kanluran" Nagsabi si Abū Ayyūb: (( Dumating  
 kami sa Shām,at natagpuan namin rito ang mga palikuran na itinayo,na  
 nakaharap sa Ka'bah,Kami ay lumilihis mula rito, at humihingi kami ng  
 kapatawaran sa Allah-kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan))  
 [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpatnubay ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-  
 mula sa mga bagay na may magandang pag-uugali sa pagpunta sa  
 palikuran, Na huwag silang humarap sa Qiblah, -at ito ay ang banal na  
 Ka'bah-, at huwag silang tumalikod dito,sa oras ng pagpunta sa  
 palikuran,Dahil ito ay hinaharap sa pagdarasal, at lugar ng pinaparangal  
 at binabanal,at nararapat sa kanila na lumihis mula rito at humarap sa  
 silangan at kanluran,Kung ang pagharap sa silangan at kanluran ay  
 Hindi nakaharap sa kanya [Ka'bah], tulad ng Qiblah ng Madinah.At  
 dahil sa ang mga kasamahan ng Propeta ang may pinakamabilis sa mga  
 tao,sa pagtanggap sa kautusan ng Propeta pagpalain siya ni Allah at  
 pangalagaan-,na siyang katotohanan,Nabanggit ni Abú Ayyūb malugod  
 si Allah sa kanila-nang dumating sila sa Shām,pagkatapos ng tagumpay  
 sa Meccah, natagpuan nila rito ang mga palikuran na naihandang upang

gawing pagdumihan,itinayo ito na nakaharap sa Ka'bah, kaya't sila ay lumilihis sa Qiblah,at sila ay humihingi ng kapatawaran bilang pangangilag at pagbabakasakali

### **Benefits from the Hadith:**

(3078)

(95) - عن أبي قتادة الأنصاري رضي الله عنه مرفوعاً: "لا يُمَسِّكَنَّ أَحَدُكُمْ ذَكَرَهُ بِيَمِينِهِ وهو يبول، ولا يَتَمَسَّحُ مِنَ الْخَلَاءِ بِيَمِينِهِ، ولا يَتَنَفَّسُ فِي الْإِنَاءِ". [صحيح] - [متفق عليه]

(95) - Ayon kay Abē Qatādah Al-Ansārīy, malugod si Allah sa kanya.Hadith na Marfu: "Huwag na huwag hawakan ng isa sa inyo ang ari nito sa kanang kamay niya kapag siya ay umihi,at huwag magpunas [ng bato o papel] kapag nasa palikuran nang kanang kamay,at huwag huminga sa lalagyan ng tubig" [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinag-uutos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa muslim na huwag hawakan ang ari nito sa pag-ihi,at huwag magtanggap ng dumi sa harapan at likuran gamit ang kanang kamay,at gayunding ipinagbabawal niya ang paghinga sa lalagyan ng tubig na iniinuman niya,dahil sa pinagmumulan ito ng maraming pinsala.

### **Benefits from the Hadith:**

(3079)

(96) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِذَا اسْتَيْقَظَ أَحَدُكُمْ مِنْ مَنَامِهِ فَتَوَضَّأْ فَلْيَسْتَنْزِ ثَلَاثًا، فَإِنَّ الشَّيْطَانَ يَبِيتُ عَلَى خَيْشُومِهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(96) – Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: ((Kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagtulog niya at nagsagawa ng wudhu,suminga ito ng tatlong beses,sapagkat si satanas ay natutulog sa loob ng ilong niya)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ni Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.-na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi : "Kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagtulog niya at nagsagawa ng wudhu" ibig sabihin ay ninais na magsagawa ng wudhu "Suminga ito" ibig sabihin ay:hugasan niya ang nasa loob ng ilong niya nang "tatlong beses" At isinalaysay ang pagpapaliwang ng Propeta sa dahilan ng pagsinga na ito para sa sinumang bumangon mula sa kanyang pagtulog: Sa pagkasabi niya ng: "Sapagkat si satanas" ang letrang [FA] ay para sa dahilan"natutulog sa loob ng ilong niya" ibig sabihin:Kapag hindi nakayanan ni satanas ang pagbubulong sa pagtulog upang matanggal ang nararamdaman nito,natutulog siya sa pinakadulo ng ilong upang ihagis nito sa utak niya ang walang katotohanang panaginip,at hahadalangan niya ito sa mabuting panaginip,Dahila ang kinalalagyan niya ay ang utak,Kaya ipinag-utos niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na hugasan ang nasa loob ng mga ilong nila,upang tanggalin ang dumi ni satanas at ang baho niya rito,at ang tunay na tinitirahan ni satanas,Sapagkat ang ilong ay isa sa mga bintana patungo sa puso,at wala rito at gayundin sa dalawang tainga ang pantakip.At sa isang Hadith: Tunay na si satanas ay hindi nakakapagbukas ng naisara,at naisalaysay ang pag-uutos sa pagsara ng bunganga sa

paghihikab, upang sa ganoon ay hindi makapasok si satanas sa bunganga.

### Benefits from the Hadith:

(8377)

(97) - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: كَانَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَغْسِلُ، أَوْ كَانَ يَغْتَسِلُ، بِالصَّاعِ إِلَى خَمْسَةِ أَمْدَادٍ، وَيَتَوَضَّأُ بِالْمُدِّ. [صحيح] - [منفق عليه]

(97) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naghuhugas o siya noon ay naliligo sa pamamagitan ng isang ṣā` hanggang sa limang mudd at nagsasagawa ng wuḍū' sa pamamagitan ng isang mudd.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naliligo mula sa janābah sa pamamagitan ng isang ṣā` hanggang sa limang mudd at nagsasagawa ng wuḍū' sa pamamagitan ng isang mudd. Ang isang ṣā` ay apat na mudd. Ang mudd ay ang sukat ng isang pagkapuno ng dalawang kamay ng taong katamtaman ang pisikal na anyo.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkaisinasabatas ng pagtitipid sa tubig ng wuḍū' at paligo at ang hindi pagsasayang kahit pa man ang tubig ay masagana.
2. Ang pagsasakaibig-big ng pagtitipid sa tubig ng wuḍū' at paligo ayon sa sukat ng pangangailangan at na ito ay ang patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

3. Ang pinapakay ay ang pagkalubos sa wuḍū' at paligo kasabay ng pagsasaalang-alang sa mga sunnah at mga etiketa nang walang pagsasayang at walang pagkukuripot. Isasaalang-alang ang oras, ang dami ng tubig, ang kakauntian nito, at iba pa rito.
4. Itinataguri ang janābah sa bawat sinumang nagpalabas ng punlay o nakipagtalik. Tinawag ito bilang gayon dahil sa pag-iwas ng tagapagtaglay nito sa ṣalāh at mga pagsamba hanggang sa madalisay siya mula rito.
5. Ang ṣā` ay isang takalang kilala. Ang tinutukoy rito ay ang ṣā` na pampropeta. Umaabot ang timbang nito sa 480 mithqāl ng mahusay na trigo at sa litro ay katumbas ng 3 litro.
6. Ang mudd ay isang legal na Islāmikong yunit ng pagtakal. Ito ay isang pagkapuno ng dalawang kamay ng taong katamtaman kapag pumuno siya ng dalawang ito at nagdaop siya ng mga kamay nito. Ang isang mudd ay 1/4 ng isang ṣā` ayon sa pagkakasang-ayon ng mga faqīh. Ang sukat nito ay 3/4 litro.

(8387)

(98) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: "لَا يَقْبَلُ اللَّهُ صَلَاةَ أَحَدِكُمْ إِذَا أَحْدَثَ حَتَّى يَتَوَضَّأَ". [صحيح] - [متفق عليه]

(98) – Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu:Hindi tatanggapin ni Allah ang dasal ng isa sa inyo kapag siya ay nagdumi [dumi o ihi] hanggat hindi siya nakapagsagawa ng Wudhu [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ang Batas ng Islam na may taglay na karunungan ay nagpatnubay sa sinumang umibig ng pagdarasal,na hindi siya papasok dito maliban kapag siya ay nasa mabuting kalagayan at magandang kaanyuan.Sapagkat ito ay ang pinagtibay na pag-uugnay sa pagitan ng Panginoon at alipin niya,at ito ay daan sa pagsusumamo sa Kanya-kung-kaya `t ipinag-utos Niya ang pagsasagawa ng Wudhu at paglilinis rito,At sinabi niya na ang Dasal ay tinatanggihan at hindi katanggap-tanggap kung wala ang kalinisan.

### **Benefits from the Hadith:**

(3534)

(99) - عن عمر بن الخطاب: أن رجلا توضأ، فترك موضع طُفْرٍ على قَدَمِهِ، فَأَبْصَرَهُ النبي صلى الله عليه وسلم فقال: «ارْجِعْ فَأَحْسِنْ وُضُوءَكَ» فرجع، ثم صَلَّى. [صحيح] - [رواه مسلم]

(99) – Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb, malugod si Allah sa kanya-na ang isang lalaki ay nagsagawa ng wudhu, naiwan niya ang kinalalagyan ng kuko niya sa paa niya, nakita ito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kanyang sinabi: ((Bumalik ka, at pagbutihin mo ang pagsasagawa mo ng wudhu)), inulit niya ito, pagkatapos ay nagdasal siya. [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ni `Umar bin Al-Khaṭṭāb, malugod si Allah sa kanya-na ang isang lalaki ay nagsagawa ng wudhu at hindi ginawang ganap ang kanyang wudhu na tulad ng ipinag-utos ni Allah, at iniwan niya ang kinalalagyan ng kuko sa paa niya, linagpasan niya ito na hindi nadaanan ng tubig. Nakita ito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kaya ipinag-utos sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na bumalik, at magsagawa siya ng wudhu, batay sa ipinag-utos ng Islam, at hindi siya mag-iiwan ng kahit anong bahagi mula sa mga bahagi [ng katawan] kung saan ito ay nararapat na mabasa ng tubig, bumalik ang lalaki at nagsagawa ng wudhu pagkatapos siya ay nagdasal.

### Benefits from the Hadith:

(8386)

(100) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: رَجَعْنَا مَعَ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ مِنْ مَكَّةَ إِلَى الْمَدِيْنَةِ حَتَّى إِذَا كُنَّا بِمَاءٍ بِالطَّرِيْقِ تَعَجَّلَ قَوْمٌ عِنْدَ الْعَصْرِ، فَتَوَضَّؤُوا وَهُمْ عِجَالٌ، فَأَنْتَهَيْنَا إِلَيْهِمْ وَأَعْقَابُهُمْ تَلُوْحٌ لَمْ يَمَسَّهَا الْمَاءُ فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «وَيْلٌ لِلْأَعْقَابِ مِنَ النَّارِ أَسْبَعُوا الْوُضُوءَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(100) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Bumalik kami kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah mula sa Makkah. Hanggang sa nang kami ay nasa isang tubigan sa daan, nagmadali ang mga tao sa sandali ng [ṣalāh sa] hapon. Nagsagawa sila ng wuḍū' habang sila ay nagmamadali, saka nakarating kami sa kanila samantalang ang mga sakong nila ay nangingintab na hindi nasaling ng tubig. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapighatian sa mga sakong mula sa Impiyerno. Lubus-lubusin ninyo ang pagsasagawa ng wuḍū'."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglakbay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mula sa Makkah papuntang Madīnah kasama ng mga Kasamahan niya. Sa daan nila ay nakatagpo sila ng tubig kaya nagmabilis sa pagsasagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh sa hapon ang ilan sa mga Kasamahan hanggang sa ang hulihan ng mga paa nila ay lumilitaw sa nakatingin ang katuyuan ng mga ito sa tubig. Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pagdurusa at kapahamakan sa Impiyerno sa mga nagkukulang sa paghugas ng hulihan ng paa kapag nagsasagawa ng wuḍū'." Nag-utos siya sa kanila na magpalabis sa pagkumpleto ng wuḍū'.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkakinakailangan ng paghugas ng dalawang paa sa pagsasagawa ng wuḍū' dahil kung sakaling pinayagan ang



pagpahid, talagang hindi sana siya nagbanta ng Impiyerno sa sinumang nag-iwan ng paghuhugas ng sakong.

2. Ang pagkakinakailangan ng paglalahat sa mga bahaging hinuhugasan sa wuḍū' sa paghuhugas at na ang sinumang nag-iwan ng isang kaunting bahagi mula sa kinakailangang dalisayin dala ng pananadya at pagwawalang-bahala, hindi matutumpak ang ṣalāh niya.
3. Ang kahalagahan ng pagtuturo sa mangmang at paggabay sa kanya.
4. Ang maalam ay nagmasama sa nakikita niya na pagwawala ng mga tungkulin at mga sunnah sa naaangkop na istilo.
5. Nagsabi si Muḥammad Ishāq As-Dahlawīy: "Ang paglubus-lubos ay tatlong uri: tungkulin, ang pagkasaklaw ng parte nang isang ulit; sunnah, ang paghuhugas nang tatlong ulit; at isinakaibig-ibig, ang pagpapahaba kasama ng pagtatatlong ulit."

(66392)

(101) - عن عمرو بن عامرٍ عن أنس بن مالك قال: كَانَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَتَوَضَّأُ عِنْدَ كُلِّ صَلَاةٍ، قُلْتُ: كَيْفَ كُنْتُمْ تَصْنَعُونَ؟ قَالَ: يُجْزِي أَحَدَنَا الْوُضُوءُ مَا لَمْ يُحْدِثْ. [صحيح] - [رواه البخاري]

(101) – Ayon kay `Amr bin `Āmir, ayon kay Anas bin Mālik na nagsabi: {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa ng wuḍū' sa sandali ng bawat ṣalāh. Nagsabi ako: "Papaano kayo noon nagsasagawa?" Nagsabi siya: "Nagkakasya sa isa sa amin ang [isinagawang] wuḍū' hanggat hindi siya nakasira nito."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa ng wuḍū' para sa bawat ṣalāh na isinatungkulin, kahit pa hindi nasira ang wuḍū' niya. Iyon ay para sa pagtamo ng pabuya at kainaman.

Pinapayagan na magdasal ng higit sa isang ṣalāh na isinatungkulin sa iisang wuḍū' hanggat nanatili ang bisa ng wuḍū' niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang higit na marami sa ginawa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pagsasagawa ng wuḍū' para sa bawat ṣalāh bilang paghahangad ng pinakalubos.
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagsasagawa ng wuḍū' sa sandali ng bawat ṣalāh.
3. Ang pagpayag sa pagsasagawa ng higit sa isang ṣalāh sa iisang wuḍū'.

(65080)

(102) – عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: تَوَضَّأَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ مَرَّةً مَرَّةً.

[صحيح] - [رواه البخاري]

(102) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsagawa ng wuḍū' ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang tig-iisang ulit [na paghuhugas].} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sa ilan sa mga pagkakataon kapag nagsagawa siya ng wuḍū', ay naghugas ng bawat bahagi mula sa mga bahagi ng katawan para sa wuḍū' nang tig-iisang ulit sapagkat hinuhugasan niya ang mukha – at bahagi nito ang pagmumumog at ang pagsinga – ang mga kamay, at ang mga paa nang tig-iisang ulit. Ito ay ang kinakailangang sukat.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kinakailangan sa paghuhugas ng mga bahagi ng katawan para sa wuḍū' ay tig-iisang ulit. Ang anumang naidagdag, ito ay isinasakaibig-ibig.
2. Ang pagkaisinasabatas ng pagsasagawa ng wuḍū' nang tig-iisang ulit [na paghuhugas] sa ilan sa mga pagkakataon.
3. Ang isinasabatas sa pagpahid sa ulo ay iisang ulit.

(65081)

(103) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ زَيْدٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ تَوَضَّأَ مَرَّتَيْنِ

مَرَّتَيْنِ. [صحيح] - [رواه البخاري]

(103) – Ayon kay `Abdullāh bin Zayd (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsagawa ng wuḍū' nang tigdadalawang ulit.} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sa ilan sa mga pagkakataon kapag nagsagawa siya ng wuḍū', ay naghugas ng bawat bahagi mula sa mga bahagi ng katawan para sa wuḍū' nang tigdadalawang ulit sapagkat hinuhugasan niya ang mukha – at bahagi nito ang pagmumumog at ang pagsinga – ang mga kamay, at ang mga paa nang tigdadalawang ulit.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kinakailangan sa paghuhugas ng mga bahagi ng katawan para sa wuḍū' ay tig-iisang ulit. Ang anumang naidagdag, ito ay isinasakaibig-ibig.
2. Ang pagkaisinasabatas ng pagsasagawa ng wuḍū' nang tigdadalawang ulit [na paghuhugas] sa ilan sa mga pagkakataon.
3. Ang isinasabatas sa pagpahid sa ulo ay iisang ulit.

(65082)

(104) - عَنْ مُحَمَّدَانَ مَوْلَى عُثْمَانَ بْنِ عَفَّانَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ: أَنَّهُ رَأَى عُثْمَانَ بْنَ عَفَّانَ دَعَا بِوُضُوءٍ، فَأَفْرَعَّ عَلَى يَدَيْهِ مِنْ إِثَائِهِ، فَغَسَلَهُمَا ثَلَاثَ مَرَّاتٍ، ثُمَّ أَدْخَلَ يَمِيْنَهُ فِي الْوُضُوءِ، ثُمَّ تَمَضَّمَصَّ وَأَسْتَنْشَقَ وَأَسْتَنْثَرَّ، ثُمَّ غَسَلَ وَجْهَهُ ثَلَاثًا، وَيَدَيْهِ إِلَى الْمِرْفَقَيْنِ ثَلَاثًا، ثُمَّ مَسَحَ بِرَأْسِهِ، ثُمَّ غَسَلَ كُلَّ رِجْلٍ ثَلَاثًا، ثُمَّ قَالَ: رَأَيْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَتَوَضَّأُ نَحْوَ وَضُوءِي هَذَا، وَقَالَ: «مَنْ تَوَضَّأَ نَحْوَ وَضُوءِي هَذَا ثُمَّ صَلَّى رَكَعَتَيْنِ لَا يُحَدِّثُ فِيهِمَا نَفْسَهُ غَفَرَ اللهُ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(104) – Ayon kay Humrān na alila ni `Uthmān bin `Affān: {Siya ay nakakita kay `Uthmān bin `Affān na nanawagan ng tubig ng wudū', saka nagbuhos siya sa mga kamay niya mula sa lalagyan nito, saka naghugas siya ng mga ito nang tatlong ulit. Pagkatapos nagpasok siya ng kanang kamay niya sa tubig ng wudū'. Pagkatapos nagmumog siya at suminghot siya [ng tubig] at suminga. Pagkatapos naghugas siya ng mukha niya nang tatlong ulit at ng mga kamay niya hanggang sa siko nang tatlong ulit. Pagkatapos nagpahid siya sa ulo niya. Pagkatapos naghugas siya ng bawat paa nang tatlong ulit. Pagkatapos nagsabi siya: "Nakakita ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsagawa ng wudū' tulad ng wudū' kong ito." Nagsabi pa siya: "Ang sinumang nagsagawa ng wudū' tulad ng wudū' kong ito pagkatapos nagdasal siya ng dalawang rak`ah nang hindi kumakausap sa dalawang ito sa sarili niya, magpapatawad si Allāh sa kanya sa nauna sa pagkakasala niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagturo si `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya) ng paraan ng pagsasagawa ng wudū' ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang praktikal na pamamaraan upang ito ay maging higit na magaling sa pagpapaliwanag. Humiling siya ng tubig sa isang lalagyan saka nagbuhos siya sa mga kamay niya nang tatlong ulit. Matapos niyon, nagpasok siya ng kanang kamay niya sa sisidlan at kumuha siya roon ng tubig saka nagpaikot siya nito sa bibig niya at

nagpalabas siya nito. Pagkatapos sumalok siya mismo ng tubig papunta sa loob ng ilong niya, pagkatapos nagpalabas siya nito at nagsinga siya nito. Pagkatapos naghugas siya ng mukha niya nang talong ulit. Pagkatapos naghugas siya ng mga kamay niya kasama ng mga siko nang tatlong ulit. Pagkatapos nagparaan siya ng kamay niya sa ulo niya, na binasa ng tubig, nang iisang ulit. Pagkatapos naghugas siya ng mga paa niya kasama ng mga bukungbukong nang tatlong ulit.

Noong nakatapos siya (malugod si Allāh sa kanya), nagpabatid siya sa kanila na siya ay nakakita sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsagawa ng wuḍū' tulad ng wuḍū' na ito. Nagbalita ng nakalulugod sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' tulad ng wuḍū' niya at nagdasal ng dalawang rak`ah nang taimtim habang nakadalo ang puso niya sa harap ng Panginoon niya (kamahal-mahalan Ito at kapita-pitagan) sa dalawang rak`ah na ito, tunay na si Allāh ay gaganti sa kanya sa kumpletong wuḍū' na ito at wagas na ṣalāh na ito ng kapatawaran sa nauna sa mga pagkakasala niya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng paghuhugas ng mga kamay bago ng pagpapasok ng mga ito sa sisidlan ng tubig sa pagsisimula ng pagsasagawa ng wuḍū'. Kung siya ay hindi bumangon mula sa pagkatulog saka kung siya ay nagising mula sa pagkatulog sa gabi, kinakailangan ang maghugas ng mga ito.
2. Nararapat sa tagapagturo na tumahak sa pinakamalapit sa mga daan tungo sa pag-intindi at pagkintal ng kaalaman sa mga nagpapakatuto. Kabilang doon ang pagtuturo sa pamamagitan ng paggawa.
3. Nararapat sa tagapagsagawa ng ṣalāh ang pagtaboy ng mga kaisipang nauugnay sa mga pinagkakaabalahan sa Mundo sapagkat ang pagkaganap ng ṣalāh at ang pagkalubos nito ay

nasa pagkadalo ng puso rito. Kung hindi magagawa sapagkat ang mga pag-iisip ay naging imposibleng maiwasan, kailangan sa kanya na makibaka sa sarili niya at hindi magpatangay roon.

4. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagkakanan sa pagsasagawa ng wuḍū'.
5. Ang pagkaisinasabatas ng pagkakasunud-sunod sa pagitan ng pagmumumog, pagsinghot, at pagsinga.
6. Ang pagsasakaibig-ibig ng paghuhugas ng mukha, mga kamay, at mga paa nang tatlong ulit. Ang kinakailangan ay isang ulit.
7. Ang kapatawaran ni Allāh sa nauna sa mga pagkakasala ay inireresulta ng pagkakasama ng dalawang gawain: ang wuḍū' at ang ṣalāh na dalawang rak`ah ayon sa paraang nababanggit sa ḥadīth.
8. Ang bawat bahagi ng katawan mula sa mga bahagi ng katawan na pinagsasagawaan ng wuḍū' ay may hangganan. Ang hangganan ng mukha ay mula sa mga kinahihiratiang tinutubuan ng buhok ng ulo hanggang sa anumang bumaba mula sa balbas at baba pababa at mula sa isang tainga papunta sa isang tainga pahalang. Ang hangganan ng kamay ay mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa siko: ang kasukasuan sa pagitan ng pang-ibabang braso at pang-itaas na braso. Ang hangganan ng ulo ay mula sa mga kinahihiratiang tinutubuan ng buhok mula sa mga gilid ng mukha hanggang sa pinakamataas na bahagi ng batok at bahagi ng mga tainga mula sa ulo. Ang hangganan ng paa ay ang paa sa kabuuan kasama ng kasukasuan (bukungbukong) sa pagitan nito at ng binti.

(105) - عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «إِذَا تَوَضَّأَ أَحَدُكُمْ فَلْيَجْعَلْ فِي أَنْفِهِ مَاءً، ثُمَّ لِيَنْتَثِرْ، وَمَنْ اسْتَجَمَرَ فَلْيُوتِرْ، وَإِذَا اسْتَيْقَظَ أَحَدُكُمْ مِنْ نَوْمِهِ فَلْيَغْسِلْ يَدَيْهِ قَبْلَ أَنْ يُدْخِلَهُمَا فِي الْإِنَاءِ ثَلَاثًا، فَإِنَّ أَحَدَكُمْ لَا يَدْرِي أَيْنَ بَاتَتْ يَدُهُ».

وفي رواية: «فَلْيَسْتَنْشِقْ بِمِنْخَرِيهِ مِنَ الْمَاءِ».

وفي لفظ: «مَنْ تَوَضَّأَ فَلْيَسْتَنْشِقْ». [صحيح] - [الرواية الأولى: متفق عليها  
الرواية الثانية: رواها  
الرواية الثالثة: متفق عليها، ولفظ مسلم: (فليستنشق)]

(105) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu: ((Kapag nagsagawa ng Wudhu ang isa sa inyo, maglagay siya sa ilong niya ng tubig, pagkatapos ay isinga niya ito, At sinuman ang gumamit ng bato [sa paglilinis], gawin niya itong gansal. At kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagtulog, hugasan niya ang dalawang kamay niya bago niya ito ipasok sa lalagyan [ng tubig], nang tatlong beses, Dahil ang isa sa inyo ay hindi niya nalalaman kung saan niya nailagay ang kamay niya)) At sa isang salaysay: (( Suminghot siya sa dalawang [butas ng] ilong niya ng tubig)), At sa ibang pananalita: (Sinuman ang magsagawa ng Wudhu, suminghot siya ng tubig)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nasasakop sa Hadith na ito ang tatlong Talata, sa bawat talata ay may nakatalagang panuntunan para rito. 1. Nabanggit na ang nagsasagawa ng Wudhu, kapag isinagawa niya ang Wudhu, ay ipapasok niya ang tubig sa ilong niya, pagkatapos ay ilalabas niya ito, Ito ang pagsinghot at pagsinga na nabanggit sa Hadith, Sapagkat ang ilong ay kasama sa mukha, na siyang ipinag-utos sa nagsasagawa ng Wudhu na hugasan ito, at natipon ang mga tumpak na Hadith sa pag-uutos rito, sapagkat ito ay kabilang sa kinakailangang malinis sa Batas ng Islam. 2. Pagkatapos ay nabanggit na sinuman ang magnais na malinis sa duming lumalabas sa kanya gamit ang bato, na maging gansal ang



piraso nito,ang pinakamaliit rito ay tatlo,at ang pinaka-mataas ay ayon sa paglilinis mula sa duming lumalabas [sa kanya],at maging dalisay,kapag ito ay gansal,at kung hindi ay magdagdag ng isa,at gawing gansal ang mga bilang ng pares.3.At nabanggit din niya na ang gumigising mula sa pagtulog sa gabi,ay hindi magpapasok ng kamay niya sa lalagyang tubig,o ihawak niya ito ng basa,hangat hindi niya ito nahuhugasan nang tatlong beses,;Dahil ang pagtulog sa gabi-kadalasan-ay napakahaba,at ang kamay niya ay nangangapa sa katawan niya,kaya maaaring dumapo ito sa mga maruruming bagay na hindi niya nalalaman,kaya ipinag-utos sa kanya na hugasan ito,sa ipinag-utos na paglilinis.

### **Benefits from the Hadith:**

(3033)

(106) – عن عبد الله بن عباس رضي الله عنهما قال: مر النبي صلى الله عليه وسلم بقبرين، فقال: «إنهما ليعذبان، وما يُعذَّبان في كبير؛ أما أحدهما: فكان لا يستتر من البول، وأما الآخر: فكان يمشي بالنميمة». [صحيح] - [متفق عليه]

(106) – Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi:Dumaan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa dalawang libingan,Nagsabi siya: ((Tunay na silang dalawa pinaparusa,At ang ipinaparusa sa kanilang dalawa ay malaki.Ang isa sa kanila:Siya ay hindi nagtatakip sa pag-ihi,At ang iba: Siya ay naglalakad para sa Paninirang-puri)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Dumaan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kasama niya ang mga ilan sa kasamahan niya,sa dalawang libingan.Ipinakita ni Allah-Napakamaluwalhati Niya at Pagkataas-taas

Niya-sa kanya ang kalagayan nilng dalawa,At tunay na silang dalawa ay pinaparusahan,Sinabi niya ito sa mga kasamahan niya-bilang pagbabala sa Ummah niya,at pananakot.Katotohanang ang nagmamay-ari ng dalawang libingan na ito ay pinaparusahan ang bawat isa kanilang dalawa dahil sa napakaliit na kasalanan na iniwanan nila,at at ang pag-was rito,sa sinumang pinatnubayan ni Allah dito.Ang isa sa pinaparusahan,siya ay hindi nag-iingat sa pag-ihi niya,sa pagpunta sa palikuran,at hindi niya ito iniingatan,kaya tinatamaan siya ng mga dumi,at nadudumhan ang katawan iya at damit niya,at hindi siya nagtatakip sa pag-ihi niya.At ang iba naman ay gumagawa sa pagitan ng mga tao ng Paninirang-puri na siyang nagiging dahilan ng pag-aaway at pagkamunghi,sa pagitan ng mga tao.At lalong-lalo na ang mga magkakamag-anak at magkakaibigan,Dumarating siya rito,at inililipat niya sa kanya ang salita doon,at dumarating siya doon at inililipat niya ang salita rito,at nagsisimula sa pagitan nilang dalawa ang paglalayo at hidwaan,At ang Islam ay dumating para sa pagmamahalan at pagkakasundo sa pagitan ng mga Tao,at [upang] putulin ang Pagtatalo at Hidwaan.Ngunit ang Napakarangal at Mapagmahal ay nakaramdam sa kanilang dalawa ng Awa at Habag.Kumuha siya ng dahon ng Puno ng Palmera na sariwa pa,hinati niya ito sa dalawang bahagi,at itinanim sa bawat libingan ang isa,Nagtanong ang mga kasamahan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa gawaing ito na naging bago sa kanila.Nagsabi siya: Marahil si Allah ay magpapagaan sa kanilang dalawa dahil sa pamagitan ko,sa anumang mayroon sila na kaparusahan,hangga`t hindi nalalanta ang dalawang dahon na ito.Ibig sabihin ay sa tagal na nananatili ang dalawang sariwang dahong ito.At ang gawaing ito ay para lamang sa kanya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.

### **Benefits from the Hadith:**

(3010)

(107) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه أن النبي صلى الله عليه وسلم كان إذا دخل الخلاء قال: ((اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبْثِ وَالْخَبَائِثِ)). [صحيح] - [متفق عليه]

(107) – Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya-Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag siya ay pumapasok sa Palikuran.Siya ay nagsasabi :(( O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga [masasamang espiritu ng mga] lalaki at babae,)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Binabanggit sa atin ni Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya-ang napakarangal na naglilingkod sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa Hadith na ito,ang kaugalian ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag nagsagawa siya ng pagdudumi niya,at siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dahil sa dami ng pananalangin niya sa Panginoon niya,Hindi niya iniiwan ang pag-aalaala at paghingi niya ng tulong sa Kanya [Allah] sa kahit na anong kalagayan,Siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag ninais niyang pumasok sa isang lugar kung saan ay isasagawa niya ang pagdudumi niya,Nagpapakupkop siya sa Allah,at nanalangin siya sa Kanya [Allah] na mapangalagaan siya laban sa kasamaan ng mga duming ito,at ang maprotektahan siya sa mga masamang espiritu,at sila ang mga Satanas,sila yaong nagsusumikap sa lahat ng pagkakataon na sirain ang Muslim sa gawaing Relihiyon at pagsamba nito.

### **Benefits from the Hadith:**

(3150)

(108) – عَنْ عَائِشَةَ أُمِّ الْمُؤْمِنِينَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ إِذَا خَرَجَ

مِنَ الْغَائِطِ قَالَ: «عُفِّرَانَكَ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(108) – Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag lumabas siya noon mula sa palikuran, ay nagsasabi ng: "Ghufṛānaka (Hinihiling ko ang pagpapatawad Mo)."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag lumabas mula sa pagtugon sa tawag ng kalikasan niya mula sa palikuran, ay nagsasabi ng: "Hinihiling ko ang pagpapatawad Mo, O Allāh."

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagsabi ng: "Ghufṛānaka" matapos ng paglabas mula sa lugar ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.
2. Ang paghingi ng tawad ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya sa lahat ng mga kalagayan.
3. Sinabi kaugnay sa kadahilanan ng paghiling ng kapatawaran matapos ng pagtugon sa tawag ng kalikasan: Kabilang ito sa pagkukulang sa pagpapasalamat sa maraming biyaya ni Allāh, na kabilang sa mga ito ang pagpapadali ng paglabas ng makapiperhuwisyong. Humihiling ako ng kapatawaran Mo na naabala ako palayo sa pag-alaala sa Iyo sa oras ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.

(10046)

(109) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «السَّوَاكُ مَطْهَرَةٌ لِلْفَمِّ، مَرْضَاةٌ لِلرَّبِّ». [صحيح] - [رواه النسائي وأحمد]

(109) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang siwāk ay isang kadalisan para sa bibig, na isang kaluguran para sa Panginoon."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang paglilinis ng mga ngipin sa pamamagitan ng munting patpat ng punong arāk at tulad nito ay nagdadalisay ng bibig mula sa mga karumihan at mga mabahong amoy; at na ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagkalugod ni Allāh sa tao dahil dito ay may isang pagtalima kay Allāh at isang pagtugon sa utos Niya at dahil dito ay may kalinisang naiibigan ni Allāh (napakataas Siya).

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng paggamit ng siwāk at ang pagpapaibig ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya sa pagpapadala ng paggamit nito.
2. Ang pinakamainam sa paggamit ng siwāk ay ang paggamit ng munting patpat ng punong arāk. Ang paggamit ng sipilyo at toothpaste ay gumaganap ng gawain ng siwāk.

(3588)

(110) - عَنْ حُدَيْفَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ قَالَ: كَانَ النَّبِيُّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إِذَا قَامَ مِنَ اللَّيْلِ

يَشُوْضُ فَاَهُ بِالسَّوَاكِ. [صحيح] - [متفق عليه]

(110) – Ayon kay Hudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag tumitindig siya [sa pagdarasal] sa gabi, ay nagsisipilyo ng bibig niya sa pamamagitan ng siwāk.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay madalas na gumagamit ng siwāk at nag-uutos nito. Ito ay nabibigyang-diin sa ilan sa mga pagkakataon. Kabilang sa mga ito ang paggamit ng siwāk sa sandali ng pagbangon sa gabi yayamang siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagkukuskos ng ngipin at naglilinis ng bibig sa pamamagitan ng siwāk.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-diin sa pagkaisinasabatas ng paggamit ng siwāk matapos ng pagtulog sa gabi. Iyon ay dahil ang pagtulog ay tagahiling ng pag-iba ng amoy ng bibig at ang siwāk ay isang instrumentong pampaglilinis.
2. Ang pagbibigay-diin sa pagkaisinasabatas ng paggamit ng siwāk sa sandali ng bawat mabahong pag-iiba ng amoy ng bibig bilang pagbatay mula sa naunang kahulugan.
3. Ang pagkaisinasabatas ng kalinisan sa paraang pangkalahatan at na ito ay bahagi ng Sunnah ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at bahagi ng mga matayog na etiketa.
4. Ang paggamit ng siwāk sa bibig sa kabuuan nito ay sumasaklaw sa mga ngipin, gilagid, at dila.

5. Ang siwāk ay isang patpat na pinuputol mula sa punong arāk o iba pa rito at ginagamit sa paglilinis ng bibig at mga ngipin. Nagpapabango ito ng bibig at nag-aalis ng mga mabahong amoy.

(3063)

(111) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «لَوْلَا أَنْ أَشَقَّ عَلَيَّ الْمُؤْمِنِينَ - أَوْ: عَلَيَّ أُمَّتِي - لَأَمَرْتُهُمْ بِالسَّوَاكِ عِنْدَ كُلِّ صَلَاةٍ». [صحيح] - [متفق عليه]

(111) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kung hindi dahil na makapagpahirap ako sa mga mananampalataya," – o: "sa Kalipunan ko," – "talaga sanang nag-utos ako sa kanila na gumamit ng siwāk sa sandali ng bawat pagdarasal."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya, kung hindi dahil sa pangamba sa hirap para sa mga mananampalataya kabilang sa Kalipunan niya, ay talaga sanang nag-obliga sa kanila ng paggamit ng siwāk bago ng bawat pagsasagawa ng ṣalāh.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kabaitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya at ang pangamba niya sa hirap para sa kanila.
2. Ang batayang panuntunan sa utos ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pagkakinakailangan maliban na umiral ang patunay na ito ay isang pagkukusang-loob.

3. Ang pagsasakaibig-ibig ng paggamit ng siwāk at ang kainaman nito bago ng bawat pagsasagawa ng ṣalāh.
4. Nagsabi si Ibnu Daqīq: Ang kasanhian sa pagsasakaibig-ibig ng paggamit ng siwāk bago ng pagsasagawa ng ṣalāh ay ang pagiging ito ay isang kalagayan ng pagpapakalapit-loob kay Allāh, kaya naman hiniling na ito ay maging isang kalagayan ng kalubusan at kalinisan bilang paglalantad sa karangalan ng pagsamba.
5. Ang pagkapangkalahatan ng ḥadīth ay sumasaklaw sa paggamit ng siwāk ng tagapag-ayuno, kahit pa man matapos ng katanghaliang-tapat gaya ng sa ṣalāh sa tanghali at ṣalāh sa hapon.

(3364)

(112) – عن أبي هريرة قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «حَقٌّ عَلَى كُلِّ مُسْلِمٍ أَنْ يَغْتَسِلَ فِي كُلِّ سَبْعَةِ أَيَّامٍ يَوْمًا، يَغْتَسِلُ فِيهِ رَأْسَهُ وَجَسَدَهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(112) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Isang tungkulin sa bawat Muslim na maligo siya sa isang araw sa bawat pitong araw, na maghuhugas siya rito ng ulo niya at katawan niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang tungkuling binibigyang-diin sa bawat Muslim na bāligh (umabot sa sapat na gulang) na nakapag-uunawa na maligo isang araw sa bawat pitong araw ng linggo, kaya maghuhugas siya sa araw na ito ng ulo niya at katawan niya bilang paghahangad ng kadalisan at kalinisan. Ang higit na marapat sa mga araw na ito ay ang araw ng



Biyernes, gaya ng naiintindihan mula sa ilan sa mga sanaysay. Ang pagpaligo sa araw ng Biyernes bago ng ṣalāh [sa tanghali] ay isinakaibig-ibig ayon sa isang pagsasakaibig-ibig na binibigyang-diin, kahit pa man nakapaligo nang araw ng Huwebes, halimbawa. Ang tagapaglihig sa pagkakinakailangan [ng paligo sa Biyernes] ay ang sabi ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): "Ang mga tao noon ay nagpapatrabaho ng mga sarili nila. Sila noon, kapag pumunta sa ṣalāh sa Biyernes, ay pumupunta sa pantrabahong anyo nila kaya sinasabi sa kanila: Kung sakaling naligo sana kayo." Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī. Sa isa namang salaysay niya: "Mayroon silang mga amoy." Ibig sabihin: amoy ng pawis at tulad nito. Gayon pa man sinasabi sa kanila: "Kung sakaling naligo sana kayo." Kaya ang mga taong iba sa kanila ay lalong higit na marapat maligo.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpapahalaga at ang pagmamalasakit ng Islām sa kalinisan at kadalisayan.
2. Ang pagpaligo sa Biyernes ay isinakaibig-ibig ayon sa isang pagsasakaibig-ibig binibigyang-diing para sa ṣalāh.
3. Ang pagbanggit ng ulo, kahit pa man ang pagbanggit sa katawan ay sumasaklaw rito, ay dahil sa pagpapahalaga rito.
4. Kinakailangan ang paghuhugas sa bawat sinumang may natagpuan sa kanya na isang mabahong amoy na ikinapeperhuwiso ng mga tao.
5. Ang pinakabinigyang-diing araw para sa pagpaligo ay ang araw ng Biyernes dahil sa kalamangan nito.

(65084)

(113) - عن أبي هريرة رضي الله عنه: سمعتُ النبيَّ صلى الله عليه وسلم يقول: «الفِطْرَةُ خَمْسٌ: الخِتَانُ والاستِحْدَادُ وقصُّ الشَّارِبِ وتقليمُ الأظفارِ وَتَنْفُ الآبَاتِ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(113) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang naturalesa [ng kalinisan] ay lima: ang pagpapatuli, ang pag-aahit sa ari, ang pagputol ng bigote, ang paggupit ng mga kuko, at ang pagbunot [ng buhok] sa kilikili."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng limang kakanyahan ng Relihiyong Islām at mga sunnah ng mga isinugo.

A. Ang Pagpapatuli. Ito ay ang pagputol ng balat na lumalabis sa ari ng lalaki lampas sa glans (ulo ng ari ng lalaki) at ang pagputol ng dulo ng clitoris sa ari ng babae lampas sa labia majora.

B. Ang Pag-aahit sa Ari. Ito ay ang pag-aahit sa buhok (pubic) na nasa paligid ng ari.

C. Ang Pagputol ng Bigote. Ito ay ng anumang umabot sa pang-itaas na bibig ng lalaki upang lumantad ang bibig.

D. Ang Paggupit ng mga Kuko.

E. Ang Pagbunot ng Buhok sa Kilikili.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang mga sunnah ng mga isinugo na naiibigan ni Allāh, kinalulugdan Niya, at ipinag-uutos Niya ay nag-aanyaya tungo sa kalubusan, integridad, at karikitan.
2. Ang pagkaisinasabatas ng pagpapahalaga sa mga gawaing ito at ang hindi pagkalingat sa mga ito.
3. Ang mga katangiang ito ay may mga pakinabang na panrelihiyon at pangmundo. Kabilang sa mga ito ang

pagpapaganda ng anyo, ang paglilinis ng katawan, ang pag-iingat para sa kadalisan, ang pakikipagsalungat sa mga tagatangging sumampalataya, at ang pagsunod sa utos ni Allāh.

4. May nabanggit sa mga ibang ḥadīth na isang karagdagan sa mga katangian ng naturalesa na iba pa sa limang ito, tulad ng pagpapalago ng balbas, paggamit ng siwāk, at iba pa sa mga ito.

(3144)

(114) - عن علي بن أبي طالب رضي الله عنه قال: ((كُنْتُ رَجُلًا مَدَّاءً، فَاسْتَحْيَيْتُ أَنْ أَسْأَلَ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لِمَكَانِ ابْتَتِهِ مِنِّي، فَأَمَرْتُ الْمِقْدَادَ بْنَ الْأَسْوَدِ فَسَأَلَهُ، فَقَالَ: يَغْسِلُ ذَكَرَهُ، وَيَتَوَضَّأُ)).

وللبخاري: ((اغسل ذَكَرَكَ وتوضَّأ)).

وللمسلم: ((تَوَضَّأً وَاغْسَلَ فَرْجَكَ)). [صحيح] - [الرواية الأولى: متفق عليها  
الرواية الثانية: رواها البخاري  
الرواية الثالثة: رواها مسلم]

(114) – Ayon kay `Alīy bin Abī Ṭālib, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi: (( Ako ay lalaking may maraming Madhiy [tubig na lumalabas bago ang pagtatalik],Nahiya akong itanong ito sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dahil sa kinalalagyan ng anak niya sa akin,Inutusan ko si Meqdad bin Al-Aswad,at itinanong niya ito,at Nagsabi siyang:Hugasan niya ang ari niya at magsagawa siya ng wudhu)) At sa kay Imam Al-Bukhariy: ((Hugasan mo ang ari mo at magsagawa ka ng wudhu)) At kay Imam Muslim: ((Magsagawa ka ng wudhu at hugasan mo ang ari mo)) [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Sinabi ni `Alīy-malugod si Allah sa kanya-ako ay lalaking may maraming Madhiy [tubig na lumalabas bago ang pagtatalik],At lagi ang naliligo dahil rito,Hanggang sa naging mahirap para kay `Alīy ang pagligo.Dahil inakala kong ang panuntunan nito ay katulad ng panuntunan ng tamud [Tubig na lumalabas pagkatapos ng pagtatalik],Kaya ninais kong siguraduhin ang panuntunan nito,At ninais kong magtanong sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-subalit dahil sa ang tatalakayang ito ay may koneksiyon sa ari,at ang anak niya ay sa ibaba ko,nahiya ko sa pagtatanong nito,Kaya inutusan ko si Miqdad-malugod si Allah sa kanya-nai itanong ito-Tinanong niya ito,At nagsabi siyang:Kapag lumabas sa kanya ang

Madhiy [tubig na lumalabas bago ang pagtatalik],hugasan niya ang ari nito upang mabawasan ang lumalabas na lumalaki dahil sa init,sa pamamagitan ng pagwilig ng tubig.At magsasagawa siya ng wudhu,dahil sa ito ay lumabas mula sa dalawang linalabasan,at ang lumalabas mula sa mga ito ay nakakasira ng wudhu,Kaya napatnubayan niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang nagtanong dahil sa sagot na ito ,sa mga bagay [na ipinag-uutos] sa Islam ,at mga bagay para sa medikal

### Benefits from the Hadith:

(3348)

(115) - عن عمار بن ياسر رضي الله عنهما قال: «بَعَثَنِي النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فِي حَاجَةٍ، فَأَجَبْتُ، فَلَمْ أَجِدِ الْمَاءَ، فَتَمَرَّعْتُ فِي الصَّعِيدِ، كَمَا تَمَرَّغُ الدَّابَّةُ، ثُمَّ أَتَيْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَذَكَرْتُ ذَلِكَ لَهُ، فَقَالَ: إِنَّمَا يَكْفِيكَ أَنْ تَقُولَ بِيَدَيْكَ هَكَذَا: ثُمَّ ضَرْبَ بِيَدَيْهِ الْأَرْضَ ضَرْبَةً وَاحِدَةً، ثُمَّ مَسَحَ الشَّمَالَ عَلَى الْيَمِينِ، وَظَاهَرَ كَفَّيْهِ وَوَجْهَهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(115) – Ayon kay `Ammar bin Yaser, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: ((Ipinadala ako ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa ilang pangangailangan,Naging junub ako,wala akong matagpuang tubig.Humiga ako sa buhangin tulad ng paghiga ng hayop,Pagkatapos ay dumating ako sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at binanggit ko ito sa kanya,Nagsabi siya:Katotohanang sapat na sa iyo na idampi mo sa kamay mo ng ganito: pagkatapos ay idinampi niya ang dalawang kamay niya sa lupa ng isang beses,at pagkatapos ay pinunasan ng kaliwa ang kanan,at ang sa ibabaw ng palad niya at ang mukha niya)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinadala ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-si `Ammar bin Yaser-malugod si Allah sa kanya-sa isang paglalakbay

dahil ilang pangangailangan, Siya ay naging junub [sekswal na karumihan], wala siyang makitang tubig upang gawin niyang pampaligo, at hindi niya alam ang panuntunan ng Tayammum para sa mga junub. Ang alam lamang niya ay ang panuntunan nito para sa maliit na Hadath, Nagsumikap siya at inakala niya na tulad ng pagpahid gamit ang buhangin sa ilang bahagi ng [katawan] sa pagsasagawa ng wudhu, kapag ito ay maliit na Hadath, kaya nararapat na ang pagsasagawa ng tayammum mula sa pagiging junub, ay [ang pagpahid nito] sa pangkalahatang katawan, bilang paghahambing sa paggamit ng tubig. Kaya humiga siya sa buhangin hanggang sa mapahiran ang buong katawan [ng buhangin] at siya ay nagdasal, at nang dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at sa sarili niya ginawa ang bagay na ito-dahil ito ay mula sa kanyang sariling pagsusumikap-binanggit niya ito sa kanya, upang malaman niya kung siya ba ay tama o mali? Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sapat na sa iyo mula sa pagpahid mo sa iyong buong katawan ng lupa, ang pagdampi sa dalawang kamay mo sa lupa, ng isang beses lamang, pagkatapos ay punasan ng iyong kaliwa ang iyong kanan, at ang sa ibabaw ng palad mo at ang mukha mo, tulad ng pagsasagawa ng tayammum para sa wudhu

### **Benefits from the Hadith:**

(3461)

(116) - عن المغيرة بن شعبة رضي الله عنه قال: ((كنت مع النبيّ -صلى الله عليه وسلم- في سفر، فأهويت لأنزع خُفِّيهِ، فقال: دَعْهُمَا؛ فَإِنِّي أَدْخَلْتُهُمَا ظَاهِرَتَيْنِ، فَمَسَحَ عَلَيْهِمَا)). [صحيح] - [متفق عليه، واللفظ للبخاري]

(116) – Ayon kay Al-Mughirah bin Shu`bah, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: (( Kasama ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa paglalakbay niya, bumaba ako upang tanggalin ang dalawang Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop], Nagsabi siya: Hayaan mo silang dalawa, Sapagkat tunay na ipinasok ko silang dalawang na nasa loob ng kalinisan, Kaya nagpunas siya sa kanilang dalawa)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan. Ang pananalita ay kay Imām Al-Bukhāriy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Si Al-Mughirah-malugod si Allah sa kanya-ay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang [beses] sa paglalakbay niya-At ito ay ang paglalakbay niya sa Pangdarambong sa Tabuk-At nang ipinag-utos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa pagsasagawa ng Wudhu, At hinugasan niya ang mukha niya at dalawang kamay niya, At nagpunas siya sa ulo niya, Bumaba si Al-Mughirah sa Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop] ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang tanggalin niya ito para sa paghuhugas ng dalawang paa. Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Panatilihin ninyo silang dalawa at huwag mo silang tanggalin, Sapagkat tunay na ipinasok ko ang paa ko sa dalawang Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop] at ako ay nasa ilalim ng kalinisan. Kaya nagpunas ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa dalawang Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop] niya, kapalit ng paghugas sa dalawang paa niya, At gayundin ang mga medyas at ang mga tulad pa nito, Isasagawa sa kanila ang panuntunan ng Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop]

## Benefits from the Hadith:

(3014)

(117) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِذَا وَجَدَ أَحَدُكُمْ فِي بَطْنِهِ شَيْئًا، فَأَشْكَلَ عَلَيْهِ أَخْرَجَ مِنْهُ شَيْءٌ أَمْ لَا، فَلَا يَخْرُجَنَّ مِنَ الْمَسْجِدِ حَتَّى يَسْمَعَ صَوْتًا، أَوْ يَجِدَ رِيحًا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(117) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag nakaramdam ang isa sa inyo sa tiyan niya ng anuman saka nagpasuliranin sa kanya kung may lumabas ba mula sa kanya na anuman o wala, huwag nga siyang lalabas mula sa masjid hanggang sa makarinig siya ng isang tunog o makatagpo ng isang amoy."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag may nagpapabalik-balik na anuman sa tiyan ng tagapagsagawa ng ṣalāh ngunit nakalito sa kanya kung may lumabas ba sa kanya na anuman o wala, hindi siya lilisan sa pagsasagawa niya ng ṣalāh at puputol nito para mag-ulit ng wuḍū', hanggang sa makatiyak siya sa pagkakaroon ng ḥadath na tagasira ng wuḍū' niya dahil sa pagkarinig ng tunog ng utot o pagkaamoy ng baho dahil ang natitiyak ay hindi nagpapawalang-saysay rito ang pagdududa habang siya ay nakatiyak nga sa ṭahārah at ang ḥadath ay pinagdududahan.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang ḥadīth na ito ay isang batayan kabilang sa mga batayan ng Islām at isang tuntunin kabilang sa mga tuntunin ng fiqh: na ang katiyakan ay hindi naglalaho dahil sa pagdududa. Ang batayang panuntunan ay ang pananatili ng dating anuman sa



dating anuman, hanggang sa makatiyak sa kasalungatan niyon.

2. Ang pagdududa ay hindi nakaaapekto sa taharah at ang tagapagsagawa ng ṣalāh ay nananatili sa ṭahārah niya hanggat hindi siya nakatiyak ng ḥadath.

(65083)

(118) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: إِنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِذَا شَرِبَ الْكَلْبُ فِي إِنَاءٍ أَحَدِكُمْ فَلْيَغْسِلْهُ سَبْعًا».

ولمسلم: «أَوْلَاهُنَّ بِالْثَرَابِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(118) – Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag uminom ang aso sa lalagyan ng isa sa inyo, hugasan niya ito nang pitong ulit."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paghuhugas ng lalagyan nang pitong ulit kapag nagpasok dito ang aso ng dila nito, na ang una sa mga ito ay nasasamahan ng alabok upang ilapat ang tubig matapos nito para matamo ang ganap na kalinisan mula sa karumihan nito at pinsala nito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang laway ng aso ay marumi (najis) ayon sa karumihang minarubdob.
2. Ang pagdila ng aso sa lalagyan ay nagpaparumi rito at nagpaparumi sa tubig na nasa loob nito.

3. Ang pagdadalisay sa pamamagitan ng alabok at ang pag-uulit nang pitong ulit ay natatangi sa pagdadalisay mula sa pagdila nito hindi sa pag-ihing nito, pagdumi nito, at nalalabi sa pinarumi ng aso.
4. Ang pamamaraan ng paghuhugas ng lalagyan sa pamamagitan ng alabok ay maglagay sa lalagyan ng tubig at idadagdag dito ang alabok. Pagkatapos huhugasan ang lalagyan sa pamamagitan ng pinaghalong [tubig at alabok na] ito.
5. Ang hayag na kahulugan ng ḥadīth ay na ito ay lumalahat sa lahat ng mga aso, pati na sa mga aso na nagpahintulot ang Tagapagbatas ng pag-aalaga ng mga ito, tulad ng mga aso ng pangangaso, pagbabantay, at pagpapastol.
6. Ang sabon at ang detergent ay hindi magagamit na pamalit sa alabok dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tumukoy sa alabok.

(3143)

(119) - عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِذَا قَالَ الْمُؤَدِّنُ: اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ، فَقَالَ أَحَدُكُمْ: اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ، ثُمَّ قَالَ: أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، قَالَ: أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، ثُمَّ قَالَ: أَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، قَالَ: أَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ، ثُمَّ قَالَ: حَيَّ عَلَى الصَّلَاةِ، قَالَ: لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، ثُمَّ قَالَ: حَيَّ عَلَى الْفَلَاحِ، قَالَ: لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، ثُمَّ قَالَ: اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ، قَالَ: اللَّهُ أَكْبَرُ اللَّهُ أَكْبَرُ، ثُمَّ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مِنْ قَلْبِهِ دَخَلَ الْجَنَّةَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(119) – Ayon kay `Umar bin Al-Khattāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag nagsabi ang mu`adhdhin ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila, si Allāh ay pinakadakila.) saka nagsabi naman ang isa sa inyo ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar; pagkatapos [kapag] nagsabi ng: Ashhadu an lā ilāha illa –llāh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh) [saka] nagsabi naman siya ng: Ashhadu an lā ilāha illa –llāh; pagkatapos [kapag] nagsabi ng: Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu –llāh (Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh) [saka] nagsabi naman siya ng: Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu –llāh; pagkatapos [kapag] nagsabi ng: Ḥayya `ala –ṣṣalāh (Halina sa ṣalāh) [saka] nagsabi naman siya ng: Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh); pagkatapos [kapag] nagsabi ng: Ḥayya `ala –falāḥ (Halina sa tagumpay) [saka] nagsabi naman siya ng: Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh); pagkatapos [kapag] nagsabi ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar [saka] nagsabi naman siya ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar; pagkatapos [kapag] nagsabi ng: lā ilāha illa –llāh [saka] nagsabi naman siya ng: lā ilāha illa –llāh, matapos niyon; papasok siya sa Paraiso."}

[Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang adhān ay ang pagpapahayag sa mga tao ng pagsapit ng oras ng ṣalāh. Ang mga pangungusap ng adhān ay mga pangungusap na sumasaklaw sa paniniwala ng Pananampalataya.

Sa ḥadīth na ito, nilinaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang isinasabatas sa sandali ng pagkarinig ng adhān: na magsabi ang nakaririnig ng tulad ng sinasabi ng mu'adhdhin. Kaya kapag nagsabi ang mu'adhdhin ng: Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila), magsasabi ang nakaririnig ng: Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila). Gayon nga, maliban sa sandali ng pagsabi ng mu'adhdhin ng: Ḥayya `ala –ṣṣalāh (Halina sa ṣalāh) at Ḥayya `ala –falāh (Halina sa tagumpay) sapagkat magsasabi ang nakaririnig ng: Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh).

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nag-ulit-ulit, kasama ng mu'adhdhin, nang wagas mula sa puso niya, papasok siya sa Paraiso.

Ang mga Kahulugan ng mga Pananalita ng Adhān: Ang "Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)" ay nangangahulugang: si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay pinakadakila, pinakakapi-pitagan, at pinakamalaki kaysa sa bawat anuman.

Ang "Ashhadu an lā ilāha illa –llāh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh)" ay nangangahulugang: walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh.

Ang "Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu –llāh (Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh)" ay nangangahulugang: kumikilala ako at sumasaksi ako sa pamamagitan ng dila ko at puso ko na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, na nagsugo sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at kinakailangan ang pagtalima sa kanya.

Ang "Ḥayya `ala –ṣṣalāh (Halina sa ṣalāh)" ay nangangahulugang halikayo sa ṣalāh. Ang sabi naman ng nakaririnig ng "Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa

pamamagitan ni Allāh)" ay nangangahulugang walang kaparaanan sa pagkaalpas sa mga tagapigil ng pagtalima, walang lakas sa paggawa nito, at walang kakayahan sa anuman sa mga bagay kundi sa pamamagitan ng paggabay ni Allāh (napakataas Siya).

Ang "Ḥayya `ala –falāḥ (Halina sa tagumpay)" ay nangangahulugang halikayo kayo sa kadahilanan ng tagumpay: ang pagtamo ng Paraiso at kaligtasan sa Impiyerno.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng pagsagot sa mu'adhdhin ng tulad sa sinasabi niya, maliban sa dalawang Ḥayya sapagkat magsasabi ng "Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh)".

(65086)

(120) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا أَنَّهُ سَمِعَ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «إِذَا سَمِعْتُمُ الْمُؤَدَّنَ فَقُولُوا مِثْلَ مَا يَقُولُ، ثُمَّ صَلُّوا عَلَيَّ، فَإِنَّهُ مَنْ صَلَّى عَلَيَّ صَلَاةً صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ بِهَا عَشْرًا، ثُمَّ سَلُوا اللَّهَ لِي الْوَسِيلَةَ، فَإِنَّهَا مَنزِلَةٌ فِي الْجَنَّةِ، لَا تَنْبَغِي إِلَّا لِعَبْدٍ مِنْ عِبَادِ اللَّهِ، وَأَرْجُو أَنْ أَكُونَ أَنَا هُوَ، فَمَنْ سَأَلَ لِي الْوَسِيلَةَ حَلَّتْ لَهُ الشَّفَاعَةُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(120) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kapag nakarinig kayo ng [adhān ng] mu'adhdhin, magsabi kayo ng tulad ng sinasabi niya. Pagkatapos dumalangin kayo ng basbas para sa akin sapagkat tunay na ang sinumang dumalangin para sa akin ng isang basbas, magbabasbas si Allāh sa kanya dahil doon ng sampung [basbas]. Pagkatapos hilingin ninyo kay Allāh para sa akin ang Kaparaanan sapagkat tunay na ito ay isang katayuan sa Paraiso, na hindi nararapat kundi para sa isang lingkod kabilang sa mga lingkod ni Allāh. Umaasa ako na ako ay maging siya; sapagkat ang sinumang humiling para sa akin ng Kaparaanan, mauukol para sa kanya ang Pamamagitan."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nakarinig sa mu'adhdhin para sa ṣalāh, na mag-ulit-ulit siya matapos nito, kaya magsasabi siya ng tulad sa sabi nito, maliban sa dalawang "Ḥayya" sapagkat tunay na siya ay magsasabi, matapos ng dalawang ito, ng: "Lā ḥawla walā qūwata illā bi-llāh (Walang pagpapakilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh)." Pagkatapos dadalangin siya para sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ng basbas matapos kaagad ng pagwawakas ng adhān sapagkat tunay na ang sinumang dumalangin para sa kanya ng iisang basbas ay magbabasbas si Allāh sa kanya dahil doon ng sampung

basbas. Ang kahulugan ng basbas ni Allāh sa lingkod Niya ay ang pagpapapuri Niya sa lingkod sa piling ng mga anghel.

Pagkatapos nag-utos ang Propeta na hilingin kay Allāh ang Kaparaanan para sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na isang katayuan sa Paraiso, na siyang pinakamataas doon. Hindi naaangkop at hindi nagiging madali ang katayuang iyon kundi para sa iisang lingkod mula sa lahat ng mga lingkod ni Allāh. Nagsabi siya: "Umaasa ako na ako ay maging siya mismo." Nagsabi lamang siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) niyon bilang pagpapakumbaba dahil kapag ang mataas na katayuang iyon ay hindi nagiging ukol kundi sa iisa, ang iisang iyon ay walang iba kundi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil siya ay ang pinakamainam na nilikha.

Pagkatapos naglinaw ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang dumalangin ng pagtamo ng Kaparaanan para sa kanya, matatamo para sa kanya ang Pamamagitan ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan).

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pagtugon sa mu'adhdhin.
2. Ang kainaman ng pagdalangin ng basbas para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) matapos ng pagsagot sa mu'adhdhin.
3. Ang paghimok sa paghiling ng Kaparaanan para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) matapos ng pagdalangin ng basbas para sa kanya.
4. Ang paglilinaw sa kahulugan ng Kaparaanan at kataasan ng pumapatungkol dito yayamang hindi naaangkop ito kundi sa iisang lingkod.
5. Ang paglilinaw sa kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang itinangi siya sa mataas na katayuang iyon.

6. Ang sinumang humiling kay Allāh ng Kaparaanan para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), mauukol para sa kanya ang Pamamagitan.
7. Ang paglilinaw sa pagpapakumbaba ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang humiling siya sa Kalipunan niya ng pagdalangin para sa kanya ng katayuang iyon, gayong ito naman ay magiging para sa kanya.
8. Ang lawak ng kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya sapagkat ang magandang gawa ay tinutumbasan ng sampung tulad nito.

(65087)



(121) - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «مَنْ قَالَ حِينَ يَسْمَعُ التَّدَاءَ: اللَّهُمَّ رَبِّ هَذِهِ الدَّعْوَةُ التَّامَّةُ، وَالصَّلَاةُ الْقَائِمَةُ، آتِ مُحَمَّدًا الْوَسِيلَةَ وَالْفَضِيلَةَ، وَأَبْعَثْهُ مَقَامًا مُحَمَّدًا الَّذِي وَعَدْتُهُ، حَلَّتْ لَهُ شَفَاعَتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(121) – Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang panawagan, ng: Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmāti wa-ṣṣalāti -lqā`imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa-lfaḍīlah, wa-b`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa`attahu (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang lubos at ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan at ang kalamangan at buhayin Mo siya sa katayuang pinapupurihan, na ipinangako Mo), dadapo sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi, kapag nakaririnig sa mu'adhdhin matapos na magwakas ito mula roon, ng sumusunod:

"Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang)" na mga pananalita ng adhān na ipinananawagan sa pagsamba kay Allāh at ṣalāh; "[a]ttāmmāti (ganap)" lubos, ang panawagan ng Tawhīd at Pasugo. "wa-ṣṣalāti -lqā`imah (at ṣalāh na isasagawa)" palagian na isasagawa. "āti muḥammadani -lwasīlata (ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan)" at ang katayuang mataas sa Paraiso na hindi nararapat kundi sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). "wa-lfaḍīlah (at ang kalamangan)" ang antas na nakahihigit sa mga antas ng mga nilikha. "wa-b`athhu (buhayin Mo siya) at bigyan Mo siya. "maqāmam maḥmūdān (sa katayuang

pinapupurihan)" na pupurihin ang tatayo roon, ang pinakadakilang Pamamagitan sa Araw ng Pagbangon. "[a]lladhī wa`attahu (na ipinangako Mo)" sa sabi Mo (Qur'ān 17:79): {marahil buhayin ka ng Panginoon mo sa isang katayuang pinapupurihan} dahil ito ay magiging ito ay ukol sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Kaya ang sinumang dumalangin ng panalanging ito, naging karapat-dapat siya at nangindapat sa kanya ang Pamamagitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Araw ng Pagbangon.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkaisinasabatas ng panalanging ito matapos ng pagkatapos ng pag-uulit-ulit matapos ng mu'adhdhin. Ang sinumang hindi nakarinig ng adhān, tunay na siya ay hindi magsasabi nito.
2. Ang kalamangan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay yayamang ibinigay sa kanya ang kaparaanan, ang kalamangan, ang katayuang pinapupurihan, at ang Pamamagitan pinakadakila sa pagpapasya sa pagitan ng mga nilikha.
3. Ang pagpapatibay sa Pamamagitan para sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa sabi niya: {dadapo sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon.}
4. Ang Pamamagitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay para sa mga may malalaking kasalanan kabilang sa Kalipunan niya alang-alang sa hindi pagpasok sa Impiyerno o para sa mga pumasok doon upang lumabas sila mula roon o alang-alang sa pagpasok sa Paraiso nang walang pagtutuos o sa pag-angat ng mga antas ng mga pumasok doon.
5. Nagsabi si Aṭ-Ṭaybīy: Mula sa simula nito hanggang sa pagsabi ng: "Muḥammadar rasūlu -llāh (si Muḥammad ay

Sugo ni Allāh)" ang panawagang lubos. Ang pagsabi ng: "Ḥayya `ala -ṣṣalāh, ḥayya `ala -lḥalāh (Halika sa pagdarasal, halika sa tagumpay)" ay ang ṣalāh na nananatili sa sabi ni Allāh: "nagpapanatili ng pagdarasal." Naisasapossibilidad na ang tinutukoy sa ṣalāh ay ang pagdalangin at sa nananatili ay ang namamalagi batay sa kahulugang nanatili sa anuman kapag namalagi rito. Naisasapossibilidad din na ang tinutukoy sa ṣalāh ay ang nakasanayang ipinananawagan sa sandaling iyon, na siyang pinakahayag.

6. Nagsabi si Al-Muhallab: Sa ḥadīth ay may paghimok sa pagdalangin sa mga oras ng mga ṣalāh dahil ito ay ang kalagayan ng pag-asa ng pagtugon [ni Allāh].

(10635)

(122) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «الدعاء بين

الأذان والإقامة لا يرد». [صحيح] - [رواه النسائي وابن حبان]

(122) – Ayon kay Anas bin Malik-malugod si Allah sa kanya-buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-;(( Ang pananalangin sa pagitan ng Azan at Iqamah ay hindi natatangian)),(( Ang pananalangin sa pagitan ng Azan at Iqamah ay hindi natatangian)) [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'y]

### Ang pagpapaliwanag:

Pinapatunayan sa Hadith na ito ang kainaman ng pananalangin sa pagitan ng Azan At Iqamah, Sinuman ang mabiyayaan na manalangin at sinang-ayunan ito sa kanya, tunay na inibig para sa kanya ang kabutihan ay inibig para sa kanya ang Pagtugon. At kaibig-ibig ang pananalangin sa mga oras na ito, Sapagkat ang mga tao, habang nanatili siya sa paghihintay ng Pagdarasal, itinuturing na siya nasa ilalim na ng pagdarasal. At ang pagdarasal ay oras ng pagtugon sa mga

panalangin,Dahil ang alipin ay nananalangin sa Panginoon niya rito,Kaya't ang oras na ito,para sa mga Muslim ay nararapat na magsipag sa pananalangin rito.

## Benefits from the Hadith:

(5479)

(123) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: أتى النبي صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ رَجُلٌ أَعْمَى، فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللهِ، إِنَّهُ لَيْسَ لِي قَائِدٌ يَقُودُنِي إِلَى الْمَسْجِدِ، فَسَأَلَ رَسُولَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ أَنْ يُرَخِّصَ لَهُ فَيُصَلِّيَ فِي بَيْتِهِ، فَرَخَّصَ لَهُ، فَلَمَّا وَلَّى دَعَاهُ، فَقَالَ: «هَلْ تَسْمَعُ التَّدَاءَ بِالصَّلَاةِ؟» فَقَالَ: نَعَمْ، قَالَ: «فَأَجِبْ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(123) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking bulag saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na wala akong isang tagaakay na aakay sa akin patungo sa masjid." Kaya humiling ito sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magpahintulot siya rito para magdasal ito sa bahay nito. Kaya nagpahintulot siya rito ngunit noong nakalisan ito ay tinawag niya ito saka nagsabi siya: "Naririnig mo ba ang panawagan sa pagdarasal?" Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya tugunin mo."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

May pumuntang isang lalaking bulag sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, wala sa akin ang sinumang makaaalalay sa akin at hahawak sa kamay ko patungo sa masjid sa limang pagdarasal." Nagnanais ito na magpahintulot dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-iwan sa kongregasyon. Nagpahintulot naman siya rito ngunit noong tumalikod ito ay nanawagan siya rito saka nagsabi siya: "Naririnig mo ba ang

adhān ng ṣalāh?" Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya tugunin mo ang tagapanawagan sa ṣalāh." }

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkakinakailangan ng ṣalāh sa kongregasyon dahil ang pahintulot ay hindi nagiging ukol kundi dahil sa isang bagay na tungkulin at kinakailangan.
2. Ang sabi niya na: "Kaya tugunin mo" sa sinumang nakaririnig ng panawagan ay nagpapatunay sa pagkakinakailangan ng ṣalāh sa kongregasyon dahil ang pangunahing panuntunan sa pag-uutos ay para sa pagkakinakailangan.

(11287)

(124) - عن جابر رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَثَلُ الصَّلَوَاتِ الْخَمْسِ كَمَثَلِ نَهْرِ جَارٍ غَمْرٍ عَلَى بَابٍ أَحَدِكُمْ يَغْتَسِلُ مِنْهُ كُلَّ يَوْمٍ خَمْسَ مَرَّاتٍ».

وعن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «أَرَأَيْتُمْ لَوْ أَنَّ نَهْرًا بِبَابِ أَحَدِكُمْ يَغْتَسِلُ مِنْهُ كُلَّ يَوْمٍ خَمْسَ مَرَّاتٍ، هَلْ يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ؟» قالوا: لا يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ، قال: «فَذَلِكَ مَثَلُ الصَّلَوَاتِ الْخَمْسِ يَمْحُو اللَّهُ بِهِنَّ الْحَطَايَا». [صحيح] - [حديث جابر - رضي الله عنه -: رواه مسلم - حديث أبي هريرة - رضي الله عنه -: متفق عليه]

(124) – Mula kay Jabeer (malugod si Allah sa kanya) na nagsabi: na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan): ((Ang katulad ng limang beses na salah ay katulad ng malaking sapah na umaagos sa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito ng limang beses sa isang araw)). At ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allah sa kanya) na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ng Allah nagsabi: ((Nakita niyo ba kapag ang sapa ay nasa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito ng limang beses sa isang araw mayroon pa kayang matitira na dumi sa kanya?)) Sabi nila: Wala ng dumi matitira sa kanya. Sabi niya: ((Ganon din ang katulad ng limang salah ay kanyang buburahin ang mga kasalanan)). [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

"Inihalintulad ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ang Danas Ma'nawi (makahulugang dumi i.e: kasalanan) sa Danas Hissiy (makikitang dumi i.e: dumi ng tao o hayop), sa ganon kapag ang pag-ligo ng limang beses sa isang araw ay makakaalis ng dumi sa katawan gayundin ang limang salah sa isang araw makakaalis at makakatanggal din mga kasalanan".

### Benefits from the Hadith:

(4968)

(125) - عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: (سَأَلْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: أَيُّ الْعَمَلِ أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ؟ قَالَ: الصَّلَاةُ عَلَى وَقْتِهَا. قُلْتُ: ثُمَّ أَيُّ؟ قَالَ: بِرُّ الْوَالِدَيْنِ. قُلْتُ: ثُمَّ أَيُّ؟ قَالَ: الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ. قَالَ: حَدَّثَنِي بِهِنَّ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ وَلَوْ اسْتَزَدْتُهُ لَزَادَنِي). [صحيح] - [متفق عليه]

(125) – Ayon kay Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: (( Tinanong ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Alin sa mga gawain ang kaibig-ibig para kay Allah? Nagsabi siya: Ang pagdarasal sa oras nito,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pagiging mabuti sa mga magulang,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pakikibaka sa landas ni Allah. Nagsabi siya: Sinabi sa akin ito ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kung hiniling ko lang na dagdagan pa niya ako,tunay na magdadagdag pa siya sa akin) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Tinanong ni Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya- ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-tungkol sa paniniwala kay Allah,Alin sa mga ito ang kaibig-ibig kay Allah-Pagkataas-taas Niya? At sa bawat gawain na maging kaibig-ibig para kay Allah,ang gantimpala nito ay higit na marami,Nagsabi siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang pagpapahayag: Ang kaibig-ibig rito para kay Allah-pagkataas-taas Niya,ay ang isisatungkuling pagdarasal sa mga oras nito,na siyang itinakda ng Batas ng Islam,sapagkat napapaloob rito ang pag-uunahan ng pagtugon sa panawagan ni Allah-pagkataas-taas Niya-at pagsasatupad ng kautusan Niya,at ang pangangalaga sa dakilang pagsasatungkuling ito.At kabilang sa pagnanais niya-malugod si Allah sa kanya-sa mga kabutihan,Hindi siya tumigil rito,datapuwat ay itinanong niya ang ikalawang bahagi,mula sa kina-iibigan ni Allah -pagkataas-taas Niya-,at nagsabi siya: Ang

pagiging mabuti sa mga magulang.Sapagkat ang una ay tunay na walang halong karapatan ni Allah,at ito naman ay walang halong karapatan ng mga magulang,At ang karapatan ng mga magulang ay sumusunod pagkatapos ng karapatan ni Allah,datapuwat tunay sa Kaluwalahatian Niya,na kabilang sa pagdadakila Niya rito,ay pinagdugtong Niya ang karapatan at pagiging mabuti sa kanilang dalawa sa Kaisahan Niya [ sa Pagsamba] sa mga talata ng maluwalhating Qur-an,Ito ay dahil sa obligadong tungkulin para sa kanilang dalawa,bilang kapalit sa paghihirap nila na naging dahilan ng pagkabuhay mo,paglaki mo,pagpapakain sa iyo,at ng pag-aalaga at pagmamahal nilang dalawa para sa iyo.Pagkatapos tunay na siya-malugod si Allah sa kanya-ay nagpadagdag sa taong hindi maramot,tungkol sa susunod na bahagi mula sa pagkakasunod ng mabubuting gawaing ito,Nagsabi siya: Ang pakikibaka sa landas ni Allah-sapagkat ito ang pinakamataas na umbok ng Islam at haligi nito,kung saan ay hindi maisasagawa [ang Islam] maliban rito,at dahil rito ay mananaig ang salita ni Allah at maipapalaganap ang relihiyon Niya,at ang pag-iwan rito-Ang pagpapakupkop ay sa Allah-ay katumbas ng pagguho ng Islam,at pagkasira ng mga tao nito,at pagtanggap sa kadakilaan nila,at pag-agaw sa pinaghaharian nila,at pagbagsak ng mga pinuno nila at mga bansa nila,At siya ang tunay na inoobliga sa bawat Muslim,Sapagkat sinuman ang hindi nakapagdarambong,at hindi niya nilayun sa kanyang sarili na makipagdarambong,siya ay mamatay sa grupo ng mga impustor.

### **Benefits from the Hadith:**

(3365)



(126) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم كان يقول: «الصَّلَاةُ الْخَمْسُ، وَالْجُمُعَةُ إِلَى الْجُمُعَةِ، وَرَمَضَانُ إِلَى رَمَضَانَ، مُكْفَرَاتٌ مَا بَيْنَهُنَّ إِذَا اجْتَنَبَ الْكَبَائِرَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(126) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi: "Ang limang dasal, ang Biyernes hanggang sa Biyernes, at ang Ramadān hanggang sa Ramadān ay mga tagatakip-sala sa pagitan ng mga ito kapag umiwas sa malalaking kasalanan."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang limang dasal na isinasatungkulin sa araw at gabi, ang dasal sa Biyernes sa bawat linggo, at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadān sa bawat taon ay mga tagatakip-sala ng nasa pagitan ng mga ito na maliliit na mga pagkakasala ayon sa kundisyon ng pag-iwas sa malalaking kasalanan. Hinggil sa malalaking kasalanan gaya ng pangangalunya at pag-inom ng alak, hindi natatakpan-sala ang mga ito kundi sa pamamagitan ng pagbabalik-loob (tawbah).

### Benefits from the Hadith:

1. Ang mga pagkakasala ay mayroon sa mga ito na maliliit at mayroon sa mga ito na malalaki.
2. Ang pagtatakip-sala sa maliliit na kasalanan ay kinukundisyunan ng pagkaiwas sa malalaking kasalanan.
3. Ang malalaking kasalanan ay ang mga pagkakasala na may nasaad kaugnay sa mga ito na isang takdang parusa sa Mundo o may dumating kaugnay sa mga ito na isang banta sa Kabilang-buhay ng pagdurusa o galit ni Allāh, o nagkaroon

dito ng isang pagbibigay-banta o isang pagsumpa sa tagagawa ng mga ito, gaya ng pangangalunya at pag-inom ng alak.

(3591)

(127) - عن عمرو بن شعيب، عن أبيه، عن جده رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مُرُوا أَوْلَادَكُمْ بِالصَّلَاةِ وَهُمْ أَبْنَاءُ سَبْعِ سِنِينَ، وَاضْرِبُوهُمْ عَلَيْهَا، وَهُمْ أَبْنَاءُ عَشْرِ، وَفَرَّقُوا بَيْنَهُمْ فِي الْمَضَاجِعِ».

وعن أبي ثرية سبرة بن معبد الجهني رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «عَلِّمُوا الصَّبِيَّ الصَّلَاةَ لِسَبْعِ سِنِينَ، وَاضْرِبُوهُ عَلَيْهَا ابْنَ عَشْرِ سِنِينَ».

ولفظ أبي داود: «مُرُوا الصَّبِيَّ بِالصَّلَاةِ إِذَا بَلَغَ سَبْعَ سِنِينَ». [صحيح] - [حديث عبد الله - رضي الله عنه:- رواه أبو داود  
حديث سبرة - رضي الله عنه:- رواه الترمذي وأبو داود]

(127) – Mula kay Amr Bin Shu'ayb, mula sa kanyang tatay, mula sa kanyang lolo -Malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Utusan niyo ang inyong mga anak na mag-salah (magdasal) nang sila ay pitong taong gulang, at hampasin niyo sila alang-alang sa salah, nang sila ay sampung taong gulang, at hiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan)). At mula kay Abu Thariyah Sabrah Bin Ma'bad Al-juhaniy -Malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Turuan niyo ang bata ng pagsa-salah (pagdadasal) sa edad na pitong taong gulang, at hampasin niyo siya alang-alang sa salah sa edad na sampung taong gulang)). At ang salita ni Abu Dawud: ((Utusan niyo ang bata ng pagsa-salah (pagdadasal) kapag sila ay umabot ng pitong taong gulang)). [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

### Ang pagpapaliwanag:

Turuan niyo ang inyong mga anak lalaki at babae ng pagsasalah (pagdadasal) at utusan niyo sila kapag nakumpleto nila ang pitong taon na edad, at hampasin niyo sila alang-alang sa pag-sagawa sa kanya kung sila ay iiwas sa edad na sampu, at paghiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan".

## Benefits from the Hadith:

(5272)

(128) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: قَسَمْتُ الصَّلَاةَ بَيْنِي وَبَيْنَ عَبْدِي نِصْفَيْنِ، وَلِعَبْدِي مَا سَأَلَ، فَإِذَا قَالَ الْعَبْدُ: {الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ}، قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: حَمَدِي عَبْدِي، وَإِذَا قَالَ: {الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ}، قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: أَثْنَى عَلَيَّ عَبْدِي، وَإِذَا قَالَ: {مَا لِكَ يَوْمَ الدِّينِ}، قَالَ: مَجَّدَنِي عَبْدِي، - وَقَالَ مَرَّةً: فَوَضَّ إِلَيَّ عَبْدِي، -، فَإِذَا قَالَ: {إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ}، قَالَ: هَذَا بَيْنِي وَبَيْنَ عَبْدِي وَلِعَبْدِي مَا سَأَلَ، فَإِذَا قَالَ: {اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ، صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ}، قَالَ: هَذَا لِعَبْدِي وَلِعَبْدِي مَا سَأَلَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(128) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: {Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Hinati Ko ang ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati at ukol sa lingkod Ko ang hiniling nito." Kaya kapag nagsabi ang lingkod: {2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,}, magsasabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagpuri sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {3. ang Napakamaawain, ang Maawain,}, magsasabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagbunyi sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {4. ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}, magsasabi Siya: "Nagparingal sa Akin ang lingkod Ko." Nagsabi pa Siya minsan: "Nagpaubaya sa Akin ang lingkod Ko." Kapag naman nagsabi ito: {5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}, magsasabi Siya: "Ito ay sa pagitan Ko at ng lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya." Kapag naman nagsabi ito: {6. Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid: 7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, magsasabi Siya: "Ito ay ukol sa lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya) ay nagsabi sa banal na ḥadīth: "Hinati Ko ang Sūrah Al-Fātihah sa ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati: sa Akin ang unang kalahati nito at sa kanya ang ikalawang kalahati nito."

Ang unang kalahati nito ay pagpupuri, pagbubunyi, at pagpapingal para sa Akin, na gaganti Ako sa kanya dahil dito ng pinakamabuting ganti.

Ang ikalawang kalahati nito ay pagsusumamo at panalangin, na tutugon Ako sa kanya at magbibigay Ako sa kanya ng hiningi niya.

Kaya kapag nagsabi ang tagapagdasal: {Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,}, magsasabi si Allāh: "Nagpuri sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {ang Napakamaawain, ang Maawain,}, magsasabi si Allāh: "Nagbunyi sa Akin ang lingkod Ko sapagkat nagbunyi siya sa Akin at kumilala siya sa Akin ng pagkapanlahat ng pagbibiyaya Ko sa nilikha Ko." Kapag nagsabi ito: {ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas,}, magsasabi si Allāh: "Nagparingal sa Akin ang lingkod Ko." Ito ay ang malawak na karangalan.

Kapag naman nagsabi ito: {Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong,}, magsasabi si Allāh: "Ito ay sa pagitan Ko at ng lingkod Ko."

Ang unang kalahati mula sa talatang ito ay ukol kay Allāh: {Sa Iyo [lamang] kami sumasamba}. Ito ay isang pagkilala ng pagkadiyos kay Allāh at pagtugon sa pamamagitan ng pagsamba. Dito nagwawakas ang kalahati na ukol kay Allāh.

Ang ikalawang kalahati mula sa talata, na ukol sa lingkod: {sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong}, ay ang paghiling ng tulong mula kay Allāh at ang pangako Niya ng pagtulong.

Kapag naman nagsabi ito: {Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid: ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw,}, magsasabi si Allāh: "Ito ay isang

pagsusumamo at isang panalangin mula sa lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya at sumagot nga Ako."

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kadakilaan ng pumapatungkol sa Al-Fātiḥah sapagkat tumawag dito si Allāh (napakataas Siya) bilang ṣalāh.
2. Ang paglilinaw sa pagmamalasakit ni Allāh (napakataas Siya) sa lingkod Niya yayamang nagbunyi Siya rito dahil sa pagpupuri nito, pagbubunyi nito, pagpaparingal nito, at pangako rito na magbigay Siya rito ng hiningi nito.
3. Naglaman ang marangal na sūrah na ito ng papuri kay Allāh, pagbanggit sa kauuwian, panalangin kay Allāh, pagpapakawagas ng pagsamba sa Kanya, paghingi ng kapatnubayan tungo sa landasing tuwid, at pagbibigay-babala laban sa mga tinatahakan ng kabulaanan.
4. Ang pagsasadamdamin ng tagapagdasal sa ḥadīth na ito, kapag binigkas niya ang Al-Fātiḥah, ay nakadaragdag sa kataimtiman niya sa pagsasagawa ng ṣalāh.

(65099)

(129) – عن بريدة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ الْعَهْدَ الَّذِي بَيْنَنَا وَبَيْنَهُمُ الصَّلَاةُ، فَمَنْ تَرَكَهَا فَقَدْ كَفَرَ». [صحيح] - [رواه الترمذي والنسائي وابن ماجه وأحمد]

(129) – Ayon kay Buraydah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang kasunduan na nasa pagitan natin at nila ay ang ṣalāh. Kaya ang sinumang umiwan nito ay tumanggi ngang sumampalataya."} [Tumpak] - □

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kasunduan at ang tipan sa pagitan ng mga Muslim at ng nga iba sa kanila kabilang sa mga tagatangging sumampalataya at mga mapagpaimbabaw ay ang ṣalāh. Kaya naman ang sinumang nag-iwan nito ay tumanggi ngang sumampalataya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang bigat ng pumapatungkol sa ṣalāh at na ito ay ang tagapaghiwalay sa pagitan ng mananampalataya at tagatangging sumampalataya.
2. Ang pagkatibay ng mga patakaran ng Islām ayon sa nakalantad sa kalagayan ng tao hindi ayon sa nakakubli rito.

(65094)



(130) – عن جابر رضي الله عنه قال: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «إِنَّ بَيْنَ الرَّجُلِ وَبَيْنَ الشَّرْكِ وَالْكُفْرِ تَرْكُ الصَّلَاةِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(130) – Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na sa pagitan ng tao at ng shirk at kawalang-pananampalataya ay ang pag-iwan sa ṣalāh."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-iwan sa ṣalāh na isinatungkulin. Nagpabatid siya na sa pagitan ng tao at ng pagkasadlak sa shirk at kawalang-pananampalataya ay ang pag-iwan sa ṣalāh. Ang ṣalāh ay ang ikalawang haligi mula sa mga haligi ng Islām at ang pumapatungkol dito ay dakila sa Islām. Kaya ang sinumang nag-iwan nito habang nagkakaila sa pagkakinakailangan nito ay tumangging sumampalataya ayon sa pagkakaisa ng hatol ng mga Muslim. Kung nag-iwan siya nito nang lubusan dala ng pagwawalang-bahala at katamaran, siya ay tagatangging sumampalataya. Naipaabot ang pagkakaisa ng hatol ng mga Kasamahan doon. Kung siya naman ay nag-iiwan nito paminsan-minsan at nagdarasal paminsan-minsan, siya ay malalantad sa matinding bantang ito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kahalagahan ng ṣalāh at ang pangangalaga rito sapagkat ito ay ang tagapaghiwalay sa pagitan ng kawalang-pananampalataya at pananampalataya.
2. Ang matinding pagbibigay-babala laban sa pag-iwan sa ṣalāh at pagsasayang nito.

(131) - عن سالم بن أبي الجعد قال: قال رجل: ليتني صَلَّيْتُ فاسترحْتُ، فكأْتهم عابُوا ذلك عليه، فقال: سمعتُ رسولَ الله صلى الله عليه وسلم يقول: «يا بلالُ، أقيم الصَّلَاةَ، أرحنا بها».

[صحيح] - [رواه أبو داود]

(131) – Ayon kay Sālim bin Abī Al-Ja`d na nagsabi: {May nagsabing isang lalaki: "O kung sana ako ay nagdasal saka napahinga ako." Kaya para bang sila ay pumintas niyon sa kanya, kaya naman nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: 'O Bilāl, magsagawa ka ng iqāmah ng ṣalāh; magbigay-kapahingahan ka sa amin sa pamamagitan nito.'"} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

### Ang pagpapaliwanag:

May nagsabing isang lalaking kabilang sa mga Kasamahan: "O kung sana ako ay nagdasal saka napahinga ako." Kaya para bang ang mga nasa paligid niya ay pumintas niyon sa kanya, kaya naman nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: O Bilāl, manawagan ka ng adhān ng ṣalāh at magsagawa ka ng iqāmah nito upang mapahinga kami sa pamamagitan nito." Iyon ay dahil sa dulot nito na pakikipagniig kay Allāh (napakataas Siya) at kapahingahan para sa kaluluwa at puso.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kapahingahan ng puso ay sa pamamagitan ng ṣalāh dahil sa dulot nito na pakikipagniig kay Allāh (napakataas Siya).
2. Ang pagmamasama sa sinumang nagtatamad-tamara sa pagsamba.
3. Ang sinumang gumanap ng tungkulin na kailangan sa kanya at nagpawalang-kinalaman sa pagpapanagot nito sa kanya,

may mangyayari sa kanya dahil doon na isang kapahingahan at isang pagkaramdam ng kapanatagan.

(65095)

(132) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: كان رسول الله صلى الله عليه وسلم إذا كَبَّرَ في الصلاة سكت هُنَيْهَةً قبل أن يقرأ، فقلت: يا رسول الله، بأبي أنت وأمي، أَرَأَيْتَ سُكُوتَكَ بين التكبير والقراءة: ما تقول؟ قال: أقول: اللَّهُمَّ باعد بيني وبين خطاياي كما باعدت بين المشرق والمغرب. اللَّهُمَّ نَقِّني من خطاياي كما يُنَقَّى الثوب الأبيض من الدَّنَسِ. اللَّهُمَّ اغْسِلْني بالماء والثلج والبرد. [صحيح] - [متفق عليه]

(132) - Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Siya ay nagsabi: Ang Sugo ni Allah-pagpaalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag siya ay Nagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] sa pagdarasal, tumatahimik siya ng panandalian, bago siya magbasa, Nagsabi siya: O Sugo ni Allah, Sa Ama ko, Ikaw At sa Ina ko, Nakikita ko ang pagtahimik mo sa pagitan ng pagbibigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa: Ano ang sinasabi mo? Nagsabi siya: Sinasabi kong: O Allah, ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahilintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran. O Allah! Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala, kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi, O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig, at yelo [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta-pagaalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag siya ang nagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] sa pagdarasal nang Takbiratil Ihram, Hinihinaan niya ang boses niya sa maikling oras bago niya basahin ang Al-Fatihah. At ang mga kasamahan ng Propeta ay nalalaman nila mayroon siya siyang sinasabi sa pagtahimik [niyang

ito],Ito ay dahil sa ang lahat ng pagdarasal ay pag-aalaala,walang pagtahimik rito na hindi naririnig,O mula sa mga galaw ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nalalaman nilang siya [sa mga sandaling ito] ay nagbabasa.At dahil sa pagsusumikap ni Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-sa kaalaman at Sunnah,Nagsabi siya:Isasakripisyo ko sa iyo O Sugo ni Allah,ang ama ko at ina ko,Ano ang sinasabi mo sa pagtahimik na ito,sa pagitan ng pagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa? Nagsabi siya: Sinasabi kong: " O Allah,ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahalintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran.O Allah! Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala,kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi,O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig,at yelo." At ito ay pananalangin sa ganap na pagkakataon,sa Marangal na kinatatayuan ito,sa kinatatayuang pananalangin,Dahil ang nagdarasal ay humaharap kay Allah-Pagkataas-taas Niya-upang burahin ang mga kasalanan niya,at upang ilayo siya sa pagitan niya at pagitan nito nang layong,hindi na niya ito makakatagpo.Tulad ng hindi pagkakatagpo sa pagitan ng Silangan at Kanluran ,magpakailanman,At ang tanggalin sa kanya ang mga kasalanan at kamalian at dalisayin ito sa kanya,kahalintulad ng pagtanggap sa dumi mula sa puting tela,At ang linisin sa kanya ang mga kasalanan niya,at palamigin sa naglalagablab nito at init nito,-sa pamamagitan ng mga lamig na ito;Ang tubig,neyebe at yelo,Ang mga ito ay paghahalintulad sa ganap na mga halimbawa.At sa pamamagitan ng panalanging ito,matatanggal sa kanya ang mga bakas ng mga kasalanan,tatayo siya sa harapan ni Allah-Kamahalmahalan Siya at Kapita-pitagan,sa pinaka ganap na kalagayan,At ang pinaakamainam ay gawin ng tao ang lahat ng tumpak na pambungad na naisalaysay.Gawin niya ito minsan ,at gawin niya [ang iba] minsan,Kahit pa ang Hadith na ito ni Abe Hurayrah ang siyang pinakatumpak nito.Si Allah ang higit na nakaka-alam.

## **Benefits from the Hadith:**

(133) - عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما أن النبي صلى الله عليه وسلم كان يرفع يديه حَذْوً مَنْكِبَيْهِ إِذَا افْتَتَحَ الصَّلَاةَ، وَإِذَا كَبَّرَ لِلرُّكُوعِ، وَإِذَا رَفَعَ رَأْسَهُ مِنَ الرُّكُوعِ رَفَعَهُمَا كَذَلِكَ، وَقَالَ: سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ، وَكَانَ لَا يَفْعَلُ ذَلِكَ فِي السُّجُودِ. [صحيح] - [متفق عليه]

(133) – Ayon kay `Abdullah Ibn 'Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay nagtataas sa dalawang kamay niya sa tapat ng dalawang balikat niya, kapag siya ay nagbubukas ng pagdarasal,at gayundin kapag siya ay nagbibigkas ng [Allahu Akbar] Ang Allah ay dakila,para sa pagyuko.At kapag itinaas niya ang ulo niya mula sa pagyuko,gayundin ay itinataas niya ang dalawang[kamay niya],at Nagsasabi siya:Naway dinggin ni Allah ang sinumang pumuri sa Kanya,O Panginoon namin, Ang lahat ng Papuri ay ukol sa Iyo. At hindi niya ito ginagawa sa pagpapatirapa. [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang pagdadasal ay isang dakilang pagsamba,ang bawat bahagi sa katawan ay may nakatalagang ginagawang pagsamba,at kabilang dito ay ang dalawang kamay,Sa kanilang dalawa ay may mga tungkulin,kabilang dito ay ang pagtaas sa kanila sa Takbiratul Ihram bilang palamuti sa pagdarasal,at ang pagbigkas ng Allahu Akbar " Ang Allah ay dakila" ay napapaloob dito ang Mataas na Kapangyarihan at Mataas na Katangian para kay Allah,At "Ang Allah ay Dakila" Napapaloob dito ang Mataas na Pagtatakda ni Allah,At ang pagtaas sa dalawang kamay ay hanggang sa tapat ng dalawang balikat,at gayundin ang pagtaas sa kanilang dalawa para sa pagyuko,sa lahat ng pagtindig,At [gayundin] kapag itinaas niya ang kanyang ulo mula sa pagyuko sa bawat pagtindig,At sa Hadith na ito ay paghahayag mula sa tagasalaysay: Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-

ay hindi niya ito ginagawa sa pagpapatirapa,sapagkat ito ay pananaog at pagbaba

## Benefits from the Hadith:

(3095)

(134) - عن عُبَادَةَ بْنِ الصَّامِتِ رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «لا صلاة لمن لم يقرأ بفاتحة الكتاب». [صحيح] - [متفق عليه]

(134) – Ayon kay `Ubbadah bin Samit-malugod si Allah sa kanya-buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay Nagsabi: ((Walang Dasal sa sinumang hindi magbasa ng Pambungad ng Aklat))  
[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Kabanata ng Fatihah ito ang Ina ng Qur-an at ang Kaluluwa nito,sapagkat nabuo nito ang iba`t-ibang uri ng Pagpupuri at ang Mataas na Katangian kay Allah-Pagkataas-taas Niya,at Pagpapanatili ng Pamamahala at ng Kapangyarihan at ng Kabilang-Buhay at ng Paghuhukom at ng Pagsamba at ng Katarungan,At ito ang ibat-ibang uri ng Kaisahan kay Allah at ng mga Obligasyon.Kung kaya`t inoobliga ang pagbabasa rito sa bawat tindig,kaya`t naaantala ang katumpakan ng pagdarasal sa pagbabasa rito,at natatanggal ang tunay na (kahulugan) ng Dasal sa Batas ng Allah kapag nawala ang Pagbabasa rito,At pinatunayan ang pagtanggap sa tunay na kahulugan nito sa Batsa ng Allah,sa naisalaysay ni Ibn Khuzaymah ,ayon kay Abe Hurayrah-sa Hadith na Marfu-at ito ay: " Hindi nagagantimpalaan ang Pagdarasal na hindi binabasa rito ang Ina ng Qur-an" at hindi kasama dito ang mga Nagdadasal (sa likod ng Imam),Kapag inabutan nila ang Imam na nakayuko,magsasagawa siya ng Takbiratul Ihram,pagkatapos ay yuyuko siya, at mapapahintulot sa kanya ang (hindi pagbabasa ng)

Fatihah sa tindig na ito, ayon sa huling Hadith, At sapagkat hindi niya inabutan ang oras ng pagbabasa rito at ito ang pagtindig.

**Benefits from the Hadith:**

(5378)

(135) - عن أبي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه «أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ دَخَلَ الْمَسْجِدَ، فَدَخَلَ رَجُلٌ فَصَلَّى، ثُمَّ جَاءَ فَسَلَّمَ عَلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالَ: ارْجِعْ فَصَلِّ، فَإِنَّكَ لَمْ تُصَلِّ، فَرَجَعَ فَصَلَّى كَمَا صَلَّى، ثُمَّ جَاءَ فَسَلَّمَ عَلَى النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - فَقَالَ: ارْجِعْ فَصَلِّ، فَإِنَّكَ لَمْ تُصَلِّ - ثَلَاثًا - فَقَالَ: وَالَّذِي بَعَثَكَ بِالْحَقِّ لَا أَحْسِنُ غَيْرَهُ، فَعَلَّمَنِي، فَقَالَ: إِذَا قُمْتَ إِلَى الصَّلَاةِ فَكَبِّرْ، ثُمَّ اقْرَأْ مَا تيسر من القرآن، ثُمَّ ارْكَعْ حَتَّى تَظْمِنَ رَاكِعًا، ثُمَّ ارْفَعْ حَتَّى تَعْتَدِلَ قَائِمًا، ثُمَّ اسْجُدْ حَتَّى تَظْمِنَ سَاجِدًا، ثُمَّ ارْفَعْ حَتَّى تَظْمِنَ جَالِسًا، وَافْعَلْ ذَلِكَ فِي صَلَاتِكَ كُلِّهَا». [صحيح] - [متفق عليه]

(135) - Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allah sa kanya((Na ang Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay pumasok sa Masjid,At pumasok ang isang lalaki at nagdasal,pagkatapos ay dumating siya at bumati sa Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Nagsabi siya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal,Bumalik siya at nagdasal ulit tulad ng kanyang pagdarasal ,Pagkatapos ay dumating siya at at bumati sa Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal-pangatlo beses-Nagsabi siya: At Sumpa sa Nagpadala sa iyo sa katotohanan,wala nang mas-maganda pa maliban dito,Turuan mo ako;Nagsabi siya: Kapag ikaw ay tumindig sa pagdarasal;bigkasin mo ang Allahu Akbar,pagkatapos ay magbasa ka ng pinaka-madali para sa iyo mula sa Qur-an,pagkatapos ay yumuko ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pagyuko,pagkatapos ay bumangon ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pagtayo,pagkatapos ay magpatirapa ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pagpatirapa,pagkatapos ay bumangon ka hanggang sa maging mahinahon sa pag-upo,at gawin mo ito sa lahat ng pagdarasal mo.)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Pumasok ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Masjid,Pumasok ang isang lalaki mula sa kasamahan ng propeta,ang



pangalan niya ay (Khallad bin Ra`fei),Nagdasal siya ng dasal na magaan na hindi kompleto ang mga gawain at mga sasabihin.At nang matapos sa pagdarasal niya,Dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,bumati siya sa kanya,at sinagot siya -sumakanya ang pangangalaga-pagkatapos ay sinabi niya sa kanya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal,Bumalik siya at ginawa niya ang dasal nito sa ikalawa.tulad ng ginawa niya sa dasal nito na una,Pagkatapos ay dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at sinabi niya sa kanya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal-pangatlong beses-At sumumpa ang lalaki sa sinabi nito:At Sumpa sa Nagpadala sa iyo sa katotohanan,wala ng mas maganda pa maliban sa ginawa ko,turuan mo ako:At nang siya ay maghangad ng kaalaman,at minithi ng kanyang sarili ito,at nakahanda siya na tanggapin ito,at nawala ang kasiguraduhan dahil sa siya ay naging makalimutin pagkatapos ng mahabang pag-uulit.Nagsabi sa kanya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,sa kahulugan nito:Kapag ikaw ay tumindig sa pagdarasal; bigkasin mo ang takbeeratil ihram na Allahu Akbar,pagkatapos ay magbasa ka ng pinaka-madali para sa iyo mula sa Qur-an,pagkatapos mo magbasa sa Kabanata ng Al-Fatihah,pagkatapos ay yumuko ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pagyuko,pagkatapos ay bumangon ka mula sa pagyuko hanggang sa tumuwid ka sa pagtayo at maging mahinahon ka sa pagtuwid mo,pagkatapos ay magpatirapa ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pagpatirapa,pagkatapos ay bumangon ka mula sa pagpatirapa,at umupo ka hanggang sa maging mahinahon ka sa pag-upo,at gawin mo ito ,ang mga gawain at mga salita sa lahat ng pagdarasal mo,maliban lang sa takbiratil-ihram,sapagkat ito ay sa unang tindig lamang,wala ng liban pa dito mula sa mga tindig.At ang katotohanan na ang nais ipahiwatig sa,"nang pinaka-madali,Kabanata ng Al-Fatihah"pinaka - ilan dito ay nakuha mula sa mga salaysay na Hadith at mula sa mga patunay na iba.

## Benefits from the Hadith:

(3185)

(136) - عن أبي هريرة رضي الله عنه: أنه كان يُكَبِّرُ في كُلِّ صَلَاةٍ مِنَ الْمَكْتُوبَةِ وَعَظِيرِهَا، فِي رَمَضَانَ وَعَظِيرِهِ، فَيُكَبِّرُ حِينَ يَقُومُ، ثُمَّ يُكَبِّرُ حِينَ يَرُكِعُ، ثُمَّ يَقُولُ: سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمَدَهُ، ثُمَّ يَقُولُ: رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ، قَبْلَ أَنْ يَسْجُدَ، ثُمَّ يَقُولُ: اللَّهُ أَكْبَرُ حِينَ يَهْوِي سَاجِدًا، ثُمَّ يُكَبِّرُ حِينَ يَرْفَعُ رَأْسَهُ مِنَ السُّجُودِ، ثُمَّ يُكَبِّرُ حِينَ يَسْجُدُ، ثُمَّ يُكَبِّرُ حِينَ يَرْفَعُ رَأْسَهُ مِنَ السُّجُودِ، ثُمَّ يُكَبِّرُ حِينَ يَقُومُ مِنَ الْجُلُوسِ فِي الْإِثْنَتَيْنِ، وَيَفْعَلُ ذَلِكَ فِي كُلِّ رُكْعَةٍ، حَتَّى يَفْرَغَ مِنَ الصَّلَاةِ، ثُمَّ يَقُولُ حِينَ يَنْصَرِفُ: وَالَّذِي نَفْسِي بِيَدِهِ، إِنِّي لَأَقْرُبُكُمْ شَبَهًا بِصَلَاةِ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، إِنْ كَانَتْ هَذِهِ صَلَاتَهُ حَتَّى فَارَقَ الدُّنْيَا. [صحيح] - [متفق عليه]

(136) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Siya noon ay nagsasagawa ng takbīr sa bawat ṣalāh na isinatungkulin at iba pa rito, sa Ramadān at iba pa rito. Nagsasagawa siya ng takbīr kapag nakatayo siya. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag yuyukod siya. Pagkatapos nagsasabi siya ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah (Nakarinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)." Pagkatapos nagsasabi siya ng: "Rabbanā wa-laka –lḥamd (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri)" bago siya magpatirapa. Pagkatapos nagsasabi siya ng: "Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)" kapag bumababa siya para magpatirapa. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag nag-aangat siya ng ulo niya mula sa pagkakapatirapa. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag magpapatirapa siya. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag nag-aangat siya ng ulo niya mula sa pagkakapatirapa. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag tumatayo siya mula sa pagkakaupo sa dalawa. Gumagawa siya niyon sa bawat rak`ah hanggang sa makatapos siya sa ṣalāh. Pagkatapos nagsasabi siya kapag lilisan: "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ako ay talagang higit na malapit sa inyo sa pagkakawangis sa ṣalāh ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tunay na ito noon ay talagang ang ṣalāh niya hanggang sa nakipaghiwalay siya sa Mundo."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagsasalaysay si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) ng isang bahagi ng katangian ng pagsasagawa ng ṣalāh ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagpapabatid ito na siya, kapag bumangon siya para sa magsagawa ng ṣalāh, ay nagsasagawa ng takbīr kapag nakatayo siya para sa panimulang takbīr. Pagkatapos nagsasagawa siya ng takbīr kapag lilipat siya tungo sa pagyukod, kapag magpapatirapa siya, kapag mag-aangat siya ng ulo niya mula sa pagkakapatirapa, kapag magpapatirapa siya para sa ikalawang pagpapatirapa, kapag mag-aangat siya ng ulo niya mula rito, at kapag tatayo siya mula sa unang dalawang rak`ah matapos ng pagkaupo para sa unang tashahhud sa ṣalāh na tatluhan o apatang rak`ah. Pagkatapos gagawa siya niyon sa ṣalāh sa kabuuan nito hanggang sa makatapos siya nito. Nagsasabi siya, kapag nag-aangat ng likod niya mula sa pagkakayukod, ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah (Nakarinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)." Pagkatapos nagsasabi siya, habang siya ay nakatayo, ng: "Rabbanā wa-laka –lḥamd (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri)."

Pagkatapos nagsasabi si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) kapag lilisan siya sa ṣalāh: "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ako ay talagang higit na malapit sa inyo sa pagkakawangis sa ṣalāh ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tunay na ito noon ay ang pamamaraan ng ṣalāh niya hanggang sa nakipaghiwalay siya sa Mundo."

## Benefits from the Hadith:

1. Ang takbīr ay sa sandali ng bawat pagbaba at pag-angat maliban sa pag-angat mula sa pagkakayukod sapagkat magsasabi ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah (Nakarinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)."

2. Ang sigasig ng mga Kasamahan sa pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pag-iingat sa Sunnah niya.

(65098)

(137) – عن ابن عباس رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «أَمِرْتُ أَنْ أُسْجُدَ عَلَى سَبْعَةِ أَعْظُمٍ عَلَى الْجَبْهَةِ، وَأُشَارَ بِيَدِهِ عَلَى أَنْفِهِ وَالْيَدَيْنِ وَالرُّكْبَتَيْنِ، وَأَطْرَافِ الْقَدَمَيْنِ وَلَا نَكُفَّتِ النَّيَابُ وَالشَّعْرُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(137) – Ayon kay Ibn `Abbas-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:-siya ay nagsabi:(Napag-utusan akong magpatirapa sa pitong bahagi [ng katawan]:At itinuro niya sa kamay niya,ang ilong niya,at dalawang kamay,ang dalawang tuhod,at ang dulo ng dalawang paa,at hindi pagsamahin ang damit at buhok)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang kahulugan ng Hadith: "Napag-utusan akong magpatirapa" at sa isang salaysay: " Napag-yusan kami" at sa isang salaysay: " Napag-utusan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan" at ang lahat ng tatlong salaysay ay kay Imam Al-Bukharie,At ang panuntunan sa Batas ng Islam: Na ang lahat ng naipag-utos sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ito ay para sa kalahatan, sa kanya at sa kanyang Ummah; " Sa pitong bahagi ng katawan" Ibig sabihin ay napag-utusan akong magpatirapa sa pitong bahagi ng katawan,at ang ipinapahiwatig sa buto ay mga bahagi ng katawan sa pagpapatirapa,tulad ng naisalaysay na nagbibigay kahulugan sa ibang salaysay,pagkatapos ay binigyang kahulugan ito sa sinabi niyang: " Sa noo" Ibig sabihin ay napag-utusan akong magpatirapa sa noo,kasama ang ilong,tulad ng napatunayan sa sinabi niya:" At itinuro nito sa kamay niya ang ilong

niya" Ibig sabihin ay itinuro nito ang ilong niya upang ipahayag na ito isang bahagi. " At ang dalawang kamay" Ibig sabihin ay: sa ilalim ng dalawang palad ng kamay,tulad ng naipahiwatig sa tinutukoy. " At sa dalawang tuhod at dulo ng dalawang paa" Ibig sabihin ay Napag-utusan akong magpatirapa sa dalawang tuhod at sa dulo ng mga daliri ng dalawang paa,At sa Hadith ni Abe Humayd Assa`edi-malugod si Allah sa kanya-sa kabanata ng paglalarawan sa pagdarasal sa mga bigkasin :( At iniharap niya ang mga daliri ng dalawa niyang paa sa Qiblah) Ibig sabihin:habang siya ay nagpapatirapa."at hindi namin ipunin ang damit at buhok": At ang [salitang] ipunin ay: ang pagsamahin at pag-isahin,At ang kahulugan nito ay:hindi namin pag-iisahin at hindi namin pagsasamahin ang damit at buhok mula sa pagkalat [nito] sa pagyuko at pagpapatirapa,subalit iiwanan namin ito sa kalagayan niya hanggang sa lumatag ito sa lupa,upang makapagpatirapa ang buong bahagi ng katawan pati ang damit at ang buhok.

### **Benefits from the Hadith:**

(10925)

(138) - عَنْ أَبِي أُمَامَةَ قَالَ: حَدَّثَنِي عَمْرُو بْنُ عَبْسَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّهُ سَمِعَ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «أَقْرَبُ مَا يَكُونُ الرَّبُّ مِنَ الْعَبْدِ فِي جَوْفِ اللَّيْلِ الْآخِرِ، فَإِنْ اسْتَطَعْتَ أَنْ تَكُونَ مِمَّنْ يَذْكُرُ اللَّهَ فِي تِلْكَ السَّاعَةِ فَكُنْ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي]

(138) – Ayon kay Abū Umāmah na nagsabi: {Nagsanaysay sa akin si `Amr bin `Abasah (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang pinakamalapit na [sandali ng] Panginoon mula sa lingkod ay sa kalaliman ng huling bahagi ng gabi. Kaya kung nakakaya mo na ikaw ay maging kabilang sa mga nag-aalaala kay Allāh sa oras na iyon, maging gayon ka."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Panginoon (kaluwalhatian sa Kanya) ay higit na pinakamalapit mula sa lingkod sa huling ikatlong bahagi ng gabi. Kaya kung natapat ka o naitakda ka, O mananampalataya, na ikaw ay maging kabilang sa isang kabuuan ng mga nagpapakamananambang nagdarasal na nag-aalaalang nagbabalik-loob sa oras na ito, tunay na ito ay isang bagay na nararapat ang pagsamantala rito at ang pagsusumikap dito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa Muslim sa pag-alaala sa katapusan ng gabi.
2. Ang pagkakalamangan ng mga oras sa isa't isa sa mga ito para sa pag-aalaala, pagdalangin, at pagdarasal.
3. Nagsabi si Mirk: Hinggil sa kaibahan sa pagitan ng sabi niya: "Ang pinakamalapit na [sandali ng] Panginoon mula sa lingkod" at ng sabi niya: "Ang pinakamalapit [na kalagayan] ng lingkod mula sa Panginoon niya habang siya ay nakapatirapa," ang ibig sabihin dito ng una ay ang paglilinaw

sa oras ng pagiging ang Panginoon ay pinakamalapit mula sa lingkod: ang kalaliman ng gabi, at ang ibig sabihin ng ikalawa ay ang paglilinaw sa pagkapinakamalapit ng mga kalagayan ng lingkod mula sa Panginoon: ang kalagayan ng pagpapatirapa.

(3236)

(139) - عن أبي هريرة رضي الله عنه : أن النبي صلى الله عليه وسلم قرأ في ركعتي الفجر:

﴿قل يا أيها الكافرون﴾ و﴿قل هو الله أحد﴾. [صحيح] - [رواه مسلم]

(139) - At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Katotohanan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbasa sa dalawang tindig ng Fajr ng {Ipagbadya ( O Muhammad)! O kayong hindi mananampalataya} at {Ipagbadya ( O Muhammad)! Siya si Allah ang Nag-iisa} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapahayag ng Hadith ang patnubay ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagbabasa niya sa Sunnah na Ratibah sa Fajr at ito ay pagbabasa ng Kabanata ng Al-Kaferun sa unang tindig at kabanata ng Ikhlas sa ikalwang tindig. At sa pagsabi niya-Sumakanya ang pagpapala at pangangalaga; (Nagbsa siya sa dalawang tindig ng Fajr) ibig sabihin ay; Sa pagsasagawa ng kusang-loon na pagdarasal sa Fajr at ito ay kilala sa pangalang ito, At ang pagsabi niya na; {Ipagbadya ( O Muhammad)! O kayong hindi mananampalataya} at {Ipagbadya ( O Muhammad)! Siya si Allah ang Nag-iisa} bibg sabihin ay; sa lahat ng kabanata (na binabasa) pagkatapos ng Al-Fatihah, Ngunit ang nagsalaysay ay nag-iwan sa pagbanggit nito.- Al-Fatihah-dahil sa pagiging lantad nito at kilala nito, at ito ay nagpapatunay sa pagtitiyak na nararapat ang Al-Fatihah



## Benefits from the Hadith:

(11256)

(140) – عن أبي موسى الأشعري - رضي الله عنه- قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم :

«من صلى البردَيْنِ دخل الجنة». [صحيح] - [متفق عليه]

(140) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy, malugod si Allah sa kanya: "Ang sinumang [laging] nagdarasal sa dalawang malamig na oras ay papasok sa Paraiso." (Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang kahulugan ng ḥadīth na ito: Na ang pananatili sa dalawang dasal na ito ay kabilang sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso. Ang tinutukoy ay ang mga dasal na fajr at `aṣr. Nagpapatunay doon ang sabi niya sa ḥadīth ayon kay Jurayr: "Ang dasala bago sumikat ang araw at bago lumubog ito." Naidagdag sa sanaysay ni Muslim: ang `aṣr at ang fajr. Pagkatapos ay binigkas ni Jurayr: "at magluwalhati ka kasabay ng pagpupuri sa Panginoon mo bago sumikat ang araw at bago lumubog;" (Qur'an 50:39) Tinawag na "dalawang malamig na oras" dahil ang dalawang ito ay dinadasal sa dalawang malamig na oras ng maghapon: ang dalawang dulo nito kapag gumaganda ang hangin at umaalis ang tindi ng araw. May nasaad nga na maraming ḥadīth na nagpapatunay sa kalamangan ng dalawang dasal na ito. Kabilang doon ang isinaysay ayon kay `Umārah bin Ru`aybah, ayon sa ama niya, ayon sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Hindi papasok sa Impiyerno ang isang taong nagdasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito." Isinaysay ito ni Muslim. Ang anyo ng pagtatangi rito sa pagbanggit ay na ang oras ng fajr ay sa sandali ng pagtulog at kasarapan nito at ang oras ng `aṣr sa sandali ng pagpapakaabala sa mga pagpapatuloy ng mga gawain at kalakalan sa maghapon. Ang pagdarasal ng dalawang ito sa

kabila niyon ay patunay sa kadalisan ng kaluluwa sa katamaran at pag-ibig nito sa pagsamba. Kinakailangan doon ang pagsasagawa ng lahat ng iba pang mga pagdarasal. Kapag pinangalagaan ang dalawang dasal na ito, magiging higit na matindi ang pangangalaga sa iba pa sa mga ito. Ang paglimita sa pagbanggit sa dalawang ito ay hindi nagpapahiwatig na ang sinumang naglimita sa dalawang ito, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng dalawang dasal na ito na hindi kasama ang nalalabi sa limang dasal, ay nakatupad doon dahil iyon salungat sa Qur'an at Sunnah. Ang sabi niya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Ang sinumang [laging] nagdarasal sa dalawang malamig na oras" ay nangangahulugang nagdasal ng mga ito sa paraang ipinagutos niya. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ito sa oras. Kapag kabilang sa mga dumadalo sa kongregasyon gaya ng mga lalaki, isagawa nga dalawang ito sa kongregasyon dahil ang kongregasyon ay isinatungkulin at hindi ipinahihintulot sa isang lalaki na iwan ang pagdarasal sa kongregasyon sa masjid samantalang siya ay nakakakaya niyon.

### **Benefits from the Hadith:**

(4198)

(141) - عن جُنْدُب بن عبد الله القَسْرِي رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ صَلَّى صَلَاةَ الصُّبْحِ فَهُوَ فِي ذِمَّةِ اللَّهِ، فَلَا يَطْلُبَنَّكَ اللَّهُ مِنْ ذِمَّتِهِ بِشَيْءٍ، فَإِنَّهُ مَنْ يَطْلُبُهُ مِنْ ذِمَّتِهِ بِشَيْءٍ يُدْرِكُهُ، ثُمَّ يَكْبَهُ عَلَى وَجْهِهِ فِي نَارِ جَهَنَّمَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(141) – Ayon kay Jundub bin `Abdillāh Al-Qasrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagdasal ng dasal sa madaling-araw, siya ay nasa pangangalaga ni Allāh. Kaya huwag ngang magpapanagot sa inyo si Allāh ng anuman dahil sa pangangalaga Niya sapagkat tunay na ang sinumang pinanagot Niya ng anuman dahil sa pangangalaga Niya ay makaabot Siya rito, pagkatapos magsusubsob Siya rito ng mukha nito sa apoy ng Impiyerno."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagdasal sa madaling-araw (fajr), siya ay nasa pag-iingat ni Allāh, pagbabantay Nito, at pangangalaga Nito. Magtatanggol si Allāh sa kanya at mag-aadya sa kanya.

Pagkatapos nagbigay-babala ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) laban sa pagsira sa kasunduang ito at pagpapawalang-saysay rito sa pamamagitan ng pagwaksi sa ṣalāh sa madaling-araw o ng pagharang sa magdarasal nito at ng pangangaway rito. Tunay na ang sinumang gumawa niyon, sumira nga siya sa pangangalagang ito at naging karapat-dapat nga siya sa matinding banta sa pamamagitan ng pagpapanagot ni Allāh sa kanya dahil sa pagpapabaya niya sa karapatan Nito. Ang sinumang pananagutin ni Allāh ay makaaabot Siya rito, pagkatapos magtatapon Siya rito pasubsob ng mukha nito sa Impiyerno.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa kahalagahan ng ṣalāh sa madaling-araw at kainaman nito.
2. Ang matinding pagbibigay-babala laban sa pagharang nang may kasagwaan sa sinumang nagdarasal sa madaling-araw.
3. Ang paghihiganti ni Allāh (napakataas Siya) sa sinumang humaharang sa mga lingkod Niyang maaayos.

(5435)

(142) - عن بريدة بن الحصيب رضي الله عنه أنه قال: بَكَّرُوا بِصَلَاةِ الْعَصْرِ، فَإِنَّ التَّيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «مَنْ تَرَكَ صَلَاةَ الْعَصْرِ فَقَدْ حَبِطَ عَمَلُهُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(142) – Ayon kay Buraydah bin Al-Ḥuṣayb (malugod si Allāh sa kanya), siya ay nagsabi: {Magpakaaga kayo sa ṣalāh sa hapon sapagkat tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagwaksi ng ṣalāh sa hapon, bumagsak nga ang gawa niya."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapahuli ng ṣalāh sa hapon nang lampas sa oras nito nang sinasadya at na ang sinumang gumawa niyon ay nawalang-saysay at nasira ang gawa niya at napunta sa wala.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pangangalaga sa ṣalāh sa hapon sa simula ng oras nito at ang pagdadali-dali roon.
2. Ang matinding banta sa sinumang nagwaksi ng ṣalāh sa hapon. Ang pagpapalampas nito sa oras nito ay higit na

mabigat kaysa sa pagpapalampas ng iba rito sapagkat tunay na ito ay ang ṣalāh na pinakagitnang itinangi sa utos sa sabi ni Allāh (Qur'ān 2:238): {Mangalaga kayo sa mga dasal at [lalo na] sa dasal na pinakagitna.}

(6261)

(143) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ نَسِيَ صَلَاةً فَلْيُصَلِّ إِذَا ذَكَرَهَا، لَا كَفَّارَةَ لَهَا إِلَّا ذَلِكَ: {وَأَقِمِ الصَّلَاةَ لِذِكْرِي} [طه: 14]». [صحيح] - [متفق عليه]

(143) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nakalimot ng isang ṣalāh ay magdasal nito kapag nakaalaala nito; walang panakip-sala para rito kundi iyon (Qur'ān 20:14): {...at magpanatili ka ng pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin.}}"} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nakalimot sa pagganap ng alinmang ṣalāh na isinatungkulin hanggang sa lumampas ang oras nito, kailangan sa kanya na magdadali-dali at magmabilis sa pagbabayad-pagsasagawa nito sa sandali ng pagkasaalaala nito sapagkat walang pagbura at pagtatakip sa isang pagkakasala ng pag-iwan nito maliban na dasalin ito ng Muslim sa sandali ng pagkasaalaala nito. Nagsabi si Allāh sa Marangal na Aklat niya: {at magpanatili ka ng pagdarasal para sa pag-alaala sa Akin} (Qur'ān 20:14) Ibig sabihin: magsagawa ka ng ṣalāh na nakalimutan kapag nakaalaala ka nito.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paglilinaw sa kahalagahan ng ṣalāh at ang hindi pagwawalang-bahala sa pagganap nito at pagbabayad-pagsasagawa nito.
2. Hindi pinapayagan ang pagpapahuli ng ṣalāh lampas sa oras nito nang sadyaan nang walang maidadahilan.
3. Ang pagkakinakailangan ng pagbabayad-pagsasagawa ng ṣalāh sa nakalimot kapag nakaalaala siya at sa natutulog kapag nagising siya.
4. Ang pagkakinakailangan ng pagbabayad-pagsasagawa ng mga ṣalāh kaagad-agad kahit pa sa mga oras na bawal ang ṣalāh.

(65088)

(144) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ أَثْقَلَ صَلَاةٍ عَلَى الْمُنَافِقِينَ صَلَاةُ الْعِشَاءِ وَصَلَاةُ الْفَجْرِ، وَلَوْ يَعْلَمُونَ مَا فِيهِمَا لَأَتَوْهُمَا وَلَوْ حَبَوًّا، وَلَقَدْ هَمَمْتُ أَنْ أَمُرَّ بِالصَّلَاةِ فَتَقَامَ، ثُمَّ أَمُرَ رَجُلًا فَيَصَلِّيَ بِالنَّاسِ، ثُمَّ أَنْطَلِقَ مَعِيَ بِرِجَالٍ مَعَهُمْ حُزْمٌ مِنْ حَطَبٍ إِلَى قَوْمٍ لَا يَشْهَدُونَ الصَّلَاةَ، فَأُحْرَقَ عَلَيْهِمْ بُيُوتُهُمْ بِالنَّارِ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(144) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang pinakamabigat na ṣalāh sa mga mapagpaimbabaw ay ang ṣalāh sa gabi at ang ṣalāh sa madaling-araw. Kung sakaling nakaaalam sila sa [gantimpala sa] dalawang ito, talaga sanang pumunta sila sa dalawang ito kahit pa man pagapang. Talaga ngang nagbalak ako na mag-utos [na magsagawa] ng ṣalāh saka magsagawa ng iqamāh, pagkatapos mag-utos ako sa isang lalaki saka mamuno ito sa ṣalāh sa mga tao, pagkatapos lumisan ako na may kasama sa akin na mga lalaking may mga bigkis ng panggatong patungo sa mga taong hindi dumadalo sa ṣalāh saka manunog ako sa kanila ng mga bahay nila sa apoy."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mga mapagpaimbabaw at pagtatamad-tamaran nila sa pagdalo sa ṣalāh, lalo na sa ṣalāh sa madaling-araw (fajr) at ṣalāh sa gabi ('ishā'), na sila, kung sakaling nakaaalam sa sukat ng pabuya at gantimpala sa pagdalo sa dalawang ito kasama ng kongregasyon ng mga Muslim, ay talaga sanang pumunta sila sa dalawang ito kahit pa man pagapang gaya ng paggapang ng bata sa pamamagitan ng mga kamay at mga tuhod.

Talaga ngang nagpasya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mag-utos magsagawa ng ṣalāh saka magsasagawa ng iqamāh at magtatalaga ng isang lalaki na mamumuno sa ṣalāh sa mga tao sa halip niya, pagkatapos lilisan siya nang may

kasama sa kanya na mga magpapasan ng mga bigkis ng panggatong patungo sa mga lalaking hindi dumadalo sa ṣalāh sa kongregasyon saka manununog siya sa kanila ng mga bahay nila sa apoy dahil sa tindi ng nagawa nila na kasalanan dahil doon, subalit siya ay hindi gumawa niyon dahil sa mga bahay ay may mga babae, mga batang inosente, at iba pa sa kanila na mga mapagpapaumanhinan, na wala namang pagkakasala sa mga ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkapanganib ng pagliban sa pagdalo sa ṣalāh sa kongregasyon sa masjid.
2. Ang mga mapagpaimbabaw ay walang nilayon sa pagsamba nila kundi ang pagpapakitang-tao at ang pagpapahanga sapagkat hindi sila pumupunta sa ṣalāh malibang kapag nakasasaksi sa kanila ang mga tao.
3. Ang bigat ng gantimpala ng ṣalāh sa gabi (‘ishā’) at ṣalāh sa madaling-araw (fajr) kasama ng kongregasyon at na ang dalawang ito ay marapat daluhan kahit pa man pagapang.
4. Ang pangangalaga ṣalāh sa gabi (‘ishā’) at ṣalāh sa madaling-araw (fajr) ay isang kaligtasan sa pagpaimbabaw at ang pagliban sa pagdalo sa dalawang ito ay kabilang sa mga katangian ng mga mapagpaimbabaw.

(3366)



(145) - عَنِ ابْنِ أَبِي أَوْفَى رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إِذَا رَفَعَ ظَهْرَهُ مِنَ الرُّكُوعِ قَالَ: «سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ، اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ، مِلْءَ السَّمَاوَاتِ وَمِلْءَ الْأَرْضِ وَمِلْءَ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(145) – Ayon sa Anak ni Abū Awfā (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: Ang Sugo ni Allāh noon, kapag nag-angat siya ng likod niya mula sa pagkakayukod, ay nagsasabi ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah. Allāhumma, rabbanā, laka –lḥamd, mil'a –ssamāwāti wa-mil'a –l'arḍi wa-mil'a mā shi'ta min shay'im ba`d. (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya. O Allāh, Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri na kasimpuno ng mga langit, kasimpuno ng lupa, at kasimpuno ng niloob Mo na bagay matapos niyon.)" [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nag-angat siya ng likod niya mula sa pagkakayukod sa ṣalāh, ay nagsasabi ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah. (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya.)" Ibig sabihin: "Na ang sinumang nagpuri kay Allāh (napakataas Siya), tutugon si Allāh (napakataas Siya) sa kanya, tatanggap ng papuri niya, at maggagantimpala sa kanya." Pagkatapos nagpuri siya kay Allāh sa pamamagitan ng pagsabi niya ng: "Allāhumma, rabbanā, laka –lḥamd, mil'a –ssamāwāti wa-mil'a –l'arḍi wa-mil'a mā shi'ta min shay'im ba`d. (O Allāh, Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri na kasimpuno ng mga langit, kasimpuno ng lupa, at kasimpuno ng niloob Mo na bagay matapos niyon.), bilang papuri na pumupuno sa mga langit at mga lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito at pumupuno sa anumang niloob ni Allāh na bagay.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa isinakaibig-ibig na sabihin ng tagapagsagawa ng ṣalāh kapag nag-angat siya ng ulo niya mula sa pagkakayukod.
2. Ang pagkaisinasabatas ng pagtindig nang tuwid at kapanatagan matapos ng pagkaangat mula sa pagkakayukod dahil hindi maaari na magsabi ng dhikr na ito maliban kapag nakatindig nang tuwid at napanatag.
3. Ang dhikr na ito ay isinasabatas sa lahat ng mga ṣalāh, maging ito man ay isang tungkulin o isang kusang-loob.

(65101)

(146) – عن حُدَيْفَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ يَقُولُ بَيْنَ السَّجْدَتَيْنِ:

«رَبِّ اغْفِرْ لِي، رَبِّ اغْفِرْ لِي». [صحيح] - [رواه أبو داود والنسائي وابن ماجه وأحمد]

(146) – Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa pagitan ng dalawang pagkapatirapa ng: "Rabbi –ghfir lī, rabbi –ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin.)" [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi sa sandali ng pagkakaupo sa pagitan ng dalawang pagkapatirapa ng: "Rabbi –ghfir lī, rabbi –ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin.)" at nag-uulit-ulit nito.

Ang kahulugan ng: "Rabbi –ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)" ay ang paghiling ng tao mula sa Panginoon niya na pawiin ang mga pagkakasala niya at pagtakpan ang mga kapintasan niya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkaisinasabatas ng panalanging ito sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa sa ṣalāh na tungkulin at kusang-loob.
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng pag-uulit ng pagsasabi ng: "Rabbi -ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin)." Ang kinakailangan ay iisang ulit.

(65104)

(147) - عن ابن عباس رضي الله عنهما: كان النبي صلى الله عليه وسلم يقول بين السجدين: «اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وارْحَمْنِي، وعافيني، واهدني، وارزقني». [حسن بشواهدة] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(147) - Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa: "Allāhumma -ghfir lī, wa--rḥamnī, wa-`āfinī, wa--hdinī, wa--rzuqnī. (O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, paligtasin Mo ako, patnubayan Mo ako, at tustusan Mo ako.)"} □ - □

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nananalangin sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa sa ṣalāh niya ng limang panalanging ito na nangangailangan ang Muslim sa mga ito nang isang mabigat na pangangailangan. Naglaman ang mga ito ng kabutihan sa Mundo at kabutihan sa Kabilang-buhay gaya ng paghingi ng kapatawaran; pagtakip sa mga pagkakasala at pagpapalampas sa mga ito; pagpapasagana ng awa; pagkaligtas sa mga maling akala, mga pagnanasa, at mga sakit at mga karamdaman; at paghingi kay Allāh ng kapatnubayan sa katotohanan at katatagan dito. Ang panustos ay mula

sa pananampalataya, kaalaman, at maayos na gawa, at mula sa yamang ipinahihintulot na kaaya-aya.

**Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkaisinasabatas ng panalanging ito sa pagkakaupo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.
2. Ang kainaman ng mga panalanging ito dahil sa nilaman ng mga ito na kabutihan sa Mundo at kabutihan sa Kabilang-buhay.

(10930)

(148) - عَنْ حِطَّانَ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ الرَّقَاشِيِّ قَالَ: صَلَّيْتُ مَعَ أَبِي مُوسَى الْأَشْعَرِيِّ صَلَاةً، فَلَمَّا كَانَ عِنْدَ الْقَعْدَةِ قَالَ رَجُلٌ مِنَ الْقَوْمِ: أُقِرَّتِ الصَّلَاةُ بِالْبِرِّ وَالزَّكَاةِ، قَالَ: فَلَمَّا قَضَى أَبُو مُوسَى الصَّلَاةَ وَسَلَّمْ أَنْصَرَفَ فَقَالَ: أَيُّكُمْ الْقَائِلُ كَلِمَةً كَذَا وَكَذَا؟ قَالَ: فَأَرَمَ الْقَوْمُ، ثُمَّ قَالَ: أَيُّكُمْ الْقَائِلُ كَلِمَةً كَذَا وَكَذَا؟ فَأَرَمَ الْقَوْمُ، فَقَالَ: لَعَلَّكَ يَا حِطَّانُ قُلْتَهَا؟ قَالَ: مَا قُلْتُهَا، وَلَقَدْ رَهَبْتُ أَنْ تَبْكَعَنِي بِهَا، فَقَالَ رَجُلٌ مِنَ الْقَوْمِ: أَنَا قُلْتُهَا، وَلَمْ أَرِدْ بِهَا إِلَّا الْحَيْرَ، فَقَالَ أَبُو مُوسَى: أَمَا تَعْلَمُونَ كَيْفَ تَقُولُونَ فِي صَلَاتِكُمْ؟ إِنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ خَطَبَنَا فَبَيَّنَ لَنَا سُنَّتَنَا وَعَلَّمَنَا صَلَاتَنَا، فَقَالَ: «إِذَا صَلَّيْتُمْ فَأَقِيمُوا صُفُوفَكُمْ، ثُمَّ لِيُؤْمِكُمْ أَحَدُكُمْ فَإِذَا كَبَّرَ فَكَبِّرُوا، وَإِذَا قَالَ: {غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ} [الفاحة: 7]، فَقُولُوا: آمِينَ، يُجِبْكُمْ اللَّهُ، فَإِذَا كَبَّرَ وَرَكَعَ فَكَبِّرُوا وَارْكَعُوا، فَإِنَّ الْإِمَامَ يَرْكَعُ قَبْلَكُمْ، وَيَرْفَعُ قَبْلَكُمْ»، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «فَتِلْكَ بَيْتُكَ، وَإِذَا قَالَ: سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ، فَقُولُوا: اللَّهُمَّ رَبَّنَا لَكَ الْحَمْدُ، يَسْمَعُ اللَّهُ لَكُمْ، فَإِنَّ اللَّهَ تَبَارَكَ وَتَعَالَى قَالَ عَلَى لِسَانِ نَبِيِّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ، وَإِذَا كَبَّرَ وَسَجَدَ فَكَبِّرُوا وَاسْجُدُوا، فَإِنَّ الْإِمَامَ يَسْجُدُ قَبْلَكُمْ وَيَرْفَعُ قَبْلَكُمْ»، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «فَتِلْكَ بَيْتُكَ، وَإِذَا كَانَ عِنْدَ الْقَعْدَةِ فَلْيَكُنْ مِنْ أَوَّلِ قَوْلِ أَحَدِكُمْ: التَّحِيَّاتُ الطَّيِّبَاتُ الصَّلَوَاتُ لِلَّهِ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(148) – Ayon kay Hiṭṭān bin `Abdillāh Ar-Raqāshīy na nagsabi: {Nagdasal ako kasama ni Abū Mūsā Al-Ash`arīy ng isang ṣalāh. Noong siya ay nasa sandali ng pagkakaupo, may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga tao: "Kinilala ang ṣalāh kalakip ng pagsasamabuting-loob at zakāh."} Nagsabi [ang tagapagsalaysay]: {Noong nakatapos si Abū Mūsā ng ṣalāh at nakapagsagawa ng taslīm, bumaling siya [sa mga tao] saka nagsabi: "Alin sa inyo ang nagsasabi ng salitang ganito at gayon?"} Nagsabi [ang tagapagsalaysay]: {Kaya nagsawalang-kibo ang mga tao, pagkatapos nagsabi siya: "Alin sa inyo ang nagsasabi ng pangungusap na ganito at gayon?" Kaya nagsawalang-kibo ang mga tao, saka nagsabi siya: "Marahil ikaw, O Hiṭṭān, ay nagsabi niyon?" Nagsabi ito: "Hindi ako ang nagsabi niyon. Talaga ngang nasindak ako na bumulyaw ka sa akin dahil doon." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga tao: "Ako ay nagsabi niyon. Hindi ako nagnais niyon kundi ng kabutihan." Kaya nagsabi si Abū Mūsā: "Hindi ba kayo nakaaalam kung papaano kayong magsasabi sa ṣalāh ninyo? Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtalumpati sa atin saka naglinaw sa atin ng sunnah natin at nagturo sa atin ng ṣalāh natin sapagkat nagsabi siya: 'Kapag nagdasal kayo, magtuwid kayo ng mga hanay ninyo, pagkatapos mamuno sa inyo ang isa sa inyo. Kapag nagsagawa siya ng takbīr ay magsagawa kayo ng takbīr. Kapag nagsabi siya ng (Qur`ān 1:7): {ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, magsabi kayo ng āmīn, sasagot sa inyo si Allāh. Kapag nagsagawa siya ng takbīr at yumukod, magsagawa kayo ng takbīr at yumukod kayo ngunit tunay na ang imām ay yuyukod bago ninyo at aangat bago ninyo.' Nagsabi pa ang Sugo ni Allāh: 'Kaya iyon ay katumbas niyon. Kapag nagsabi siya ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)," magsabi kayo ng: Allāhumma, rabbanā, laka –lḥamd (O Allāh, Panginoon namin, ukol sa iyo ang papuri)," didinig si Allāh sa inyo.' Tunay na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi sa pamamagitan ng dila ng Propeta Niya

(basbasan Niya ito at pangalagaan): "Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya." Kapag nagsagawa siya ng takbīr, magsagawa kayo ng takbīr at magpatirapa kayo ngunit tunay na ang imām ay nagpapatirapa bago ninyo at umaangat bago ninyo.' Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): 'Kaya iyon ay katumbas niyon. Kapag siya ay nasa sandali ng pagkakaupo, maging kabilang sa una sa sasabihin ng isa sa inyo ang: "Attaḥiyātu –ṭṭayyibātu –ṣṣalawātu lillāh; assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-rahmatu –llāhi wa-barakātuh; assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi ṣṣāliḥīn; ashhadu al lā ilāha illa –llāhu wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Ang mga pagbating kaaya-aya [at] ang mga pagbasbas ay ukol kay Allāh. Ang kapayapaan ay sumaiyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin at sa mga maaayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)"' } [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagsagawa ang Kasamahang si Abū Mūsā Al-Ash`arīy ng isang ṣalāh. Noong siya ay nasa sandali ng pagkakaupo na sinasambit dito ang tashahhud, may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga nagdarasal sa likuran niya: "Iniugnay ang ṣalāh sa Qur`ān sa pagsasamabuting-loob at ang zakāh." Noong nagwakas si Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) sa pagsasagawa ng ṣalāh, dumako siya mga ma'mūm saka nagtanong sa kanila: "Alin sa inyo ang nagsasabi ng isang pangungusap na: Iniugnay ang ṣalāh sa Qur`ān sa pagsasamabuting-loob at ang zakāh?" Kaya tumahimik ang mga tao at walang nagsalita mula sa kanila na isa man. Kaya inulit niya sa kanila ang tanong sa isa pang pagkakataon, ngunit walang tumugon sa kanya na isa man. Nagsabi si Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya): "Marahil ikaw, O Ḥiṭṭān, ay nagsabi niyon?" dahil sa kawalang-ingat nito at kalapitan nito sa kanya at kaugnayan nito sa kanya, na hindi makapeperhuwisyo rito

ang pagparatang dito, at upang maitulak ang tunay na nagsabi sa pag-amin. Nagkaila si Hittān niyon at nagsabi ito: "Talaga ngang nangamba ako na manumbat ka sa akin dala ng isang pagpapalagay mula sa iyo na ako ay nagsabi niyon." Dito ay may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga tao: "Ako ay nagsabi niyon. Hindi ako nagpakay niyon kundi ng isang kabutihan." Kaya nagsabi si Abū Mūsā habang nagtuturo rito: "Hindi ba kayo nakaaalam kung papaano kayong magsasabi sa ṣalāh ninyo?" Ito ay isang pagmamasama mula sa kanya. Pagkatapos nagpabatid si Abū Mūsā na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtalumpati sa kanila minsan saka naglinaw sa kanila ng Batas nila at nagturo sa kanila ng ṣalāh nila sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Kapag nagdasal kayo, magtuwid kayo ng mga hanay ninyo at magpakatuwid kayo sa mga ito. Pagkatapos may mamumuno sa mga tao na isa sa kanila. Kapag nagsagawa ang imām ng takbīr ng pagpapasimula, magsagawa kayo ng takbīr tulad niya. Kapag bumigkas siya ng Al-Fātiḥah at umabot siya sa (Qur'ān 1:7): {hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, magsabi kayo ng āmīn; sapagkat kapag ginawa ninyo iyon, tutugon sa inyo si Allāh sa panalangin ninyo. Kapag naman nagsagawa siya ng takbīr at yumukod, magsagawa kayo ng takbīr at yumukod kayo ngunit tunay na ang imām ay yumuyukod bago ninyo at umaangat bago ninyo. Huwag kayong mauna sa kanya dahil ang sandali na nauna sa inyo ang imām doon sa pangunguna niya sa pagyukod ay natutumbasan para sa inyo dahil sa pagpapahuli ninyo sa pagyukod matapos ng pagkaangat niya ng isang sandali. Kaya naman ang sandaling iyan ay katumbas ng sandaling iyon. Ang sukat ng pagyukod ninyo ay naging gaya ng sukat ng pagyukod niya. Kapag nagsabi ang imām ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)," magsabi kayo ng: "Allāhumma, rabbanā, laka –lḥamd (O Allāh, Panginoon namin, ukol sa iyo ang papuri)." Kapag nagsabi niyon ang mga tagapagsagawa ng ṣalāh, tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay



didinig sa panalangin nila at sabi nila. Tunay na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi sa pamamagitan ng dila ng Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya." Pagkatapos kapag nagsagawa ng takbīr ang imām at nagpatirapa, kailangan sa mga ma'mūm na magsagawa ng takbīr at magpatirapa ngunit tunay na ang imām ay nagpapatirapa bago nila at nag-aangat bago nila. Kaya naman ang sandaling iyan ay katumbas ng sandaling iyon. Ang sukat ng pagpapatirapa ng ma'mūm ay naging gaya ng sukat ng pagpapatirapa ng imām. Kapag siya ay nasa sandali ng pagkaupo para sa tashahhud, ang kauna-unahang sasabihin ng tagapagsagawa ng ṣalāh ay: "Attaḥiyātu lillāh wa-ṣṣalawātu -ṭṭayyibāt. – (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh at ang mga panalanging kaaya-aya.)" – sapagkat ang paghahari, ang pamamalagi, at ang pagkadakila sa kabuuan ng mga ito ay karapat-dapat kay Allāh (napakataas Siya) at gayon din ang limang ṣalāh, ang lahat ng mga ito ay ukol kay Allāh – "Assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh. Assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi ṣṣālihīn. ... (Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang pangangalaga ay sumaamin at sa mga maayos na lingkod ni Allāh. ...)" Kaya dumalangin kayo kay Allāh ng kaligtasan sa bawat kapintasan, salot, kakulangan, at katiwalian. Nagtatangi tayo sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbati. Pagkatapos bumabati tayo sa mga sarili natin. Pagkatapos bumabati tayo sa mga maayos na lingkod ni Allāh, na mga tagapagsagawa ng kinakailangan sa kanila na mga karapatan ni Allāh (napakataas Siya) at mga karapatan ng mga lingkod Niya. Pagkatapos sumasaksi tayo na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi tayo na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa isang anyo kabilang sa mga anyo ng tashahhud.
2. Ang mga ginagawa sa ṣalāh at ang mga sinasabi rito ay kailangan na maging kabilang sa napagtibay buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kaya naman hindi pinapayagan sa isa man na gumawa ng bid`ah dito sa sinasabi o ginagawa na hindi napagtibay sa Sunnah.
3. Ang hindi pagpayag sa pakikipag-unahan sa imām at ang pagpapahuli sa kanya. Ang isinasabatas para sa ma'mūm ay ang pakikisunuran sa imām sa mga ginagawa nito.
4. Ang pagbanggit sa gawain ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na pagpapahalaga sa pagpapaabot at pagtuturo sa Kalipunan niya ng mga patakaran ng Relihiyon.
5. Ang imām ay ang tinutularan para sa ma'mūm. Kaya naman hindi pinapayagan dito na makipag-unahan sa kanya sa mga gawain ng ṣalāh ni makipagsabayan sa kanya ni magpahuli sa kanya; bagkus ang simula ng pakikipagsunuran nito ay matapos ng pagkatiyak nito sa pagkapasok niya sa gawain na ninanais na gawin at na ang sunnah ay ang pagsunod sa kanya doon.
6. Ang pagkaisinasabatas ng pagtutuwid ng mga hanay sa ṣalāh.

(65097)

(149) - عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: عَلَّمَنِي رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ التَّشَهُدَ، كَفِّي بَيْنَ كَفْيِهِ، كَمَا يُعَلِّمُنِي السُّورَةَ مِنَ الْقُرْآنِ: التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ.

وفي لفظ: «إِذَا قَعَدَ أَحَدُكُمْ فِي الصَّلَاةِ فَلْيَقُلْ: التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ...» وذكره، وفيه: «فَإِنَّكُمْ إِذَا فَعَلْتُمْ ذَلِكَ فَقَدْ سَلَّمْتُمْ عَلَى كُلِّ عَبْدٍ صَالِحٍ فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ...» وفيه: «... فَلْيَتَحَيَّرْ مِنَ الْمَسْأَلَةِ مَا شَاءَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(149) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Tinuruan ako ng Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Attashahhud, Ang kamay ko sa pagitan ng kamay niya, Tulad ng pagtuturo niya sa akin ng Kabanata mula sa Qur-an,: Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah, Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang Habag at ang pagpapala ni Allah, Ang kapayapaan ay mapasa amin at mapasa mga taong gumagawa ng makatarungang paglilingkod kay Allah, Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at Tunay na si Muhammad ay lingkod Niya at Sugo Niya)) at sa ibang pananalita: ((Kapag umupo ang isa sa inyo sa kanyang pagdarasal, sabihin niya ang: Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah)) at nabanggit niya, at napapaloob dito ang: ((Sapagkat kapag ginawa ninyo ito, tunay na nabati ninyo [ng kapayapaan] ang lahat ng makatarungang lingkod [ni Allah] sa kalangitan at kalupaan)) At napapaloob dito ang: ((Suriing mabuti mula sa mga kapakanan ang kahit na anong kanyang maibigan)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Binabanggit ni `Abdullah bin Mas`ud-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay tinuruan siya ng Attashahhud, Na siyang sinasabi sa mga Pag-upo sa pagdarasal, Sa

una at sa Huli,sa Dasal na apatan ang tindig,at Tatluhan,At sa Huling Pag-upo ng pagdarasal sa Dasal na dalawahan ang tindig,At ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay binigyan niya ng pansin ang pagtuturo sa kanya ng Attashahhud,at inilagay niya ang kamay nito sa kamay niya.Nagsimula siya sa Pagdadakila kay Allah-Pagkataas-taas Niya;Ang Pagdadakila sa Pangkalahatan,Na Siya ang karapat-dapat sa mga pagdarasal at sa mga natitira pang mga Gawaing Pagsamba,At mga Mabubuting pananalita at gawa at katangian,At pagkatapos niyang magbigay ng Papuri kay Allah-Pagkataas-taas Niya,Isinunod niya ang pananalangin sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Pangangalaga [sa kanya] mula sa mga kapintasan at mga kapinsalaan.At humiling siya kay Allah para sa kanya ng Habag at Kabutihan,at karagdagang pagiging ganap mula rito.Pagkatapos ay nanalangin siya para sa sarili niya at sa mga naging kasama niya sa kasalukuyan mula sa mga anak ni Adam at sa mga Anghel,Pagkatapos ay isinama niya sa pananalangin ang lahat ng mga mabubuting alipin ni Allah,mula sa mga Tao,Jinn at mga Anghel na nananahanan sa kalangitan at kalupaan.mula sa mga nauna at sa ma susunod sa kanila,At ito ay kabilang sa kabuuan ng salita niya-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.Pagkatapos ay nagsaksi siya ng Pagsasaksi na walang pag-aalinlangan;Na walang ibang dapat sambahin maliban kay Allah at si Muhammad-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay may dalawang katangian:Ang isa sa kanila: Na Siya ay nagtatangi ng katangiang Pagkaalipin,At ang ikalawa:Katangian ng Mensahe: At ang dalawang katangian ay katangian ng pagpaparangal at pagdadakila,at pumapagitna sa pagitan ng Pagka-mataas at pag-iiwas.At tunay na nakasaad sa Attashahhud ang napakaraming katangian;Ngunit ang pinakamainam rito at ang pinakakilala,Ang Tashahhud ni Ibn Mas-`ud na siyang isinulat ng nag-akda;At ipinapahintulot ang paggamit sa anumang naging tumpak mula sa mga natitirang Katangian.

## Benefits from the Hadith:

(3096)

(150) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: كان رسول الله صلى الله عليه وسلم يدعو: اللَّهُمَّ إني أعوذ بك من عذاب القبر، وعذاب النار، ومن فتنة المَحْيَا وَالْمَمَاتِ، ومن فتنة الْمَسِيحِ الدَّجَالِ».

وفي لفظ لمسلم: «إِذَا تَشَهَّدَ أَحَدُكُمْ فَلْيَسْتَعِذْ بِاللَّهِ مِنْ أَرْبَعٍ، يَقُولُ: اللَّهُمَّ إني أعوذ بك من عذاب جَهَنَّمَ...». ثم ذكر نحوه. [صحيح] - [متفق عليه]

(150) – Ayon kay Abē Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-siya ay Nagsabi:(( Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nanalangin:((O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo sa mga kaparusahan ng libingan,at mga kaparuhan ng Impiyerno,at mula sa mga pagsubok at pagdurusang buhay at [pagdurusang] sa kamatayan, at mula sa mga pagsubok ng Al-Masēh Ad-dajāl [Bulaang-kristo]At sa pananalita ni Imām Muslīm:((Kapag nagsagawa ng Tashahhud ang isa sa inyo,magpakupkop siya sa Allah mula sa apat: Sabihin niyang: O Allah ! Ako ay nagpapakupkop sa iyo mula sa kaparuhan ng Impiyerno.)) Pagkatapos ay binanggit niya ang mga tulad pa nito. [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpakupkop ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa apat na bagay,at ipinag-utos niya sa atin na magpakupkop tayo sa Allah rito sa pagsasagawa natin ng Tashahhud sa pagdarasal,mula sa apat na bagay na ito,;mula sa kaparusahan ng libingan,kaparusahan ng Impiyerno,at sa mga pagnanasa ng sarili sa mundo at sa kasamaan nito ,at mula sa pagsubok ng kamatayan,Nagpakupkop siya mula rito dahil sa tindi ng panganib nito,at mula sa pagsubok [pagdurusang] ng buhay sa pagsubok ng mga Dajjāl na silang naglilitawan sa mga tao,sa larawan

ng katotohanan, habang sila gumagawa ng mga kasalanan, At ang pinakamalaking pagsubok sa kanila, kung saan ito ay napagkaisahan sa katumpakan; ang paglabas niya sa Huling panahon ;ito si Masēh Dajjāl-kaya't mag-isa niya itong binanggit.

## Benefits from the Hadith:

(3103)

(151) - عن أبي عبد الله ويقال أبو عبد الرحمن ثوبان مولى رسول الله صلى الله عليه وسلم رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «عليك بكثرة السجود؛ فإنك لن تسجد لله سجدة إلا رفعك الله بها درجة، وحطَّ عنك بها خطيئة». [صحيح] - [رواه مسلم]

(151) – Ayon kay Thawbān, malugod si Allāh sa kanya: "Kailangang mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang dahilan ng ḥadīth na ito ay na si Ma`dān bin Talḥah ay nagsabi: “Pumunta ako kay Thawbān at nagsabi ako: Magpabatid ka sa akin ng isang gawaing gagawin ko na papapasukin ako ni Allāh dahil doon sa Paraiso – o sinabi niya: ng pinakakaibig-ibig sa mga gawain para kay Allāh. Nanahimik siya. Pagkatapos ay tinanong siya at nanahimik na naman siya. Pagkatapos ay tinanong siya nang ikatlong [tanong] at nagsabi siya: Tinanong ko tungkol doon ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nagsabi siya: "Mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing nagpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan." Sa wakas nito: "At nakatagpo ko si Abū Ad-Dardā’ at

tinanong ko siya at nagsabi siya sa akin ng tulad ng sinabi ni Thawbān. Ang kahulugan ng sabi Niya,, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na "Mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa ay nangangahulugang panatilihin mo ang pagsasagawa ng maraming pagpapatirapa. "sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan" ay gaya ng ḥadīth ayon kay Rabī`ah bin Ka`b Al-Aslamīy. Nagsabi ito sa Propeta,, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Hinihiling ko sa iyo na makasama ka sa Paraiso." Nagsabi siya: "Tulongan mo ako para sa iyo sa pamamagitan ng maraming pagpapatirapa." Ayon kay `Ubādah bin Aṣ-Ṣāmit, malugod si Allāh sa kanya, narinig niya ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na nagsasabi: "Kapag ang isang lingkod ay nagpatirapa kay Allāh ng isang pagpapatirapa, magsusulat si Allāh para sa kanya dahil doon ng isang magandang gawa, magbubura Siya dahil doon ng isang masagwang gawa, at mag-aangat Siya para sa kanya dahil doon ng isang antas. Kaya damihan ninyo ang pagpapatirapa." Ang pagpapatirapa kay Allāh, pagkataas-taas Niya, ay kabilang sa pinakamainam sa mga pagtalima at sa kapita-pitagan sa mga ipinanglalapit [kay Allāh] dahil nagaganap dito ang sukdulang pagpapakumbaba at ang pagpapakaaba kay Allāh, pagkataas-taas Niya, at nagaganap dito ang paglalapag ng pinakamahal sa mga bahagi ng tao at pinakamataas sa mga ito, ang mukha, sa lupa na inaapakan at hinahamak. Pagkatapos ang ibig sabihin ng pagpapatirapa rito ay ang napaloloob sa pagdarasal hindi ang mag-isang pagpapatirapa sapagkat ito ay hindi ipinahihintulot dahil sa kawalan ng nagpapatunay sa pagiging isinasabatas niyon. Ang pangunahing patakaran sa mga pagsamba ay ang paghahadlang at ang pagbabawal malibang mayroong dahilan [gaya ng] pagpapatirapa sa pagbigkas ng Qur'an (sujūd at-tilāwah) o pagpapatirapa ng pasasalamat dahil may nasaad na pagbabatas tungkol doon. Pagkatapos ay nilinaw ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kung ano ang makakamit ng tao na

gantimpala kapag nagpatirapa siya: magkakamit siya ng dalawang dakilang pakinabang. Ang unang pakinabang ay na si Allāh ay mag-aangat sa kanya dahil doon ng isang antas. Ibig sabihin: isang antas sa ganang Kanya at sa mga puso ng mga tao. Gayon din sa matuwid na gawa mo, iaangat ka ni Allāh dahil dito ng isang antas. Ang ikalawang pakinabang ay magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan. Ang tao ay nagkakamit ng kaganapan sa pamamagitan ng paglaho ng kinasusuklaman niya at pagtamo ng naiibigan niya. Ang pag-angat ng mga antas ay kabilang sa naiibigan ng tao at ang pag-angat ng mga kasalanan ay kabilang sa kinasusuklaman ng tao. Kaya kapag nag-angat para sa kanya ng isang antas at nagbagsak mula sa kanya ng isang kasalanan, nagtamo nga siya ng hinihiling niya at naligtas nga siya sa kinaririndihan niya.

### Benefits from the Hadith:

(3732)

(152) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: إني سمعتُ رسولَ الله صلى الله عليه وسلم يقول: «لَا صَلَاةَ بِمَحْضَرَةِ الطَّعَامِ، وَلَا هُوَ يُدَافِعُهُ الْأَخْبَثَانِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(152) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Walang pagdarasal sa pagkahain ng pagkain at wala habang siya ay nagpipigil ng dalawang karumihan."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Sumaway ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagsasagawa ng ṣalāh sa pagkahain ng pagkain na pinananabikan ng sarili ng nagdarasal at kinahuhumalingan ng puso nito.



Gayundin, sumaway siya laban sa pagsasagawa ng ṣalāh kasabay ng pagpipigil sa dalawang karumihan – ang ihi at ang dumi – dahil sa pagkaabala niya sa pagpipigil ng perhuwisyo.

### Benefits from the Hadith:

1. Nararapat sa magdarasal ang paglalayo ng bawat nakaabala sa kanya sa pagsasagawa niya ng ṣalāh bago ng pagsisimula nito.

(3088)

(153) – عن عُثْمَانَ بْنِ أَبِي الْعَاصِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: أَنَّهُ أَتَى النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، إِنَّ الشَّيْطَانَ قَدْ حَالَ بَيْنِي وَبَيْنَ صَلَاتِي وَقِرَائَتِي يَلْبِسُهَا عَلَيَّ، فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «ذَلِكَ شَيْطَانٌ يُقَالُ لَهُ خِنْزَبٌ، فَإِذَا أَحْسَسْتَهُ فَتَعَوَّذْ بِاللَّهِ مِنْهُ، وَأَنْفُلْ عَلَى يَسَارِكَ ثَلَاثًا»، قَالَ: فَفَعَلْتُ ذَلِكَ فَأَذْهَبَهُ اللَّهُ عَنِّي. [صحيح] - [رواه مسلم]

(153) – Ayon kay `Uthmān bin Abī Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang demonyo ay humarang nga sa pagitan ko at ng ṣalāh ko at pagbigkas ko, habang nagpapatuliro nito sa akin." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, magpakamapagpakupkop ka kay Allāh laban sa kanya at lumura ka sa kaliwa mo nang tatlong ulit." Nagsabi ito: "Kaya gumawa ako niyon saka nag-alis niyon si Allāh sa akin."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Pumunta si `Uthmān bin Abī Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang demonyo ay bumalakid nga sa pagitan ko

at ng ṣalāh ko, nagkait nga sa akin ng kataimtiman dito, nagpalito nga sa akin sa pagbigkas ko, at nagpaduda nga sa akin dito." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, mangunyapit ka kay Allāh, manalangin ka kay Allāh ng pagkukup laban diyan, at umihip ka sa kaliwa mo kasama ng kaunting laway nang tatlong ulit." Nagsabi si `Uthmān: "Kaya ginawa ko ang ipinag-utos sa akin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka inalis iyon ni Allāh sa akin."

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kahalagahan ng kataimtiman at pagdalo ng puso sa pagsasagawa ng ṣalāh at na ang demonyo ay nagsusumikap sa pambubulabog at pagpapaduda rito.
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpapakamapagpakukup laban sa demonyo sa sandali ng panunulsol nito sa pagsasagawa ng ṣalāh kasama ng paglura sa kaliwa nang tatlong ulit.
3. Ang paglilinaw sa gawi ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) na pagsangguni nila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa nangyayari sa kanila na mga suliranin, nang sa gayon lumutas siya nito para sa kanila.
4. Ang buhay ng puso ng mga Kasamahan at na ang alalahanin nila ay ang Kabilang-buhay.

(65105)

(154) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَسْوَأُ النَّاسِ سَرَقَةً الَّذِي يَسْرِقُ صَلَاتَهُ» قَالَ: وَكَيْفَ يَسْرِقُ صَلَاتَهُ؟ قَالَ: «لَا يَتِمُّ رُكُوعَهَا، وَلَا سُجُودَهَا». [صحيح] - [رواه ابن حبان]

(154) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakamasagwa sa mga tao sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw ng ṣalāh niya." Nagsabi ito: "Papaano po siyang magnanakaw ng ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito."} [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamatindi sa mga tao sa kapangitan sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw mula sa ṣalāh niya. Iyon ay dahil ang pagkuha ng ari-arian ng iba ay baka mapakikinabangan sa Mundo, na kasalungatan ng magnanakaw na ito sapagkat tunay na siya ay nagnakaw ng karapatan ng sarili niya mula sa gantimpala at pabuya ni Allāh. Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at papaano po siyang magnanakaw mula sa ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito." Iyon ay dahil sa nagmadali siya sa pagyukod at pagpapatirapa, kaya hindi siya nakapagsasagawa ng dalawang ito sa pinakalubos na paraan.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kahalagahan ng pagpapahusay sa pagsasagawa ng ṣalāh at pagsasagawa ng mga haligi nito nang may kapanatagan at kataimtiman.
2. Ang paglalarawan sa sinumang hindi nagpapalubos sa pagyukod niya at pagpapatirapa niya na siya ay isang

magnanakaw ay isang pagpapalayo ng loob doon at isang pagtawag-pansin sa pagbabawal niyon.

3. Ang pagkakinakailangan ng pagpapalubos ng pagyukod at pagpapatirapa sa pagsasagawa ng ṣalāh at ang pagpapakatuwid sa dalawang ito.

(65100)

(155) – عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعاً: «أما يخشى الذي يرفع رأسه قبل الإمام أن يُحوّل الله رأسه رأس حمار، أو يجعل صورته صورة حمار؟». [صحيح] - [متفق عليه]

(155) – Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu-:( Hindi ba natatakot yaong nagtataas ng ulo niya bago ang Imam,na palitan ni Allah ang ulo niya ,nang ulo ng Asno,o palitan ang itsura niya na tulad ng itsura ng Asno?) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Kaya inilagay ang Imam sa pagdarasal ay upang sundan ito at gumanap rito,kung saan ay nangyayari ang palilipat [sa mga galaw] pagkatapos ng paglipat [sa mga galaw niya],Sa ganitong paglalarawan ay napatupad ang Pagsunod.Nakamit ang layuning kinakailangan mula sa [pagkakaroon] ng Imam,Kaya dumating ang matinding kaparusahang ito sa sinumang magtaas ng ulo niya bago ang Imam niya,na papalita ni Allah ang ulo niya, nang ulo ng Asno,o papalitan niya ang itsura niya nang itsura ng Asno,kung saan ay sisirain ang anyo ng ulo niya,mula sa pinakamagandang itsura patungo sa pinaka-pangit na itsura,Bilang kabayaran mula sa paggawa niya ng pagtaas at paglabag sa [mga galaw sa] pagdarasal.

### Benefits from the Hadith:

(3086)

(156) - عن أبي سعيد الخدري رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم : «إذا شك أحدكم في صلاته، فلم يدرِ كم صلى ثلاثاً أم أربعاً؟ فليطرح الشك وليبن على ما استيقن، ثم يسجد سجدتين قبل أن يسلم، فإن كان صلى خمسا شفعن له صلاته، وإن كان صلى إتماماً لأربع؛ كانتا ترغيمًا للشيطان». [صحيح] - [رواه مسلم]

(156) – Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya.- Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa Pagdarasal niya,At hindi niya alam kong ilan ang naipagdasal niya tatlo ba o apat,Tanggalin niya ang pag-aalinlangan,at itupad niya kung ano ang pinaniniwalaan niya,Pagkatapos ay magpatirapa ng dalawang pagpapatirapa bago magsagawa ng Taslem,At kung ang naipagdasal niya ay lima,[gagawin naming] pamagitan sa kanya ang pagdarasal niya,at kung siya ay nakapagdasal ng tumpak ng apat na tindig,ang dalawang ito ay [magsisilibing] paghahamak kay Satanas)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapahayag sa Marangal na Hadith ang pamamaraan ng pakikisalamuha sa pag-aalinlangan na nanyayari sa isang Muslim sa kalagayan ng pagdarasal niya,at ito ay ang pagtupad niya kung ano ang pinaniwalaan niya,Kapag ang pag-aalinlangan ay sa bilang ng tindig,Paniwalaan niya kung ano ang pinakamaliit na bilang,pagkatapos ay magpatirapa ng dalawang beses bago magsagawa ng Taslem.Sa Hadith,Ayon kay Abe Said,Nagsabi siya:Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalin siya ni Allah at pangalagaan-"Kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa pagdarasal niya" ibig sabihin ay:Nag-alinlangan na walang napipilian,nararapat na sa kanyang pag-aalinlangan,ay itupad niya kung ano ang pinaniniwalaan niya,"At hindi niya alam kong ilan ang

naipagdasal niya tatlo ba o apat" ibig sabihin ay: halimbawa."Tanggalin niya ang pag-aalinlangan"ibig sabihin: Kung anuman ang pinag-aalinlangan niya rito kung ika-apat na tindig,"at itupad niya kung ano ang pinaniniwalaan niya," ibig sabihin ay: ang pinaniniwalaan niyang sigurado na tatlong tindig.Sa sinabi niya"Pagkatapos ay magpatirapa ng dalawang pagpapatirapa bago magsagawa ng Taslem"Ito ang pinakamainam,na ang pagpapatirapa ay gaganapin bago isagawa ang Taslem.Sa sinabi niya:"At kung ang naipagdasal niya ay lima,"Pagpapaliwanag sa pangyayaring pagpapatirapa,ibig sabihin ay:Kapag ang naipagdasal niya sa pangyayaring iyon ay apat at naging lima dahil sa pagdagdag niya rito ng isa pang ibang tindig, "[gagawin naming] pamagitan sa kanya ang pagdarasal niya" ibig sabihin : ang dalawang pagpapatirapa ay magiging pamagitan niya sa pagdarasal,dahil ang mga ito ay katumbas ng isang tindig,At ang dasal na dinadasal niya sa pinaka-una ay pares at hindi witr, dahil ito ay apat na tindig batay sa halimbawang nakasaad sa Hadith,At sa sinabi niyang:"at kung siya ay nakapagdasal ng tumpak ng apat na tindig" Kapag ang naipagdasal niya ay apat na tindig sa pangyayari,Naiganap niya ito ng walang labis at walang kulang,Sa sinabi niya: "ng dalawang ito ay [magsisilibing] paghahamak kay Satanas"ibig sabihin ay:Kapag ang naging dasal niya ay apat na tindig,"Ang dalawang ito"; ibig sabihin ay:ang dalawang pagpapatirapa ay paghahamak,ibig sabihin"Pagpapababa kay Satanas,Si Allah ang Higit na nakakaalam.

## **Benefits from the Hadith:**

(11231)

(157) - عن وإبصة بن مَعْبَد الجُهني رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم رأى رجلاً يصلي خلف الصّف وحده، فأمره أن يُعيد الصلاة. [حسن] - [رواه أبو داود وأحمد والترمذي]

(157) – At ayon kay Wabisah bin Ma-bad Al-Juhanie-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan;ay nakakita ng isang lalaki na nagdarasal sa likod ng linya na nag-iisa,Ipinag-utos nito sa kanya na ulitin niya ang pagdarasal. [Maganda] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Pagkatapos umalis ng Sugo ni Allah-pagpalai siya ni Allah at pangalagaan sa kanyang pagdarasal,tumingin siya,kung-kaya`t nakita niya ang isang lalaking nagdarsal sa likod ng linya na nag-iisa,ipinag-utos nito sa kanya na ulitin ang dasal na dinadasal niya sa likod ng linya mula`t sa simula,at ito ay hayag;na tunay na ang pagdarasal sa likod ng linya na nag-iisa ay hindi ipinapahintulot sapagkat siya ay napag-utusan sa pag-uulit nito,at hindi ipag-uutos sa kanya ang pag-uulit nito kung ito ay kusang-loob sa kanya,at ang nakasaad sa Hadith ni Abe Bakrah malugod si Allah sa kanya-na siya ay yumuko na wala sa linya pagkatapos ay pumasok sa linya,ito ay hindi magpapawalang-bisa sa(Hadith) na ito,Sapagkat siya ay hindi nagdasal na nag-iisa,dahil inabutan niya ang pagyuko kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,at dahil siya ay nakapagsagawa ng Takbiratul Ihram at ilang bahagi ng pagyuko na nag-iisa,ito ay hindi nangangahulugan na siya ay nagdadasal na nag-iisa;Hindi katulad ng sinumang nakapagsagawa ng dasal ng isang tindig,o mas marami,dahil ito ay pagpapatunay na (nakapagsagawa)ng pagdarasal na nag-iisa, naging ganap man ang linya o hindi ganap,At nararapat sa kanya na kapag nakakita siya sa linya na bakante na pasukan niya ito,at hindi ipinapahintulot sa kanya na tumindig mag-isa sa likod ng linya,at kapag ito ay ginawa niya,hindi magiging tumpak ang pagdarasal niya,at kapag

wala na siyang matagpuang bakante sa linya,ay tumindig siya sa likod ng linya na nag-iisa at huwag niyang iwan ang (pagdarasal) ng Jamaah.

### Benefits from the Hadith:

(11303)

(158) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: ذُكِرَ عِنْدَ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ رَجُلٌ نَامَ لَيْلَهُ حَتَّى أَصْبَحَ، قَالَ: «ذَاكَ رَجُلٌ بَالَ الشَّيْطَانَ فِي أَدْنِيهِ، أَوْ قَالَ: فِي أَدْنِيهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(158) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog sa gabi nito hanggang sa nag-umaga. Nagsabi siya: "Iyan ay lalaking umihi ang demonyo sa mga tainga niya," o nagsabi siya: "sa tainga niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog hanggang sa nag-umaga, sumikat ang araw, at hindi bumangon para magsagawa ng ṣalāh na isinatungkulin. Kaya naman nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na iyon ay lalaking umihi ang demonyo sa tainga niya."

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkakasuklam-suklam ng pag-iwan ng pagdarasal sa gabi at na iyon ay dahilan sa demonyo.
2. Ang pag-iingat laban sa demonyo na nag-aabang sa tao sa bawat daan upang sumagabal sa pagitan ng tao at ng



- pagtalima kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).
3. Nagsabi si Ibnu Ḥajar: Ang sabi niya: "hindi bumangon para magsagawa ng ṣalāh" ay tumutukoy sa pangkalahatan [na ṣalāh] at naisasapossible na sa kasunduan. Ang tinutukoy rito ay ang ṣalāh sa gabi o ang isinatungkulin.
  4. Nagsabi si Aṭ-Ṭaybīy: Itinangi ang tainga sa pagkabanggit, kahit pa ang mata ay higit na angkop sa pagtulog, bilang pagtukoy sa kahimbingan ng pagkatulog sapagkat tunay na ang mga pandinig ay ang pinagmumulan ng pagkatawag-pansin. Itinangi ang ihi dahil ito ay pinakamadali sa pagpasok at mga butas at pinakamabilis sa panunuot sa mga ugat, kaya naman nagsasanhi ito ng katamaran sa lahat ng mga bahagi ng katawan.

(3714)

(159) – عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعاً: «حَيْزُ يَوْمٍ طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ يَوْمَ الْجُمُعَةِ: فِيهِ خُلِقَ آدَمُ، وَفِيهِ أُدْخِلَ الْجَنَّةَ، وَفِيهِ أُخْرِجَ مِنْهَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(159) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang pinakamabuting araw na sinikatan ng araw ay ang araw ng Biyernes. Dito nilikha si Adan, dito ipinasok siya sa Paraiso, dito inilabas siya mula roon." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na ang pinakamabuting araw na sinikatan ng araw ay ang araw ng Biyernes. Sa araw na ito nilikha si Adan, ang ama ng Sangkatauhan. Nilikha siya ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, sa pamamagitan ng kamay Nito. Nilikha Nito siya mula sa alabok at

nangyari iyon sa araw ng Biyernes. Sa araw na ito ipinasok si Adan sa Paraiso, ang tuluyan na tutuluyan ng Sangkatauhan. Ipinasok siya ni Allāh sa Paraiso, siya at ang maybahay niya. Sa araw ng Biyernes, inutusan siya ni Allāh, pagkataas-taas Niya, na lumabas mula sa Paraiso. Ang pagpapalabas sa kanya ay hindi para hamakin, bagkus dahil sa hinihiling ng karunungan ni Allāh, pagkataas-taas Niya.

### Benefits from the Hadith:

(3711)

(160) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «مَنْ اغْتَسَلَ يَوْمَ الْجُمُعَةِ غُسْلَ الْجَنَابَةِ ثُمَّ رَاحَ، فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَدَنَهُ، وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الثَّانِيَةِ، فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَقَرَةً، وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الثَّلَاثَةِ، فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ كَبْشًا أَقْرَنَ، وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الرَّابِعَةِ، فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ دَجَاجَةً، وَمَنْ رَاحَ فِي السَّاعَةِ الْخَامِسَةِ، فَكَأَنَّمَا قَرَّبَ بَيْضَةً، فَإِذَا خَرَجَ الْإِمَامُ حَضَرَتِ الْمَلَائِكَةُ يَسْتَمِعُونَ الدُّكْرَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(160) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang naligo sa araw ng Biyernes ng paligo ng janābah, pagkatapos pumunta, ay para bang nag-alay siya ng isang kamelyo. Ang sinumang pumunta sa ikalawang yugto ay para bang nag-alay siya ng isang baka. Ang sinumang pumunta sa ikatlong yugto ay para bang nag-alay siya ng isang tupang may sungay. Ang sinumang pumunta sa ikaapat na yugto ay para bang nag-alay siya ng isang manok. Ang sinumang pumunta sa ikalimang yugto ay para bang nag-alay siya ng isang itlog. Kapag lumabas ang imām, dadalo ang mga anghel upang makinig sa pag-aalaala [kay Allāh]."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kainaman ng maagang pagpunta sa ṣalāh sa Biyernes.

Nagsisimula ang maagang pagpunta mula sa pagsikat ng araw hanggang sa pagdating ng imām. Ito ay limang yugto. Nahahati ang mga ito sa limang bahagi alinsunod sa oras sa pagitan ng pagsikat ng araw hanggang sa pagpasok ng imām at pag-akyat niya sa mimbar para sa khuṭbah:

A. Ang sinumang naligo ng isang kumpletong paligo gaya ng pagpaligo ng janābah, pagkatapos pumunta siya sa masjid ng ṣalāh sa Biyernes sa unang yugto, para bang nagkawanggawa siya ng isang kamelyo.

B. Ang sinumang pumunta sa ikalawang yugto, para bang nagkawanggawa siya ng isang baka.

C. Ang sinumang pumunta sa ikatlong yugto, para bang nagkawanggawa siya ng isang tupa – lalaking tupa na may sungay.

D. Ang sinumang pumunta sa ikaapat na yugto, para bang nagkawanggawa siya ng isang manok.

E. Ang sinumang pumunta sa ikalimang yugto, para bang nagkawanggawa siya ng isang itlog.

Kapag lumabas na ang imām para sa khuṭbah, tumitigil ang mga anghel na nakaupo sa mga pinto sa pagtatala ng mga pumapasok sa masjid ayon sa pagkakasunud-sunod at pumupunta sila upang makinig sila sa dhikr at khuṭbah.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pagpaligo sa araw ng Biyernes at ito ay bago ng pagpunta sa ṣalāh sa Biyernes.
2. Ang kainaman ng maagang pagpunta sa ṣalāh sa Biyernes mula sa kauna-unahan sa mga yugto ng maghapon.
3. Ang paghimok sa pagdadali-dali sa mga maayos na gawain.
4. Ang pagdalo ng mga anghel sa ṣalāh sa Biyernes at ang pakikinig nila sa khuṭbah.

5. Ang mga anghel ay nasa mga pinto ng masjid, na nagtatala ng mga dumarating ayon sa pagkakasunud-sunod sa pagdating sa ṣalāh sa Biyernes.
6. Nagsabi si Ibnu Rajab: Ang sabi niya: "Ang sinumang naligo sa araw ng Biyernes ..., pagkatapos pumunta" ay nagpapahiwatig na ang pagpaligong isinakaibig-ibig para sa Biyernes ay nagsisimula sa pagsapit ng madaling-araw at nagwawakas bago magtungo ṣalāh sa Biyernes.

(5393)

(161) – عن ثَوْبَانَ رضي الله عنه قال: كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إِذَا انْصَرَفَ مِنْ صَلَاتِهِ اسْتَغْفَرَ ثَلَاثًا، وَقَالَ: «اللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ، وَمِنْكَ السَّلَامُ، تَبَارَكْتَ ذَا الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ»، قَالَ الْوَلِيدُ: فَقُلْتُ لِلْأَوْزَاعِيِّ: كَيْفَ اسْتَغْفَرَا؟ قَالَ: تَقُولُ: أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ. [صحيح] - [رواه مسلم]

(161) – Ayon kay Thawbān (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nakatapos siya sa pagsasagawa ng ṣalāh niya, ay humihingi ng tawad nang tatlong ulit (istighfār) at nagsasabi ng: "Allāhumma anta –ssalāmu wa-minka –ssalām. Tabārakta yā dha –ljalāli wa-l'ikrām. (O Allāh, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Ka, O pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparantal.)" Nagsabi si Al-Walīd: "Kaya nagsabi ako kay Al-Awzā'iy: Papaano ang paghingi ng tawad?" Nagsabi ito: "Magsasabi ka ng: Astaghfiru –llah, astaghfiru –llah. (Humihingi ako ng tawad kay Allāh. Humihingi ako ng tawad kay Allāh.)"} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi kapag nagwakas siya sa pagsasagawa ng ṣalāh niya: "Astaghfiru –llah,

astaghfiru –llah, astaghfiru –llah. (Humihingi ako ng tawad kay Allāh. Humihingi ako ng tawad kay Allāh. Humihingi ako ng tawad kay Allāh.)"

Pagkatapos dumadakila siya sa Panginoon niya sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Allāhumma anta –ssalāmu wa-minka –ssalām. Tabārakta yā dha –ljalāli wa-l'ikrām. (O Allāh, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Ka, O pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparangal.)" Si Allāh ay ang Sakdal, ang Lubos sa mga katangian Niya, ang pinawalang-kinalaman sa bawat kapintasan at kakulangan. Hinihiling mo mula sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) ang kaligtasan mula sa mga kasamaan sa Mundo at Kabilang-buhay, hindi mula sa iba pa sa Kanya. Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay nagsidamihan nga sa kabutihan Niya sa Mundo at Kabilang-buhay. Siya ay ang Tagapagtaglay ng kadakilaan at paggawa ng maganda.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng paghingi ng tawad kaagad matapos ng ṣalāh at ang pagpapamalagi nito.
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng paghingi ng tawad para sa pagsasalubos ng kakulangan sa pagsamba at bilang pampuno para sa pagtalima at pagkukulang dito.

(10947)

(162) - عَنْ أَبِي الزُّبَيْرِ قَالَ: كَانَ ابْنُ الزُّبَيْرِ يَقُولُ فِي دُبُرِ كُلِّ صَلَاةٍ حِينَ يُسَلِّمُ: «لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ، لَهُ النَّعْمَةُ وَلَهُ الْفَضْلُ وَلَهُ الثَّنَاءُ الْحَسَنُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ» وَقَالَ: «كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَهْتَلِلُ بِهِنَّ دُبُرَ كُلِّ صَلَاةٍ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(162) - Ayon kay Abu Az-Zubayr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Anak ni Az-Zubayr ay nagsasabi noon sa bawat pagkatapos ng ṣalāh kapag nakapagsasagawa siya ng taslīm: "Lā ilāha illa —llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu —lmuḥku wa-lahu —lḥamd, wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh. Lā ilāha illa —llāh, wa-lā na`budu illā iyyāh. Lahu —nni`matu wa-lahu —lfaḍlu wa-lahu —ththanā`u —lḥasan. Lā ilāha illa —llāhu mukhliṣīna lahu —ddīna wa-law kariha —lkāfirūn. (Walang Diyos kundi si Allāh —tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh at wala kaming sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya, ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob, at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allāh. Bilang mga nagpapakawagas [kami] sa Kanya sa pagtalima, at kahit pa man masuklam ang mga tagatangging sumampalataya.)" Nagsabi siya: "Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bumibigkas ng Lā ilāha illa —llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) kalakip ng mga ito sa pagkatapos ng bawat ṣalāh."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dumadalangin matapos ng pagsasagawa niya ng taslīm ng bawat ṣalāh na isinatungkulin sa pamamagitan ng dakilang dhikr na ito:

Ang "Lā ilāha illa --llāh (Walang Diyos kundi si Allāh)" ay nangangahulugang: Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh.

Ang "waḥdahu lā sharīka lah (tanging Siya: walang katambal sa Kanya)" ay nangangahulugang: Tunay na walang nakikilahok sa Kanya sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Ang "Lahu --lmulku (Ukol sa Kanya ang paghahari)" ay nangangahulugang: Ukol sa kanya ang paghaharing walang-takda na pangkalahatan na sumasaklaw na malawak, na paghahari sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito.

Ang "wa-lahu --lḥamd (at ukol sa Kanya ang papuri)" ay nangangahulugang: Siya ang nailalarawan sa kalubusang walang-takda, na pinapupurihan dahil sa kalubusan dala ng pag-ibig at pagdakila sa bawat kalagayan, sa kariwasaan at sa kariwaraan.

Ang "huwa `alā kulli shay'in qadīr (Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan" ay sapagkat ang kakayahan Niya ay lubos at ganap sa bawat punto, n walang nagpapawalang-kakayahan sa Kanya na isang anuman at walang nakapipigil sa Kanya na isang bagay kabilang sa mga bagay.

Ang "Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh. (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.)" ay nangangahulugang: Walang pagpapalit-kalagayan mula sa isang kalagayan tungo sa isang kalagayan at mula sa pagsuway kay Allāh tungo sa pagtalima sa Kanya, at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh sapagkat Siya ang Tagatulong at sa Kanya ang saligan.

Ang "Lā ilāha illa --llāh, wa-lā na`budu illā iyyāh." (Walang Diyos kundi si Allāh at wala kaming sinasamba kundi Siya.)" ay isang pagbibigay-diin sa kahulugan ng pagkadiyos at pagkakaila sa Shirk, at na walang naging karapat-dapat sa pagsamba kundi Siya.

Ang "Lahu --nni`matu wa-lahu --lfaḍlu (Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya, ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob,)" ay sapagkat Siya ay ang lumikha ng mga biyaya, nagmamay-ari ng mga ito, at

nagmamagandang-loob ng mga ito sa sinumang niloloob Niya sa mga lingkod Niya.

Ang "wa-lahu –ththanā’u –lḥasan. (at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi.)": sa sarili Niya, mga katangian Niya, mga gawain Niya, mga biyaya Niya, at sa bawat kalagayan.

Ang "Lā ilāha illa –llāhu mukhliṣīna lahu –ddīna (Walang Diyos kundi si Allāh. Bilang mga nagpapakawagas [kami] sa Kanya sa pagtalima,)" ay nangangahulugang: Bilang mga naniniwala sa Tawḥīd, hindi dala ng pakitang-tao at hindi dala ng parinig sa pagtalima kay Allāh.

Ang "wa-law kariha –lkāfirūn. (at kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.)" ay nangangahulugang: bilang mga nagpapakatatag sa paniniwala sa kaisahan ni Allāh at pagsamba sa Kanya, kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpapanatili ng pagsambit ng dhikr na ito matapos ng bawat ṣalāh na isinatungkulin.
2. Ang Muslim ay nagmamarangal ng Relihiyon niya at naglalantad ng mga sagisag nito, kahit pa man nasuklam ang mga tagatangging sumampalataya.
3. Kapag nasaad sa ḥadīth ang pariralang "pagkatapos ng ṣalāh" saka kung ang nasa ḥadīth ay dhikr, ang batayang panuntunan ay na ito ay matapos ng salām; at kung ito naman ay panalangin, ito ay bago ng salām ng ṣalāh.

(6203)



(163) - عَنْ وَرَادٍ كَاتِبِ الْمُغِيرَةَ بْنِ شُعْبَةَ قَالَ: أَمَلَى عَلَيَّ الْمُغِيرَةُ بْنُ شُعْبَةَ فِي كِتَابٍ إِلَى مُعَاوِيَةَ: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ يَقُولُ فِي دُبُرِ كُلِّ صَلَاةٍ مَكْتُوبَةٍ: «لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ». [صحيح] - [متفق عليه]

(163) – Ayon kay Warrād, ang tagasulat ni Al-Mughīrah bin Shu`bah, na nagsabi: {Nagdikta sa akin si Al-Mughīrah bin Shu`bah sa isang sulat kay Mu`āwiyah: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa pagkatapos ng bawat ṣalāh na isinatungkulin ng: "Lā ilāha illa –llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu –l mulku wa-lahu –lḥamdu wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Allāhumma lā māni`a limā a`ṭayta, wa-lā mu`ṭiya limā mana`ta, wa-lā yanfa`u dha –ljaddi minka –ljadd. (Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. O Allāh, walang tagapigil sa anumang ibinigay Mo, walang tagabigay sa anumang pinigil Mo, at hindi nagpapakinabang ang yaman sa may yaman laban sa Iyo.)"} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi matapos na matapos ng bawat ṣalāh na isinatungkulin ng: "Lā ilāha illa –llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu –l mulku wa-lahu –lḥamdu wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Allāhumma lā māni`a limā a`ṭayta, wa-lā mu`ṭiya limā mana`ta, wa-lā yanfa`u dha –ljaddi minka –ljadd. (Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. O Allāh, walang tagapigil sa anumang ibinigay Mo, walang tagabigay sa anumang pinigil Mo, at hindi magpapakinabang ang yaman sa may yaman laban sa Iyo.)"

Ibig sabihin: Nagpapatibay ako at kumikilala ako sa Pangungusap ng Tawhīd: Walang Diyos Kundi si Allāh. Ang totoong pagsamba ay pinagtitibay ko para kay Allāh at ikinakaila ko sa iba pa sa Kanya sapagkat walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh. Nagpapatibay ako na ang paghaharing tunay na lubos ay kay Allāh. Ang lahat ng papuri ng mga naninirahan sa mga langit at lupa ay karapat-dapat kay Allāh (napakataas Siya) yayamang Siya ay Nakakakaya sa bawat bagay. Ang anumang itinakda ni Allāh na pagbibigay o pagkakait ay walang tagapigil sa Kanya. Sa ganang Kanya, hindi nagpapakinabang sa may yaman ang yaman niya. Tanging nagpapakinabang sa kanya ang maayos na gawain.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng dhikr na ito matapos na matapos ng mga ṣalāh dahil sa nilaman nito na mga pananalita ng Tawhīd at papuri.
2. Ang pagdadali-dali sa pagsunod sa mga sunnah at pagpapalaganap ng mga ito.

(65102)

(164) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ سَبَّحَ اللَّهَ دُبُرَ كُلِّ صَلَاةٍ ثَلَاثًا وَثَلَاثِينَ، وَحَمِدَ اللَّهَ ثَلَاثًا وَثَلَاثِينَ، وَكَبَّرَ اللَّهَ ثَلَاثًا وَثَلَاثِينَ، فَتِلْكَ تِسْعَةٌ وَتِسْعُونَ، وَقَالَ تَمَامَ الْمِائَةِ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، غُفِرَتْ خَطَايَاهُ، وَإِنْ كَانَتْ مِثْلَ زَبَدِ الْبَحْرِ».

[صحيح] - [رواه مسلم]

(164) - At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Sinuman ang Magluwalhati kay Allah sa bawat pagtatapos ng pagdarasal nang tatlumpot-tatlo,at Magpuri kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at Magdakila kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at ito ay siyamnaput-siyam,at nagsabi sa pagganap na Isang-daan ng :Walang Diyos kundi si Allah,Nag-iisa Siya;Walang katambal sa Kanya,Sa Kanya ang Pamamahala,At sa Kanya ang Papuri,At Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya,Patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya,kahit ito ay tulad ng bula sa karagatan)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapahayag ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito,Ang kainaman ng Pagluwalhati at Pagpuri at Pagdakila at Pag-iisa (sa kaisahan ni Allah),sa mga likod ng mga Obligadong Dasal,Ang (Pagtatanto sa Obligado,dahil sa naisaad sa mga ibang salaysay,na pinagtanto rito ang sa likod ng Dasal na Obligado),At ang Pagluwalhati kay Allah: Pagdadalisay sa Kanya sa lahat ng Kakulangan at Kapintasan,Sapagkat si Allah Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan ay Ganap sa lahat ng bagay,Ganap sa Kanyang mga Pangalan,at sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain.At ang Pagpuri:Ito pagpupuri sa Allah Ganap Niyang Katangian,Ang Pagluwalhati ay ang pagtatanggi sa lahat ng Katangian ng kakulangan,at sa Pagpupuri ay ang Pagtatangi sa Katangian Niyang Ganap.At ang Pagdakila:Pagtangi sa Allah Pagkataas-taas Niya, Na Siya ang Pinaka-Dakila sa lahat ng bagay,At tanging sa Kanya (lamang)

ang pag-aangkin ng Kapamahalaan sa kalangitan at Kalupaan at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan ang Tigib ng Karunungan. At ang kainaman na nabanggit ay ang pagpapatawad sa mga kasalanan, at ang kahulugan nito, Tunay na ang Pag-aalaala ay dahilan sa pagpapatawad sa mga kasalanan, at pagbura sa mga kasamaan, at ang ipinapahiwatig nito: Ay ang pagbura sa mga maliliit na kasalanan, Ngunit ang malalaking kasalanan ay hindi mabubura maliban sa Pagbabalik-loob rito, Nagsabi Siya Pagkataas-taas Niya: (( At kung inyong iiwasan ang mga karumal-dumal na kasalanan na sa inyo ay ipinagbabawal, Ipapatawad Namin sa inyo ang inyong maliliit na kasalanan)) [An-Nisā: 31] Kayat sinuman ang magbanggit sa Pag-alaala na ito pagkatapos ng pagdadasal kahit ito ay may kaunting pagkaantala, maging ito man ay naka-upo o naglalakad, at maging ito man ay nakaharap sa Qiblah o nakatalikod rito, at maging ito man ay nasa loob ng Masjid o sa labas nito, Mapapasakanya ang ganap na gantimpala at hindi maghahatol ng hindi makatarungan ang Panginoon mo sa kahit sa sinuman, at kung hindi niya ito gagampanan maliban sa mahabang panahon, tunay na mawawala sa kanya ang kainaman at mapapasakanya lamang ang gantimpala ng Pag-alaala ng pangkalahatan. At kabilang sa napakagandang kainaman mula kay Allah Pagkataas-taas Niya, ay ang pagpapatawad sa mga kasalanan kahit ito ay dumami, at ang kahulugan ng Marami; ay naiintindihan sa sinabi niyang: ( at kahit ito ay tulad ng mga bula sa karagatan). At ang bilang na nabanggit rito, ay ang pag-uulit sa bawat Pagluwalhati at Pagpupuri at Pagdadakila nang tatlumpot-tatlo, at bigkasin ng isang beses: Walang Diyos kundi si Allah, Nag-iisa Siya: Walang katambal sa kanya, Sa Kanya ang Pamamahala at Sa Kanya ang Papuri, at Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya.

### **Benefits from the Hadith:**

(10948)

(165) – عن أبي أمامة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «من قرأ آية الكرسي في دبر كل صلاة مكتوبة لم يمنعه من دخول الجنة إلا أن يموت». وفي رواية: «وقل هو الله أحد». [صحيح] - [رواه النسائي، والرواية الأخرى أخرجها الطبراني]

(165) – Ayon kay Abe Umāmah, malugod si Allah sa kanya-nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((ang sinuman ang bumasa ng Ayat Al-Kursiy, sa likod ng bawat dasal na obligado,walang makakapagpigil sa kanya sa pagpasok sa paraiso liban kapag siya ay namatay)) at sa isang salaysay:(( at ang : (( Ipagbadya [O Muhammad] Siya si Allah,Ang Nag-iisa)) [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Aṭ-Ṭabrānīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinahayag sa maluwalhating Hadith ang kainaman ng pagbasa sa Ayat Al-Kursiy at ito ay mattagpuan sa Surat Al-Baqarah : {Si Allah! wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya,Ang may walang-hanggang buhay,ang may walang-hanggang kapangyarihan,Ang antok at pagkaidlip ay hindi maaaring makapanaig sa Kanya,Siya ang nag-aangkin ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan,Sino kaya baga ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan?Talastas Niya kung ano ang nangyayari sa Kanyang mga nilikha sa mundong ito,sa kanilang harapan at sa kanilang likuran,[at ang kanilang kasasapitan sa kabilang-buhay]. At sila ay hindi makakapagtamo ng anuman sa Kanyang karunungan maliban sa Kanyang naisin,Ang Kanyang Kursi [Luklukan], ay sumasaklaw sa kalangitan at kalupaan,at Siya ay hindi napapagal sa pagbabantay at pagpapanatili sa kanila [mga kalangitan at kalupaan], At Siya ay Kataas-taasan,Ang Pinakadakila} [Al-Baqarah:255] sa likod ng bawat pagdarasal,At ang kainaman nito ay ang pagpasok sa paraiso,o Ang pagpasok sa paraiso ay magaganap kahit na mamatay siya sa yaong oras

## Benefits from the Hadith:

(10950)

(166) - عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما قال: «صَلَّيْتُ مَعَ رَسُولِ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- رَكَعَتَيْنِ قَبْلَ الظُّهْرِ، وَرَكَعَتَيْنِ بَعْدَهَا، وَرَكَعَتَيْنِ بَعْدَ الجُمُعَةِ، وَرَكَعَتَيْنِ بَعْدَ المَغْرِبِ، وَرَكَعَتَيْنِ بَعْدَ العِشَاءِ».

وفي لفظ: «فَأَمَّا المَغْرِبُ والعِشَاءُ والجُمُعَةُ: ففِي بَيْتِهِ».

وفي لفظ: أَنَّ ابْنَ عُمَرَ قال: حَدَّثَنِي حَفْصَةُ: أَنَّ النَّبِيَّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-: «كَانَ يُصَلِّي سَجْدَتَيْنِ خَفِيفَتَيْنِ بَعْدَ مَا يَطْلُعُ الفَجْرُ، وَكَانَتْ سَاعَةً لَا أَدْخُلُ عَلَى النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ-

فِيهَا». [صحيح] - [متفق عليه بجميع رواياته]

(166) - Ayon kay date `Abdullāh bin Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa, siya ay nagsabi: ((Nagdasal ako kasama ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ng dalawang tindig bago ang Al-Dhuhr; at dalawang tindig pagkatapos nito, at dalawang tindig pagkatapos ng Al-Jumuah, at dalawang tindig pagkatapos ng Al-Maghrib, at dalawang tindig pagkatapos ng Al-`Eishah)), At sa isang pananalita: ((At ang sa Al-Maghrib at Al-`Eishah at Al-Jumuah, ay sa bahay niya)) At sa ibang pananalita: Na si Ibn `Umar nagsabi siya: Kinausap ako ni Hafsa: Tunay na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ((ay nagdarasal ng dalawang magaan na pagpapatirapa, pagkatapos ng pagsikat ng Al-Fajr, at lumilipas ang isang oras na hindi ako pumapasok sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-rito.)) [Tumpak] - [Napaagkaisahan sa Katumpakan sa buong naisalaysay niya]

## Ang pagpapaliwanag:

Sa Hadith na ito ay pagpapahayag sa mga Sunnah na Rawatib sa Limang beses na pagdarasal, At ito ay ang dasal na Al-Dhuhr na may

apat na tindig, Dalwang tindig bago ito [ isagawa] at dalawang tindig pagkatapos nito, At ang dasal na Al-Jumuah ay may dalawang tindig pagkatapos nito, at sa Al-Maghrib ay may dalawang tindig pagkatapos nito, at sa dasal na Al-`E ishah ay may dalawang tindig pagkatapos nito, At ang dalawang Sunnah Arrawatib sa dasal na Gabi ay ang Al-Maghrib at Al-`Eishah, At ang Sunnah Arrawatib ng Al-Fajr at Al-Jumuah ay idinadasal ito ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa bahay niya. At si Ibn `Umar -malugod si Allah sa kanya-ay may kaugnayan sa Tahanan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dahil sa lugar ng kapatid niya na si "Hafsah" sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kaya siya ay pumapasok sa kanya sa oras ng pagsasamba niya, ngunit siya ay nagpapakita ng magandang pag-uugali, hindi siya pumapasok sa mga ilang oras na kung saan ay hindi pinapasukan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan rito, Bilang pagsunod sa Sinabi Niya-Pagkataas-taas Niya; { O kayong mga sumasampalataya! Hayaan sila na angkin ng iyong kanang kamay [mga alipin] at sila na hindi sumapit sa tamang gulang ng pagdadalaga sa inyong lipon ay humingi ng pahintulot sa inyo [bago sila pumasok sa inyo] sa tatlong ulit bago sumapit ang Al-Fajr" Ang Talata. Kaya siya ay hindi pumapasok sa kanya sa oras na bago sumapit ang dasal ng Al-Fajr para lang makita niya kung paano ang Propeta ay magsagaw ng dasal [ sa oras na ito], ngunit dahil sa pagsusumikap niya sa kaalaman-Tinanong niya ang kapatid niya na si "Hafsah" dahil rito, Kaya sinasabi niya na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdadasal ng dalawang pagpatirapa na magaan, pagkatapos sumikat ng araw, at ang dalawang ito ang Sunnah sa dasal ng Al-Subh.

### **Benefits from the Hadith:**

(3062)

(167) - عن عائشة رضي الله عنها أن النبي صلى الله عليه وسلم كان لا يدع أربعاً قبل الظهر

وركعتين قبل العَدَاة. [صحيح] - [رواه البخاري]

(167) – Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya- Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay hindi niya iniwan ang apat na tindig bago ang dasal ng Dhuhur at dalawang tindig bago ang Subh [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Tunay na ang Propet-pagpalain siya nio Allah at pangalagaan-ay nagpapalagi at nagpapanatili sa dasal na apat na tindig bago ang dasal ng Dhuhur, at ito ay hindi ngpapawalang bisa sa Hadith ni Ibn `Umar- malugod si Allah sa kanya- na napapaloob rito: " Na siya ay nagdadasal ng dalawang tindig bago ang dasal ng Dhuhur" at ang dahilan ng pag-iisa sa pagitan nila ay, kadalasan nagdadasal siya ng dalawang tindig at kadalasan ay nagdadasal siya ng apat na tindig, kaya ipinapaalam niya ang bawat isa sa dalawang bagay, at ito ay mayroon sa karamihan mula sa mga kusang-loob na pagsamba, at nagdadasal siya ng apat na tindig bago ang dasal ng Dhuhur na may dalawang Taslem, kahit na nagdadasal siya nito ng apat na tindig na may isang Taslem lamang.

### **Benefits from the Hadith:**

(11249)



(168) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مُعَفَّلٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «بَيْنَ كُلِّ أَذَانَيْنِ صَلَاةٌ، بَيْنَ كُلِّ أَذَانَيْنِ صَلَاةٌ» ثُمَّ قَالَ فِي الثَّلَاثَةِ: «لِمَنْ شَاءَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(168) – Ayon kay `Abdullāh bin `Mughaffal (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sa pagitan ng bawat dalawang adhān ay may ṣalāh. Sa pagitan ng bawat dalawang adhān ay may ṣalāh." Pagkatapos nagsabi siya sa ikalawang pagkakataon: "Para sa sinumang nagnais."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sa pagitan ng bawat adhān at iqāmah ay may ṣalāh na pangkusang-loob. Umulit siya niyon nang makatatlo. Nagpabatid siya sa ikatlong pagkakataon na iyon ay isinakaibig-ibig para sa sinumang nagnais na magdasal.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng ṣalāh sa pagitan ng adhān at iqāmah.
2. Ang patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-uulit ng sinabi. Iyon ay bilang pagpaparinig at bilang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng sinasabi.
3. Ang tinutukoy ng dalawang adhān ay ang adhān at ang iqāmah. Itinaguri sa dalawang ito ang dalawang adhān bilang pagpapanaig gaya ng pagtawag na dalawang buwan ang araw at ang buwan at ng pagtawag na dalawang `Umar sina Abū Bakr at `Umar.

4. Ang adhān ay ang pagpapahayag ng pagpasok ng oras at ang iqāmah ay ang pagpapahayag ng pagdating ng pagsasagawa ng ṣalāh.

(65479)

(169) – عَنْ أَبِي قَتَادَةَ السَّلَمِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِذَا دَخَلَ أَحَدُكُمْ الْمَسْجِدَ فَلْيَرْكَعْ رَكَعَتَيْنِ قَبْلَ أَنْ يَجْلِسَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(169) – Ayon kay Abū Qatādah As-Salamīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, yumukod siya ng dalawang rak`ah bago siya umupo."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang pumunta sa masjid at pumasok doon sa alinmang oras, at dahil sa alinmang layon, na magsagawa ng ṣalāh na dalawang rak`ah bago maupo. Ang dalawang rak`ah na ito ay ang dalawang rak`ah na ṣalāh ng pagbati sa masjid.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagsasagawa ng ṣalāh na dalawang rak`ah bilang pagbati sa masjid bago maupo.
2. Ang utos na ito ay para sa sinumang nagnais na maupo. Kaya naman ang sinumang pumasok sa masjid at lumabas bago umupo, hindi nakasasaklaw sa kanya ang utos.
3. Kapag pumasok ang magdarasal sa pinagsasagawaan ng ṣalāh habang ang mga tao ay nasa ṣalāh saka lumahok siya sa kanila

rito, makasasapat na ito sa kanya para magsagawa pa ng dalawang rak`ah.

(65091)

(170) - عن أَبِي هُرَيْرَةَ رضي الله عنه أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِذَا قُلْتُمْ لِصَاحِبِكُمْ: أَنْصِتْ، يَوْمَ الْجُمُعَةِ، وَالْإِمَامُ يَخْطُبُ، فَقَدْ لَعْنَتْ». [صحيح] - [متفق عليه]

(170) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag nagsabi ka sa kasamahan mo: Manahimik ka, sa [ṣalāh sa] araw ng Biyernes habang ang imām ay nagtatalumpati, nagwalang-kabuluhan ka nga."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga etiketang kinakailangan para sa sinumang dumalo sa sermon sa Biyernes ang pananahimik para makinig sa tagapagsermon upang mapagnilay-nilayan ang mga pangaral; at na ang sinumang nagsalita – kahit pa man pinakakaunting pananalita – habang ang imām ay nagsesermon sapagkat nagsabi siya sa iba: "Tumahimik ka at makinig ka", nakaalpas nga sa kanya ang kainaman ng ṣalāh sa Biyernes.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal ng pagsasalita sa sandali ng pakikinig sa sermon, kahit pa dahil sa pagsaway sa nakasasama o pagtugon sa pagbati o pagdalangin sa bumahin.
2. Naitatangi mula rito ang sinumang nakikipag-usap sa imām o kinakausap ng imām.

3. Ang pagpayag sa pagsasalita sa pagitan ng dalawang sermon sa sandali ng pangangailangan.
4. Kapag binanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang ang imām ay nagsesermon, tunay na ikaw ay mananalangin ng basbas at pangangalaga sa kanya nang tahimik. Gayundin ang pag-amen sa panalangin.

(3107)

(171) - عن عمران بن حصين رضي الله عنه قال: كَانَتْ بِي بَوَاسِيْرُ، فَسَأَلْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنِ الصَّلَاةِ، فَقَالَ: «صَلِّ قَائِمًا، فَإِنْ لَمْ تَسْتَطِعْ فَقَاعِدًا، فَإِنْ لَمْ تَسْتَطِعْ فَعَلَى جَنْبٍ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(171) – Ayon kay `Imrān bin Ḥuṣayn (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagkaroon ako ng almoranas kaya nagtanong ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa ṣalāh saka nagsabi naman siya: "Magdasal ka nang patindig; ngunit kung hindi mo nakaya ay paupo; ngunit kung hindi mo nakaya ay [pahiga] sa tagiliran."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pangunahing panuntunan sa pagsasagawa ng ṣalāh ay ang pagtayo, maliban sa kalagayan ng kawalan ng kakayahan sapagkat magsasagawa ang tao ng ṣalāh nang paupo; at kung hindi niya nakaya ang pagsasagawa ng ṣalāh nang paupo, ukol sa kanya na magsagawa ng ṣalāh nang pahiga sa tagiliran niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang ṣalāh ay hindi naaalís sa pagkatungkulin hanggat ang isip ay nananatili, kaya naman ang paglipat mula sa isang

kalagayan tungo sa isang kalagayan ay alinsunod sa kakayahan.

2. Ang kaluwagan at ang kaginhawahan ng Islām dahil ang tao ay makagagawa ng pagsamba na nakakaya niya.

(10951)

(172) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «صَلَاةٌ فِي مَسْجِدِي هَذَا خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ صَلَاةٍ فِيَمَا سِوَاهُ إِلَّا الْمَسْجِدَ الْحَرَامَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(172) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Isang ṣalāh sa Masjid kong ito ay higit na mabuti kaysa sa isang libong ṣalāh sa anumang iba pa rito maliban sa Masjid na Pinakababanal."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kainaman ng pagsasagawa ng ṣalāh sa Masjid niya at na ito ay higit na mainam sa gantimpala kaysa sa isang libong ṣalāh sa mga masjid ng Daigdig, na iba pa sa Masjid na ito, maliban sa Masjid na Pinakababanal sa Makkah sapagkat iyon ay higit na mainam kaysa sa ṣalāh sa Masjid niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpapaibayo sa pabuya sa pagsasagawa ng ṣalāh sa Masjid na Pinakababanal at Masjid na Pampropeta.
2. Ang pagsasagawa ng ṣalāh sa Masjid na Pinakababanal ay higit na mabuti kaysa sa isandaang libong ṣalāh sa iba pa rito na mga masjid.

(65090)

(173) - عَنْ مُحَمَّدِ بْنِ لَيْدٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ: أَنَّ عُثْمَانَ بْنَ عَفَّانَ أَرَادَ بِنَاءَ الْمَسْجِدِ فَكَرِهَ النَّاسُ ذَلِكَ، وَأَحْبَبُوا أَنْ يَدْعُهُ عَلَى هَيْئَتِهِ، فَقَالَ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «مَنْ بَنَى مَسْجِدًا لِلَّهِ بَنَى اللَّهُ لَهُ فِي الْجَنَّةِ مِثْلَهُ». [صحيح] - [منفق عليه]

(173) - Ayon kay Maḥmūd bin Labīd (malugod si Allāh sa kanya): {Si `Uthmān bin `Affān ay nagnais na [muling] ipatayo ang Masjid [ng Propeta] ngunit kinasuklaman ng mga tao iyon at inibig nila na hayaan niya iyon sa anyo niyon. Kaya naman nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: 'Ang sinumang nagpatayo ng isang masjid para kay Allāh, magpapatayo si Allāh para sa kanya sa Paraiso ng tulad nito.'" } [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagnais si `Uthmān bin `Affān (malugod si Allāh sa kanya) na mag-ulit ng pagkakapatayo ng Masjid ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang anyong higit na maganda kaysa sa unang pagkakapatayo nito ngunit kinasuklaman ng mga tao iyon dahil sa dulot niyon na pagpapaiba sa pagkakapatayo ng Masjid buhat sa anyo ng gusali nito sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang Masjid ay ipinatayo sa pamamagitan ng tisa at ang bubong nito ay yari sa palapa subalit si `Uthmān ay nagnais na magpatayo nito sa pamamagitan ng mga bato at palitada. Kaya nagpabatid sa kanila si `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nagpatayo ng isang masjid dala ng paghahangad ng kaluguran ni Allāh (napakataas Siya), hindi dala ng pagpapakitang-tao ni pagpapahanga, gaganti sa kanya si Allāh ng higit na mainam na ganti kaysa sa uri ng gawain niya. Ang ganting ito ay ang pagpapatayo ni Allāh para sa kanya ng tulad niyon sa Paraiso.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pagpapatayo ng mga masjid at ang kainaman niyon.
2. Ang pagpapaluwang ng masjid at ang pagpapanibago nito ay napaloloob sa kainaman ng pagpapatayo.
3. Ang kahalagahan ng pagpapakawagas kay Allāh (napakataas Siya) sa lahat ng mga gawain.

(65089)

(174) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «ما من صاحب ذهب، ولا فضة، لا يؤدِّي منها حقَّها إلا إذا كان يوم القيامة صُفِّحَتْ له صَفَائِحُ من نار، فأُحْمِي عليها في نار جهنم، فيكوى بها جنبه، وجبينه، وظهره، كلما بردت أُعيدت له في يوم كان مقداره خمسين ألف سنة، حتى يُقضى بين العباد فيرى سبيله، إما إلى الجنة، وإما إلى النار». قيل: يا رسول الله، فالإبل؟ قال: «ولا صاحب إبل لا يؤدِّي منها حقَّها، ومن حقَّها حلبها يوم وُرْدَها، إلا إذا كان يوم القيامة بُطِح لها بِقَاعٍ قَرَقَرٍ. أَوْفَرَ ما كانت، لا يَفْقِد منها فَصِيلا واحداً، تَطَّوُّهُ بِأَخْفَافِهَا، وَتَعَضُّهُ بِأَفْوَاهِهَا، كلما مرَّ عليه أُولَاهَا، رَدَّ عليه أُخْرَاهَا، في يوم كان مقداره خمسين ألف سنة، حتى يُقضى بين العباد، فيرى سبيله، إما إلى الجنة، وإما إلى النار». قيل: يا رسول الله، فالبقر والغنم؟ قال: «ولا صاحب بقر ولا غنم لا يؤدِّي منها حقَّها، إلا إذا كان يوم القيامة، بُطِح لها بِقَاعٍ قَرَقَرٍ، لا يَفْقِد منها شيئاً، ليس فيها عَقْصَاءٌ، ولا جَلْحَاءٌ، ولا عَضْبَاءٌ، تَنْطَحُهُ بِقُرُونِهَا، وَتَطَّوُّهُ بِأُظْلَافِهَا، كلما مرَّ عليه أُولَاهَا، رَدَّ عليه أُخْرَاهَا، في يوم كان مقداره خمسين ألف سنة حتى يُقضى بين العباد، فيرى سبيله، إما إلى الجنة، وإما إلى النار». قيل: يا رسول الله فالخيل؟ قال: «الخَيْلُ ثلاثة: هي لِرَجُلٍ وَزْرٌ، وهي لِرَجُلٍ سِئْرٌ، وهي لِرَجُلٍ أَجْرٌ. فأَمَّا التي هي له وَزْرٌ فِرَجُلٌ رَبَطَهَا رِيَاءً وَفَخْرًا وَنِوَاءً على أهل الإسلام، فهي له وَزْرٌ، وأما التي هي له سِئْرٌ، فِرَجُلٌ رَبَطَهَا في سبيل الله، ثم لم يَنْسِ حَقَّ الله في ظُهورها، ولا رِقَابِها، فهي له سِئْرٌ، وأما التي هي له أَجْرٌ، فِرَجُلٌ رَبَطَهَا في سبيل الله لأهل الإسلام في مَرْجٍ، أو رَوْضَةٍ فما أَكَلت من ذلك المَرْجِ أو الرَوْضَةِ من شيء إلا كَتَبَ له عَدَدَ ما أَكَلتْ حَسَنَاتٍ وكتب له عَدَدَ أُرْوَاتِهَا وَأُبْوَالِهَا حَسَنَاتٍ، ولا تَقْطَعُ طَوْلَهَا فَاسْتَنْتَّ شَرَفًا أو شَرَفَيْنِ إلا كَتَبَ الله له عَدَدَ آثَارِهَا، وَأُرْوَاتِهَا حَسَنَاتٍ، ولا مرَّ بها صاحبها على نَهْرٍ، فَشَرِبَتْ منه، ولا يُريد أن يَسْقِيَهَا إلا كَتَبَ الله له عَدَدَ ما شَرِبَتْ حَسَنَاتٍ» قيل: يا رسول الله فالخُمْرُ؟ قال: «ما أُنْزِلَ عَلَيَّ في الخُمْرِ شيء إلا هذه الآية الفَاذَّةُ الجَامِعَةُ: ?فمن يعمل مثقال ذرة خيرا يره ومن يعمل مثقال ذرة شرا يره?

[الزلزلة: 7 - 8]. [صحيح] - [متفق عليه]



(174) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Walang may-ari ng ginto ni ng pilak, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin dito, na hindi magtatapal sa kanya ng mga plantsa ng apoy kapag Araw na ng Pagkabuhay, magpapaningas sa mga ito sa apoy ng Impiyerno, at maghehero sa pamamagitan ng mga ito sa tagiliran niya, noo niya, at likod niya. Sa tuwing lumamig ang mga ito, uulitin sa kanya sa loob ng isang araw na ang haba ay limampung libong taon hanggang sa humatol sa pagitan ng mga tao, kaya makikita niya ang landas niya na maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga kamelyo po?" Nagsabi siya: "Walang may-ari ng mga kamelyo, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin mula sa mga ito - at kabilang sa mga tungkulin sa mga ito ang pagpapagatas sa mga ito sa araw ng pag-inom ng mga ito - na hindi isusubsob dahil sa mga ito kapag Araw na ng Pagkabuhay sa kapatagan ng disyerto. Pagkatabataba ang mga ito, walang mawawala sa mga ito ni iisang inawat na kamelyo. Aapakan siya ng mga ito ng mga paa ng mga ito at kakagatin siya ng mga ito ng mga bibig ng mga ito. Sa tuwing nakadaan sa kanya ang una sa mga ito, ibabalik sa kanya ang huli sa mga ito sa loob ng isang araw na ang haba ay limampung libong taon hanggang sa humatol sa pagitan ng mga tao, kaya makikita niya ang landas niya na maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga baka at ang mga tupa po?" Nagsabi siya: "Walang may-ari ng mga baka ni ng mga tupa, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin mula sa mga ito, na hindi isusubsob dahil sa mga ito kapag Araw na ng Pagkabuhay sa kapatagan ng disyerto. Walang mawawala sa mga ito ni anuman. Wala sa mga itong mga may mga sungay na pilipit, wala sa mga itong mga walang sungay, at wala sa mga itong mga may mga sungay na putol. Susuwagin siya ng mga ito ng mga sungay ng mga ito at aapakan siya ng mga ito ng mga paa ng mga ito. Sa tuwing nakadaan sa kanya ang una sa mga ito, ibabalik sa kanya ang huli sa mga ito sa loob ng isang araw na ang haba ay limampung libong taon hanggang sa humatol sa pagitan ng mga tao, kaya makikita niya ang landas niya na

maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga kabayo po?" Nagsabi siya: "Ang mga kabayo ay tatlo: ang mga ito para sa isang tao ay pabigat, ang mga ito para sa isang tao ay panakip, at ang mga ito para sa isang tao ay pang-upa. Tungkol naman sa ang mga ito para sa kanya ay pabigat, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito bilang pakita, pagyayabang, at pangangaway sa mga alagad ng Islam. Kaya ang mga ito para sa kanya ay pabigat. Tungkol naman sa ang mga ito para sa kanya ay panakip, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allāh. Pagkatapos ay hindi niya kinalimutan ang karapatan ni Allāh hinggil sa mga likod ng mga ito ni sa mga leeg ng mga ito. Kaya ang mga ito para sa kanya ay panakip. Tungkol naman sa ang mga ito para sa kanya ay pang-upa, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allāh para sa mga alagad ng Islam sa isang pastulan o isang kaparangan. Walang kinain ang mga ito mula sa pastulan o kaparangang iyon na anuman malibang tatalaan para sa kanya ng bilang ng kinain ng mga ito bilang mga magandang gawa at tatalaan para sa kanya ng bilang ng mga dumi ng mga ito at ng mga ihi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Walang pinutol ang mga ito na suga ng mga ito at hinila sa isang mataas na lupa o sa dalawang mataas na lupa malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng mga bakas ng mga ito at ng mga dumi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Hindi idinaan ang mga ito ng may-ari ng mga ito sa isang ilog at uminom ang mga ito mula roon, gayong hindi niya ninanais na painumin ang mga ito, malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng ininom ng mga ito bilang mga magandang gawa." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga asno po?" Nagsabi siya: "Hindi nagpababa sa akin hinggil sa mga asno ng anuman maliban sa talatang namumukod na masaklaw na ito (Qur'ān 99:7-8): Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kabutihan ay makikita niya iyon; at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kasamaan ay makikita niya iyon." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang ḥadīth na ito na inilahad ng may-akda, kaawaan siya ni Allāh, sa isang paksa ay pagbibigay-diin sa pagkatungkulin ng zakāh at paglilinaw sa kainaman nito. Walang may-ari ng ginto ni ng pilak, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin dito, na hindi magtatapal sa kanya ng mga plantsa ng apoy kapag Araw na ng Pagkabuhay, magpapaningas sa mga ito sa apoy ng Impiyerno, at maghehero sa pamamagitan ng mga ito sa tagiliran niya, noo niya, at likod niya. Sa tuwing lumamig ang mga ito, uulitin sa kanya sa loob ng isang araw na ang haba ay limampung libong taon hanggang sa humatol sa pagitan ng mga tao. Pagkatapos ay makikita niya ang landas niya na maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno. Kaya naman ang ginto at ang pilak ay isinasatungkulin ang zakāh sa mga materyales nito sa bawat kalagayan. Kaya kung hindi niya ginawa, ang ganti sa kanya ay ang binanggit ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nagsabi siya: "Walang may-ari ng mga kamelyo, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin mula sa mga ito..." Kaya kapag tumanggi ang may-ari ng mga kamelyo sa isinatungkulin ni Allāh sa kanya kaugnay sa mga ito na zakāh sa mga ito at sa paggagatas sa mga ito sa araw ng pagpunta ng mga ito sa tubig sa pamamagitan ng paggagatas sa mga ito at pagpapainom ng mga gatas ng mga ito sa mga dumadaan at mga pumupunta sa tubig. "na hindi isusubsob dahil sa mga ito kapag Araw na ng Pagkabuhay sa kapatagan ng disyerto. Pagkataba-taba ang mga ito..." Sa isang sanaysay ng Ṣaḥīḥ Muslim: "Pagkalaki-laki ang mga ito..." Nangangahulugan: "ang mga ito sa kanya sa Mundo bilang karagdagan sa kaparusahan sa kanya sa pamamagitan ng dami ng mga ito, lakas ng mga ito, at kalubusan ng pagkalikha sa mga ito kaya ang mga ito ay magiging higit na mabigat sa pag-apak ng mga ito kung paanong magiging ang mga may mga sungay sa pamamagitan ng mga sungay ng mga ito ay magiging higit na nakasasakit at higit na nakatatama sa pagtusok ng mga ito at pagsuwag ng mga ito." "Sa tuwing nakadaan sa kanya ang una sa mga ito, ibabalik sa kanya ang

huli sa mga ito..." Sa isang sanaysay ng Ṣaḥīḥ Muslim: "Sa tuwing nakadaan sa kanya ang huli sa mga ito, ibabalik sa kanya ang una sa mga ito." Ang kahulugan: "Siya ay mananatiling pinagdurusa sa pamamagitan ng mga ito nang limampung libong taon hanggang sa humatol sa pagitan ng mga tao, kaya makikita niya ang landas niya na maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga baka at ang mga tupa po?" Nagsabi siya: "Walang may-ari ng mga baka ni ng mga tupa, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin mula sa mga ito, na hindi isusubsob dahil sa mga ito kapag Araw na ng Pagkabuhay sa kapatagan ng disyerto..." Sinasabi kaugnay sa sinumang tumangging magbigay ng zakāh ng mga baka at mga tupa ang sinabi kaugnay sa sinumang tumangging magpalabas ng zakāh ng mga kamelyo. Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga kabayo po?" Nagsabi siya: "Ang mga kabayo ay tatlo: ang mga ito para sa isang tao ay pabigat, ang mga ito para sa isang tao ay panakip, at ang mga ito para sa isang tao ay pang-upa." Nangangahulugan ito: "Ang mga kabayo ay tatlong uri. Ang unang uri ay nilinaw niya sa sabi niya: 'Tungkol naman sa ang mga ito para sa kanya ay pabigat, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito bilang pakita, pagyayabang, at pangangaway sa mga alagad ng Islam. Kaya ang mga ito sa kanya ay pabigat.' Ang lalaking ito na naghanda sa mga kabayo niya bilang pakita, parinig, paghahambog, at pangangaway sa mga alagad ng Islam, ang mga ito sa kanya ay magiging pabigat sa Araw ng Pagkabuhay. Tungkol naman sa ikalawang uri, nilinaw niya, sumakanya ang pagpapala at ang pangangalaga, ito sa sabi niya: "Tungkol naman sa ang mga ito para sa kanya ay panakip, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allāh. Pagkatapos ay hindi niya kinalimutan ang karapatan ni Allāh hinggil sa mga likod ng mga ito ni sa mga leeg ng mga ito. Kaya ang mga ito para sa kanya ay panakip." Ang kahulugan: "Ang mga kabayong inihanda ng mga may-ari nito para sa pangangailangan niya: nakikinabang siya sa produkto ng mga ito, gatas ng mga ito, pagpapapasan mga ito, at pagpapaupa sa mga ito

upang mapigilan ang sarili niya sa panghihingi sa mga tao, ang gawain niyang iyon ay sa pagtalima kay Allāh, pagkataas-taas Niya, at paghahangad ng mga ikinalulugod Niya. Kaya ang mga ito ay panakip sa kanya dahil ang panghihingi sa mga tao ng mga salapi nila samantalang ang tao ay may kasapatan ay ipinagbabawal. "Pagkatapos ay hindi niya kinalimutan ang karapatan ni Allāh hinggil sa mga likod ng mga ito ni sa mga leeg ng mga ito." Ito ay sa pamamagitan ng pagsakay sa mga ito sa landas ni Allāh, pagkataas-taas Niya, o sa sandali ng mga pangangailangan. Hindi ipapapasan sa mga ito ang hindi makakaya ng mga ito. Aalagaan niya ang mga ito ng anumang makabubuti sa mga ito at itataboy niya ang kapinsalaan sa mga ito palayo sa mga ito. Ito ay pagtatakip sa may-ari ng mga ito laban sa karalitaan. Ang ikatlong uri ay binanggit niya sa sabi niya: "Tungkol naman sa ang mga ito para kanya ay pang-upa, [siya ay] isang lalaking nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allāh para sa mga alagad ng Islam sa isang pastulan o isang kaparangan. Walang kinain ang mga ito mula sa pastulan o kaparangang iyon na anuman malibang tatalaan para sa kanya ng bilang ng kinain ng mga ito bilang mga magandang gawa at tatalaan para sa kanya ng bilang ng mga dumi ng mga ito at ng mga ihi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Walang pinutol ang mga ito na suga ng mga ito at hinila sa isang mataas na lupa o sa dalawang mataas na lupa malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng mga bakas ng mga ito at ng mga dumi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Hindi idinaan ang mga ito ng may-ari ng mga ito sa isang ilog at uminom ang mga ito mula roon, gayong hindi niya ninanais na painumin ang mga ito, malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng ininom ng mga ito bilang mga magandang gawa." Nangangahulugan: "Ipinansandata niya ang mga ito sa pakikibaka sa landas ni Allāh: makikibaka man siya sa pamamagitan ng sarili niya o ipagkakaloob niya ang mga ito sa landas ni Allāh, malugod si Allāh sa kanya, upang makikibaka gamit ang mga ito laban sa mga Kāfir yayamang nagsabi nga ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at

pangalagaan: 'Ang sinumang nagpasandata sa isang mandirigma ay nakidigma nga.' Kaya ang lalaking ito na naghanda sa mga kabayo niya sa landas ni Allāh, pagkataas-taas Niya, para itaas ang Salita ni Allāh, magkakamit siya ng mga magandang gawa dahil sa bawat kinakain ng mga ito na halaman ng lupa. Pati ang mga ihi ng mga ito at ang mga dumi ng mga ito ay itatala para sa kanya bilang mga magandang gawa. Hindi lumalabag ang Panginoon mo sa katarungan sa isa man." "Walang pinutol ang mga ito na suga ng mga ito at hinila sa isang mataas na lupa o sa dalawang mataas na lupa malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng mga bakas ng mga ito at ng mga dumi ng mga ito bilang mga magandang gawa." Ang "suga" ng mga ito ay nangangahulugang: ang lubid na ipinantatali sa mga ito upang manginain sa lugar ng mga ito. Kapag pinutol ng mga ito ang lubid at umalis upang manginain sa hindi lugar ng mga ito, ang may-ari ng mga ito ay magkakamit ng gantimpala ng bilang ng mga bakas ng mga ito na nilakad ng mga ito, at gayon din ang ihi ng mga ito at mga dumi ng mga ito. "Hindi idinaan ang mga ito ng may-ari ng mga ito sa isang ilog at uminom ang mga ito mula roon, gayong hindi niya ninanais na painumin ang mga ito, malibang magtatala si Allāh para sa kanya ng bilang ng ininom ng mga ito bilang mga magandang gawa." Ang kahulugan: "Ang may-ari ng mga kabayo ay gagantimpalaan sa pag-inom ng mga ito mula sa ilog o inuman, kahit pa man hindi siya naglayong painumin ang mga ito. Magkakamit siya ng mga magandang gawa dahil sa bawat nainom ng mga ito, gayong siya ay hindi naman nagnais na painumin ang mga ito. Iyon ay dahil sa pagkakasapat ng naunang layunin, ang layuning ihanda ang mga ito alang-alang sa landas ni Allāh, pagkataas-taas Niya. Kaya naman hindi isinasakundisyong ang layunin ay umaalinsabay sa lahat ng gawain mula sa simula nito hanggang sa wakas nito hanggat hindi naman nawalang-saysay ang layunin niya sa pamamagitan ng paglabas mula sa gawain iyon." Sinabi: "O Sugo ni Allāh, at ang mga asno po?" Nangangahulugan: "Ano po ang kahalutian sa mga ito? Nakukuha po ba

ng mga ito ang kahatulan sa mga hayupan hinggil sa pagkatungkulin ng zakāh sa mga ito o gaya ng mga kabayo?" Nagsabi siya: "Hindi nagpababa sa akin hinggil sa mga asno ng anuman maliban sa talatang namumukod na masaklaw na ito..." Nangangahulugan: "talatang] panlahat na tumatalakay sa bawat kabutihan at nakabubuti." [Ang talata (Qur'ān 99:7-8)]: "Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang munting langgam na kabutihan ay makikita niya iyon; at ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang munting langgam na kasamaan ay makikita niya iyon." Napagkaisahan ang katumpakan. Ito ay pananalita sa Ṣaḥīḥ Muslim.

### Benefits from the Hadith:

(6611)

(175) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَا نَقَصَتْ صَدَقَةٌ مِنْ مَالٍ، وَمَا زَادَ اللَّهُ عَبْدًا بِعَفْوٍ إِلَّا عِزًّا، وَمَا تَوَاضَعَ أَحَدٌ لِلَّهِ إِلَّا رَفَعَهُ اللَّهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(175) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang naibawas ang isang kawanggawa mula sa yaman. Walang naidagdag si Allāh sa isang tao dahil sa pagpapaumanhin kundi karangalan. Walang nagpakumbabang isa man kay Allāh malibang nagangat sa kanya si Allāh."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kawanggawa ay hindi bumabawas sa yaman, bagkus itinutulak nito palayo roon ang mga salot. Nagtutumbas si Allāh sa tagapagbigay nito ng sukdulang kabutihan, kaya naman ito ay nagiging isang karagdagan hindi kabawasan.

Walang naidagdag ang paumanhin sa kabila ng kakayahan sa paghihiganti o pagpapanagot sa maysala kundi lakas at karangalan.

Walang nagpakumbaba at nagpakaabang isa man alang-alang sa ikalulugod ng mukha ni Allāh – hindi dala ng pangamba sa isa man, hindi dala ng simpatiya doon, at hindi dala ng paghiling ng pakinabang mula roon – malibang ang ganti sa kanya ay ang kataasan at ang karangalan.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kabutihan at ang tagumpay sa pagsunod ng Batas ng Islām at ang paggawa ng kabutihan at kahit pa man nagpalagay ang ilan sa mga tao na ito ay salungat doon.

(5512)

(176) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «قَالَ اللهُ: أَنْفِقْ

يَا ابْنَ آدَمَ أَنْفِقْ عَلَيْكَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(176) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nagsabi si Allāh: Gumugol ka, O anak ni Adan, gugugol Ako sa iyo."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi: "Gumugol ka, O anak ni Adan – ng mga guguling kinakailangan at isinakaibig-ibig – magpapaluwag Ako sa iyo, magbibigay Ako sa iyo ng panumbas para roon, at magpapala Ako sa iyo roon."



## Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagbibigay ng kawanggawa at paggugol alang-alang sa landas ni Allāh.
2. Ang paggugol sa mga uri ng kabutihan ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan ng pagpapala sa panustos, pagpapaibayo rito, at pagtutumbas ni Allāh sa tao ng ginugol nito.
3. Ang ḥadīth na ito ay kabilang sa isinalaysay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa Panginoon niya. Tinatawag itong ḥadīth na banal o pandiyos. Ito ang ḥadīth na ang pananalita nito at ang kahulugan nito ay mula kay Allāh, gayon pa man hindi ito nagkaroon ng mga kakanyahan ng Qur'ān na namukod dahil sa mga iyon sa iba pa rito gaya ng pagpapakamananamba sa pamamagitan ng pagbigkas nito, pagsasagawa ng taharah para rito, paghamon ng paglalahad ng tulad nito, paghihimala, at iba pa roon.

(5805)

(177) – عن أبي مسعود رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِذَا أَنْفَقَ الرَّجُلُ عَلَى أَهْلِهِ يَحْتَسِبُهَا فَهُوَ لَهُ صَدَقَةٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(177) – Ayon kay Abū Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya habang umaasa siya ng gantimpala dito [ni Allāh], ito para sa kanya ay isang kawanggawa."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya na inoobliga sa kanya

ang paggugol sa kanila gaya ng maybahay niya, mga magulang niya, anak niya, at iba pa sa kanila, habang siya ay nagpapakalapit-loob sa pamamagitan niyon kay Allāh (napakataas Siya) at umaasa sa Kanya ng pabuya sa iginugugol niya, tunay na magkakaroon siya ng pabuya ng kawanggawa.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagtamo ng pabuya at gantimpala dahil sa paggugol sa mag-anak.
2. Ang mananampalataya ay naghahangad sa gawa niya ng ikalulugod ng mukha ni Allāh at ng taglay Nito na pabuya at gantimpala.
3. Nararapat ang pagsasagunita ng maayos na layunin sa bawat gawain. Kabilang doon ang sandali ng paggugol sa mag-anak.

(6460)

(178) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِذَا مَاتَ الْإِنْسَانُ انْقَطَعَ عَنْهُ عَمَلُهُ إِلَّا مِنْ ثَلَاثَةٍ: إِلَّا مِنْ صَدَقَةٍ جَارِيَةٍ، أَوْ عِلْمٍ يُنْتَفَعُ بِهِ، أَوْ وَلَدٍ صَالِحٍ يَدْعُو لَهُ».

[صحيح] - [رواه مسلم]

(178) – Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag namatay ang tao, napuputol sa kanya ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa isang kawanggawang nagpapatuloy, o isang kaalamang napakikinabangan, o isang anak na maayos na dumadalangin para sa kanya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang gawain ng patay ay napuputol sa pagkamatay niya. Kaya naman

hindi natatamo para sa kanya ang mga magandang gawa matapos ng kamatayan niya maliban sa tatlong bagay na ito dahil sa pagiging iyon ay naging kadahilanan ng mga ito:

A. Ang kawanggawa na nagpapatuloy ang gantimpala nito at namamalagi, na hindi napuputol gaya ng waqf (endowment), pagpapatayo ng mga masjid, paghuhukay ng mga balon, at iba pa rito.

B. Ang kaalaman na napakikinabangan ng mga tao, gaya ng pag-aakda ng mga aklat ng kaalamang pang-Islām o gaya ng nagtuturo ng isang tao saka nagsagawa ang taong iyon ng pagpapalaganap ng kaalamang iyon matapos ng kamatayan niya.

C. Ang maayos na mananampalatayang anak na dumadalangin para sa mga magulang niya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Nagkaisa ang mga may kaalaman na kabilang sa nagpapatamo sa tao ng gantimpala matapos ng kamatayan niya ang kawanggawang nagpapatuloy, ang kaalaman na napakikinabangan, at ang panalangin. Nasaad sa mga ibang ḥadīth ang ḥajj din.
2. Itinangi ang tatlong ito sa pagbanggit sa ḥadīth na ito dahil ang mga ito ay ang mga batayan ng kabutihan at ang pinakamadalas na pinapakay ng mga may kainaman ang pananatili nito matapos nila.
3. Ang bawat kaalamang napakikinabangan ay nagpapatamo sa kanya ng pabuya subalit ang pangunahin dito at ang tugatog nito ay ang kaalamang pangkapahayagan at ang mga kaalamang nakasalig dito.
4. Ang kaalaman ay ang pinakakapaki-pakinabang sa tatlong ito dahil ang kaalaman ay napakikinabangan ng tao na nagpapakatuto nito. Ang kaalaman ay may pag-iingat sa Batas ng Islām, na may pakinabang sa nilikha sa pangkalahatan. Ito

ay higit na masaklaw at higit na pangkalahatan dahil ito ay natututuhan mula sa kaalaman mong umiiral sa buhay mo at umiiral matapos ng pagpanaw mo.

5. Ang paghimok sa pagpapalaki ng mga batang maayos sapagkat sila ay ang magpapakinabang sa mga magulang nila sa Kabilang-buhay. Bahagi ng pagpapakinabang nila ay na sila ay dumadalangin para sa mga magulang nila.
6. Ang paghimok sa paggawa ng maganda sa mga magulang matapos ng kamatayan nila. Ito rin ay bahagi ng pagsasamabuting-loob na nagbebenipisyo ang anak mula rito.
7. Ang panalangin ay nagpapakinabang sa patay, kahit pa man ito ay naging mula sa hindi anak, subalit itinangi ang anak sa pagbanggit dahil siya ay ang nagpapatuloy sa pagdalangin sa tao kadalasan hanggang sa mamatay siya mismo.

(65566)

(179) – عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه مرفوعاً: «الذهب بالذهب رِباً، إِلا هَاءَ وَهَاءَ، والفضة بالفضة رِباً، إِلا هَاءَ وَهَاءَ، وَالْبُرُّ بِالْبُرِّ رِباً، إِلا هَاءَ وَهَاءَ. والشعير بالشعير رِباً، إِلا هَاءَ وَهَاءَ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(179) – Ayon kay `Umar bin Al-Khattāb, malugod si Allāh sa kanya: "Ang ginto kapalit ng ginto ay patubo malibang kaliwaan. Ang pilak kapalit ng pilak ay malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo malibang kaliwaan." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nililina ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa ḥadīth na ito ang pamamaraan ng pagbebang tumpak sa pagitan ng

mga uring ito na nagaganap sa mga ito ang patubo: na ang sinumang magtinda ng ginto kapalit ng pilak o ang kabaliktaran, kailangan ang pagdalo at ang pag-aabutan sa pinagdarausan ng transaksyon at kung hindi, hindi tutumpak ang transaksyon dahil itong pagbabayaran ay nagsasakundisyon para sa katumpakan nito ng pag-aabutan. Gaya ito ng sinumang nagbenta ng trigo kapalit ng sebada o ang kabaliktaran, kailangan ang pag-aabutan sa pagitan nilang dalawa sa pinagdarausan ng transaksyon dahil sa ang mga uring ito ay may sanhi ng patubong nakasisira sa transaksyon kapag naganap ang paghihiwalay bago ang pag-aabutan. Kapag nagkatugma ang uri, kailangan ang pag-aabutan at ang pagkakatulad gaya ng ginto kapalit ng ginto, kahit pa man nagkaiba ng kalidad. Kapag naman nagkaiba ang uri at nagkasundo ang sanhi, kailangan ang pag-aabutan at hindi isinasakundisyon ang pagkakatulad gaya ng ginto kapalit ng mga salapi. Kapag nagkaiba ang sanhi o ang paninda ay hindi kaugnay sa pagpapatubo, walang isinasakundisyong anuman at ipinahihintulot ang pagpapaliban ng palitan at ang pagkakaiba ng kalidad at kantidad.

### **Benefits from the Hadith:**

(5889)

(180) - عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما قال: «فَرَضَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ صَدَقَةَ الْفِطْرِ - أَوْ قَالَ رَمَضَانَ - عَلَى الذَّكَرِ وَالْأُنْثَى وَالْحُرِّ وَالْمَمْلُوكِ: صَاعًا مِنْ تَمْرٍ، أَوْ صَاعًا مِنْ شَعِيرٍ، قَالَ: فَعَدَلَ النَّاسُ بِهِ نِصْفَ صَاعٍ مِنْ بُرٍّ، عَلَى الصَّغِيرِ وَالْكَبِيرِ».

وفي لفظ: «أَنْ تُؤَدَّى قَبْلَ خُرُوجِ النَّاسِ إِلَى الصَّلَاةِ» [صحيح] - [متفق عليه]

(180) – Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa-Hadith na marfu: (( Inoobliga ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagbibigay ng Sadaqah Al-fitr-o nagsabi siya: Sa buwang ng Ramadhan-sa kalalakihan at kababaihan,malaya o alipin: Ang isang Saa ng datiles,o isang Saa ng sebada,Nagsabi siya: Itinumbas ito ng mga tao sa kalahating Saa ng trigo,[na inoobliaga] sa mga bata at matanda)) At sa isang pananalita:(( Ito ay ibibigay bago lumabas ang mga tao sa pagdarasal)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Inoobliga ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Sadaqah Al-Fitr sa lahat ng mga Muslim; na nagmamay-ari ng sobra sa kanilang pagkain sa araw na yaon,sa sukat na isang Saa,Sa mga matanda at sa mga bata,sa kalalakihan nila at sa mga kababaihan,malaya man o alipin,na magbigay ng isang Saa ng Datiles,o isang Saa ng sebada,upang maging patunay sa pagbibigay at pagpapaghinawa sa karapatan ng mga mayayamang muslim,Kaya inobliga ang Zakat Al-Fitr at ginawa ang pag-oobligang ito,sa pinuno ng pamilya at sa tagapangalaga ng pamilya isinasagawa ang mga ng sinumang nasa ilalim ng mga kamay niya mula sa kanyang mga asawa,anak at mga alipin

### Benefits from the Hadith:

(4520)

(181) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ سَلَامٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: لَمَّا قَدِمَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ الْمَدِينَةَ انْجَحَلَ النَّاسُ قَبْلَهُ، وَقِيلَ: قَدِمَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، قَدِمَ رَسُولُ اللَّهِ، قَدِمَ رَسُولُ اللَّهِ، ثَلَاثًا، فَجِئْتُ فِي النَّاسِ لِأَنْظُرَ، فَلَمَّا تَبَيَّنْتُ وَجْهَهُ، عَرَفْتُ أَنَّ وَجْهَهُ لَيْسَ بِوَجْهِ كَذَّابٍ، فَكَانَ أَوَّلُ شَيْءٍ سَمِعْتُهُ تَكَلَّمَ بِهِ أَنْ قَالَ: «يَا أَيُّهَا النَّاسُ، أَفْشُوا السَّلَامَ، وَأَطْعِمُوا الطَّعَامَ، وَصَلُّوا الْأَرْحَامَ، وَصَلُّوا بِاللَّيْلِ وَالنَّاسُ نِيَامٌ، تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ بِسَلَامٍ».

[صحيح] - [رواه الترمذي وابن ماجه وأحمد]

(181) – Ayon kay `Abdullāh bin Salām (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Noong dumating ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah, napasugod ang mga tao sa dako niya at sinabi: "Dumating ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), dumating ang Sugo ni Allāh, dumating ang Sugo ni Allāh" nang tatlong ulit. Kaya dumating ako sa mga tao upang tumingin. Noong nakaaninag ako sa Mukha niya, nalaman ko na ang mukha niya ay hindi isang mukha ng isang palasinungaling. Ang kauna-unahang bagay na narinig ko na sinalita niya ay na nagsabi siya: "O mga tao, magpalaganap kayo ng kapayapaan, magpakain kayo ng pagkain, makipag-ugnayan kayo sa mga kaanak, at magdasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay tulog; papasok kayo sa Paraiso nang may kapayapaan."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Noong dumating ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah at nakita siya ng mga tao, nagmamabilis na dumako sila sa kinaroroonan niya. Kabilang sa dumako sa kanya ay si `Abdullāh bin Salām (malugod si Allāh dito), na kabilang noon sa mga Hudyo. Noong nakita nito siya, nalaman nito na ang mukha niya ay hindi isang mukha ng isang palasinungaling dahil sa lumilitaw sa kanya na liwanag, karikitan, at tapat na anyo. Ang kauna-unahang bagay na narinig nito mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay na siya ay humimok sa mga tao sa mga gawaing magiging isang kadahilanan sa pagpasok sa Paraiso. Kabilang sa mga ito:

A. Ang pagpapalaganap ng pagbati ng kapayapaan, ang paghahayag nito, at ang pagpaparami nito sa sinumang nakilala mo at hindi mo nakilala.

B. Ang pagpapakain ng pagkain sa pamamagitan ng kawanggawa, regalo, at pagpapanauhin.

C. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kaanak sa mga nauugnay ka sa kanila sa pagkaanak o pagkakamag-anak sa parte ng ama o ina.

D. Ang pagsasagawa ng kusang-loob na šalāh na qiyāmullayl habang ang mga tao ay tulog.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpapalaganap ng pagbati ng kapayapaan sa gitna ng mga Muslim. Hinggil naman sa hindi Muslim, hindi siya sisimulan ng pagbati. Kung bumati siya sa pamamagitan ng pagsabi ng: Assalāmu `alaykum (ang kapayapaan ay sumainyo), tutugon sa kanya sa pamamagitan ng pagsabi ng: Wa-`alaykum (At sumaiyo).

(5520)



(182) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: إِنَّ اللَّهَ طَيِّبٌ لَا يَقْبَلُ إِلَّا طَيِّبًا، وَإِنَّ اللَّهَ أَمَرَ الْمُؤْمِنِينَ بِمَا أَمَرَ بِهِ الْمُرْسَلِينَ، فَقَالَ: {يَا أَيُّهَا الرُّسُلُ كُلُّوا مِنَ الطَّيِّبَاتِ وَاعْمَلُوا صَالِحًا، إِنِّي بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ} [المؤمنون: 51] وَقَالَ: {يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُلُوا مِنْ طَيِّبَاتِ مَا رَزَقْنَاكُمْ} [البقرة: 172] ثُمَّ ذَكَرَ الرَّجُلَ يُطِيلُ السَّفَرَ أَشْعَثَ أَغْبَرَ، يَمُدُّ يَدَيْهِ إِلَى السَّمَاءِ، يَا رَبِّ، يَا رَبِّ، وَمَطْعَمُهُ حَرَامٌ، وَمَشْرَبُهُ حَرَامٌ، وَمَلْبَسُهُ حَرَامٌ، وَغُذِيَ بِالْحَرَامِ، فَأَنَّى يُسْتَجَابُ لِذَلِكَ؟.

[صحيح] - [رواه مسلم]

(182) – Ayon kay Abe Hurayrah malugod si Allah sa kanya, buhat sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay sinabi niya: Katotohanang si Allah -Pagkataas-taas Niya- ay Napaka-dalisay, at wala Siyang tinatanggap (na gawain) maliban kung ito ay dalisay. At katotohanang si Allah ay nag-utos sa mga mananampalataya tulad ng pag-uutos Niya sa kanyang mga Sugo, Nagsabi Siya- { Pagkataas-taas Niya;" O kayong mga Sugo! Kumain kayo nang lahat ng Halal o Ipinapahintulot at magsigawa kayo ng kabutihan} [Al-Mu-minoon;51] At sinabi niya: { O Kayong mananampalataya! Magsikain kayo ng mga mabubuti(mga pinapahintulutang) bagay na Aming ibinibiyaya sa inyo} [ Al-Baqarah;172], Pagkatapos ay binanggit niya ang lalaking napakahaba ang linakbay, naging kulot ang buhok nito at puno ng alikabok, at itinataas ang kamay nito sa kalangitan, na nagsasabing!, O Panginoon, O Panginoon! Ngunit ang pagkain nito ay ipinagbabawal, at ang inumin nito ay ipinagbabawal, at ang sinusuot nito ay ipinagbabawal, at ang ipinapakain sa kanya (ng ibang tao) ay ipinagbabawal, Tatanggapin ba sa kanya ang ganito? [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

katotohanang si Allah ay tumatanggi sa lahat ng mga pagkukulang at kapintasan, at siyay nagtatangi nang kadakilaan at kagandahan at pagiging-ganap. kayat hindi maaaring ialay sa kanya ng mga gawaing paggugol at pagkakawang-gawa na nagmula sa ipinagbabawal o sa alin

mang gawain na may halong pagdududa o sa mga pagkain na nagmula sa mga masasama,at katotohanang si Allah ay nagpahintulot sa mga mananampalataya nang pagkain sa mga halal o ipinapahintulot, tulad nang pagpapahintulot niya sa kanyang mga Sugo, gayundin ang mga mabubuting gawain at ang pagpapasalamat kay Allah sa mga biyaya nito.Pagkatapos ay ipinaalam ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na ang Allah-Napaka-maluwalhati Niya-Na katulad ng pag-ibig Niya sa paggugol mula sa ipinapahintulot (dalisy),katotohanang Siya-Pagkataas-taas Niya ay hindi naiibigan ang mga gawain maliban sa ipinapahintulot (dalisy) rito.At hindi mapapahintulutan (dalisy) ang mga gawain maliban sa pagsunod (kay propeta) at pagiging dalisy (nito kay Allah). Pagkatapos ay binanggit niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang babala sa mga henerasyon niya mula sa ipinagbabawal; binanggit niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang lalaking napaka-layo nang linakbay; ibig sabihin; makikita sa mukha nito ang mga pananampalataya tulad ng Hajj,at pakikipag-laban sa landas ni Allah,at paghahanap-buhay,naging kulot ang buhok ng ulo na kulay alikabok dahil sa layo ng linakbay nito sa pananampalataya,ititnataas niya ang kamay nito sa langit sa panalangin sa Allah,at pagsusumamo sa kanya at pagmamaka-awa sa harapan Niya,gayunpaman ay napakalayong tanggapin ang mga panalangin niya,dulot ng napakaruming hanap-buhay nito,kung saan ang kinakain nito at iniinom nito ay mula sa ipinagbabawal.

### **Benefits from the Hadith:**

(4316)

(183) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ أَنْظَرَ مُعْسِرًا، أَوْ وَضَعَ لَهُ، أَظْلَهُ اللَّهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ تَحْتَ ظِلِّ عَرْشِهِ يَوْمَ لَا ظِلَّ إِلَّا ظِلُّهُ». [صحيح] - [رواه الترمذي وأحمد]

(183) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpalugit sa nagigipit o nagpatawad sa utang nito, maglililim sa kanya si Allāh sa Araw ng Pagbangon sa ilalim ng lilim ng trono Nito, sa Araw na walang lilim kundi ang lilim Nito."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na ang sinumang nag-antabay sa isang nagkakautang o bumawas para rito ng pagkakautang nito, ang gantimpala sa kanya ay na si Allāh ay maglililim sa kanya sa ilalim ng trono Nito sa Araw ng Pagbangon, na lalapit doon ang araw mula sa mga ulo ng mga tao at titindi sa kanila ang init niyon. Kaya hindi makatatagpo ang isa ng isang lilim kundi ang sinumang nililiman ni Allāh.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng pagpapadali para sa mga lingkod ni Allāh at na ito ay kabilang sa mga kadahilanang magliligtas mula sa mga hilakbot ng Araw ng Pagbangon.
2. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain.

(184) - عن جابر رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «رَجِمَ اللهُ رَجُلًا

سَمَحًا إِذَا بَاعَ، وَإِذَا اشْتَرَى، وَإِذَا افْتَضَى». [صحيح] - [رواه البخاري]

(184) – Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Naawa si Allāh sa isang lalaking mapagparaya kapag nagtinda, kapag bumili, at kapag naningil."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng awa para sa bawat sinumang naging madali, galante, at mapagbigay sa pagbebenta niya sapagkat hindi siya naghihigpit sa mamimili sa presyo ng paninda at nakikitungo siya nang may magandang kaasalan; madali, galante, at mapagbigay kapag bumili siya sapagkat hindi siya nagpapakulang at hindi siya nagpapakaunti sa halaga ng paninda; madali, galante, at mapagbigay kapag sumingil ng bayad sa mga pautang na ukol sa kanya sapagkat hindi siya naghihigpit sa maralita at nangangailangan, bagkus sumisingil siya rito nang may kabaitan at kabanayaran at nagpapalugit sa nagigipit.

### Benefits from the Hadith:

1. Kabilang sa mga pinapakay ng Batas ng Islām ang pangangalaga sa nagsasaayos ng mga ugnayan sa pagitan ng mga tao.
2. Ang pagpapaibig sa paggamit ng mga matataas sa mga kaasalan sa mga transaksyon sa pagitan ng mga tao sa pagbebenta, pagbili, at tulad niyon.

(3716)

(185) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «كان رجلٌ يُدَّأِنُ النَّاسَ، فكان يقول لفتاه: إذا أتيت مُعَسِرًا فتجاوز عنه، لعل الله يتجاوزُ عنا، فلقي الله فتجاوز عنه.» [صحيح] - [متفق عليه]

(185) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao saka siya noon ay nagsasabi sa utusan niya: 'Kapag pumunta ka sa isang nagigipit, magpaumanhin ka sa kanya nang harinawa si Allāh ay magpaumanhin sa atin.' Makikitagpo siya kay Allāh saka magpapaumanhin Ito sa kanya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa isang lalaking nakikipagtransaksiyon noon sa mga tao sa pagpapautang o nagbebenta sa kanila sa pamamagitan ng ipinagpapalibang bayad. Siya noon ay nagsasabi sa alila niya na tumatanggap ng mga utang na nasa mga tao: "Kapag pumunta ka sa isang nagkautang at hindi siya nagkaroon ng ipambabayad sa utang na nasa kanya dahil sa kawalang-kakayahan niya, magpaumanhin ka sa kanya; maaaring sa pamamagitan ng pagpapalugit sa kanya at hindi pangungulit sa pagsingil, o sa pamamagitan ng pagtanggap ng anumang taglay niya kahit pa man dito ay may anumang kulang." Iyon ay dala ng pagkaibig mula sa kanya at dala ng paghahangad na magpalampas si Allāh sa kanya at magpaumanhin sa kanya." Kaya noong namatay siya, nagpaumanhin si Allāh sa kanya at nagpalampas sa mga masagwang gawa niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paggawa ng maganda sa pakikitungo sa mga tao, ang pagpapaumanhin sa kanila, at ang pagpapalampas sa

nagigipit sa kanila ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan ng kaligtasan ng tao sa Araw ng Pagbangon.

2. Ang paggawa ng maganda sa nilikha, ang pagpapakawagas kay Allāh, at ang pag-asa sa awa Niya ay kabilang sa mga kadahilanan ng kapatawaran ng mga pagkakasala.

(3753)

(186) – عن خولة الأنصارية رضي الله عنها قالت: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «إِنَّ رَجُلًا يَتَخَوَّضُونَ فِي مَالِ اللَّهِ بِغَيْرِ حَقٍّ، فَلَهُمُ النَّارُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(186) – Ayon kay Khawlah Al-Anṣārīyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na may mga lalaking gumugugol sa yaman ni Allāh nang walang katarungan kaya ukol sa kanila ang Impiyerno sa Araw ng Pagbangon."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mga taong nangangasiwa sa mga ari-arian ng mga Muslim sa kawalang-kabuluhan at kumukuha sa mga ito nang walang katwiran. Ito ay pangkalahatang kahulugan kaugnay sa yaman sa punto ng pagtipon nito at pagkita nito nang hindi napahihintulutan at paggugol nito sa hindi mga tumpak na paglalaan nito. Napaloloob doon ang pakikinabang sa mga yaman ng mga ulila at mga yaman ng waqf (institusyong pangkawanggawa), ang pagkakaila sa mga ipinagkatiwala, at ang pagkuha – sa kabila ng hindi pagkakarapat-dapat – ng mga pampublikong yaman.

Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang ganti sa kanila ay ang Impiyerno sa Araw ng Pagbangon.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang yaman na nasa mga kamay ng mga tao ay yaman ni Allāh. Nag-iwan Siya sa kanila nito upang gumugol sila nito sa mga paraang isinasabatas at umiwas sila sa paggamit nito ayon sa kawalang-kabuluhan. Ito ay pangkalahatan sa mga tagapamahala at iba pa sa kanila kabilang sa nalalabi sa mga tao.
2. Ang paghihigpit ng Batas ng Islām kaugnay sa pampublikong yaman na ang sinumang nang-umit mula rito ng anuman ay tunay na siya tutuusin sa Araw ng Pagbangon sa pagbubuwis niya at paggugol niya.
3. Napaloloob sa bantang ito ang sinumang gumagamit nang paggamit na hindi legal sa yaman, maging ito man ay yaman niya o yaman ng iba pa sa kanya.

(5331)

(187) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «قال الله عز وجل: كُلُّ عَمَلٍ ابْنِ آدَمَ لَهُ إِلَّا الصِّيَامَ، فَإِنَّهُ لِي وَأَنَا أُجْزِي بِهِ، وَالصِّيَامُ جُنَّةٌ، فَإِذَا كَانَ يَوْمٌ صَوْمِ أَحَدِكُمْ فَلَا يَرْتُثُ وَلَا يَصْخَبُ فَإِنْ سَابَهُ أَحَدٌ أَوْ قَاتَلَهُ فليقل: إني صائم، والذي نفس محمد بيده لخلُوفُ فَمِ الصَّائِمِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ رِيحِ الْمِسْكِ، لِلصَّائِمِ فَرْحَتَانِ يَفْرَحُهُمَا: إِذَا أَفْطَرَ فَرِحَ بِفِطْرِهِ، وَإِذَا لَقِيَ رَبَّهُ فَرِحَ بِصَوْمِهِ». وهذا لفظ رواية البخاري.

وفي رواية له: «يَتْرُكُ طَعَامَهُ، وَشَرَابَهُ، وَشَهْوَتَهُ مِنْ أَجْلِ، الصِّيَامِ لِي وَأَنَا أُجْزِي بِهِ، وَالْحَسَنَةُ بَعِشْرَ أَمْثَالِهَا». وفي رواية لمسلم: «كُلُّ عَمَلٍ ابْنِ آدَمَ يُضَاعَفُ، الْحَسَنَةُ بِعِشْرٍ أَمْثَالِهَا إِلَى سَبْعِمِئَةِ ضِعْفٍ، قَالَ اللَّهُ تَعَالَى: إِلَّا الصَّوْمَ فَإِنَّهُ لِي وَأَنَا أُجْزِي بِهِ؛ يَدَعُ شَهْوَتَهُ وَطَعَامَهُ مِنْ أَجْلِ، لِلصَّائِمِ فَرْحَتَانِ: فَرْحَةٌ عِنْدَ فِطْرِهِ، وَفَرْحَةٌ عِنْدَ لِقَاءِ رَبِّهِ، وَلِخُلُوفٍ فِيهِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللَّهِ مِنْ رِيحِ الْمِسْكِ». [صحيح]

|                              |          |         |         |       |
|------------------------------|----------|---------|---------|-------|
| -                            | .الرواية | الأولى: | متفق    | عليها |
| .الرواية                     | الثانية: | رواها   | البخاري |       |
| الرواية الثالثة: رواها مسلم] |          |         |         |       |



(187) – Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya,Nagsabi siya: Sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan; (Nagsabi si Allah-Kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan) ang lahat ng gawain ng anak ni Adam ay sa kanya,Maliban sa pag aayuno,sapagkat ito ay sa Akin, At Ako ang magbibigay ng gantimpala dito,ang pag aayuno ay Panangga,kapag sa araw na nag aayuno ang isa sa inyo,huwag magsalita ng masasama,at huwag makipagtalo,at kapag nangutya ang isa sa inyo o nakipag-away, Magsabi siya na:Ako ay Nag-aayuno:Sumpa man sa nagbigay ng buhay kay Muhammad: Ang hindi magandang hininga ng nag aayuno ay mas mabango para kay Allah,kaysa amoy ng pabango,Sa nag aayuno ay may dalawang kaligayahan na nakakapag-paligaya sa kanila,kapag naghaponan siya,naliligayahan siya sa paghahapunan niya,at kapag nakatagpo niya ang Panginoon niya,naliligayahan siya sa pag-aayuno niya,)).At ang pananalita na ito,ay salasay ni Imam Al-Bukharie.At sa salaysay mula sa kanya:((Iniiwan niya ang pagkain nito at inumin nito at pag-aasawa nito para sa akin,Ang Pag-aayuno ay sa akin at ako ang magbibigay ng gantimpala dito,at ang isang kabutihan ay katumbas ng sampu na katulad nito))At sa salaysay ni Imam Muslim:(Ang lahat ng mga gawain ng anak ni Adam ay pinaparami,At ang isang kabutihan ay katumbas ng sampung katulad nito,hanggang sa pitong-daang pagpaparami,Nagsabi ang Allah-Pagkataas-taas Niya:(Maliban sa Pag-aayuno,Sapagkat ito ay sa akin, at Ako ang magbibigay ng gantimpala dito,iniiwan niya ang pag-aasawa nito at pagkain nito para sa Akin.Sa nag-aayuno ay may dalawang kaligayahan:Kaligayahan sa paghahapunan niya(AlFitr),at kaligayahan sa pagtagpo niya sa Panginoon niya.At ang hindi magandang hininga ng nag aayuno ay mas-mabango para kay Allah kaysa amoy ng pabango. [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadithul Qudsie na ito:Na ang lahat ng mga mabubuting gawain-mula sa mga pananalita at mga gawa,nakikita o panloob,may koneksiyon man sa karapatan ni Allah o mga karapatan ng mga lingkod Niya-ay pinaparami ito hanggang sa pitong-daang dami.at ito ay kabilang sa napakalaki na pagpahiwatig sa lawak ng kainaman ni Allah,at kabutihan Niya sa lingkod Niya na Mananampalataya,Sapagkat ginawa nito ang mabibigat na kasalanan nila at sa paglabag nila, na ang isa, ay katumbas ng isa lamang,at ang Kapatawaran ni Allah-Pagkataas-taas Niya-ay nagingibabaw doon,at hindi kasali sa Hadith na ito ang gantimpala sa Pag-aayuno,Sapagkat ang Nag-aayuno ay ginagantimpalaan ito ng walang katapusan,ibig sabihin ay pinaparami ito sa napakaraming pagpaparami,Sapagkat ang Pag-aayuno ay nasasakop nito ang iba`t-ibang uri ng Pagtitiis na tatlo,Dito ay:Pagtitiis sa Pananampalataya kay Allah,at Pagtitiis sa(hindi paggawa ng)kasalanan kay Allah, at Pagtitiis sa mga bagay na itinakda ni Allah,Ang Pagtitiis sa pananampalataya kay Allah,:Sapagkat ang tao ay dinadala ang sarili nito sa pag-aayuno kahit na may kasamang pagkamunghi paminsan-minsan,kinamumunghian niya ito dahil sa paghihirap niya rito,hindi dahil si Allah ay ipinataw ito,dahil kung kinamumunghian ng tao ang pag-aayuno dahil si Allah ay ipinataw ito,mapapawalang bisa ang kanyang mga gawain,ngunit siya ay namumunghi dito dahil sa paghihirap niya,ngunit ganoon pa man,dinadala parin ito ng sarili niya,Tinitiiis niya ang pagkain at pag-inom at pag-aasawa,bilang paghahangad sa kaluguran ni Allah-Kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan-At dahil dito,sinabi ni Allah-Pagkataas-taas niya sa Hadithul Qudsie:"Iniiwan niya ang pagkain nito at pag-inom nito at pagtatalik nito,para sa akin." At ang pangalawang uri mula sa mga Uri ng Pagtitiis:Ang Pagtitiis sa(hindi paggawa ng) kasalanan kay Allah:At ito ay madalas na nangyayari sa Nag-aayuno,Sapagkat siya ay nagtitiis sa sarili nito sa (hindi paggawa ng) kasalanan kay Allah-Kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,kaya`t

iniwasan nito, ang mga walang katuturan at masasamang salita at ang pagsisinungaling at ang iba pa roon mula sa mga ipinagbabawal ni Allah. Ang Pangatlo: Ang Pagtitis sa mga itinakda ni Allah, Sapagkat ang Tao ay dumarating sa kanya ito, sa mga araw ng pag-aayuno, at lalong-lalo na sa mga araw ng tag-init at mahaba tulad ng katamaran at pagka-mainipin at pagka-uhaw na nakakasakit at nagpaparusa sa kanya, ngunit siya ay nagtitiis, dahil sa paghahangad sa kaluguran ni Allah-Pagkataas-taas Niya. At nang masakop ang tatlong uri ng pagtitiis, nagkaroon siya ng gantimpala nito na walang katapusan, Nagsabi si Allah-Pagkataas-taas Niya; (( Sila lamang na Nagtitiis ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala na walang hangganan)) At pinapatunayan ng Hadith na ang Pag-aayuno sa kabuuan ay ang pag-iwan ng alipin sa dalawang-bagay: Ang mga pagkain na panlabas, tulad ng pagkain at pag-inom, At pag-aasawa at mga kasama nito. At ang mga Salungat na mga gawain, tulad ng masasamang pananalita at pakikipagtalo at pagsisinungaling at ang lahat ng mga kasalanan, at ang pag-aaway at ang pagtatalo na pinagsisimulan ng samaan ng loob, kayat siya ay nagsabi na: "Huwag magsalita ng masasama" na ibig sabihin ay, hindi magsasalita ng mga hindi maganda. "At huwag makipagtalo" sa mga salita na pagsisimulan ng fitnah at pag-aaway. Sinuman ang tumupad sa dalawang bagay: Pag-iwan sa mga pagkain, at pag-iwan sa mga ipinagbabawal, magiging ganap sa kanya ang gantimpala ng mga nag-aayuno, at sinuman ang hindi gumawa nito, ay mababawasan ang gantimpala ng pag-aayuno nito, ayon sa dami nitong nasasalungat. Pagkatapos ay ipinahiwatig sa nag-aayuno, na sa sitwasyon na: kapag inaway ito o nangutya sa kanya ang isang tao, magsabi ito sa kanya, sa dila niya na: Ako ay nag-aayuno., ibig sabihin ay: hindi niya ibabalik sa kanya ang pang-aabuso nito, Datapuwat sasabihin niya na siya ay nag-aayuno, sasabihin niya ito upang hindi siya magmalaki sa kanya, -(ang nang-aabuso sa kanya-) para niyang sinasabi na "Hindi ibig sabihin na hindi ko kayang sabayan ang mga sinasabi mo, ngunit ako ay nag-aayuno, iginagalang ko ang pag-

aayuno ko at inaalagaan ko ang pagiging-ganap nito,at ipinag-utos ito ni Allah at nang Sugo niya,At sinabi nito na:"Ang pag-aayuno ay panangga" ibig sabihin ay proteksiyon,sa kinatatakotan nito ng alipin dahil sa mga kasalanan niya sa mundo,at darating sa kanila ito sa kabutihan,at proteksiyon sa kaparusahan.Sa nag-aayuno ay may dalawang kaligayahan: kaligayahan sa paghahapunan(iftar)at kaligayahan sa pagtagpo niya sa panginoon niya.Ang dalawang gantimpala na ito ay:Madalian at Hinaharap.Ang Madalian,Ang tumitingin,kapag naghapunan ang nag-aayuno,nasisiyahan siya sa biyaya ni Allah sa kanya dahi sa pagganap niya ng pag-aayuno,at nasisiyahan siya sa pagkamit ng pagnanais niya na ipinagbawal sa kanya sa ka-umagahan.At ang Hinaharap:ay kasiyahan sa pagtagpo sa Panginoon nito sa mga kaluguran nito at mga biyaya nito,at ang kasiyahan sa Madalian ay halimbawa ito ng kasiyahan sa Hinaharap,at tunay na si Allah ay iisahin niya ang dalawang ito para sa Nag-aayuno,Pagkatapos ay sumumpa siya;-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa panginoon niya-na ang sarili nito ay sa kamay Niya-na ang hindi magandang hininga sa bunganga ng nag-aayuno ay mas mabango para kay Allah kaysa amoy ng pabango" At sa salaysay ni Imam Muslim:"Mas mabango para kay Allah sa Araw ng Pagkabuhay",Kayat gagantimpalaan siya -Napaka-maluwalhati Niya-at pagkataas-taas Niya,sa Araw ng Pagkabuhay ng pagpabango sa hininga nitong kinamumunghian sa mundo hanggang sa ito ay maging kasing bango ng amoy ng pabango.

### **Benefits from the Hadith:**

(3546)

(188) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ صَامَ رَمَضَانَ إِيمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ» [صحيح] - [متفق عليه]

(188) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nag-ayuno sa Ramadān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang anumang nauna na pagkakasala niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nag-ayuno sa buwan ng Ramadān dala ng pananampalataya kay Allāh at dala ng paniniwala sa pagkatungkulin ng pag-aayuno at anumang inihanda ni Allāh (napakataas Siya) para sa mga nag-aayuno na masaganang mga pabuya at gantimpala habang nagpapakay ng kaluguran ng mukha ni Allāh, hindi dala ng pagpapakitang-tao ni pagpaparinig sa tao, patatawarin sa kanya ang mga nagdaang pagkakasala niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng pagpapakawagas at ang kahalagahan nito sa pag-aayuno sa Ramadān at iba pa rito kabilang sa mga maayos na gawain.

(4196)

(189) - عن سهل بن سعد رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إن في الجنة بابا يقال له: الرَّيَّانُ، يدخل منه الصائمون يوم القيامة، لا يدخل منه أحد غيرهم، يقال: أين الصائمون؟ فيقومون لا يدخل منه أحد غيرهم، فإذا دخلوا أغلق فلم يدخل منه أحد» [صحيح] - [متفق عليه]

(189) – Ayon kay Sahl bin Sa`d, malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-siya ay nagsabi: ((Katotohanan sa Paraiso ay may matatagpuang pintuan na tinatawag na :Arrayān,Papasok rito ang mga nag-ayuno,sa Araw ng Pagkabuhay,Walang nakapasok rito na iba maliban sa kanila,Sinasabing:Nasaan na ang mga nag-ayuno?Tatayo sila, Walang nakapasok rito na iba maliban sa kanila,At kapag nakapasok sila,isasarado ito,at walang makapasok kahit na isa)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ang kahulugan ng Hadith: Katotohanang matatagpuan sa Paraisao ang pintuan na tinatawag na :Arrayān,para lang sa mga nag-aayuno,Walang nakapasok na iba rito malibaan sa kanila,Sinuman ang nangangalaga sa pag-aayuno,ang obligado nito at kusang-loob nito,Tatawagin siya ng mga Anghel sa Araw ng Pagkabuhay,upang papasukin sa pintuang ito,At kapag nakapasok sila,isasarado ito at wala ng makapasok rito kahit na isa.

### **Benefits from the Hadith:**

(3738)

(190) - عن أبي هريرة رضي الله عنه : أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «إِذَا جَاءَ رَمَضَانُ، فَتِيَحَتْ أَبْوَابُ الْجَنَّةِ، وَعُلِقَتْ أَبْوَابُ النَّارِ، وَصَفَّتِ الشَّيَاطِينُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(190) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Kapag dumating ang Ramaḍān, binubuksan ang mga pinto ng Paraiso, ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Kapag dumating ang Ramaḍān, binubuksan ang mga pinto ng Paraiso, ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo." Ito ay tatlong pangyayaring magaganap sa Ramaḍān. Una: Binubuksan ang mga pinto ng Paraiso bilang pag-uudyok sa mga gagawa sa panahong ito ng maraming mga pagtalima gaya ng pagdarasal, pagkakawanggawa, pagsambit ng dhikr, pagbabasa ng Qur'an, at iba pa. Ikalawa: Ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno. Iyon ay dahil sa kakauntian ng mga pagsuway sa panahong ito sa panig ng mga Mananampalataya. Ikatlo: Iginagapos ang mga demonyo. Ang ipinakakahulugan nito ay ang mga naghihimagsik sa kanila, gaya ng pagkasaad niyon sa ibang sanaysay. Itinala ang sanaysay na ito nina Imām An-Nasā'īy sa Sunan niya, 434/4 numero 2105 at Imām Aḥmad sa Musnad niya, 292/2. Nagsabi si Al-Albānīy: Ito ay ḥadīth na mahusay dahil sa mga patunay nito, Mishkāh Al-Maṣābīḥ 612/1 numero 1962. Ang mga naghihimagsik ay nangangahulugang ang mga pinakamatindi sa mga demonyo sa pagkamuhi at pangangaway sa mga anak ni Adan. Ang paggapos ay nangangahulugang ang pagposas, na nangangahulugan namang pinupusasan ang mga kamay nila upang hindi sila makatakas patungo sa tinatakasan nila noon sa ibang buwan. Ang lahat ng ipinabatid na ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at

pangalagaan, ay katotohanang ipinabatid niya bilang payo sa Kalipunang Islam, bilang panggaganyak para rito para sa kabutihan, at bilang babala para rito laban sa kasamaan. Tingnan: Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn: 273/4.

## Benefits from the Hadith:

(10107)

(191) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ نَسِيَ وَهُوَ صَائِمٌ فَأَكَلَ أَوْ شَرِبَ، فَلْيَتِمَّ صَوْمَهُ، فَإِنَّمَا أَطْعَمَهُ اللَّهُ وَسَقَاهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(191) – Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-Hadith na marfu: ((Sinuman ang nakalimot na siya ay nag-aayuno, nakakain siya naka-inom, ipagpatuloy niya ang pag-aayuno niya, dahil ang nagpakain at nagpa-inom sa kanya ay si Allah)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ginawa ang Batas ng Islam para sa pagpapagaan at kadalian. At ang mga tungkulin ay batay lamang sa kakayahan, at hindi pagparusa sa anumang bagay na labas sa kakayahan o hindi niya kagustuhan. Kabilang rito: Ang sinuman ang nakakain o nakainom o nakagawa ng mga bagay na nakakasira [sa pag-aayuno] maliban rito, sa araw ng Ramadhan, o bukod rito mula sa [mga araw] ng pag-aayuno, ay ipagpapatuloy nito ang pag-aayuno niya dahil ito ay tama, dahil ang [paggawa niya sa mga bagay na ito] ay hindi niya kagustuhan; Anumang bagay ang magawa ng tao dahil sa pagkalimot at hindi niya intensiyon, ito ay hindi nakakasira sa pag-aayuno niya, at hindi nakakaapekto rito; dahil ang mga ito ay nagmula kay Allah; Siya ang nagpakain at nagpainom sa kanya



## Benefits from the Hadith:

(4525)

(192) – عن عائشة رضي الله عنها : «أن رسول الله صلى الله عليه وسلم كان يعتكف في العَشْرِ الْأَوَّخِرِ من رمضان، حتى توفاه الله عز وجل ، ثم اعتكف أزواجه بعده». وفي لفظ «كان رسول الله صلى الله عليه وسلم يَعْتَكِفُ في كلِّ رمضان، فإذا صلى العَدَاةَ جاء مكانه الذي اعْتَكَفَ فيه». [صحيح] - [الرواية الأولى متفق عليها الرواية الثانية رواها البخاري]

(192) – Ayon kay `Ā`ishah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya matapos niya." Sa isang pananalita: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa bawat Ramaḍān. Kapag nakapagdasal siya ng dasal sa madaling-araw, pumupunta siya sa lugar na nagsasagawa siya ng i`tikāf roon. [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ipinababatid ni `Ā`ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān sa paghahangad na matapatan ang Laylatulqadr matapos na malaman niya na ito ay nasa huling sampung gabi. Nanatili siyang gayon hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagkataas-taas Niya. Nagpahiwatig si `Ā`ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang kahatulan ay hindi pinawalang-bisa at hindi natatangi sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sapagkat nagsagawa nga ng i`tikāf ang mga mabahay niya matapos niya, malugod si Allāh sa kanilang lahat. Sa ikalawang pananalita, nililinaw

ni `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kapag nakapagdasal siya noon ng dasal sa madaling-araw, pumapasok siya sa pinagsasagawaan niya ng i`tikāf upang magtalaga ng sarili sa pagsamba sa Panginoon niya at manawagan sa Kanya. Hindi mangyayari iyon malibang sa pamamagitan ng paglagot ng mga ugnayan sa mga nilalang. Taysīr Al-`Allām pahina 351, Tanbīh Al-Afhām tomo 3/476, at Ta'sīs Al-Aḥkām 3/296.

### Benefits from the Hadith:

(4495)

(193) - عَنْ عَائِشَةَ أُمِّ الْمُؤْمِنِينَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا: كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَجْتَهِدُ فِي الْعَشْرِ الْأَوَاخِرِ مَا لَا يَجْتَهِدُ فِي غَيْرِهِ. [صحيح] - [رواه مسلم]

(193) – Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsisipag sa huling sampung araw [ng Ramaḍān] ng hindi niya ipinagsisipag sa iba pa rito.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag dumating ang huling sampung araw ng Ramaḍān, ay nagsisipag sa mga ito sa pagsamba at pagtalima at nagpapalabis sa mga uri ng mga kabutihan at mga klase ng mga pagsasamabuting-loob at mga pagsamba higit kaysa sa pagsisipag niya sa iba rito. Iyon ay dahil sa kadakilaan at kainaman ng mga gabing iyon at dala ng paghahangad sa Gabi ng Pagtatakda.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagpaparami ng pagsasamabuting-loob at mga uri ng mga pagtalima sa buwan ng Ramaḍān, sa pangkalahatan, at huling sampung araw nito, lalo na.
2. Ang huling sampung araw ng Ramaḍān ay nagsisimula sa gabi ng ika-21 hanggang sa wakas ng buwan.
3. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagsamantala ng mga mainam na oras ng paggawa ng mga pagtalima.

(3755)

(194) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: كان رسول الله صلى الله عليه وسلم إذا دَخَلَ العَشْرُ أَحْيَا الليلَ، وأيقظ أهله، وجدَّ وشدَّ المئزرَ. [صحيح] - [متفق عليه]

(194) – Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kapag pumasok ang sampung [huling araw ng Ramaḍān], ay nagpupuyat sa gabi, nanggigising ng mag-anak niya, nagpapakasigasig, at naglalaan ng sarili." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

## Benefits from the Hadith:

(4944)

(195) – عن أبي سعيد الخُدْرِي رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «من صام يومًا في سبيل الله بَعَدَ اللهُ وجهه عن النَّارِ سَبْعِينَ خريفًا». [صحيح] - [متفق عليه]

(195) – Mula kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy -malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan): ((Sinuman ang nag-ayuno sa landas ng Allah ay palalayu in ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon)). [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagbigay alam ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- na sinuman ang nag-ayuno ng isang araw sa landas ng Allah ang kanyang magiging gantimpala ay palalayu in ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon; sa pagkat pinagsama niya ang kahirapan ng pakikibaka (jihad), at Murabatah (pagtayo sa landas bilang depensa at seguridad ng bansa) at kahirapan ng pag-ayuno, at ang pagpalayo sa kanya mula sa impyerno, ay magresulta ng paglapit niya sa paraiso, sa pagkat walang iba kundi ang daan patungong paraiso at daan patungong impyerno. Tanbeehul Afham (p 465) Tayseerul Allam (p 346) Ta'seesul Ahkam (v3/385).

### **Benefits from the Hadith:**

(4436)

(196) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: «أوصاني خليلي صلى الله عليه وسلم بثلاث: صيام ثلاثة أيام من كل شهر، وَرَكَعَتِي الصُّحَى، وَأَنْ أُوتِرَ قَبْلَ أَنْ أُنَامَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(196) – Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng ḍuḥā, at na magsagawa ako ng witr bago ako matulog." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglaman ang marangal na ḥadīth na ito ng tatlong marangal na pampropetang tagubilin: 1. Ang paghimok sa pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan dahil ang magandang gawa ay ginagantihan ng sampung tulad nito kaya naman ang tatlong araw na pag-aayuno ay nagiging gaya ng pag-aayuno sa buong buwan. Ang pinakamainam ay na ang tatlong ito ay sa ika-13, ika-14, at ika-15 gaya ng nasaad sa ilan sa mga ḥadīth. 2. Na magdasal ng ṣalāh sa ḍuḥā (ṣalātuḍḍuḥā). Ang pinakakaunting bilang nito ay dalawang rak`ah, lalo na sa panig ng hindi nagdarasal sa gabi (qiyāmullayl) gaya ni Abū Hurayrah na nagpakaabala sa pag-aaral ng kaalaman sa unang bahagi ng gabi. Ang pinakamainam na oras nito ay kapag naiinitan na ang mga kamelyong inawat sa pagsuso, gaya ng nasaad sa ibang ḥadīth. 3. Na ang sinumang hindi bumabangon sa huling bahagi ng gabi para magdasal ay magsawa ng witr bago matulog upang hindi malaktawan ang oras niyon.

### Benefits from the Hadith:

(4538)

(197) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم «تَسَحَّرُوا؛

فإن في السَّحُورِ بَرَكَةٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(197) – Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Kumain kayo ng saḥūr sapagkat tunay na sa saḥūr ay may biyaya." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinag-utos ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ang saḥūr, na pagkain at inumin bago magmadaling-araw, bilang paghahanda sa pag-aayuno. Binabanggit niya ang makadiyos na kasanhian nito, ang pagdating ng biyaya. Ang biyaya ay sumasaklaw sa mga kapakinabangan sa Mundo at Kabilang-buhay. Bahagi ng biyaya ng saḥūr ay ang natatamong pagtulong sa pagtalima kay Allāh, pagkataas-taas Niya, sa maghapon. Bahagi rin ng biyaya ng saḥūr ay na ang nag-aayuno, kapag kumain siya ng saḥūr, ay hindi manghihinawang muling mag-ayuno, na salungat sa sinumang hindi nag-ayuno sapagkat tunay na ito ay makatatagpo ng hilahil at hirap na makabibigat sa kanya sa pag-aayuno muli. Bahagi pa rin ng biyaya ng saḥūr ay na ito ay isang pagsamba kapag nilayon dito ang pagpapatulong sa pagtalima kay Allāh, pagkataas-taas Niya, at ang pagsunod sa Sugo, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Si Allāh, sa pagbabatas Niya, ay may mga kasanhian at mga lihim. Kabilang sa pinakadakila sa mga pakinabang sa saḥūr ay ang pagkagising para sa pagdarasal sa madaling-araw. Dahil dito, ipinag-utos niya na ipahuli ang pagkain ng saḥūr nang sa gayon ay hindi makatulog hanggang sa matapos ito at makaligtaan ang pagdarasal sa madaling-araw, na salungat sa sinumang hindi kumain ng saḥūr. Tunay na ang bilang ng mga nagdarasal sa madaling-araw kasama ng kongregasyon sa masjid sa Ramādan ay higit na marami kaysa sa ibang buwan dahil sa saḥūr.

Taysīr Al-`Allām pahina 317, Tanbīh Al-Afhām tomo 3/417, at Ta`sīs Al-Aḥkām 3/217.

## Benefits from the Hadith:

(4498)

(198) – عن أبي عبيد، مولى ابن أزر، قال: شهدت العيد مع عمر بن الخطاب رضي الله عنه ، فقال: هذان يومان نهى رسول الله صلى الله عليه وسلم عن صيامهما: يوم فطرکم من صيامکم، واليوم الآخر تأكلون فيه من دُسُكِكُمْ. [صحيح] - [متفق عليه]

(198) – Mula kay Abu Abeed, ang taga-pagtanggol ni Ibn Az-har, ay nagsabi: Nasaksihan ko si Al-eed kasama si Umar Ibn Alkhattab - Malugod si Allah sa kanya-, ay nagsabi: "Itong dalawang araw ay ipinagbawal ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ang pag-aayuno sa kanila: araw ng Fitr niyo mula sa pag-ayuno niyo, at ang ibang araw: Kakain kayo sa araw na yan mula sa pag-aalay niyo. [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ginawa ng dakilang Allah sa mga muslim ang dalawang araw na sila'y dalawang pista para sa mga muslim, ang bawat sa kanila ay may kaugnayan sa relihiyong ritwal, ang araw ng Fitr (pag-putol ng ayuno) ay may kaugnayan sa kaganapan ng pag-ayuno, dahil doon obligado sa isang muslim na putulin ang kanyang ayuno sa araw na iyon bilang pasasalamat sa dakilang Allah sa kaganapan ng grasya ng pag-ayuno at pagpakita sa grasya ng Fitr na kung saan iniutos ito ni Allah pagkatapos ng pag-ayuno, Sabi ng dakilang Allah: (at kompletihin niyo ang IDDAH (bilang ng mga araw na nakaligtaan ang pagsagawa ng pag-ayuno sa kanya) at luwalhatiin ang dakilang Allah sa gantimpalang inihandog niya sa inyo at nawa kayo ay magpasalamat sa kanya) Adh-dharyat:17, at ang pangalawang araw ay ang araw ng Eid Al-adha at

siya ay nauugnay sa seremonya ng mga pagbigay o regalo at pagkatay, dahil ang mga tao ay magbibigayan at magkatay at magpakita ng mga sawikain ng dakilang Allah sa pamagitan ng pagkain sa araw na yon, kaya obligado sa isang muslim na hindi mag-ayuno sa dalawang araw na ito, at ipinagbawal sa kanya ang pag-ayuno sa araw na ito.

## Benefits from the Hadith:

(4527)

(199) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ يَقُمْ لَيْلَةَ

الْقَدْرِ إِيْمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ» [صحيح] - [متفق عليه]

(199) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagdasal sa Gabi ng Pagtatakda (Laylatulqadr) dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang anumang nauna sa pagkakasala niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kainaman ng pagdarasal sa Gabi ng Pagtatakda na nangyayari sa huling sampung araw ng Ramadān at na ang sinumang nagsumikap sa mga gabing ito sa pagdarasal, panalangin, pagbabasa ng Qur'ān, at pagsambit ng dhikr habang sumasampalataya sa mga ito at sa nasaad kaugnay sa kainaman ng mga ito, habang umaasa sa pamamagitan ng gawa niya sa gantimpala ni Allāh, hindi dala ng pagpapakitang-tao ni pagpaparinig sa tao, tunay na patatawarin sa kanya ang nauna sa mga pagkakasala niya.



## Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng Gabi ng Pagtatakda at ang paghimok sa pagdarasal sa gabi nito.
2. Ang mga maayos na gawa ay hindi tinatanggap malibang may kasamang katapatan ng layunin.
3. Ang kabutihang-loob ni Allāh at ang awa Niya sapagkat tunay na ang sinumang nagdasal sa Gabi ng Pagtatakda dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang nauna sa pagkakasala niya.

(4202)

(200) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «مَنْ حَجَّ لِلَّهِ فَلَمْ يَرْفُثْ وَلَمْ يَفْسُقْ رَجَعَ كَيَوْمِ وَلَدَتْهُ أُمُّهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(200) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nagsagawa ng ḥajj para kay Allāh saka hindi humalay at hindi nagpakasuwail, uuwi siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsagawa ng ḥajj para kay Allāh (napakataas Siya) at "hindi humalay ..." Ang halay ay ang pakikipagtalik at ang mga tagapagpauna nito na paghalik at pagromansa. Itinataguri rin ito sa mahalay na salita. Ang "nagpakasuwail" ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagsuway at mga masagwang gawa. at bahagi ng pagpapakuwail ang paggawa ng mga pinipigilan sa iḥrām – "uuwi

siya" – mula sa hajj niya na pinatatawad, gaya ng ipinanganganak na paslit habang ligtas sa mga pagkakasala.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagpapakasuwail, kung naging ipinagbabawal sa lahat ng mga kalagayan, ay nabibigyang-diin ang pagsaway laban dito sa hajj bilang pagdakila sa mga gawain ng hajj.
2. Ang tao ay ipinanganganak nang walang kasalanan, na pinawalang-kaugnayan sa mga pagkakasala kaya naman siya ay hindi nagpapasan ng kasalanan ng iba sa kanya.

(2758)

(201) – عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما : «أَنْ تَلْبِيَةَ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ : لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنَّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكَ، لَا شَرِيكَ لَكَ.»  
 قال: وكان عبد الله بن عمر يزيد فيها: «لَبَّيْكَ لَبَّيْكَ وَسَعْدَيْكَ، وَالْخَيْرَ بِيَدَيْكَ، وَالرَّغْبَاءُ إِلَيْكَ وَالْعَمَلَ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(201) – Mula kay Abdillah ibn Umar -Malugod sa kanila ang dakilang Allah-: ((Ang Talbiyah (pagganap, pagtalima) ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Labbayka Allahumma labbayk, Labbayka la shareeka laka labbayk, Innalhamda wan ni'mata laka wal mulk, la shareeka lak)). At sabi niya: At dinagdagan siya ni Abdullah Ibn Umar: ((Labbayka labbayka wa sa'ddayk, wal khairu biyadik, war ragbau ilayka wal amal)). [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinaliwanag ni Abdullah Ibn Umar -Malugod si Allah sa kanila- na ang paraan o sistema ng Talbiyah ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- sa hajj at umrah, Labbayka Allahumma labbayk, Labbayka la shareeka laka labbayk. Iyon ay bilang pagtugon sa

panawagan ng dakilang Allah sa kanyang mga alipin para magsagawa ng hajj at umrah, at pagiging totoo sa kanya, at pagmalapit sa kanya, at pag-ako sa pag-puri sa kanya, at sa kanyang mga grasya, at bilang panarili sa kanya, at kapangyarihan sa lahat ng kanyang nilalang na wala siyang katambal, at si Abdullahh Ibn Umar ay kanyang dinagdagan ang talbiah na iyon; bilang pagpapatibay: Labbayka Wa Sa'dayk, Wal Khairu Bi yadik War Ragbau Ilayka Wal Amal, ang sukduhan ng "Amal" o ang gawain sa dakilang Allah ay ang pagsadya at pag-gantimpala.

### **Benefits from the Hadith:**

(4535)

(202) – عن ابن عباس رضي الله عنهما قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَا مِنْ أَيَّامٍ الْعَمَلُ الصَّالِحُ فِيهَا أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنْ هَذِهِ الْأَيَّامِ» يعني أيامَ العشر، قالوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ؟ قال: «وَلَا الْجِهَادُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ، إِلَّا رَجُلٌ خَرَجَ بِنَفْسِهِ وَمَالِهِ فَلَمْ يَرْجِعْ مِنْ ذَلِكَ بِشَيْءٍ». [صحيح] - [رواه البخاري وأبو داود، واللفظ له]

(202) – Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga araw na ang maayos na gawain sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa mga araw na ito." Tumutukoy siya sa unang sampung araw [ng Dhulhijjah]. Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh, maliban sa isang lalaking lumabas kalakip ng buhay niya at ari-arian niya saka hindi na bumalik mula roon na may anuman."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang maayos na gawain sa unang sampung araw ng buwan ng Dhulhijjah ay higit na mainam kaysa sa nalalabi sa mga araw ng taon.

Nagtanong ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pakikibaka sa iba pa sa sampung araw na ito kung ito ba ay higit na mainam o ang mga maayos na gawain sa mga araw na ito. Iyon ay dahil sa napagtibay sa ganang kanila na ang pakikibaka ay kabilang sa pinakamainam sa mga gawain.

Kaya sumagot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang maayos na gawain sa mga araw na ito ay higit na mainam kaysa sa pakikibaka sa mga ibang araw, maliban sa isang lalaking lumabas na nakikibaka at nagsuong ng sarili niya at yaman niya sa panganib alang-alang sa landas ni Allāh saka nawala ang yaman niya at ibinuwis ang

kaluluwa niya alang-alang sa landas ni Allāh. Iyan ay ang nakalalamang sa maayos na gawain sa mga lamang na araw na ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng maayos na gawain sa unang sampung araw ng Dhulḥijjah kaya kailangan sa Muslim na samantalain ang araw na ito at paramihin sa mga ito ang mga pagtalima gaya ng pag-alaala kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), pagbabasa ng Qur'ān, pagsambit ng Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila), pagsambit ng Lā ilāha illa --llāh (Walang Diyos kundi si Allāh), pagsambit ng Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh), pagsasagawa ng ṣalāh, pagbibigay ng kawanggawa, pag-aayuno, at lahat ng mga gawain ng pagsasamabuting-loob.

(6255)

(203) – عن الحسن بن علي بن أبي طالب رضي الله عنهما قال: حفظت من رسول الله -صلى الله عليه وآله وسلم-: «دَعُ مَا يَرِيْبُكَ إِلَى مَا لَا يَرِيْبُكَ». [صحيح] - [رواه الترمذي والنسائي وأحمد والدارمي]

(203) – Ayon kay Al-Ḥasan bin `Alīy bin Abī Ṭālib, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo patungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo." [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimiy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Tungkulin ng Mananampalataya na iwan ang napagdududahan sa pagkaipinahintulot sa takot na baka masadlak sa ipinagbabawal nang hindi niya nararamdaman. Bagkus, tungkulin niyang lumipat mula sa napagdududahan tungo sa anumang ang pagkaipinahintulot ay

natitiyak, na wala ditong mapaghihinalaan, upang maging napapanatag ang puso, natitiwasay ang kaluluwa, naghahangad ng dalisay na ipinahihintulot, at nagpapakalayu-layo sa ipinagbabawal, mga mapaghihinalaan, at anumang nag-aatubili roon ang kaluluwa.

## Benefits from the Hadith:

(4564)

(204) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ تَجَاوَزَ عَنْ أُمَّتِي مَا حَدَّثَتْ بِهِ أَنْفُسَهَا، مَا لَمْ تَعْمَلْ أَوْ تَتَكَلَّمْ». [صحيح] - [متفق عليه]

(204) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na si Allāh ay nagpalampas sa Kalipunan ko ng anumang isinaysay nito sa sarili nito hanggat hindi nito ginawa o sinalita."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Muslim ay hindi pinananagot dahil sa sanaysay sa sarili na kasamaan bago ng paggawa nito o pagsasalita nito yayamang pinawi ni Allāh ang kaasiwaan at pinagpaumanhinan Niya. Hindi nagpanagot si Allāh sa Kalipunan ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa natagpuan sa isip at nagpabalik-balik sa sarili nang hindi siya napapanatag dito at nanatili sa kanya. Kung nanatili ito sa puso niya gaya ng pagmamalaki o kapalaluan o pagpapaimbabaw o paggawa ng mga bahagi ng katawan niya o nagsabi siya sa pamamagitan ng dila niya, tunay na siya ay pananagutin dahil doon.

## Benefits from the Hadith:

1. Si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagpalampas at nagpaumanhin sa mga ideya at mga naiisip

na sumasagi sa sarili saka nagsasanaysay ang tao ng mga ito sa sarili niya at nagdaraan ang mga ito sa isipan niya.

2. Ang diborsiyo, kapag nakaisip nito ang tao at nalahad ito sa isipan niya subalit siya ay hindi nagsalita nito at hindi sumulat nito, ay hindi naituturing na isang diborsiyo.
3. Ang sanaysay sa sarili ay hindi pinananagot dahil dito ang tao gaano man kabigat ito hanggat hindi ito nananatili sa sarili niya, hindi siya gumagawa nito, at hindi siya nagsasalita nito.
4. Ang kadakilaan ng halaga ng Kalipunan ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa pagkakatangi nito sa hindi pagpapanagot dahil sa sanaysay sa sarili, na kasalungatan sa mga kalipunan bago natin.

(58144)

(205) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ اللَّهَ لَا

يَنْظُرُ إِلَى صُورِكُمْ وَأَمْوَالِكُمْ، وَلَكِنْ يَنْظُرُ إِلَى قُلُوبِكُمْ وَأَعْمَالِكُمْ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(205) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo ni sa mga ari-arian ninyo subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay hindi tumitingin sa mga anyo ng mga tao at mga katawan nila kung ito ba ay marikit o kapula-pula at kung ito ba ay malaki o maliit, o malusog o maysakit? Hindi Siya tumitingin sa mga ari-arian nila kung ang mga ito ba ay marami o kaunti? Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas

Siya) ay hindi nagpapanagot sa mga lingkod Niya at hindi nagtutuos sa kanila sa mga bagay na ito at pagkakaibahan nila sa mga ito. Subalit tumitingin Siya sa mga puso nila at nasa loob ng mga ito na pangilingilag magkasala, katiyakan, katapatan, pagpapakawagas, o pagpapakay ng pagpapakitang-tao at pagpaparinig sa tao. Tumitingin Siya sa mga gawa nila sa punto ng kaayusan ng mga ito at kasiraan ng mga ito saka naggagantimpala Siya at gumaganti Siya sa mga ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagmamalasakit sa pagsasaayos ng puso at ang pagdadalisay nito sa bawat paglalarawang napupulaan.
2. Ang kaayusan ng puso ay sa pamamagitan ng pagpapakawagas at ang kaayusan ng gawain ay sa pamamagitan ng pakikipagsunuran sa Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga). Ang dalawang ito ay pokus ng pagtingin at pagsasaalang-alang sa ganang kay Allāh (napakataas Siya).
3. Huwag malinlang ang tao dahil sa yaman niya, ni dahil sa karikitan niya, ni dahil sa katawan niya, ni dahil sa isang anuman kabilang sa mga nakahayag sa Mundong ito.
4. Ang pagbibigay-babala laban sa pagdepende sa panlabas nang walang pagsasaayos ng panloob.

(4555)



(206) - عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعاً: «إِنَّ اللَّهَ -تَعَالَى- يَعَارُ، وَغَيْرُهُ اللَّهُ -تَعَالَى-، أَنْ يَأْتِيَ الْمَرْءَ مَا حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(206) – Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu :((Katotohanang si Allah-Pagkataas-taas Niya-ay nagseselos,At ang pagseselos ni Allah-Pagkataas-taas Niya-,ay ang paggawa ng tao sa anumang ipinagbabawal ni Allah sa kanya)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naisalaysay ang Hadith upang ipahayag na si Allah ay nagseselos sa mga ipinagbabawal Niya,Siya ay napopoot at Kinamumuhian Niya ang paglapastangan sa limitasyon Niya,kabilang rito ay ang kasalanan ng panghahalay,ito ay pamamaraang marumi at kasamaan,at bukod dito,ipinagbawal ni Allah sa mga alipin Niya ang panghahalay at ang lahat ng pamamaraan nito.Kapag nanghalay ang isang alipin,Katotohanang si Allah ay nagseselos nang higit na matindi at malaking pagseselos mula sa pagseselos Niya ,sa mga ibang ipinagbabawal,At gayundin ang Liwat [panghahalay ng lalaki sa lalaki],ito ay ang panghahalay sa lalaki,Sapagkat ito ay higit na napakalaki at napakalaki, Kung-kaya`t ginawa ni Allah-Pagkataas-taas Niya- na ito ay higit na matindi sa kasalanan ng panghahalay,At gayundin ang pagnanakaw,at pag-inom ng alak, Ang lahat ng ipinagbabawal ay pinagseselosan ni Allah,subalit ang ilan sa mga ipinagbabawal,ay higit na pinagseselosan sa iba nito,batay sa kasalanan,at batay sa pinsalang naidudulot nito

### Benefits from the Hadith:

(3354)

(207) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «اجْتَنِبُوا السَّبْعَ الْمُؤْبَقَاتِ»، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ وَمَا هُنَّ؟ قَالَ: «الشِّرْكَ بِاللَّهِ، وَالسَّحْرُ، وَقَتْلُ النَّفْسِ الَّتِي حَرَّمَ اللَّهُ إِلَّا بِالْحَقِّ، وَأَكْلُ الرِّبَا، وَأَكْلُ مَالِ الْيَتِيمِ، وَالتَّوَلَّى يَوْمَ الرَّحْفِ، وَقَذْفُ الْمُحْصَنَاتِ الْمُؤْمِنَاتِ الْغَافِلَاتِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(207) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Umiwas kayo sa pitong tagapagpasawi." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at ano po ang mga ito?" Nagsabi siya: "Ang pagtatambal kay Allāh, ang panggagaway, ang pagpatay sa kaluluwang ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa katwiran, ang pagkain ng patubo, ang pagkain ng yaman ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng labanan, at ang paninirang-puri sa mga malinis na nakapag-asawang babae, na mga mananampalataya, na mga inosente."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nag-uutos ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya ng paglayo sa pitong krimen at pagsuway na tagapagpahamak. Noong tinanong siya tungkol sa mga ito kung ano ang mga ito, naglinaw siya na ang mga ito ay:

A. Ang pagtatambal kay Allāh sa pamamagitan ng paggawa ng kaagaw at katulad para sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) mula sa alinmang anyo, at ng pagbaling ng alinmang pagsamba kabilang sa mga pagsamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya). Nagsimula siya sa Shirk dahil ito ay pinakamabigat sa mga pagkakasala.

B. Ang panggagaway – na isang katawagan sa mga buhol, mga orasyon, mga panggamot, at mga pagpapausok – na nakaaapekto sa katawan ng ginagaway sa pamamagitan ng pagkapatay o sa pamamagitan ng pagkakasakit, o nagpapahiwalay sa mag-asawa. Ito ay isang gawaing makademonyo. Marami rito ay hindi nahahantong kundi

sa pamamagitan ng Shirk at pagpapakalapit-loob sa mga masamang espiritu sa pamamagitan ng isang bagay kabilang sa naiibigan ng mga ito.

C. Ang pagpatay ng buhay na pumigil si Allāh sa pagpatay rito malibang may isang legal na tagapagbigay-matuwid na ipatutupad ng tagapamahala.

D. Ang pagkuha ng patubo sa pamamagitan ng pakikinabang o iba pa rito na mga anyo ng pakikinabang.

E. Ang paglabag sa ari-arian ng batang namatay ang ama niya habang siya ay mababa sa kasapatang gulang (bulūgh).

F. Ang pagtakas mula sa labanan sa mga tagatangging sumampalataya.

G. Ang pagpapatang ng pangangalunya sa mga malayang babaing malinis ang puri at gayon din ang pagpapatang nito sa mga lalaki.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang malalaking kasalanan ay hindi limitado sa pito at ang pagtatangi sa pitong ito ay dahil sa kabigatan ng mga ito at panganib ng mga ito.
2. Ang pagpayag sa pagpatay sa tao kapag may karapatan gaya ng qasās (ganging-pinsala), riddah (pagtalikod sa Islām), at zinā (pangangalunya) matapos magkaasawa. Magpapatupad nito ang legal na tagapamahala.

(3331)

(208) - عن أبي بكر رضي الله عنه قال: قال النبي صلى الله عليه وسلم: «أَلَا أَنْبَتُكُمْ بِأَكْبَرِ الْكَبَائِرِ؟» ثَلَاثًا، قَالُوا: بَلَى يَا رَسُولَ اللَّهِ، قَالَ: «الإِشْرَاكُ بِاللَّهِ، وَعُقُوقُ الْوَالِدَيْنِ» وَجَلَسَ وَكَانَ مُتَكِيًا، فَقَالَ: «أَلَا وَقَوْلُ الزُّورِ»، قَالَ: فَمَا زَالَ يُكْرِرُهَا حَتَّى قُلْنَا: لَيْتَهُ سَكَتَ. [صحيح] - [متفق عليه]

(208) – Ayon kay Abū Bakrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba ako magbabalita sa inyo ng pinakamalaki sa malalaking kasalanan?" nang makatatlo. Nagsabi sila: "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Ang pagtatambal kay Allāh at ang kasutilan sa mga magulang." Umupo siya. Siya kanina ay nakasandal, saka nagsabi siya: "Pansinin, ang pagsasabi ng kabulaanan." Hindi siya tumigil na nag-uulit-ulit niyon hanggang sa nagsabi kami na kung sana siya ay natahimik na.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya tungkol sa pinakamabigat sa malalaking kasalanan, kaya binanggit niya ang tatlong ito:

1. Ang Pagtatambal kay Allāh. Ito ay ang pagbaling ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allāh at ang pagpapantay ng iba pa kay Allāh kay Allāh sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

2. Ang Kasutilan sa mga Magulang. Ito ay bawat perhuwisyo sa mga magulang sa salita man o sa gawa at pagwaksi ng paggawa ng maganda sa kanila.

3. Ang Pagsasabi ng Kabulaanan at Kabilang Dito ang Pagsaksi sa Kabulaanan. Ito ay bawat sinasabing bulaan at kinatha na ninanais dito ang pagmamaliit sa sinumang pinagbuntunan sa pamamagitan ng pagkuha ng ari-arian niya o paglabag sa dangal niya o tulad nito.

Nag-uulit-ulit nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagbibigay-babala laban sa pagsasabi ng kabulaanan bilang pagtawag-pansin sa pagsasapangit nito at mga masagwang

epekto nito sa lipunan hangang sa nagsabi ang mga Kasamahan: "Kung sana siya ay natahimik na." bilang pagkahabag sa kanya at bilang pagkasuklam sa lumiligalig sa kanya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pinakamabigat sa mga pagkakasala ay ang pagtatambal kay Allāh dahil Siya ay gumawa rito bilang pangunahin sa malalaking kasalanan at pinakamalaki sa mga ito. Nagbibigay-diin dito ang sabi ni Allāh (Qur'ān 4:48): "Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang lolobin Niya."
2. Ang bigat ng mga karapatan ng mga magulang yayamang iniugnay ang karapatan nila sa karapatan ni Allāh (napakataas Siya).
3. Ang mga pagkakasala ay nahahati sa malalaki at maliliit. Ang malaki ay ang bawat pagkakasala na may kaparusahang pangmundo gaya ng mga takdang parusa at pagsumpa; o may bantang pangkabilang-buhay gaya ng banta ng pagpasok sa Impiyerno. Ang malalaking kasalan ay mga nibel, na ang iba sa mga ito ay higit na mabagsik kaysa sa iba sa pagbabawal samantalang ang maliliit sa mga pagkakasala ay ang iba sa malalaking kasalanan.

(2941)

(209) - عن عبد الله بن عمرو بن العاص رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «الْكَبَائِرُ: الْإِشْرَاكُ بِاللَّهِ، وَعُقُوْقُ الْوَالِدَيْنِ، وَقَتْلُ النَّفْسِ، وَالْيَمِيْنُ الْعَمُوْسُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(209) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang malalaking kasalanan ay ang pagtatambal kay Allāh, ang kasutilan sa mga magulang, ang pagpatay ng buhay, at ang panunumpang mapagpalublob."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang malalaki sa mga pagkakasala ay ang pinagbabantaan ang tagagawa ng mga ito ng isang matinding banta sa Mundo at Kabilang-buhay.

UNA: Ang Pagtatambal kay Allāh. Ito ay ang pagbaling ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allāh at ang pagpapantay ng iba pa kay Allāh kay Allāh sa pagkadiyos Niya, pagkapanginoon Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

IKALAWA: Ang Kasutilan sa mga Magulang. Ito ay ang bawat nag-oobliga ng perhuwisyo sa mga magulang sa salita man o sa gawa at ang pagwaksi ng paggawa ng maganda sa kanila.

IKATLO: Ang Pagpatay ng Buhay. Ito ay kung walang katwiran, gaya ng pagpatay dala ng kawalang-katarungan at dala ng pangangaway.

IKAAPAT: Ang Panunumpang Mapagpalublob. Ito ay ang panunumpa nang pasinungaling sa kabila ng kaalamang mula sa kanya hinggil sa kasinungalingan nito. Tinawag itong gayon dahil ito ay maglulublob sa tagagawa nito sa kasalanan o sa Apoy.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang panunumpang mapagpalublob ay walang panakip-sala para rito dahil sa tindi ng panganib nito at pagkakrimen nito. Tanging ang mayroon dito ay ang pagbabalik-loob.
2. Ang pagkakasya sa pagbanggit sa apat na malaking kasalanang ito sa ḥadīth ay dahil sa kabigatan ng kasalanan sa mga ito at hindi para sa paglilimita sa mga ito.
3. Ang mga pagkakasala ay nahahati sa malalaki at maliliit. Ang malaki ay ang bawat pagkakasala na may kaparusahang pangmundo gaya ng mga takdang parusa at pagsumpa; o may bantang pangkabilang-buhay gaya ng banta ng pagpasok sa Impiyerno. Ang malalaking kasalan ay mga nibel, na ang iba sa mga ito ay higit na mabagsik kaysa sa iba sa pagbabawal samantalang ang maliliit sa mga pagkakasala ay ang iba sa malalaking kasalanan.

(3044)

(210) – عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَوَّلُ مَا يُفْضَى بَيْنَ النَّاسِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ فِي الدَّمَاءِ». [صحيح] - [متفق عليه، واللفظ لمسلم]

(210) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya: "Ang una sa huhusgahan sa mga tao sa Araw ng Pagkabuhay ay kaugnay sa [pagpapadanak ng] mga dugo." [Tumpak] - [Napagkaisahan sa katumpakan at ang pananalita ay ayon sa kay Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Hahatulan ni Allah-Pagkataas-taas Niya ang mga likha sa Araw ng Pagkabuhay, pagkatapos ay maghuhusga Siya sa pagitan nila ng Katarungan Niya, at sisimulan Niya ito sa pinakamahalaga sa kawalan ng katarungan; At dahil sa ang pagdanak ng dugo ang siyang

pinakamalaki at pinakamahalaga mula sa kawalan ng katarungan,kaya ito ang unang huhusgahan Niya,sa napakalaking Araw na ito,at ito ay magaganap sa pagitan ng alipin sa Kawalan ng katarungan,subalit sa mga gawain,ang unang-unang titingnan Niya rito ay ang pagdarasal.

## Benefits from the Hadith:

(2962)

(211) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ قَتَلَ مُعَاهِدًا لَمْ يَرِحْ رَائِحَةَ الْجَنَّةِ، وَإِنَّ رِيحَهَا تُوجَدُ مِنْ مَسِيرَةِ أَرْبَعِينَ عَامًا». [صحيح] - [رواه البخاري]

(211) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang pumatay ng isang kinasunduan, hindi siya makaaamoy ng amoy ng Paraiso. Tunay na ang amoy nito ay natatagpuan sa [layo ng] paglalakbay na apatnapung taon."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nililina ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang matinding banta na ang sinumang pumatay ng isang kinasunduan – ang sinumang pumasok kabilang sa mga tagatangging sumampalataya sa Tahanan ng Islām nang may kasunduan at seguridad – ay hindi makalalanghap ng amoy ng Paraiso. Tunay na ang amoy nito ay abot sa layo ng paglalakbay na apatnapung taon.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal ng pagpatay sa kinasunduan (mu`āhad), pinangangalagaan (dhimmīy), at pinatitiwasay (musta'man) kabilang sa mga tagatangging sumampalataya; at na ito ay isang malaking kasalanan kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala.



2. Ang kinasunduan (mu`āhad) ay ang sinumang binigyan ng kasunduan kabilang sa mga tagatangging sumampalataya habang siya ay naninirahan sa bayan niya nang hindi nakikipagdigmaan sa mga Muslim at hindi sila nakikipagdigmaan sa kanya. Ang pinangangalagaan (dhimmīy) ay ang sinumang namamayan sa Tahanan ng Islām at nagbabayad ng buwis na jizyah. Ang pinatitiwasay (musta'man) ay ang sinumang pumasok sa Lupain ng mga Muslim nang may kasunduan at seguridad para sa isang tinakdaang panahon.
3. Ang pagbibigay-babala laban sa pagtataksil sa mga kasunduan sa hindi mga Muslim.

(64637)

(212) – عن جُبَيْرِ بْنِ مُطْعِمٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ أَنَّهُ سَمِعَ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «لَا يَدْخُلُ الْجَنَّةَ قَاطِعٌ رَحِمٍ». [صحيح] - [متفق عليه]

(212) – Ayon kay Jubayr bin Muṭ`im (malugod si Allāh sa kanya), siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Hindi papasok sa Paraiso ang isang tagaputol ng ugnayan sa kaanak." } [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang pumutol buhat sa ugnayan sa mga kamag-anak niya ng anumang kinakailangan para sa kanila na mga karapatan, o namerhuwisyo sa kanila at gumawa ng masagwa sa kanila, siya ay karapat-dapat na hindi pumasok sa Paraiso.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagputol ng ugnayan sa kaanak ay isang malaking kasalanan kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala.
2. Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay alinsunod sa nakagisnan sapagkat nagkakaiba-iba ito ayon sa pagkakaiba-iba ng mga lugar, mga panahon, at mga tao.
3. Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay sa pamamagitan ng pagbisita, kawanggawa, paggawa ng maganda sa kanila, pagdalaw sa mga maysakit, pag-uutos sa kanila ng nakabubuti, at pagsaway sa kanila ng nakasasama, at iba pa rito.
4. Sa tuwing ang pagputol ng ugnayan sa kaanak ay sa pinakamalapit na kaanak, ito ay magiging higit na matindi sa kasalanan.

(5367)

(213) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ أَحَبَّ أَنْ يُبْسَطَ لَهُ فِي رِزْقِهِ، وَيُنْسَأَ لَهُ فِي أَثَرِهِ، فَلْيَصِلْ رَحْمَهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(213) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang umibig na paluwagan para sa kanya sa panustos sa kanya at antalaan para sa kanya sa taning niya ay magpanatili siya ng ugnayan sa kaanak niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Humihimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapanatili ng ugnayan sa mga kamag-anak sa pamamagitan ng

pagbisita, pagpaparangal na pisikal at pampananalapi, at iba pa rito. Ito ay isang kadahilanan sa pagluwag ng panustos at paghaba ng buhay.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kaanak ay ang mga kamag-anak mula sa panig ng ama at ina. Sa tuwing ito ay naging higit na malapit, ito ay naging higit na marapat sa pagpapanatili ng ugnayan.
2. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain. Kaya ang sinumang nagpanatili ng ugnayan sa kaanak niya sa pamamagitan ng pagsasamabuting-loob at paggawa ng maganda, magpapanatili si Allāh sa buhay niya at panustos sa kanya.
3. Ang pagpapanatili ng ugnayan sa kaanak ay isang kadahilanan para sa pagpapaluwag ng panustos at pagpapalawak nito at isang kadahilanan para sa paghaba ng buhay. Kung ang yugto ng buhay at ang panustos ay naging limitado, gayon pa man maaaring magkaroon ng isang pagpapala sa panustos at buhay. Kaya nakagagawa ang tao sa buhay niya ng higit na marami at higit na kapaki-pakinabang kaysa sa ginagawa ng iba sa kanya. Sinabi na ang karagdagan sa panustos at haba ng buhay ay isang tunay na karagdagan. Si Allāh ay higit na maalam.

(5372)

(214) - عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «لَيْسَ الْوَأَصِلُ بِالْمُكَافِي، وَلَكِنَّ الْوَأَصِلَ الَّذِي إِذَا قُطِعَتْ رَحْمَةُ وَصَلَهَا». [صحيح] - [رواه البخاري]

(214) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang nakikitumbas, bagkus ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay ang kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhāriy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang taong lubos sa pakikiugnay sa kaanak at paggawa ng maganda sa mga kamag-anak ay hindi ang taong nakikipagtumbasan sa paggawa ng maganda ng paggawa ng maganda; bagkus ang nakikipag-ugnayan sa kaanak nang tunay na lubos sa pakipag-ugnayan sa kaanak ay ang kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon. Kahit pa gumawa sila ng masagwa sa kanya, tunay na siya ay nakikipagtumbasan sa kanila ng paggawa ng maganda sa kanila.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang naisasaalang-alang na pakikipag-ugnayan sa kaanak ayon sa Kapahayagan ay makipag-ugnayan ka sa sinumang pumutol ng kaugnayang pangkaanak sa iyo kabilang sa kanila at magpaumanhin ka sa sinumang lumabag sa katarungan sa iyo kabilang sa mga kaanak mo. Ang pakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang pakikipagtumbasan at ang pakikipaggantihan.
2. Ang pakikipag-ugnayan sa kaanak ay nangyayari sa pamamagitan ng pagpaparating ng anumang naisaposible na

kabutihan gaya ng salapi, panalangin, pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, at tulad ng mga ito; at ng pagtulak ng anumang naisaposible na kasamaan palayo sa kanila.

(3854)

(215) - عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «أَتَدْرُونَ مَا الْغَيْبَةُ؟»، قَالُوا: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ، قَالَ: «ذِكْرُكَ أَخَاكَ بِمَا يَكْرَهُ»، قِيلَ: أَفَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ فِي أَخِي مَا أَقُولُ؟ قَالَ: «إِنْ كَانَ فِيهِ مَا تَقُولُ فَقَدْ اغْتَبْتَهُ، وَإِنْ لَمْ يَكُنْ فِيهِ فَقَدْ بَهْتَهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(215) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nakaaalam ba kayo kung ano ang panlilibak?" Nagsabi sila: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam." Nagsabi siya: "[Ito] ang pagbanggit mo ng kapatid mo hinggil sa anumang kasusuklanan niya." Sinabi: "Kaya ano po sa tingin mo kung nasa kapatid ko ang sinasabi ko?" Nagsabi siya: "Kung naging nasa kanya ang sinasabi mo, nanlibak ka nga sa kanya; at kung hindi ito naging nasa kanya, nanirang-puri ka nga sa kanya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa reyalidad ng panlilibak na ipinagbabawal. Ito ay ang pagbanggit sa Muslim na nakaliban hinggil sa kasusuklanan niya, maging ito man ay kabilang sa mga katangian niyang pisikal o etikal, tulad ng siya raw ay kirat, mapandaya, palasinungaling, at tulad niyon kabilang sa mga katangian ng pagpula, kahit pa man ang katangiang iyon ay nariyan sa kanya.

Tungkol naman sa kapag hindi naging nasa kanya ang nasabing katangian, ito ay higit na matindi kaysa sa panlilibak. Ito ay ang

paninirang-puri. Ibig sabihin: ang paggawa-gawa laban sa tao ng wala naman sa kanya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kagandahan ng pagtuturo ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang naglalahad siya ng mga usapin sa paraang patanong.
2. Ang kagandahan ng etiketa ng mga Kasamahan sa harap ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang nagsabi sila: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam."
3. Ang pagsabi ng tinatanong tungkol sa hindi niya nalalaman ng: "Si Allāh ay higit na maalam."
4. Ang pangangalaga ng Batas ng Islām sa lipunan sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga karapatan at kapatiran sa pagitan nila.
5. Ang panlilibak ay ipinagbabawal maliban sa ilan sa mga kalagayan para sa kapakanan. Kabilang doon ang pagtulak ng kawalang-katarungan kung saan babanggitin ng taong nalabag sa katarungan ang lumabag sa kanya sa katarungan sa harap ng sinumang nakakakaya sa pagbawi sa karapatan niya. Ito ay gaya ng pagsabi ng ganito: "Lumabag sa katarungan sa akin si Polano" o "Gumawa siya sa akin ng gayon." Kabilang sa mga ito ang pakikisawsaw sa nauukol sa mag-asawa o pakikilahok o panghihimasok o tulad nito.

(5326)

(216) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: لَعَنَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ الرَّاشِيَّ وَالْمُرْتَشِيَّ فِي الْحُكْمِ. [صحيح] - [رواه الترمذي وأحمد]

(216) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Isinumpa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang nanunuhol at ang nagpapasuhol sa paghahatol.} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagtataboy at pagpapalayo sa awa ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa tagapagbayad ng suhol, tagakuha nito, at tagahawak nito.

Kabilang doon ang ibinabayad sa mga hukom upang magwalang-katarungan sa paghahatol na binabalikat nila upang umaabot dahil dito ang tagapagbigay sa ninanais niya nang walang katwiran.

### Benefits from the Hadith:

1. Ipinagbabawal ang pagkakaloob ng suhol, ang pagtanggap nito, ang pamamagitan dito, at ang pagtulong para rito dahil sa taglay nito na pakikipagtulungan sa kabulaanan.
2. Ang suhol ay kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala dahil ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumumpa sa tagatanggap nito at tagapagbigay nito.
3. Ang suhol sa panig ng paghuhukom at paghahatol ay higit na mabigat na krimen at higit na matindi na kasalanan dahil sa taglay nito na kawalang-katarungan at paghahatol nang hindi ayon sa pinababa ni Allāh.

(64689)

(217) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لا تَحَاسَدُوا، ولا تَنَاجَشُوا ولا تَبَاغَضُوا، ولا تَدَابَرُوا، ولا يَبِيعُ بَعْضُكُمْ على بَيْعِ بَعْضٍ، وَكُونُوا عِبَادَ اللَّهِ إِخْوَانًا، المسلمُ أخو المسلمِ لا يَظْلِمُهُ ولا يَحْذُلُهُ ولا يَكْذِبُهُ ولا يَحْقِرُهُ، التقوى ههنا - ويشير إلى صدره ثلاث مرات - بحَسْبِ امْرِئٍ مِنَ الشَّرِّ أنْ يَحْقِرَ أخاهُ المسلمَ، كُلُّ المسلمِ على المسلمِ حرامٌ: دَمُهُ ومَالُهُ وعِرْضُهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(217) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Huwag kayong mag-inggitan. Huwag kayong magpataasan sa tawad. Huwag kayong magmuhian. Huwag kayong magtalikuran. Huwag sulutin ng ilan sa inyo ang pagtitinda ng iba pa. Maging mga lingkod kayo ni Allāh bilang magkakapatid. Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya inaapi ito. Hindi niya ito iniwan. Hindi niya ito hinahamak. Ang pangingilag sa pagkakasala ay narito. (Itinuturo niya ang dibdib niya nang tatlong ulit.) Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim. Lahat ng nasa Muslim sa kapuwa Muslim ay hindi nilalabag: ang dugo niya, ang yaman niya, at ang dangal niya." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Sa ḥadīth na ito ay nagpapatnubay sa atin ang Marangal na Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungo sa kinakailangan sa atin na pakikitungo sa mga Muslim, na tayo ay maging nagmamahalan, nagbubukluran, nagtatratuhan sa isa't isa sa atin ng pakikitungong maganda ayon sa batas ng Islām, na nagpapatnubay sa atin sa mararangal sa mga kaasalan, naglalayo sa atin sa masasama sa mga ito, nag-aalis sa mga puso natin ng pagkamuhi, at gumagawa sa pakikitungo ng isa't isa sa atin ayon sa pakikitungong mataas, malayo sa inggit, pang-aapi, pandaraya, at iba pa roon na kabilang sa nagbubunsod ng kapinsalaan at pagkakahati-hati dahil ang pamiminsala ng Muslim sa kapatid niya ay ipinagbabawal maging sa yaman man o pakikitungo man o sa pamamagitan ng kamay man o ng dila man. Ang kabuuan ng



Muslim sa kapwa Muslim ay bawal labagin: ang buhay niya, ang ari-arian niya, at ang dangal niya. Ang dignidad at ang karangalan ay nasa pangilag sa pagkakasala lamang.

### **Benefits from the Hadith:**

(4706)

(218) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِيَّاكُمْ وَالظَّنَّ، فَإِنَّ الظَّنَّ أَكْذَبُ الْحَدِيثِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(218) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: ((Iwasan ninyo ang paghihinala, Sapagkat tunay na ang paghihinala ang pinakasinungaling na pag-uusap)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Sa hadith ay pagbibigay babala sa paghihinala na walang pinagbabatayang katibayan, kung saan ay nagtitiwala ang tao sa paghihinalang ito at magbabatay siya rito ng mga kahatulan, tunay na ito ay kabilang sa masamang pag-uugali, at ito ay kabilang sa pinakasinungaling na pag-uusap, sapagkat ang paghihinala; kapag ito ay pinagtiwalaan sa hindi nararapat pagtiwalaan rito, at ginawa itong pangunahing [batayan] at pinagtibay, ito ay magiging kasinungalingan datapuwat ay matinding kasinungalingan

### **Benefits from the Hadith:**

(5332)

(219) – عن حذيفة رضي الله عنه قال: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «لَا يَدْخُلُ

الْجَنَّةَ قَتَّاءٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(219) – Ayon kay Hudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Walang papasok sa Paraiso na isang palasabi-sabi."}

[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang palatsismis na naglilipat ng salita sa mga tao nang may pakay na makapanira sa pagitan nila ay karapat-dapat sa parusa sa pamamagitan ng hindi pagpasok sa Paraiso.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagtsitsismis ay kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala.
2. Ang pagsaway laban sa tsismis ay dahil sa dulot nito na pagsira at pinsala sa pagitan ng mga individuwal at mga lipunan.

(5368)

(220) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «كل أمتي مُعَافَى إِلَّا الْمُجَاهِرِينَ، وَإِنَّ مِنَ الْمُجَاهِرَةِ أَنْ يَعْمَلَ الرَّجُلُ بِاللَّيْلِ عَمَلًا، ثُمَّ يُصْبِحُ وَقَدْ سَتَرَهُ اللَّهُ عَلَيْهِ، فَيَقُولُ: يَا فَلان، عَمِلْتَ الْبَارِحَةَ كَذَا وَكَذَا، وَقَدْ بَاتَ يَسْتُرُهُ رَبُّهُ، وَيُصْبِحُ يَكْشِفُ سِتْرَهُ اللَّهُ عَنْهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(220) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Ang lahat ng kalipunan ko ay mapagpapaumanhinan maliban sa mga naglalantad [ng kasalanan]. Tunay na kabilang sa paglalantad [ng kasalanan] na gagawa ang tao sa gabi ng isang [masamang] gawain at pinagtakpan na siya Allah roon, ngunit magsasabi siya: "O Polano, nakagawa ako kahapon ng ganito at gayon," samantalang magdamag siyang pinagtatakap ng Panginoon niya at kinaumagahan naman ay ibinubunyag niya ang pinagtakpan ni Allah sa kanya." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Lahat ng Muslim ay pinaumanhinan nga ni Allah maliban sa sinumang nagbuko sa sarili sa pamamagitan ng paggawa ng pagsuway sa gabi, na pinagtakpan naman siya ni Allah, (az), at kinaumagahan ay ipinababatid niya ito sa mga tao. Si Allah ay nagtatakip sa kanya samantalang siya naman ay nagbubuko sa sarili niya.

### Benefits from the Hadith:

(3756)

(221) - عَنِ ابْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا: أَنَّ رَسُولَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ خَطَبَ النَّاسَ يَوْمَ فَتْحِ مَكَّةَ، فَقَالَ: «يَا أَيُّهَا النَّاسُ، إِنَّ اللهَ قَدْ أَذْهَبَ عَنْكُمْ عُبْيَةَ الْجَاهِلِيَّةِ وَتَعَاطَمَهَا بِأَبَائِهَا، فَالْتَّاسُ رَجُلَانِ: بَرٌّ تَقِيٌّ كَرِيمٌ عَلَى اللهِ، وَفَاجِرٌ شَقِيٌّ هَيْنٌ عَلَى اللهِ، وَالنَّاسُ بَنُو آدَمَ، وَخَلَقَ اللهُ آدَمَ مِنْ تُرَابٍ، قَالَ اللهُ: {يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَاكُمْ مِنْ ذَكَرٍ وَأُنْثَى وَجَعَلْنَاكُمْ شُعُوبًا وَقَبَائِلَ لِتَعَارَفُوا إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللهِ أَتْقَاكُمْ إِنَّ اللهَ عَلِيمٌ خَبِيرٌ} [الحجرات: 13]». [صحيح] - [رواه الترمذي وابن حبان]

(221) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtalumpati sa mga tao sa araw ng pagsakop sa Makkah sapagkat nagsabi siya: "O mga tao, tunay na si Allāh ay nag-alis nga sa inyo ng kapalaluan ng Kamangmangan at pagsasadakila nito sa mga ninuno nito. Ang mga tao ay dalawang tao: isang mabuting-loob na mapangilagin magkasala na marangal kay Allāh at isang masamang-loob na malumbay na hamak kay Allāh. Ang mga tao ay mga anak ni Adan. Lumikha si Allāh kay Adan mula sa alabok. Nagsabi si Allāh: {O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid.} (Qur'ān 49:13)" } [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagtalumpati ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao sa araw ng pagsakop sa Makkah sapagkat nagsabi siya: "O mga tao, tunay na si Allāh ay pumawi at nagtanggap sa inyo ng pagmamalaki ng Kamangmangan, kahambugan nito, at pagyayabang ng mga ninuno. Ang mga tao ay dalawang uri lamang:

maaaring isang mananampalatayang mabuting-loob na mapangilagin magkasala na tagatalimang mananamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – ito ay marangal kay Allāh,

kahit pa siya ay hindi naging may kamaharlikaan at kaangkanan sa ganang mga tao;

at maaaring isang tagatangging sumampalataya na masamang-loob na malumbay – Ito ay hamak na aba kay Allāh at hindi pumapantay sa anuman, kahit pa siya ay naging may kamaharlikaan at may reputasyon at awtoridad.

Ang mga tao sa kalahatan nila ay mga anak ni Adan. Lumikha si Allāh kay Adan mula sa alabok. Kaya naman hindi naangkop sa sinumang ang pinagmulan niya ay mula sa alabok na magpakamalaki at humanga sa sarili niya. Ang pagkatotoo niyon ay ang sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid.} (Qur'ān 49:13)

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsaway laban sa pagpapayabangan sa mga kaangkanan at mga kamaharlikaan.

(65074)

(222) – عن عائشة رضي الله عنها عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِنَّ أَبْعَصَ الرَّجَالِ إِلَى اللَّهِ الْأَلَدَّ الْحَصِمَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(222) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na ang pinakakasuklam-suklam sa mga lalaki para kay Allāh ay ang pinakapalaban sa mga kaalitan."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nasusuklam sa mga tao na matindi at madalas ang pakikipag-alitan, na hindi tumatanggap ng pagpapaakay sa katotohanan at nagtatangkang magtulak nito sa pamamagitan ng pakikipagtalo, o nakikipag-alitan sa katotohanan subalit nagpapalabis-labis siya sa pakikipag-alitan, lumalabas sa hangganan ng pagkamakatarungan, at nakikipagtalo nang walang kaalaman.

### Benefits from the Hadith:

1. Hindi napaloloob sa kategorya ng mga pakikipag-alitang napupulaan ang paghiling ng naapi ng isang karapatang ukol sa kanya sa pamamagitan ng mga legal na pagsasampa ng kaso.
2. Ang pakikipagtalo at ang pakikipag-alitan ay kabilang sa mga salot ng dila na nagdadahilan ng pagkakawatak-watak at pagtatalikuran sa pagitan ng mga Muslim.
3. Ang pakikipagtalo ay napapupurihan kapag ito ay naging nasa katotohanan at ang istilo nito ay maganda. Ito ay magiging napupulaan kapag ito ay naging para sa pagtutol sa

katotohanan at pagpapatibay sa kabulaanan, o ito ay naging walang katwiran at walang patunay.

(5474)

(223) - عن أبي بَكْرَةَ رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «إِذَا التَّقَى الْمُسْلِمَانِ بِسَيْفَيْهِمَا فَالْقَاتِلُ وَالْمَقْتُولُ فِي النَّارِ»، فَقُلْتُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ هَذَا الْقَاتِلُ، فَمَا بَالُ الْمَقْتُولِ؟ قَالَ: «إِنَّهُ كَانَ حَرِيصًا عَلَى قَتْلِ صَاحِبِهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(223) – Ayon kay Abū Bakrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kapag nagtagpo ang dalawang Muslim kalakip ng dalawang tabak nilang dalawa, ang pumatay at ang pinatay ay sa Impiyerno." Kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, [gayon nga] ang pumatay na ito, ngunit ano po naman ang kinalaman ng pinatay?" Nagsabi siya: "Tunay na siya ay masigasig sa pagpatay sa kasamahan niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag nagtagpo ang dalawang Muslim kalakip ng dalawang tabak nilang dalawa, habang nagpapakay ang bawat isa sa kanilang dalawa ng pagpaslang sa kapwa niya, ang pumatay ay sa Impiyerno dahil sa pagsasagawa niya ng pagpatay sa kapwa niya. Naguluhan ang mga Kasamahan sa pinatay. Papaanong mapupunta siya sa Impiyerno? Kaya nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya rin ay sa Impiyerno dahil sa pagsisigasig niya sa pagpatay sa kapwa niya. Walang nakapigil sa kanya sa pagkapatay kundi ang pagkakasagawa ng pumatay at ang pagkauna nito sa kanya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagiging karapat-dapat sa parusa ng sinumang nagpasya ng pagsuway sa puso niya at nagsagawa ng mga kadahilanan nito.
2. Ang matinding pagbibigay-babala laban sa pag-aaway-away ng mga Muslim at ang banta roon ng pagpasok sa Impiyerno.
3. Ang pag-aaway sa pagitan ng mga Muslim ayon sa karapatan ay hindi napaloloob sa banta ni Allāh, tulad ng pakikipaglaban sa mga tagapaghimagsik at mga tagagulo.
4. Ang nakagawa ng malaking kasalanan ay hindi nagiging tagatangging sumampalataya dahil lamang sa pagkagawa niya nito dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tumawag sa dalawang nag-aawayan bilang mga Muslim.
5. Kapag nagtagpo ang dalawang Muslim kalakip ng alinmang kaparaanan na nangyayari sa pamamagitan nito ang pagpatay saka pinagpapatay ng isa sa kanilang dalawa ang iba, ang pumatay at ang pinatay ay papasok sa Impiyerno. Ang pagbanggit sa tabak sa ḥadīth ay bilang paghahalimbawa.

(4304)



(224) – عن أبي موسى الأشعري رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ حَمَلَ عَلَيْنَا السَّلَاحَ فَلَيْسَ مِنَّا». [صحيح] - [متفق عليه]

(224) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagdala laban sa atin ng sandata ay hindi kabilang sa atin."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbibigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagdadala ng sandata laban sa mga Muslim para sa pagpapangamba sa kanila o pagdambong sa kanila. Kaya ang sinumang gumawa niyon nang walang karapatan, nakagawa nga siya ng isang malaking krimen at isang malaking kasalanan kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala at naging karapat-dapat nga siya sa matinding bantang ito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang matinding pagbibigay-babala laban sa pakikipaglaban ng Muslim sa mga kapatid niyang mga Muslim.
2. Kabilang sa pinakamabigat sa mga nakasasama at mabigat na katiwalian sa Mundo ang pagpapahayag ng sandata laban sa mga Muslim at ang panggugulo sa pamamagitan ng pagpatay.
3. Ang bantang nabanggit ay hindi pumapatungkol sa pakikipaglaban nang may karapatan, gaya ng pakikipaglaban sa mga tagapaghimagsik, mga tagagulo, at iba sa kanila.
4. Ang pagbabawal sa pagpapangamba sa mga Muslim sa pamamagitan ng sandata o iba pa, kahit pa man sa paraang pabiro.

(225) - عن عائشة رضي الله عنها قالت: قال النبي صلى الله عليه وسلم: «لَا تَسُبُّوا الْأَمْوَاتَ، فَإِنَّهُمْ قَدْ أَفْضَوْا إِلَى مَا قَدَّمُوا». [صحيح] - [رواه البخاري]

(225) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong mang-alipusta sa mga patay sapagkat tunay na sila ay humantong sa [mga gawang] ipinauna nila."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglilinaaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagkabawal ng pag-alipusta sa mga patay at paninira sa mga dangal nila, na ito ay kabilang sa masasagwa sa mga kaasalan sapagkat tunay na sila ay umabot sa ipinauna nila na mga gawang maayos o masama, at na ang pag-alipustang ito rin ay hindi naman nakararating sa kanila sapagkat tunay na ito ay nakapiperhuwisyo lamang sa mga buhay.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang ḥadīth ay isang patunay sa pagbabawal sa pag-alipusta sa mga patay.
2. Ang pagwaksi sa pag-alipusta sa mga patay ay may dulot na pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga buhay at pangangalaga sa kaayusan ng lipunan laban sa pagmumuhian at pagsusuklaman.
3. Ang kasanhian sa pagsaway laban sa pag-alipusta sa kanila ay dahil sila ay umabot na sa gawang ipinauna nila kaya hindi nakapagpapakinabang ang pag-alipusta sa kanila at dulot nito ang pamemerhuwisyo sa mga buhay na kamag-anak nila.

4. Hindi nararapat sa tao na magsabi ng anumang walang kapakanang dulot.

(5364)

(226) – عن أبي أيوب الأنصاري رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «لَا يَحِلُّ لِرَجُلٍ أَنْ يَهْجُرَ أَخَاهُ فَوْقَ ثَلَاثِ لَيَالٍ، يَلْتَقِيَانِ، فَيُعْرِضُ هَذَا وَيُعْرِضُ هَذَا، وَخَيْرُهُمَا الَّذِي يَبْدَأُ بِالسَّلَامِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(226) – Ayon kay Abū Ayyūb Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Hindi ipinahihintulot sa isang tao na umiwas sa kapatid niya nang mahigit sa tatlong gabi. Nagsasalubong silang dalawa saka tatalikod ito at tatalikod iyan. Ang pinakamabuti sa kanilang dalawa ay ang nagpapasimula ng pagbati."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

**Ang pagpapaliwanag:**

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-iwas ng Muslim sa kapatid niyang Muslim nang higit sa tatlong araw: nagsasalubong ang bawat isa sa kanila sa isa pa at hindi bumabati rito at hindi kumakausap dito.

Ang pinakamainam sa dalawang nag-aalitang ito ay ang sinumang nagtatangka ng pag-aalis ng pag-iiwasan at nagpapasimula ng pagbati. Ang ibig sabihin ng pag-iwas dito ay ang pag-iwas alang-alang sa kabutihan ng sarili. Hinggil naman sa pag-iwas alang-alang sa karapatan ni Allāh gaya ng pag-iwas sa mga suwail, mga tagagawa ng bid`ah, at mga kapisan ng kasagwaan, ito ay hindi natatakdaan ng oras. Ito ay sumasalalay lamang sa kapakanan sa pag-iwas at napapawi sa pagkapawi nito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpayag sa pag-iwas sa loob ng tatlong araw saka mababa pa, bilang pagsasaalang-alang sa mga kalikasang pantao, kaya naman napauumanhinan sa pag-iwas sa loob ng tatlong araw upang maalis ang sama ng loob na iyon.
2. Ang kainaman ng pagbati, na ito ay nag-aalis ng sama ng loob sa mga kaluluwa, at na ito ay isang palatandaan ng pag-ibig.
3. Ang sigasig ng Islām sa kapatiran at pagpapalagayang-loob sa pagitan ng mga alagad nito.

(5365)

(227) – عن سهل بن سعد رضي الله عنه عن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ يَضْمَنْ لِي مَا بَيْنَ لَحْيَيْهِ وَمَا بَيْنَ رِجْلَيْهِ أَضْمَنْ لَهُ الْجَنَّةَ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(227) – Ayon kay Sahl bin Sa`d (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang maggagarantiya sa akin [na mag-ingat] ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ng nasa pagitan ng mga hita niya, maggagarantiya ako sa kanya ng Paraiso."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhāriy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa dalawang bagay na kapag nanatili ang Muslim sa dalawang ito, tunay na siya ay papasok sa Paraiso:

UNA: Ang pag-iingat sa dila laban sa pagsasalita ng nagpapagalit kay Allāh (napakataas Siya);

IKALAWA: ang pag-iingat sa ari laban sa pagkakasadlak sa mahalay

dahil ang dalawang bahaging ito ay madalas sa pagkakasadlak sa mga pagsuway.

**Benefits from the Hadith:**

1. Ang pag-iingat sa dila at ari ay isang landas ng pagpasok sa Paraiso.
2. Itinangi niya ang dila at ang ari dahil ang dalawang ito ay pinakamabigat na pinagmumulan ng pagsubok sa tao sa Mundo at Kabilang-buhay.

(3475)

(228) - عن أبي سعيد الخُدْرِي رضي الله عنه وكان غَزَا مع النبي صلى الله عليه وسلم ثِنْتِي عَشْرَةَ غَزْوَةً، قال: سمعت أَرْبَعًا من النبي صلى الله عليه وسلم فَأَعْجَبَنِي قال: لا تسافر المرأة مَسِيْرَةَ يَوْمين إلا ومعها زوجها أو ذو مَحْرَمٍ، ولا صوم في يَوْمَيْنِ: الْفِطْرِ وَالْأَضْحَى، ولا صلاة بعد الصُّبْحِ حتى تَطْلُعَ الشمس، ولا بعد العصر حتى تغرب، ولا تُشَدُّ الرَّحَالُ إلا إلى ثلاثة مساجد: مسجد الحرام، ومسجد الأَقْصَى، وَمَسْجِدِي هذا. [صحيح] - [رواه البخاري]

(228) – Ayon kay Abe Sa'īd Al-Khudrī, malugod si Allah sa kanya-At siya ay mandarambong kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng labindalawang beses na pandarambong,Nagsabi siya:Narinig ko ang apat na bagay mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at namangha ako rito.Nagsabi siya: Hindi maglalakbay ang babae sa tagal nadalawang araw maliban kung kasama niya ang asawa niya o ang mahram [kamag-anak] niya,at walang pag-aayuno sa dalawang araw;Al-Fitr at Al-Adha,at walang pagdarasal pagkatapos ng Subh hanggang sa pagsikat ng araw,at wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog,At Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid,Masjid sa Meccah,at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito. [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ng tagasalaysay buhat kay Abe Said-malugod si Allah sa kanya-Na si Aba Said Al-Khudri-malugod si Allah sa kanya-ay nakapagdarambong kasama ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng labindalawang beses na pandarambong.Ang sabi ni Abu Said: Narinig ko ang apat na bagay mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Namangha ako rito;Ibig sabihin;Na si Abe Said malugod si Allah sa kanya ay nakarinig mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Hadith na may apat na panuntunan,namangha siya dahil rito-malugod si Allah sa kanya- Ang unang panuntunan: Sinabi niya; Hindi maglalakbay ang babae sa tagal

na dalawang araw maliban kung kasama niya ang asawa niya o ang mahram [kamag-anak] niya" Ibig sabihin ay;Hindi ipinapahintulot sa babae ang paglalakbay na walang Mahram,At ang mga Mahram ay:Ang asawa niya o sinumang ipinagbawal na maikasal sa kanya magpakailanman,tulad ng Ama,lolo,anak,kapatid,tiyuhin[ sa ama],tiyuhin [sa ina],at ang tagal ay dalawang araw na may sukat na walumpong kilo metro,At sa isang salaysay:Hindi ipinapahintulot sa isang babae na maglakbay sa tagal ng isang araw at isang gabi maliban kung may kasama na Mahram [ asawa,o kamag-anak na hindi ipinapahintulot ang pagpapakasal sa kanya magpakailanman] sa kanya" At sa isang salaysay:"Sa tagal na isang araw" At sa isang salaysay: " Sa tagal na isang gabi" At sa isang salaysay:" Hindi ipinapahintulot ang paglalakbay ng isang babae sa tagal na tatlong maliban kung kasama niya ang Mahram" At sa salaysay ni Abe Dawud "Koreo", Nagsabi si Imam Annawawi:Kaawaan siya ni Allah-(Hindi ibig sabihin ng paglimitado ay batay sa nabanggit lamang,datapuwat ang lahat na tinatawag na paglalakbay,ang babae ay hindi pinapahitulutan rito maliban kung kasama niya ang kanyang mahram,at kaya lamang inilagay ang mga nabanggit na limitado dahil sa kadalasang nangyayari,kaya hindi pinagbabasihan ang kahulugan nito) at ito ay kapag hindi sa [kalagayan na may] matinding pangangailan,Kapag matindi ang pangangailangan,ipinapahintulot sa kanya ang paglalakbay,Tulad ng: Kapag siya ay yumakap sa Islam sa lugar ng mga hindi mananamalataya o sa lugar ng digmaan at natakot siya sa sarili niya na manatili sa pagitan ng mga hindi mananampalataya,Sa kalagayang ito,ipinapahintulot sa kanya ang paglalakbay na mag-isa.Ang ikalawang panuntunan:"At walang pag-aayuno sa dalawang araw;Al-Fitr at Al-Adha"ibig sabihin: Hindi ipinapahintulot ang pag-aayuno sa araw Eid Al-Fitr at Al-Adha,maging ito man ay pambayad sa anumang nakaligtaan niya o dahil sa Panata,Kapag nag-ayuno siya sa dalawang ito o sa isa rito,hindi siya gagantimpalaan at magkakasala siya ginawa niya kung ito ay sinasadya,At naisalaysay sa

Hadith:(Ipinagbawal niya ang pag-aayuno sa dalawang araw na ito,Kapag sa araw ng Adha,Kakain kayo mula sa laman ng mga nakatay ninyo [ bilang pag-aalay].At sa araw ng Al-Fitr,ay ang pagkain ninyo mula sa Pag-aayuno ninyo) At ang dahilan ng pagpipigil sa araw ng Adha: Dahil sa pagkatay at pagkain sa Hady [hayop na inaalay ng nagsasagawa ng Hajj] at Udhiya [hayop inaalay sa araw ng hajj],at ipinag-uutos sa mga tao ang pagkain nila ng Hady [hayop na inaalay ng nagsasagawa ng Hajj] at Udhiya [hayop inaalay sa araw ng hajj],Kaya`t hindi nararapat sa kanila na pagtuunan nila ng pansin ang pag-aayuno at talikuran ang pagkatay at pagkain na kung saan ay siyang nakikitang palatandaan ng Islam,At ang dahilan ng pagbabawal [ ng pag-ayuno] sa Eid Al-Fitr: Ay nasa pangalan na nito,at kabilang sa kainam-inam nito ay ang pagiging Muftir ng tao rito [pagpapahintulot sa kanya sa pagkain at pag-inom] at hindi ang pag-aayuno,At gayundin dito ay may pagkakaiba,at pagpapahiwalay sa pagitan ng buwan ng Ramadhan at Shawwal,kaya`t nararapat na kumain siya. Ang ikatlong Panuntunan: " At walang dasal pagkatap[os ng Subh" Ang hayag sa Hadith: Ang hindi pagpapahintulot sa dasal na kusang-loob pagkatapos ng pagsikat ng bukanliwayway,Ngunit ang hayag na ito ay hindi ang nais na ipinapahiwatig,Sapagkat ang ibang katibayan ay nagpapatunay sa kaibig-ibig ng dalawang tindig pagkatapos ng pagsikat ng bukanliwayway,Na kung saan ito ang bagay na napagkaisahan,At hindi ipinapahintulot ang pagdarasal pagkatapos ng dasal ng Fajr,At pinapatunayan sa [napapaloob na]salitang ito ang salaysay ni Abe Said Al-Khudri ayon kay Imam Al-Bukhari: "At walang Pagdarasal pagkatapos ng dalawang dasal;Pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog ng araw,At pagkatapos ng Subh hanggang sa pagsikat ng araw" at sa salaysay ni Imam Muslim: " Walang pagdarasal pagkatapos ng dasal ng Fajr". " At wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog" ibig sabihin ay;hanggang sa paglubog ng araw,Kapag nagdasal ang tao sa dasal na Asr,pigilan niya ang pagdasal ng kusang-loob,Ngunit ang pagbayad sa mga nakaligtaang dasal,ay hindi



ipinagbabawal ang pagsasagawa nito pagkatapos ng dasal na Asr, dahil sa pag-oobliga ng pagmamdali sa pagpapahayag ng kalayaan niya [sa kawalan ng pananagutan]. At ang ika-apat na Panuntunan: "At Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid, Masjid sa Meccah, at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito." Ibig sabihin ay: Hindi gagawa ang isang tao ng layuning paglalakbay sa lupalop ng kalupaan na may layuning pagsamba sa Allah-Kamahal-mahalan siya at Kapita-pitagan-rito, O dahil sa kalamangan nito at kainaman nito at pagiging banal nito laiban sa Tatlong Masjid na ito: Kaya't walang pagkakasala sa paglayun ng paglalakbay sa [mga lugar] na ito, Batay sa nakasulat sa Hadith.

### **Benefits from the Hadith:**

(10603)

(229) – عن أسامة بن زيد رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَا تَرَكْتُ

بَعْدِي فِتْنَةٌ أَضَرَّ عَلَى الرَّجَالِ مِنَ النِّسَاءِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(229) – Ayon kay Usāmah bin Zayd (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi ako mag-iiwan matapos ko ng isang tukso na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay hindi mag-iiwan matapos niya ng isang pagsubok at isang pagsusulit na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae. Kung ang babae ay kabilang sa mag-anak niya, maaaring may mangyari sa kanya na pagsubaybay dito kaugnay sa pagsalungat sa Batas ng Islām. Kung ito naman ay isang babaing estranghera sa kanya, [ang

pagsubok ay] ang pakikihalubilo niya, ang pakikipagsarilihan niya rito, at ang inireresulta roon na mga katiwalian.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Kailangan sa Muslim ang mag-ingat laban sa tukso ng mga babae at ang magpinid ng bawat daang nagsasanhi ng sigalot dahil sa babae.
2. Nararapat sa mananampalataya ang pangungunyapit kay Allāh at ang pagkaibig dito alang-alang sa kaligtasan sa mga sigalot.

(5830)

(230) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: كُنَّا مَعَ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، فَقَالَ: «مَنْ اسْتَطَاعَ الْبَاءَةَ فَلْيَتَزَوَّجْ، فَإِنَّهُ أَعْضٌ لِلْبَصْرِ، وَأَخْصَنُ لِلْفَرْجِ، وَمَنْ لَمْ يَسْتَطِعْ فَعَلَيْهِ بِالصَّوْمِ، فَإِنَّهُ لَهُ وَجَاءٌ». [صحيح] - [متفق عليه]

(230) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami minsan ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "Ang sinumang makakakaya sa pagpapamilya ay mag-asawa siya sapagkat tunay na ito ay higit na pumipigil sa [bawal na] tingin at higit na nangangalaga sa ari. Ang sinumang hindi makakakaya, kailangan sa kanya ang pag-aayuno sapagkat tunay na ito para sa kanya ay pampigil."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang nakakakaya sa pakikipagtalik at mga gugulin ng pagpapakasal na mag-asawa sapagkat tunay na ito ay higit na mapag-ingat sa paningin niya laban sa bawal at higit na matindi sa

pangangalaga ng kalinisang-puri ng ari niya bilang pagpigil sa pagkakasadlak sa mahalay. Ang sinumang hindi nakakakaya sa mga gugulin ng pagpapakasal samantalang siya ay nakakakaya sa pakikipagtalik, maaari sa kanya ang mag-ayuno sapagkat tunay na ito ay pumuputol sa pagnanasa ng ari.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsisigasig ng Islām sa mga kadahilanan ng kalinisang-puri at kaligtasan mula sa mga mahalay.
2. Humimok siya sa sinumang hindi nakakakaya sa paggugol sa kasal na mag-ayuno dahil ito ay nagpapahina sa pagnanasa.
3. Ang punto ng pagwawangis ng pag-aayuno sa pampigil ay dahil ang pampigil ay pagdurog ng mga ugat ng testis kaya naaalis dahil sa pagkaalis nito ang pagnanasa sa pakikipagtalik. Gayundin ang pag-aayuno sapagkat ito ay tagapagpahina sa pagnanasa sa pakikipagtalik.

(5863)

(231) – عن أبي سعيد الخدري رضي الله عنه عن النبي -صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ: «إِنَّ الدُّنْيَا حُلُوءٌ خَضِرَةٌ، وَإِنَّ اللَّهَ مُسْتَخْلِفُكُمْ فِيهَا فَيَنْظُرُ كَيْفَ تَعْمَلُونَ، فَاتَّقُوا الدُّنْيَا وَاتَّقُوا النِّسَاءَ؛ فَإِنَّ أَوَّلَ فِتْنَةٍ بَنِي إِسْرَائِيلَ كَانَتْ فِي النِّسَاءِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(231) – Ayon kay Abe Sa`id Al-Khudrī, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: ((Katotohanang ang Mundo ay napakatamis na [prutas ng] halaman,at katiyakang si Allah ay ginawa niya kayong namamahala rito,Titingnan Niya kung ano ang gagawin ninyo,Katakutan ninyo ang Mundo at katakutan ninyo ang mga babae,Sapagkat ang unang tukso sa mga angkan ng Esrail ay nasa mga babae)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ihinalintulad ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Mundo sa isang matamis na prutas ng halaman,dahil sa pagkagusto rito at pagpili sa kanya,at ipinahayag niya na si Allah ay ginawa Niya tayong namamahala,mamamahala sa isat-isa rito,sapagkat ito ay hindi dumating sa mga mamamayan maliban sa mga pagkatapos ng mga nahuli.Tinitingnan ni Allah-Mapagpala Siya at Pagkataas-taas-kung ano ang gagawin natin rito,kung gagampanan ba natin ang pananampalataya sa Kanya-o hindi.Pagkatapos ay ipinag-utos sa atin ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na umiwas tayo sa tukso ng Mundo at huwag tayong malinlang rito -na iiwanan natin ang mga ipinag-uutos ni Allah-Pagkataas-taas Niya-,At ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal Niya rito.At nang ang mga babae ang naging pinakamalaking dahilan sa dalawang tuksong ito,Nagbabala siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa dalang panganib ng mga tukso nila,kahit pa ito ay sa loob ng mga tukso sa Mundo;At ipinahayag niya na ang unang tukso sa mga Angkan ng Esrail ay dahilan sa mga babae,at dahil sa kanila ay nasawi ang karamihan sa mga Tanyag na tao.

## Benefits from the Hadith:

(3053)

(232) - عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: خَرَجَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فِي أَضْحَى أَوْ فِطْرٍ إِلَى الْمُصَلَّى، فَمَرَّ عَلَى النِّسَاءِ، فَقَالَ: «يَا مَعْشَرَ النِّسَاءِ، تَصَدَّقْنَ، فَإِنِّي أُرِيْتُ كُنَّ أَكْثَرَ أَهْلِ النَّارِ» فَقُلْنَ: وَيَمَّ يَا رَسُولَ اللَّهِ؟ قَالَ: «تُكْثِرْنَ اللَّعْنَ، وَتَكْفُرْنَ الْعَشِيرَ، مَا رَأَيْتُ مِنْ نَاقِصَاتٍ عَقْلٍ وَدِينٍ أَذْهَبَ لِلْبِّ الرَّجُلِ الْحَازِمِ مِنْ إِحْدَاكُنَّ»، قُلْنَ: وَمَا نُقْصَانُ دِينِنَا وَعَقْلِنَا يَا رَسُولَ اللَّهِ؟ قَالَ: «أَلَيْسَ شَهَادَةُ الْمَرْأَةِ مِثْلَ نِصْفِ شَهَادَةِ الرَّجُلِ» قُلْنَ: بَلَى، قَالَ: «فَذَلِكَ مِنْ نُقْصَانِ عَقْلِهَا، أَلَيْسَ إِذَا حَاضَتْ لَمْ تُصَلِّ وَلَمْ تُصُمْ» قُلْنَ: بَلَى، قَالَ: «فَذَلِكَ مِنْ نُقْصَانِ دِينِهَا». [صحيح] - [متفق عليه]

(232) – Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Lumabas ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa [pagdiriwang ng] Pag-aalay (Adhā) o Pagtigil-ayuno (Fitr) papunta sa dasalan, saka naparaan siya sa mga babae saka nagsabi: "O katipunan ng mga babae, magkawanggawa kayo sapagkat tunay na ako ay pinakitaang kayo ay higit na marami sa mga maninirahan sa Impiyerno." Kaya nagsabi sila: "At dahil sa ano po, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Nagpaparami kayo ng pagsumpa at nagkakaila kayo sa utang na loob sa mga asawa. Hindi ako nakakita mula sa mga nagkukulang sa pag-iisip at pagrerelihiyon na higit na mapag-alis ng isip ng lalaking naghuhunos-dili kaysa sa isa sa inyo." Nagsabi sila: "At ano po ang kakulangan sa pagrerelihiyon namin at pag-iisip namin, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Hindi ba ang pagsaksi ng babae ay tulad ng kalahati ng pagsaksi ng lalaki?" Nagsabi sila: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya iyon ay bahagi ng kakulangan ng pag-iisip niya. Hindi ba kapag nagregla siya, hindi siya nagdarasal at hindi siya nag-aayuno?" Nagsabi sila: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya iyon ay bahagi ng kakulangan ng pagrerelihiyon niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

**Ang pagpapaliwanag:**

Lumabas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang araw ng pagdiriwang papunta sa dasalan. Nakapangako nga siya sa mga babae na magbukod-tangi siya sa kanila ng pangaral saka nakatupad naman siya nito sa araw na iyon. Nagsabi siya: O pangkat ng mga babae, magkawanggawa kayo at magparami kayo ng paghingi ng tawad sapagkat ang dalawang ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan ng pagbaba ng mga kasalanan sapagkat tunay na ako ay nakakita sa inyo sa gabi ng paglalakbay papuntang langit na higit na marami sa mga maninirahan sa Impiyerno.

Kaya may nagsabing isang babaing kabilang sa kanila na may pag-iisip, opinyon, at kahinahunan: "At ano po ang mayroon sa amin, O Sugo ni Allāh, na higit na marami sa mga maninirahan sa Impiyerno?"

Nagsabi siya: "Dahil sa ilang bagay: nagpaparami kayo ng pagsumpa at pag-alipusta at nagkakaila kayo sa karapatan ng asawa." Pagkatapos naglarawan siya sa kanila sa sabi niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ako nakakita mula sa mga nagkukulang sa pag-iisip at pagrerelihiyon na higit na mapanaig sa may isip, pag-iisip, hunos-dili, at disiplina sa nauukol sa kanya kaysa sa inyo."

Nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, at ano po ang kakulangan sa pag-iisip at pagrerelihiyon?"

Nagsabi siya: "Hinggil sa kakulangan sa pag-iisip, ang pagsaksi ng dalawang babae ay nakatutumbas sa pagsaksi ng iisang lalaki, kaya naman ito ay kakulangan sa pag-iisip. Ang kakulangan naman sa pagrerelihiyon ay ang kakulangan sa maayos na gawa yayamang nanatili siya ng ilang gabi at ilang araw na hindi nagdarasal dahil sa regla at tunitigil-ayuno siya ng ilang araw sa Ramaḍān dahil sa regla, kaya naman ito ay kakulangan sa pagrerelihiyon. Gayon pa man, sila ay hindi nasisisi dahil doon at hindi pinananagot dahil doon dahil ito ay bahagi ng ugat ng pagkalikha, kung paanong ang tao ay isinanaturalesa at nilikha na nakaiibig sa yaman, mapagmadali sa mga nauukol sa kanya, napakamangmang, at iba pa roon. Subalit tumawag-pansin siya roon bilang pagbibigay-babala laban sa pagkahumaling sa kanila."

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng paglabas ng mga babae papunta sa šalāh ng pagdiriwang at pagbubukod-tangian ng pangaral.
2. Ang kawalan ng pagkilala sa karapatan ng asawa at ang dami ng pagsumpa ay kabilang sa malalaking kasalanan dahil ang pagkakabanta sa pamamagitan ng Impiyerno ay isang palatandaan ng pagiging ang pagsuway ay malaking kasalanan.
3. Nasaad dito ang paglilinaw sa pagkadagdag ng pananampalataya at pagkakulang nito sapagkat ang sinumang dumami ang pagsamba niya ay nadaragdagan ang pananampalataya niya at ang pagrerelihiyon niya at ang sinumang kumulang ang pagsamba niya ay kumulang ang pagrerelihiyon niya.
4. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Ang pag-iisip ay tumatanggap ng pagkadagdag at pagkakulang at gayon din ng pananampalataya. Ang pinapakay ng pagbanggit ng kakulangan sa mga babae ay hindi ang pagsisi sa kanila roon dahil ito ay bahagi ng ugat ng pagkalikha, subalit ang pagtawag-pansin doon ay isang pagbibigay-babala laban sa pagkahumaling sa kanila. Dahil dito, iniresulta ang pagdurusa sa nabanggit na kawalan ng utang na loob at iba pa hindi sa kakulangan. Ang kakulangan sa pagrerelihiyon ay hindi nalilimitahan sa ikinatatamo ng kasalanan, bagkus sa higit na malawak kaysa roon.
5. Nasaad dito ang pakikipagrepaso ng nagpapakatuto sa nakaaalam at ng tagasunod sa sinusunod kaugnay sa sinabi niyon kapag hindi nahayag sa kanya ang kahulugan niyon.



6. Nasaad dito na ang pagsaksi ng babae ay nasa kalahati ng pagsaksi ng lalaki. Iyon ay dahilan sa kakulangan ng kaeksaktuhan niya.
7. Nagsabi si Ibnu Ḥajar kaugnay sa sabi niya: "Hindi ako nakakita mula sa mga nagkukulang ..." Lumilitaw sa akin na iyon ay kabilang sa totalidad ng mga kadahilanan ng pagiging sila ay higit na marami sa mga maninirahan sa Impiyerno dahil sila, kapag naging dahilan sila ng pagkaalis ng pag-iisip ng lalaking naghuhunos-dili hanggang sa makagawa ito at makapagsabi ito ng hindi nararapat, nakilahok nga sila sa kasalanan at nadagdagan nga sila rito.
8. Ang pagbabawal ng pagsasagawa ng ṣalāh at pag-aayuno sa babae sa panahon ng pagreregla niya at tulad niya ang dinurugo matapos manganak, pagkatapos magsasagawa sila ng pamalit sa pag-aayuno lamang sa sandali ng pagkatigil ng pagdurugo nila.
9. Ang kagandahan ng kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat sumagot nga siya sa mga babae sa mga tanong nila nang walang pagmamarahas at walang paninisi.
10. Nagsabi si Ibnu Ḥajar: Ang kawanggawa ay nagtutulak ng pagdurusa at na ito ay maaaring magtakip-sala sa mga pagkakasala na nasa pagitan ng mga nilikha.
11. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Ang kakulangan sa pagrerelihiyon para sa mga babae ay dahilan sa pagkaiwan nila ng ṣalāh at ayuno sa panahon ng regla. Tunay na ang sinumang dumami ang pagsamba niya, nadaragdagan ang pananampalataya niya at ang pagrerelihiyon niya. Ang sinumang kumulang ang pagsamba niya, kumukulang ang pagrerelihiyon niya. Pagkatapos ang pagkulang ng

pagrerelihiyon ay maaaring maging sa isang paraang nagkakasala dahil dito gaya ng sinumang nag-iwan ng ṣalāh at ayuno o iba pa sa dalawang ito kabilang sa mga pagsambang kinakailangan sa kanya nang walang maidadahilan, maaaring maging sa isang paraang walang kasalanan dito gaya ng sinumang nag-iwan ng pagdalo sa ṣalāh sa Biyernes o pakikipaglaban o iba pa roon kabilang sa kinakailangan sa kanya nang walang maidadahilan, at maaaring sa isang paraang siya ay naatangan ng tungkulin dito gaya pag-iwan ng nirereгла ng ṣalāh at ayuno.

(10011)

(233) - عن عقبة بن عامر رضي الله عنه مرفوعاً: «إياكم والدخول على النساء، فقال رجل من الأنصار: يا رسول الله، أرايت الحمؤ؟ قال: الحمؤ الموت».

ولمسلم: عن أبي الطاهر عن ابن وهب قال: سمعت الليث يقول: الحمؤ: أخو الزوج وما أشبهه من أقارب الزوج، ابن عم ونحوه. [صحيح] - [متفق عليه]

(233) – Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allāh sa kanya: "Kaingat kayo sa pagpasok sa kinaroroonan ng mga babae." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa Anṣār: "O Sugo ni Allāh, ano po ang tingin mo sa lalaking kapamilya ng biyanan?" Nagsabi siya: "Ang lalaking kapamilya ng biyanan ay ang kamatayan." Batay kay Imām Muslim, ayon kay Abū Aṭ-Ṭāhir, ayon kay Ibnu Wahb, na nagsabi: "Narinig ko si Al-Layth na nagsasabi: Ang lalaking kapamilya ng biyanan ay ang kapatid ng asawa at anumang nakawangis nito na kabilang sa mga kaanak ng asawa, pinsan, at gaya nito." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbibigay-babala ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, laban sa pagpasok sa kinaroroonan ng mga babaing hindi mahram at ang pakikipagsarilinan sa kanila sapagkat kapag nagsarilinan ang isang lalaki kasama ng isang babae, ang demonyo ay ang ikatlo nila. Ang mga kaluluwa ay mahihina at ang mga nagtutulak sa mga pagsuway ay malalakas kaya naman nasasadlak sa mga ipinagbabawal. Ipinagbabawal ang pakikipagsarilinan sa kanila bilang paglayo sa kasamaan at mga kadahilanan nito. Nagsabi ang isang lalaki: Ipabatid mo sa amin, o Sugo ni Allāh, ang tungkol sa lalaking kapamilya ng biyanan, ang mga kamag-anak ng asawa, sapagkat marahil ay nangailangan itong pumasok ng bahay ng kaanak nitong asawa ng isang babae habang magkasama ang mag-asawa. Wala ba itong anumang pahintulot? Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ang kamag-anak ng biyanan ay ang kamatayan

dahil ang mga tao ay natatangay ng kaluwagan sa pagpasok nito at hindi pagmamasama niyon. Makikipagsarilinan ito sa babaing hindi mahram at marahil ay masadlak sa kahalayan, Nagtagal ang babae sa kawalang kaalaman at hindi pagdududa sa lalaki kaya naman mangyayari ang kapahamakang espirituwal at ang walang-hanggang pagkawasak. Kaya naman ang lalaking ito ay walang pahintulot, bagkus mag-ingat kayo sa kanya at sa pakikipagsarilinan niya sa mga kababaihan ninyo kung kayo ay may pagpapahalaga sa karangalan."

### Benefits from the Hadith:

(5888)

(234) – عن أبي موسى رضي الله عنه أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «لَا نِكَاحَ إِلَّا بِوَالِيٍّ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(234) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Walang kasal malibang may isang walīy."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang babae ay hindi natutumpak pakasalan malibang may isang walīy na magsasagawa ng kontrata ng pagkakasal.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang walīy ay isang kundisyon sa katumpakan ng kasal; kaya kapag naganap ang kasal nang walang walīy o nagpakasal ang babae ng sarili niya, hindi natumpak ang kasal.
2. Ang walīy ay ang pinakamalapit na lalaking kaanak ng babae, kaya naman hindi magkakasal sa kanya ang isang walīy na malayong kaanak kasabay ng pagkakaroon ng isang kaanak na higit na malapit kaysa roon.

3. Isinasakundisyon sa walīy ang taklīf (pagkanaangat ng tungkulin), ang pagkalalaki, ang pagkagabay sa pagkakaalam sa mga kapakanan ng pag-aasawa, at ang pagkakaisa ng relihiyon ng walīy at babaing ipinakakasal. Kaya ang sinumang hindi nailalarawan sa mga katangiang ito ay hindi karapat-dapat sa pagiging walīy sa pagdaraos ng kasal.

(58066)

(235) – عن عقبة بن عامر رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَحَقُّ الشُّرُوطِ أَنْ تُوفُوا بِهِ مَا اسْتَحَلَّتُمْ بِهِ الْفُرُوجَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(235) – Ayon kay `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakakarapat-dapat sa mga kundisyon na tuparin ninyo ay ang isinapahintulot ninyo dahil dito ang pakikipagtalik."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang higit na marapat sa mga kundisyon sa pagtupad ay ang anumang naging isang kadahilanan sa pagkapahintulot ng pagtatamasa sa babae. Ang mga ito ay ang mga kundisyong pinahihintulutan na hinihiling ng maybahay sa pagsasagawa ng kasal.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkakinakailangan ng pagtupad sa mga kundisyon na naobluga sa mga ito ang isa sa mag-asawa para sa isa pa, maliban sa kundisyong nagbawal sa isang ipinahihintulot o nagpahintulot sa isang bawal.

2. Ang pagtupad sa mga kundisyon ng kasal ay higit na nabibigyang-diin kaysa sa iba pa sa mga ito dahil ang mga ito ay kapalit ng pagsasapahintulot ng pagtatalik.
3. Ang kasukdulan ng katayuan ng pag-aasawa sa Islām yayamang nagbigay-diin ito sa pagtupad sa mga kundisyon nito.

(6021)

(236) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «الدُّنْيَا مَتَاعٌ، وَخَيْرُ مَتَاعِ الدُّنْيَا الْمَرْأَةُ الصَّالِحَةُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(236) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang Mundo ay natatamasa at ang pinakamabuti sa natatamasa sa Mundo ay ang babaing maayos."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Mundo kalakip ng anumang narito ay bagay lamang na tinatamasa sa isang bahagi ng panahon, pagkatapos maglalaho ito. Ang pinakamainam na natatamasa rito ng tao ay ang maayos na maybahay, na kapag tumingin siya rito ay nagpapagalak ito sa kanya, kapag nag-utos siya rito ay tumatalima ito sa kanya, at kapag lumiban siya rito ay nag-iingat ito sa kanya ng sarili nito at ari-arian niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpayag sa pagtatamasa sa mga kaaya-aya sa Mundo, na ipinahintulot ni Allāh sa mga lingkod Niya, nang walang pagsasayang o kapalaluan.

2. Ang pagpapaibig sa pagpili ng maayos na maybahay dahil ito ay tulong sa asawa sa pagtalima sa Panginoon niya.
3. Ang pinakamabuting natatamasa sa Mundo ay ang anumang naging alang-alang sa pagtalima kay Allāh o tumutulong dito.

(5794)

(237) - عَنْ جَرِيرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: سَأَلْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنْ تَنْظَرِ الْفُجَاءَةِ فَأَمَرَنِي أَنْ أَصْرِفَ بَصَرِي. [صحيح] - [رواه مسلم]

(237) – Ayon kay Jarīr bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagtanong ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa tingin ng pagkabigla kaya nag-utos siya sa akin na magbaling ako ng paningin ko.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagtanong si Jarīr bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pagkatingin ng lalaki sa babaing estranghera para sa kanya nang biglaan na walang pananadya. Nagsabi sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kinakailangan sa kanya na maglihis ng mukha niya patungo sa ibang bahagi at ibang dako kaagad-agad matapos ng pagkaalam niya at walang kasalanan sa kanya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghikayat sa pagbaba ng paningin.
2. Ang pagbibigay-babala laban sa pagpapalagi ng pagtingin sa anumang ipinagbabawal ang pagtingin doon kapag naganap sa kanya ang pagkakita nang biglaan at walang pananadya.

3. Nasaad dito na ang pagbabawal sa pagtingin sa mga babae ay isang bagay na namamalagi sa mga Kasamahan dahil sa isang patunay na si Jarīr (malugod si Allāh sa kanya) ay nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kung sakaling natuon ang paningin niya sa isang babae nang walang pananadya kung ang kahatulan nito ba ay kahatulan sa nanadya ng pagtingin.
4. Nasaad dito ang pagmamalasakit ng Batas ng Islām sa mga kapakanan ng mga tao sapagkat tunay na ito ay nagbawal sa kanila ng pagtingin sa mga babae dahil sa inireresulta rito na mga katiwaliang pangmundo at pangkabilang-buhay.
5. Ang pagsangguni ng mga Kasamahan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagtatanong sa kanya tungkol sa nagpapasuliranin sa kanila. Ang ganito ay nararapat sa madla: ang pagsangguni sa mga maalam nila at ang pagtatanong sa mga ito tungkol sa nagpasuliranin sa kanila.

(8902)



(238) - عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: صَلَّى النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ بِكَبْشَيْنِ أَمْلَحَيْنِ أَقْرَبَيْنِ، ذَبَحَهُمَا بِيَدِهِ، وَسَمَى وَكَبَّرَ، وَوَضَعَ رِجْلَهُ عَلَى صِفَاحِهِمَا. [صحيح] - [متفق عليه]

(238) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nag-alay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dalawang tupa na kulay puting nahaluan ng itim na may sungay. Kumatay siya ng dalawang ito sa pamamagitan ng kamay niya. Bumanggit siya [kay Allāh] at nagdakila. Naglagay siya ng paa niya sa mga gilid ng dalawang ito.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid si Anas (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kumatay sa pamamagitan ng kamay niya sa Araw ng Pagdiriwang ng Pag-aalay ng dalawang lalaking tupa na may mga sungay, na kulay puting nahahaluan ng kaitiman. Nagsabi siya ng: Bismi –llāh (Sa ngalan ni Allāh) at Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila). Naglagay siya ng paa niya sa leeg nito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkaisinasabatas ng pag-aalay at nagkaisa nga sa mga ito ang mga Muslim.
2. Ang pinakamainam ay na ang alay ay maging kabilang sa uring ito na inialay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa kagandahan ng anyo nito at dahil sa pagiging ang taba nito at ang karne nito ay higit na kaaya-aya.
3. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Nasaad dito na isinakaibig-ibig na bumalik ang tao ng pagkakatay ng alay niya sa pamamagitan ng sarili niya at hindi siya magtalaga ng iba sa pagkatay nito malibang dahil sa isang maidadahilan; at sa sandaling ito, isinakaibig-ibig na sumaksi siya sa pagkakatay

- nito. Kung magpapahalili siya rito sa isang Muslim, pinapayagan ito nang walang pagsalungat.
4. Nagsabi si Ibnu Hajar: Nasaad dito ang pagsasakaibig-ibig ng pagsambit ng takbīr kasama ng tasmiyah sa sandali ng pagkakatay at ang pagsasakaibig-ibig ng paglalagay ng paa sa kanang gilid ng leeg ng alay. Napagkasunduan nila na ang pagpapahiga rito ay maging nasa kaliwang tagiliran saka maglagay ng paa sa kanang tagiliran upang ito ay maging higit na madali sa kumakatay sa paghawak ng kutsilyo sa pamamagitan ng kanang kamay at pagpigil sa ulo nito sa pamamagitan ng kaliwang kamay.
  5. Ang pagsasakaibig-ibig sa alay na may mga sungay at pinapayagan naman ang iba pa rito.

(2971)

(239) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «ما أسفل من الكعبين من الإزار ففي النار».

وعن أبي سعيد الخدري رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِزْرَةُ الْمُسْلِمِ إِلَى نِصْفِ السَّاقِ، وَلَا حَرَجَ - أَوْ لَا جُنَاحَ - فِيمَا بَيْنَهُ وَبَيْنَ الْكَعْبَيْنِ، فَمَا كَانَ أَسْفَلَ مِنَ الْكَعْبَيْنِ فَهُوَ فِي النَّارِ، وَمَنْ جَرَّ إِزَارَهُ بَطْرًا لَمْ يَنْظُرِ اللَّهُ إِلَيْهِ». [صحيحان] - [حديث أبي هريرة - رضي الله عنه البخاري رواه

حديث أبي سعيد - رضي الله عنه:- رواه أبو داود وابن ماجه وأحمد]

(239) – ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allah sa kanya) mula sa Propeta Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan siya ay nagsabi: ((At yaong ibinaba niya ang kanyang suot sa dalawang bukong-bukong ay mapasa impyerno)). Mula kay Abu said (malugod si Allah sa kanya) ay nag-saad:Nagsabi ang Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan) ((Ang pananamit ng muslim ay hanggang sa kalahati ng binti, at walang pangamba -o walang problema- kung ito ay sa pagitan niya at pagitan ng dalawang bukong-bukong, sa ganon kung siya ay nakababa sa dalawang bukong-bukong siya ay mapasaimpyerno, at sino man ang kaladkarin niya ang kanyang suot bilang pag-mamataas hindi siya titingnan ng dakilang Allah)). [Tumpak sa dalawang salaysay nito] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

"Ang kaaya-ayang porma o istilong pananamit ng muslim ay dapat hanggang sa kalahating binti, at walang problema sa isang muslim kapag husuin niya o labnosin sa pagitan ng kalahating binti at dalawang bukong-bukong,at kapag yaong ibinaba niya sa dalawang bukong-bukong ng paa at nataasan siya ng suot ay paparusahan siya dahil sa pag-pahaba ng damit niya,at sino man ang kinaladkad niya ang kanyang damit o suot bilang pag-mamayabang o pag-mamataas sa mga sunud-

sunod na biyaya ng dakilang Allah ay hindi siya titingnan na dakilang Allah"

## Benefits from the Hadith:

(4964)

(240) – عن حُدَيْفَةَ بْنِ الْيَمَانَ رضي الله عنهما مرفوعاً: «لا تَلْبَسُوا الحرير ولا الديباج، ولا تشربوا في آنية الذهب والفضة ولا تأكلوا في صحافِهِمَا؛ فَإِنَّهَا لهم في الدنيا ولكم في الآخرة».  
[صحيح] - [متفق عليه]

(240) – Ayon kay Hudhayfah bin Al-Yamān-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-((Huwag kayong magsuot ng sutla at Dībāj [damit na yari sa bakal] at huwag kayong uminom gamit ang lalagyang yari ginto at pilak,At huwag kayong kumain sa mga dulang nila, Sapagkat ito ay para sa kanila sa Mundo at ang sa inyo ay ang Kabilang buhay)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ipinagbawal ng Propeta-paagpaalain siya ni Allah at pangalagaan-sa mga kalalakihan ang pagsuot ng sutla at Dībāj [damit na yari sa bakal]-dahil ang nito-para sa kalalakihan-ay [nagiging dahilan ng pagiging mahina,mukhang babae, paggaya sa mga kababaihan,malambot [ na pangangatwan] ,at mararangya.At ang lalaki ay kinakailangan maging matigas,malakas at kinatatakutan.At gayunding ipinagbawa niya sa bawat kalalakihan at kababaihan ang pagkain at paginom sa dulang na yari sa ginto at pilak at sa lalagyang tulad nito.At ang layunin ay tulad ng sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Na ang pagkain gamit ang bagay na ito sa mundo ay para lamang sa mga hindi mananampalataya,sila yaong nagmamadali sa mga magagandang bagay nila sa pamumuhay nila dito sa mundo,at nagpapakasarap sila rito;Subalit ang ito ay para sa inyo-O mga muslim-

para sa Araw ng Pagkabuhay;Kapag iniwasan ninyo ang mga ito dahil sa takot ninyo kay Allah-Pagkataas-taas Niya-at pagiging sakim ninyo sa [mga bagay na makakamtan ninyo] sa kanya;Ipinagbawal ang mga paggaya sa kanila,at bilang pagsunod sa kautusan ni Allah-Pagkataas-taas Niya-kaya ipinagbawal ito.At gayundin ,sinuman ang magsuot ng sutla sa mga kalalakihan dito sa mundo,tunay na nagmadali siya sa pagpapakasaya rito,kaya hindi niya ito masusuot sa Kabilang buhay,Dahil sinuman ang magmadali sa mga bagay bago sumapit ang tamang panahon nito,sa pamamaraang ipinagbabawal,ay ipaparusa sa kanya ang pagbabawal rito,Tunay na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan

### Benefits from the Hadith:

(2985)

(241) – عن علي رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «رُفِعَ الْقَلَمُ عَنْ ثَلَاثَةٍ: عَنْ النَّائِمِ حَتَّى يَسْتَيْقِظَ، وَعَنْ الصَّبِيِّ حَتَّى يَحْتَلِمَ، وَعَنْ الْمَجْنُونِ حَتَّى يَعْقِلَ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي في الكبرى وابن ماجه وأحمد]

(241) – Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa paslit hanggang sa magbinata siya, at sa baliw hanggang sa makapag-unawa siya."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pag-aatang ng tungkulin ay mananatili sa mga anak ni Adan maliban sa tatlong ito:

Sa munting bata hanggang sa lumaki siya at maging adulto.

Sa baliw na nawalan ng isip hanggang sa bumalik sa kanya ang isip niya.

Sa natutulog hanggang sa magising siya.

Kaya naman ang pag-aatang ng tungkulin ay pinawi nga sa kanila at ang paggawa nila ng kasalanan ay hindi itinatala laban sa kanila subalit itinatala ang kabutihan para sa munting paslit, hindi sa baliw at natutulog dahil ang dalawang ito ay nasa larangan ng sinumang hindi natatangapan ng katumpakan ng pagsamba dahil sa paglaho ng pagkadama.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkawala sa tao ng kaangkupan ay maaaring dahilan sa pagkatulog na nagpawala sa kanya ng pagkagising para sa pagganap sa mga kinakailangan sa kanya o dahilan sa kamurahan ng edad at pagkabata na kasama nito ay isang tagawala ng kaangkupan o dahilan sa kabaliwan na nabulabog sa kanya ang mga pang-isip na kakayahan niya o sa dumadapo sa kanya gaya ng kalasingan. Kaya ang sinumang nawala ang tumpak na pagkilala sa tama at ang tumpak na imahinasyon kaya naikaila sa kanya ang kaangkupan dahil sa isa sa tatlong kadahilanang ito, tunay na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) dahil sa katarungan Niya, pagtitimpi Niya, at pagkamapagbigay Niya ay pumawi nga sa kanya ng pagpapanagot sa anumang namumutawi buhat sa kanya na isang paglabag o isang pagkukulang sa karapatan ni Allāh (napakataas Siya).
2. Ang hindi pagtatala ng mga kasalanan laban sa kanila ay hindi nagkakaila ng pagkaukol ng ilan sa mga patakarang pangmundo sa kanila, gaya ng baliw kung sakaling nakapatay ito ay walang paghihiganti laban sa kanya at walang panakip-sala, at kailangan sa angkan niya ang magbigay ng bayad-pinsala.

3. Ang pagkaadulto ay may tatlong palatandaan: paglabas ng punlay dahil sa isang wet dream at iba pa rito o pagtubo ng buhok ng ari o pagkalubos ng edad na 15 taon. Nagdaragdag ang babae ng ikaapat na palatandaan: ang pagreregla.
4. Nagsabi si As-Subkīy: Ang sanggol na paslit – at nagsabi siya ng iba rito: ang anak sa tiyan ng ina nito ay tinatawag na fetus. Kapag ipinanganak ito, sanggol ito; saka kapag inawat ito, paslit ito hanggang sa pitong taon; pagkatapos ito ay magiging isang bata hanggang sa sampung taon; pagkatapos isang binatilyo hanggang sa labinlimang taon. Ang natitiyak sa kanya ay na siya ay tinatawag na bata sa mga kalagayang ito sa kabuuan ng mga ito. Nagsabi nito si As-Suyūṭiy.

(58148)

(242) – عن ابن عمر رضي الله عنهما: أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ نَهَى عَنِ الْقَرْعِ.

[صحيح] - [متفق عليه]

(242) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbawal sa qaza`."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Sumuway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-ahit ng isang bahagi ng buhok ng ulo at pag-iwan sa ibang bahagi nito.

Ang pagsaway ay pangkalahatan para sa mga lalaking nakababata at nakatatanda. Hinggil naman sa babae, hindi ukol sa kanya na mag-ahit ng buhok ng ulo niya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpapahalaga ng Batas ng Islām sa panlabas na anyo ng tao.

(8914)

(243) – عن ابن عمر رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «أَحْفُوا الشَّوَارِبَ وَأَعْفُوا اللَّحَى». [صحيح] - [متفق عليه]

(243) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa):  
{Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi:  
"Gupitin ninyo ang mga bigote at hayaan ninyo ang mga balbas."}  
[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magbawas ng bigote at huwag itong hayaan; bagkus gupitan ito at magpakalabis-labis doon.

Katapat niyon, nag-uutos siya na palaguin ang balbas at hayaan itong managana.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbabawal sa pag-aahit ng balbas.

(3279)



(244) – عن أبي سعيد رضي الله عنه : أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «لا يَنْظُرُ الرَّجُلُ إلى عَوْرَةِ الرَّجُلِ، ولا المرأة إلى عَوْرَةِ المرأة، ولا يُفْضِي الرَّجُلُ إلى الرَّجُلِ في ثوب واحد، ولا تُفْضِي المرأة إلى المرأة في الثوب الواحد». [صحيح] - [رواه مسلم]

(244) – Ayon kay Abū Sa`īd, malugod si Allah sa kanya: Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, ni ang babae sa kahubaran ng babae. Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Hindi titingin ang babae sa kahubaran ng babae. Ito ay pagbabawal para sa babae na tumingin sa kahubaran ng tinitingnang babae. Kung sakaling naitakdang may isang babaing nalantad ang kahubaran niya dahil sa isang pangangailangan, gaya ng kung sakaling inilantad niya ang kahubaran niya sa babaing manggamot para magpagamot at sinasamahan siya ng babaing kapatid niya, hindi ipinahihintulot dito na tumingin sa kahubaran ng kapatid nito. O kung sakaling nalantad ito dahil sa hangin o iba ba, tunay na ang ibang babae ay hindi titingin sa anumang nasa pagitan ng pusod at tuhod. Gayon din ang masasabi para sa lalaki: hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, na nasa pagitan ng pusod nito at tuhod nito. Kaya kung sakaling nalantad ang kahubaran ng lalaki dahil sa pangangailangan o nang hindi sinasadya, hindi ipinahihintulot sa mga ibang lalaki ang tumingin sa kahubaran niya. Kaya kung biglang natuon ang tingin ng lalaki sa kahubaran ng kapwa niya, kinakailangang ibaling ang tingin niya at hindi patagalin ito. Ang "Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot" ay nangangahulugang hindi didiit ang balat ng isa sa kanila sa balat ng isa pa habang mga nakahubad sa iisang kumot sapagkat tunay sa pagkakadiit ng isa't-isa ay may pagsaling sa

kahubaran ng bawat isa sa kanila sa kasama niya. Ang pagsaling dito ay gaya ng pagtingin dito, bagkus ito ay higit na matindi sa pagbabawal at higit na mariin. Ang masasabi sa panig ng lalaki ay masasabi sa panig ng babae batay sa teksto. Ikmāl Al-Mu`allim Sharḥ Muslim 2/188 at Sharḥ Riyāḍ As-Ṣāliḥīn 6/364-365.

## Benefits from the Hadith:

(8904)

(245) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما قال: لَمْ يَكُنِ النَّبِيُّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَاحِشًا وَلَا مُتَّفَحِّشًا، وَكَانَ يَقُولُ: «إِنَّ مِنْ خِيَارِكُمْ أَحْسَنَكُمْ أَخْلَاقًا». [صحيح] - [متفق عليه]

(245) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi naging mahalay ni nagpapakahalay. Siya noon ay nagsasabi: "Tunay na kabilang sa mga pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Hindi naging bahagi ng mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pangit na pananalita o ang pangit na gawain at hindi siya noon nagpapakay nito at hindi nananadya nito sapagkat siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay may dakilang kaasalan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon: "Tunay na ang pinakamainam sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamaganda sa inyo sa kaasalan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng nakabubuti, kaaliwalasan ng mukha, pagpigil ng perhuwisyong, pagbabata nito, at pakikihalubilo sa mga tao sa pamamagitan ng karikitan."

## Benefits from the Hadith:

1. Kailangan sa mananampalataya na lumayo sa pagkamahalay kabilang sa masagwang pananalita at pangit na gawain.
2. Ang kalubusan ng kaasalan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat walang namumutawi sa kanya kundi ang maayos na gawa at kaaya-ayang salita.
3. Ang kagandahan ng kaasalan ay isang larangan ng pagpapaligsahan sapagkat ang sinumang nagwagi ay naging kabilang sa mga pinakamabuti sa mga mananampalataya at pinakalubos sa kanila sa pananampalataya.

(5803)

(246) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «إِنَّ

الْمُؤْمِنَ لَيُدْرِكُ بِحُسْنِ خُلُقِهِ دَرَجَةَ الصَّائِمِ الْقَائِمِ». [صحيح بشواهده] - [رواه أبو داود وأحمد]

(246) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-aayuno na nagdarasal [pa sa gabi]."} [Tumpak sa pamamagitan ng mga patotoo nito] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kagandahan ng kaasalan ay nagpapaabot sa tagapagtaglay nito sa katayuan ng tagapagpamalagi sa pag-aayuno sa araw at pagdarasal sa gabi. Ang kinasalalayan ng kagandahan ng kaasalan ay ang pagkakaloob ng nakabubuti, ang kagandahan ng pagsasalita, ang kaaliwalasan ng mukha, ang pagpipigil sa perhuwisyo, at ang pagbabata niya dahil sa mga tao.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kasukdulan ng pagmamalasakit ng Islām sa paghubog sa mga kaasalan at kalubusan ng mga ito.
2. Ang kainaman ng kagandahan ng kaasalan hanggang sa umabot ang tao sa pamamagitan nito sa antas ng tagapag-ayunong hindi tumitigil-ayuno at tagapagdasal sa gabi na hindi napapagod.
3. Ang pag-aayuno sa maghapon at ang pagdarasal sa gabi ay dalawang dakilang gawaing sa dalawang ito ay may hirap sa mga kaluluwa. Umabot sa antas ng dalawang ito ang tagapagtaglay ng kagandahan ng kaasalan dahil sa pakikipagpunyagi niya sa sarili niya sa pamamagitan ng kagandahan ng pakikitungo.

(5799)

(247) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَكْمَلُ الْمُؤْمِنِينَ إِيمَانًا أَحْسَنُهُمْ خُلُقًا، وَخَيْرُكُمْ خَيْرُكُمْ لِنِسَائِهِمْ». [حسن] - [رواه أبو داود والترمذي وأحمد]

(247) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan. Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga kababaihan nila."} [Maganda] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakalubos sa mga tao sa pananampalataya ay ang sinumang gumanda ang kaasalan niya. Iyon ay sa pamamagitan ng kaaliwalasan

ng mukha, pagkakaloob ng nakabubuti, kagandahan ng pagsasalita, at pagpipigil ng perhuwisyo.

Ang pinakamabuti sa mga mananampalataya ay ang pinakamabuti sa kanila sa mga kababaihan nila gaya ng maybahay niya, mga babaing anak niya, mga babaing kapatid niya, at mga babaing kamag-anak niya dahil sila ay kabilang sa pinakamarapat sa mga tao sa kagandahan ng kaasalan.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng mga magandang kaasalan at ang mga ito ay bahagi ng pananampalataya.
2. Ang paggawa ay bahagi ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay nadaragdagan at nababawasan.
3. Ang pagpaparangal ng Islām sa babae at ang pagpapaibig sa paggawa ng maganda sa kanya.

(5792)

(248) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سُئِلَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنْ أَكْثَرِ مَا يُدْخِلُ النَّاسَ الْجَنَّةَ، فَقَالَ: «تَقْوَى اللَّهِ وَحُسْنُ الْخُلُقِ»، وَسُئِلَ عَنْ أَكْثَرِ مَا يُدْخِلُ النَّاسَ النَّارَ فَقَالَ: «الْفَمُّ وَالْفَرْجُ». [حسن صحيح] - [رواه الترمذي وابن ماجه وأحمد]

(248) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tinanong ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pinakamadalas magpapapasok sa mga tao sa Paraiso, kaya naman nagsabi siya: "Ang pangingilag magkasala kay Allāh at ang kagandahan ng kaasalan." Tinanong siya tungkol sa pinakamadalas magpapapasok sa mga tao sa Impiyerno, kaya naman nagsabi siya: "Ang bibig at ang ari."} [Maganda, tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakasukdulan sa mga kadahilanan na magpapapasok sa Paraiso ay dalawang kadahilanan:

Ang pangingilag magkasala kay Allāh at ang kagandahan ng kaasalan.

Ang pangingilag magkasala kay Allāh ay na maglagay ka sa pagitan mo at ng parusa ni Allāh ng isang pananggalang. Iyon ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya.

Ang kagandahan ng kaasalan ay sa pamamagitan ng pagpapasaya ng mukha, pagkakaloob ng nakabubuti, at pagpipigil ng perhuwisyo.

Ang pinakasukdulan sa mga kadahilanan na magpapapasok sa Impiyerno ay dalawang kadahilanan:

Ang dila at ang ari.

Ang dila. Kabilang sa mga pagsuway nito ang pagsisinungaling, ang panlilibak, ang pagtsitsismis, at ang iba pa sa mga ito.

Ang ari. Kabilang sa mga pagsuway nito ang pangangalunya, ang sodomiya, at ang iba pa sa mga ito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagpasok sa Paraiso ay may mga kadahilanang nauugnay kay Allāh (napakataas Siya), na kabilang sa mga ito ang pangingilag magkasala sa Kanya; at may mga kadahilanang nauugnay sa mga tao, na kabilang sa mga ito ang kagandahan ng kaasalan.
2. Ang panganib ng dila sa may taglay nito at na ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno.
3. Ang panganib ng mga pagnanasa at mga kahalayan sa tao at na ang mga ito ay kabilang sa pinakamarami sa mga kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno.

(5476)

(249) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه قال: كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ أَحْسَنَ

النَّاسِ خُلُقًا. [صحيح] - [متفق عليه]

(249) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan." } [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pinakalubos sa mga tao sa kaasalan. Taglay niya ang pangunguna sa lahat ng mga kaasalan at mga kagandahan gaya ng kaayahan ng pananalita, pagkakaloob ng kabutihan, kaaliwalasan ng mukha, pagpipigil ng perhuwisyo, at pagbata nito mula sa mga ibang tao.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang Kalubusan ng Kaasalan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)
2. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang lubos na tinutularan sa kagandahan ng kaasalan.
3. Ang paghimok sa pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kagandahan ng kaasalan niya.

(6180)

(250) – قال سعد بن هشام بن عامر - عندما دخل على عائشة رضي الله عنها: يَا أُمَّ الْمُؤْمِنِينَ، أَنبَيْتَنِي عَنْ خُلُقِ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، قَالَتْ: أَلَسْتُ تَقْرَأُ الْقُرْآنَ؟ قُلْتُ: بَلَى، قَالَتْ: فَإِنَّ خُلُقَ نَبِيِّ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ الْقُرْآنَ. [صحيح] - [رواه مسلم في جملة حديث طويل]

(250) – Nagsabi si Sa`d bin Hishām bin Āmir noong pumasok siya sa kinaroroonan ni `Ā'ishah (malugod si Allāh rito): {O Ina ng mga Mananampalataya, magbalita ka sa akin tungkol sa kaasalan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi ito: "Hindi mo ba binibigkas ang Qur`ān?" Nagsabi ako: "Opo." Nagsabi ito: "Tunay na ang kaasalan ng Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang Qur`ān."} [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Tinanong ang Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh rito) tungkol sa kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya sumagot ito ng isang pangungusap na masaklaw. Ipinasangguni nito ang tagapagtanong sa Marangal na Qur`ān na tagatipon ng lahat ng mga katangian ng kalubusan. Nagsabi ito na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasakaasalan ng mga kaasalan ng Qur`ān. Ang anumang ipinag-utos ng Qur`ān ay isinasagawa niya at ang anumang sinaway ng Qur`ān at



iniawasan niya. Kaya ang kaasalan niya ay ang paggawa ayon sa Qur'ān, ang pagtigil sa mga hangganan nito, ang pagsasaetiketa ng mga etiketa nito, at ang pagsasaalang-alang sa mga halimbawa nito at mga kuwento nito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagsasakaasalan niya ng mga kaasalan ng Qur'ān.
2. Ang pagbubunyi sa mga kaasalan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na ang mga ito ay bahagi ng ilawan ng kasi (pagsisiwalat) ni Allāh.
3. Ang Qur'ān ay pinagkukunan ng lahat ng mga marangal na kaasalan.
4. Ang mga kaasalan sa Islām ay sumasaklaw sa Relihiyon sa kabuuan nito sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga sinasaway.

(8265)

(251) – عَنْ عَائِشَةَ أُمِّ الْمُؤْمِنِينَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا قَالَتْ: كَانَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يُعْجِبُهُ التَّيْمُنُ، فِي تَنْعُلَيْهِ، وَتَرْجَلَيْهِ، وَطُهْرِهِ، وَفِي شَأْنِهِ كُلِّهِ. [صحيح] - [متفق عليه]

(251) – Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay napagagalak sa pagkakanan sa pagsasandalyas niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa pumapatungkol sa kanya sa kabuuan nito.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakaiibig at nagmamagaling na magsimula siya sa kanan sa mga nauukol sa kanya na naaangkop sa pagpaparangal. Kabilang doon: Na magpasimula siya sa kanang paa sa pagsusuot ng sandalyas niya, magpasimula siya sa pagsusuklay ng buhok ng ulo niya at balbas niya, pagsasaayos ng mga ito, at paglalangis sa mga ito; at sa wuḍū' niya nag-uuna siya ng kanan sa kaliwa sa mga kamay at mga paa.

### Benefits from the Hadith:

1. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Ito ay isang panuntunang nagpapatuloy sa Batas. Ito ay na ang anumang naging kabilang sa bahagi ng pagpaparangal at pagpapadignidad gaya ng pagsusuot ng kasuutan, pantalon, at sapatos, pagpasok sa masjid; paggamit ng siwāk; paggamit ng kohl; pagputol ng mga kuko; paggupit ng bigote; pagsusuklay ng buhok; pagbunot ng buhok sa kilikili; pag-ahit ng ulo; pagsasagawa ng taslīm sa ṣalāh; paghuhugas ng mga bahaging pinagsasagawaan ng taharah; paglabas mula sa palikuran; pagkain at pag-inom; pakikipagkamayan; pagturo sa Batong Itim (Ḥajar Aswad); at iba pa rito kabilang sa kahulugan nito, na isinakaibig-ibig ang pagkakanan dito. Hinggil naman sa kabaliktaran nito gaya ng pagpasok sa palikuran; paglabas

- mula sa masjid; pagsinga; pag-iwang; paghubad ng kasuutan, pantalon, at sapatos; at anumang nakawangis nito, isinakaibig-ibig ang pagkakaliwa rito. Iyon sa kabuuan niyon ay dahil sa karangalan ng kanan at dignidad nito.
2. Ang "napagagalak ng pagkakanan" ay sumasaklaw sa pagsisimula sa mga gawain sa pamamagitan ng kanang kamay, kanang paa, at kanang tagiliran; at pagkuha ng anuman sa pamamagitan ng kanan.
  3. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Alamin mo na mayroon sa mga bahaging pinagsasagawaan ng wuḍū' ang hindi isinakaibig-ibig dito ang pagkakanan: ang mga tainga, ang mga palad, at ang mga pisngi; bagkus hinuhugasan nang sabayan; ngunit kung naging imposible iyon gaya ng sa panig ng naputulan ng bahagi ng katawan at tulad nito, uunahin niya ang kanan.

(3018)

(252) - عن شداد بن أوس رضي الله عنه قال: ثِنْتَانِ حَفِظْتُهُمَا عَنْ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِنَّ اللَّهَ كَتَبَ الْإِحْسَانَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ، فَإِذَا قَاتَلْتُمْ فَأَحْسِنُوا الْقِتْلَةَ، وَإِذَا ذَبَحْتُمْ فَأَحْسِنُوا الذَّبْحَ، وَلِيُحَدِّ أَحَدُكُمْ شَفْرَتَهُ، فَلْيُرِخْ ذَبِيحَتَهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(252) – Ayon kay Shaddād bin Aws (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May dalawang naisaulo ko buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng pagpapaganda sa bawat bagay. Kaya kapag pumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkapatay. Kapag kumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkatay. Hasain ng isa sa inyo ang patalim niya saka bigyang-kapahingahan niya ang kakatayin niya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya) ay nag-obliga sa atin ng paggawa ng maganda sa lahat ng mga bagay. Ang paggawa ng maganda ay ang pagsasaalang-alang kay Allāh palagi sa pagsamba sa Kanya at sa pagkakaloob ng kabutihan at pagpigil ng perhuwisyo sa mga nilikha. Kabilang doon ang paggawa ng maganda sa pagpatay at pagkatay.

Ang paggawa ng maganda sa pagpatay ay sa sandali ng ganting-pinsala sa pamamagitan ng pagpili ng pinakamadali sa mga pamamaraan, pinakamagaan sa mga ito, at pinakamabilis sa mga ito sa pagpaslang sa papatayin.

Ang paggawa ng maganda sa pagkatay ay sa sandali ng pagkatay ng hayop sa pamamagitan ng pagpapakabanayad sa hayop sa pamamagitan ng paghahasa ng kasangkapan, na hindi maghasa nito sa harap ng kakatayin habang ito ay nakatingin sa patalim, at na hindi magkatay nito habang doon ay may mga hayop na nakatingin sa kakatayin.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang awa ni Allāh at ang kabaitan Niya sa nilikha.
2. Ang paggawa ng maganda sa pagpatay at pagkatay ay sa pamamagitan ng pagiging ito ay alinsunod sa paraang isinasabatas.
3. Ang kalubusan ng Batas ng Islām at ang pagkasaklaw nito sa bawat kabutihan. Kabilang doon ang pagkaawa sa hayop at ang kabanayaran dito.
4. Ang pagsaway laban sa pagluray sa tao matapos ng pagkapatay rito.
5. Ang pagbabawal sa bawat anumang may pagpapasakit sa hayop.

(4319)

(253) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ الْمُقْسَطِينَ عِنْدَ اللَّهِ عَلَى مَتَابِرٍ مِنْ نُورٍ، عَنْ يَمِينِ الرَّحْمَنِ عَزَّ وَجَلَّ، وَكَلْنَا يَدَيْهِ يَمِينٌ، الَّذِينَ يَعْدِلُونَ فِي حُكْمِهِمْ وَأَهْلِيهِمْ وَمَا وَلَوْ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(253) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang mga nagpapakamakatarungan ay sa piling ni Allāh sa mga pulpito ng liwanag sa dakong kanan ng Pinakamaawain (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – at ang kapwa mga kamay niya ay kanan. [Sila] ang mga nagmamakatarungan sa hatol nila, mga mag-anak nila, at tinangkilik nila." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]}

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga humahatol (o nagpapatupad) ng katarungan at karapatan sa mga tao na nasa ilalim ng pamumuno nila, pamamahala nila, at mga alagad nila ay uupo sa mga mataas na angat na upuan na nilikha mula sa isang liwanag, bilang pagpaparangal sa kanila sa Araw ng Pagbangon. Ang mga pulpitong ito ay nasa dakong kanan ng Napakamaawain. Ang kapwa mga kamay ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay kanan.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang Kainaman ng Katarungan at ang Paghimok Dito
2. Ang katarungan ay panlahat na sumasaklaw sa lahat ng mga estado at paghatol sa mga tao pati, na ang katarungan sa mga maybahay, mga anak, at iba pa roon.
3. Ang Paglilinaw sa Katayuan ng Dalawang Makatarungan sa Araw ng Pagbangon

4. Ang Pagkakaibahan ng mga Katayuan ng mga May Pananampalataya sa Araw ng Pagbangon, na ang Bawat Isa ay Alinsunod sa Gawa Niya
5. Ang istilo ng pagpapaibig ay kabilang sa mga istilo ng pag-aanyaya na nagpapaibig sa inaanyayahan sa pagtalima.

(4935)

(254) – عن أبي سعيد الخدري رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «لَا ضَرَرَ وَلَا ضِرَارَ، مَنْ ضَارَّ ضَرَّهُ اللهُ، وَمَنْ شَاقَّ شَقَّ اللهُ عَلَيْهِ». [صحيح بشواهد] - [رواه الدارقطني]

(254) – Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Walang pamiminsala at walang pakikipagpinsalaan. Ang sinumang nakipagpinsalaan, mamiminsala sa kanya si Allāh; at ang sinumang nakipagpahirapan, magpapahirap si Allāh sa kanya." [Tumpak sa pamamagitan ng mga patotoo nito] - [Isinaysay ito ni Addaraqutni]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kinakailangan ang pagtulak ng kapinsalaan sa pamamagitan ng iba't ibang mga uri nito at mga pagkakahayag nito palayo sa sarili at palayo sa mga ibang tao. Kaya naman hindi ipinahihintulot sa isa man na mamerhuwisyo sa sarili niya o sa iba sa kanya nang magkapantay.

Hindi ipinahihintulot sa kanya na tapatan ang kapinsalaan ng kapinsalaan dahil ang kapinsalaan ay hindi naaalís sa pamamagitan ng kapinsalaan kundi sa pamamagitan ng ganting-pinsala (qaṣāṣ) nang walang paglabag.

Pagkatapos nilinaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang banta sa pagtamo ng kapinsalaan sa sinumang namiminsala sa mga tao at ng pagtamo ng hirap sa sinumang nagpapahirap sa mga tao.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsaway laban sa pakikipaggantihan ng higit sa katulad.
2. Hindi nag-utos si Allāh sa mga lingkod Niya ng anumang pipinsala sa kanila.
3. Ang pagbabawal sa kapinsalaan at pamiminsala sa sinasabi o ginagawa o pagwawaksi.
4. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain. Kaya ang sinumang nakikipagpinsalaan ay makikipagpinsalaan sa kanya si Allāh at ang sinumang nakipagpahirapan ay makikipagpahirapan sa kanya si Allāh.
5. Kabilang sa mga tuntunin ng Batas ng Islām na ang kapinsalaan ay inaalís kaya naman ang Batas ng Islām ay hindi tumatanggap sa kapinsalaan at nagkakaila ng pagpinsala.

(4711)



(255) – عن أبي موسى الأشعري رضي الله عنه مرفوعاً: «إنما مثلُ الجَلِيلِ الصَّالِحِ وَجَلِيلِ السُّوءِ، كَحَامِلِ الْمِسْكِ، وَنَافِخِ الْكَيْبِرِ، فَحَامِلُ الْمِسْكِ: إِمَّا أَنْ يُجْذِيكَ، وَإِمَّا أَنْ تَبْتَاعَ مِنْهُ، وَإِمَّا أَنْ تَجِدَ مِنْهُ رِيحًا طَيِّبَةً، وَنَافِخُ الْكَيْبِرِ: إِمَّا أَنْ يَحْرِقَ ثِيَابَكَ، وَإِمَّا أَنْ تَجِدَ مِنْهُ رِيحًا مُنْتِنَةً». [صحيح] - [متفق عليه]

(255) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu:((Ang kahalintulad ng mabuting kaibigan at masamang kaibigan,ay tulad ng nagdadala ng pabango,at nag-ihip ng pugon,Kaya`t ang nagdadala ng pabango;maaari ka niyang mabigyan,o maaari ka niyang mapagbibintahan,o maaaring makakatagpo ka sa kanya ng mabangong humahalimuyak,Samantalang ang nag-ihip ng pugon;maaaring masunog nito ang iyong mga damit o maaaring makakatagpo ka ng masamang hangin)) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Hinihikayat ng Sugo natin-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hadith na ito ang Muslim sa pangangailangan ng pagpili sa mabuting kaibigan,Sinabi niya-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga;na ang kahalintulad ng mabuting kaibigan ay tulad ng nagdadala ng pabango,maaari ka niyang mabigyan ng libre,o maaari kang makabili sa kanya,o maaari kang makatagpo sa kanya ng mabangong humahalimuyak,Samantalang ang masamang kaibigan-ang pagpapakupkop ay sa Allah-Tunay na siya ay nag-ihip ng pugon;maaaring masunog nito ang iyong mga damit dahil sa mga nagliliparan sa iyo mula sa mga tumatalsik na apoy,o maaaring makatagpo ka ng masamang amoy.

### Benefits from the Hadith:

(3127)

(256) – عن أبي هريرة رضي الله عنه: أَنَّ رَجُلًا قَالَ لِلنَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: أَوْصِنِي، قَالَ:

«لَا تَغْضَبُ» فَرَدَّدَ مِرَارًا قَالَ: «لَا تَغْضَبُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(256) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {May isang lalaking nagsabi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magtagubilin ka po sa akin." Nagsabi siya: "Huwag kang magalit." Kaya umulit ito nang makailan. Nagsabi siya: "Huwag kang magalit."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Humiling ang isa sa mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh ay sumakanila) sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na gumabay ito sa kanya sa isang bagay na magpapakinabang sa kanya, kaya nag-utos ito sa kanya na huwag siyang magalit. Ang kahulugan niyon ay na umiwas siya sa mga kadahilanan na magdadala sa kanya sa pagkagalit at na magpigil siya sa sarili niya kapag nangyari sa kanya ang pagkagalit, kaya naman huwag siyang manatili sa galit niya sa pamamagitan ng pagpatay o pananakit o pag-alipusta at tulad niyon.

Nag-ulit-ulit ang lalaki sa paghiling ng tagubilin nang makailan ngunit hindi nagdagdag sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagtatagubilin higit sa pagsabi ng: "Huwag kang magalit."

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagbibigay-babala laban sa pagkagalit at mga kadahilanan nito sapagkat tunay na ito ay ang kinasalalayan ng kasamaan at ang pag-iingat laban dito ay ang kinasalalayan ng kabutihan.
2. Ang pagkagalit alang-alang kay Allāh gaya ng pagkagalit sa sandali ng paglabag sa mga pinakababanal ni Allāh ay bahagi ng pagkagalit na napapupurihan.

3. Ang pag-uulit-ulit ng salita sa sandali ng pangangailangan ay nang sa gayon magkamalay rito ang nakaririnig at makatalos siya sa kahalagahan nito.
4. Ang kainaman ng paghiling ng tagubilin mula sa nakaaalam.

(4709)

(257) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «لَيْسَ الشَّدِيدُ بِالصُّرْعَةِ، إِنَّمَا الشَّدِيدُ الَّذِي يَمْلِكُ نَفْسَهُ عِنْدَ الْعَضْبِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(257) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang matipuno ay hindi sa pagbuno; tanging ang matipuno ay ang nagpipigil ng sarili niya sa sandali ng pagkagalit."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tunay na lakas ay hindi ang lakas ng katawan o ang nakapagbubuno sa iba sa kanya kabilang sa malalakas. Tanging ang malakas na matipuno ay ang nakikibaka sa sarili niya at sumusupil dito kapag tumitindi rito ang galit dahil iyan ay nagpapatunay sa lakas ng pagkaya niya sa sarili niya at pananaig niya laban sa demonyo.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng pagtitimpi at pagkontrol sa sarili sa sandali ng pagkagalit, at na ito ay kabilang sa mga gawaing maayos na hinimok ng Islām.
2. Ang pakikibaka sa sarili sa sandali ng pagkagalit ay higit na matindi kaysa sa pakikibaka sa kaaway.

3. Ang pagpapaiba ng Islām sa konseptong pangkamangmangan ng lakas para maging mga kaasalang marangal, kaya naman ang pinakamatindi sa mga tao sa lakas ay ang sinumang nakakontrol sa renda ng sarili niya.
4. Ang paglayo sa pagkagalit dahil sa idinadahilan nito na mga pinsala sa mga individuwal at lipunan.

(5351)

(258) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَرْبَعٌ مَنْ كُنَّ فِيهِ كَانَ مُنَافِقًا خَالِصًا، وَمَنْ كَانَتْ فِيهِ خَلَّةٌ مِنْهُنَّ كَانَتْ فِيهِ خَلَّةٌ مِنْ نِفَاقٍ حَتَّى يَدَّعَهَا: إِذَا حَدَّثَ كَذَبًا، وَإِذَا عَاهَدَ غَدَرَ، وَإِذَا وَعَدَ أَخْلَفَ، وَإِذَا خَاصَمَ فَجَرَ.» [صحيح] - [متفق عليه]

(258) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "May apat na ang sinumang ang mga ito ay naging nasa kanya, siya ay naging isang mapagpaimbabaw na lantay; at ang sinumang may naging nasa kanya na isang katangian mula sa mga ito, may naging nasa kanya na isang katangian mula sa isang pagpaimbabaw hanggang sa mag-iwan siya nito: kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nakipagkasunduan siya, nagtatraydor siya; kapag nangako siya, sumisira siya; kapag nakipag-alitan siya, nagsasamasamang-loob siya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa apat na kakanyahan; na kapag natipon ang mga ito sa isang Muslim, siya ay naging matindi ang pagkakawangis sa mga mapagpaimbabaw dahil sa mga kakanyahang ito. Ito ay sa sinumang

ang mga kakanyahang ito ay nananaig sa kanya. Hinggil naman sa sinumang madalang ito, siya ay hindi napaloloob dito. Ang mga ito ay:

A. Kapag nagsalita siya, sinasadya niya ang pagsisinungaling at ang kawalan ng katapatan sa pananalita niya.

B. Kapag nakipagkasunduan siya ng isang kasunduan, hindi siya tumutupad dito at nagtatraydor siya sa kasamahan niya.

C. Kapag nangako siya ng isang pangako, hindi siya tumutupad dito at sumisira siya rito;

D. Kapag nakipag-alitan siya at nakipagtaluhan siya sa isang tao, ang pakikipag-alitan niya ay matindi. Kumikiling siya palayo sa katotohanan, nanlalalang siya sa pagtugon niya at pagpapabula niya, at nagsasabi siya ng kabulaanan at kasinungalingan.

Tunay na ang pagpapaimbabaw ay ang pagpapakita ng nagkukubli ng kasalungatan nito. Ang kahulugang ito ay natatagpuan sa tagapagtaglay ng mga kakanyahang ito. Ang pagpapaimbabaw niya ay nagiging pumapatungkol sa sinumang kumausap sa kanya, nangako sa kanya, nagtiwala sa kanya, nakipag-alitan sa kanya, at nakipagkasunduan sa kanya mula sa mga tao. Hindi dahil siya ay isang mapagpaimbabaw sa Islām kaya nagpapakita siya nito habang siya ay nagkukubli naman ng kawalang-pananampalataya. Ang sinumang naging nasa kanya ang isa sa mga kakanyahang ito, naging nasa kanya ang isang katangian ng pagpapaimbabaw hanggang sa mag-iwan siya nito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paglilinaw sa ilan sa mga palatandaan ng mapagpaimbabaw para sa pagpapangamba at pagbibigay-babala laban sa pagkasadlak sa mga ito.
2. Ang tinutukoy mula sa ḥadīth ay na ang mga kakanyahang ito ay mga kakanyahan ng pagpapaimbabaw at ang tagapagtaglay ng mga ito ay kawangis ng mga mapagpaimbabaw sa mga kakanyahang ito at

nagsasakaasalan ng mga kaasalan nila. Hindi dahil siya ay isang mapagpaimbabaw na nagpapakita ng pagkaanib sa Islām habang siya ay nagkukubli naman ng kawalang-pananampalataya. Sinabi na ito ay ipinatutungkol sa sinumang nananaig sa kanya ang mga kakanyahang ito, nagwalang-bahala sa mga ito, at nagmaliit sa nauukol sa mga ito sapagkat tunay na ang sinumang naging gayon, siya ay tiwali ang paniniwala kadalasan.

3. Nagsabi si Al-Ghazzālīy: Ang pinag-ugatan ng relihiyon ay tatlo: ang pagsabi, ang paggawa, at ang paglayon. Tumawag-pansin ito sa katiwalian ng pagsabi sa pamamagitan ng pagsisinungaling, sa katiwalian ng paggawa sa pamamagitan ng kataksilan, at sa katiwalian ng paglayon sa pamamagitan ng paglabag dahil ang paglabag sa pangako ay hindi nasisisi malibang kapag ang determinasyon dito ay nalalakipan ng pangako. Hinggil naman sa kung sakaling siya ay naging determinado, pagkatapos may nalahad sa kanya na isang tagapigil o may lumitaw sa kanya na isang opinyon, dito ay hindi umiral mula sa kanya ang anyo ng pagpapaimbabaw.
4. Ang pagpapaimbabaw (nifāq) ay dalawang uri: pagpapaimbabaw na pampaniniwala na nagpapalabas sa tagapagtaglay nito palayo sa pananampalataya, ang pagpapakita ng pagkaanib sa Islām at ang pagkukubli ng kawalang-pananampalataya; at pagpapaimbabaw na panggawain, ang pagpapakawangis sa mga mapagpaimbabaw sa mga kaasalan nila, na hindi nagpapalabas sa tagapagtaglay nito palayo sa pananampalataya, gayon pa man ito ay isang malaking kasalanan kabilang sa malalaking kasalanan.
5. Nagsabi si Ibnu Ḥajar: Nagkaisa nga ang mga maalam na ang sinumang naging tagapaniwala sa pamamagitan ng puso niya at dila niya at gumawa ng mga kakanyahang ito, hindi siya

hahatulan ng isang kawalang-pananampalataya at hindi siya mapagpaimbabaw na pamamalagihin sa Impiyerno.

6. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: May nagsabing isang pangkat ng mga maalam: Ang tinutukoy rito ay ang mga mapagpaimbabaw na noon ay nasa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsanaysay sila ng pananampalataya nila at nagpasinungaling sila, pinagkatiwalaan sila sa relihiyon nila saka nagtaksil sila, at nangako sila kaugnay sa nauukol sa Relihiyon at pag-aadya rito saka sumira sila, at nagsamasamang-loob sila sa mga pakikipag-alitan nila.

(65124)

(259) – عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «لَيْسَ الْمُؤْمِنُ بِالطَّعَانِ وَلَا اللَّعَانِ وَلَا الْفَاحِشِ وَلَا الْبَذِيءِ». [صحيح] - [رواه الترمذي]

(259) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang mananampalataya ay hindi ang palapanirang-puri, ni ang palasumpa, ni ang mahalay, ni ang bastos."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hindi bahagi ng pumapatungkol sa mananampalatayang kumpleto ang pananampalataya na ito ay maging palapintas sa mga tao sa mga kaangkanan nila ni marami sa mga panlalait at pagsumpa ni mahalay sa gawain ni sa pagsasabi, na walang pagkahiya sa kanya.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkakaila ng pananampalataya sa nasaad sa mga tekstong pangkapahayagan ay hindi nangyayari kundi sa isang gawaing ipinagbabawal o isang pag-iwan ng tungkulin.
2. Ang paghimok sa pag-iingat sa mga bahagi ng katawan at pangangalaga sa mga ito laban sa mga masagwang gawa, lalo na sa dila.
3. Nagsabi si As-Sindiy: Sa porma ng pagpapalabis sa salitang palapanirang-puri at palasumpa ay may isang katunayan na ang pamumutawi ng paninirang-puri at pagsumpa sa kabila ng kakauntian ng naging karapat-dapat doon ay hindi nakapipinsala sa pagkalarawan ayon sa mga katangian ng mga may pananampalataya.

(65869)

(260) - عن عبد الله بن عمر رضي الله عنهما قال: سَمِعَ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ رَجُلًا يَعِظُ أَحَاهُ فِي الْحَيَاءِ، فَقَالَ: «الْحَيَاءُ مِنَ الْإِيمَانِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(260) - Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang lalaking nangangaral sa kapatid nito kaugnay sa pagkahiya, kaya naman nagsabi siya: "Ang pagkahiya ay bahagi ng pananampalataya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang lalaking nagpapayo sa kapatid nito na iwaksi niya ang kadalasan ng pagkahiya kaya naglinaw siya rito na ang pagkahiya ay bahagi ng pananampalataya at na ito ay walang inihahatid kundi kabutihan.



Ang pagkahiya ay isang kaasalang nagdadala sa paggawa ng marikit at pagwaksi ng pangit.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pumipigil sa iyo sa kabutihan ay hindi tinatawag na pagkahiya, bagkus tinatawag na pangingimi, kawalang-kakayahan, panlalambot, at karuwagan.
2. Ang pagkahiya mula kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinag-uutos at pagwaksi ng mga ipinagbabawal.
3. Ang pagkahiya sa nilikha ay sa pamamagitan ng paggalang sa kanila, paglalagay sa kanila sa mga kalagayan nila, at pag-iwas sa pumapangit sa kaugalian.

(5478)

(261) – عن المقدم بن معدي كرب رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِذَا أَحَبَّ الرَّجُلُ أَحَاهُ فَلْيُخَيْرِهِ أَنَّهُ يُحِبُّهُ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي في السنن الكبرى وأحمد]

(261) – Ayon kay Al-Miqdām bin Ma`dīkarib (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kapag umibig ang tao sa kapatid niya, magpabatid siya rito na siya ay umiibig dito." [Tumpak] - []

### **Ang pagpapaliwanag:**

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isa sa mga kadahilanan na nagpapalakas sa kaugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya at nagpapalaganap ng pag-ibig sa gitna nila: na kapag minahal ng isa ang kapatid niya ay ipabatid niya rito na siya ay nagmamahal dito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng pag-ibig na wagas para kay Allāh (napakataas Siya), hindi para sa kapakanang pangmundo.
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpapabatid sa iniibig alang-alang kay Allāh hinggil sa pag-ibig sa kanya upang madagdagan ang pag-ibig at ang pagpapalagayang-loob.
3. Ang pagpapalaganap ng pag-ibig sa pagitan ng mga mananampalataya ay nagpapalakas sa kapatirang pampananampalataya at nangangalaga sa lipunan laban sa pagkakalansag-lansag at pagkakahati.

(3017)

(262) – عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «كُلُّ

مَعْرُوفٍ صَدَقَةٌ». [صحيح] - [رواه البخاري من حديث جابر، ورواه مسلم من حديث حذيفة]

(262) – Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Bawat nakabubuti ay kawanggawa."} [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat paggawa ng maganda at pagpapakinabang sa mga ibang tao na salita o gawa ay magiging isang kawanggawa. Narito ang pabuya at ang gantimpala.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kawanggawa ay hindi nalilimitahan sa anumang inilalabas ng tao mula sa yaman niya; bagkus sumasaklaw ito sa bawat kabutihang ginagawa ng tao o sinasabi niya at ipinaabot niya sa mga ibang tao.

2. Nasaad dito ang pagpapaibig sa pagkakaloob ng nakabubuti at bawat anumang may pakinabang para sa mga ibang tao.
3. Ang hindi pagmamaliit sa anuman kabilang sa nakabubuti, kahit pa man ito ay kaunti.

(5346)

(263) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال قال رسول الله - صلى الله عليه وآله وسلم-: «كل سلامي من الناس عليه صدقة كل يوم تطلع فيه الشمس: تعدل بين اثنين صدقةً، وتعين الرجل في دابته فتحمله عليها أو ترفع له عليها متاعه صدقةً، والكلمة الطيبة صدقةً، وبكل خطوةً تمشيها إلى الصلاة صدقةً، وتُميط الأذى عن الطريق صدقةً». [صحيح] - [متفق عليه]

(263) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Bawat kasukasan ng mga tao ay tungkuling magbigay ng isang kawanggawa sa bawat araw na sumisikat ang araw. Ang magpakamakatarungan ka sa pagitan ng dalawang [tao] ay isang kawanggawa. Ang tumulong ka sa tao sa sasakyang hayop niya: ang buhatin mo siya sa ibabaw nito o ang iangat mo para sa kanya ang dala-dala niya ay isang kawanggawa. Ang salitang kaaya-aya ay isang kawanggawa. Sa bawat hakbang na nilalakad mo patungo sa pagdarasal ay may isang kawanggawa. Ang alisin mo sa daan ang nakapipinsala ay isang kawanggawa." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Sa bawat araw na sinisikatan ng araw ay may tungkulin para sa lahat ng mga kasukasang iyon - na mga 360 - na magbigay ng kawanggawa sa araw na iyon. Pagkatapos ay bumanggit siya matapos niyon ng mga halimbawang naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga iyon ang kawanggawa. Ito ay panggawain at pampananalita, at pansarili at pang-iba. Ang kahulugan ng pansarili: ang pakinabang ay para sa nagsasagawa nito. Ang kahulugan ng pang-iba: ang pakinabang ay

nakararating sa mga ibang tao. Ang binanggit ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa ḥadīth na ito ay kabilang sa uri ng paghahalimbawa hindi paglilimita. Ang katarungan sa pagitan ng dalawang panig ay nangyayari sa paghahatol o pagpapayapa sa pagitan ng dalawang nagtutunggalian ayon sa katarungan. Ito ay pampananalitang pang-iba. Ang pagtulong sa tao sa pagpapasakay sa kanya sa sasakyan niya o pagkakarga ng dala-dalahan niya sa sasakyan niya ay panggawaing pang-iba. Ang pagsasabi ng kaaya-ayang pananalita ay napaloloob rito ang bawat kaaya-ayang pananalita gaya ng dhikr, panalangin, pagbigkas ng Qur'ān, pagtuturo, pag-uutos ng nakabubuti, pagsaway sa nakasasama, at iba pa. Ito ay pampananalitang pansarili at pang-iba. Ang bawat hakbang na nilalakad ng Muslim patungo sa dasal ay isang kawanggawa ng Muslim sa sarili niya. Ito ay panggawaing pansarili. Ang pag-aalis sa daan ng nakapipinsala gaya ng tinik, bato, bubog, at iba pa ay kawanggawa. Ito panggawaing pang-iba.

### **Benefits from the Hadith:**

(4568)

(264) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي -صلى الله عليه وآله وسلم- قال: «مَنْ نَفَسَ عَنْ مُؤْمِنٍ كُرْبَةً مِنْ كُرْبِ الدُّنْيَا نَفَسَ اللَّهُ عَنْهُ كُرْبَةً مِنْ كُرْبِ يَوْمِ الْقِيَامَةِ، وَمَنْ يَسَّرَ عَلَى مُعْسِرٍ يَسَّرَ اللَّهُ عَلَيْهِ فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ، وَمَنْ سَتَرَ مُسْلِمًا سَتَرَهُ اللَّهُ فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ، وَاللَّهُ فِي عَوْنِ الْعَبْدِ مَا كَانَ الْعَبْدُ فِي عَوْنِ أَخِيهِ، وَمَنْ سَلَكَ طَرِيقًا يَلْتَمِسُ فِيهِ عِلْمًا سَهَّلَ اللَّهُ لَهُ بِهِ طَرِيقًا إِلَى الْجَنَّةِ، وَمَا اجْتَمَعَ قَوْمٌ فِي بَيْتٍ مِنْ بُيُوتِ اللَّهِ يَتْلُونَ كِتَابَ اللَّهِ وَيَتَدَارَسُونَهُ بَيْنَهُمْ إِلَّا نَزَلَتْ عَلَيْهِمُ السَّكِينَةُ وَعَشِيَتْهُمُ الرَّحْمَةُ وَحَفَّتْهُمُ الْمَلَائِكَةُ، وَذَكَرَهُمُ اللَّهُ فِيمَنْ عِنْدَهُ، وَمَنْ بَطَأَ بِهِ عَمَلُهُ لَمْ يُسْرِعْ بِهِ نَسَبُهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(264) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang sinumang pumawi buhat sa isang mananampalataya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Mundo, magpapawi si Allāh buhat sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Araw ng Pagkabuhay. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nagigipit, paginhawahin siya ni Allāh sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang sinumang nagtakip sa isang Muslim, pagtatakpan siya ni Allāh sa Araw ng Pagkabuhay. Si Allāh ay handa sa pagtulong sa tao hanggat ang tao ay handa sa pagtulong sa kapwa niya. Ang sinumang tumahak ng isang daan habang naghahanap dahil doon ng isang kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya ng isang daan patungong Paraiso. Kapag may nagtitipon na mga tao sa isang bahay mula sa mga bahay ni Allāh, pagkataas-taas Niya, na binibigkas nila roon ang Aklat ni Allāh at nag-aaralan sila nito sa gitna nila, bababa sa kanila ang kapanatagan, babalutin sila ng awa, paliligiran sila ng mga anghel, at babanggitin sila ni Allāh sa sinumang nasa piling Niya. Ang sinumang pinabagal ng gawa niya, hindi siya pabibilisin ng kaangkanan niya." [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinaalam sa atin ng marangal na ḥadīth: Ang sinumang pumawi ng isang pighati buhat sa isang Muslim o nagpadali sa isang bagay na

mahirap sa kanya o nagtakip sa kanya ng isang kahinaan o kamalian, tunay na si Allah ay gaganti sa kanya ayon sa uri ng mga gawain niyang ipinakinabang niya. Si Allah, pagkataas-taas Niya, ay tumutulong sa tao sa pamamagitan ng pagpapanagumpay sa kanya sa buhay niya sa Mundo at buhay niya sa Kabilang-buhay kapag umaalalay siya sa kapatid niyang Muslim sa mga nauukol ditong mahirap dito. Ang sinumang tumahak ng isang daang pisikal gaya ng paglalakad patungo sa mga pagtitipon sa pag-aalaala kay Allah o mga pagtitipon ng maaalam na nagsasaliksik at nagsasagawa ng kaalaman nila, na nagnanais matuto, at tumahak sa daang espirituwal na nagpapahantong sa pagkamit ng kaalamang ito gaya ng mga pagrerepaso niya, pagbabasa niya, pag-iisip niya, pag-uunawa niya sa ipinararating sa kanya na mga kaalamang napakikinabangan, at iba pa, ang sinumang tumahak sa daang ito nang may layuning matuwid at tapat ay pananagumpayin si Allah sa kaalamang napakikinabangan at humahantong sa Paraiso. Ang mga nagtitipon sa isa sa mga bahay ni Allah para bumigkas ng Mahal na Qur'an at mag-aral nito, bibigyan sila ni Allah ng kapanatagan, kasaklawan ng awa, pagdalo ng mga anghel, at pagbubunyi sa kanila mula sa Kanya sa kataas-taasang pamunuan. Ang karangalan na lubos na karangalan ay ayon sa mga gawang matuwid hindi ayon sa mga kaangkanan at mga kalagayan.

### **Benefits from the Hadith:**

(4801)

(265) - عن أبي بَرزَةَ نَضَلَّهَ بن عبید الأسلمي رضي الله عنه مرفوعاً: «لا تَزُولُ قَدَمًا عَبْدٍ يَوْمَ الْقِيَامَةِ حَتَّى يُسْأَلَ عَنْ عُمُرِهِ فِيمَ أَفْنَاهُ؟ وَعَنْ عِلْمِهِ فِيمَ فَعَلَ فِيهِ؟ وَعَنْ مَالِهِ مِنْ أَيْنَ اكْتَسَبَهُ؟ وَفِيمَ أَنْفَقَهُ؟ وَعَنْ جِسْمِهِ فِيمَ أَبْلَاهُ؟». [صحيح] - [رواه الترمذي والدارمي]

(265) – Mula kay Abu Barzah Nadhlah Ibn Ubaid Al-aslamiy - Malugod sa kanya ang Allah-: ((Hindi makakagalaw ang dalawang paa ng isang alipin sa kabilang araw hangga't maitanong siya hinggil sa kanyang edad kung saan niya ito ginamit? at sa kanyang kaalaman kung ano ang ginawa niya dito? at sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinuha at kung saan niya ito ginastos? at sa kanyang pangangatawan kung papano niya ito nilustay?)). [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Hindi makakagalaw ang dalawang paa ng isang alipin mula sa kanyang kinatatayuan para maisagawa ang pagtimbang ng mga gawain niyang mabubuti at masasama, papuntang paraiso o patungong impyerno hangga't maitanong siya muna siya hinggil sa kanyang buhay dito sa mundong ibabaw kung pano niya itong ginamit, sa kabutihan o sa kasamaan? at sa kanyang kaalaman kung ano ang ginawa niya dito, isinakatuparan niya ba ito o hindi? at sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinuha, mula sa haram o halal? at papaano niya ito nilustay o ginastos, sa kawang gawa o kabutihan ba o sa paglabag sa batas ng dakilang Allah? at sa kanyang pangangatawan kung pano at saan niya ito ginamit, sa kabutihan o kasamaan?.

### Benefits from the Hadith:

(4950)

(266) – عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعاً: «السَّاعِي عَلَى الْأُرْمَلَةِ وَالْمِسْكِينِ، كَالْمُجَاهِدِ فِي سَبِيلِ اللَّهِ». وَأَحْسَبُهُ قَالَ: «وَالْقَائِمُ الَّذِي لَا يَفْطُرُ، وَالصَّائِمُ الَّذِي لَا يُفْطِرُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(266) – Ayon kay Abe Hurayrah-malugdo si Allah sa kanya-Hadith na Marfu:(( Ang naghahanap ng [kabutihan] para sa babaing balo at mahihirap,ay tulad ng nakikibaka sa landas ni Allah)) At iniisip kong Nagsabi siya ng: ((At tulad ng nagdadasal [sa gabi] na hindi napapagod,at tulad ng nag-aayuno na hindi humihinto [sa kanyang pag-aayuno] )) [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ipinapahayag ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na ang gumaganap ng kabutihan para sa ikabubuti ng babaing namatayan ng asawa,at sa mga mahihirap na nangangailangan,at gumugugol siya sa kanila,Ang gantimpala niya ay tulad ng Taong nakikibaka sa landas ni Allah,at ang Tumitindig ng pagdarasal sa gabi na hindi napapagod sa pagpapanatil ng pagsamba,at ang nag-aayuno na hindi humihinto [sa kanyang pag-aayuno]

### **Benefits from the Hadith:**

(3135)



(267) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيَقُلْ خَيْرًا أَوْ لِيَصْمُتْ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ جَارَهُ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ صَيفَهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(267) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa kapitbahay niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa panauhin niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang lingkod na mananampalataya kay Allāh at sa Huling Araw na tungo roon ang pangako sa kanya at naroon ang pagganti sa kanya sa gawa niya ay hinihimok ng pananampalataya niya sa paggawa ng mga gawaing ito:

UNA: Ang Magandang Salita: gaya ng tasbīh at tahlīl, pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway ng nakasasama, at pagsasaayos sa mga tao ngunit kung hindi siya makagagawa niyon ay manatili siya sa katahimikan, magpigil siya ng perhuwisyo niya, at mangalaga siya ng dila niya.

IKALAWA: Ang Pagpaparangal sa Kapit-bahay: Sa pamamagitan ng paggawa ng maganda sa kanya at hindi pamemerhuwisyo sa kanya.

IKATLO: Ang Pagpaparangal sa Panauhing Dumating Para sa Pagdalaw sa Iyo: Sa pamamagitan ng kaayahan ng pananalita, pagkakaloob ng pagkain, at tulad nito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pananampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay isang saligan ng bawat kabutihan at pumupukaw sa paggawa ng kabutihan.
2. Ang pagbibigay-babala sa mga salot ng dila.
3. Ang Relihiyong Islām ay Relihiyon ng Pagkapalagayang-loob at Karangalan.
4. Ang mga gawaing ito ay kabilang sa mga sangay ng pananampalataya at kabilang sa mga etiketang napapurihan.
5. Ang dami ng pagsasalita ay maaaring humatak tungo sa kinasusuklaman o ipinagbabawal. Ang kaligtasan ay nasa hindi pagsasalita malibang kaugnay sa kabutihan.

(5437)

(268) – عن أبي ذر رضي الله عنه قال: قال لي النبي صلى الله عليه وسلم: «لَا تَحْقِرَنَّ مِنْ الْمَعْرُوفِ شَيْئًا، وَلَوْ أَنْ تَلْقَى أَخَاكَ بِوَجْهِ طَلِقٍ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(268) – Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag ka ngang magmamaliit mula sa nakabubuti ng anuman, kahit man lamang na sumalubong ka sa kapatid mo nang may maaliwalas na mukha."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paggawa ng nakabubuti at na hindi magmaliit nito kahit pa man ito ay kaunti. Kabilang doon ang kaaliwalasan ng mukha sa pamamagitan ng pagngiti sa sandali ng pagkikita. Kaya naman nararapat sa Muslim na

magsigasig dito dahil sa dulot nito na pagpapasaya sa kapatid na Muslim at pagpapasok ng galak sa kanya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman ng pag-iibigan sa pagitan ng mga mananampalataya, pagngiti, at pagkagalak sa sandali ng pagkikita.
2. Ang kalubusan ng Batas ng Islām at ang Kasaklawan nito, na ito ay naghatid ng bawat anumang may kaayusan ng mga Muslim at pagbubuklod ng saloobin nila.
3. Ang paghimok sa paggawa ng nakabubuti kahit pa man kaunti.
4. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpapasok ng tuwa sa mga Muslim dahil sa dulot niyon na pagsasakatotohanan ng pagkapalagayang-loob sa pagitan nila.

(5348)

(269) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ مَسْعُودٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «عَلَيْكُمْ بِالصِّدْقِ، فَإِنَّ الصِّدْقَ يَهْدِي إِلَى الْبِرِّ، وَإِنَّ الْبِرَّ يَهْدِي إِلَى الْجَنَّةِ، وَمَا يَزَالُ الرَّجُلُ يَصْدُقُ وَيَتَحَرَّى الصِّدْقَ حَتَّى يُكْتَبَ عِنْدَ اللَّهِ صِدِّيقًا، وَإِيَّاكُمْ وَالْكَذِبَ، فَإِنَّ الْكَذِبَ يَهْدِي إِلَى الْفُجُورِ، وَإِنَّ الْفُجُورَ يَهْدِي إِلَى النَّارِ، وَمَا يَزَالُ الرَّجُلُ يَكْذِبُ وَيَتَحَرَّى الْكَذِبَ حَتَّى يُكْتَبَ عِنْدَ اللَّهِ كَذَّابًا». [صحيح] - [متفق عليه]

(269) – Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob at tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso. Hindi natitigil ang tao na nagpapakatapat at naghahangad ng katapatan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang napakatapat. Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat tunay na ang pagsisinungaling ay pumapatnubay tungo sa pagsasamasamang-loob at tunay na ang pagsasamasamang-loob ay pumapatnubay tungo sa Impiyerno. Hindi natitigil ang tao na nagsisinungaling at naghahangad ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapakatapat. Nagpabatid siya na ang pananatili rito ay nagpaparating sa maayos na permanenteng gawa at ang nagtitiyaga sa paggawa ng kabutihan ay nagpaparating sa tagagawa nito sa Paraiso. Hindi natitigil na nauulit-ulit sa kanya ang pagpapakatapat nang palihim at hayagan. Nagiging karapat-dapat siya sa katawagang napakatapat, na pagpapalabis sa pagpapakatapat. Pagkatapos nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa kasinungalingan at pagsasabi ng kabulaanan dahil ito ay pumupukaw sa pagkiling palayo sa pagpapakatuwid at tungo sa paggawa ng

kasamaan, katiwalian, at mga pagsuway, pagkatapos magpaparating sa kanya sa Impiyerno. Hindi siya tumigil na nagpaparami ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh na kabilang sa mga sinungaling.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang katapatan ay isang marangal na kaasalang natatamo sa pamamagitan ng pagkamit at pagsisikap sapagkat tunay na ang tao ay hindi tumitigil na nagpapakatapat at naghahangad ng katapatan hanggang sa ang katapatan ay maging isang katutubong gawi para sa kanya at isang kalikasan kaya itatala siya sa ganang kay Allāh na kabilang sa mga napakatapat at mga mabuting-loob.
2. Ang pagsisinungaling ay isang kapula-pulang kaasalan na nakakamit ng tagapagtaglay nito mula sa tagal ng pagsasagawa nito at paghahangad nito sa sinasabi at ginagawa, hanggang sa ito ay maging isang kaasalan at isang katutubong gawi, pagkatapos itatala siya sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) na kabilang sa mga palasinungaling.
3. Ang katapatan ay itinataguri sa katapatan ng dila, na salungat ng kasinungalingan. Ang katapatan ay nasa layunin, ang pagpapakawagas. Ang katapatan ay nasa pagtitika sa isang kabutihang nilayon. Ang katapatan ay nasa mga gawain. Ang pinakamababa nito ay pagkakapantay ng lihim dito at hayagan dito. Ang katapatan ay nasa mga sitwasyon, gaya ng katapatan sa pangamba, pag-asa, at iba pa sa dalawang ito. Kaya ang sinumang nailarawan sa gayon, siya ay napakatapat; o sa ilan sa mga ito, siya ay tapat.

(5504)

(270) – عن جرير بن عبد الله رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ

لَا يَرْحَمِ النَّاسَ لَا يَرْحَمُهُ اللَّهُ عَزَّ وَجَلَّ». [صحيح] - [متفق عليه]

(270) – Ayon kay Jarīr bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang hindi naaawa sa mga tao ay hindi maaawa sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililina ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang hindi naaawa sa mga tao ay hindi maaawa sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Kaya naman ang pagkaawa ng tao sa nilikha ay kabilang sa pinakamalaki sa mga kadahilanan na ikinatatamo ng awa ni Allāh (napakataas Siya).

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkaawa ay hinihiling para sa nalalabi sa mga nilikha subalit itinangi ang mga tao sa pagbanggit bilang pagpapahalaga sa kanila.
2. Si Allāh ay ang Maawain at naaawa sa mga lingkod Niya na mga maaawain sapagkat ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain.
3. Ang pagkaawa sa mga tao ay sumasaklaw sa pagpapaabot ng kabutihan sa kanila. pagtaboy ng kasamaan palayo sa kanila, at pakikitungo sa kanila ayon sa pinakamaganda.

(5439)

(271) – عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «الرَّاحِمُونَ يَرْحَمُهُمُ الرَّحْمَنُ، ارْحَمُوا أَهْلَ الْأَرْضِ يَرْحَمَكُم مِّنَ السَّمَاءِ». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وأحمد]

(271) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang mga naaawa ay kaaawaan sila ng Napakamaawain. Kaawaan ninyo ang mga naninirahan sa lupa, kaaawaan kayo Niyang nasa langit."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililina ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga naaawa sa iba ay kaaawaan ng Napakamaawain sa pamamagitan ng awa Niya na sumakop sa bawat bagay bilang ganting karampanan.

Pagkatapos nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na maawa sa lahat ng mga nasa lupa na tao o hayop o ibon o iba pa kabilang sa mga uri ng nilikha at ang ganti roon ay na maawa sa inyo si Allāh mula sa ibabaw ng mga langit Niya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang Relihiyong Islām ay relihiyon ng pagkaawa. Ito ay nakasalalay sa kabuuan nito sa pagtalima kay Allāh at paggawa ng maganda sa nilikha.
2. Si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nailalarawan sa pagkaawa. Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang Napakamaawain, ang Maawain, na nagpapaabot ng awa sa mga lingkod Niya.
3. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain, kaya naman ang mga naaawa ay kaaawaan sila ni Allāh.

(272) - عن عبد الله بن عمرو وجابر بن عبد الله رضي الله عنهم مرفوعاً: «المسلم من سلم المسلمون من لسانه ويده، والمهاجر من هجر ما نهى الله عنه».

وعن أبي موسى رضي الله عنه قال: قلت: يا رسول الله أيُّ المسلمين أفضل؟ قال: «مَنْ سَلِمَ المسلمون من لسانه ويده». [صحيح] - [حديث عبد الله بن عمرو رضي الله عنه: متفق عليه  
حديث جابر رضي الله عنه: رواه مسلم  
حديث أبي موسى رضي الله عنه: متفق عليه]

(272) – Ayon kina `Abdullāh bin `Amr at Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Ang Muslim ay ang sinumang ligtas ang mga Muslim mula sa dila niya at kamay niya. Ang lumilikas ay ang sinumang umiwan ng ipinagbawal ni Allah." Ayon kay Abū Mūsā, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Nagsabi ako: 'O Sugo ni Allah, alin sa mga Muslim ang pinakamainam?' Nagsabi siya: 'Ang sinumang ligtas ang mga Muslim mula sa dila niya at kamay niya.'" [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang Muslim ay ang sinumang ligtas ang mga Muslim mula sa dila niya kaya naman hindi niya sila nilalait, hindi niya sila isinusumpa, hindi niya sila nililibak, at hindi siya naghahasik sa gitna nila ng anumang uri ng kasamaan at kasiraan. Naligtas sila sa kamay niya kaya naman hindi siya nangangaway sa kanila, hindi niya kinukuha ang mga ari-arian nila nang hindi ayon sa katarungan, at anumang kawangis niyon. Ang lumilikas ay ang sinumang umiwan sa ipinagbawal ni Allah.

### Benefits from the Hadith:

(10101)



(273) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «حَقُّ الْمُسْلِمِ عَلَى الْمُسْلِمِ خَمْسٌ: رَدُّ السَّلَامِ، وَعِيَادَةُ الْمَرِيضِ، وَاتِّبَاعُ الْجَنَائِزِ، وَإِجَابَةُ الدَّعْوَةِ، وَكَشْمِيتُ الْعَاطِسِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(273) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang karapatan ng Muslim sa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagdalo sa libing, ang pagtugon sa paanyaya, at ang pagsambit ng tashmīt sa bumahin."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ilan sa mga karapatan ng Muslim sa kapwa niyang Muslim. Ang kaunahan sa mga karapatang ito ay ang pagtugon sa pagbati ng sinumang nagbigay sa iyo ng pagbati.

Ang ikalawang karapatan ay ang pagdalaw sa maysakit at ang pagbisita sa kanya.

Ang ikatlong karapatan ay ang pagdalo sa libing niya mula sa bahay niya hanggang sa pinagdarasalan hanggang sa sementeryo hanggang sa mailibing.

Ang ikaapat na karapatan ay ang pagtugon sa paanyaya niya kapag nag-anyaya sa isang piging ng kasal at iba pa roon.

Ang ikalimang karapatan ay ang pagsasagawa ng tashmīt sa bumahin. Ito ay ang magsabi sa kanya, kapag nagsabi siya ng Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh), ng Yarḥamuka –llāh (Maawa nawa sa iyo si Allāh). Pagkatapos magsasabi naman ang bumahin ng Yahdīkumu –llāhu wa-yuṣliḥu bālakum (Magpatnubay nawa sa inyo si Allāh at magsaayos ng lagay ninyo).

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kadakilaan ng Islām sa pagbibigay-diin sa mga karapatan sa pagitan ng mga Muslim at pagpapatibay sa kapatiran at pag-ibig sa pagitan nila.

(3706)

(274) – عن عبد الله بن عمرو بن العاص رضي الله عنهما مرفوعاً: أن رجلاً سأل رسول الله صلى الله عليه وسلم: أي الإسلام خير؟ قال: «تطعم الطعام وتقرأ السلام على من عرفت ومن لم تعرف». [صحيح] - [متفق عليه]

(274) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr Al-`Āṣṣ, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Na may isang lalaking nagtanong sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Aling Islam ang pinakamabuti? Nagsabi siya: Magpakain ka ng pagkain at bumati ka ng kapayapaan sa sinumang kilala mo at hindi mo kilala." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagtanong ang mga Kasamahan kung aling Islam ang mabuti. Ibig sabihin: Alin sa mga kaasalan sa Islam o mga katangian ng alagad nito ang pinakamainam sa gantimpala [ni Allah] o higit na marami sa pakinabang? Sumagot ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Magpakain ka ng pagkain at bumati ka ng kapayapaan sa sinumang kilala mo at hindi mo kilala."

## Benefits from the Hadith:

(5808)

(275) - عن أبي هريرة قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَلَا أَدُلُّكُمْ عَلَى مَا يَمْحُو اللَّهُ بِهِ الْخَطَايَا وَيَرْفَعُ بِهِ الدَّرَجَاتِ؟» قالوا: بلى، يا رسول الله، قال: «إِسْبَاغُ الوُضُوءِ عَلَى الْمَكَارِهِ، وَكَثْرَةُ الخَطَا إِلَى الْمَسَاجِدِ، وَانتِظَارُ الصَّلَاةِ بَعْدَ الصَّلَاةِ فَذَلِكَ الرَّبَاطُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(275) – Ayon kay Abē Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:Nagsabi Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:-Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo Ang mga gawain na patatawarin sa inyo ni Allah dahil dito Ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?) Nagsabi sila: Oo , O Sugo ni Allah, Nagsabi siya:((Paglagom ng Wudhū sa mga kinamumunghian, at pagpaparami ng mga Hakbang sa Masjid,at paghihintayng dasal pagkatapos ng dasal,ito para sa inyo ang Pagbabantay [para sa daan ni Allah])) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinahayag ng Propeta pagapalain siya ni Allah at pangalagaan sa mga kasamahan niya ang isang paghayag, at nalalaman niya kung ano ang sasabihin nila na sagot sa sagot niya,at ito ay kabilang sa napakabuting pagtuturo niya sumakanya ang pagpapala at pangangalaga,Na minsan ay hinahayag niya ang tinatalakay, ng paghahayag upang mapag-ingat ang tao dito.at malaman niya kung ano ang masasabi niya sa kanya,Nagsabi siya:Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo ang mga gawain na patatawarin ni Allah sa inyo dahil dito ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?Nagsabi sila:Oo,O Sugo ni Allah, Ibig sabihin ay:Sabihin mo ito sa amin sapagkat gusto namin na sabihin mo sa amin kung ano ang makakapagtaas sa aming antas at makakapagpatawad sa aming kasalanan: Nagsabi siya:Ang una: Pagpapaganap ng Wudhu sa kalagayan ng pagkamunghi ng sarili rito,tulad sa mga araw na taglamig;Sapagkat sa araw ng taglamig, ang tubig ay nagiging malamig,at kapag ginanap ng tao Ang pagsasagawa niya ng Wudhu

kahit na kaakibat ang mga paghihirap na ito, nagpapatunay ito sa pagiging ganap na pananampalataya, kaya't itataas ng Allah rito ang Antas ng kanyang alipin at patatawarni sa kanya ang mga kasalanan niya. Pangalawa: Kapag naging layunin ng tao ang [pagpunta] ng Masjid, Sapagkat ipinagbawal-uutos sa kanya ang pagpunta rito, at ito ay sa limang beses na pagdarasal, kahit na malayo ang Masjid. Pangatlo: Kapag nanabik ang tao sa mga Dasal, sa bawat oras na matapos ang dasal, ang puso niya ay naka-ugnay sa ibang dasal at hihintayin niya ito. Ang mga ito ay nagpapatunay sa pananampalataya niya at pagmamahal niya at pananabik Niya sa mga dakilang dasal na ito, At kapag siya ay naghintay ng dasal Pagkatapos ng dasal, tunay na ito ay kabilang sa mga pinapataas ni Allah dahil dito ang mga antas, at pinapatawad dahil dito ang mga kasalanan. Pagkatapos ay sinabi nga Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang pagpapanatili sa mga Kalinisan at Dasal at Pagsamba ay kahalintulad ng Pagbabantay sa daan ng Allah

### **Benefits from the Hadith:**

(3574)

(276) - عن أبي هريرة رضي الله عنه مرفوعًا: "المؤمن القوي، خيرٌ وأحبُّ إلى الله من المؤمن الضعيف، وفي كلِّ خيرٍ، احرص على ما ينفعك، واستعين بالله ولا تعجز، وإن أصابك شيء، فلا تقل لو أني فعلت كان كذا وكذا، ولكن قل قدَّر الله وما شاء فعل، فإن لو تفتح عمل الشيطان".  
[صحيح] - [رواه مسلم]

(276) – Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.sa Hadith na Marfu-Ang Mananampalatayang malakas ay higit na mainam at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina at sa lahat ng kabutihan,Magsumikap ka sa mga bagay na makakapag-pakinabang sa iyo,at Humiling ka ng tulong kay Allah at huwag kang mawalan ng pag-asa,at kapag dumating sa iyo ang pagsubok,Huwag mong sabihing;Kung ginawa ko lamang ito,di sana ay magiging ganito at ganito,Ngunit sabhin mong ;Ito ay itinakda ni Allah,at ang anumang ibigin Niya ay magaganap,Sapagkat ang [salitang] Kung;ay nagbubukas sa mga gawain ni Satanas. [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang mananampalatayang malakas sa pagkatakot niya;at hindi ibig sabihin na malakas ang katawan niya;Higit na mainam kaysa mananampalatayang mahina;at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina.At ang mananampalatayang malakas at mahina;kapag nagkapantay sa takot kay Allah,Tunay na sa malakas ang pakinabang niya ay umaabot sa iba,Ngunit ang mahina ,ang pakinabang niya ay limitado sa kanyang sarili.Kung-kaya ang malakas ay higit na mainam kaysa mahina,at sa lahat ng kabutihan;Upang hindi isipin ng isa sa mga tao na ang Mananampalatayang mahina ay walang nagagawang kabutihan,Datapuwat ang Mananampalatayang mahina ay may kabutihan,at walang pagdududa na siya ay higit na mainam kaysa Hindi mananampalataya,Pagkatapos ay nangaral ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang Ummah niya ng

pangangaral sa pangkalahatan na Pagbabawal,Ipinag-utos niya sa kanila ang pagsusumikap sa pagkamit at paggawa ng mga bagay na may pakinabang sa kanila, maging ito may sa Relihiyon o sa Mundo,At kapag nagkasalungat ang Pakinabang sa Relihiyon at pakinabang sa Mundo,Uunahin ang pakinabang sa Relihiyon,dahil kapag naging mabuti ang Relihiyon magiging mabuti rin ang Mundo,Ngunit ang Mundo,kapag ito ay nanging mabuti at nasira ang Relihiyon,Tunay na ito ay masisira.At ang magpakukop kay Allah kahit sa mga maliit na bagay,at huwag silang kumiling tungo sa katamaran at kawalan ng kakayahan.Pagkatapos ay ipinag-utos niya sa kanila pagkatapos magsumikap at gawin ang makakaya nila,at magpakupkop kay Allah at magpapatuloy sa paggawa,Na kapag lumabas ang pangyayari na salungat sa kanilang ninanais,na huwag nilang sabihing:Kung ginawa lang natin,ito ay magiging ganito;Dahil ang mga bagay na ito ay hindi abot ng kanilang kakayahan,Kaya ang tao ay gagawa sa kung ano ang ipinag-utos sa kanya,At ang Kalooban ni Allah ang siyang laging nangyayari,At ang salitang Kung,ay bumubukas sa mga tukso,kalungkutan,pagsisisi,at pagbabagabag.Ngunit nararapat sa tao na sabihin niya ang naisalaysay: At ang kahulugan nito ay:Ito ay itinakda ni Allah at kapalaran,mula sa kanya-at ang anumang ibigin ni Allah-Kamahal-mahalan siya at kapaita-pitagan ay gagawin niya.

### **Benefits from the Hadith:**

(5493)

(277) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «قَارِبُوا وَسَدِّدُوا، وَاعْلَمُوا أَنَّهُ لَنْ يَنْجُوَ أَحَدٌ مِنْكُمْ بِعَمَلِهِ» قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ وَلَا أَنْتَ؟ قَالَ: «وَلَا أَنَا، إِلَّا أَنْ يَتَّعَمِدَنِي اللَّهُ بِرَحْمَةٍ مِنْهُ وَفَضْلٍ». [صحيح] - [متفق عليه]

(277) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Makipaglapitan kayo [sa mabuti], magtama kayo, at umalam kayo na walang maliligtas na isa man mula sa inyo dahil sa gawa niya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ikaw?" Nagsabi siya: "Ni ako, maliban na lumipos sa akin si Allāh ng isang awa mula sa Kanya at isang kabutihang-loob."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Humihimok ang Propeta (s) sa mga Kasamahan na gumawa sila ng mabuti, na mangilag silang magkasala kay Allah sa abot ng nakaya nila nang walang pagpapalabis at walang pagpapakulang, at na magpakay sila sa paggawa nila ng wasto sa pamamagitan ng pagpapakawagas kay Allah at pagsunod sa Sunnah upang tanggapin ang gawa nila para ito ay maging isang kadahilanan ng pagbaba ng awa sa kanila.

Pagkatapos nagpabatid siya sa kanila na hindi makapagliligtas sa isa sa inyo ang gawa niya lamang; bagkus hindi makaiiwas sa awa ni Allāh.

Nagsabi sila: "Kahit po ba ikaw, O Sugo ni Allāh, ay hindi makapagliligtas sa iyo ang gawa mo sa kabila ng bigat ng sukat niyon?"

Kaya nagsabi siya: "Kahit ako, maliban na magtakip sa akin si Allāh ng kagandahang-loob ng awa Niya."

### Benefits from the Hadith:

1. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: "Ang {Magtama kayo at makipaglapitan kayo} ay hilingin ninyo ang tama at gumawa

kayo ayon dito. Kung nawalang-kakayahan kayo, makipaglapitan kayo, ibig sabihin: lumapit kayo roon. Ang tama ay ang wasto. Ito ay sa pagitan ng pagpapalabis at pagpapakulang, kaya naman huwag kayong magpakalabis-labis at huwag kayong magkulang.

2. Nagsabi si Shaykh Ibnu Bāz: Ang mga gawaing maayos ay ang mga kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso kung paanong ang mga gawaing karima-rimarim ay ang mga kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno. Ang ḥadīth ay naglilinaw na ang pagpasok nila sa Paraiso ay hindi dahil sa payak na paggawa; bagkus hindi makaiwas sa paumanhin ni Allāh at awa Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Kaya sila ay papasok doon dahil sa mga kadahilanan ng mga gawa nila; subalit ang nag-obliga niyon ay ang awa Niya (kaluwalhatian sa Kanya), ang paumanhin Niya, at ang pagpapatawad Niya.
3. Ang tao ay huwag malilinlang at humanga sa gawain niya sa ano man umabot ito dahil ang karapatan ni Allāh ay higit na dakila kaysa sa gawa niya. Kaya walang pag-iwas sa tao sa pangamba at pag-asa nang magkasabay.
4. Ang kabutihang-loob ni Allāh at ang awa Niya sa mga lingkod Niya ay higit na malawak kaysa sa mga gawain nila.
5. Ang mga gawaing maayos ay isang kadahilanan sa pagpasok sa Paraiso. Ang pagtamo nito ay tanging sa pamamagitan ng kabutihang-loob ni Allāh at awa mula sa Kanya.
6. Nagsabi si Imām Al-Kirmānīy: Kapag ang lahat ng mga tao ay hindi papasok sa Paraiso kundi dahil sa awa ni Allāh, ang punto ng pagtatangi sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbanggit ay na kapag naging natitiyak para sa kanya na siya ay papasok sa Paraiso ngunit hindi siya



papasok doon kundi dahil sa awa ni Allāh, ang iba sa kanya kaugnay roon sa isang banda ay ang higit na marapat.

7. Nagsabi si Imām An-Nawawīy: Hinggil sa kahulugan ng sabi ni Allāh (Qur'ān 16:32): {Magsipasok kayo sa Paraiso dahil sa dati ninyong ginagawa.}, (Qur'ān 43:72): {Iyon ay ang Paraiso na ipinamana sa inyo dahil sa dati ninyong ginagawa.}, at tulad ng dalawang ito kabilang sa mga talata na nagpapatunay na ang mga gawain ay ikapapasok sa Paraiso, hindi iyon nakikipagsalungatan sa mga ḥadīth na ito; bagkus ang kahulugan ng mga talata ay na ang pagpasok sa Paraiso ay dahil sa mga gawain, pagkatapos dahil sa pagtutuon sa mga gawain, kapatnubayan sa pagpapakawagas sa mga ito, at pagtanggap sa mga ito dahil sa awa ni Allāh (napakataas Siya) at kabutihang-loob Niya. Kaya natutumpak na ang tao ay hindi papasok sa Paraiso dahil sa payak na gawain, na siyang tinutukoy ng mga ḥadīth. Natutumpak na siya ay papasok dahil sa mga gawain, na ibig sabihin: dahil sa mga ito, na bahagi ng awa [ni Allāh].
8. Nagsabi si Imām Ibnu Al-Jawzīy: "Inireresulta buhat doon ang apat na sagot. A. Na ang pagkatuon sa paggawa [ng mabuti] ay bahagi ng awa ni Allāh; at kung sakaling hindi dahil sa naunang awa ni Allāh, hindi nangyari ang pananampalataya ni ang pagtalima, na natatamo sa pamamagitan ng mga ito ang kaligtasan. B. Na ang mga kapakinabangan ng alipin ay para sa amo niya kaya ang gawain niya ay karapat-dapat ukol sa pinapanginoon niya; sapagkat ang anumang ibiniyaya sa kanya na ganti, ito ay mula sa kabutihang-loob nito. C. Nasaad sa ilan sa mga ḥadīth na ang mismong pagpasok sa Paraiso ay dahil sa awa ni Allāh at ang pagkahati-hati ng mga antas ay dahil sa mga gawain. D. Na ang mga gawain ng mga pagtalima ay sa loob ng isang kaunting panahon samantalang ang

gantimpala ay hindi nauubos, kaya naman ang pagbibiyaya na hindi nauubos ay nasa ganting hindi nauubos ang kabutihang-loob, hindi dahil sa pagtutumbas sa mga [mabuting] gawain.

9. Nagsabi si Imām Ar-Rāfi`iy: Na ang tagagawa ay hindi nararapat na umaasa sa gawa niya sa paghiling ng kaligtasan at pagtamo ng mga antas dahil siya ay gumawa lamang dahil sa pagtutuon ni Allāh at nagwaksi lamang ng pagsuway dahil sa pagsasanggalang ni Allāh, kaya naman ang lahat ng iyon ay dahil sa kabutihang-loob Niya at awa Niya.

(3469)

(278) - عن ابن عمر رضي الله عنهما قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَا زَالَ يُوصِينِي جِبْرِيلُ بِالْحَجَّارِ، حَتَّى ظَنَنْتُ أَنَّهُ سَيُورِّثُهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(278) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi tumigil na nagtatagubilin sa akin si Gabriel hinggil sa kapitbahay hanggang sa nagpalagay ako na siya ay magpapamana rito."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Anghel Gabriel ay hindi tumigil na nag-uulit-ulit sa kanya at nag-uutos sa kanya ng pagmamalasakit sa kapitbahay na malapit sa tahanan niya, na Muslim man o hindi Muslim, kamag-anak man o hindi kamag-anak, sa pamamagitan ng pag-iingat sa karapatan nito at hindi pamemerhuwisyo rito, paggawa ng maganda rito, at pagtitiis sa perhuwisyo nito hanggang sa nagpalagay siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), dahil sa pagdakila sa karapatan ng kapitbahay at pag-uulit ni Anghel Gabriel niyon, na bababa ang pagsisiwalat ng

pagbibigay sa kanya mula sa yaman ng kapitbahay na maiiwan nito matapos ng pagpanaw nito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang bigat ng karapatan ng kapitbahay at ang pagkakinakailangan ng pagsasaalang-alang niyon.
2. Ang pagbibigay-diin sa karapatan ng kapitbahay sa pamamagitan ng habilin ay humihiling ng pagkakailangan ng pagpaparangal sa kanya, pagmamahal at paggawa ng maganda sa kanya, pagtulak ng pinsala palayo sa kanya, pagdalaw sa kanya sa sandali ng pagkakasakit, pagbati sa kanya sa sandali ng pagkatuwa, at pakikiramay sa kanya sa sandali ng kasawian.
3. Sa tuwing ang pintuan ng kapitbahay ay higit na malapit, ang karapatan niya ay higit na tiyak.
4. Ang kalubusan ng Batas ng Islām kaugnay sa inihatid nito kabilang sa anumang naroon ang kaayusan ng lipunan na paggawa ng maganda sa mga kapitbahay at pagtulak ng pinsala palayo sa kanila.

(4965)

(279) – عن أبي الدرداء رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ رَدَّ عَنْ عَرَضٍ أَخِيهِ رَدَّ اللَّهُ عَنْ وَجْهِهِ النَّارَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ». [صحيح] - [رواه الترمذي وأحمد]

(279) – Ayon kay Abū Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagsanggalang sa dangal ng kapatid niya, magsasanggalang si Allāh sa mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagbangon."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagtanggol sa dangal ng kapatid niyang Muslim sa sandali ng pagkaliban nito sa pamamagitan ng pagpigil sa pagpula rito o paggawa ng masagwa rito, tunay na si Allāh ay magsasanggalang sa kanya sa pagdurusa sa Araw ng Pagbangon.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsaway laban sa pagsasalita kaugnay sa mga dangal ng mga Muslim.
2. Ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain. Kaya ang sinumang nagsanggalang sa dangal ng kapatid niya, magsasanggalang si Allāh sa kanya sa Impiyerno.
3. Ang Islām ay Relihiyon ng pagkakapatiran at pag-aadyaan sa pagitan ng mga alagad nito.

(5514)

(280) – عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ، حَتَّى

يُحِبَّ لِأَخِيهِ مَا يُحِبُّ لِنَفْسِهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(280) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hindi naisasakatotohanan ang kumpletong pananampalataya para sa isa sa mga Muslim hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya na mga pagtalima at mga uri ng mga kabutihan sa buhay panrelihiyon at buhay pangmundo at kasuklaman niya para rito ang kinasusuklaman niya para sa sarili niya. Kaya kung nakakita siya sa kapatid niyang Muslim ng isang kakulangan sa buhay panrelihiyon nito, magsusumikap siya na magsaayos nito; at kung nakakita siya rito ng isang kabutihan, magtatama siya rito, tutulong siya rito, at magpapayo siya rito kaugnay sa nauukol sa buhay panrelihiyon nito o buhay pangmundo nito.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagkakinakailangan ng pag-ibig ng tao sa kapatid niya ng iniibig niya para sa sarili niya dahil ang pagkakaila ng pananampalataya sa sinumang hindi umiibig para sa kapatid niya ng iniibig niya para sa sarili niya ay nagpapahiwatig ng pagkakinakailangan niyon.
2. Ang kapatiran kay Allāh ay higit sa kapatiran ng kaangkanan sapagkat ang karapatan niyon ay higit na kinakailangan.

3. Ang pagbabawal sa anumang sumasalungat sa pag-ibig na ito kabilang sa mga sinasabi at mga ginagawa gaya ng pandaraya, panlilibak, pagkainggit, at paglabag sa sarili ng Muslim o ari-arian niya o dangal niya.
4. Ang paggamit ng ilan sa mga pananalitang nag-uudyok sa paggawa batay sa sabi ng Propeta: "para sa kapatid niya."
5. Nagsabi si Al-Kirmānīy (kaawaan siya ni Allāh): Bahagi ng pananampalataya rin na mamuhi siya para sa kapatid niya ng kinamumuhian niya para sa sarili niya na kasamaan. Hindi siya bumanggit nito dahil ang pag-ibig sa anuman ay nag-oobliga ng pagkamuhi sa kabaliktaran nito kaya ang pag-iwan sa pagsasateksto nito ay may kasapatan.

(4717)

(281) – عن عائشة رضي الله عنها زوج النبي صلى الله عليه وسلم عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «إِنَّ الرَّفْقَ لَا يَكُونُ فِي شَيْءٍ إِلَّا زَانَهُ، وَلَا يُنْزَعُ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا شَانَهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(281) – Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), na maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na ang kabanayaran ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang gumagayak ito roon at hindi naalis ito mula sa isang bagay malibang nagpapapangit ito roon."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kabanayaran, ang kalumanayan, at ang pagpapakahinay-hinay sa pagsasabi at paggawa ay nakadaragdag sa mga bagay-bagay ng

karikitan, kalubusan, at kagandahan; at higit na marapat na makaabot ang tagapagtaglay ng mga ito sa pangangailangan niya.

Ang kawalan ng kabanayaran ay pumipintas sa mga bagay-bagay, nagpapapangit sa mga ito, at pumipigil sa tagapagtaglay ng mga ito sa pag-abot sa pangangailangan niya. Kung nakaabot man siya nito, kalakip naman ng hirap.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagsasakaasalan ng kabanayaran.
2. Ang kabanayaran ay gumagayak sa tao. Ito ay isang kadahilanan ng bawat kabutihan sa mga nauukol sa Relihiyon at Mundo.

(5796)

(282) – عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «إِنَّ الدِّينَ يُسْرٌ، وَلَنْ يُشَادَّ الدِّينَ أَحَدٌ إِلَّا غَلَبَهُ، فَسَدِّدُوا وَقَارِبُوا، وَأَبْشِرُوا، وَأَسْتَعِينُوا بِالْعَدْوَةِ وَالرَّوْحَةِ وَشَيْءٍ مِنَ الدُّلْحَةِ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(282) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang Relihiyong Islām ay magaan. Hindi makikipagmatigasan sa Relihiyong Islām ang isa malibang mananaig ito sa kanya. Kaya magtama kayo, makipaglapit kayo, magalak kayo, at magpatulong kayo [kay Allāh] sa umaga, hapon, at isang bahagi ng gabi."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Relihiyong Islām ay nakabatay sa pagpapagaan at kadalian sa lahat ng mga pumapatungkol dito. Nabibigyang-diin ang pagpapagaan sa

sandali ng pag-iral ng kadahilanan ng kawalang-kakayahan at pangangailangan at dahil ang pagpapakalalim sa mga gawaing panrelihiyon at pagwaksi ng kalumayan ay magreresulta ng kawalang-kakayahan at pagkatigil sa paggawa sa kabuuan nito o isang bahagi nito. لا شيء فيه Pagkatapos humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapakakatamtaman nang walang pagpapalabis-labis kaya naman hindi magkukulang ang tao sa ipinag-utos sa kanya at hindi siya magbabata ng hindi niya nakakayanan. Kung nawalang-kakayahan siya sa paggawa ayon sa pinakakumpleto, ang gagawan ay ayon sa nalalapit doon.

Nagbalita ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng nakagagalak hinggil sa masaganang gantimpala sa gawaing palagian, kahit pa kaunti, ng sinumang nawalang-kakayahan sa paggawa ayon sa pinakakumpleto dahil ang kawalang-kakayahan, kapag naging hindi mula sa kagagawan niya, ay hindi nag-oobliga ng pagkabawas sa pabuya sa kanya.

Yayamang ang Mundo sa reyalidad ay isang tahanan ng paglalakbay at isang paglipat tungo sa Kabilang-buhay, nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapatulong sa pagpapamalagi ng pagsamba sa pamamagitan ng pagganap sa mga ito sa tatluhang nagpapasiglang oras:

A. Ang Umaga: sa pamamagitan ng pagkilos sa unang bahagi ng maghapon, ang nasa pagitan ng ṣalāh sa madaling-araw hanggang sa pagsikat ng araw.

B. Ang Hapon: sa pamamagitan ng pagkilos matapos ng katanghaliang-tapat.

C. Ang Gabi: sa pamamagitan ng pagkilos sa gabi sa kabuuan nito o isang bahagi nito; at dahil ang paggawa sa gabi ay higit na mahirap kaysa sa paggawa sa maghapon, nag-utos siya ng isang bahagi nito sa pamamagitan ng pagsabi niya: "at isang bahagi ng gabi."



## Benefits from the Hadith:

1. Ang kadalian at ang kaluwagan ng Batas ng Islām at ang pagpapakakatamtaman nito sa pagitan ng pagpapalabis at pagpapakulang.
2. Kailangan sa tao na magsagawa sa utos sa abot ng kakayahan niya, nang walang pagwawalang-bahala o pagpapatindi.
3. Kailangan sa tao na mamili ng mga oras ng kasiglahan sa pagsamba. Ang tatlong oras na ito, sa pagsasaalang-alang sa mga ito, ay ang pinakamaginhawang sandali ng katawan para sa pagsasamba.
4. Nagsabi si Ibnu Hajar Al-`Asqalānīy: Para bang siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kumausap sa isang manlalakbay patungo sa isang pinapakay. Ang tatlong oras na ito ay ang pinakakaaya-aya sa mga oras ng manlalakbay kaya tumawag-pansin siya rito sa mga oras ng kasiglahan nito. Ito ay dahil ang manlalakbay, kapag naglakbay sa gabi at maghapon nang magkasama, ay nanghihina at nawawalay. Kapag hinangad niya ang maglakbay sa mga oras na nagpapasigla, magbibigay-kakayahan sa kanya ang pagpapamalagi nang walang hirap.
5. Nagsabi pa si Ibnu Hajar: Ang pahiwatig sa ḥadīth na ito ay ang paggamit ng permisong legal sapagkat tunay na ang paggamit ng pagmamatigas sa halip ng permiso ay pagpapakaselan, gaya ng sinumang nagwawaksi ng tayammum sa sandali ng kawalang-kakayahan sa paggamit ng tubig kaya nagpapahantong sa kanya ang paggamit ng tubig sa pagtamo ng pinsala.
6. Nagsabi si Ibnu Al-Munīr: Sa ḥadīth na ito ay may isang tanda kabilang sa mga tanda ng pagkapropeta sapagkat nakakita nga tayo at nakakita nga ang mga tao bago natin na ang bawat

nagpapakaselan sa Relihiyon ay nalalagot. Ang tinutukoy ay hindi ang pagpigil sa paghahangad ng pinakakumpleto sa pagsamba sapagkat ito ay kabilang sa mga bagay na pinapupurihan; bagkus ang pagpigil sa pagpapalabis na nauuwi sa pagkasawa o ang pagpapasobra sa pagkukusang-loob na humahantong sa pagwaksi ng pinakamainam o ang pagpapalabas sa tungkulin lampas sa oras nito gaya ng sinumang magdamag na nagdarasal sa gabi sa kabuuan nito kaya nakatulog sa oras ng ṣalāh sa madaling-araw sa konggregasyon o hanggang sa sumikat ang araw kaya nakalampas ang oras ng tungkulin.

(5795)

(283) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «يَسِّرُوا وَلَا تَعَسِّرُوا، وَبَشِّرُوا وَلَا تُنْفِرُوا». [صحيح] - [متفق عليه]

(283) – Ayon kay Anas bin Mālīk (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magpagalak kayo at huwag kayong magpalayo ng loob."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapagaan at pagpapadali sa mga tao at hindi pagpapahirap sa kanila sa lahat ng mga nauukol sa Relihiyon at Mundo. Iyon ay sa mga hangganan ng ipinahintulot at isinabatas ni Allāh.

Humihimok siya ng pagpapagalak sa kanila sa pamamagitan ng kabutihan at hindi pagpapalayo ng loob nila rito.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kinakailangan sa mananampalataya ay na magpaibig siya sa mga tao kay Allāh at magpagusto siya sa kanila sa kabutihan.
2. Nararapat sa tagapag-anyaya tungo kay Allāh na tumingin nang may karunungan sa pamamaraan ng pagpapaabot ng paanyaya ng Islām sa mga tao.
3. Ang pagpapagalak ay nagbubunga ng tuwa, pag-aasikaso, at kapanatagan para sa tagapag-anyaya at para sa inaalok niya sa mga tao.
4. Ang pagpapahirap ay nagbubunga ng kalayuan ng loob, pagtalikod, at pagpapaduda sa pananalita ng tagapag-anyaya.
5. Ang lawak ng awa ni Allāh sa mga lingkod Niya at na Siya ay nalugod para sa kanila ng isang relihiyong maluwag at isang batas na pinadali.
6. Ang pagpapadaling ipinag-uutos ay ang isinaad ng Batas ng Islām.

(5866)

(284) – عن أنس رضي الله عنه قال: كُنَّا عِنْدَ عُمَرَ فَقَالَ: «نُهَيْنَا عَنِ التَّكْلِيفِ». [صحيح]

[رواه البخاري]

(284) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami minsan ay nasa piling ni `Umar saka nagsabi siya: "Sinaway kami laban sa pagpapahirap-hirap."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid si `Umar (malugod si Allāh sa kanya) na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway sa kanila

laban sa pagsasagawa ng anumang may pahirap na wala namang pangangailangan doon, maging ito man ay salita o gawa.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Bahagi ng pagpapakahirap-hirap na sinasaway ang dami ng pagtatanong o na magpakahirap-hirap sa anumang wala namang kaalaman o magpakahigpit sa isang bagay na gumawa si Allāh dito ng isang kaluwagan.
2. Nararapat sa Muslim na magsanay siya
3. ng sarili niya sa kaluwagan at kawalan ng pagpapakahirap-hirap sa salita at gawa: sa pagkain niya, inumin niya, mga sinasabi niya, at nalalabi sa mga kalagayan niya.
4. Ang Islām ay Relihiyon ng ginhawa.

(8945)

(285) - عن ابن عمر رضي الله عنهما أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «إِذَا أَكَلَ أَحَدُكُمْ فَلْيَأْكُلْ بِيَمِينِهِ، وَإِذَا شَرِبَ فَلْيَشْرَبْ بِيَمِينِهِ، فَإِنَّ الشَّيْطَانَ يَأْكُلُ بِشِمَالِهِ، وَيَشْرَبُ بِشِمَالِهِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(285) – Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag kumain ang isa sa inyo, kumain siya sa pamamagitan ng kanang kamay niya; at kapag uminom siya, uminom siya sa pamamagitan ng kanang kamay niya; sapagkat tunay na ang demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at umiinom sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kumain ang Muslim at uminom ito sa pamamagitan ng kanang kamay nito at sumasaway siya laban sa pagkain at pag-inom sa pamamagitan ng kaliwang kamay dahil ang demonyo ay kumakain at umiinom sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsaway laban sa pagpapakawangis sa demonyo sa pagkain o pag-inom sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

(58122)

(286) – عن عمر بن أبي سلمة رضي الله عنه قال: كُنْتُ غُلَامًا فِي حَجْرِ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، وَكَانَتْ يَدِي تَطِيئُ فِي الصَّحْفَةِ، فَقَالَ لِي رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «يَا غُلَامُ، سَمِّ اللَّهَ، وَكُلْ بِيَمِينِكَ، وَكُلْ مِمَّا يَلِيكَ» فَمَا زَالَتْ تِلْكَ طِعْمَتِي بَعْدُ. [صحيح] - [متفق عليه]

(286) – Ayon kay `Umar bin Abī Salamah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako noon ay isang batang lalaking nasa pangangalaga ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Minsan, ang kamay ko ay naglilikut sa plato, kaya nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo." Kaya hindi natigil iyon bilang [paraan ng] pagkain ko matapos niyon.} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid si `Umar na anak ni Abī Salamah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na anak ng maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Ummu Salamah (malugod si Allāh sa kanya), na noon ay nasa ilalim ng pag-aalaga at pag-aaruga ng Propeta, na noong minsang siya ay nasa sandali ng pagkain habang naglilipat siya ng kamay niya sa mga gilid ng bandehado upang damputin ang pagkain, nagturo sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng tatlong etiketa mula sa mga etiketa ng pagkain:

- A. Ang pagsabi ng Bismi –llāh (Sa ngalan ni Allāh) sa simula ng pagkain.
- B. Ang pagkain sa pamamagitan ng kanang kamay.
- C. Ang pagkain mula sa gilid na malapit mula sa pagkain.

### Benefits from the Hadith:

1. Kabilang sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom ang pagsambit ng Bismi –llāh sa simula nito.

2. Ang pagtuturo sa mga bata ng mga etiketa, lalo na sa mga nasa ilalim ng pag-aaruga ng tao.
3. Ang kabanayaran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang lawak ng tiyaga niya sa pagtuturo sa mga nakababata at pagdudulot ng edukasyon sa kanila.
4. Kabilang sa mga etiketa ng pagkain ang pagkain mula sa malapit sa tao, malibang kapag may sarisaring putahe sapagkat maaari sa kanya na kumuha mula sa mga iyon.
5. Ang pananatili ng mga Kasamahan sa etiketang itinuro sa kanila ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Iyon ay mahihinuha mula sa sabi ni `Umar: {Kaya hindi natigil iyon bilang [paraan ng] pagkain ko matapos niyon.}

(58120)

(287) – عن أنس بن مالك رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِنَّ اللَّهَ لَيَرْضَى عَنِ الْعَبْدِ أَنْ يَأْكُلَ الْأَكْلَةَ فَيَحْمَدَهُ عَلَيْهَا، أَوْ يَشْرَبَ الشَّرْبَةَ فَيَحْمَدَهُ عَلَيْهَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(287) – Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na kumain ito ng pagkain para magpuri sa Kanya dahil doon o uminom ito ng inumin para magpuri sa Kanya dahil doon."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagpuri ng tao sa Panginoon nito dahil sa kabutihang-loob Niya at mga biyaya Niya ay kabilang sa bagay-bagay na nagtatamo ito sa pamamagitan ng mga iyon ng kaluguran ni Allāh, kaya naman

kumakain ito ng pagkain, nagsasabi ito ng Alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh), umiinom ito ng inumin, at nagsasabi ito ng Alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh).

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagkamapagbigay ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sapagkat nagmabuting-loob nga Siya dahil sa pagtustos at nalugod nga Siya dahil sa papuri.
2. Ang pagkalugod ni Allāh ay natatamo sa pamamagitan ng pinakamadaling kadahilanan gaya ng papuri [sa Kanya] matapos ng pagkain at pag-inom.
3. Kabilang sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom ang pagpuri kay Allāh (napakataas Siya) matapos agad ng pagkain at pag-inom.

(5798)



(288) - عن سلمة بن الأكوع رضي الله عنه : أن رجلا أكل عند رسول الله صلى الله عليه وسلم بشماله، فقال: «كُلْ بيمينك» قال: لا أستطيع. قال: «لا استطعت» ما منعه إلا الكبر فما رَفَعَهَا إلى فيه. [صحيح] - [رواه مسلم]

(288) – Ayon kay Salamah bin Al-Akwa`, malugod si Allāh sa kanya: May isang lalaking kumain sa piling ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, gamit ang kaliwa niya kaya nagsabi siya: "Kumain ka gamit ang kanan mo." Nagsabi ito: "Hindi ko po nakakaya." Nagsasabi siya: "Hindi mo nawa makaya!" Walang pumigil sa kanya kundi ang pagmamalaki kaya hindi niya naangat ito sa bibig niya. [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

**Ang pagpapaliwanag:**

Kumain ang isang lalaki sa piling ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, gamit ang kaliwang kamay nito bilang pagmamalaki. Nagsabi rito ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Kumain ka gamit ang kanan mo." Nagsabi ito dala ng pagmamatigas: "Hindi ko po nakakaya." Siya ay hindi nagsasabi ng totoo kaugnay rito kaya dumalangin ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa sabi niyang: "Hindi mo nawa makaya!" Kaya hindi nito nakayang iangat ang kamay niya sa bibig niya. Iyon ay dahil sa dinapuan ito ng pagkaparalisa dahil sa panalangin ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, dahil sa pagmamalaki niya at pagtangi niya sa utos ng Propeta.

**Benefits from the Hadith:**

(3372)

(289) - عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما عن النبي صلى الله عليه وسلم أنه قال: «من أكل ثومًا أو بصلاً؛ فَلْيَعْتَزِلْنَا - أَوْ لِيَعْتَزِلْ مسجدنا-، وليقعِد في بيته. وأُتِي بِقِدْرٍ فيه خَضِرَاتٌ من بُقُولٍ، فوجد لها ريحًا، فسأل فأخبر بما فيها من البقول، فقال: قَرَّبُوها إلى بعض أصحابي، فلما رآه كره أكلها، قال: كل؛ فَإني أَناجي من لا تُنَاجِي».

عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «من أكل الثوم والبصل والكراث فلا يقربن مسجدنا؛ فإن الملائكة تتأذى مما يتأذى منه بنو آدم». [صحيح] - [متفق عليه]

(289) - Ayon kay Jābir bin Abdullah, malugod si Allah sa kanilang dalawa.,Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanan siya ay nagsabi: ((Sinuman ang kumain ng Bawang o Sibuyas ay umiwas sa amin-o umiwas sa Masjid namin,at manatili sa bahay niya,At ibinigay sa kanya ang isang kaldero na naglalaman ng berding gulay,Natagpuan niya rito ang amoy,Nagtanong siya?Sinabi sa kanya kung ano ang mayroon sa gulay na ito,Nagsabi siya:Ilapit ninyo ito sa ibang mga kasamahan ko.Nang makita niya ito,namunghi siya na kumain rito,Nagsabi siya: Kumain ka,Sapagkat ako ay sumasangguni [ng palihim] sa sinumang hindi mo sinasanggunihan)) Ayon kay Jābir bin Abdullah, malugod si Allah sa kanilang dalawa.,Katotohanan ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay nagsabi:(( Sinuman ang kumain ng Bawang at Sibuyas at [leek] katulad din ng sibuyas ,ay huwag lumapit sa Masjid namin,Sapagkat ang mga Anghel ay nasasaktan dahil sa pananakit ng mga Anak ni Adam)) [Tumpak] - [napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

### Ang pagpapaliwanag:

Kinakailangan na ang nagdadasal ay nasa kanyang pinakamagandang amoy at bango nito,lalong-lalo na kung siya ay nagsasagawa ng dasal niya sa pinagtitipunan ng pangkalahatan,Kung - kaya `t ipinag-utos ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa sinumang kumain ng Bawang o Sibuyas na hilaw,na umiwas sa mga

Masjid ng mga Muslim,at gumanap ng pagdarasal niya sa bahay niya,hanggang sa mawala sa kanya ang amoy na kinamumunghian,na siyang nakakapagparusa sa mga nagdadasal at sa mga malapit na mga Anghel,At nang mailapit sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kaldero na may lamang mga gulay at berdeng halaman,natagpuan niya rito ang nakakamunghing amoy,ipinag-utos niya na ilapit ito sa sinumang naroroon sa kanya mula sa mga kasamahan niya,At nang makita ng [kasamahan niyang] naroroon na kinamunghian niya ito,pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-inakala niya na ito ay ipinagbabawal [haram],Nag-alinlangan siya na kainin ito,Ipinahayag niya sa kanya na ito ay hindi ipinagbabawal [haram],at hindi niya ito kinamunghian dahil sa ipinagbabawal [haram] ito,at ipinag-utos sa kanya na kumain,at ipinahayag niya sa kanya na ang pumipigil sa kanya sa pagkain rito ay dahil siya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay may koneksiyon sa Panginoon niya,at sinasanggunian na hindi nakikipag-ugnayan sa kanya ay kahit na sinuman,Kayat nararapat na siya ay nasa pinakamagandang kalagayan,sa paglapit niya sa Panginoon niya,Kapita-pitagan Siya at Kataas-taasan,at dahil sa ang pangangalaga sa kapakanan ng karamihan sa pamamagitan ng pagpipigil sa pagpaparusa sa mga mananampalataya ay siyang dapat unahin mula sa pangangalaga sa pansariling kapakanan dahil sa pagdalo sa Karamihan [Jamaah sa Masjid] Na siyang nagiging dahilan sa pagkawala nito.

### **Benefits from the Hadith:**

(4850)

(290) - عَنْ سَهْلِ بْنِ مُعَاذِ بْنِ أَنَسٍ عَنْ أَبِيهِ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «مَنْ أَكَلَ طَعَامًا فَقَالَ: الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنِي هَذَا وَرَزَقَنِيهِ مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلَا قُوَّةٍ، غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ». [حسن] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(290) – Ayon kay Sahl bin Mu`ādh bin Anas, ayon sa ama niya na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang kumain ng pagkain saka nagsabi: Alḥamdu lillāhi --lladhī aṭ`amanī hādhā, wa-razaqanīhi min ghayri ḥawlim minnī wa-lā qūwah (Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nito nang walang kapangyarihan mula sa akin ni lakas), magpapatawad sa kanya sa nauna sa pagkakasala niya."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Humihimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang kumain ng pagkain na magpuri siya kay Allāh sapagkat walang kakayahan sa kanya sa pagkamit ng pagkain ni sa pagkain nito kundi sa pamamagitan ni Allāh (napakataas Siya) at ng pagtulong Niya. Pagkatapos nagbalita ng nakagagalak ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang nagsabi niyon na siya ay karapat-dapat sa pagpapatawad ni Allāh sa kanya sa nakalipas sa mga pagkakasala niyang maliliit.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpuri kay Allāh (napakataas Siya) sa katapusan ng pagkain.
2. Ang paglilinaw sa kadakilaan ng kabutihang-loob ni Allāh (napakataas Siya) sa mga lingkod Niya yayamang nagtustos Siya sa kanila at nagpadali Siya sa kanila ng mga kadahilanan ng pagtamo ng panustos at naglagay Siya roon ng pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa.

3. Ang mga nauukol sa mga tao sa kabuuan nito ay mula kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at hindi dahil sa kapangyarihan nila at lakas nila. Ang tao ay inuutusan ng paggawa ng mga kadahilanan.

(5431)

(291) – عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ أَنْ تُؤْتَى رُخْصَةً، كَمَا يُحِبُّ أَنْ تُؤْتَى عَزَائِمُهُ». [صحيح] - [رواه ابن حبان]

(291) – Ayon sa Anak ni Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay umiibig na isagawa ang mga pagluluwag Niya gaya ng pagkaibig Niya na isagawa ang mga paghihigpit Niya."} [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh ay umiibig na isagawa ang mga pagluluwag Niya na isinabatas Niya kabilang sa mga pagpapagaan sa mga patakaran at mga pagsamba at pagpapadali sa mga ito sa naatangan ng tungkulin, dahil sa isang maidadahilan gaya ng pagpapaiksi ng ṣalāh at pagsasama ng mga ito sa sandali ng paglalakbay. Siya ay umiibig din na isagawa ang mga paghihigpit Niya kabilang sa mga bagay na kinakailangan dahil ang pag-uutos ni Allāh kaugnay sa mga pagluluwag at mga paghihigpit ay iisa.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang awa ni Allāh (napakataas Siya) sa mga lingkod Niya at na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay umiibig ng pagsasagawa ng isinabatas Niya na mga pagluluwag.

## 2. Ang kalubusan ng Batas na ito ng Islām at ang pagpawi nito ng kaasiwaan sa Muslim.

(65017)

(292) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ يُرِدِ اللَّهُ

بِهِ خَيْرًا يُصِبْ مِنْهُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(292) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagnanais si Allāh sa kanya ng isang kabutihan, magpapatama Siya [rito ng pagsubok] mula sa Kanya."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh, kapag nagnais Siya sa isa sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng isang kabutihan, susubok Siya sa kanila sa mga sarili nila, mga ari-arian nila, at mag-anak nila ng nangyayari rito sa mananampalataya na pagdulog sa Kanya sa pamamagitan ng pagdalangin, pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa, at pag-angat sa mga antas.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang mananampalataya ay nasasalang sa mga uri ng pagsubok.
2. Ang pagsubok ay maaaring nagiging isang tanda ng pag-ibig ni Allāh sa lingkod Niya upang mag-angat Siya ng antas nito, magtaas Siya ng ranggo nito, at magtakip Siya ng pagkakamali nito.
3. Ang paghimok sa pagtitiis sa sandali ng mga kasawiang-palad at hindi pagkasuya.

(293) – عن أبي سعيد وأبي هريرة رضي الله عنهما مرفوعاً: «ما يُصيب المسلم من نَصَب، ولا وَصَب، ولا هَمٍّ، ولا حَزَن، ولا أذى، ولا غَمٍّ، حتى الشوكة يُشاكها إلا كفر الله بها من خطاياها».  
[صحيح] - [متفق عليه]

(293) – Ayon kina Abū Sa`īd at Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi ipambabayad-sala ni Allāh iyon sa ilan sa mga kamalian niya." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang kahulugan ng ḥadīth: Na ang dumadapo sa Muslim na mga karamdaman, mga kabalisaan, mga lungkot, mga pighati, mga sakuna, mga kasawian, pangamba, at bagabag ay panakip-sala iyon sa mga pagkakasala niya at pang-alis sa mga kamalian niya. Kapag idinagdag ng tao doon ang pagtitiis at ang pag-asa, ibig sabihin: ang pag-asa sa gantimpala, magkakamit siya, kalakip nito, ng gantimpala. Ang mga kasawian ay nasa dalawang anyo: Magkaminsan, kapag dinapuan nito ang tao ay naaalaala niya ang gantimpala at umaasa siya sa gantimpala sa kasawiang ito mula kay Allāh, kaya naman magkakaroon ng dalawang pakinabang: pagtatakip sa mga pagkakasala at pagkadaragdag sa mga magandang gawa. Magkaminsan naman, nakakaligtaas niya ito kaya naman naninikip ang dibdib niya at dinadapuan siya ng pananawa o nakakawangis nito. Nakakaligtaan niya ang paglalayon ng pag-asa sa kabayaran at gantimpala mula kay Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, gaya ng naunang nabanggit. Dahil dito, nararapat sa tao, kapag dinapuan ng kahit tinik, na pakaalalahanin ang pag-asa sa gantimpala mula kay Allāh dahil sa dinanas upang gantimpalaan siya dahil doon kalakip ng pagtatakip nito

sa mga pagkakasala. Ito ay bahagi ng biyaya ni Allāh, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas, ng kagalantehan Niya, at ng pagkamapagbigay Niya yamang sinusubok ang mananampalataya, pagkatapos ay ginagantimpalaan ito dahil sa pagsubok na ito o pinagtatakpan ito sa mga masagawang gawa nito. Pagtawag-pansin: Ang pagpawi sa mga kamalian ay nagaganap sa mga maliit na kasalanan hindi sa mga malaking kasalanan na walang papawi maliban ang tapat na pagbabalik-loob.

### Benefits from the Hadith:

(3701)

(294) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «مَا يَزَالُ الْبَلَاءُ بِالْمُؤْمِنِ وَالْمُؤْمِنَةِ فِي نَفْسِهِ وَوَالِدِهِ وَمَالِهِ حَتَّى يَلْقَى اللَّهَ وَمَا عَلَيْهِ خَطِيئَةٌ». [حسن] - [رواه الترمذي وأحمد]

(294) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi natitigil ang pagsubok sa lalaking mananampalataya at babaing mananampalataya sa sarili niya, anak niya, at yaman niya, hanggang sa makitagpo siya kay Allāh habang sa kanya ay walang kasalanan."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagsubok at ang pagsusulit ay hindi nakakalas sa lalaking mananampalataya o babaing mananampalataya sa sarili niya mula sa kalusugan niya at katawan niya; sa mga anak niya mula sa karamdaman o pagpanaw o kasuwailan o iba pa rito; sa yaman niya mula sa karalitaan, pagkawala ng negosyo, pagkanakaw, pagkatumal ng kabuhayan, at kagipitan sa panustos nang sa gayon magtakip-sala si Allāh sa kanya, dahil sa pagsubok na iyon, ng lahat ng mga pagkakasala



niya at mga pagkakamali niya nang sa gayon kapag nakipagtagpo siya kay Allāh, siya ay nadalisay na mula sa lahat ng mga pagkakasala at mga kasalanan na nagawa niya.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Bahagi ng awa ni Allāh sa mga mananampalatayang lingkod Niya na magtakip-sala Siya sa kanila ng mga pagkakasala nila sa Mundo nila sa pamamagitan ng mga kasawian ng Mundo at mga salot nito.
2. Ang pagsubok sa pamamagitan nito mismo ay nagtatakip-sala sa mga pagkakasala sa kundisyong may pananampalataya. Kaya kapag nagtiis ang tao at hindi nainis, pabubuyaang siya.
3. Ang paghimok sa pagtitiis sa lahat ng mga bagay kaugnay sa iniibig niya at kinasusuklaman niya. Magtitiis siya nang sa gayon makaganap siya ng inobliga ni Allāh sa kanya at makapagtitiis siya nang sa gayon makalayo siya sa ipinagbawal ni Allāh, makaasa siya sa gantimpala ni Allāh, at matakot siya sa parusa Nito.
4. Ang sabi niya: "sa lalaking mananampalataya at babaing mananampalataya" na may karagdagang pananalitang "babaing mananampalataya" ay may isang patunay sa karagdagan na pagbibigay-diin para sa babae; at kung hindi man, kung sakaling nagsabi siya ng: "mananampalataya," talagang napaloob sana rito ang babae dahil iyon ay hindi natatangi sa lalaki. Kapag naganap ang pagsubok sa babae, gayon din, siya ay pinangangakuan ng tulad ng ganting ito ng pagtatakip-sala sa mga pagkakasala at mga kasalanan.
5. Kabilang sa nagpapagaan sa tao sa dinaranas niya na mga sakit nang magkakasunod ang kainamang inireresulta sa pagsubok.

(295) – عن صُهَيْبِ بْنِ سِنَانَ الرُّومِيِّ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ مَرْفُوعًا: «عَجَبًا لِأَمْرِ الْمُؤْمِنِ إِنَّ أَمْرَهُ كُلَّهُ لَهُ خَيْرٌ، وَلَيْسَ ذَلِكَ لِأَحَدٍ إِلَّا لِلْمُؤْمِنِ: إِنْ أَصَابَتْهُ سَرَّاءٌ شَكَرَ فَكَانَ خَيْرًا لَهُ، وَإِنْ أَصَابَتْهُ ضَرَّاءٌ صَبَرَ فَكَانَ خَيْرًا لَهُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(295) – Ayon kay Suhayb bin Sinan Ar-Rumi-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu:((Nakakamangha ang gawain na isang mananampalataya;Ang lahat ng kanyang gawain ay may kabutihan,at hindi ito makatatagpuan maliban sa mananampalataya: Kapag dumating sa kanya ang kaligayahan,siya ay magpapasalamat [kay Allah] at ito ang mabuti para sa kanya,At kapag dumating sa kanya ang pinsala,Siya ay magtitiis,at ito ang mabuti para sa kanya)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Ipinahayag ng Sugo ni Allah-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-Ang pagkamangha sa pamamaraan ng kabutihan dahil sa gawain ng mananampalataya.Dahil sa kanyang kalagayan at pagbabago [ng ikot ] ng mundo sa kanya,hindi siya lumalabas sa [paggawa ng] kabutihan, at tagumpay,At ang mga kabutihang ito ay hindi matatagpuan sa sinuman, maliban sa mga mananampalataya,Pagkatapos ay sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na ang isang mananampalataya sa lahat ng kalagayan na itinakda ni Allah-para sa kanya ay mabuti,Kapag dumating sa kanya ang pinsala,magtitiis siya sa itinakda ni Allah,at hihintayin niya ang kaginhawaan mula kay Allah,at maghahangad siya ng gantimpala kay Allah,at ito ang mabuti para sa kanya.At kapag dumating sa kanya ang kaligayahan mula sa mga makamundong biyaya;tulad ng kaalaman at mga mabuting gawa,at sa mga makamundong biyaya;tulad ng kayamanan ,mga anak,at pamilya;Magpapasalamat siya kay Allah,sa

pamamagitan ng pagsasagawa ng pananampalataya para kay Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan, Magpapasalamat siya kay Allah at ito ang mabuti para sa kanya.

### Benefits from the Hadith:

(3298)

(296) – عن أبي موسى الأشعري رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «إِذَا مَرِضَ الْعَبْدُ أَوْ سَافَرَ كُتِبَ لَهُ مِثْلُ مَا كَانَ يَعْمَلُ مُقِيمًا صَحِيحًا». [صحيح] - [رواه البخاري]

(296) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag nagkasakit ang tao o naglakbay siya, magtatala para sa kanya ng tulad ng dating ginagawa niya habang nananatili at malusog."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya at na ang Muslim, kapag naging bahagi ng pagkahirati niya na gumawa ng maayos na gawa sa sandali ng kalusugan niya at pananatili niya pagkatapos may nangyari sa kanya na isang maidadahilan saka nagkasakit siya kaya hindi siya nakakaya sa pagsasagawa nito o naabala siya ng paglalakbay, o alinmang maidadahilan, tunay na isusulat para sa kanya ang pabuya nang lubos gaya ng kung sakaling gumawa siya nito sa sandali ng kalusugan at pananatili.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang lawak ng kabutihang-loob ni Allāh sa mga lingkod Niya.

2. Ang paghimok sa pagsusumikap sa mga pagtalima at ang pagsasamantala sa mga oras sa sandali ng kalusugan at kawalang-gawain.

(3553)

(297) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم: «بَادِرُوا بِالْأَعْمَالِ فِتْنًا كَقَطْعِ اللَّيْلِ الْمُظْلِمِ، يُصْبِحُ الرَّجُلُ مُؤْمِنًا وَيُؤْمِنِي كَافِرًا، وَيُؤْمِنِي مُؤْمِنًا وَيُصْبِحُ كَافِرًا، يَبِيعُ دِينَهُ بِعَرَضٍ مِنَ الدُّنْيَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(297) – Ayon kay Abē Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((Mag-unahan kayo sa mga (mabubuting) gawain, (bago lumitaw ang mga) pagsubok na tulad ng piraso ng dilim ng gabi,uumagahina ang lalaki na mananampalataya at gagabihin na nagtatanggi,at gagabihin na mananampalataya at uumagahin na nagtatanggi,ipinagbibili niya ang Relihiyon nito sa mga maka-mundong bagay sa Mundo.)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Mag-unahan kayo at magpaligsahan kayo sa mga mabubuting-gawain bago lumitaw ang mga Hadlang,Sapagkat magkakaroon ng Pagsubok tulad ng kapisaso ng dilim sa gabi,na napaka-itim na dilim,walang liwanag na masisilayan,at hindi nalalaman ng tao kung saan ang Katotohanan,uumagahin ang mga Tao na mananampalataya at gagabihin na nagtatanggi,Ang Pagpapakupkop at sa Allah,At gagabihin na Nagtatanggi at uumagahin na mananampalataya,ipinagbibili niya ang Relihiyon nito sa mga maka-mundong bagay,maging ito ay sa kayamanan o mataas na bahay o pamumuno o kababaihan,o maliban pa dito.

## Benefits from the Hadith:

(3138)

(298) - عن معاوية رضي الله عنه قال: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفَقِّهْهُ فِي الدِّينِ، وَإِنَّمَا أَنَا قَاسِمٌ، وَاللَّهُ يُعْطِي، وَلَنْ تَزَالَ هَذِهِ الْأُمَّةُ قَائِمَةً عَلَى أَمْرِ اللَّهِ، لَا يَضُرُّهُمْ مَنْ خَالَفَهُمْ، حَتَّى يَأْتِيَ أَمْرُ اللَّهِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(298) – Ayon kay Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nagnais si Allāh sa kanya ng isang kabutihan, magpapaunawa Siya sa kanya sa Relihiyon. Ako ay tagapaghati lamang at si Allāh ay nagbibigay. Hindi matitigil ang Kalipunang ito bilang tagapagtaguyod sa utos ni Allāh, na hindi pipinsala sa kanila ang sinumang sumalungat sa kanila, hanggang sa dumating ang utos ni Allāh."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagnais si Allāh sa kanya ng isang kabutihan, tunay na Siya ay magtutustos sa kanya ng isang pagkaintindi sa Relihiyon Niya (kaluwalhatian sa Kanya); na ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) ay tagapaghating maghahari at mamamahagi ng ibibigay sa kanya ni Allāh (napakataas Siya) na panustos, kaalaman, at iba pa; na ang tagapagbigay, sa katunayan, ay si Allāh samantalang ang mga iba pa sa Kanya ay mga kadahilanang hindi nagpapakinabang malibang ayon sa pahintulot ni Allāh; at na hindi matitigil ang Kalipunang ito [ng Islām] bilang tagapagtaguyod sa utos ni Allāh, na hindi pipinsala sa kanila ang sinumang sumalungat sa kanila, hanggang sa sumapit ang Huling Sandali.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang kadakilaan at ang kalamangan ng kaalamang pangkapahayagan, ang pagkatuto nito, at ang paghimok dito.
2. Ang pagtataguyod sa katotohanan ay walang pagkaiwas sa kairalan nito sa Kalipunang ito [ng Islām]. Kapag nag-iwan nito ang isang pangkatin, magtataguyod dito ang iba roon.
3. Ang pagpapakaunawa sa Relihiyon ay bahagi ng pagnanais ni Allāh (napakataas Siya) ng kabutihan sa lingkod Niya.
4. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbibigay lamang ayon sa utos at kalooban ni Allāh at siya ay hindi nagmamay-ari ng anuman.

(5518)

(299) - عَنْ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: «لَا تَعَلَّمُوا الْعِلْمَ لِثَبَاهُوا بِهِ الْعُلَمَاءَ، وَلَا لِثَمَارُوا بِهِ السُّفَهَاءَ، وَلَا تَحْتَبِرُوا بِهِ الْمَجَالِسَ، فَمَنْ فَعَلَ ذَلِكَ، فَالتَّارُ التَّارُ.» [صحيح] - [رواه ابن ماجه]

(299) – Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Huwag kayong magpakatuto ng kaalaman upang makipagmayabang kayo nito sa mga maalam at hindi upang makipagtaltalan kayo nito sa mga hunghang. Huwag kayong mamili sa pamamagitan nito ng mga upuan sapagkat ang sinumang gumawa niyon ay ang Apoy, ang Apoy [ang papasukin]."} [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paghahanap ng kaalaman para makipagyabangan at makipagtagisan sa mga maalam, sa paghahayag ng ganito: "Ako ay

marunong tulad ninyo," o makipagtalumpati at makipagdebate sa pamamagitan nito sa mga hunghang at mga mahina ang mga isip, o magpakatuto upang manguna sa mga pagtitipon at unahin sa iba sa kanya roon. Ang sinumang gumawa niyon, tunay na siya ay nagiging karapat-dapat sa Impiyerno dahil sa pagpapakitang-tao niya at kawalan ng pagpapakawagas sa paghahanap ng kaalaman para kay Allāh.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang banta ng Impiyerno sa sinumang nagpakatuto ng kaalaman upang makipagmayabang sa pamamagitan nito o makipagdebate sa pamamagitan nito o manguna sa pamamagitan nito sa mga pagtitipon at tulad niyon.
2. Ang kahalagahan ng pagpapakawagas ng layunin ng sinumang nagpakatuto ng kaalaman at nagturo nito.
3. Ang layunin ay ang pundasyon ng mga gawain at nakasalalay rito ang ganti.

(65047)

(300) – عن عثمان رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «خَيْرُكُمْ مَنْ تَعَلَّمَ

الْقُرْآنَ وَعَلَّمَهُ». [صحيح] - [رواه البخاري]

(300) – Ayon kay `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān at nagturo nito."} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamainam sa mga Muslim at ang pinakamataas sa kanila sa ganang kay Allāh sa antas ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān sa

pagbigkas, sa pagsasaulo, sa pagtutumpak ng pagbigkas, sa pag-unawa, at pagpapakahulugan; at nagturo sa iba ng taglay niya mula sa mga kaalaman sa Qur'ān kasama ng paggawa niya ayon dito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paglilinaw ng karangalan ng Qur'ān at na ito ay pinakamabuting pananalita dahil ito ay pananalita ni Allāh.
2. Ang pinakamabuti sa mga nagpapakatuto ay ang sinumang nagtuturo nito sa iba, hindi ang sinumang naglilimita sa sarili niya.
3. Ang pagpapakatuto ng Qur'ān at ang pagtuturo nito ay sumasaklaw sa pagbigkas, mga kahulugan, at mga patakaran.

(5913)



(301) - عَنْ أَبِي عَبْدِ الرَّحْمَنِ السُّلَمِيِّ رَحِمَهُ اللهُ قَالَ: حَدَّثَنَا مَنْ كَانَ يُقْرَأُ مِنْ أَصْحَابِ النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ أَنَّهُمْ كَانُوا يَقْتَرُونَ مِنْ رَسُولِ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَشْرَ آيَاتٍ، فَلَا يَأْخُذُونَ فِي الْعَشْرِ الْأُخْرَى حَتَّى يَعْلَمُوا مَا فِي هَذِهِ مِنَ الْعِلْمِ وَالْعَمَلِ، قَالُوا: فَعَلِمْنَا الْعِلْمَ وَالْعَمَلَ. [حسن] - [رواه أحمد]

(301) – Ayon kay Abū `Abdurrahmān As-Sulamīy (kaawaan siya ni Allāh) na nagsabi: "Nagsanaysay sa amin ang nagpapabigkas sa amin [ng Qur'ān] kabilang sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sila noon ay bumibigkas mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sampung talata saka hindi sila kumukuha sa sampung [talatang] iba pa hanggang sa makaalam sila ng nasa mga ito na kaalaman at gawain. Nagsabi sila: Kaya nakaalam kami ng kaalaman at gawain." [Maganda] - [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) ay tumatanggap noon mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sampung āyah mula sa Qur'ān at hindi sila lumilipat sa iba pa sa mga ito hanggang sa matutunan nila ang nasa sampung āyah na ito na kaalaman at nagsasagawa sila ayon sa mga ito. Kaya naman nakaalam sila ng kaalaman at gawain nang sabayan.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at ang pagsisigasi sa pagkatuto ng Qur'ān.
2. Ang pagkatuto ng Qur'ān ay sa pamamagitan ng kaalaman at paggawa ayon sa nasaad dito at hindi sa pagbabasa nito at pagsasaulo nito lamang.
3. Ang kaalaman ay bago ng pagsasalita at paggawa.

(302) - عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «مَنْ قَرَأَ حَرْفًا مِنْ كِتَابِ اللَّهِ فَلَهُ بِهِ حَسَنَةٌ، وَالْحَسَنَةُ بِعَشْرِ أَمْثَالِهَا، لَا أَقُولُ {الم} حَرْفٌ، وَلَكِنْ {أَلِفٌ} حَرْفٌ، وَ{لَامٌ} حَرْفٌ، وَ{مِيمٌ} حَرْفٌ». [حسن] - [رواه الترمذي]

(302) - Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)': "Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."} [Maganda] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat Muslim na bumibigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon dahil dito ng isang gawang maganda. Pag-iibayuhin para sa kanya ang pabuya hanggang sa sampung tulad nito.

Pagkatapos nilinaw niya iyon sa sabi niya: "Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik." Kaya ang mga ito ay tatlong titik, na sa mga ito ay may tatlung gawang maganda.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagpaparami ng pagbigkas ng Qur'ān.
2. Ang tagabigkas, dahil sa bawat titik mula sa isang salita na binibigkas niya, ay magkakaroon ng isang gawang magandang pinag-iibayo sa katumbas sa sampung tulad nito.

3. Ang lawak ng awa ni Allāh at ang pagkamapagbigay Niya yayamang pinag-ibayo Niya para sa mga lingkod ang pabuya bilang kabutihang-loob mula sa Kanya at bilang pagkamapagbigay.
4. Ang kainaman ng Qur'ān higit sa iba pa rito na pananalita at ang pagpapakamananamba sa pamamagitan ng pagbigkas nito. Iyon ay dahil ito ay pananalita ni Allāh (napakataas Siya).

(6275)

(303) - عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «يَقَالُ لِصَاحِبِ الْقُرْآنِ: اقْرَأْ وَارْتَقِ، وَرَتَّلْ كَمَا كُنْتَ تَرْتَلُ فِي الدُّنْيَا، فَإِنْ مَنَزَلَكَ عِنْدَ آخِرِ آيَةٍ تَقْرَؤُهَا». [حسن] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي في الكبرى وأحمد]

(303) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Sasabihin sa tagatangkilik ng Qur'ān: "Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sasabihin sa tagabasa ng Qur'ān, na tagagawa ng nasaad dito, na tagapanatili rito sa pagbigkas at sa pagsasaulo, kapag pumasok siya sa Paraiso: "Bumasa ka ng Qur'ān, umakyat ka sa pamamagitan niyon sa mga antas ng Paraiso, at bumigkas ka gaya ng ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sa pamamagitan ng pagbasa rito nang may paghihinay-hinay at kapanatagan sapagkat tunay na ang katayuan mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."

## Benefits from the Hadith:

1. Ang ganti ay alinsunod sa mga gawain sa kantidad at sa kalidad.
2. Ang paghimok sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān, ang pagpapakahusay nito, ang pagsasaulo nito, ang pagninilay-nilay nito, at ang paggawa ayon dito.
3. Ang Paraiso ay mga tahanan at mga antas na marami, na magtatamo ang mga tagapagtaguyod ng Qur'ān doon ang pinakamataas sa mga antas.

(65054)

(304) - عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «يُحِبُّ أَحَدَكُمْ إِذَا رَجَعَ إِلَى أَهْلِهِ أَنْ يَجِدَ فِيهِ ثَلَاثَ خَلِيفَاتٍ عِظَامِ سِمَانٍ؟» قُلْنَا: نَعَمْ. قَالَ: «ثَلَاثَ آيَاتٍ يَفْرَأُ بِهِنَّ أَحَدَكُمْ فِي صَلَاتِهِ خَيْرٌ لَهُ مِنْ ثَلَاثِ خَلِيفَاتٍ عِظَامِ سِمَانٍ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(304) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nakaiibig ba ang isa sa inyo, kapag bumalik sa mag-anak niya, na makatagpo siya roon ng tatlong kamelyong buntis na damulag na matataba?" Nagsabi kami: "Opo." Nagsabi siya: "Tatlong talata na bumibigkas ng mga ito ang isa sa inyo sa dasal niya ay higit na mabuti kaysa sa tatlong kamelyong buntis na damulag na matataba."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pabuya sa pagbigkas ng tatlong āyah sa ṣalāh ay higit na mabuti kaysa sa makatagpo ang tao sa bahay nito ng tatlong kamelyong buntis na damulag na matataba.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa kainaman ng pagbigkas ng Qur'ān sa ṣalāh.
2. Ang mga maayos na gawain ay higit na mabuti at higit na namamalagi kaysa sa natatamasa sa Mundong magmamaliw.
3. Ang kainamang ito ay hindi nalilimitahan sa pagbigkas ng tatlong āyah lamang sapagkat sa tuwing nagdagdag ang tagapagdasal ng pagbigkas ng mga āyah sa ṣalāh niya, ang gantimpala sa mga ito ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa bilang ng mga ito na mga buntis na kamelyo.

(65053)

(305) – عن أبي موسى الأشعري رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «تَعَاهَدُوا هَذَا الْقُرْآنَ، فَوَالَّذِي نَفْسٌ مُحَمَّدٍ بِيَدِهِ لَهُوَ أَشَدُّ تَقَلُّبًا مِنَ الْإِبِلِ فِي عُقْلِهَا». [صحيح] - [متفق عليه]

(305) – Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Magpanatili kayo ng pagbabasa ng Qur'ān na ito sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muḥammad ay nasa kamay Niya, talagang ito ay higit na matindi sa pagkawala kaysa sa mga kamelyo mula sa mga gapos ng mga ito."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapanatili ng pagbabasa ng Qur'ān at pamamalagi sa pagbigkas nito upang hindi ito malimutan matapos na naging tagapag-ingat nito sa dibdib. Nagbigay-diin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) niyon sa pamamagitan ng panunumpa niya na ang Qur'ān ay higit na matindi sa pagkawaksi at pagkaalis mula sa mga dibdib kaysa sa mga kamelyong nakagapos: tinalian ng lubid sa gitna ng braso.

Kung nagpanatili sa pagbasa nito ang tao, mapanghahawakan niya ito. Kung nagpakawala siya nito, aalis ito at mawawala ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Kung namalagi ang tagapagsaulo ng Qur'ān sa pagbigkas nito sa tuwi-tuwina, mananatili itong naisasaulo sa puso niya at kung hindi ay maglalaho ito sa kanya at makalilimot siya nito.
2. Kabilang sa mga katuturan ng pananatili sa pagbabasa ng Qur'ān ang pabuya, ang gantimpala, at ang pag-angat ng mga antas sa Araw ng Pagbangon.

(5907)

(306) - عن أبي هريرة رضي الله عنه: أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «لَا تَجْعَلُوا بُيُوتَكُمْ مَقَابِرَ، إِنَّ الشَّيْطَانَ يَنْفِرُ مِنَ الْبَيْتِ الَّذِي تُقْرَأُ فِيهِ سُورَةُ الْبَقَرَةِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(306) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Huwag kayong gumawa sa mga bahay ninyo bilang mga libingan; tunay na ang demonyo ay lumalayo sa bahay na binibigkas doon ang Kabanatang Al-Baqarah."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Sumasaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-aalis ng ṣalāh sa mga bahay kaya ang mga ito ay nagiging gaya ng mga sementeryo na hindi pinagsasagawaan ng ṣalāh.

Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang demonyo ay lumalayo sa bahay na binibigkas doon ang Kabanatang Al-Baqarah.

## **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagpaparami ng mga pagsamba at şalāh na kusang-loob sa mga bahay.
2. Hindi pinapayagan ang pagsasagawa ng şalāh sa mga sementeryo dahil ito ay isang kaparaanan kabilang sa mga kaparaanan ng Shirk at pagpapalabis kaugnay sa mga nakalibing sa mga ito, maliban pa sa şalāh ng paglilibing.
3. Ang pagsaway laban sa pagsasagawa ng şalāh sa tabi ng mga libingan ay napagtibay nga sa ganang mga Kasamahan. Dahil doon, sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paggawa sa mga bahay tulad ng mga sementeryo na hindi pinagsasagawaan ng şalāh.

(6208)

(307) - عَنْ أَبِي بِنِ كَعْبٍ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «يَا أَبَا الْمُنْذِرِ، أَتَدْرِي أَيُّ آيَةٍ مِنْ كِتَابِ اللَّهِ مَعَكَ أَعْظَمُ؟» قَالَ: قُلْتُ: اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ. قَالَ: «يَا أَبَا الْمُنْذِرِ، أَتَدْرِي أَيُّ آيَةٍ مِنْ كِتَابِ اللَّهِ مَعَكَ أَعْظَمُ؟» قَالَ: قُلْتُ: {اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ} [البقرة: 255]. قَالَ: فَضْرَبَ فِي صَدْرِي، وَقَالَ: «وَاللَّهِ لِيَهْنِكَ الْعِلْمُ، أَبَا الْمُنْذِرِ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(307) – Ayon kay Ubayy bin Ka`b (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam." Nagsabi siya: "O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili...} (Qur`ān 2:255) Kaya tumapik siya sa dibdib ko at nagsabi: "Sumpa man kay Allāh, talagang magpapaigaya sa iyo ang kaalaman, O Ama ni Al-Mundhir."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagtanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Ubayy bin Ka`b tungkol sa pinakadakilang talata sa Aklat ni Allāh kaya nag-atubili ito sa pagsagot. Pagkatapos nagsabi ito: "Ito ay ang Ayatulkursīy: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. ...}," saka umayuda naman dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tumapik ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dibdib nito bilang pagpapahiwatig ng pagkapuno nito ng kaalaman at karunungan at dumalangin siya para rito na lumigaya ito dahil sa kaalamang iyon at magpagaan iyon para rito.



## Benefits from the Hadith:

1. Dakilang reputasyon ni Ubayy bin Ka`b (malugod si Allāh sa kanya).
2. Ang Ayatulkursiy ay pinakadakilang talata sa Aklat ni Allāh (napakataas Siya). Kaya naman nararapat ang pagsasaulo nito, ang pagbubulay-bulay sa mga kahulugan nito, at ang paggawa ayon dito.

(65059)

(308) – عن أبي مسعود رضي الله عنه قال: قال النبي صلى الله عليه وسلم: «مَنْ قَرَأَ بِالْآيَتَيْنِ مِنْ آخِرِ سُورَةِ الْبَقَرَةِ فِي لَيْلَةٍ كَفَّتَاهُ». [صحيح] - [متفق عليه]

(308) – Ayon kay Abū Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang bumigkas sa dalawang talata mula sa hulihan ng Kabanatang Al-Baqarah sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang bumigkas ng dalawang huling talata ng Kabanatang Al-Baqarah sa gabi, tunay na si Allāh ay magbibigay-kasapatan sa kanya laban sa kasamaan at kinasusuklaman. Sinabing magbibigay-kasapatan ito sa kanya katumbas ng pagdarasal sa gabi. Sinasabi ring magbibigay-kasapatan ito sa kanya katumbas ng nalalabi sa mga dhikr. Sinabi ring ang dalawang talatang ito ay ang pinakakaunti na sasapat sa pagbigkas ng Qur`ān sa pagdarasal sa gabi. Sinabi rin ang iba pa roon. Marahil ang lahat ng binanggit ay tumpak na sumasaklaw rito ang pananalita.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paglilinaw sa kainaman ng mga huling talata ng Kabanatang Al-Baqarah. Ang mga ito ay mula sa sabi ni Allāh (Qur'ān 2:285-286): {Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya ...} hanggang sa wakas ng Kabanata.
2. Ang mga huling talata ng Kabanatang Al-Baqarah ay nagtutulak palayo sa tagabigkas ng mga ito ng kasagwaan, kasamaan, at demonyo kapag binigkas ang mga ito sa gabi.
3. Ang gabi ay nagsisimula sa paglubog ng araw at nagwawakas sa pagsapit ng madaling-araw.

(6274)

(309) – عن النعمان بن بشير رضي الله عنه قال: سمعت النبي صلى الله عليه وسلم يقول: «الدُّعَاءُ هُوَ الْعِبَادَةُ»، ثُمَّ قَرَأَ: «{وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ} [غافر: 60]». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد]

(309) – Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang pagdalangin ay ang pagsamba." Pagkatapos bumigkas siya (Qur'ān 40:60): {Nagsabi ang Panginoon ninyo: “Dumalangin kayo sa Akin, tutugon Ako sa inyo.” Tunay na ang mga nagmamalaki sa [pag-ayaw sa] pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga nagpapakaaba.}} [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pagdalangin ay ang pagsamba. Kaya naman ang kinakailangan ay na ang kabuuan nito ay maging wagas ukol kay Allāh. Maging ito man ay pagdalangin ng paghingi at paghiling sa pamamagitan ng paghingi

kay Allāh ng anumang ipakikinabang at pagtulak ng anumang ikapipinsala sa Mundo at Kabilang-buhay; o ito man ay pagdalangin ng pagsamba, na bawat anumang iniibig ni Allāh at kinalulugdan Niya na mga sinasabi at mga ginagawang lantaran o pakubli, na mga pagsambang pampuso o pangkatawan o pampananalapi.

Pagkatapos humango ng patunay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para roon yayamang nagsabi siya: "Nagsabi si Allāh (Qur'ān 40:60): {"Dumalangin kayo sa Akin, tutugon Ako sa inyo." Tunay na ang mga nagmamalaki sa [pag-ayaw sa] pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga nagpapakaaba.}."

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagdalangin ay ang ugat ng pagsamba. Hindi pinapayagan ang pagbaling nito sa iba pa kay Allāh.
2. Ang pagdalangin ay naglalaman ng reyalidad ng pagkamananamba at pagkilala sa kawalang-pangangailangan ng Panginoon, kapangyarihan Niya, at pangangailangan ng tao sa Kanya.
3. Ang matinding banta bilang ganti sa pagmamalaki sa pag-ayaw sa pagsamba kay Allāh at pagwaksi ng pagdalangin sa kanya. Ang mga nagmamalaki sa pag-ayaw sa pagsamba kay Allāh ay papasok sa Impiyerno bilang mga minamaliit na mga kaaba-aba.

(5496)

(310) – عن عائشة رضي الله عنها قالت: كَانَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَذْكُرُ اللَّهَ عَلَى كُلِّ أَحْيَانِهِ. [صحيح] - [رواه مسلم]

(310) – Ayon kay `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay umaalaala kay Allāh sa lahat ng mga sandali niya.} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid si `Ā`ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh dito) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay matindi ang sigasig sa pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya) at na siya ay umaalaala noon kay Allāh (napakataas Siya) sa bawat panahon, lugar, at kalagayan.

### Benefits from the Hadith:

1. Hindi isinasakundisyon ang ṭahārah mula sa maliit at malaking ḥadath para sa pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya).
2. Ang pagpapamalagi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya).
3. Ang paghimok sa pagpaparami ng pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya) sa lahat ng mga sandali bilang pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), maliban sa mga kalagayang nakahahadlang sa mga ito sa pag-alaala, gaya ng sa pagtugon sa tawag ng pangangailangan.

(8402)

(311) - عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «لَيْسَ شَيْءٌ أَكْرَمَ عَلَى اللَّهِ تَعَالَى مِنَ الدُّعَاءِ». [حسن] - [رواه الترمذي وابن ماجه وأحمد]

(311) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang anumang higit na marangal kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang anuman sa mga pagsamba ang higit na mainam sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin dahil taglay nito ang pagkilala sa kawalang-pangangailangan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) at ang pagkilala sa kawalang-kakayahan ng tao at pangangailangan sa Kanya.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang kainaman ng pagdalangin. Ang sinumang dumalangin kay Allāh ay dumadakila sa Kanya at kumikilala sa Kanya dahil sa Siya ay Walang-pangangailangan (kaluwalhatian sa Kanya), kaya naman ang nangangailangan ay hindi dinadalanginan; dahil sa Siya ay Madinigin, kaya naman ang bingi ay hindi dinadalanginan; dahil sa Siya ay Mapagbigay, kaya naman ang maramot ay hindi dinadalanginan; dahil sa Siya ay Maawain, kaya naman ang malupit ay hindi dinadalanginan; dahil sa Siya ay Nakakakaya, kaya naman ang walang-kakayahan ay hindi dinadalanginan; dahil sa Siya ay Malapit, kaya naman ang malayo ay hindi nakaririnig; at dahil sa iba pa rito na mga katangian ng kapitaganan at karikitan na ukol kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya).

(312) – عن عبادة بن الصامت رضي الله عنه و أبي سعيد الخدري رضي الله عنه مرفوعاً: «ما على الأرض مسلم يدعو الله تعالى بدعوة إلا آتاه الله إياها، أو صرف عنه من السوء مثلها، ما لم يدعُ بإثم، أو قطيعة رحم»، فقال رجل من القوم: إذا نُكِّثَ قال: «اللَّهُ أَكْثَرُ». وفي رواية أبي سعيد زيادة: «أو يدَّخر له من الأجر مثلها». [صحيح] - [رواه الترمذي، وبالزيادة رواه أحمد]

(312) – Ayon kina `Ubādah bin Aṣ-Ṣāmit, malugod si Allāh sa kanya, at Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allāh sa kanya: "Walang isang Muslim sa ibabaw ng lupa na dumadalangin kay Allāh, pagkataas-taas Niya, ng isang panalangin, ibibigay sa kanya ni Allāh ito o ibabaling palayo sa kanya ang kasagwaang tulad nito hanggat hindi siya dumadalangin ng kasalan o pagputol ng ugnayan sa kaanak." Nagsabi ang isang lalaking kabilang sa mga tao: "Samakatuwid, dadalasan namin." Nagsabi siya: "Si Allāh ay higit na madalas." Sa sanaysay ayon kay Abū Sa`īd ay may karagdagan: "o mag-iipon para sa kanya ng kabayaran tulad niyon." [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Ang ḥadīth ay nagpapagusto sa bawat Muslim na maging nakaugnay sa Panginoon niya, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, sa salita at gawa. Ang panalanging namumutawi mula sa pusong tapat na nakakapit sa pag-ibig kay Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay magbubukas para sa kanya ng mga pintuan ng langit at tutugon sa kanya si Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, na sumasagot sa nagigipit kapag dumalangin ito sa kanya at nag-aalis ng kasamaan. Ang panalangin ay hindi nasasayang sapagkat ito ay maaaring tugunin at matatamo ang hiling o ipagkakait ni Allāh sa kanya ang kasamaan ayon sa pagtatakda Niya o maglalaan Siya para sa kanya ng kapakinabangang tulad ng hiniling. Ang anuman nasa kay Allāh na kabutihan ay higit na marami kaysa sa hinihiling ng mga tao at

hinihingi. Mirqāh Al-Mafātīh Sharḥ Mishkāh Al-Maṣābīh ni Al-Qārī, 4/1537-1538, at Sharḥ Riyād Aṣ-Ṣāliḥīn ni Ibnu `Uthaymīn 6/54.

## Benefits from the Hadith:

(5100)

(313) – عَنْ أَنَسِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: كَانَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يُكْرِزُ أَنْ يَقُولَ: «يَا مُقَلَّبَ الْقُلُوبِ ثَبَّتْ قَلْبِي عَلَى دِينِكَ»، فَقُلْتُ: يَا رَسُولَ اللَّهِ، أَمَّا بِكَ وَبِمَا جِئْتَ بِهِ فَهَلْ تَخَافُ عَلَيْنَا؟ قَالَ: «نَعَمْ، إِنَّ الْقُلُوبَ بَيْنَ أَصْبَعَيْنِ مِنْ أَصَابِعِ اللَّهِ يُقَلِّبُهَا كَيْفَ يَشَاءُ». [صحيح] - [رواه الترمذي وأحمد]

(313) – Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpaparami ng pagsasabi ng: "Ya muqalliba –lqulūbi, thabbit qalbī `alā dīnik. (O Tagapagbago-bago ng mga puso, patatagin Mo ang puso ko sa Relihiyon Mo.)" Kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, sumampalataya kami sa iyo at sa inihatid mo; kaya nangangamba ka po ba para sa amin?" Nagsabi siya: "Oo; tunay na ang mga puso ay nasa pagitan ng dalawang daliri mula sa mga daliri ni Allāh, na nagbabagu-bago Siya ng mga ito kung papaano Niyang niloob."} [Tumpak] - []

## Ang pagpapaliwanag:

Ang pinakamadalas na panalangin ng Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang paghiling kay Allāh ng katatagan sa Relihiyon, ang pagtalima, at ang paglayo sa kalikuan at pagkaligaw. Kaya nagulat si Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) sa pagpapadala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa panalanging ito. Nagpabatid naman sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga puso ay nasa pagitan ng dalawang daliri mula sa mga daliri ni Allāh, na nagbabagu-bago Siya ng mga ito kung papaano Niyang niloob. Ang puso ay ang

kinalalagyan ng pananampalataya at kawalang-pananampalataya. Tinawag nga ang puso bilang puso (qalb) dahil sa dalas ng pagpapabagu-bago nito. Ito ay higit na matindi sa pagbabago kaysa sa kaldero kapag tumindi ito sa kulo. Kaya ang sinumang niloob ni Allāh, magpapanatili Siya ng puso nito sa patnubay at magpapatatag Siya rito sa Relihiyon. Ang sinumang niloob ni Allāh, magbabaling Siya ng puso nito palayo sa patnubay patungo sa kalikuan at pagkaligaw.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kataimtiman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya, ang pagsusumamo niya sa Kanya, ang paggabay sa Kalipunang Islām tungo sa paghiling niyon.
2. Ang kahalagahan ng pagpapakatuwid at pagpapakatatag sa Relihiyong Islām at na ang isinasaalang-alang ay nasa pangwakas na lagay.
3. Ang tao ay hindi makapagwawalang-bahala sa pagpapatatag ni Allāh sa kanya sa Islām nang isang kisap-mata.
4. Ang paghimok sa pagpapadalas ng pagdalanging ito bilang pagtulad sa Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga).
5. Ang katatagan sa Islām ay ang pinakadakilang biyaya na nararapat sa tao na magpunyagi rito at magpasalamat sa Mapagtangkilik sa kanya dahil rito.

(3142)



(314) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: كان رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «اللَّهُمَّ أصلح لي ديني الذي هو عصمةُ أمري وأصلح لي دنياي التي فيها معاشي ، وأصلح لي آخرتي التي إليها معادي واجعل الحياة زيادة لي من كل خير واجعل الموت راحة لي من كل شر». [صحيح] - [رواه مسلم]

(314) - Nagsabi si Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasabi noon: "Allāhumma aṣliḥ lī dīni -llādhī huwa `iṣmatu amrīy, wa aṣliḥ lī dunyāya -llatī fiha ma`āshī, wa aṣliḥ lī ākhirati -llatī ilayhā ma`ādī, wa-j`ali -lḥayāta ziyādatan lī min kulli khayr, wa-j`ali -lmawta rāḥatan lī min kulli sharr. (O Allāh, pabutihin Mo para sa akin ang pagrerelehiyon ko na siyang pananggalang sa kapakanan ko, pabutihin Mo para sa akin ang mundo ko na nasa loob nito ang kabuhayan ko, pabutihin mo sa akin ang Kabilang-buhay ko na doon ang uwian ko, gawin Mo ang buhay na karagdagan para sa akin sa bawat kabutihan, gawin Mo ang kamatayan ng kapahingahan para sa akin sa bawat kasamaan.)" [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Kabilang sa mga panalanging ipinanalangin noon ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay ang panalanging ito na naglalaman ng paghiling at paghingi ng mga kabutihan sa Mundo at Kabilang-buhay, ng paggawa sa kamatayan sa pagbibigay-wakas nito sa kanya at pagbaba nito sa kanya bilang kapahingahan sa mga kasamaan ng mundo at mga kasamaan ng daranasin sa libingan dahil sa pagkamasaklaw ng bawat kasamaan bago nito at matapos nito, at na gawin ang buhay niya bilang nakatuon sa anumang iniibig ni Allāh at iwasan ang anumang kinasusuklaman Niya at hindi naiibigan.

### Benefits from the Hadith:

(5482)

(315) - عن ابن عمر رضي الله عنهما قال: لم يكن رسول الله صلى الله عليه وسلم يدع هؤلاء الكلمات حين يُمسي وحين يُصبح: «اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْعَافِيَةَ فِي دِينِي وَدُنْيَايَ وَأَهْلِي وَمَالِي، اللَّهُمَّ اسْتُرْ عَوْرَاتِي وَآمِنْ رَوْعَاتِي، واحْفَظْنِي مِنْ بَيْنِ يَدَيْ وَمِنْ خَلْفِي وَعَنْ يَمِينِي وَعَنْ شِمَالِي وَمِنْ فَوْقِي، وَأَعُوذُ بِعَظَمَتِكَ أَنْ أُغْتَالَ مِنْ تَحْتِي». [صحيح] - [رواه أبو داود والنسائي في الكبرى وابن ماجه وأحمد.

ملحوظة:

لفظ الحديث في مصادر التخريج: اللهم إني أسألك العافية في الدنيا والآخرة، اللهم إني أسألك العفو والعافية في ديني.... واللفظ المذكور من بلوغ المرام]

(315) – Ayon kay Ibnu `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa: Hindi nangyaring ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nag-iwan sa mga pananalitang ito kapag gumabi at kapag nag-umaga: "Allāhumma innī as'aluka -l'āfiyata fī dīnī wa dunyāya wa ahlī wa māli, allāhumma -stur `awrātī wa āmin raw`ātī, wa -ḥfidnī mim bayna yadayya wa min khalfī wa `an yamīnī wa `an shimālī wa min fawqī, wa a`ūdhu bi`adamatika an ughtāla min taḥtī (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allah, pagtakpan Mo ang mga kahihyan ko, patiwasayin Mo ang mga pangingilabot ko, at pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako lamunin mula sa ilalim ko)." [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinalaysay ito ni Imām Al-Ḥākim - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

## Ang pagpapaliwanag:

Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa bawat umaga at gabi ay nagsisigasig noon sa pagsambit ng panalanging ito. Hindi niya ito itinigil kailanman dahil sa taglay nito na mga kahulugang

dakila. Nasasaad dito ang paghiling kay Allah ng "kagalingan sa relihiyon ko." Ang ipinakakahulugan ng "kagalingan" ay ang kaligtasan sa relihiyon ko laban sa mga pagsuway, mga pagsalungat, at mga bid`ah. Ang "pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko" ay nangangahulugang humihiling ako sa Iyo ng kagalingan sa pangmundong buhay ko laban sa mga kasawian at mga kasamaan at humihiling ako sa Iyo ng kagalingan para sa mag-anak ko laban sa masamang pakikitungo, sa mga sakit at mga karamdaman, sa pagkakaabala nila sa paghahanap ng mga walang kabuluhang bagay, at para sa ari-arian ko laban sa mga nakasisira, mga nakalilito, at mga ipinagbabawal. Ang "pagtakpan Mo ang mga kahihyan ko, patiwasayin Mo ang mga pangingilabot ko" ay nangangahulugang pagtakpan Mo ang lahat ng ikahihya ko kapag lumitaw ang ilan sa mga pagkakasala at mga kapintasan, patiwasayin Mo ako, at ilitas Mo ako laban sa hilakbot na nagpapangamba sa akin. Ang "pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko" ay nangangahulugang ipagsanggalang Mo ako laban sa ka kasawian mula sa anim na dako upang hindi ako dapuan ng kasamaan mula sa anumang pook. Ang "Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako lamunin mula sa ilalim ko" ay nangangahulugang nagpapakalinga ako at nagpapakanolong sa kadakilaan Mo laban sa pagkakalamom sa akin mula sa ilalami ko nang patago.

### **Benefits from the Hadith:**

(5485)

(316) – عن عائشة رضي الله عنها أن رسول الله صلى الله عليه وسلم علمها هذا الدعاء: اللَّهُمَّ إني أسألك من الخير كله عاجلِه وآجلِه، ما علمتُ منه وما لم أعلم، وأعوذ بك من الشر كله عاجلِه وآجلِه، ما علمتُ منه وما لم أعلم، اللَّهُمَّ إني أسألك من خير ما سألك عبدك ونبيُّك، وأعوذ بك من شر ما عاذَ منه عبدك ونبيُّك اللَّهُمَّ إني أسألك الجنة، وما قرب إليها من قول أو عمل، وأعوذ بك من النار، وما قرَّبَ إليها من قول أو عمل، وأسألك أن تجعل كل قضاء قضيته لي خيرًا. [صحيح] - [رواه ابن ماجه وأحمد]

(316) – Ayon kay `Ā`ishah, malugod si Allah sa kanya- Na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagturu sa kanya sa pananalanging ito: O Allah hinihiling ko sa Iyo ang lahat ng mabubuti maging ito man ay sa una o sa huli, Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman, At ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa lahat ng masasama, maging ito man sa una at sa huli, Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman. O Allah! hinihiling ko sa Iyo ang mabuti na tulad ng hiniling sa Iyo ng Iyong alipin at Propeta! O Allah! hinihiling ko sa Iyo ang Paraiso at ang mga salita at mga gawa na napapalapit dito, At ako ay nagpapakupkop mula sa Impiyerno, at sa mga salita ay gawa na nagpapakupkop dito. At hinihiling ko sa Iyo na gawin Mong mabuti ang aking kapalaran [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Tinuruan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-si `Aishah malugod si Allah sa kanya-sa panalanging ito na siyang kabuuan ng mga salitang kapaki-pakinabang sa pangkalahatan [dahil sa napapaloob rito na] dalawang kabutihan sa Mundo at sa Kabilang-buhay. At ang pagpapakupkop sa mga kasamaan nito, at ang paghiling sa Paraiso at sa mga gawain nito [gawaing dahilan sa pagpasok rito], At ang Pagpapakupkop sa Impiyerno at sa mga gawain nito [gawaing dahilan sa pagpasok rito] at ang paghiling sa Allah na gawin Niya na ang lahat ng magiging Kapalaran ay Mabuti, At ang paghiling sa Allah-

Kataas-taasan Siya- mula sa mga kabutihan na hiniling ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At Pagpapakupkop sa anumang ginawang pagpapakupkop mula rito ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.

### Benefits from the Hadith:

(5487)

(317) - عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو بْنِ الْعَاصِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِنَّ الْإِيمَانَ لِيَخْلُقَ فِي جَوْفِ أَحَدِكُمْ كَمَا يَخْلُقُ الثَّوْبَ الْخَلِيقُ، فَاسْأَلُوا اللَّهَ أَنْ يُجَدِّدَ الْإِيمَانَ فِي قُلُوبِكُمْ». [صحيح] - [رواه الحاكم والطبراني]

(317) – Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang pananampalataya ay talagang naluluma sa kaloob-looban ng [bawat] isa sa inyo kung paanong naluluma ang lumang kasuutan. Kaya naman humiling kayo kay Allāh na magpanibago Siya ng pananampalataya sa mga puso ninyo."} [Tumpak] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pananampalataya ay naluluma sa puso ng Muslim at nanghihina tulad ng bagong damit na naluluma sa tagal ng paggamit nito. Iyon ay dahilan sa panlalamig sa pagsamba o pagkagawa ng mga pagsuway at pagkalublob sa mga ninanasa. Kaya gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na dumalangin tayo kay Allāh (napakataas Siya) na panibaguhin Niya ang pananampalataya natin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga tungkulin at dalas ng pagsambit ng dhikr at paghingi ng tawad.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa paghiling kay Allāh ng katatagan at pagpapanibago ng pananampalataya sa puso.
2. Ang pananampalataya ay pagsasabi, paggawa, at paniniwala, na nadaragdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

(65020)

(318) - عَنِ الْعَبَّاسِ بْنِ عَبْدِ الْمُطَّلِبِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّهُ سَمِعَ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، يَقُولُ: «ذَا قَطَعَمَ الْإِيمَانِ مَنْ رَضِيَ بِاللَّهِ رَبًّا، وَبِالْإِسْلَامِ دِينًا، وَبِمُحَمَّدٍ رَسُولًا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(318) – Ayon kay Al-`Abbās bin `Abdilmuttalib (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Nakatikim ng lasa ng pananampalataya ang sinumang nalugod kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mananampalatayang tapat sa pananampalataya niya, na napapanatag dito ang puso niya, ay makadarama at makatatalos sa puso niya ng pagkaluwag, pagkalawak, tuwa, katamisan, at sarap ng kalapitan kay Allāh (napakataas Siya) kung siya ay nalugod sa tatlo:

A. Nalugod siya kay Allāh bilang Panginoon. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya sa anumang dumarating sa kanya mula kay Allāh ayon sa hinihiling ng pagkapanginoon na pagkakahati ng mga panustos at mga kalagayan. Kaya naman hindi siya nakadarama sa puso niya ng isang pagtutol sa anuman mula roon at

hindi siya humihiling ng isang panginoong iba pa kay Allāh (napakataas Siya).

B. Nalugod siya sa Islām bilang relihiyon. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya sa anumang nilalaman ng Islām na mga pag-aatang at mga tungkulin at hindi siya nagpunyagi sa iba pa sa daan ng Islām.

C. Nalugod siya kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang sugo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya at pagkatuwa niya sa lahat ng mga inihatid ng Propeta nang walang pag-aatubili at walang pagdududa, kaya wala siyang tinahak kundi ang sumasang-ayon sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pananampalataya ay may katamisan at lasang natitikman sa pamamagitan ng mga puso gaya ng pagkatikim sa katamisan ng pagkain at inumin sa pamamagitan ng bibig.
2. Ang katawan ay hindi nakadarama ng katamisan ng pagkain at inumin malibang sa sandali ng kalusugan nito. Gayon din ang puso: kapag naligtas ito sa sakit ng mga pithayang tagapagligaw at mga pagnanasang ipinagbabawal, nakadarama ito ng katamisan ng pananampalataya. Kapag nagkasakit ito at nagkakaramdaman, hindi ito makadarama ng katamisan ng pananampalataya; bagkus maaaring matamisin nito ang anumang naroon ang kapahamakan nito na mga pithaya at mga pagsuway.
3. Ang tao, kapag nalugod siya sa isang bagay o nagmaganda siya nito, ay dadali sa kanya ang nauukol dito at hindi hihirap sa kanya ang anuman mula rito. Matutuwa siya sa bawat inihatid nito at hahalo sa ngiti niya ang puso niya. Gayon din ang mananampalataya: kapag pumasok sa puso niya ang

pananampalataya, dadali sa kanya ang pagtalima sa Panginoon niya, masasarapan dito ang sarili niya, at hindi hihirap sa kanya ang pagdanas nito.

4. Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim: Ang ḥadīth na ito ay naglaman ng pagkalugod sa pagkapanginoon Niya (kaluwalhatian sa Kanya) at pagkadiyos Niya, ng pagkalugod sa Sugo Niya at pagpapaakay rito, at ng pagkalugod sa Relihiyon nito at pagtanggap dito.

(65116)

(319) - عن معاذ بن جبل رضي الله عنه أن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «يَا مُعَاذُ، وَاللَّهِ، إِنِّي لِأَحِبُّكَ، ثُمَّ أُوصِيكَ يَا مُعَاذُ، لَا تَدْعَنَّ فِي دُبُرِ كُلِّ صَلَاةٍ تَقُولُ: اللَّهُمَّ أَعِنِّي عَلَى ذِكْرِكَ، وَشُكْرِكَ، وَحُسْنِ عِبَادَتِكَ». [صحيح] - [رواه أبو داود والنسائي ومالك وأحمد]

(319) - Ayon kay Mu'ādh bin Jabal, malugod si Allah sa kanya-Katotohanang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: (( O Muadh, Sumpa sa Allah; Katotohanan ikaw ay iniibig ko, Pagkatapos ay nagtatagubilin ako sa iyo O Muadh, Huwag mong iwan sa bawat pagtatapos ng pagdarasal na sabihin mong: O Allah, Tulungan ako sa Pag-aalaala sa Iyo, at sa Pagpapasalamat sa Iyo, at sa Mabuting Pagsamba sa Iyo. [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Isinaysay ito ni Imām Mālik]

### Ang pagpapaliwanag:

Inilalarawan sa Hadith ni Muadh, Bilang bagong katuruaan mula sa katuraaan ng Pagmamahalan sa Islam, Na kung saan ang bunga nito ay pangangaral at pagpapatnubay sa kabutihan, Sapagkat ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay nagsabi kay Muadh: "Katotohanang iniibig kita" At sumumpa siya, Nagsabi siya: "Sumpa sa



Allah,Katotohanang iniibig kita" At ito ay napakadakilang kainaman para kay Muadh bin Jabal-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay iniibig siya,At ang nagmamahal ay hindi nagkakait sa mahal niya ng mga mabubuting bagay para sa kanya,at kaya niya ito sinabi sa kanya ay upang maging handa sa anumang sasabihin niya sa kanya;Sapagkat sasabihin ito sa kanya ng mula sa nagmamahal.Pagkatapos ay nagsabi siya sa kanya:"Huwag mong iwan sa pagtatapos ng bawat pagdarasal" ibig sabihin ay ang mga obligadong dasal."O Allah,Tulungan ako sa Pag-aalaala sa Iyo,at sa Pagpapasalamat sa Iyo,at sa Mabuting Pagsamba sa Iyo" At ang pagtatapos ng bawat pagdarasal ibig sabihin ay sa huling pagdarasal bago isagawa ang Taslem.Ganito ito naisaad sa mga ibang salaysay, na sasabihin niya ito bago isagawa ang Taslem,at ito ang katotohanan.At tulad ng napagtibay:Na ang pagtatanto sa Pagtatapos ibig sabihin ay pagtatapos ng pagdarasal,Kapag ito ay Panalangin,ito ay gaganapin bago isagawa ang Taslem,At kapag ito ay Pag-aalaala,ito ay gaganapin pagkatapos ng Taslem, At pinapatunayan sa Pamantayang ito na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsabi sa Hadith ni Ibn Mas-'ud sa pagsasagawa ng Tashahhud,batay sa nabanggit niya,nagsabi siya:Pagkatapos ay mamili siya ng Panalangin,anumang naisin niya,o anumang ibigin niya ,o sa anumang nagustuhan niya, At ang pananalangin,Nagsabi si Allah-Pagkataas-taas Niya: {At kung inyo nang natapos ang inyong pagdarasal,inyong alalahanin si Allah kahima`t kayo ay nakatayo,naka-upo o nakahimlay sa inyong tagiliran} At sa sinabi niya: "Tulungan ako sa Pag-aalaala sa Iyo" ibig sabihin : sa bawat pananalita na [magiging dahilan] sa pagiging malapit kay Allah,at sa lahat ng bagay na [magiging dahilan] sa pagiging malapit kay Allah,Ito ay kabilang sa Pag-aalaala sa Allah at Pagpapasalamat sa Kanya;Ibig sabihin ay: Pagpapasalamat sa mga biyaya at Pagpigil sa Sakuna ni Allah,Ilan pa sa mga biyaya [Ang ipinagkaloob] ni Allah para sa kanyang likha,at ilan ang sakuna na napigilan sa kanila,Pinasasalamatan nila sa Allah ang mga ito.

## Benefits from the Hadith:

(3518)

(320) - عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «أَقْرَبُ مَا يَكُونُ الْعَبْدُ مِنْ رَبِّهِ وَهُوَ سَاجِدٌ، فَأَكْثِرُوا الدُّعَاءَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(320) - Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang pinakamalapit na lagay na ang tao ay magiging mula sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagdalangin."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

## Ang pagpapaliwanag:

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamalapit na lagay na ang tao ay magiging mula sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa. Iyon ay dahil ang nagdarasal ay naglalagay ng pinakamataas at pinakamarangal na nasa katawan niya sa lapag bilang pagpapakataimtim, pagpapakaaba, at pagpapakumbaba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) habang siya ay nakapatirapa.

Nag-utos nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpaparami ng pagdalangin sa pagkapatirapa, kaya naman natitipon doon ang pagpapakaaba kay Allāh sa sinasabi at ginagawa.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagtalima ay nagdaragdag sa tao ng kalapitan mula kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya).
2. Ang pagsasakaibig-ibig ng dami ng panalangin sa pagkapatirapa dahil ito ay mga pagkakataon ng pagsagot [sa panalangin].

(5382)

(321) – عن أنس رضي الله عنه قال: كان أكثر دعاء النبي صلى الله عليه وسلم: «اللَّهُمَّ آتِنَا فِي

الدنيا حسنة، وفي الآخرة حسنة، وقنا عذاب النار. [صحيح] - [متفق عليه]

(321) – Ayon kay Anas, malugod si Allah sa kanya: "Ang pinakamadalas na panalangin noon ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay Allāhumma ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa fi -l'ākhirati ḥasanatan wa qinā `adhāba -nnār (O Allah, bigyan Mo kami sa mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda rin, at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusang sa Apoy)." [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay dumadalangin ng panalangin ito. Ito ay isang marangal na talata mula sa Qur'an. Dinadalasan niya ang pagdalangin ng ganito dahil sa pagkakatipon nito sa lahat ng mga kahulugan ng panalangin na nauukol sa Mundo at nauukol sa Kabilang-buhay. Ang tinutukoy ng "maganda" rito ay ang pagpapala. Hiningi niya ang pagpapala sa Mundo at Kabilang-buhay at ang pagsasanggalang laban sa Impiyerno. Kabilang sa "maganda" ng Mundo ay ang paghingi ng bawat hiling at nais. Kabilang sa "maganda" ng Kabilang-buhay ay ang dakilang pagpapala: ang kaluguran ni Allah at ang pagpasok sa Paraiso Niya. Ang pagsasanggalang naman laban sa Impiyerno, tunay na ito ay ang kalubusan ng pagpapala at ang paglaho ng pangamba at pighati.

### **Benefits from the Hadith:**

(5502)

(322) - عن أبي الدرداء رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَلَا أُتَبِّئُكُمْ بِخَيْرِ أَعْمَالِكُمْ، وَأَزْكَاهَا عِنْدَ مَلِيكِكُمْ، وَأَرْفَعَهَا فِي دَرَجَاتِكُمْ، وَخَيْرَ لَكُمْ مِنْ إِنْفَاقِ الذَّهَبِ وَالْفِضَّةِ، وَخَيْرَ لَكُمْ مِنْ أَنْ تَلْقَوْا عَدُوَّكُمْ فَتَضْرِبُوا أَعْنَاقَهُمْ وَيَضْرِبُوا أَعْنَاقَكُمْ؟» قالوا: بلى، قال: «ذَكَرَ اللَّهُ تَعَالَى.» [صحيح] - [رواه الترمذي وأحمد وابن ماجه]

(322) - Ayon kay Abū Ad-Dardā', malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Hindi ba ako magbabalita sa inyo hinggil sa pinakamabuti sa mga gawa ninyo, ng pinakadalisay sa mga ito sa ganang May-ari ninyo, pinakaangat sa mga ito sa mga antas ninyo, higit na mabuti para sa inyo kaysa sa paggugol ng ginto at pilak, at higit na mabuti para sa inyo kaysa sa makatagpo ninyo ang mga kaaway ninyo at tagain ninyo ang mga leeg nila at tagain nila ang mga leeg ninyo?" Nagsabi sila: Opo. Nagsabi siya: "Ang pag-alaala kay Allah, pagkataas-taas Niya." [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

**Ang pagpapaliwanag:**

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa pinakamabuti sa mga gawa ninyo, pinakamarami sa mga ito sa gantimpala, pinakadalisay sa mga ito sa ganang Panginoon ninyo, pinakamarami sa mga ito sa pag-aangat sa mga antas ninyo, higit na mabuti para sa inyo kaysa sa gumugol kayo ng ginto at pilak alang-alang sa landas ni Allah, at higit na mabuti para sa inyo kaysa sa makatagpo ninyo ang mga Kāfir sa larangan ng digmaan at tagain ninyo ang mga leeg nila upang itaas ang salita ni Allah, pagkataas-taas Niya. Nagsabi ang mga kasamahan niya: "Opo, o Sugo ni Allah." Nagsabi siya: "Ang pag-alaala kay Allah, pagkataas-taas Niya."

## Benefits from the Hadith:

(3575)

(323) - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا: أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ إِذَا أَوَى إِلَى فِرَاشِهِ كُلَّ لَيْلَةٍ جَمَعَ كَفَّيْهِ، ثُمَّ نَفَثَ فِيهِمَا فَقَرَأَ فِيهِمَا: {قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ}، وَ{قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ}، وَ{قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ}، ثُمَّ يَمْسَحُ بِهِمَا مَا اسْتَطَاعَ مِنْ جَسَدِهِ، يَبْدَأُ بِهِمَا عَلَى رَأْسِهِ وَوَجْهِهِ وَمَا أَقْبَلَ مِنْ جَسَدِهِ، يَفْعَلُ ذَلِكَ ثَلَاثَ مَرَّاتٍ. [صحيح] - [رواه البخاري]

(323) – Ayon kay `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya bawat gabi, ay nagbubuklod ng mga kamay niya. Pagkatapos bumubuga siya sa mga ito saka bumibigkas sa mga ito ng ika-112 kabanata, ika-113 kabanata, at ika-114 kabanata [ng Qur'ān]. Pagkatapos nagpapahid siya ng mga ito sa nakakaya niya mula sa katawan niya. Nagsisimula siya sa pamamagitan ng mga ito sa ulo niya, mukha niya, at nakaharap mula sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit.} [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

## Ang pagpapaliwanag:

Bahagi ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya upang matulog, ang pagbuklod niya ng mga palad niya, ang pag-aangat ng mga ito gaya ng ginagawa ng tagapanalangin, at ang pagbuga sa mga ito mula sa bibig niya sa isang malumanay na pagbuga kasama ng kakaunting laway. Binibigkas niya ang tatlong kabanata ng Qur'ān: ang ika-112 kabanata, ang ika-113 kabanata, at ang ika-114 kabanata. Pagkatapos nagpapahid siya ng mga palad niya sa nakakaya niya mula sa katawan niya, na nagsisimula sa ulo niya, mukha niya, at bahaging nakaharap mula sa katawan niya. Nag-uulit-ulit siya ng gawaing ito nang tatlong ulit.

## Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagbigkas ng ika-112 kabanata, ika-113 kabanata, at ika-114 kabanata ng Qur'ān bago matulog, ang pagbuga sa pamamagitan ng mga ito, at ang pagpahid sa nakakaya mula sa katawan.

(65060)

(324) – عن شداد بن أوس رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم: "سيد الاستغفار أن يقول العبد: اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ وَأَنَا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتَطَعْتُ أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأَبُوءُ لَكَ بِذُنُوبِي فَاعْفُرْ لِي فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ". [صحيح] - [رواه البخاري]

(324) – Ayon kay Shaddad bin Aws, malugod si Allah sa kanya. Pangulo ng pananalangin sa Kapatawaran, Ang pagsabi ng alipin sa: "O Allah, Ikaw ang aking Panginoon, Walang ibang Diyos na karapadapat sambahin maliban sa Iyo, Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin, at ako ay susunod sa Iyong mga ipinag-utos at ipinangangako kong gagawin sa abot ng aking makakayanan, Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa, Tinatanggap ko ang Iyong mga biyaya sa akin at tinatanggap ko ang aking mga pagkakasala, Kaya patawarin ako, dahil katotohanan walang makakapagbigay ng kapatawaran maliban sa Iyo." [Tumpak] - [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī]

## Ang pagpapaliwanag:

Ipinapaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang mga pananalita sa panalanging ito ay tulad ng pangulo ng mga pananalita sa Paghingi ng Kapatawaran, at ito ang pagsabi ng alipin na: "O Allah, Ikaw ang aking Panginoon, Walang ibang Diyos na karapadapat sambahin maliban sa Iyo, Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin, at ako ay susunod sa Iyong mga ipinag-utos at ipinangangako

kong gagawin sa abot ng aking makakayanan,Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa,Tinatanggap ko ang Iyong mga biyaya sa akin at tinatanggap ko ang aking mga pagkakasala,Kaya patawarin ako,dahil katotohanan walang makakapagbigay ng kapatawaran maliban sa Iyo."Pinagpapatunay sa una ng isang alipin sa Allah ang Pag-iisa Niya [ sa kanyang Pagka-Panginoon] At siya ay nasa pangako ni Allah-Napakamaluwalhati Niya-sa kanya mula sa Paniniwala sa kanya at pananampalataya sa kanya,sa abot ng makakaya niya,at hindi sa abot ng anumang inoobliga ni Allah-Pagkataas Taas Niya at Karapat-dapat sa kanya.Sapagkat ang alipin, kahit ano ang gawin niyang pagsamba,Hindi parin niya makakayanang gampanan ang lahat ng ipinag-uutos ni Allah sa kanya,at Hindi rin niya makakayanan ang pagsasagawa ng anumang karapat-dapat na pagpapasalamat sa Kanyang mga biyaya,Pagkatapos ay mananalangin siya sa kanya at hihingi ng tulong sa kanya,Sapagkat Siya ang kumukopkop sa mga kasamaan na nagawa ng kanyang mga alipin,Pagkatapos ay magpapakumbaba ang alipin at aamin sa Kanya,ng bukal sa kalooban dahil sa biyaya niya sa kanya,At babalik siya sa kanyang sarili sa Pagpapakumbaba at pag-aamin sa kasalanan niya at pagsuway niya,Pagkatapos ay mananalangin siya sa Allah na patawarin ito sa kanya,at pagtakpan siya sa kanyang mga kasalanan,at Buburahin [ni Allah] ang mga kasalanan niya dahil sa Pagpapatawad Niya at Kainaman Niya at Habag Niya,Sapagkat tunay na walang nagpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Kanya-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-

### **Benefits from the Hadith:**

(5503)

(325) - عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: كان رسول الله صلى الله عليه وسلم إذا أصبح يقول: «اللَّهُمَّ بك أصبحنا، وبك أمسينا، وبك نحيا، وبك نموت، وإليك النُّشُورُ» وإذا أمسى قال: «اللَّهُمَّ بك أمسينا، وبك نحيا، وبك نموت، وإليك المصير». [حسن] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه]

(325) – Ayon kay Abe Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya: Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at panagalagaan-kapag siya ay kina-umagahan,sinasabi niyang:((O Allah, {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay inumagahan,at {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay ginabihan,at {sa kapahintulutan mo} kami ay nabubuhay,at {sa kapahintulutan mo} kami ay namamatay,at kami sa Iyo ay babalik)) at kapag Ginabihan,Nagsabi siya:((O Allah, {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay ginabihan,at {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay inumagahan,at {sa kapahintulutan mo} kami ay nabubuhay,at {sa kapahintulutan mo} kami ay namamatay,at kami sa Iyo ay babalik)) [Maganda] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhiy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

### Ang pagpapaliwanag:

Katotohanan ang alipin ay (nararapat na) humingi ng tulong sa Allah-Pagkataas-taas Niya-Sa kapangyarihan Niya at Lakas Niya,sa unang araw nito at katapusan nito.At paniniwalaan nito na Siya-Napakamaluwalhati Niya,dahil sa Kapangyarihan Niya,ay Nilikha niya tayo at nilikha Niya ang Umaga at Ang Gabi,at Ang Buhay at Ang Kamatayan,at sa Kanya ito ay Babalik at Uuwi pagkatapos ng Muling-Pagkabuhay.

### Benefits from the Hadith:

(5490)



(326) - عن عثمان بن عفان رضي الله عنه مرفوعاً: «ما من عبد يقول في صباح كل يوم ومساء كل ليلة: بسم الله الذي لا يضر مع اسمه شيء في الأرض ولا في السماء وهو السميع العليم، ثلاث مرات، إلا لم يضره شيء». [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي وابن ماجه والنسائي في الكبرى وأحمد]

(326) – Ayon kay `Uthmān bin `Affān, malugod si Allah sa kanya: "Walang taong nagsasabi sa kinaumagahan ng bawat araw at kinagabihan ng bawat gabi: Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -ssamī`u -l`alīm (Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam) nang tatlong ulit malibang hindi siya mapipinsala ng anuman." [Tumpak] - [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

### Ang pagpapaliwanag:

Walang taong nagsasabi sa kinaumagahan ng bawat araw at kinagabihan ng bawat gabi: matapos sumapit ang madaling-araw at matapos lumubog ang araw - at sa sanaysay ni Imām Aḥmad na nagsabi: Sa simula ng araw niya at sa simula ng gabi niya - ng panalanging: Bismi -llāhi... (Sa ngalan ni Allāh...). Nangangahulugan ito: "Binabanggit ko ang pangalan Niya sa paraang nagdadakila at nagpapabiyaya. Ang "-(a)lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un (na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay) ay nangangahulugang: "Kalakip ng pagbanggit sa Kanya ayon sa paniniwalang maganda at layuning dalisay." Ang "walang makapipinsala sa pangalan Niya" na isang umiiral "fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i" (sa lupa ni sa langit) ay nangangahulugang: "na kapahamakang bumababa mula roon." Ang "wa huwa -ssamī`u -l`alīm" (at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam) ay nangangahulugang: "sa mga sinasabi natin at mga kalagayan natin." Sa ḥadīth ay may patunay na ang mga

pangungusap na ito ay nagsasanggalang sa nagsasabi ng mga ito laban sa bawat kapinsalaan maging anuman iyon.

## Benefits from the Hadith:

(6093)

(327) – عن عبد الله بن حُيَيْب رضي الله عنه قال: قال لي رسول الله صلى الله عليه وسلم: «اقرأ: قل هو الله أحد، والمُعَوِّذَاتَيْنِ حين تسمي وحين تصبح، ثلاث مرات تكفيك من كل شيء.» [صحيح] - [رواه أبو داود والترمذي والنسائي]

(327) – Ayon kay `Abdullāh bin Khubayb, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Bigkasin mo ang Qul huwa -llāhu aḥad (Sūrah 112) at ang dalawang ipinampapakupkop (Sūrah 113 at Sūrah 114) kapag gumabi at kapag nagmadaling-araw nang tatlong ulit, sasapat ang mga ito sa iyo sa bawat bagay." [Tumpak] - [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

## Ang pagpapaliwanag:

Nagsaad ang ḥadīth na ito ng panutong pampropetang natatangi, at ng humihimok sa Muslim sa pagkapit sa pag-aalaala kay Allāh, pagkataas-taas Niya, sapagkat ang sinumang nag-iingat kay Allāh ay iingatan ni Allāh. Dito ay nagpapatnubay ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kay `Abdullāh bin Khubayb, malugod si Allāh sa kanya, at sa lahat ng Kalipunan niya, na kabilang sa mga maiiwan niya, na ang sinumang nagpapanatili sa pagbigkas sa Kabanata 112, Kabanata 113, at Kabanata 114 ng Qur'ān nang tatlong ulit kapag nagumaga at kapag gumabi, tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay magpapasapat sa kanya nito laban sa bawat bagay. Sa ḥadīth na ito ay may nasaad na dakilang kalamangan at kapita-pitagang gawain para sa bawat mananampalataya upang maisanggalang ang sarili niya laban sa lahat ng mga kasamaan at mga namiminsala. Ang ḥadīth na ito ay

naglaman nga ng pananalita tungkol sa tatlong dakilang kabanata ng Qur'ān. Ang mga ito ay ang sumusunod: A. Ang Kabanata 112 na iniukol ni Allāh, pagkataas-taas Niya, sa sarili Niya kaya hindi Siya bumanggit dito ng anuman malibang nauugnay sa sarili Niya, kapita-pitagan Siya at kataas-taasan. Ang lahat ng ito ay nakalaan kay Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Pagkatapos, ang bumibigkas nito ay lumulubos sa kawagasan niya kay Allāh, pagkataas-taas Niya. Ito ay kaligtasan at tagapagligtas, na nagliligtas sa bumibigkas nito sa shirk. Nilinaw nga ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na ito ay nakatutumbas ng sangkatlo ng Qur'ān ngunit ito ay hindi naman makatutumbas doon. B. Ang Kabanata 113, na naglaman ng pagpapakupkop laban sa kasamaan ng nilikha ni Allāh, pagkataas-taas Niya, at pagpapakupkop laban sa kasamaan ng gabi at nilalaman nito na mga namiminsala, at laban sa kasamaan ng mga manggagaway at inggit. Tinipon nito ang pinakamadalas na mga bagay na laban sa mga iyon nagpapakupkop ang Muslim at nag-iingat. C. Ang Kabanata 114, na naglaman ng mga bahagi ng Tawhīd. Ang "Panginoon ng mga tao" ay Tawhīd Ar-Rubūbīyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkapanginoon), ang "Hari ng mga tao" ay Tawhīd Al-Asmā' wa Aṣ-Ṣifāt (Paniniwala sa mga Pangalan at mga Katangian), at ang "Diyos ng mga tao" ay Tawhīd Al-Ulūhīyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkadiyos). "laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong – na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao – na kabilang sa mga jinn at mga tao." Tinapos ito sa pamamagitan ng pagpapakupkop laban sa kasamaan ng mga bulong ng demonyo.

## **Benefits from the Hadith:**

(6082)

(328) - عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا قَالَتْ: فَقَدْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لَيْلَةً مِنَ الْفَرَاشِ فَالْتَمَسْتُهُ فَوَقَعَتْ يَدِي عَلَى بَطْنِ قَدَمَيْهِ وَهُوَ فِي الْمَسْجِدِ وَهُمَا مَنْصُوبَتَانِ، وَهُوَ يَقُولُ: «اللَّهُمَّ أَعُوذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمَعَاذِكَ مِنْ عِقُوبَتِكَ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْكَ لَا أُحْصِي ثَنَاءً عَلَيْكَ أَنْتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِكَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(328) – Ayon kay `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nawalay ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang gabi mula sa higaan. Kinapa ko siya saka bumagsak ang kamay ko sa talampakan ng mga paa niya habang siya ay nasa masjid habang ang dalawang ito ay nakatukod habang siya ay nagsasabi: "Allāhumma, innī a`ūdhu bi-riḍāka min sakhatika, wa-bimu`āfātika min `uqūbatika, wa-a`ūdhu bika minka; lā uhṣī thanā`an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa pagkalugod Mo laban sa pagkayamot Mo at sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako nakabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay kung paanong nagbunyi Ka sa sarili Mo.)"} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagsabi si `Ā`ishah (malugod si Allāh sa kanya): "Ako minsan ay natutulog sa tabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nawalay ako sa kanya isang gabi. Kinapa ko ng kamay ko ang puwesto na dinadasalan niya sa silid ngunit siya pala ay nakapatirapa at ang mga paa niya ay nakatukod at biglaang siya ay nagsasabi:

{nagpapakupkop [ako]} at nagsusumamo {sa pagkalugod Mo laban sa pagkayamot Mo} sa akin o sa Kalipunan ko. Humihiling ako ng pagkupkop {sa pagpapaumanhin Mo} at paumanhin Mong marami {laban sa pagpaparusa Mo}. {at nagpapakupkop [ako] sa Iyo laban sa Iyo} at sa mga katangian ng karikitan Mo laban sa mga katangian ng kapitaganan sa Iyo yayamang walang nagkukupkop laban sa Iyon kundi Ikaw. Walang maliligtasan at walang madudulugan laban kay Allah

kundi sa Kanya! {Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo}: hindi ako makakakaya at hindi ako makaaabot sa takda at sa bilang dahil sa kawalang-kakayahan ko sa pagbilang sa biyaya Mo at paggawa Mo ng maganda, kung paanong nagiging karapat-dapat Ka kahit pa man nagsumikap ako roon. {Ikaw ay kung paanong nagbunyi Ka sa sarili Mo} sapagkat Ikaw ang nagbunyi sa sarili mo nang pagbubunying naaangkop sa Iyo, kaya sino ang makakakaya sa pagganap ng totoong pagbubunyi sa Iyo?

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng mga panalanging ito sa pagkakapatirapa.
2. Nagsabi si Mīrak: Sa isa sa mga salaysay ni Imām An-Nasā'iy: Nagsasabi siya noon ng panalanging ito kapag nakatapos siya ng ṣalāh niya at umukupa siya ng higaan niya.
3. Ang pagsasakaibig-ibig ng pagbubunyi kay Allāh sa pamamagitan ng mga katangian Niya at pagdalangin sa Kanya sa pamamagitan ng mga pangalan Niyang napagtibay sa Qur'ān at Sunnah.
4. Dito ay may pagdakila sa Tagalikha sa pagkakayukod at pagkakapatirapa.
5. Ang paghiling ng paghiling ng pagkukup sa pamamagitan ng mga katangian ni Allāh kung paanong pinapayagan ang paghiling ng pagkukup sa pamamagitan ng sarili Niya (zt).
6. Nagsabi si Al-Khaṭṭābīy: Sa pananalitang ito ay may isang mahiwagang kahulugan: na siya ay humiling ng pagkukup ni Allāh na magkalinga sa kanya sa pamamagitan ng pagkalugod Nito laban sa pagkayamot Nito at sa pamamagitan ng pagpapaumanhin Nito laban sa pagpaparusa Nito. Ang pagkalugod at ang pagkayamot ay magkasalungat na

magkatapatan at gayon din ang pagpapaumanhin at ang pagpapanagot sa pamamagitan ng kaparusahan. Ngunit noong dumating sa pagbanggit ng walang kasalungat, na siyang si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya), humiling siya ng pagkukupkop ni Allāh laban kay Allāh hindi sa iba. Ang kahulugan niyon: ang paghingi ng tawad laban sa pagkukulang sa pag-abot sa kinakailangan mula sa tungkulin ng pagsamba kay Allāh at pagbubunyi sa Kanya. Ang sabi niya na: "Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo" ay nangangahulugang: Hindi ako makakakaya niyon at hindi ako makaaabot doon.

(3566)

(329) – عن سَمُرَةَ بن جندبٍ رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «أَحَبُّ الْكَلَامِ إِلَى اللَّهِ أَرْبَعٌ: سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، لَا يَضُرُّكَ بِأَيِّهِنَّ بَدَأْتَ.» [صحيح] - [رواه مسلم]

(329) – Ayon kay Samurah bin Jundub (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakakaibig-ibig na pangungusap para kay Allāh ay apat: Subhāna --llāh (Kaluwalhatian kay Allāh), Alḥmadu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh), Lā ilāha illa --llāh (Walang Diyos kundi si Allāh), at Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila). Hindi makapipinsala sa iyo kung sa alin man sa mga ito nagsimula ka."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakakaibig-ibig na pangungusap para kay Allāh (napakataas Siya) ay apat:

Subhāna --llāh (Kaluwalhatian kay Allāh). Nangangahulugan ito ng pagpapawalang-kinalaman kay Allāh (napakataas Siya) sa bawat kakulangan.

Alhmadu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh). Ito ay paglalarawan kay Allāh ng kalubusang ganap kasama ng pag-ibig sa Kanya at pagdakila sa Kanya.

Lā ilāha illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh). Ibig sabihin: Walang sinasambang totoo kundi si Allāh.

Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila). Ibig sabihin: pinakakapita-pitagan, pinakasukdulan, at pinakamakapangyarihan kaysa sa bawat bagay.

Ang kainaman ng mga ito at ang pagtamo sa gantimpala sa mga ito ay hindi humihiling ng pagkasunud-sunod ng mga ito sa sandali ng pagbigkas sa mga ito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kagaanan ng Batas ng Islām yayamang hindi nakapipinsala kung sa alin man sa mga pangungusap na ito nagsimula ka.

(5475)

(330) – عن أبي أيوب رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، عَشْرَ مَرَّاتٍ كَانَ كَمَنْ أَعْتَقَ أَرْبَعَةَ أَنْفُسٍ مِنْ وَلَدِ إِسْمَاعِيلَ». [صحيح] - [متفق عليه]

(330) – Ayon kay Abū Ayyūb (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)' na nagsabi: "Ang sinumang nagsabi ng Lā ilāha illa —llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu —lmuḥku wa-lahu —lḥamd, wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan) nang sampung ulit, siya ay naging gaya ng sinumang nagpalaya ng apat na tao kabilang sa mga anak ni Ismael."}

[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi ng Lā ilāha illa —llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu —lmuḥku wa-lahu —lḥamd, wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan). Ang kahulugan nito: Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya – at na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang natatangi sa paghaharing lubos, ang karapat-dapat sa pagbubunyi at pagpapapuri kasama ng pag-ibig at pagdakila bukod sa sinumang iba pa sa Kanya, at na Siya ay Nakakakaya, na walang nagpapawalang-kakayahan sa Kanya na anuman. Ang sinumang nag-ulit-ulit sa dakilang dhikr na ito nang sampung beses sa isang araw, magkakaroon siya ng pabuyang tulad ng pabuya ng sinumang nag-alis ng pagkaalipin sa apat na inaliping kabilang sa mga supling ni Ismael na anak ni Abraham (sumakanilang dalawa ang basbas at ang pangangalaga).



Itinangi ang mga supling ni Ismael (sumakanya ang pangangalaga) dahil sila ay higit na marangal kaysa sa iba.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kainaman nitong dhikr na naglalaman ng pagbubukod-tangi kay Allāh (napakataas Siya) sa pagkadiyos, paghahari, papuri, at ganap na kakayahan.
2. Magtatamo ng gantimpala sa dhikr na ito ang sinumang nagsabi nito nang magkakasunud-sunod o magkakahiwa-hiwalay.

(5517)

(331) – عن أبي هريرة رضي الله عنه عن النبي صلى الله عليه وسلم قال: «كَلِمَتَانِ خَفِيفَتَانِ عَلَى اللِّسَانِ، ثَقِيلَتَانِ فِي الْمِيزَانِ، حَبِيبَتَانِ إِلَى الرَّحْمَنِ: سُبْحَانَ اللَّهِ الْعَظِيمِ، سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ».

[صحيح] - [متفق عليه]

(331) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "May dalawang pangungusap na magaan sa dila, na mabigat sa timbangan [ang gantimpala], na kaibig-ibig sa Napakamaawain: Subhāna –llāhi – l-`aḍīm (Kaluwalhatian kay Allāh, ang Sukdulan) at Subhāna –llāhi wa-biḥamdih (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya)."}  
[Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa dalawang pangungusap na mabibigkas ng tao nang walang hirap at sa bawat kalagayan, na ang dalawang ito ay sukdulan sa pabuya sa timbangan [ng mga gawa] at na ang Panginoon natin, ang Napakamaawain (napakamapagpala Siya at napakataas), ay nakaiibig sa dalawang ito:

Subhāna –llāhi –l-`aḍīm (Kaluwalhatian kay Allāh, ang Sukdulan) at Subhāna –llāhi wa-biḥamdih (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya). Dahil naglalaman ang dalawang ito ng paglalarawan kay Allāh ng kasukdulan at kalubusan at ng pagpapawalang-kinalaman sa Kanya ng mga kakulangan (napakamapagpala Siya at napakataas).

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pinakasukdulang dhikr ay natitipon dito ang pagpapawalang-kinalaman kay Allāh sa kakulangan at ang pagbubunyi sa Kanya.
2. Ang paglilinaw sa lawak ng awa ni Allāh sa mga lingkod Niya sapagkat Siya ay gumaganti sa kaunting gawa ng masaganang gantimpala.

(5507)

(332) – عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم قال: «مَنْ قَالَ: سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ، فِي يَوْمٍ مِائَةَ مَرَّةٍ، حُطَّتْ خَطَايَاهُ وَإِنْ كَانَتْ مِثْلَ زَبَدِ الْبَحْرِ». [صحيح] - [متفق عليه]

(332) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagsabi ng Subhāna llāhi wa-biḥamdihi (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya) nang isandaang ulit sa isang araw, aalisin sa kanya ang mga kamalian niya kahit pa ang mga ito ay tulad [ng dami] ng mga bula ng dagat."} [Tumpak] - [Napagkaisahan ang katumpakan]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi nang isandaang ulit sa isang araw ng Subhāna –llāhi wa-biḥamdihi (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya), buburahin ang mga kamalian niya at patatawarin, kahit pa man

ang mga ito ay marami tulad ng puting bula na pumapaibabaw sa dagat sa sandali ng pag-alon nito at pagkabalabog nito.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang pabuyang ito ay mangyayari sa sinumang nagsabi nito sa araw nang magkakasunud-sunod o nang magkakahiwa-hiwalay.
2. Ang pagluwalhati ay ang pagpapawalang-kinalaman kay Allāh sa kakulangan. Ang papuri ay ang paglalarawan kay Allāh ng kalubusan kasama ng pag-ibig at pagdakila.
3. Ang tinutukoy sa ḥadīth ay ang pagtatakip-sala sa maliliit sa mga pagkakasala. Hinggil naman sa malalaking kasalanan, walang pag-iwas para sa mga ito sa pagbabalik-loob.

(5516)

(333) – عن أبي مالكٍ الأشعريِّ رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «الظُّهُورُ شَطْرُ الْإِيْمَانِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ تَمْلَأُ الْمِيْرَانَ، وَسُبْحَانَ اللَّهِ وَالْحَمْدُ لِلَّهِ تَمْلَأَنِ - أَوْ تَمْلَأُ - مَا بَيْنَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ، وَالصَّلَاةُ نُورٌ، وَالصَّدَقَةُ بُرْهَانٌ، وَالصَّبْرُ ضِيَاءٌ، وَالْقُرْآنُ حُجَّةٌ لَكَ أَوْ عَلَيْكَ، كُلُّ النَّاسِ يَْعْدُو، فَبَايِعْ نَفْسَهُ فَمُعْتَقِبُهَا أَوْ مُؤَيِّقُهَا». [صحيح] - [رواه مسلم]

(333) – Ayon kay Abū Mālīk Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pagkadalisan ay kalahati ng pananampalataya. Ang [pagsasabi ng:] alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh) ay pupuno sa timbangan [ng mga gawa]. Ang [pagsasabi ng:] subḥāna – llāh (kaluwalhatian kay Allāh) at alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh) ay pupuno sa nasa pagitan ng mga langit at lupa. Ang pagdarasal ay liwanag. Ang kawanggawa ay patotoo. Ang pagtitiis ay tanglaw. Ang Qur`ān ay katwiran para sa iyo o laban sa iyo. Ang bawat isa sa mga tao ay maagang lumilisan saka nagtitinda ng sarili niya kaya nagpapalaya nito o nagpapahamak nito."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kadalisan ng nakalantad ay sa pamamagitan ng wuḍū' at ghusl at ito ay isang kundisyon sa ṣalāh. Ang pagsasabi ng: "alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh)" ay pumupuno ng timbangan. Ang pagbubunyi sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) at ang paglalarawan sa Kanya ng kalubusan ay titimbangin sa Araw ng Pagbangon saka pupuno sa timbangan ng mga gawa. Ang pagsasabi ng: "subḥāna –llāh (kaluwalhatian kay Allāh) at alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh)" – ang pagpapawalang-kinalaman kay Allāh sa bawat kakulangan at ang paglalarawan sa Kanya ng ganap na pagkalubos na naaangkop sa kapitaganan sa Kanya kasama ng pag-ibig sa Kanya at pagdakila sa Kanya – pupuno sa nasa pagitan ng mga langit at lupa.

"Ang pagdarasal ay liwanag" ay para sa tao sa puso niya, sa mukha niya, sa libingan niya, at sa pagkalap sa kanya. "Ang kawanggawa ay patotoo" at patunay sa katapatan ng pananampalataya ng mananampalataya at pagkakaiba niya sa mapagpaimbabaw na nagpipigil nito dahil sa pagiging siya ay hindi naniniwala sa ipinangako rito. "Ang pagtitiis ay tanglaw" – ang pagpipigil ng sarili laban sa pagkaligalig at pagkainis – at liwanag na nagtatamo rito ng kainitan at pagsunog, gaya ng tanglaw ng araw, dahil ito ay mahirap at nangangailangan ng pakikibaka sa sarili at pagpigil dito sa pinipithaya nito. Kaya naman hindi tumitigil ang nagtataglay nito na nagpapatanglaw, na napapatnubayan, na nagpapatuloy sa tama. Ito ay pagtitiis sa pagtalima kay Allāh at laban sa pagsuway sa Kanya, at pagtitiis sa mga kasawiang-palad at mga uri ng mga kinasusuklaman sa Mundo. "Ang Qur'ān ay katwiran para sa iyo" sa pamamagitan ng pagbigkas nito at paggawa ayon dito o "laban sa iyo" sa pamamagitan ng pag-iwan nito nang walang paggawa o pagbigkas. Pagkatapos nagpabatid siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang lahat ng mga tao ay nagpupunyagi, naglilipana, bumabangon mula sa pagkatulog, at lumalabas ng mga bahay nila para sa mga magkakaiba-ibang gawain. Mayroon sa kanila na nagpapakatuwid sa pagtalima kay Allāh kaya naman magpapalaya siya sa sarili niya mula sa impiyerno at mayroon sa kanila na nalilihis palayo roon at nasasadlak sa mga pagsuway kaya naman magpapahamak siya sa sarili niya dahil sa pagpasok nito sa Impiyerno.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang kadalisayan ay dalawang kadalisayan: kadalisayan ng nakalantad, na sa pamamagitan ng wuḍū' at ghusl; at kadalisayan ng nakakubli, na sa pamamagitan ng Tawḥīd, pananampalataya, at maayos na gawa.
2. Ang kahalagahan ng pangangalaga sa ṣalāh sapagkat ito ay isang liwanag para sa tao sa Mundo at Araw ng Pagbangon.

3. Ang kawanggawa ay patunay sa katapatan ng pananampalataya.
4. Ang kahalagahan ng pagsasagawa ayon sa Qur'ān at paniniwala rito upang ito ay maging isang katwiran para sa iyo hindi laban sa iyo.
5. Ang sarili, kung hindi ka nagpaabala rito sa pagsunod, ay magpapaabala sa iyo sa pagsuway.
6. Ang bawat tao ay hindi makaiiwas na gumawa sapagkat maaaring magpalaya siya sa sarili niya sa pamamagitan ng pagtalima o magpahamak nito sa pamamagitan ng pagsuway.
7. Ang pagtitiis ay nangangailangan ng pagbata at pag-asa na gantimpalaan. Dito ay may pahirap.

(65004)

(334) – عن أبي هريرة رضي الله عنه قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: «لَأَنْ أَقُولَ: سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالْحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، أَحَبُّ إِلَيَّ مِمَّا طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(334) – Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang magsabi ako ng subhāna --llāh (kaluwalhatian kay Allāh), alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh), lā ilāha illa --llāh (Walang Diyos kundi si Allāh), at Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila) ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa anumang sinikatan ng araw."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### **Ang pagpapaliwanag:**

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pag-alaala kay Allāh sa pamamagitan ng mga dakilang

pangungusap na ito ay higit na mabuti kaysa sa Mundo at anumang narito. Ang mga ito ay:

Ang "subhāna --llāh (kaluwalhatian kay Allāh)": isang pagpapawalang-kinalaman kay Allāh sa mga kakulangan;

Ang "alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh)": isang pagbubunyi sa Kanya sa pamamagitan ng mga katangian ng kalubusan kasama ng pag-ibig sa Kanya at pagdakila sa Kanya;

Ang "lā ilāha illa --llāh (Walang Diyos kundi si Allāh)": Walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh;

Ang "Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila)": higit na dakila at higit na kapita-pitagan kaysa sa bawat bagay.

### **Benefits from the Hadith:**

1. Ang paghimok sa pag-alaala kay Allāh at na ito ay higit na kaibig-ibig kaysa sa sinikatan ng araw.
2. Ang pag-udyok sa pagpaparami ng pagsambit ng dhikr dahil sa dulot nito na pabuya at kainaman.
3. Ang natatamasa sa Mundo ay kaunti at ang mga ninanasa rito ay naglalaho.

(6211)

(335) - عن جابر رضي الله عنه قال: سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول: «أَفْضَلُ الذِّكْرِ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَفْضَلُ الدُّعَاءِ: الْحَمْدُ لِلَّهِ». [حسن] - [رواه الترمذي والنسائي في الكبرى وابن ماجه]

(335) – Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang pinakamainam na pag-alaala [kay Allāh] ay Lā ilāha illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) at ang pinakamainam na panalangin ay Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh)."} [Maganda] - []

### Ang pagpapaliwanag:

Nagpapabatid sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamainam na pag-alaala [kay Allāh] ay: Lā ilāha illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) – na ang kahulugan nito ay walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh – at na ang pinakamainam na panalangin ay: Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh) – ang pagkilala na ang Tagapagbiyaya ay si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya), ang Karapat-dapat sa paglalarawang lubos na marikit.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghimok sa pagpaparami ng pag-alaala kay Allāh sa pamamagitan ng Pangungusap ng Tawḥīd at panalangin sa pamamagitan ng pagpuri [kay Allāh].

(3567)



(336) - عن خَوْلَةَ بِنْتِ حَكِيمِ السُّلَمِيَّةِ قَالَتْ: سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُولُ: «مَنْ نَزَلَ مَنْزِلًا ثُمَّ قَالَ: أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ، لَمْ يَضُرَّهُ شَيْءٌ حَتَّى يَرْتَحِلَ مِنْ مَنْزِلِهِ ذَلِكَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(336) – Ayon kay Khawlah bint Ḥakīm As-Sulamīyah na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang tumuloy sa isang tuluyan pagkatapos nagsabi ng: A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya), hindi siya pipinsalain ng anumang hanggang sa lumisan siya sa tuluyan niyang iyon."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Gumagabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya tungo sa pangungunyapit at pagdulog na nagpapakinabang na naitutulak sa pamamagitan nito ang bawat pinangingilagang pinangangambahan ng tao kapag nanuluyan siya sa isang lugar sa lupa, maging ito man ay sa isang paglalakbay o isang pamamasyal o iba pa rito. Ito ay sa pamamagitan ng pangungunyapit at pagdulog sa mga lubos na salita ni Allāh sa kainaman ng mga ito, pagpapala ng mga ito, pagpapakinabang ng mga ito, na malaya sa bawat kapintasan at kakulangan, laban sa kasamaan ng bawat nilikha na may kasamaan, para matiwasay sa tuluyan niyang iyon, hanggat nananatili roon, laban sa bawat anumang nakapeperhuwisyo.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang paghiling ng pagkupkop ay isang pagsamba. Ito ay sa pamamagitan ni Allāh (napakataas Siya) o sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

2. Ang pagpayag sa paghiling ng pagkukupkop sa pamamagitan ng salita ni Allāh dahil ito ay isang katangian kabilang sa mga katangian Niya (kaluwalhatian sa Kanya), na salungat sa paghiling ng pagkukupkop sa alinmang nilikha sapagkat iyon ay Shirk.
3. Ang kainaman ng panalanging ito at ang pagpapala nito.
4. Ang pagpapasanggalang sa mga dhikr ay isang kadahilanan ng pagsanggalang sa tao laban sa mga kasamaan.
5. Ang pagpapawalang-saysay sa paghiling ng pagkukupkop sa iba pa kay Allāh gaya ng mga jinn, mga manggagaway, mga manunuba, at iba pa sa kanila.
6. Ang pagkaisinasabatas ng panalanging ito para sa sinumang nanuluyan sa isang lugar sa panahon ng paninirahan o paglalakbay.

(5932)

(337) - عَنْ أَبِي حُمَيْدٍ أَوْ عَنْ أَبِي أُسَيْدٍ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِذَا دَخَلَ أَحَدُكُمْ الْمَسْجِدَ فَلْيُقِلِّ: اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ، وَإِذَا خَرَجَ فَلْيُقِلِّ: اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ». [صحيح] - [رواه مسلم]

(337) – Ayon kay Abū Ḥumayd o ayon kay Abū Usayd na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, magsabi siya ng: Allāhumma –ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pinto ng awa Mo). Kapag lumabas siya, magsabi siya ng: Allāhumma innī as'aluka min faḍlik (O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo)."} [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya sa panalangin na sinasabi sa sandali ng pagpasok sa masjid: Allāhumma –ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pinto ng awa Mo). Kaya naman hihiling siya kay Allāh na maglaan para sa kanya ng mga kadahilanan ng awa Nito. Kapag naman nagnais siyang lumabas, magsabi siya ng: Allāhumma innī as'aluka min faḍlik (O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo). Kaya naman hihiling siya kay Allāh ng kabutihang-loob Nito at dagdag sa paggawa Nito ng maganda sa kanya na panustos na ipinahihintulot.

### Benefits from the Hadith:

1. Ang pagsasakaibig-ibig ng panalangin ito sa sandali ng pagpasok sa masjid at paglabas mula roon.
2. Ang pagtatangi ng pagbanggit ng awa sa pagpasok at ng kabutihang-loob sa paglabas ay dahil sa ang pumapasok ay nagpakaabala sa nagpapalapit sa kanya kay Allāh at sa

Paraiso Nito kaya nababagay na banggitin niya ang awa. Kapag naman lumabas siya, magpupunyagi siya lupa sa paghahanap ng kabutihang-loob ni Allāh na panustos kaya nababagay na banggitin niya ang kabutihang-loob.

3. Ang mga dhikr na ito ay sinasabi sa sandali ng pagnanais ng pagpasok sa masjid at sa sandali ng pagnanais ng paglabas mula roon.

(65092)

(338) - عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما مرفوعاً: «إِذَا دَخَلَ الرَّجُلُ بَيْتَهُ، فَذَكَرَ اللَّهَ - تَعَالَى - عِنْدَ دُخُولِهِ، وَعِنْدَ طَعَامِهِ، قَالَ الشَّيْطَانُ لِأَصْحَابِهِ: لَا مَبِيتَ لَكُمْ وَلَا عَشَاءَ، وَإِذَا دَخَلَ فَلَمْ يَذْكُرِ اللَّهَ - تَعَالَى - عِنْدَ دُخُولِهِ، قَالَ الشَّيْطَانُ: أَدْرَكْتُمُ الْمَبِيتَ؛ وَإِذَا لَمْ يَذْكُرِ اللَّهَ - تَعَالَى - عِنْدَ طَعَامِهِ، قَالَ: أَدْرَكْتُمُ الْمَبِيتَ وَالْعَشَاءَ.» [صحيح] - [رواه مسلم]

(338) – Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa-Hadith na Marfu:((Kapag pumasok ang lalaki sa bahay nito,at inaalaala niya si Allah-Pagkataas-taas Niya sa pagpasok niya,at sa pagkain niya,Sasabihin ni Satanas sa mga kasamahan niya,Wala kayong matutulugan at wala kayong hapunan;At kapag pumasok siya at hindi niya inaalaala si Allah -Pagkataas-taas Niya sa pagpasok niya,at sa pagkain niya,Sasabihin ni Satanas;Inabutan ninyo ang matutulugan,at kapag hindi niya inaalaala si Allah -Pagkataas-taas Niya sa pagkain niya,Sasabihin niya: Inabutan ninyo ang matutulugan at ang hapunan)) [Tumpak] - [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

### Ang pagpapaliwanag:

Hadith ni Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanya-ay dumating sa talakayan ng Pag-uugali sa Pagkain,Kung saan ay sinabi niya-malugod si Allah sa kanya- na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: "Kapag pumasok ang lalaki sa bahay nito,at

inaalaala niya si Allah-Pagkataas-taas Niya sa pagpasok niya,at sa pagkain niya,Sasabihin ni Satanas sa mga kasamahan niya,Wala kayong matutulugan at wala kayong hapunan" Ito ay dahil sa ang tao ay inaalaala niya si Allah,At ang pag-aalaala kay Allah-Pagkatas-taas Niya sa pagpasok sa bahay ay ang sabihin niyang: " Sa Ngalan ni Allah pumasok kami,Sa Ngalan ni Allah ay lumabas kami," At ang pag-aalaala sa Hapunan,ay ang sabihin niyang:" Sa Ngalan ni Allah"At kapag nag-alaala siya kay Allah sa pagpasok niya sa bahay,at nag-alaala siya kay Allah sa pagkain niya sa Hapunan,Sasabihin ni Satanas sa mga kasamahan niya: "Wala kayong matutulugan at wala kayong hapunan" Sapagkat ang bahay na ito at ang Hapunang ito ay naging protektado dahil sa pag-aalaala kay Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan,inalagaan ito ni Allah-Pagkataas-taas Niya-mula sa mga Satanas.At kapag pumasok siya at hindi siya nag-aalaala kay Allah-Pagkataas-taas Niya,sa pagpasok niya,Sasabihin ni Satanas:."Inabutan ninyo ang matutulugan"At kapag inabot sa kanya ang pagkain at hindi siya nag-aalaala kay Allah-Pagkataas-taas Niya sa pagkain niya,Sasabihin niya:" Inabutan ninyo ang matutulugan at ang Hapunan"Ibig sabihin ay: Tunay na si Satanas,ay makikisalo sa kanya sa pagtulog at pagkain;dahil sa hindi pagiging protektado nito sa pag-aalaala kay Allah,At sa Hadith na ito,at paghihimuk na ang tao ay nararapat sa kanya kapag pumasok sa bahay niya na bigkasin niya ang Pangalan ni Allah.At ang Pag-aalaala na naisalaysay rito ay "Sa Ngalan ni Allah ay pumasok kami,Sa Ngalan ni Allah ay lumabas kami,at kay Allah,kami ay nagtitiwala,O Allah,hinihiling ko sa Iyo ang Kabutihan sa pinapasukan at kabutihan sa linalabasan."

### **Benefits from the Hadith:**

(3037)

## Table of Contents

|   |    |
|---|----|
| <b>Ang Panimula</b> .....   | 1  |
| Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Ukol sa bawat tao ang nilayon niya lamang.....  | 2  |
| Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi ayon dito ang utos namin, ito ay tatanggihan.....  | 4  |
| Ang Islām ay na sumaksi ka na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, magpanatili ka ng ṣalāh, magbigay ka ng zakāh, mag-ayuno ka sa Ramaḍān, at magsagawa ka ng ḥajj sa Bahay [ni Allāh] kung nakaya mo [na magkaroon] papunta roon ng isang daan..... | 5  |
| Tunay na ang karapatan ni Allāh sa mga lingkod ay na sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman at ang karapatan ng mga lingkod kay Allāh ay na hindi Siya magparusa sa sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman.....                                | 11 |
| Walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo Niya nang tapat sa puso niya malibang nagbawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno .....  | 13 |
| Ang sinumang nagsabi na walang Diyos kundi si Allāh at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allāh, ipinagbabawal lapastangin ang yaman niya at ang buhay niya at ang pagtutuos sa kanya ay nasa kay Allāh."}  | 15 |
| Ang sinumang namatay nang hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Paraiso at ang sinumang namatay nang nagtatambal kay Allāh ng anuman ay papasok sa Impiyerno."}   | 17 |
| Sinuman ang mamatay na nanalangin liban sa kay Allah na nagtatambal,ay mapapsok sa (naglalagablay na apoy sa) Impiyerno .....   | 18 |
| Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong may kasulatan. Kaya kapag dumating ka sa kanila, mag-anyaya ka sa kanila na sumaksi sila na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.....   | 19 |
| Ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon ay ang sinumang nagsabi na: 'Walang Diyos kundi si Allāh' nang wagas mula sa puso niya o sarili niya."}  | 21 |
| Ang pananampalataya ay higit sa pitumpung – o higit sa animnapung – sangay. Ang pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi na walang Diyos kundi si Allāh at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng perhuwisyo palayo sa daan.....   | 23 |

|   |    |
|---|----|
| Nagtanong ako sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ano ang pinakamalaking kasalanan? Nagsabi siya:(Ang magtambal ka sa Allah,na Siyang lumikha sa iyo)).....   | 25 |
| Ako ay ang pinakawalang-pangangailangan sa mga katambal sa pagtatambal. Ang sinumang gumawa ng isang gawa na nagtambal siya rito kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, mag-iiwan Ako sa kanya kasama ng pagtatambal niya.....   | 26 |
| Ang buong Kalipunan ko ay papasok sa Paraiso, maliban sa sinumang tumanggi .....  | 27 |
| Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin, gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria, sapagkat ako lamang ay alipin Niya. Kaya sabihin ninyo: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo Niya."}.....  | 29 |
| Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa magulang niya, anak niya, at mga tao sa kalahatan."}.....  | 30 |
| Tantanan ninyo ako sa pag-uusisa ninyo. Nalipol lamang ang mga nauna sa inyo ng dalas ng pagtatanong nila at pakikipagbangayan nila sa mga propeta nila tungkol sa anumang kaya iwasan ninyo iyon. Kapag inutusan ko kayo ng isang utos ay gawin ninyo mula roon ang makakaya ninyo. .... | 32 |
| Magpaabot kayo tungkol sa akin kahit pa isang talata [ng Qur'ān]. Magsanaysay kayo tungkol sa mga anak ni Israel at walang pagkaasiwa. Ang sinumang nagsinungaling laban sa akin nang nananadya, lumuklok siya sa upuan niya mula sa Impiyerno."} ....                                    | 33 |
| Pansinin, nalalapit na may isang lalaking aabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa akin habang siya ay nakasandal sa sopa niya saka magsasabi siya: 'Sa pagitan namin at ninyo ay Aklat ni Allāh, .....   | 35 |
| Ang sumpa ni Allāh ay sa mga Hudyo at mga Kristiyano. Gumawa sila sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan .....   | 37 |
| O Allāh, huwag Mong gawin ang libingan ko bilang isang diyus-diyusan .....  | 39 |
| Huwag kayong gumawa sa mga bahay ninyo bilang mga libingan at huwag kayong gumawa sa libingan ko bilang pistahan. Dumalangin kayo ng basbas sa akin sapagkat tunay na ang pagdalangin ninyo ng basbas ay umaabot sa akin saan man kayo naroon."} .....                                    | 40 |
| Sila ang mga grupo ng taong,kapag namatay sa kanila ang mabuting lingkod,nagtatayo sila sa puntod niya ng masjid,at iginuguhit nila ang larawang iyon,Sila ang pinakamasamang likha para kay Allah)).....   | 42 |
| Tunay na ako ay nagpapawalang-kaugnayan sa harap ni Allāh na magkaroon ako kabilang sa inyo ng isang matalik na kaibigan sapagkat tunay na si Allāh (napakataas   |    |

|   |    |
|---|----|
| Siya) ay gumawa sa akin bilang matalik na kaibigan gaya ng paggawa Niya kay Abraham bilang matalik na kaibigan .....  | 43 |
| Pansinin, magpapadala ako sa iyo sa kung sa ano nagpadala sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): na hindi ka mag-iiwan ng isang imahen malibang binura mo ito ni ng isang libingang nakausli malibang pinatag mo ito."} ..... | 45 |
| Ang pangitain ay pagtatambal [sa Allah],Ang pangitain ay pagtatambal [sa Allah],at wala [kahit na isa] mula sa atin maliban [sa [siya ay nakakagawa nito],Ngunit si Allah ay tinatanggal ito sa pamamagitan ng Pagtitiwala [ Kay Allah] .....             | 47 |
| Hindi kabilang sa atin ang sinumang nag-ugnay ng kamalasan o nagpaugnay ng kamalasan, o nanghula o nagpahula, o nanggaway o nagpagaway.....   | 48 |
| Walang nakakahawa (sakit), at walang (epekto ang) pamahiin,at iniibig ko ang pangitain.Nagsabi sila: At ano nag pangitain? Nagsabi siya: Ang mabubuting salita ...  | 50 |
| Nakaaalam ba kayo kung ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?" Nagsabi sila: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam." Nagsabi [si Allāh]: "Kinaumagahan, mayroon sa mga lingkod Ko na mananampalataya sa Akin at tagatangging-sumampalataya .....   | 51 |
| Sinuman ang magsabit ng anting-anting,ay hindi ito gagawing ganap ni Allah para sa kanya [ang kanyang mga gawain],at sinuman ang magsabit ng kabibi,ay hindi pagagaanin ni Allah sa kanya [ang pinangangambahan niya]" .....                              | 53 |
| Ang mga orasyon, ang mga agimat, at ang gayuma ay Shirk."}.....   | 54 |
| Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggap sa kanya nang apatnapung araw ng isang pagdarasal."} .....   | 56 |
| Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga siya."}.....  | 58 |
| Ang sinumang sumumpa sa ipinagkatiwalang tungkulin, hindi siya kabilang sa atin."}59  |    |
| Tunay na ako, sumpa man kay Allāh , ay hindi sumusumpa ng isang sumpa saka makakikita ako ng higit na mainam kaysa roon malibang nagtatakip-sala ako sa sumpa ko at gumagawa ako ng siyang pinakamabuti."} .....  | 61 |
| Huwag niyong sabihin: Ma sha Allah (Kung ninais ng Allah ay mangyayari) at Sha'a Fulaan (Ninais ni Fulaan), subalit ang sabihin niyo: Kung naisin ni Allah pagkatapos naisin ni Fulan.....  | 63 |
| Ang pinakamatinding kinatatakutan ko para sa inyo ay: Ang Maliit na Pagtatambal, itinanong sa kanya kung ano ito, Nagsabi siya:Ang Pakitang-tao .....   | 64 |



Walang nagpapatang na isang lalaki sa isang lalaki ng kasuwailan at walang nagpapatang dito ng kawalang-pananampalataya malibang manunumbalik ito sa kanya, kung ang pinaratangan niya ay hindi naging gayon."}..... 65

Dalawang bagay sa mga tao,kung saan dahil sa mga ito sila ay [nananatali sa mga gawin ng] hindi mananampalataya:Paninirang-puri sa pamilya,at panaghoy sa may patay ..... 67

Huwag kayong umupo sa mga libingan at huwag kayong magdasal paharap sa mga ito."} ..... 68

Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ni may larawan."}..... 69

Hindi sumasama ang mga anghel sa mga manlalakbay na may kasamang aso o kalembang. .... 71

Darating ang demonyo sa isa sa inyo saka magsasabi ito: 'Sino ang lumikha ng ganito? Sino ang lumikha ng gayon?' hanggang sa magsabi ito: 'Sino ang lumikha sa Panginoon mo?' Kaya kapag umabot ito roon, humiling siya ng pagkukop kay Allāh at tumigil na."} ..... 72

Tunay na si Allāh ay nagsabi: Ang sinumang umaway sa isang tinangkilik para sa Akin ay nagpahayag na Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpapakalapit sa Akin ang lingkod Ko sa pamamagitan ng anumang higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa [mga pagsambang] isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi titigil ang lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya. .... 74

Ang sinumang naghimagsik laban sa pagtalima at nakipaghiwalay sa komunidad saka namatay, namatay siya sa pagkamatay na pangmangmang..... 78

Walang anumang tao na pinamamahala ni Allāh sa nasasakupan, na mamamatay sa araw na mamamatay siya habang siya ay nandaraya sa pinamamahalaan niya malibang magbabawal si Allāh sa kanya ng Paraiso."}..... 80

Tunay na mamumuno sa inyo ang mga pinuno,Makikilala ninyo sila at susuwayin,Sinuman ang mapoot [ang puso niya sa mga kasamaan],tunay na wala siyang pananagutan sa mga kasalanan,at sinuman ang sumuway [sa mga kasamaan nito],tunay na siya ay naging ligtas.Subalit sinuman ang masiyaha at sumunod [ay malilipon tulad ng paglipon sa mga nauna sa kanila])) Nagsabi sila: O Sugo ni Allah; hindi ba kami makikipaglaban sa kanila? Nagsabi siya: (("Hindi! Habang sila ay tumitindig ng dasal sa inyo" ..... 82

Katotohanang mangyayari sa mga susunod sa akin,ang pagkamakasarili,at mga bagay na tatanggihan ninyo! ..... 83

((Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito;Ang Pinuno ay Taga-pangalaga,at ang Lalaki ay Taga-pangalaga sa mga nananahanan sa bahay niya,at ang Babae ay Taga-pangalaga sa loob ng Bahay ng Asawa niya at sa mga Anak niya,Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito)) Napag-kaisahan ang Katumpakan,At ayon kay Ibnu `Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa-ay nagsabi;Narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi:((Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at lahat kayo ay may pananagutan sa pinangangalagaan nito,Ang Pinuno ay Taga-pangalaga at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,At ang Lalaki ay Taga-pangalaga sa Pamilya nito at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,at ang Babae ay Taga-pangalaga sa loob ng Bahay ng Asawa niya,at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,at ang Alipin ay Taga-pangalaga sa kayamanan ng pinuno niya,at may pananagutan sa pinangangalagaan nito,Lahat kayo ay Taga-pangalaga;at may pananagutan sa pinangangalagaan nito))..... 85

O Allāh, ang sinumang namahala sa kapakanan ng Kalipunan ko ng anuman saka nagpahirap siya sa kanila, magpahirap Ka sa kanya; at ang sinumang namahala sa kapakanan ng Kalipunan ko ng anuman saka naglumanay siya sa kanila, maglumanay Ka sa kanya."}..... 87

Ang Relihiyon ay ang pagpapayo ..... 88

Kaya kapag nakita mo ang mga sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila..... 91

Ang sinumang nakakita kabilang sa inyo ng isang nakasasama ay ibahin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng dila niya ngunit kung hindi siya nakakaya ay sa pamamagitan ng puso niya – at iyon ay ang pinakamahinang pananampalataya."}..... 95

Ang katulad ng isang nakatayo sa mga hangganan ng Allah at isang nakalagay sa kanila, ay katulad ng mga tao magpasyang magkaroon ng pagpipili sa pagitan nila na nasa taas ng barko sa gayon ang iba sa kanila ay nasa itaas at iba sa kanila ay nasa ibaba, at ang yaong mga nasa ibaba kapag nais nila kumuha ng tubig ay dadaan sila sa itaas nila ..... 97

Sinuman ang mag-anyaya sa matuwid na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang Gantimpala tulad ng Gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga gantimpala nila kahit na isang bagay lang,At sinuman ang mag-anyaya sa Ligaw na landas,Ipagkakaloob sa kanya ang kasalanan tulad ng mga

kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,Hindi ito maibabawas mula sa mga kasalanan nila kahit na isang bagay lang..... 99

Ang sinumang gumabay sa isang kabutihan, ukol sa kanya ang tulad sa pabuya ng tagagawa nito ..... 101

Talagang ibibigay ko nga ang watawat bukas sa isang lalaking umiibig kay Allah at sa Sugo Niya at iniibig iyon ni Allah at ng Sugo Niya, na mananaig si Allah sa pamamagitan ng mga kamay niyon. .... 103

Ang sinumang nagpakawangis sa mga [ibang] tao, siya ay kabilang sa kanila."}..... 105

Ang tao ay natatangay ng relihiyon ng matalik na kaibigan niya kaya tumingin ang isa sa inyo sa kung kanino siya matalik na nakikipagkaibigan."}..... 106

Tunay na lalaganap ang kautusang ito,tulad nang paglaganap ng gabi at araw,at hindi iiwanan ni Allah ang mga bahay sa Lungsod at mga bahay sa disyerto maliban sa ipapasok ni Allah sa Relihiyong ito,na may Karangalan na napakarangal o kahihiyang na kasuklam-suklam,Karangalan na ipaparangal ni Allah rito ang Islam,at Kahihiyang na kasusuklaman rito ni Allah ang walang pananampalataya..... 108

Iwasan ninyo ang pagmamalabis;Sapagkat kaya nasawi ang mga nauna sa inyo ay dahil sa pagmamalabis ..... 109

Napahamak ang mga nagpapakasukdulan!..... 110

Sumulat si Allāh ng mga itinakda sa mga nilikha limampung libong taon..... 111

{Nagsanaysay sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) – at siya ang nagtototoo at ang pinatotohanan: "Tunay na ang paglikha sa [bawat] isa sa inyo ay tinitipon sa tiyan ng ina niya nang apatnapung araw at apatnapung gabi..... 113

Ang Paraiso ay higit na malapit sa [bawat] isa sa inyo kaysa sa panali ng sandalyas niya at ang Impiyerno ay tulad niyon."} ..... 115

Tinabingan ang Impiyerno ng mga pinipithaya at tinabingan ang Paraiso ng mga kinasusuklaman."} ..... 116

{Noong nilikha ni Allāh ang Paraiso at ang Impiyerno, isinugo Niya si [Anghel] Gabriel (sumakanya ang pangangalaga)..... 118

Ang apoy ninyo ay isang bahagi mula sa pitumpung bahagi ng apoy ng Impiyerno .. 122

Magsabi ka na walang Diyos kundi si Allāh, sasaksi ako para sa iyo sa pamamagitan niyan sa Araw ng Pagbangon ..... 123

Ang Tubigan ko ay layo ng isang buwang paglalakbay. Ang tubig nito ay higit na puti kaysa sa gatas. Ang amoy nito ay higit na kaaya-aya kaysa sa musk..... 125

|  |     |
|--|-----|
| {May magdadala sa kamatayan gaya sa anyo ng isang puti't itim na lalaking tupa ....  | 127 |
| Kung sakali na kayo ay nananalig kay Allāh nang totoong pananalig sa Kanya, talaga sanang tumustos Siya sa inyo gaya ng pagtustos Niya sa mga ibon: umaalis ang mga ito sa umaga na impis at bumabalik ang mga ito sa hapon na bundat."}   | 129 |
| Sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dalawang biyaya na binigbigyan ng halaga nang karamihan sa mga Tao ((Ang Kalusugan at Ang Kawalan ng Trabaho))  | 131 |
| Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami.  | 132 |
| O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng pang-aapi at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya huwag kayong mag-apihan.....  | 134 |
| Katakutan ninyo ang Kawalan ng Katarungan,sapagkat ang kawalan ng Katarungan ay Dilim sa Araw ng Pagkabuhay,Katakutan ninyo ang [Pagiging]Maramot;Sapagkat ang [Pagiging] Maramot ay [siyang dahilan kung bakit]Nilipon ang mga nauna sa inyo,ito ang naging dahilan nila sa pagdanak nila ng mga dugo,at ipinahintulot nila ang mga ipinagbawal sa kanila. ....   | 138 |
| Tunay na si Allāh ay talagang nagpapalugit sa tagalabag ng katarungan; hanggang sa nang dumaklot Siya rito, hindi Siya magpapalusot dito .....   | 139 |
| Tunay si Allāh ay nagtakda ng mga magandang gawa at mga masagwang gawa, pagkatapos naglinaw Siya niyon. Ang sinumang nagbalak ng isang magandang gawa saka hindi ito nakagawa niyon, magsusulat niyon si Allāh para rito sa ganang Kanya bilang isang magandang gawa; ngunit kung ito ay nagbalak niyon saka nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito sa ganang Kanya bilang sampung magandang gawa hanggang sa pitong daang ibayo hanggang sa maraming ibayo. Ang sinumang nagbalak ng isang masagwang gawa saka hindi ito nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito sa ganang Kanya bilang isang buong magandang gawa; ngunit kung ito ay nagbalak niyon saka nakagawa niyon, magsusulat si Allāh niyon para rito bilang iisang masagwang gawa."} | 141 |
| Ang sinumang gumawa ng maganda sa [panahon ng] Islām ay hindi pananagutin sa anumang ginawa niya sa Panahon ng Kamangmangan. Ang sinumang gumawa ng masagwa sa [panahon ng Islām] ay pananagutin sa una at huli."}   | 143 |
| Tunay na ang sinasabi mo at inaanyaya mo ay talagang maganda. Kung sakaling magpapabatid ka sana sa amin na sa ginawa namin ay may panakip-sala.....   | 145 |
| Umanib ka sa Islām kalakip ng nauna na kabutihan."}  | 147 |

Tunay na si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan sa magandang gawa sa isang mananampalataya. Bibigyan siya dahil doon sa Mundo at gagantihan siya dahil doon sa Kabilang-buhay ..... 148

O Anak ni Adan, tunay na ikaw, hanggat dumalangin ka sa Akin at umasa ka sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo sa anumang nasa iyo at hindi Ako papansin..... 149

Nagkasala ang isang tao ng isang pagkakasala kaya nagsabi ito: "O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko ..... 152

Tunay na si Allāh ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang magbalik-loob ang gumawa ng masagwa sa maghapon at nag-aabot ng kamay Niya sa maghapon upang magbalik-loob ang gumawa ng masagwa sa gabi, hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran nito. .... 154

Bumababa ang Panginoon natin (napakamapagpala Siya at napakataas) sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlo ng gabi ..... 155

Tunay na ang ipinahihintulot ay malinaw at tunay na ang ipinagbabawal ay malinaw ..... 157

Huwag kayong mag-alipusta sa mga Kasamahan ko sapagkat kung sakali na ang isa sa inyo ay gumugol ng tulad sa [laki ng] Uḥud na ginto, hindi sana ito umabot sa mudd ng isa sa kanila ni kalahati nito ..... 159

O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh.....160

Ang pagkakatulad ng mga mananampalataya sa kanilang katapatan, at kanilang pagmamahalan, at kanilang pagdadamay ay katulad ng isang katawan kapag nasasakitan ang isang parte niya ay madadamay ang ibang parte niya sa pagkawalang-tulog at pagkalagnat ..... 162

Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpaganda sa wuḍū', lalabas ang mga kasalanan niya mula sa katawan niya hanggang sa lumabas ang mga ito sa ilalim ng mga kuko niya."} ..... 163

Ito ay ang naipandadalisay ang tubig nito, ang ipinahihintulot ang patay nito. .... 164

Kapag ang tubig ay dalawang qullah, hindi ito tatalaban ng karumihan..... 165

Kapag pumunta kayo s palikuran,huwag kayong humarap sa Qiblah sa pagdumi at sa pag-ih,at huwag kayong tumalikod dito,subalit humarap kayo sa silangan o sa kanluran ..... 166

Huwag na huwag hawakan ng isa sa inyo ang ari nito sa kanang kamay niya kapag siya ay umihi,at huwag magpunas [ng bato o papel] kapag nasa palikuran nang kanang kamay,at huwag huminga sa lalagyan ng tubig ..... 167

Kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagtulog niya at nagsagawa ng wudhu,suminga ito ng tatlong beses,sapagkat si satanas ay natutulog sa loob ng ilong niya..... 168

{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naghuhugas o siya noon ay naliligo sa pamamagitan ng isang šā` hanggang sa limang mudd at nagsasagawa ng wuḏū' sa pamamagitan ng isang mudd.} ..... 169

Hindi tatanggapin ni Allah ang dasal ng isa sa inyo kapag siya ay nagdumi [dumi o ihi] hanggat hindi siya nakapagsagawa ng Wudhu ..... 171

Bumalik ka,at pagbutihin mo ang pagsasagawa mo ng wudhu..... 172

Kapighatian sa mga sakong mula sa Impiyerno. Lubus-lubusin ninyo ang pagsasagawa ng wuḏū'."} ..... 173

{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa ng wuḏū' sa sandali ng bawat šalāh..... 175

{Nagsagawa ng wuḏū' ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang tig-iisang ulit [na paghuhugas].} ..... 176

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsagawa ng wuḏū' nang tigdadalawang ulit.} ..... 177

Ang sinumang nagsagawa ng wuḏū' tulad ng wuḏū' kong ito pagkatapos nagdasal siya ng dalawang rak`ah nang hindi kumakausap sa dalawang ito sa sarili niya, magpapatawad si Allāh sa kanya sa nauna sa pagkakasala niya..... 178

Kapag nagsagawa ng Wudhu ang isa sa inyo,maglagay siya sa ilong niya ng tubig,pagkatapos ay isinga niya ito,At sinuman ang gumamit ng bato [sa paglilinis],gawin niya itong gansal.At kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagtulog,hugasan niya ang dalawang kamay niya bago niya ito ipasok sa lalagyan [ng tubig] ,nang tatlong beses,Dahil katunayan ang isa sa inyo ay hindi niya nalalaman kung saan niya nailagay ang kamay niya ..... 181

Dumaan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa dalawang libingan,Nagsabi siya: ((Tunay na silang dalawa pinaparusahan,At ang ipinaparusa sa kanilang dalawa ay malaki.Ang isa sa kanila:Siya ay hindi nagtatakip sa pag-ih,i,At ang iba: Siya ay naglalakad para sa Paninirang-puri))..... 182

O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga [masasamang espirito ng mga] lalaki at babae..... 184

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag lumabas siya noon mula sa palikuran, ay nagsasabi ng: "Ghufrānaka (Hinihiling ko ang pagpapatawad Mo)."} ..... 185

Ang siwāk ay isang kadalisan para sa bibig, na isang kaluguran para sa Panginoon."} ..... 186

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag tumitindig siya [sa pagdarasal] sa gabi, ay nagsisipilyo ng bibig niya sa pamamagitan ng siwāk.}..... 187

Kung hindi dahil na makapagpahirap ako sa mga mananampalataya," – o: "sa Kalipunan ko," – "talaga sanang nag-utos ako sa kanila na gumamit ng siwāk sa sandali ng bawat pagdarasal."} ..... 188

Isang tungkulin sa bawat Muslim na maligo siya sa isang araw sa bawat pitong araw, na maghuhugas siya rito ng ulo niya at katawan niya."} ..... 189

Ang naturalesa [ng kalinisan] ay lima: ang pagpapatuli, ang pag-aahit sa ari, ang pagputol ng bigote, ang paggupit ng mga kuko, at ang pagbunot [ng buhok] sa kilikili."} ..... 191

Ako ay lalaking may maraming Madhiy [tubig na lumalabas bago ang pagtatalik],Nahiya akong itanong ito sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dahil sa kinalalagyan ng anak niya sa akin,Inutusan ko si Meqdad bin Al-Aswad,at itinanong niya ito,at Nagsabi siyang:Hugasan niya ang ari niya at magsagawa siya ng wudhu..... 193

Katotohanang sapat na sa iyo na idampi mo sa kamay mo ng ganito: pagkatapos ay idinampi niya ang dalawang kamay niya sa lupa ng isang beses,at pagkatapos ay pinunasan ng kaliwa ang kanan,at ang sa ibabaw ng palad niya at ang mukha niya.. 194

Kasama ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa paglalakbay niya,bumaba ako upang tanggalin ang dalawang Khuff [medyas na yari sa balat ng hayop],Nagsabi siya: Hayaan mo silang dalawa,Sapagkat tunay na ipinasok ko silang dalawang na nasa loob ng kalinisan,Kaya nagpunas siya sa kanilang dalawa ..... 196

Kapag nakaramdam ang isa sa inyo sa tiyan niya ng anuman saka nagpasuliranin sa kanya kung may lumabas ba mula sa kanya na anuman o wala, huwag nga siyang lalabas mula sa masjid hanggang sa makarinig siya ng isang tunog o makatagpo ng isang amoy."} ..... 197

Kapag uminom ang aso sa lalagyan ng isa sa inyo, hugasan niya ito nang pitong ulit 198

Kapag nagsabi ang mu`adhdhin ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila, si Allāh ay pinakadakila.) saka nagsabi naman ang isa sa inyo ng: Allāhu akbar, Allāhu akbar; ..... 200

Kapag nakarinig kayo ng [adhān ng] mu'adhdhin, magsabi kayo ng tulad ng sinasabi niya. Pagkatapos dumalangin kayo ng basbas para sa akin..... 203

Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang panawagan, ng: Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmāti wa-ṣṣalāti -lqā'imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa-lfaḍīlah, wa-b`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa`attahu (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang lubos at ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan at ang kalamangan at buhayin Mo siya sa katayuang pinapupurihan, na ipinangako Mo), dadapo sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon."}... 206

Ang pananalangin sa pagitan ng Azan at Iqamah ay hindi natatangian ..... 208

Naririnig mo ba ang panawagan sa pagdarasal?" Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: "Kaya tugunin mo."}..... 209

Ang katulad ng limang beses na salah ay katulad ng malaking sapa na umaagos sa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito sa bawat araw ng limang beses. .... 211

Tinanong ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Alin sa mga gawain ang kaibig-ibig para kay Allah? Nagsabi siya: Ang pagdarasal sa oras nito,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pagiging mabuti sa mga magulang ..... 212

Ang limang dasal, ang Biyernes hanggang sa Biyernes, at ang Ramaḍān hanggang sa Ramaḍān ay mga tagatakip-sala sa pagitan ng mga ito kapag umiwas sa malalaking kasalanan."}..... 214

Utusan niyo ang inyong mga anak na mag-salah (magdasal) nang sila ay pitong taong gulang, at hampasin niyo sila alang-alang sa salah, nang sila ay sampung taong gulang, at hiwalayin niyo ang pagitan nila sa tulugan..... 216

{Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Hinati Ko ang ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati at ukol sa lingkod Ko ang hiniling nito ..... 218

Ang kasunduan na nasa pagitan natin at nila ay ang ṣalāh. Kaya ang sinumang umiwan nito ay tumanggi ngang sumampalataya."}..... 221

Tunay na sa pagitan ng tao at ng shirk at kawalang-pananampalataya ay ang pag-iwan sa ṣalāh."}..... 222

'O Bilāl, magsagawa ka ng iqāmah ng ṣalāh; magbigay-kapahingahan ka sa amin sa pamamagitan nito.""}..... 223



O Sugo ni Allah,Sa Ama ko,Ikaw At sa Ina ko,Nakikita ko ang pagtahimik mo sa pagitan ng pagbibigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa: Ano ang sinasabi mo?Nagsabi siya: Sinasabi kong:O Allah,ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahilintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran.O Allah! Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala,kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi,O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig,at yelo..... 224

Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay nagtataas sa dalawang kamay niya sa tapat ng dalawang balikat niya, kapag siya ay nagbubukas ng pagdarasal,at gayundin kapag siya ay nagbibigkas ng [Allahu Akbar] Ang Allah ay dakila,para sa pagyuko.At kapag itinaas niya ang ulo niya mula sa pagyuko,gayundin ay itinataas niya ang dalawang[kamay niya],..... 226

Walang Dasal sa sinumang hindi magbasa ng Pambungad ng Aklat ..... 227

Na ang Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay pumasok sa Masjid,At pumasok ang isang lalaki at nagdasal,pagkatapos ay dumating siya at bumati sa Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Nagsabi siya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal,Bumalik siya at nagdasal ulit tulad ng kanyang pagdarasal ,Pagkatapos ay dumating siya at bumati sa Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal-pangatlo beses-Nagsabi siya: At Sumpa sa Nagpadala sa iyo sa katotohanan,wala nang mas-maganda pa maliban dito,Turuan mo ako;Nagsabi siya: Kapag ikaw ay tumindig sa pagdarasal;bigkasin mo ang Allahu Akbar,pagkatapos ay magbasa ka ng pinaka-madali para sa iyo mula sa Qur-an,pagkatapos ay yumuko ka hanggang sa huminahon ka sa pagyuko,pagkatapos ay bumangon ka hanggang sa huminahon ka sa pagtayo,pagkatapos ay magpatirapa ka hanggang sa huminahon ka sa pagpatirapa,pagkatapos ay bumangon ka hanggang sa huminahon sa pag-upo,at gawin mo ito sa lahat ng pagdarasal mo. .... 229

Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ako ay talagang higit na malapit sa inyo sa pagkakawangis sa şalāh ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tunay na ito noon ay talagang ang şalāh niya hanggang sa nakipaghiwalay siya sa Mundo."} ..... 232

Napag-utusan akong magpatirapa sa pitong bahagi [ng katawan]:At itinuro niya sa kamay niya,ang ilong niya,at dalawang kamay,ang dalawang tuhod,at ang dulo ng dalawang paa,at hindi pagsamahin ang damit at buhok) ..... 234

Ang pinakamalapit na [sandali ng] Panginoon mula sa lingkod ay sa kalaliman ng huling bahagi ng gabi..... 236

At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Katotohanan ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbasa sa dalawang tindig ng Fajr ng {Ipagbadya ( O Muhammad)! O kayong hindi mananampalataya} at {Ipagbadya ( O Muhammad)! Siya si Allah ang Nag-iisa} Saheh ni Imam Muslim ..... 237

Ang sinumang [laging] nagdarasal sa dalawang malamig na oras ay papasok sa Paraiso. .... 238

Ang sinumang nagdasal ng dasal sa madaling-araw, siya ay nasa pangangalaga ni Allāh ..... 240

Ang sinumang nagwaksi ng ṣalāh sa hapon, bumagsak nga ang gawa niya."} ..... 241

Ang sinumang nakalimot ng isang ṣalāh ay magdasal nito kapag nakaalaala nito; walang panakip-sala para rito kundi iyon (Qur'ān 20:14) ..... 242

Tunay na ang pinakamabigat na ṣalāh sa mga mapagpaimbabaw ay ang ṣalāh sa gabi at ang ṣalāh sa madaling-araw. Kung sakaling nakaaalam sila sa [gantimpala sa] dalawang ito, talaga sanang pumunta sila sa dalawang ito kahit pa man pagapang.. 244

Ang Sugo ni Allāh noon, kapag nag-angat siya ng likod niya mula sa pagkakayukod, ay nagsasabi ng: "Sami`a –Ilāhu liman ḥamidah ..... 246

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa pagitan ng dalawang pagkapatirapa ng: "Rabbi –ghfir lī, rabbi –ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin.) ..... 247

{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa: "Allāhumma –ghfir lī, wa--rḥamnī, wa-`āfinī, wa--hdinī, wa--rzuqnī. (O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, paligtasin Mo ako, patnubayan Mo ako, at tustusan Mo ako.)"} ..... 248

'Kapag nagdasal kayo, magtuwid kayo ng mga hanay ninyo, pagkatapos mamuno sa inyo ang isa sa inyo. Kapag nagsagawa siya ng takbīr ay magsagawa kayo ng takbīr . 250

Tinuruan ako ng Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Attashahhud,Ang kamay ko sa pagitan ng kamay niya,Tulad ng pagtuturo niya sa akin ng Kabanata mula sa Qur-an,:Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah,Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang Habag at ang pagpapala ni Allah,Ang kapayapaan ay mapasa amin at mapasa mga taong gumagawa ng makatarungang paglilingkod kay Allah,Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah,at Tunay na si Muhammad ay lingkod Niya at Sugo Niya ..... 256

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nanalangin:((O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo sa mga kaparusahan ng libingan,at mga kaparuhan ng

|  |     |
|--|-----|
| Impiyerno,at mula sa mga pagsubok at pagdurusa ng buhay at [pagdurusa] sa kamatayan, at mula sa mga pagsubok ng Al-Masēh Ad-dajāl [Bulaang-kristo].....  | 258 |
| Kailangang magsagawa ka ng maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan. ....  | 259 |
| Walang pagdarasal sa pagkahain ng pagkain at wala habang siya ay nagpipigil ng dalawang karumihan."}.....  | 261 |
| Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, magpakamapagpakupkop ka kay Allāh laban sa kanya at lumura ka sa kaliwa mo nang tatlong ulit.....   | 262 |
| Ang pinakamasagwa sa mga tao sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw ng ṣalāh niya." Nagsabi ito: "Papaano po siyang magnanakaw ng ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito."}.....   | 264 |
| (( Hindi ba natatakot yaong nagtataas ng ulo niya bago ang Imam,na palitan ni Allah ang ulo niya ,nang ulo ng Asno,o palitan ang itsura niya na tulad ng itsura ng Asno?)) .....   | 265 |
| Kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa Pagdarasal niya,At hindi niya alam kong ilan ang naipagdasal niya tatlo ba o apat,Tanggalin niya ang pag-aalinlangan,at itupad niya kung ano ang pinaniwalaan niya,Pagkatapos ay magpatirapa ng dalawang pagpapatirapa bago magsagawa ng Taslem,At kung ang naipagdasal niya ay lima,[gagawin naming] pamagitan sa kanya ang pagdarasal niya,at kung siya ay nakapagdasal ng tumpak ng apat na tindig,ang dalawang ito ay [magsisilibing] paghahamak kay Satanas ..... | 266 |
| At ayon kay Wabisah bin Ma-bad Al-Juhanie-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan;ay nakakita ng isang lalaki na nagdarasal sa likod ng linya na nag-iisa,Ipinag-utos sa kanya ng Propeta na ulitin niya ang pagdarasal. Sunan Abe Dawud .....  | 268 |
| {May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog sa gabi nito hanggang sa nag-umaga. Nagsabi siya: "Iyan ay lalaking umihi ang demonyo sa mga tainga niya," o nagsabi siya: "sa tainga niya."}.....   | 269 |
| Ang pinakamabuting araw na sinikatan ng araw ay ang araw ng Biyernes. Dito nilikha si Adan, dito ipinasok siya sa Paraiso, dito inilabas siya mula roon. ....  | 270 |
| Ang sinumang naligo sa araw ng Biyernes ng paligo ng janābah, pagkatapos pumunta, ay para bang nag-alay siya ng isang kamelyo .....  | 271 |

Allāhumma anta –ssalāmu wa-minka –ssalām. Tabārakta yā dha –ljalāli wa-l'ikrām. (O Allāh, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Ka, O pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparantal.) ..... 273

Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bumibigkas ng Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) kalakip ng mga ito sa pagkatapos ng bawat ṣalāh."} ..... 275

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi noon sa pagkatapos ng bawat ṣalāh na isinatungkulin ng ..... 278

At ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Sinuman ang Magluwalhati kay Allah sa bawat pagtatapos ng pagdarasal nang tatlumpot-tatlo,at Magpuri kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at Magdakila kay Allah nang tatlumpot-tatlo,at ito ay siyamnaput-siyam,at nagsabi sa pagganap na Isang-daan ng :Walang Diyos kundi si Allah,Nag-iisa Siya;Walang katambal sa Kanya,Sa Kanya ang Pamamahala,At sa Kanya ang Papuri,At Siya sa bawat bagay ay Nakakakaya,Patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya,kahit ito ay tulad ng bula sa karagatan)) Saheh Imam Muslim ..... 280

ang sinuman ang bumasa ng Ayat Al-Kursiy, sa likod ng bawat dasal na obligado,walang makakapagpigil sa kanya sa pagpasok sa paraiso liban kapag siya ay namatay..... 282

Nagdasal ako kasama ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ng dalawang tindig bago ang Al-Dhuhr;at dalawang tindig pagkatapos nito,at dalawang tindig pagkatapos ng Al-Jumuah,at dalawang tindig pagkatapos ng Al-Maghrib,at dalawang tindig pagkatapos ng Al-`Eishah ..... 283

Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay hindi niya iniwan ang apat na tindig bago ang dasal ng Dhuhr at dalawang tindig bago ang Subh..... 285

Sa pagitan ng bawat dalawang adhān ay may ṣalāh. Sa pagitan ng bawat dalawang adhān ay may ṣalāh." Pagkatapos nagsabi siya sa ikalawang pagkakataon: "Para sa sinumang nagnais."} ..... 286

Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, yumukod siya ng dalawang rak`ah bago siya umupo."} ..... 287

Kapag nagsabi ka sa kasamahan mo: Manahimik ka, sa [ṣalāh sa] araw ng Biyernes habang ang imām ay nagtatalumpati, nagwalang-kabuluhan ka nga."} ..... 288

Magdasal ka nang patindig; ngunit kung hindi mo nakaya ay paupo; ngunit kung hindi mo nakaya ay [pahiga] sa tagiliran."} ..... 289

|   |     |
|---|-----|
| Isang ṣalāh sa Masjid kong ito ay higit na mabuti kaysa sa isang libong ṣalāh sa anumang iba pa rito maliban sa Masjid na Pinakababanal."}  | 290 |
| 'Ang sinumang nagpatayo ng isang masjid para kay Allāh, magpapatayo si Allāh para sa kanya sa Paraiso ng tulad nito."}  | 291 |
| Walang may-ari ng ginto ni ng pilak, na hindi nagbibigay mula rito ng tungkulin dito, na hindi magtatapal sa kanya ng mga plantsa ng apoy kapag Araw na ng Pagkabuhay, magpapaningas sa mga ito sa apoy ng Impiyerno, at maghehero sa pamamagitan ng mga ito ng tagiliran niya, noo niya, at likod niya.....  | 293 |
| Walang naibawas ang isang kawanggawa mula sa yaman. Walang naidagdag si Allāh sa isang tao dahil sa pagpapaumanhin kundi karangalan. Walang nagpakumbabang isa man kay Allāh malibang nag-angat sa kanya si Allāh."}  | 300 |
| Nagsabi si Allāh: Gumugol ka, O anak ni Adan, gugugol Ako sa iyo."}   | 301 |
| Kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya habang umaasa siya ng gantimpala dito [ni Allāh], ito para sa kanya ay isang kawanggawa."}  | 302 |
| Kapag namatay ang tao, napuputol sa kanya ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa isang kawanggawang nagpapatuloy, o isang kaalamang napakikinabangan, o isang anak na maayos na dumadalangin para sa kanya."}   | 303 |
| Ang ginto kapalit ng ginto ay patubo malibang kaliwaan. Ang pilak kapalit ng pilak ay malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo malibang kaliwaan. ....   | 305 |
| Inoobliga ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagbibigay ng Sadaqah Al-fitr-o nagsabi siya: Sa buwang ng Ramadhan-sa kalalakihan at kababaihan,malaya o alipin: Ang isang Saa ng datiles,o isang Saa ng sebada,Nagsabi siya: Itinumbas ito ng mga tao sa kalahating Saa ng trigo,[na inoobliaga] sa mga bata at matanda .....                                   | 307 |
| O mga tao, magpalaganap kayo ng kapayapaan, magpakain kayo ng pagkain, makipag-ugnayan kayo sa mga kaanak, at magdasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay tulog; papasok kayo sa Paraiso nang may kapayapaan."}   | 308 |
| Katotohanang si Allah -Pagkataas-taas Niya- ay Napaka-dalisay,at wala Siyang tinatanggap (na gawain) maliban kung ito ay dalisay.At katotohanang si Allah ay nag-utos sa mga mananampalataya tulad ng pag-uutos Niya sa kanyang mga Sugo, Nagsabi Siya-Pagkataas-taas Niya;" O kayong mga Sugo! Kumain kayo nang lahat ng Halal o Ipinapahintulot at magsigawa kayo ng kabutihan" ..... | 310 |

Ang sinumang nagpalugit sa nagigipit o nagpatawad sa utang nito, maglililim sa kanya si Allāh sa Araw ng Pagbangon sa ilalim ng lilim ng trono Nito, sa Araw na walang lilim kundi ang lilim Nito."} ..... 312

Naawa si Allāh sa isang lalaking mapagparaya kapag nagtinda, kapag bumili, at kapag naningil."} ..... 313

May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao saka siya noon ay nagsasabi sa utusan niya: 'Kapag pumunta ka sa isang nagigipit, magpaumahanhin ka sa kanya nang harinawa si Allāh ay magpaumahanhin sa atin.' ..... 314

Tunay na may mga lalaking gumugugol sa yaman ni Allāh nang walang katarungan kaya ukol sa kanila ang Impiyerno sa Araw ng Pagbangon."} ..... 315

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya,Nagsabi siya: Sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan; (Nagsabi si Allah-Kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan) ang lahat ng gawain ng anak ni Adam ay sa kanya,Maliban sa pag aayuno,sapagkat ito ay sa Akin, At Ako ang magbibigay ng gantimpala dito,ang pag aayuno ay Panangga,kapag sa araw na nag aayuno ang isa sa inyo,huwag magsalita ng masasama,at huwag makipagtalos,at kapag nangutya ang isa sa inyo o nakipag-away, Magsabi siya na:Ako ay Nag- aayuno:Sumpa man sa nagbigay ng buhay kay Muhammad: Ang hindi magandang hininga ng nag aayuno ay mas mabango para kay Allah,kaysa amoy ng pabango,Sa nag aayuno ay may dalawang kaligayahan na nakakapag-paligaya sa kanila,kapag naghaponan siya,naliligayahan siya sa paghahapunan niya,at kapag nakatagpo niya ang Panginoon niya,naliligayahan siya sa pag-aayuno niya,)).Napagkaisahan ang katumpakan,At ang pananalita na ito,ay salasay ni Imam Al-Bukharie.At sa salaysay mula sa kanya:((Iniiwan niya ang pagkain nito at inumin nito at pag-aasawa nito para sa akin,Ang Pag-aayuno ay sa akin at ako ang magbibigay ng gantimpala dito,at ang isang kabutihan ay katumbas ng sampu na katulad nito))At sa salaysay ni Imam Muslim:(Ang lahat ng mga gawain ng anak ni Adam ay pinaparami,At ang isang kabutihan ay katumbas ng sampung katulad nito,hanggang sa pitong-daang pagpaparami,Nagsabi ang Allah-Pagkataas-taas Niya:(Maliban sa Pag-aayuno,Sapagkat ito ay sa akin, at Ako ang magbibigay ng gantimpala dito,iniwan niya ang pag-aasawa nito at pagkain nito para sa Akin.Sa nag-aayuno ay may dalawang kaligayahan:Kaligayahan sa paghahapunan niya(AlFitr),at kaligayahan sa pagtagpo niya sa Panginoon niya.At ang hindi magandang hininga ng nag aayuno ay mas-mabango para kay Allah kaysa amoy ng pabango..... 317

Ang sinumang nag-ayuno sa Ramadān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang anumang nauna na pagkakasala niya."} 322

Katotohanan sa Paraiso ay may matatagpuang pintuan na tinatawag na :Arrayān,Papasok rito ang mga nag-ayuno,sa Araw ng Pagkabuhay,Walang nakakapasok rito na iba maliban sa kanila,Sinasabing:Nasaan na ang mga nag-ayuno?Tatayo sila, Walang nakakapasok rito na iba maliban sa kanila,At kapag nakapasok sila,isisarado ito,at walang makakapasok kahit na isa ..... 323

Kapag dumating ang Ramaḍān, binubuksan ang mga pinto ng Paraiso, ipinipinid ang mga pinto ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo. .... 324

Sinuman ang nakalimot na siya ay nag-aayuno,nakakain siya naka-inom,ipagpatuloy niya ang pag-aayuno niya,dahil ang nagpakain at nagpa-inom sa kanya ay si Allah .. 325

Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa bawiin siya ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya matapos niya. .... 326

{Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsisipag sa huling sampung araw [ng Ramaḍān] ng hindi niya ipinagsisipag sa iba pa rito.} ..... 327

Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kapag pumasok ang sampung [huling araw ng Ramaḍān], ay nagpupuyat sa gabi, nanggigising ng mag-anak niya, nagpapakasigasig, at naglalaan ng sarili. .... 328

Sinuman ang nag-ayuno sa landas ng Allah ay palalayuin ng Allah ang kanyang mukha mula sa impyerno ng pitumpung taon..... 329

Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng ḍuḥā, at na magsagawa ako ng witr bago ako matulog. .... 330

Kumain kayo ng saḥūr sapagkat tunay na sa saḥūr ay may biyaya. .... 331

Itong dalawang araw ipinagbawal ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ang pag-aayuno sa kanila: araw ng Fitr niyo mula sa pag-ayuno niyo, at ang ibang araw: Kakain kayo sa araw na yan mula sa pag-aalay niyo..... 332

Ang sinumang nagdasal sa Gabi ng Pagtatakda (Laylatulqadr) dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, patatawarin sa kanya ang anumang nauna sa pagkakasala niya."} ..... 333

Ang sinumang nagsagawa ng ḥajj para kay Allāh saka hindi humalay at hindi nagpakasuwail, uuwi siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya."}..... 334

Ang Talbiyah (pagganap, pagtalima) ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:- Labbayka Allahumma labbayk, Labbayka la shareeka laka labbayk, Innalhamda wan ni'mata laka wal mulk, la shareeka lak. .... 335

Walang anumang mga araw na ang maayos na gawain sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa mga araw na ito." Tumutukoy siya sa unang sampung araw [ng Dhulḥijjah] ..... 337

Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo patungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo. 338

Tunay na si Allāh ay nagpalampas sa Kalipunan ko ng anumang isinaysay nito sa sarili nito hanggat hindi nito ginawa o sinalita."}..... 339

Tunay na si Allāh ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo ni sa mga ari-arian ninyo subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo."}..... 340

Katotohanang si Allah-Pagkataas-taas Niya-ay nagseselos,At ang pagseselos ni Allah-Pagkataas-taas Niya-,ay ang paggawa ng tao sa anumang ipinagbabawal ni Allah sa kanya ..... 342

Umiwas kayo sa pitong tagapagpasawi..... 343

Hindi ba ako magbabalita sa inyo ng pinakamalaki sa malalaking kasalanan?..... 345

Ang malalaking kasalanan ay ang pagtatambal kay Allāh, ang kasutilan sa mga magulang, ang pagpatay ng buhay, at ang panunumpang mapagpalublob."}..... 347

Ang una sa huhusgahan sa mga tao sa Araw ng Pagkabuhay ay kaugnay sa [pagpapadanak ng] mga dugo." ..... 348

Ang sinumang pumatay ng isang kinasunduan, hindi siya makaaamoy ng amoy ng Paraiso. Tunay na ang amoy nito ay natatagpuan sa [layo ng] paglalakbay na apatnapung taon."}..... 349

Hindi papasok sa Paraiso ang isang tagaputol ng ugnayan sa kaanak."}..... 350

Ang sinumang umibig na paluwagan para sa kanya sa panustos sa kanya at antalaan para sa kanya sa taning niya ay magpanatili siya ng ugnayan sa kaanak niya."} ..... 351

Ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay hindi ang nakikitumbas, bagkus ang nakikipag-ugnayan sa kaanak ay ang kapag pinutol ang ugnayang pangkaanak sa kanya ay nakikipag-ugnayan [pa rin] siya roon."} ..... 353

Nakaaalam ba kayo kung ano ang panlilibak?" Nagsabi sila: "Si Allāh at ang Sugo Niya ay higit na maalam." Nagsabi siya: "[Ito] ang pagbanggit mo ng kapatid mo hinggil sa anumang kasusuklaman niya ..... 354



|   |     |
|---|-----|
| {Isinumpa ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang nanunuhol at ang nagpapasuhol sa paghahatol.}  | 356 |
| Huwag kayong mag-inggitan. Huwag kayong magpataasan sa tawad. Huwag kayong magmuhian. Huwag kayong magtalikuran. Huwag sulutin ng ilan sa inyo ang pagtitinda ng iba pa. Maging mga lingkod kayo ni Allāh bilang magkakapatid.  | 357 |
| Iwasan ninyo ang paghihinala,Sapagkat tunay na ang paghihinala ang pinakasinungaling na pag-uusap.  | 358 |
| Walang papasok sa Paraiso na isang palasabi-sabi."}   | 359 |
| Ang lahat ng kalipunan ko ay mapagpapaumanhinan maliban sa mga naglalantad [ng kasalanan]   | 360 |
| O mga tao, tunay na si Allāh ay nag-alis nga sa inyo ng kapalaluan ng Kamangmangan at pagsasadakila nito sa mga ninuno nito   | 361 |
| Tunay na ang pinakakasuklam-suklam sa mga lalaki para kay Allāh ay ang pinakapalaban sa mga kaalitan."}   | 363 |
| Kapag nagtagpo ang dalawang Muslim kalakip ng dalawang tabak nilang dalawa, ang pumatay at ang pinatay ay sa Impiyerno  | 364 |
| Ang sinumang nagdala laban sa atin ng sandata ay hindi kabilang sa atin."}  | 366 |
| Huwag kayong mang-alipusta sa mga patay sapagkat tunay na sila ay humantong sa [mga gawang] ipinauna nila."}  | 367 |
| Hindi ipinahihintulot sa isang tao na umiwas sa kapatid niya nang mahigit sa tatlong gabi. Nagsasalubong silang dalawa saka tatalikod ito at tatalikod iyan. Ang pinakamabuti sa kanilang dalawa ay ang nagpapasimula ng pagbati."}   | 368 |
| Ang sinumang maggagarantiya sa akin [na mag-ingat] ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ng nasa pagitan ng mga hita niya, maggagarantiya ako sa kanya ng Paraiso."}  | 369 |
| Walang pag-aayuno sa dalawang araw: Al-Fitr [Eid pagkatapos sa buwan ng Ramadhan] at Al-Adha [Eid sa ika sampung-araw ng Hajj],At walang pagdarasal pagkatapos ng Subh hanggang sa sumikat ang araw,at wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog,at Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid,Masjid sa Meccah,at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito. | 371 |
| Hindi ako mag-iiwan matapos ko ng isang tukso na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae."}   | 374 |

|   |     |
|---|-----|
| Ang sinumang makakakaya sa pagpapamilya ay mag-asawa siya sapagkat tunay na ito ay higit na pumipigil sa [bawal na] tingin at higit na nangangalaga sa ari. Ang sinumang hindi makakakaya, kailangan sa kanya ang pag-aayuno sapagkat tunay na ito para sa kanya ay pampigil."}   | 375 |
| Katotohanang ang Mundo ay napakatamis na [prutas ng] halaman,at katiyakang si Allah ay ginawa niya kayong namamahala rito,Titingnan Niya kung ano ang gagawin ninyo,Katakutan ninyo ang Mundo at katakutan ninyo ang mga babae,Sapagkat ang unang tukso sa mga angkan ng Esrail ay nasa mga babae .....   | 377 |
| O katipunan ng mga babae, magkawanggawa kayo sapagkat tunay na ako ay pinakitaang kayo ay higit na marami sa mga maninirahan sa Impiyerno." Kaya nagsabi sila: "At dahil sa ano po, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Nagpaparami kayo ng pagsumpa at nagkakaila kayo sa utang na loob sa mga asawa. Hindi ako nakakita mula sa mga nagkukulang sa pag-iisip at pagrerelihiyon na higit na mapag-alis ng isip ng lalaking naghuhunos-dili kaysa sa isa sa inyo ..... | 379 |
| Kaingat kayo sa pagpasok sa kinaroroonan ng mga babae." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa Anṣār: "O Sugo ni Allāh, ano po ang tingin mo sa lalaking kapamilya ng biyanan?" Nagsabi siya: "Ang lalaking kapamilya ng biyanan ay ang kamatayan." .....  | 384 |
| Walang kasal malibang may isang walīy."}  | 385 |
| Ang pinakakarapat-dapat sa mga kundisyon na tuparin ninyo ay ang isinapahintulot ninyo dahil dito ang pakikipagtalik."}   | 386 |
| Ang Mundo ay natatamasa at ang pinakamabuti sa natatamasa sa Mundo ay ang babaing maayos."}   | 387 |
| {Nagtanong ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa tingin ng pagkabigla kaya nag-utos siya sa akin na magbaling ako ng paningin ko}..   | 388 |
| {Nag-alay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dalawang tupa na kulay puting nahaluan ng itim na may sungay. Kumatay siya ng dalawang ito sa pamamagitan ng kamay niya. Bumanggit siya [kay Allāh] at nagdakila. Naglagay siya ng paa niya sa mga gilid ng dalawang ito.}   | 390 |
| Ang pananamit ng muslim ay hanggang sa kalahati ng binti, at walang pangamba -o walang problema- kung ito ay sa pagitan niya at pagitan ng dalawang bukong-bukong, sa ganon kung siya ay nakababa sa dalawang bukong-bukong siya ay mapasaimpyerno, at sino man ang kaladkarin niya ang kanyang suot bilang pag-mamataas hindi siya titingnan ng dakilang Allah. ....   | 392 |

Huwag kayong magsuot ng sutla at Dībāj [damit na yari sa bakal] at huwag kayong uminom gamit ang lalagyang yari ginto at pilak, At huwag kayong kumain sa mga dulang nila, Sapagkat ito ay para sa kanila sa Mundo at ang sa inyo ay ang Kabilang buhay ..... 393

Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa paslit hanggang sa magbinata siya, at sa baliw hanggang sa makapag-unawa siya."}..... 394

{Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagbawal sa qaza`."}. 396

Gupitin ninyo ang mga bigote at hayaan ninyo ang mga balbas."}..... 397

Hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, ni ang babae sa kahubaran ng babae. Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot. .... 398

Tunay na kabilang sa mga pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."}..... 399

Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-aayuno na nagdarasal [pa sa gabi]."}. 400

Ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan. Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga kababaihan nila."}..... 401

{Tinanong ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pinakamadalas magpapapasok sa mga tao sa Paraiso, kaya naman nagsabi siya: "Ang panginigilag magkasala kay Allāh at ang kagandahan ng kaasalan..... 403

Ang Sugo ni Allāh (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan."}..... 404

Tunay na ang kaasalan ng Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang Qur'ān."} ..... 405

{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay napagagalak sa pagkakanan sa pagsasandalyas niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa pumapatungkol sa kanya sa kabuuan nito.} ..... 407

Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng pagpapaganda sa bawat bagay ..... 409

Tunay na ang mga nagpapakamakatarungan ay sa piling ni Allāh sa mga pulpito ng liwanag sa dakong kanan ng Pinakamaawain (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – at ang kapwa mga kamay niya ay kanan..... 411

Walang pamiminsala at walang pakikipagpinsalaan. Ang sinumang nakipagpinsalaan, mamiminsala sa kanya si Allāh; at ang sinumang nakipagpahirapan, magpapahirap si Allāh sa kanya ..... 412

Ang kahalintulad ng mabuting kaibigan at masamang kaibigan,ay tulad ng nagdadala ng pabango,at nag-iihip ng pugon,Kaya `t ang nagdadala ng pabango;maaari ka niyang mabigyan,o maaari ka niyang mapagbibintahan,o maaaring makakatagpo ka sa kanya ng mabangong humahalimuyak,Samantalang ang nag-iihip ng pugon;maaaring masunog nito ang iyong mga damit o maaaring makakatagpo ka ng masamang hangin ..... 414

Huwag kang magalit..... 415

Ang matipuno ay hindi sa pagbuno; tanging ang matipuno ay ang nagpipigil ng sarili niya sa sandali ng pagkagalit."}..... 416

May apat na ang sinumang ang mga ito ay naging nasa kanya, siya ay naging isang mapagpaimbabaw na lantay; at ang sinumang may naging nasa kanya na isang katangian mula sa mga ito, may naging nasa kanya na isang katangian mula sa isang pagpapaimbabaw hanggang sa mag-iwan siya nito: kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nakipagkasunduan siya, nagtatraydor siya; kapag nangako siya, sumisira siya; kapag nakipag-alitan siya, nagsasamasamang-loob siya."}..... 417

Ang mananampalataya ay hindi ang palapanirang-puri, ni ang palasumpa, ni ang mahalay, ni ang bastos."} ..... 420

Ang pagkahiya ay bahagi ng pananampalataya ..... 421

Kapag umibig ang tao sa kapatid niya, magpabatid siya rito na siya ay umiibig dito . 422

Bawat nakabubuti ay kawanggawa."} ..... 423

Bawat kasukasuan ng mga tao ay tungkuling magbigay ng isang kawanggawa sa bawat araw na sumisikat ang araw. Ang magpakamakatarungan ka sa pagitan ng dalawang [tao] ay isang kawanggawa. Ang tumulong ka sa tao sa sasakyang hayop niya: ang buhatin mo siya sa ibabaw nito o ang iangat mo para sa kanya ang dala-dala niya ay isang kawanggawa. Ang salitang kaaya-aya ay isang kawanggawa..... 424

Ang sinumang pumawi buhat sa isang mananampalataya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Mundo, magpapawi si Allāh buhat sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Araw ng Pagkabuhay. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nagigipit, pagiginhawahin siya ni Allāh sa Mundo at Kabilang-buhay..... 426

Hindi makakagalaw ang dalawang paa ng isang alipin sa kabilang araw hangga't maitanong siya hinggil sa kanyang edad kung saan niya ito ginamit? at sa kanyang

|   |     |
|---|-----|
| kaalaman kung ano ang ginawa niya dito? at sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinuha at kung saan niya ito ginastos? at sa kanyang pangangatawan kung papano niya ito nilustay? .....  | 428 |
| Ang naghahanap ng [kabutihan] para sa babaing balo at mahihirap,ay tulad ng nakikibaka sa landas ni Allah .....   | 429 |
| Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya .....   | 430 |
| Huwag ka ngang magmamaliit mula sa nakabubuti ng anuman, kahit man lamang na sumalubong ka sa kapatid mo nang may maaliwalas na mukha."} .....  | 431 |
| Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob at tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso.....   | 433 |
| Ang sinumang hindi naaawa sa mga tao ay hindi maaawa sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)."}.....   | 435 |
| Ang mga naaawa ay kaaawaan sila ng Napakamaawain. Kaawaan ninyo ang mga naninirahan sa lupa, kaaawaan kayo Niyang nasa langit."}.....   | 436 |
| Ang Muslim ay ang sinumang ligtas ang mga Muslim mula sa dila niya at kamay niya. Ang lumilikas ay ang sinumang umiwan ng ipinagbawal ni Allah. ....  | 437 |
| Ang karapatan ng Muslim sa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagdalo sa libing, ang pagtugon sa paanyaya, at ang pagsambit ng tashmīt sa bumahin."}.....   | 438 |
| Na may isang lalaking nagtanong sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Aling Islam ang pinakamaubti? Nagsabi siya: Magpakain ka ng pagkain at bumati ka ng kapayapaan sa sinumang kilala mo at hindi mo kilala. ....   | 439 |
| Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo Ang mga gawain na patatawarin sa inyo ni Allah dahil dito Ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?) Nagsabi sila: Oo , O Sugo ni Allah, Nagsabi siya:((Paglagom ng Wudhū sa mga [oras na] kinamumunghian, at pagpaparami ng mga Hakbang sa Masjid,at paghihintayng dasal pagkatapos ng dasal,ito para sa inyo ang Pagbabantay [para sa daan ni Allah] ..... | 440 |
| Mananampalatayang malakas ay higit na mainam at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina at sa lahat ng kabutihan,Magsumikap ka sa mga bagay na makakapag-pakinabang sa iyo,at Humiling ka ng tulong kay Allah at huwag kang mawalan ng pag-asa .....   | 442 |

Makipaglapitan kayo [sa mabuti], magtama kayo, at umalam kayo na walang maliligtas na isa man mula sa inyo dahil sa gawa niya." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ikaw?" Nagsabi siya: "Ni ako, maliban na lumipos sa akin si Allāh ng isang awa mula sa Kanya at isang kabutihang-loob."}..... 444

Hindi tumigil na nagtatagubilin sa akin si Gabriel hinggil sa kapitbahay hanggang sa nagpalagay ako na siya ay magpapamana rito."}..... 447

Ang sinumang nagsanggalang sa dangal ng kapatid niya, magsasanggalang si Allāh sa mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagbangon."}..... 449

Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya."}..... 450

Tunay na ang kabanayaran ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang gumagayak ito roon at hindi naalis ito mula sa isang bagay malibang nagpapapangit ito roon."}... 451

Ang Relihiyong Islām ay magaan. Hindi makikipagmatigasan sa Relihiyong Islām ang isa malibang mananaig ito sa kanya. Kaya magtama kayo, makipaglapit kayo,..... 452

Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magpagalak kayo at huwag kayong magpalayo ng loob."}..... 455

{Kami minsan ay nasa piling ni `Umar saka nagsabi siya: "Sinaway kami laban sa pagpapakahirap-hirap."} ..... 456

Kapag kumain ang isa sa inyo, kumain siya sa pamamagitan ng kanang kamay niya; at kapag uminom siya, uminom siya sa pamamagitan ng kanang kamay niya; sapagkat tunay na ang demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at umiinom sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya."}..... 458

O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo..... 459

Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na kumain ito ng pagkain para magpuri sa Kanya dahil doon o uminom ito ng inumin para magpuri sa Kanya dahil doon."} . 460

May isang lalaking kumain sa piling ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, gamit ang kaliwa niya kaya nagsabi siya: "Kumain ka gamit ang kanan mo." Nagsabi ito: "Hindi ko po nakakaya." Nagsasabi siya: "Hindi mo nawa makaya!" Walang pumigil sa kanya kundi ang pagmamalaki kaya hindi niya naangat ito sa bibig niya..... 462

Sinuman ang kumain ng Bawang o Sibuyas ay umiwas sa amin-o umiwas sa Masjid namin,at manatili sa bahay niya ..... 463

Ang sinumang kumain ng pagkain saka nagsabi: Alḥamdu lillāhi —lladhī aṭ`amanī hādḥā, wa-razaqānīhi min għayri ḥawlim minnī wa-lā qūwah (Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nito nang walang kapangyarihan mula sa akin ni lakas), magpapatawad sa kanya sa nauna sa pagkakasala niya."} ..... 465

Tunay na si Allāh ay umiibig na isagawa ang mga pagluluwag Niya gaya ng pagkaibig Niya na isagawa ang mga paghihigpit Niya."}..... 466

Ang sinumang nagnanais si Allāh sa kanya ng isang kabutihan, magpapatama Siya [rito ng pagsubok] mula sa Kanya."}..... 467

Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi ipambabayad-sala ni Allāh iyon sa ilan sa mga kamalian niya. .... 468

Hindi natitigil ang pagsubok sa lalaking mananampalataya at babaing mananampalataya sa sarili niya, anak niya, at yaman niya, hanggang sa makitagpo siya kay Allāh habang sa kanya ay walang kasalanan."}..... 469

Nakakamangha ang gawain na isang mananampalataya;Ang lahat ng kanyang gawain ay may kabutihan,at hindi ito makatatagpuan maliban sa mananampalataya: Kapag dumating sa kanya ang kaligayahan,siya ay magpapasalamat [kay Allah] at ito ang mabuti para sa kanya,At kapag dumating sa kanya ang pinsala,Siya ay magtitiis,at ito ang mabuti para sa kanya..... 471

Kapag nagkasakit ang tao o naglakbay siya, magtatala para sa kanya ng tulad ng dating ginagawa niya habang nananatili at malusog."}..... 472

Mag-unahan kayo sa mga (mabubuting) gawain, (bago lumitaw ang mga) pagsubok na tulad ng piraso ng dilim ng gabi,uumagahina ang lalaki na mananampalataya at gagabihin na nagtatanggi,at gagabihin na mananampalataya at uumagahin na nagtatanggi,ipinagbibili niya ang Relihiyon nito sa mga maka-mundong bagay sa Mundo..... 473

Ang sinumang nagnais si Allāh sa kanya ng isang kabutihan, magpapaunawa Siya sa kanya sa Relihiyon..... 474

Huwag kayong magpakatuto ng kaalaman upang makipagmayabang kayo nito sa mga maalam at hindi upang makipagtaltalan kayo nito sa mga hunghang ..... 475

Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān at nagturo nito."} ..... 476

|   |     |
|---|-----|
| ay bumibigkas mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sampung talata saka hindi sila kumukuha sa sampung [talatang] iba pa hanggang sa makaalam sila ng nasa mga ito na kaalaman at gawain.....  | 478 |
| Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito.....  | 479 |
| {Sasabihin sa tagatangkilik ng Qur'ān: "Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa kahuli-hulihang talata na babasahin mo."} .....  | 480 |
| Nakaiibig ba ang isa sa inyo, kapag bumalik sa mag-anak niya, na makatagpo siya roon ng tatlong kamelyong buntis na damulang na matataba? .....   | 481 |
| Magpanatili kayo ng pagbabasa ng Qur'ān na ito sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muḥammad ay nasa kamay Niya, talagang ito ay higit na matindi sa pagkawala kaysa sa mga kamelyo mula sa mga gapos ng mga ito."}.....  | 482 |
| Huwag kayong gumawa sa mga bahay ninyo bilang mga libingan; tunay na ang demonyo ay lumalayo sa bahay na binibigkas doon ang Kabanatang Al-Baqarah."}..   | 483 |
| O Ama ni Al-Mundhir, nakaaalam ka ba kung aling talata mula sa Aklat ni Allāh na nasa iyo ang higit na dakila?" Nagsabi ito: "Nagsabi ako: {Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili...} (Qur'ān 2:255) Kaya tumapik siya sa dibdib ko at nagsabi: "Sumpa man kay Allāh, talagang magpapaigaya sa iyo ang kaalaman, O Ama ni Al-Mundhir."} ..... | 485 |
| Ang sinumang bumigkas sa dalawang talata mula sa hulihan ng Kabanatang Al-Baqarah sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya."} .....   | 486 |
| Ang pagdalangin ay ang pagsamba.....  | 487 |
| {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay umaalaala kay Allāh sa lahat ng mga sandali niya.}.....  | 489 |
| Walang anumang higit na marangal kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin."} .....   | 490 |
| Walang isang Muslim sa ibabaw ng lupa na dumadalangin kay Allāh, pagkataas-taas Niya, ng isang panalangin, ibibigay sa kanya ni Allāh ito o ibabaling palayo sa kanya ang kasagwaang tulad nito hanggat hindi siya dumadalangin ng kasalan o pagputol ng ugnayan sa kaanak. ....  | 491 |
| {Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpaparami ng pagsasabi ng: "Ya muqalliba –lqulūbi, thabbit qalbī `alā dīnik .....  | 492 |



Allāhumma aṣliḥ lī dīni -llādhī huwa `iṣmatu amrīy, wa aṣliḥ lī dunyāya -llatī fiḥa ma`āshī, wa aṣliḥ lī ākhirati -llatī ilayhā ma`ādī, wa-j`ali -lḥayāta ziyādatan lī min kulli khayr, wa-j`ali -lmawta rāḥatan lī min kulli sharr. (O Allāh, pabutihin Mo para sa akin ang pagrerelihiyon ko na siyang pananggalang sa kapakanan ko, pabutihin Mo para sa akin ang mundo ko na nasa loob nito ang kabuhayan ko, pabutihin mo sa akin ang Kabilang-buhay ko na doon ang uwian ko, gawin Mo ang buhay na karagdagan para sa akin sa bawat kabutihan, gawin Mo ang kamatayan ng kapahingahan para sa akin sa bawat kasamaan.)..... 494

Allāhumma innī as`aluka -l`āfiyata fī dīnī wa dunyāya wa ahlī wa mālī, allāhumma -stur `awrātī wa āmin raw`ātī, wa -ḥfiḍnī mim bayna yadayya wa min khalfī wa `an yamīnī wa `an shimālī wa min fawqī, wa a`ūdhu bi`aḍamatika an ughtëla min taḥtī (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allah, pagtakpan Mo ang mga kahihyan ko, patiwasayin Mo ang mga pangngilabot ko, at pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako lamunin mula sa ilalim ko). 495

O Allah hinihiling ko sa Iyo ang lahat ng mabubuti maging ito man ay sa una o sa huli,Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman,At ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa lahat ng masasama,maging ito man sa una at sa huli,Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman ..... 497

Tunay na ang pananampalataya ay talagang naluluma sa kaloob-looban ng [bawat] isa sa inyo kung paanong naluluma ang lumang kasuutan. Kaya naman humiling kayo kay Allāh na magpanibago Siya ng pananampalataya sa mga puso ninyo."} ..... 498

Nakatikim ng lasa ng pananampalataya ang sinumang nalugod kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo."}..... 499

O Muadh,Sumpa sa Allah;Katotohanan ikaw ay iniibig ko,Pagkatapos ay nagtatagubilin ako sa iyo O Muadh,Huwag mong iwan sa bawat pagtatapos ng pagdarasal na sabihin mong: O Allah,Tulungan ako sa Pag-aalaala sa Iyo,at sa Pagpapasalamat sa Iyo,at sa Mabuting Pagsamba sa Iyo..... 501

Ang pinakamalapit na lagay na ang tao ay magiging mula sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagdalangin."} ..... 503

Ang pinakamadulas na panalangin noon ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay Allāhumma ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa fi -l`ākhirati ḥasanatan wa qinā `adhāba -nnār (O Allah, bigyan Mo kami sa mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda rin, at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Apoy). ..... 504

Hindi ba ako magbabalita sa inyo hinggil sa pinakamabuti sa mga gawa ninyo, ng pinakadalisyang sa mga ito sa ganang May-ari ninyo ..... 505

{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya bawat gabi, ay nagbubuklod ng mga kamay niya. Pagkatapos bumubuga siya sa mga ito saka bumibigkas sa mga ito ng ika-112 kabanata, ika-113 kabanata, at ika-114 kabanata [ng Qur'ān] ..... 506

Pangulo ng pananalangin sa Kapatawaran, Ang pagsabi ng alipin sa: O Allah, Ikaw ang aking Panginoon, Walang ibang Diyos na karapa-dapat sambahin maliban sa Iyo, Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin, at ako ay susunod sa Iyong mga ipinag-utos at ipinangangako kong gagawin sa abot ng aking makakayanan, Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa, Tinatanggap ko ang Iyong mga biyaya sa akin at tinatanggap ko ang aking mga pagkakasala, Kaya patawarin ako, dahil katotohanan walang makakapagbigay ng kapatawaran maliban sa Iyo. .... 507

Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at panagalagaan-kapag siya ay kina-umagahan, sinasabi niyang: ((O Allah, {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay inumagahan, at {sa kapahintulutan mo} sa Iyo kami ay ginabihan, at {sa kapahintulutan mo} kami ay nabubuhay, at {sa kapahintulutan mo} kami ay namamatay, at kami sa Iyo ay babalik)) at kapag Ginabihan, Nagsasabi siya ng tulad nito, ngunit siya ay nagsasabi [sa huli nito ng]; At kami sa Iyo ay hahantong ..... 509

Walang taong nagsasabi sa kinaumagahan ng bawat araw at kinagabihan ng bawat gabi: Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -ssamī`u -l'alīm (Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaalam) nang tatlong ulit malibang hindi siya mapipinsala ng anuman. .... 510

Bigkasin mo ang Qul huwa -llāhu aḥad (Sūrah 112) at ang dalawang ipinampapakupkop (Sūrah 113 at Sūrah 114) kapag gumabi at kapag nagmadaling-araw nang tatlong ulit, sasapat ang mga ito sa iyo sa bawat bagay. .... 511

Allāhumma, innī a`ūdhu bi-riḍāka min sakhaṭika, wa-bimu`āfātika min `uqūbatika, wa-a`ūdhu bika minka; lā uhṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa pagkalugod Mo laban sa pagkayamot Mo at sa pagpapaumahanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako nakabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay kung paanong nagbunyi Ka sa sarili Mo.)"} ..... 513

Ang pinakakaibig-ibig na pangungusap para kay Allāh ay apat: Subḥāna --llāh (Kaluwalhatian kay Allāh), Alḥmadu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh), Lā ilāha illa

-llāh (Walang Diyos kundi si Allāh), at Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila). Hindi makapipinsala sa iyo kung sa alin man sa mga ito nagsimula ka."} ..... 515

Ang sinumang nagsabi ng Lā ilāha illa —llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu —Imulku wa-lahu —Iḥamd, wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allāh —tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan) nang sampung ulit ..... 517

May dalawang pangungusap na magaan sa dila, na mabigat sa timbangan [ang gantimpala], na kaibig-ibig sa Napakamaawain ..... 518

Ang sinumang nagsabi ng Subḥāna llāhi wa-biḥamdihi (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya) nang isandaang ulit sa isang araw, aalisin sa kanya ang mga kamalian niya kahit pa ang mga ito ay tulad [ng dami] ng mga bula ng dagat."} ..... 519

Ang pagkadalisyay ay kalahati ng pananampalataya. Ang [pagsasabi ng:] alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh) ay pupuno sa timbangan [ng mga gawa]. Ang [pagsasabi ng:] subḥāna —llāh (kaluwalhatian kay Allāh) at alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh) ay pupuno sa nasa pagitan ng mga langit at lupa ..... 521

Ang magsabi ako ng subḥāna —llāh (kaluwalhatian kay Allāh), alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh), lā ilāha illa —llāh (Walang Diyos kundi si Allāh), at Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila) ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa anumang sinikatan ng araw."}..... 523

Ang pinakamainam na pag-alaala [kay Allāh] ay Lā ilāha illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh) at ang pinakamainam na panalangin ay Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh)." } ..... 525

Ang sinumang tumuloy sa isang tuluyan pagkatapos nagsabi ng: A`ūdhu bi-kalimāti - llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya), hindi siya pipinsalain ng anuman hanggang sa lumisan siya sa tuluyan niyang iyon."} ..... 526

Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, magsabi siya ng: Allāhumma —ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pinto ng awa Mo). Kapag lumabas siya, magsabi siya ng: Allāhumma innī as'aluka min faḍlik (O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo)." } ..... 528

Kapag pumasok ang lalaki sa bahay nito, at inaalaala niya si Allah-Pagkataas-taas Niya sa pagpasok niya, at sa pagkain niya, Sasabihin ni Satanas sa mga kasamahan niya, Wala kayong matutulugan at wala kayong hapunan; At kapag pumasok siya at hindi niya inaalaala si Allah -Pagkataas-taas Niya sa pagpasok niya, at sa pagkain niya, Sasabihin ni Satanas; Inabutan ninyo ang matutulugan, at kapag hindi niya inaalaala si Allah -

Pagkataas-taas Niya sa pagkain niya,Sasabihin niya: Inabutan ninyo ang matutulugan  
at ang hapunan..... 529

### **Ang Pinaiksing Kabuuran**

Ang mga ḥadīth na pampropeta ay ang ikalawang pinagkukunan mula sa mga pinagkukunan ng pagbabatas. Nagsabi si Allāh: {3. Hindi siya bumibigkas ayon sa pithaya. 4. Walang iba ito kundi isang kasi na ikinakasi sa kanya.} (Qur'ān 53:3-4)

Ang Pinili Mula sa Ensiklopedya ng mga Ḥadīth na Pampropeta na ito ay naglalaman ng isang pangkat ng mga ḥadīth na malaman, na kabilang sa kinakailangan ng Muslim sa nauukol sa buhay panrelihiyon niya at buhay pangmundo niya kasama ng isang pinaiksing paglilinaw rito at isang pagpapaliwanag sa mga kahulugan nito at mga pahiwatig nito at ilan sa mga katuturan nito. Naisalin ito sa isang bilang ng mga buhay na wika sa Daigdig upang lumahat ang pakinabang sa nilalaman nito at ang pagpapaabot ng Sunnah ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa sangkatauhan sa mga wika nila.



TL380

**ISBN:978-603-8474-58-7**